# PAGHUBOG NG ESPIRITUWAL NA BUHAY

## Mga Leksiyon sa Paghubog Ayon sa Imahen ni Kristo

shepherds
GLOBAL CLASSROOM

Binuo ang Shepherds Global Classroom para ihanda ang katawan ni Cristo sa pamamagitan ng pagbibigay ng kurikulum sa mga umuusbong na pinunong Kristiyano sa buong mundo. Layunin naming dumami ang mga programa ng pagsasanay kaya ipinagkatiwala namin ang kurikulum na mayroong 20-kurso sa kamay ng mga espirituwal na tagapagsanay ng bawat bansa sa buong mundo.

Ang aklat na ito ay maaaring i-download nang libre sa https://www.shepherdsglobal.org/downloads

Pangunahing Manunulat: Dr. Stephen K. Gibson

Copyright © 2018 Shepherds Global Classroom
Isinalin sa Tagalog mula sa Ikalawang Ingles na Edisyon.

Nakalaan ang lahat na karapatan.

May copyright ang mga third-party material na pagmamay-ari ng ibang tao at kanilang ibinabahagi sa ilalim ng iba't-ibang lisensiya.

Maliban kung inilathala, lahat ng Kasulatan ay hango sa Ang Bagong Ang Biblia.

**Pahayag tungkol sa pahintulot:**

Ang aklat na ito ay maaaring ilimbag at ipamahagi ng walang bayad maging sa digital na pormat o pisikal na aklat sa ilalim ng mga sumusunod na alituntunin: (1) Hindi maaaring baguhin ang nilalaman ng aklat sa anumang paraan; (2) Hindi maaaring ibenta ang mga kopya ng aklat para pagkakitaan; (3) Malaya ang mga institusyong pang-edukasyon na gamitin/kopyahin ang aklat na ito, kahit naniningil sila ng mga matrikula; at (4) Hindi maaaring isalin ang aklat na ito nang walang pahintulot at pangangasiwa ng Shepherds Global Classroom.

# Talaan ng mga Nilalaman


Pangkalahatang-ideya ng Kurso ........ 5

(1) Paghubog Patungo sa Wangis ni Kristo ........ 7

(2) Ang Paglalakbay sa Paghubog ng Espirituwal na Buhay:
Kung Paano Nabubuo sa atin ang imahen ni Kristo ........ 29

(3) Ang Kapangyarihan ng Paghubog ng Kasiguraduhan Mula sa Biblia ........ 47

(4) Paghubog ng Espirituwal na Buhay sa Pamamagitan ng Pagkilala sa Dios ........ 71

(5) Paghubog ng Espirituwal na Buhay sa Pamamagitan ng Kamalayan sa "Sarili"
(Unang Bahagi) ........ 89

(6) Paghubog ng Espiritual na Buhay sa pamamagitan ng Kamalayan sa "Sarili"
(Ikalawang Bahagi) ........ 109

(7) Ang Pagiging Katulad ni Kristo sa Pamamagitan ng Espiritual na Pagsasanay ........ 121

(8) Ang mga Espiritual na Disiplina ng Debosyon Pag-iisa, Pagninilay, Pag-aayuno,
Kapayakan ........ 139

(9) Ang Mga Espiritual na Disiplina ng Debosyon ........ 163

(10) Ang mga Espiritual na Disiplina sa Pagkilos Pagtatapat,
Pagpapasakop, at Paglilingkod ........ 183

(11) Personal na Disiplina Ang Dila at ang Kaisipan sa Buhay ........ 209

(12) Personal na Disciplina Gana, Oras, Pag-uugali, at Personal na Paninindigan ........ 229

(13) Hinubog Sa Paghihirap/Pagdurusa ........ 249

(14) Hinubog ng Komunidad na Kristiyano ........ 269

Mga Inirerekomendang Resources ........ 289

Talaan ng mga Takdang-Aralin ........ 291

# Pangkalahatang-ideya ng Kurso

Sinusuri ng kursong ito ang Paghubog ng Espirituwal na buhay ng isang Kristiyano upang maging katulad ni Kristo. Dapat kang maglaan ng 90-120 minuto para sa bawat sesyon sa klase, dagdag sa oras ng paggawa ng mga takdang aralin sa labas ng klase.

(1) Kailanman na makarating ka sa palatandaang ito ►, itanong ang sumusunod na tanong, at hayaang talakayin ng mga mag-aaral ang sagot. Sikaping tiyakin na ang lahat ng mga mag-aaral sa klase ay nakikibahagi sa talakayan. Kung kinakailangan, maaari mong tawagin ang mga mag-aaral ayon sa kanilang pangalan.

(2) Marami sa *footnotes*ay tumutukoy sa isang sanggunian sa Banal na Kasulatan. Mangyaring ipahanap sa mga mag-aaral ang ilan sa mga talatang ito at basahin sa panahon ng klase.

(3) Ang bawat leksiyon ay mayroong takdang aralin.

- Hinihiling sa mga mag-aaral na gamitin ang Pang-araw-araw na Gabay sa Pananalangin/*Daily Prayer Guide* ni Dr. Allan Brown bilang isang paraan upang sanayin ang kanilang sarili na manalangin gamit ang mga salita mula sa Banal na Kasulatan at upang matutunan ang pakikipag-isa at pakikipag-ugnayan sa Dios sa pananalangin.
- Ang mga mag-aaral ay hinihilingang magsulat ng isang personal na panalangin batay sa kanilang natutunan sa leksiyon. Ang mga panalanging ito ay dapat isulat sa isang personal na tala-arawan ng panalangin. Ang layunin ng takdang araling ito ay upang hikayatin ang mga mag-aaral na gawing pansarili ang mga katotohanan sa Biblia na itinuro sa leksiyon at gawin itong isang taos-pusong panalangin.
- Ang mga mag-aaral ay hinihilingan na gumawa ng mga tala sa tala-arawan kung ano ang itinuturo sa kanila ng Dios sa bawat leksiyon.

(4) Sa simula ng bawat sesyon ng klase ang mga mag-aaral ay bibigyan ng pagkakataon, kung pipiliin nila, na ibahagi ang kanilang isinulat na panalangin sa kanilang mga kaklase. Ang layunin ng pagsasanay na ito ay upang magsanay ng kababaang-loob at pananagutan sa isa't- isa, at upang maranasan/masiyahan sa espirituwal na pakikipag-ugnayan.

(5) Sa pagtatapos ng bawat leksiyon ay mayroong isang pagsusulit. Ang pagsusulit na ito ay maaaring ibigay sa pamamagitan ng pagsasalita o pagsulat.

# Leksiyon 1
# Paghubog Patungo sa Wangis ni Kristo

## Mga Layunin ng Leksiyon

Sa pagtatapos ng leksiyong ito,ang mag-aaral ay dapat na:

(1) Makayanang ipaliwanag kung ano ang *paghubog ng espirituwal na buhay*.

(2) Makayanang bumanggit ng mga suporta mula sa Biblia para sa paghubog ng espirituwal na buhay.

(3) Maunawaan at maipahayag ang mga kautusan bilang isang Kristiyano.

(4) Makayanang talakayin ang ilan sa mga hamon sa paghubog ng espirituwal na buhay.

## Mga Larawan ng Buhay

Kamakailan lamang nakilala ng aming mga kapitbahay si Jesus, at nakakataba ng puso na panoorin silang lumago sa kanilang pananampalataya. Wala sa kanila ang lumaki sa isang Kristiyanong tahanan. Maging sinuman sa kanila ay walang karanasan na mapabilang sa isang iglesia. Ngunit kami ni Becky ay mas nahikayat na magpatuloy habang nakikita namin kung paano binabago at patuloy na binabago ng ebanghelyo ang kanilang tahanan. Hindi ko alam kung may nakilala na ako sa aking buhay ng ilang tao na may mas malalim na kagutuman para sa Salita ng Dios ng higit kina Danny at Kim.

Kamakailan ay nasa kalagitnaan kami ng isang pag-aaral sa Biblia sa pamamagitan ng ebanghelyo ni Juan, na nagbibigay ng espesyal na pansin sa dalawang katanungan: "Ano ang sinasabi ng talatang ito tungkol kay Jesus?" at ang pangalawa, "Paano dapat baguhin ng pag-unawang ito kay Jesus ang ating buhay?"Biglang ipinaliwanag ni Kim, na may paniniwala sa kanyang tinig, "Nais kong maging katulad ni Jesus! Sa lahat ng aking ginagawa at sinasabi; at sa bawat bahagi ng aking buhay, ang nais ko lamang ay maging katulad niya!" Ito ay isang napakaespesyal, at maaaring isang sagradong pagkakataon, dahil hindi siya lumaking naririnig ang ganoong uri ng pangungusap. Ito ay isang natatanging sandali sapagkat ang patotoong ito ay pagpapahayag ng isang pananabik na inilagay ng Banal na Espiritu sa puso ni Kim sa pamamagitan ng kanyang Salita. Nakikita ni Kim at pati na rin ni Danny si Jesus bilang isang taong nakapanghihimok at kaakit-akit kaya't nagkaroon sila ng paghahangad na maging katulad niya. Ito ang likas na pananabik ng dapat magkaroon ang bawat mananampalataya.

## Ang Malaking Ideya

Ang layunin ng Dios para sa pagliligtas sa atin ay hindi lamang kapatawaran, kundi upang panumbalikin ang kanyang imahen sa atin.

## Panimula

*Ang Paghubog ng Espirituwal na Buhay* ay isang kurso na idinisenyo para sa mga mananampalataya na nais na magbago at mabago. Ito ay isinulat para sa mga kalalakihan at kababaihan na *ipinanganak na muli*, hindi lamang para sa mga nagmamahal sa Dios mula sa isang pusong dalisay, kundi pati ang mga gustong mahubog patungo sa isang mas mataas na antas ng pagkakatulad sa imahen ni Kristo Jesus.

Karamihan sa atin ay hindi ganap na nasisiyahan sa kung nasaan tayo sa buhay espirituwal.(Ang banal na kawalang-kasiyahang ito ay dapat nakikita sa buhay ng lahat ng mananampalataya.) Sa bawat sulok ng mundo ang mga mananampalataya ay naghahangad ng mas malapit na paglakad kasama ng Dios. Ang paghahangad na ito ay naipahayag ng pinakamahusay sa panalangin ng salmista, "Kung paanong ang usa ay nauuhaw para sa tubig ng batis, sa gayon din ay nauuhaw ang aking kaluluwa para sa iyo, O Dios."[1]

Sa pamamagitan ng paghubog ng buhay Espirituwal ang ating pagkauhaw para sa Dios ay masisiyahan sa pagtaas ng antas nito, sapagkat ang buhay ni Jesus ang nagbibigay ng lubos na kasiyahan sa ating pagkauhaw.

Ang mga tunay na Kristiyano ay nagnanais na lumago. Nais nating lumago sa ating pananampalataya. Nais nating lumakad nang mas malapit kasama ng Dios – isang higit na kamalayan sa presensya ng Dios sa mga kagalakan at kalungkutan sa buhay. Nais nating maging mas disiplinado at mapagpigil sa sarili. Nais nating maging mapagtiwala, mas masayahin, at higit na mapayapa.

> "Maraming tao ang nagnanais na magbago... ngunit marami sa kanila ang hindi naniniwala na ito ay maaaring mangyari. Pagkatapos ng maraming taon ng pagsubok at pagkabigo,sila ay namuhay sa buhay Kristiyano nang may matahimik na pagkabigo."
> – James Bryan Smith

Marami sa atin ang nagnanais ng isang tuloy-tuloy na *devotional life*. Nais natin ng kalayaan mula sa takot at pagkabalisa. Nais nating maalis ang ilang matigas/masamang pag-uugali. Ang ilan ay nagnanais na mapagtagumpayan ang isang paulit-ulit/nakasanayang kasalanan. Lahat tayo ay nagnanais na maging mas mabunga, mas produktibo. Nais nating maging puno ng pagpapala at mayroong kabuluhan ang ating mga relasyon. Nais nating palaging ipakita sa ibang tao ang buhay ni Kristo. Karamihan sa mga Kristiyano na kilala ko ay *nagnanais* na mabago, ngunit marami ang hindi alam *kung paano* magbago. Marami ang nakakaramdam na sila ay tila nabalaho/nahinto! Marami ang itinatago na sila ay nahihirapan at nawawalan ng pag-asa na magbago mula sa kanilang kinalalagyang sitwasyon. Nag-aalok ang Paghubog ng Espirituwal na Buhay ng isang mapa para sa landas ng pagbabago na nais at kailangan natin.

---

[1] Awit 42:1

Ang pagbabagong hinahangad natin ay magaganap sa pamamagitan ng pagiging disipulo, o kung ano ang tinatawag natin sa kursong ito na "Paghubog ng Espirituwal na buhay." Ang iba pang nauugnay na mga termino ay ang "paglago sa kabanalan" at "progresibong pagpapakabanal." Ang Paghubog ng Espirituwal na buhay ay kinabibilangan ng "pagsasa-ayos ng puso"[2] at kapwa krisis at isang proseso. Nangangailangan ito ng parehong "pagtalikod/pivotal" na pagbabago (o dramatikong sandali ng pagbabago) at mas mabagal at "unti-unting pag-unlad" para sa pagbabago.

## Mga Pangunahing Talata sa Banal na Kasulatan na may Kaugnayan sa Paghubog ng Espirituwal na Buhay

**2 Corinto 3:18**, "Nguni't tayong lahat, na naalis na ang talukbong, nagniningning sa ating mga mukha ang kaluwalhatian ng Panginoon, ang kaluwalhatiang iyan na nagmumula sa Panginoon, na siyang Espiritu, *ang siyang babago sa atin mula sa isang antas ng kaluwalhatian hanggang tayo ay maging kalarawan niya* (unti-unti)"[3]

**Galacia 4:19**, "Mga anak ko, dahil sa inyo'y minsan pa akong nagdaranas ng hirap tulad ng babaing nanganganak, *hanggang sa ganap na mabuo si Kristo sa inyo*."[4]

**Colosas 1:28**, "Iyan ang dahilan kung bakit ipinapangaral namin si Kristo, ang lahat ay aming binabalaan at tinuturuan ng may buong kaalaman upang maiharap namin sa Dios ang *bawat isa ng ganap at walang kapintasan dahil sa kanilang pakikipag-isa kay Kristo.*"[5]

**Efeso 4:13-14**, "Hanggang makamtan natin ang iisang pananampalataya at pagkilala sa Anak ng Dios, *at maging ganap ang ating pagkatao ayon sa pagiging-ganap ni Kristo*. Nang sa gayon, hindi na tayo magiging tulad sa mga batang madaling matangay ng sari-saring aral. Hindi na tayo maliligaw ng mga taong ang hangad ay dalhin tayo sa kamalian sa pamamagitan ng kanilang katusuhan at panlilinlang."[6]

Mula sa mga talatang ito sa Banal na Kasulatan, pati na rin mula sa marami pang iba, hinugot natin ang terminong "Paghubog ng Espirituwal na buhay."

►Ayon sa mga talatang ito, ano ang pangwakas na layunin ng buhay Kristiyano? Ano ang ilan sa mga paraan upang maabot ang layuning ito na nabanggit sa mga talatang ito? Ayon sa talata sa Efeso, ano ang ilan sa mga resulta?

---

[2] Isang terminong ginamit ni Dallas Willard
[3] Idinagdag ang pagbibigay-diin at teksto sa parenthesis.
[4] Idinagdag ang pagbibigay-diin.
[5] Idinagdag ang pagbibigay-diin.
[6] Idinagdag ang pagbibigay-diin.

## Pagtukoy kung ano ang paghubog ng Espirituwal na Buhay

***Ang paghubog ng Espirituwal na buhay* ay isang prosesong puno ng biyaya dahil sa proseso ng pagiging kawangis ni Hesu-Kristo alang-alang sa iba*.*[7]**

Paghati-hatiin natin ang kahulugang ito sa tatlong bahagi – ang "mabiyayang proseso," ang "imahen ni Kristo," at "alang-alang sa iba."

> "Sa panghuling pagsasaliksik, wala tayong magagawa upang mabago ang ating mga sarili upang maging mga taong nagmamahal at naglilingkod kay Jesus maliban lamang sa ilaan ang ating sarili sa Dios upang gawin ang gawain ng nakapagpapabagong biyaya sa ating mga buhay. Ang bahagi natin ay ialay ang ating sarili sa Dios sa mga paraang magagawa ng Dios ang nakapagpapabagong gawain ng biyaya."
> – Robert Mulholland Jr.

### Ang Paghubog ng Espirituwal na Buhay ay isang Pagkilos ng Biyaya

Sa isang dako ay *wala tayong magagawa* upang baguhin ang ating sarili at maging katulad tayo ni Jesus. Gayunpaman marami tayong *dapat gawin* upang lubusan nating *matanggap* ang nakakapagpabagong biyaya mula sa Dios. Ang biyaya ay kabaligtaran ng sahod/pakinabang ngunit hindi kabaligtaran ng pagsisikap.

Sa buong mundo, binibigyang diin ng ilang simbahan ang biyaya nang walang bahid ng pagsisikap ng tao. Bibigyang-diin natin ang biyaya sa kursong ito. Lilinawin natin na ang bawat pagsulong sa buhay Kristiyano ay isang himala ng biyaya. Ngunit ang biyaya ay kinakailangang kinabibilangan ng isang kooperasyon sa pagitan ng Banal na Espiritu at ng Kristiyano.

Bilang isang halimbawa ng kooperasyon na kinakailangan sa pagitan ng biyaya at pagsisikap, isaalang-alang ang paraan ng pagkakasulat ng Banal na Kasulatan. Alam natin na "ang lahat ng nasusulat sa Banal na Kasulatan ay ibinigay sa pamamagitan ng gabay ng Dios." Sa madaling salita, ang lahat ng nasusulat sa Banal na Kasulatan ay isang himala ng biyaya. Ginabayan ng Dios ang mga kalalakihan na sumulat, binigyan niya sila ng kakayahang makasulat, at pinangalagaan niya ang kanilang isinulat. Gayunpaman,ang ating Biblia ay hindi isang produkto ng biyayang *walang-pagsisikap*. Kung walang mga kalalakihan na naglaan ng kanilang pagsisikap sa pagninilay-nilay, pagkalap ng mga impormasyon, pagtingin sa iba pang mga talaan, pagsasaayos ng mga saloobin, at pagsusulat, malamang ay wala tayong Biblia.[8] Ang ating Banal na Kasulatan ay dumating sa pamamagitan ng *pagsisikap na may gabay*!

Sinabi ni Pablo ang isang katulad nito tungkol sa kanyang ministeryo: "Ako ang nagtanim, si Apollos ang nagdilig, ngunit ang Dios ang nagpapalago nito."[9]

---

[7] Hinalaw mula kay M. Robert Mulholland Jr., *Invitation to a Journey* (Downers Grove: InterVarsity Press, 1993), 12
[8] Lucas 1:1-4
[9] 1 Corinto 3:6

## Ang Paghubog ng Espirituwal na Buhay ay isang Proseso

► Sa apat na pangunahing mga sipi sa paghubog ng Espirituwal na buhay na binanggit sa itaas, salungguhitan ang mga salitang "kaluwalhatian hanggang sa kaluwalhatian," "hanggang," at"hanggang tayong lahat ay makarating."

Ang mga talatang ito ay bumabanggit sa atin ng isang proseso at nagpapatuloy na aktibidad. Binanggit ni Pablo ang proseso ng pagtatanim, pagdidilig, at pagpapalago.[10] Binaggit din niya ang tungkol sa paglago sa pag-ibig,[11]sa pananampalataya,[12] at kaalaman.[13]Ang pagiging katulad ng imahen ni Kristo ay kamangha-mangha, bagaman kung minsan ay mabagal at hindi umuusad, ang paglalakbay ay nagtataglay ng mga pagkakataon ng mahahalagang pagsulong. Hindi tayo dapat panghinaan ng loob kapag nabigo tayo, sa halip ay pahintulutan nating sanayin at gawin tayong mapagpakumbaba ng mga pagkabigong ito.[14]

Ang paghubog ng Espirituwal na buhay ay nangyayari sa iba't ibang bilis para sa bawat mananampalataya. Ang bilis ay naaapektuhan ng tindi ng pagnanais ng mananampalataya. Itinuturo ng Banal na Kasulatan, "Pinagpala ang mga may matinding hangarin na sumunod sa kalooban ng Dios sapagkat *ipagkakaloob* ito sa kanila*."*[15] Hindi lahat ng mananampalataya ay mayroong parehong antas ng pagnanais na sumunod sa kalooban ng Dios.

***Ang paghubog ng Espirituwal na buhay ay isang proseso sapagkat nangangailangan ito ng pagbabago ng isipan*.**

Hindi tayo nilikha ng Dios bilang isang robot o makinarya. Mahirap unawain dahil tayo'y nilikha bilang mga taong may kakayahang mag-isip, makaramdam, at pumili. Ang paghubog ng Espirituwal na buhay ay nagsisimula sa pamamagitan ng pagbabago ng *isipan*,[16] na nagdudulot ng pagbabago sa ating *pagtingin/pagmamahal* at natural na pagbabago sa ating mga *pagkilos*.

Ang aking kaibigan na si Blake Jones, kamakailan lang ay nagpapaalala sa akin na kapag ang sinasabi ni Pablo sa isang talata ay tungkol sa pagbabago sa "pagsasabago ng isipan," ang salitang "pagsasabago" ay may dalang isang ideya ng *pagpapabuti o pagsasa-ayos*. Maaari nating isipin ang isang proyekto sa pagsasaayos ng isang bahay. Marami sa atin ang mayroong malinis na Espirituwal na tahanan at marahil may matibay na teolohikal na tahanan, ngunit mayroon pa ring mga bulok na bahaging kailangang palitan, mga baluktot na pamamaraan na kailangang ituwid, at mga bahaging pangit tingnan na kailangang

[10] 1 Corinto 3:6-7
[11] Efeso 4:16
[12] 2 Corinto 10:15
[13] Colosas 1:10
[14]Awit 103:8-11; Hebreo 12:5-6
[15] Mateo 5:6
[16] Roma 12:1-2

mapaganda. Karamihan sa atin ay marahil nangangailangan din ng ilang bagong larawan ng Dios at ating mga sarili upang isabit sa dingding!"Ang ganoong uri ng pagsasaayos ay isang proseso," sabi ni Blake. "Hindi ito tulad ng panonood ng mga maigsing palabas ng isang pagsasaayos ng isang bahay na maaaring matapos lamang ng sampung minuto at makikita mo na ang ipinagkaiba ng luma at ng bago. Sa halip ito ay ang patuloy na pagsasaayos ng ating isipan!"

***Ang paghubog ng Espirituwal na buhay ay isang proseso na nangangailangan ng pagkakaroon ng mga mas mahusay na pagpili***.

Hindi natin kusang matatanggap ang imahen ni Kristo sa pagtaas ng antas ng "kaluwalhatian", ngunit sa pamamagitan ng patuloy na paghanap sa kanya.[17] Madalas kong sabihin sa mga kabataan na ang unang hakbang sa mas malapit na paglakad kasama ng Dios ay ang "pagbangon sa higaan tuwing umaga!" Nalalaman kong hindi tayo makakahanap ng tagumpay sa pamamagitan ng pagsunod sa agos ng tamad na pamamaraan ng ating likas na pagkatao sa halip ay sa pamamagitan ng paglangoy pasalungat sa agos sa pamamagitan ng biyaya ng Dios. Tulad ng sinasabi sa kasabihan, "Kung inuulit mo lang ang ginagawa mo palagi, palagi ka lang magiging katulad kung naging ano ka!"

"Ngunit *isuot mo* ang Panginoong Hesu-Kristo, at *huwag ninyong pagbigyan ang laman upang masunod ang mga hilig nito*."[18]

***Ang paghubog ng Espirituwal na buhay ay isang proseso sapagkat tayo ay hinuhubog ng mga karanasan sa buhay*.**

Ang karanasan ay hindi dumarating nang sabay-sabay sa halip dumarating ito ng unti-unti bawat sandali. Karamihan sa karanasang ito ay masakit. Ipinaalala sa atin ni A.W. Tozer na, "May pag-aalinlangan kung lubusang magagamit ng Dios ang isang tao hanggang hindi siya nasusugatan ng malalim." Ang patotoo/pagpapahayag ay pinahahalagahan ng lahat. Ngunit ang mga panahon ng kahirapan, ang matitinding hangin ng pagsubok at kahirapan, ang mga hindi makatarungang salita ng isang kalaban, at ang madilim na gabi ng kaluluwa ang higit na humuhubog sa atin.

> Ang paglagong Kristiyano ay maihahambing sa paglago ng Chinese bamboo. Ang buto ng halamang ito ay dinidiligan sa loob ng limang taon nang walang gaanong pagtubo, subali't sa ikalimang taon, ang Chinese bamboo ay tumutubo ng 90 piye sa loob 6 na linggo!

Kamakalawa ang isa sa aking anak na babae ay ipinahayag ito na puno ng damdamin, "Hindi na ako makapaghintay na lumaki!" Alam natin ang pakiramdam. Ngunit hindi nagmamadali ang Dios pagdating sa ating espirituwal na paglago. Tulad ng isang ama na nasisiyahan sa kanyang mga anak sa bawat yugto ng kanilang paglago, kaya't ang ating Ama sa langit ay nasisiyahan sa

[17] Jeremias 29:13
[18] Roma 13:14, idinagdag ang pagbibigay-diin.

ating *ngayon* –kung ano tayo, hindi kung ano ang mararating natin sa hinaharap! Marahil ito ang isa sa mga pinakamahirap na katotohanan para ating paniwalaan at tanggapin.

Isang manunulat ang nagsaad,

> Ang Bagong Tipan ay puno ng ideya ng paglago....Ang mga himala, ang pambihirang pagpapabilis ng proseso, na nagpapakita na ang Dios ay may sapat na makapangyarihan upang gawin ang kanyang nais sa kahit paanong paraang gusto niya. Ang paglago, bilang ordinaryong paraan ng mga bagay na nangyayari sa mundo, ay nagpapakita ng paraan ng karaniwang pagpili ng Dios upang kumilos sa mundo. Kung ipinipilit natin na ang paghubog ng Espirituwal na buhay ay nangyayari lamang kapag may mga dumating na matinding pagsubok, nalilimitahan natin ang Dios at hindi pinapansin ang kanyang soberanyang pagpili.[19]

## Ang Paghubog ng Espirituwal na Buhay: Ang Pagiging Katulad sa Imahen ni Kristo

►Sa apat na pangunahing talata sa paghubog ng Espirituwal na buhay, bilugan ang mga salitang: "sa parehong imahen," "Si Kristo ay mabuo," "ang bawat tao ay perpekto dahil kay Kristo Jesus," at "sukatan ng taas ng kapuspusan ni Kristo."

### *Ang imahen ng Dios: Ang layunin ng Dios para sa Kristiyano*

Ang tao ay nilikha sa imahen ng Dios: "Kaya't nilikha ng Dios ang tao ayon sa kanyang sariling wangis; sa pamamagitan ng wangis ng Dios ay nilikha niya siya; lalake at babae nilikha niya sila."[20] Ang tao ay nilikha bilang isang salamin ng katangian ng Dios at bilang kanyang minamahal na kinatawan sa mundong kanyang nilikha. Ang mga ito ay kanyang "pinagpala" at binigyan ng "mabungang" buhay.[21] Ang kanilang buhay ay buhay na hindi makasarili, matalik na relasyon, maligaya at walang ipinagbabawal na pakikipag-ugnayan sa kanilang Manlilikha at sa isa't-isa.[22]

Nang si Adan at Eba ay nahulog sa pamamagitan ng kasalanan, ang imahen ng Dios ay napinsala (ngunit hindi lubusang nawasak). Sila ay naging mapag-alalahanin sa kanyang katayuan, naging makasarili, at nahiwalay sa pakikipag-ugnayan sa Dios. Ngunit, mula sa napakawalang pag-asang sandaling iyon, sinimulang ipatupad ng Dios ang kanyang mabiyayang plano upang maibalik ang mga taong kanyang minamahal upang maibalik sa kanyang imahen.[23]

**Ang layunin ng Dios, gayunpaman, hindi lamang ang kapatawaran ngunit ang ganap na pagpapanumbalik ng imahen ng Dios.** Ang kapatawaran – pagpapanumbalik

---

[19] Mel Lawrenz, *The Dynamics of Spiritual Formation* (Grand Rapids: Baker Books, 2000), 31
[20] Genesis 1:27
[21] Genesis 1:28
[22] Genesis 2:25; 3:8
[23] Colosas 3:10; Efeso 2:10; 4:24

ng ugnayan – ay agaran, habang ang pagpapanumbalik ng imahen ng Dios ay isang proseso.

Ang layunin ng Dios para sa bawat mananampalataya ay upang maging kung ano tayo ayon sa layunin ng pagkakalikha sa atin – bilang mga taong nagtataglay ng imahen ni Kristo, na *siyang* imahen ng Dios; ito ang mga taong nagpapakita ng kanyang magandang katangian at namumuhay sa bawa't sandali bilang kanyang kinatawan sa mundo. Ngunit paano tayo makakarating doon? Ang kursong ito ay dinisenyo bilang isang *roadmap* para sa iyong paglalakbay.

### *Si Kristo Jesus: ang imahen ng hindi nakikitang Dios*

"Ang Anak *ay ang larawan ng di-nakikitang Dios,*ang panganay sa lahat ng mga nilalang."[24]

"Binulag ng dios ng kapanahunang ito ang isipan ng mga hindi nananampalataya, upang hindi nila makita ang ilaw ng ebanghelyo na nagpapakita ng kaluwalhatian ni *Kristo, na siyang larawan ng Dios.*"[25]

"Ang Anak ay ang nagniningning na kaluwalhatian ng Dios at ang eksaktong representasyon ng kanyang pagka-Dios, na siyang nag-iingat sa lahat ng bagay sa mundo sa pamamagitan ng kanyang makapangyarihang salita."[26]

Ipinaaalala sa atin ng mga talatang ito na si Jesus ay ang larawan ng di-nakikitang Dios, kay Jesus ay makikita natin nang perpekto ang uri ng taong nais ng Dios sa pagkakalikha niya sa atin. Si Jesus ang perpektong halimbawa ng Espirituwal na kaganapan sa gulang/spiritual maturity.

### ***Ang imahen ni Kristo ay Espirituwal na Kaganapan sa Gulang/Maturity*.**

Ang imahen ni Kristo ay ang tinutukoy ng Biblia kapag nababanggit ang Espirituwal na maturity/kapanahunan. Ang Espirituwal na kapanahunan, o pagiging perpekto sa Espirituwal na buhay,ay simpleng "ang sukat ng antas ng kapuspusan ni Kristo."[27]

Hinikayat ni Pablo ang mga mananampalataya sa Roma na tingnan sa ibang anggulo ang kanilang mga pagdurusa, sapagkat ang lahat ng bagay ay nagkakalakip-lakip upang hubugin tayo sa larawan ni Kristo.[28] Ang "lahat ng mga bagay" ay kabilang ang ministeryo, buhay pamilya, pagkakasakit, kahirapan, kasaganahan, hidwaan, pag-uusig, kalamidad, tagumpay, kapahamakan, at kalungkutan. Ang layunin ng Dios para sa lahat ng bagay upang gawin tayong katulad ni Jesus.

---

[24] Colosas 1:15.
[25] 2 Corinto 4:4.
[26] Hebreo 1:3.
[27] Efeso 4:13
[28] Roma 8:28-29

Si Jesus ay ang perpektong tao at ating dakilang halimbawa. Ang Bagong Tipan ay puno ng magagandang larawan ni Jesus. Nakita natin siya na nag-aayuno at nananalangin sa disyerto, nakahilig sa mesa kasama ng mga makasalanan, kinandong ang mga bata, naupo sa mabuhanging dalampasigan habang nagluluto ng isda para sa kanyang mga alagad, naghawak ng pamalo at nanindigan para sa mga pinahihirapan sa espiritu, pagpapatotoo sa isang nauuhaw na babae sa isang balon, pagpapakain sa mga nagugutom, paglalakad sa isang daan papuntang Emmaus kasama ng dalawang alagad na pinanghihinaan ng loob at pagpapaliwanag ng mga Banal na Kasulatan, at maging ang pagkapako sa krus. Ang mga larawang ito at marami pang iba ay nagbibigay sa atin ng pananaw sa uri ng mga Kristiyanong dapat tayong maging.

Ang Kristiyanong pagdidisipulo ay ang pagiging katulad sa kababaang-loob ni Jesus,[29]ang kanyang mapagpakumbabang pag-ibig sa mga kulang pa sa gulang na mga mananampalataya,[30]ang kanyang nakatutubos na pag-ibig sa mga makasalanan,[31]ang kanyang kahinahunan,[32]ang kanyang perpektong balanse ng biyaya at katotohanan,[33] at ang kanyang masayang pagtitiis sa gitna ng pagdurusa,[34]ang kanyang pagsunod hanggang sa kamatayan,[35]ang kanyang kapuspusan ng Banal na Espiritu,[36]ang kanyang tagumpay laban sa kasamaan,[37]at marami pang iba.

Ang Kristiyanong pagdidisipulo ay ang pagiging katulad din sa mga prayoridad niJesus –ang kanyang pangangaral ng ebanghelyo,[38]ang paggawa ng mga alagad,[39]ang pagtatanggol sa inaapi,[40]ang kanyang ministeryo sa mga mahihirap na kinalimutan ng lipunan,[41]at marami pang iba.

***Ang imahen ni Kristo ay nakikita sa kanyang mga katangian*.**

Sa sulat sa mga taga-Efeso, iniutos ni Pablo sa mga Kristiyano na sundan ang mga halimbawa ni Jesus sa pamamagitan ng "pagtulad sa Dios bilang mga minamahal na anak."[42] Pag-isipan natin ng ilang sandali ang mga katangian ni Kristo Jesus na dapat nating tularan (halimbawa: pag-ibig, kabaitan, kahinahunan, pagpipigil sa sarili, atbp.).

---

[29]Filipos 2:5-11
[30] Juan 13:34-35
[31] 1 Juan 4:10-11
[32] Mateo 11:29
[33] Juan 1:17
[34] 1 Pedro 2:21
[35]Filipos 2:8
[36] Juan 14:16
[37] 1 Juan 3:8-9
[38] Marcos 1:38; Lucas 4:18
[39] Marcos 3:13-19
[40] Mateo 21:12-14; Lucas 4:18
[41] Marcos 3:10-11; 6:36-44; Mateo 25:34-40
[42] Efeso 5:1

►Tingnan ang mga sumusunod na sanggunian at tingnan kung maaari mong mailista ang hindi bababa sa walong katangian ni Jesus na nais ng Dios na mabuo sa atin.[43]

| Tala sa Banal na Kasulatan | Mga Katangian |
|---|---|
| Mateo 11:29 | |
| Hebreo 1:9 | |
| 1 Pedro 2:21-24 | |
| Efeso 4:32 | |
| Juan 13:5 | |
| Juan 13:34 | |
| Lucas 23:34 | |

► Talakayin bilang isang pangkat ang mga katangiang ito. Bakit may posibilidad na bigyang-diin natin ang ilang mga katangian bilang Kristiyano at hindi ang iba pa?

### *Ano ang hitsura ng imahen ni Kristo sa mga mananampalataya*

Mayroong isang makapangyarihang larawan ng imahen ni Kristo na binanggit sa Colosas 3:10-17. Sa talatang ito ay inilarawan ni Pablo ang "imahen ng Dios," na siyang "nilikha" sa atin, ngunit dapat din nating "isuot."

[43] Ang mga sagot ay nasa huling footnote ng leksiyong ito.

►Basahin ang Colosas 3:10-17 nang magkakasama at subukang tuklasin ang mga katangian ng "bagong pagkatao." Isulat ang mga katangiang ito sa puwang na ibinigay.

| Mga Katangian ng"Bagong Pagkatao" |
|---|
| |

Ang buhay ng Panginoong Jesus ay ang nag-iisang buhay na makakapagbigay kasiyahan sa banal na pagnanais ng Dios para sa kanyang mga anak. Wala sa ating katuwiran o anumang pinakamahusay na pagsisikap ang makapagbibigay ng lubusang kasiyahan sa matuwid na hinihingi ng Dios o upang maging karapat-dapat tayo sa kanyang pagpapala.[44]

**Ang Paghubog ng Espirituwal na Buhay ay para sa Kapakanan ng iba**

Ang pakikibahagi sa magandang buhay ni Kristo Jesus ay nagdadala sa atin sa isang nagpapatuloy na pagtaas ng kasiyahan sa Dios. Hindi ito isang kasiyahan na narating natin ng mag-isa, o isang bagay na mag-isa nating ikinasisiya."Tayo ay hinuhubog patungo sa imahen ni Kristo para sa kapakanan ng iba na kabilang sa katawan ni Kristo at para sa kapakanan ng ibang hindi pa kabilang sa katawan ni Kristo."[45] Ang mga mananampalataya na nagtataglay ng imahen ni Kristo Jesus ay palaging naghahangad na dalhin ang mga wasak na tao sa parehong kagalakan na kanilang natagpuan sapagkat iyon ang ginawa ni Jesus. Ang tunay na buhay espirituwal ay hindi matatagpuan sa pagiging hiwalay *mula* sa wasak na mundo kundi sa pagbibigay ng ating buhay upang pagalingin ang mga nasira.[46] Dito magliliwanag ang kanyang kaluwalhatian sa pamamagitan natin. Dito magmumula ang kanyang samyo mula sa atin.[47] Ito ang ipinapahayag sa atin ng buhay ni Jesus.[48]

**Ang kahihinatnan ng paghubog ng Espirituwal na buhay ay ang buhay na ganap na pinamamahalaan ng banal na pag-ibig.** Ang pagtulad kay Kristo ay ang pagtulad sa *pag-uugali* na tulad ng kay Kristo, hindi lamang ang kanyang mga *panloob* na pag-*uugali.* Ang pagtulad kay Kristo ay nangangahulugan ng ating pag-ibig sa Dios nang buong puso, buong kaluluwa, buong lakas, at buong pag-iisip, at pag-ibig sa *ating kapwa* katulad sa

[44] Lucas 17:10; Roma 3:12
[45] M. Robert Mulholland Jr., *Invitation to a Journey* (Downers Grove: InterVarsity Press, 1993), 168
[46] Juan 17:15; 2 Corinto 4:11
[47] 2 Corinto 2:15
[48] Mateo 11:19

ating sarili.[49] Walang mas higit na sukat ng Paghubog ng Espirituwal na buhay kaysa sa pag-aalay ng pag-ibig![50] Ang kaugnayan ni Jesus sa kanyang Ama ay palaging nagbubunga ng paglilingkod sa mga nangangailangan – ang mga itinakwil, ang mga hindi minamahal, ang may sakit, mga nagugutom, mga pinahihirapan sa espirituwal. Sinabi niya na ang ganitong uri ng pag-ibig ay magiging katangian din ng mga magmamana ng kanyang kaharian.[51]

Ang mababaw na Espirituwal na buhay ay humahantong sa debosyon nang walang pag-aalala/malasakit. Ngunit kung ang pagsamba ay hindi naghahatid sa atin upang sumunod o gawin tayong mas mapagbigay sa mga nangangailangan, kung gayon hindi ito totoong pagsamba. Kung ang pananalangin ay hindi tayo ginagawang mas matiyaga, maawain, at mahabagin sa iba, marahil ang ating buhay sa pananalangin ay hindi nakaayon sa kung paano manalangin ni Jesus.

## Ang Paghubog ng Espirituwal na Buhay ay Nagaganap sa Pamamagitan ng Pagtingin kay Jesus

Ang sumusunod na talata ay mahalagang pundasyon ng pagtulad sa imahen ni Jesus:

"Ngunit tayong lahat, na naalis na ang talukbong sa mukha, nagniningning sa atin tulad sa isang salamin ang kaluwalhatian ng Panginoon, na siyang Espiritu ng Panginoon, ang siyang magbabago sa atin mula sa isang antas ng kaluwalhatian hanggang tayo'y maging kalarawan niya."[52]

**Ang "pagtingin" ay nangangahulugang ituon ang ating Espirituwal na pagtingin o *lubusang pagnilayan***. Ngunit ano ang ating lubusang pagninilayan? Ang "kaluwalhatian ng Panginoon." Ito ay ang malinaw na pagkatao at nakapagliligtas na pagkilos ni Kristo Jesussa ebanghelyo.[53] Ang lahat ng ating pag-asa para sa pagbabago ay nasa pagtingin kay Jesus.

**Sa ating pagtingin kay Jesus, binabago tayo ng Banal na Espiritu tungo sa imahen ni Jesus na may "unti-unting pagtaas ng kaluwalhatian."**[54]

Sa ating pagtingin ng may pananampalataya sa pagkakatawang-tao, ang parehong Espiritu ng kababaang-loob ay nagsisimulang kumilos sa atin. Kapag tayo ay lumuhod ng may pananampalataya kasama ni Jesus sa Halamanan ng Gethsemane, ang parehong Espiritu

---

[49] Lucas 10:27
[50] Roma 5:8
[51] Mateo 25:34-36
[52] 2 Corinto 3:18
[53] Ihambing ang 2 Corinto 3:19 sa 2 Corinto 4:7, gayun din ang Juan 1:14, "At ang Salita ay nagkatawang tao at namuhay kasama natin, at nakita natin ang kanyang kaluwalhatian, ang kadakilaan niya bilang kaisa-isang Anak ng Ama, Siya ay puspos ng kagandahang-loob at ng katotohanan."
[54] 2 Corinto 3:18

ng pagsuko at pagpapasakop sa kalooban ng Ama ang siyang nagtatanggal ng mga bahaging hindi pa rin natin isinusuko.

Kapag tumayo tayo sa pamamagitan ng pananampalataya kasama ni Jesus sa harapan ng Sanhedrin, ni Pilato, at Herodes, kung gayon ang Espiritu ng katahimikan, pagpipigil sa sarili, at kumpiyansa ay patuloy na bumabago sa atin. Kapag pinapasan natin ang krus kasama ni Jesus at nadapa dahil sa bigat nito, ang parehong Espiritu ng pagtitiis at pagtitiyaga ang siyang magpapalago sa atin.

Kapag tayo ay nakipag-kaisa kay Jesus sa krus at narinig natin siyang nagpahayag ng mga salita ng kapatawaran, awa, at pag-ibig, ang parehong Espiritu ng biyaya na iyon ay mas lalong nabubuo sa atin. Kapag araw-araw tayong namamatay kasama ni Jesus sa pamamagitan ng pananampalataya at narinig siyang sinasabi na, "Tapos na," ang parehong Espiritu ng pagtitiyaga ang siyang tutulong upang tapusin ang gawaing ibinigay sa atin ng Dios! Kapag bumangon tayo kasama ni Jesus sa pamamagitan ng pananampalataya, alam natin na ang parehong matagumpay na kapangyarihang muling bumuhay kay Jesus mula sa mga patay at nagluklok sa kanya sa pinakamataas ng bahagi ng kalangitan na higit sa lahat ng mga pamunuan at kapangyarihan ay siya ding kumikilos sa atin at kumikilos sa pamamagitan natin.

Kung ang ating mga mata ay nakatuon sa krus, hindi tayo mapupuno ng pagmamataas, pansariling kasiyahan, o makamundong kasiyahan. Kung ang ating mga mata ay nakatingin kay Jesus, hindi tayo mapopoot, hindi tayo magkikimkim ng sama ng loob at paghihinanakit, hindi tatalikuran ang pagsasakripisyo, hindi tayo maaaring magreklamo at maraming ibinubulong, hindi natin hahayaang maghari ang kasalanan, o mamuhay sa Espirituwal na pagkatalo.

Kung ang ating mga mata ay nakatuon kay Jesus, hindi tayo maaaring tumalikod, hindi mawawalan ng pag-asa, hindi mahuhulog, hindi matatalo, at hindi maihihiwalay mula sa pag-ibig ng Dios. Habang tinitingnan ko ang ebanghelyo, ang kapangyarihan nito ay nagiging mas malakas sa akin. Anong kayamanan mayroon tayo kay Jesus at sa ebanghelyo!

Ang tradisyon ng simbahan, gaano man ito mukhang napakabuti, wala itong kapangyarihan upang baguhin tayo. Ang mga taong makaDios ay walang kapangyarihang baguhin tayo. Kapag isinasaalang-alang mo ang isang taong maka-Dios na nakaapekto sa kanilang henerasyon, mapapansin mo na ang kanilang buhay ay nakasentro kay Kristo, at hindi nakasentro sa tao. Si Martin Luther ay hindi isang Lutheran, kundi isang Kristiyano. Si John Calvin ay hindi isang Calvinistic, kundi isang Kristiyano. Si John Wesley ay hindi isang Wesleyan, kundi isang Kristiyano. Ang pagpapahalaga kay Kristo at sa kanyang ebanghelyo bilang isang kayamanan ang siyang nagpapadakila sa isang tao!

**Nagiging Katulad Tayo Kung Ano ang Ating Tinitingnan**

Madalas sobra tayong naaabala sa ibang bagay. Ito ang madalas na naglilimita sa Banal na Espiritu upang dalhin sa atin ang pagbabagong nais niyang gawin sa ating buhay. Malinaw na sinabi ito ni Pastor John Piper:

> Hindi ginagawa ng Banal na Espiritu ang pagbabagong ito sa ating buhay kung hindi natin tinitingnan si Jesus. Hindi siya makakakilos habang nanonood tayo ng walang katapusang oras ng mga walang kabuluhang palabas sa telebisyon; hindi siya makakakilos habang ginugugol natin ang ating oras sa pagtingin sa World Wide Web ng walang layunin; hindi siya makakakilos habang itinutuon natin ang ating mga isip sa mga bagay na binabalewala si Kristo. Hindi. Ang Espiritu ay gumagalaw at kumikilos ng malaya sa isang tiyak na kapaligiran, ito ay kung saan ay "tinitingnan natin tulad sa isang salamin ang kaluwalhatian ng Panginoong Jesus" (talatang 18). Itinataas ng Banal na Espiritu si Kristo. Binubuksan ng Banal na Espiritu ang ating mga mata upang makita natin si Kristo. Ang Banal na Espiritu ang siyang naglalapat ng imahen ni Kristo sa ating kaluluwa. Kung pinipili nating hindi ituon ang ating isipan kay Kristo, kung dadaan tayo sa sarili nating landas at magiging abala tayo sa maraming alalahanin sa buhay, huwag nating sasabihin na, "Nasaan ang Dios?" kapag nararanasan natin ang masakit na bunga ng ating pagkaalipin sa kasalanan at nararanasan ang kautusan ng Dios bilang isang pasanin sa halip na isang kagalakan. Sinabi na niya sa atin ang daan patungo sa kalayaan. Kung uubusin natin ang ating mga araw at mga gabi sa paghahanap sa ibang lugar o ibang bagay, marahil ay mananatili tayong nakagapos sa lahat ng ating pagkaalipin.[55]

Kapag aalisin natin ang mga makamundong mga bagay na nakakagambala sa atin, at ihihinto ang labis na pagtingin sa ating mga sarili, at ihihinto ang paghahambing ng ating sarili sa isa't-isa, magkakaroon ng pagkakataong kumilos ang Banal na Espiritu.

►Talakayin ang binanggit ni John Piper sa itaas: Paano tayo nagagambala na nagiging dahilan para hindi makakilos ang Banal na Espiritu sa ating buhay? Paano dapat mabago ang iyong mga nakagawiang gawain?

## Mga Mahahalagang Katotohanan Na Kailangang Bigyang-diin sa Paghubog ng Espirituwal na Buhay

**(1) Ang Paghubog ng Espirituwal na Buhay ay parehong Pagbabago sa loob at labas.**

Tulad ng makikita natin sa mga sumusunod na aralin, ang Paghubog ng Espirituwal na buhay ay kinabibilangan ng ating pisikal na katawan. Nais ng Dios na maluwalhati siya sa ating katawan, na siyang templo.[56] Ngunit ang Paghubog ng Espirituwal na buhay ay

---

[55]Mula sa Sermon ni John Piper sa 2 Corinto 3:18
[56] Roma 8:11; 1 Corinto 6:19-20

nagsisimula sa puso. Ang Paghubog ng Espirituwal na buhay ay mas malalim pa sa pagbabago ng pag-uugali. Sa halip, alam natin na ang Paghubog ng Espirituwal na buhay ay nagaganap kapag, hindi lamang ang ating panlabas na gawain ang nagbabago, kundi pati ang pagbabago ng ating panloob na pag-uugali –kapag natural nating ginagawa ang mga bagay na gagawin ni Kristo kung siya ang nasa ating sitwasyon.

Ipinaaalala sa atin ni Dallas Willard na,

> Ang Paghubog ng Espirituwal na buhay ay hindi pagbabago ng pag-uugali… [sa halip ay] ang proseso ng muling Paghubog o muling pagpapaunlad ng panloob [na tao] hanggang sa magkaroon ito, sa isang malaking antas, ang mismong katangian ng panloob na pagkatao ni Jesus mismo– ang kanyang isipan, ang kanyang puso, ang kanyang kapayapaan, at kanyang kagalakan. Sa Paghubog ng Espirituwal na buhay ikaw talaga ay magkakaroon ng mga ito.[57]

**(2) Ang Paghubog ng Espirituwal na Buhay ay nagaganap sa pamamagitan ng biyaya*.***

Sa kursong ito, pag-uusapan natin ang ilan sa mga paraang ginagamit ng Dios upang mahubog tayo sa imahen ni Kristo. Ang mga pamamaraang ito ay marami at tatalakayin ang karamihan sa mga ito sa mga susunod na leksiyon.

► Subukang ilista ng sama-sama ang ilan sa mga paraang ginamit ng Dios, o kasalukuyang ginagamit, upang magdulot ng Espirituwal na paglago sa iyong buhay Kristiyano.

Tulad ng isang puno na maaaring lumago sa isang malusog, mabungang puno tanging sa pamamagitan ng ulan, sikat ng araw, paghihirap (na nagiging dahilan upang lumalim ang mga ugat), at mayamang sustansiya mula sa lupa, sa gayon tayo ay magiging malusog, mabungang mga Kristiyano sa pamamagitan ng paggamit ng bawat paraang ipinagkaloob ng Dios. Maraming mga mananampalataya ang nahihinto ang paglago sa kanilang Espirituwal na buhay dahil lamang binabalewala nila ang ilan sa mga mahahalagang paraan upang lumago. Halimbawa, ang isang Kristiyano na tapat sa *sama-samang pagsamba* ngunit hindi pinagsasanayan ang *pribadong pananalangin* ay hindi makakaranas ng buong kaligayahan sa buhay Kristiyano. Tatalakayin natin ito nang mas malalim sa mga susunod na leksiyon.

> "Ang layunin at prayoridad ng Dios ay hubugin tayo sa klase ng taong regular at madaling sumusunod sa kanya dahil siya ay Panginoon, dahil pinahahalagahan natin siya, dahil siya ang ating guro at kaibigan."
> – Dallas Willard

**(3) Ang motibasyon ng Paghubog ng Espirituwal na buhay ay ang kasiyahang makasama ang Dios**.

[57]Mula sa mga tala na kinuha sa mensahe na ipinangaral ni Dallas Willard sa Wheaton College.

Simula noong una at hanggang katapusan ang Ama, Anak, at Banal na Espiritu ay nasa isang malapit at matalik na masayang ugnayan. Ang layunin ng paglikha ay upang likhain ang sangkatauhan sa imahen ng Dios at dalhin tayo sa pakikipag-ugnayan sa Ama, Anak, at Banal na Espiritu. Ang pinakaunang tunog na direktang tinukoy sa Biblia ay "ang tunog ng Panginoong Dios na naglalakad sa hardin sa malamig na araw."[58] Gustong-gusto ko iyon. Bakit siya naglalakad sa hardin? Dumating siya upang makipag-usap – upang makipag-ugnayan – sa lalaki at babae na kanyang nilikha. Ang pinakaunang pagpapakita ng pananampalataya at kabanalan sa Biblia ay simpleng pagsasabi na "siya ay lumakad kasama ng Dios."[59]

- Si Enoch ay *lumakad* kasama ng Dios.
- Si Noah ay *lumakad* kasama ng Dios.
- Si Abrahamay *lumakad* kasama ng Dios.
- Ang Israelay dapat *lumakad* kasama ng Dios.

Ang kaisipang ito ay dinala din sa Bagong Tipan.[60] Ipinaalala sa atin ni Juan na ang layunin ng Dios sa pagtubos sa sangkatauhan ay upang ibalik tayong muli sa"pakikipag-ugnayan" sa mga mananampalataya, sa "Ama, at kanyang Anak na si Kristo Jesus."[61]

"Paglakad kasama ng Dios." "Pakikipag-ugnayan sa Dios." Napakaganda at makahulugang mga pagpapahayag na nagpapaalala sa atin na ang buhay na nakalulugod sa Dios ay hindi isang buhay na kumplikado. Sa halip ay isang buhay na may pakikipag-ugnayan na puspos ng biyaya — isang buhay na may relasyong puno ng pananampalataya. **Ang layunin at prayoridad ng Dios ay upang hubugin tayo sa uri ng mga taong regular at madaling sumunod sa kanya sapagkat siya ay ang Panginoon, dahil pinahahalagahan natin siya, at dahil siya ang ating guro at kaibigan.**[62] Anumang aral na inaalis ang pananampalatayang ito ay hindi isang katuruan ng Biblia: "Ngunit ako'y natatakot, baka sa anumang paraan, kayo ay madaya kung paanong si Eba ay nalinlang ng ahas sa kaniyang katusuhan, at mailayo kayo sa tapat at *dalisay na pananampalataya* kay Kristo."[63]

> Ang buhay na nakalulugod sa Dios ay hindi isang komplikadong buhay kundi buhay na kaugnayang puspos ng biyaya – isang buhay ng simpleng pakikipag-ugnayan.

Sa mga huling nakalipas na taon, ang aking ama ay nagkaroon ng maraming pisikal na karamdaman, kabilang ang atake sa puso at dalawang stroke. Dahil sa mga pangyayaring ito ay naging tagapangasiwa ako ng pag-aari ng aking magulang – gumagapas, nagtitrim, atbp. Kung minsan ay nagmamadali ako upang tapusin ang trabaho, ngunit nais ng aking Ama

[58] Genesis 3:8
[59] Genesis 5:22; 6:9; 17:1; 1 Samuel 2:30; 1 Mga Hari 2:4; 8:25; 9:4; 2 Cronica 7:17
[60] Lucas 24:15; 1 Pedro 2:21; 1 Juan 2:6
[61] 1 Juan 1:3
[62] Dallas Willard, "Dallas Willard | Spiritual Formation as a Natural Part of Salvation." At https://www.youtube.com/. Accessed January 18, 2021.
[63] 2 Corinto 11:3

na maupo lamang ako sandali at kausapin siya. Dadalhan niya ako ng isang basong tubig at sasabihing, "Anak, maaari ka bang maupo sandali at kausapin ako?" Hindi ako makatanggi, lalo na kapag naiisip ko na ang oportunidad na ito ay maaaring hindi na muling maulit sa mga susunod na taon. Ang aking Ama ay hindi na halos inaalala kung ano ang lagay ng aking pagtratrabaho para sa kanya kumpara sa aking pakikipag-ugnayan sa kanya. Naniniwala akong ganito ang pakiramdam ng Dios sa atin. Nais niyang dalhin tayo sa kanyang hindi maisasalarawang kasiyahan sa ating pakikipag-ugnayan sa kanya.

"O tikman at masdan na ang Panginoon ay mabuti"[64] ang dapat nating maging motibasyon sa bawat "relihiyosong" disiplina at aktibidad. Ang Paghubog ng Espirituwal na buhay ay hindi lamang isang hangarin sa intelekwal ngunit isang karanasan. Sa mga susunod na leksiyon, tatalakayin natin ang mga bagay tulad ng pananalangin, pag-aayuno, pagninilay-nilay, paglilingkod, at iba pa. Mahalagang panatilihin natin ang ating mga mata sa layunin – ang kasiyahan na makipag-ugnayan sa Dios. Ang ating layunin ay hindi lamang magkaroon ng higit na kaalaman at impormasyon kundi ang isang malapit na pakikipag-ugnayan. Higit sa 200 taon na ang nakakalipas, sinabi ni Jonathan Edwards:

> Ang pagkakaiba sa pagitan ng paniniwala na ang Dios ay mapagmahal at ang matikman na ang Dios ay mapagmahal aymagkaibang-magkaiba katulad ng pagkakaroon ng isang makatuwirang paniniwala na ang pulot-pukyutan/honey ay matamis at ang pagkakaroon ng aktwal na matikman ang tamis nito.[65]

## Ang Mga Hamon sa Paghubog ng Espirituwal na Buhay

Ang Paghubog ng Espirituwalna buhay ay naging mas mahirap para sa atin sapagkat tayo ay nabuo na ng iba't ibang impluwensya. Maraming pwersa ang humubog na sa atin kaya naging kung ano tayo ngayon. Tayo ay nahubog sa malalim na paraan ng pagpapalaki sa tahanang ating kinalakihan. Ang ating kultura, tradisyon ng iglesia, mga karanasan sa buhay, at ating mga sariling pagpili, ang lahat ng ito ay mayroong malaking impluwensya sa kung ano ang pinaniniwalaan natin, kung ano ang mga pinahahalagahan natin, kung ano ang nararamdaman natin, kung paano tayo makipag-usap, at kung paano tayo kumilos.

Dahil namumuhay tayo sa isang wasak na mundo, sa tingin ko ay nagkaroon ka ng parehong mabuti at masamang karanasan sa lahat ng mga impluwensyang ito. Marami sa atin ang wasak. Ang pinakamahalagang tanong na susubukan nating sagutin sa *Paghubog ng Espirituwal na Buhay ay*: *Simula ngayon*, *ano ang pinakamahalagang pwersa, mga impluwensya, at mga pagpili na huhubog sa akin tungo sa taong nais ng Dios na maging ako*? Naniniwala ako na ang kursong ito ay makakatulong sa atin na sagutin ang katanungang ito.

---

[64]Mga Awit 34:8

[65] Tulad ng binanggit niTimothy Keller, *The Prodigal God* (New York: Dutton, 2008), 108

►Napakahalaga sa panahon ng ating pag-aaral ng mga leksiyong ito na malaman mo ang mga negatibo at positibong impluwensyang humubog sa iyong buhay. Maglaan ng ilang minuto upang mailista ang ilan sa pinakamahalagang bagay na humubog sa iyong pag-unawa sa Dios at buhay Kristiyano. Maging matapat. Kung maaari ay ibahagi mo ang isa o dalawa sa mga ito sa iyong pangkat.

## Mga hadlang na Dapat Paglabanan sa ating Pagpapatuloy sa Paghubog ng Espirituwal na Buhay

Mayroong ilang kadahilanan ang pinaglalabanan ng mga Kristiyano sa pagtulad sa imahen ni Kristo. Tingnan natin ang ilan sa mga ito:

### (1) Dapat tayong magbantay laban sa legalism/ligalismo.

Ang Legalism/legalismo ay ang pagsubok na makuha ang pagtanggap mula sa Dios sa pamamagitan ng pagsunod sa mga kautusan. Ngunit ang mga taong legalista ay mga taong sa sarili-umaasa –naghahanap ng katuwiran, hindi sa pamamagitan ng biyaya, kundi sa pamamagitan ng mahigpit na debosyon at disiplina. Ang Legalismo ay umaasa sa *kapangyarihan ng kagustuhan*. Sinasabi sa atin ng Biblia na ang "pagsamba sa kagustuhan" ay "wala namang naitutulong laban sa masamang hilig ng laman."[66]

Tandaan, ang pananalangin, pag-aaral ng Biblia, pagninilay-nilay, pag-aayuno, o anumang *ginagawa* natin sa Paghubog ng buhay Espirituwal ay epektibo lamang dahil sa mabiyayang pagkilos na ginawa, at ginagawa, at *tapos nang gawin* para sa akin sa pamamagitan ng ebanghelyo. Ang malaking panganib sa anumang disiplina sa Espirituwal na buhay ay ang panganib ng paglalagay ng tiwala sa mga disiplinang iyon, sa halip na magtiwala sa biyaya ng Dios na ibinuhos sa aking puso at buhay sa pamamagitan ng Banal na Espiritu dahil sa natapos na gawain ni Hesu-Kristo.

### (2) Dapat tayong magbantay laban sa murang biyaya.

Ang kawalang-ingat sa Espirituwal na buhay, o "murang biyaya," ay ginagawang isang lisensya ang biyaya Dios upang gumawa ng kasalanan.[67] Maraming Kristiyano sa panahon ngayon ang hindi naiintindihan ang ugnayan sa pagitan ng biyaya ng Dios at pagsisikap ng tao. Para sa kanila, ang anumang katuruan na kaugnay ng paggawa ay legalismo. Ngunit ang Bagong Tipan ay puno ng mga katuruang nagbibigay diin sa mga pagkilos na nakaugat sa pananampalataya.[68] Sa buhay Kristiyano, *pinagsisikapan* natin ang ating "kaligtasan nang may takot at panginginig; sapagkat ang Dios ang siyang kumikilos kapwa sa iyong kalooban at sa paggawa ng kanyang mabuting kasiyahan." Tayo ay *nagsisikap*, at ang Dios ay *kumikilos sa loob.* Hindi tayo nagsisikap *para* sa ating kaligtasan, ngunit dapat natin itong *pagsikapan* sa ating pang-araw-araw na buhay.

---

[66] Colosas 2:23
[67] Roma 6:1; Judas 1:4
[68] Filipos 2:12-13; 2 Pedro 4:3-11

Ang Paghubog ng Espirituwal na buhay upang maging katulad ng imahen ni Kristo ay sa pamamagitan lamang ng biyaya, ngunit nangangailangan din ito ng maraming pagsusumikap. Ang pagsusumikap ay sa "pagpapanatili ng ating mga buhay sa kapaligiran ng Dios" kung saan epektibong kumikilos ang *biyaya* ng Dios.[69]

**(3) Dapat tayong magbantay laban sa sensationalism**.

May ilang iglesia na binibigyang-diin ang mga makapukaw-damdamin, labis na makasarili, at mga emosyonal na karanasan na halos lubusang binabalewala ang pagiging maalalahanin, maayos, mapanalanginin, at naka-ayon sa Banal na Kasulatan na buhay Kristiyano. Ang mga mananampalataya na nahihikayat sa mga ganitong kilusan ay malamang na hindi lalago sa pananampalataya dahil sila ay sinanay na asahan lamang ang mabilis at madaling solusyon sa anumang Espirituwal na pangangailangan. Ang paniniwala sa paglago sa pananampalataya sa pamamagitan ng isang proseso ay hindi upang limitahan ang kapangyarihan ng Dios sa halip ito ay para kilalanin ang normal na *mga proseso* sa Espirituwal na paglago na itinatag ng Dios.

**(4) Dapat tayong magbantay laban sa perfectionism.**

Ang mga Kristiyano ay nahihirapan sa pagbabago kapag ikinalilito nila ang pagiging perpekto ng puso – perpektong pag-ibig – sa ganap na pagiging perpekto. Bagaman tinatawag tayo ni Jesus na maging mga perpektong Kristiyano[70] at isang hindi mapag-aalinlanganan/tiyak na pagtalikod sa mga sinasadyang kasalanan,[71] nilinaw ng Banal na Kasulatan na ang pagtulad sa katangian at kalooban ni Jesus ay isang panghabang buhay na proseso. Ang pagiging maka-Dios ay dapat na mas maunawaan bilang isang paglalakbay kaysa sa isang patutunguhan.[72]

► Talakayin ang mga hadlang na ito bilang isang pangkat. Paano mo nakita ito sa buhay ng mga Kristiyano? Paano ito nahayag sa iyong sariling buhay?

### Huminto muna Saglit upang Magnilaynilay

Marahil ay dapat tayong huminto nang sandali upang magnilaynilay. Lumalago ka ba sa iyong Espirituwal na buhay? Ang buhay ba ni Jesus ay kumikilos sa iyo at naipapamuhay mo sa isang papataas na antas? Mas nakikita mo ba na mas nagiging katulad ka niya ngayon sa pag-iisip, pagmamahal, at paglilingkod sa iba kaysa sa mga nakaraang buwan?

Tayo ay hinuhubog sa buhay Espirituwal kapag ang *magandang buhay ni Jesus ay kumikilos sa atin sa isang papataas na antas*. Ang paghubog na ito ay sa pamamagitan ng Banal na

---

[69] M. Robert Mulholland Jr., *Invitation to a Journey* (Downers Grove: InterVarsity Press, 1993), 105
[70] Mateo 5:48
[71] Colosas 3:5
[72] Filipos 3:12-14

Espiritu– sa pamamagitan ng pananampalataya, at isang bagong pag-iisip, at matibay na pagsisikap–na nagreresulta sa isang mabungang paglilingkod bilang Kristiyano.[73]

## Mga Takdang Aralin sa Leksiyon 1

(1) Isa-ulo ang kahulugan ng *Paghubog ng Espirituwal na buhay* na ipinakita sa kursong ito.

(2) Isa-ulo ang 2 Corinto 3:18 at Galacia 4:19.

(3) Kumuha ng isang pagsusulit batay sa materyal mula sa leksiyong ito. (Ang itinalagang talata sa itaas na kailangang isa-ulo ay kabilang sa pagsusulit.)

(4) Maglaan ng hindi bababa sa tatlumpung minuto sa linggong ito para magbalik-aral sa leksiyong ito, kabilang ang mga sanggunian sa Banal na Kasulatan, hilingin sa Banal na Espiritu na bigyan ka ng mas maliwanag na pagkaunawa.

(5) Itala sa iyong journal ang anumang mga tiyak na pagbabago na dapat gawin sa iyong buhay, na ipinakita sa iyo ng Panginoon.

(6) Pagnilayan ang hindi bababa sa isang Awit/Salmo sa iyong pang-araw-araw na oras ng pagdedebosyon, at itala sa iyong journal kung ano ang sinasabi ng salmista tungkol sa kalikasan at katangian ng Dios.

(7) Itala sa iyong journal ang isang personal na panalangin para sa Espirituwal na pagbabago at paglago batay sa leksiyong ito.

(8) Pagsanayang gamitin ang *Pang-araw-araw na gabay sa Pananalangin* ni Dr. Brown sa iyong pang-araw-araw na pribadong pananalangin.

---

[73] Mga Katangian ni Jesus mula sa pag-aaral ng Kasulatan sa leksiyong ito: Kabaitan, kaamuan, kagalakan (Tuwa) katiyagaan, mahabagin, pagiging maamo, kababaang-loob, pag-ibig, kawalang-kasalanan, pagiging mapagpatawad, pagiging walang panlilinlang.

**Leksiyon 1 Pagsusulit**

(1) Ano ang kahulugan ng *Paghubog ng Espirituwal na buhay*, na itinuro sa Leksiyon 1?

(2) Magbigay ng ilang batayan mula sa banal na Kasulatan para sa kahulugang ito.

(3) Tapusin ang pahayag na ito: Ang Biyaya ay hindi kabaligtaran ng__________, ngunit kabaligtaran ito ng__________. Ipaliwanag.

(4) Ang dapat kalabasan ng Paghubog ng Espirituwal na buhay ay isang buhay na pinamamamahalaan ng ano?

(5) Ano ang kahulugan ng "pagmasdan ang kaluwalhatian ng Panginoon"?

(6) Bakit isang proseso ang Paghubog ng Espirituwal na buhay?

(7) Ano ang apat na hadlang na dapat iwasan sa Paghubog ng Espirituwal na buhay?

# Leksiyon 2
# Ang Paglalakbay sa Paghubog ng Espirituwal na Buhay: Kung Paano Nabubuo sa atin ang imahen ni Kristo

## Leksiyon 1 Pagbabalik-aral

Paalala sa tagapanguna sa klase: Magbalik-aral sa mga pangunahing punto ng Leksiyon 1. Hilingan ang mga mag-aaral kung sino ang may gusto na ibahagi ang kanilang mga personal na panalangin mula sa Leksiyon 1.

## Mga Layunin ng Leksiyon

Sa pagtatapos ng leksiyong ito, ang mag-aaral ay dapat:

(1) Nauunawaan at kayang ipaliwanag ang tatlong aspeto ng paglalakbay sa Paghubog ng Espirituwal na buhay.

(2) Pahalagahan ang ministeryo ng Banal na Espiritu sa Paghubog ng Espirituwal na buhay.

## Mga Larawan ng Buhay

Habang nagtratrabaho ako para sa kursong ito, may isang binata na nagbuhos sa akin ng kanyang nararamdaman sa kanyang puso. Siya ay isang matapat na Kristiyano. Siya ay may malinaw na patotoo tungkol sa kanyang pagbabalik-loob at naniniwala siyang naisuko na niya ng lubusan ang kanyang kalooban kay Kristo. Pinag-aaralan niya ang Banal na Kasulatan, mayroon siyang tuloy-tuloy na debosyonal na buhay, at nakikita ko ang malinaw na katibayan na alam niya at mayroon siyang takot sa Dios. Ngunit nahihirapan ang binatang ito na lubusang mapagtagumpayan ang isang partikular na "paulit-ulit/nakasanayang kasalanan." "Bakit hindi mawala ang tuksong ito!? Nananalangin ako, binabasa ko ang Biblia, ngunit hindi ko pa rin masumpungan ang lubusang tagumpay. Mayroon bang mali sa akin?!" itinanong niya. "Pakiramdam ko ay napahiwalay ako, at nag-iisa sa aking pakikibaka. Iniisip ko na ako ay isang mababang-klase ng Kristiyano!"

Sa aming pag-uusap nang ilang linggo, naging mas malinaw sa akin na ang aking kaibigan ay isang matapat na mananampalataya; ngunit kailangan niyang baguhin ang ilang kasipan na mayroon siya. Ang kanyang pag-iisip tungkol sa Dios at sa buhay Kristiyano ay hindi ganap na naka-ayon sa Salita ng Dios. Ang aking kaibigan ay tila naniniwala din na kung ang kanyang puso ay banal, kung gayon ang kadalisayan at pagsunod ay *hindi na kailangang pagsikapan*. Dahil sa ilang kakulangan ng pag-iingat sa Espirituwal at mga kakulangan sa disiplina, ang aking kaibigan ay hindi nakakaranas ng ganap na tagumpay.

►Paano mo papayuhan ang aking kaibigan? Paano malalampasan ng isang tunay na mananampalataya ang isang paulit-ulit/nakasanayang kasalanan?

Habang nalalaman natin na ang Banal na Espiritu ay magagawa, at ginagawa, na baguhin ang ating mga puso sa tuloy-tuloy na pagkakataon sa ating Espirituwal na paglalakbay, alam din natin na dinadala niya tayo sa ganap na paglago sa pamamagitan ng mga proseso – mga proseso na kinabibilangan ng pagbabago ng isipan, Espirituwal na disiplina, at isang malusog na relasyon sa ibang mananampalataya.

Ang pagtuturo na ang Paghubog ng Espirituwal na buhay ay isang proseso ay hindi nag-aalis dito sa mga pambihirang sandali ng muling pagpapanibagong-lakas. Marami sa mga masugid na tagasunod ni Jesus ang nakaranas ng "mga banal na sandali" na lampas sa kanilang bagong kapanganakan. Ang mga sandaling ito ay madalas na tinutukoy sa iba't ibang paraan, tulad ng: "ang bautismo ng Banal na Espiritu," "lubusang pagpapabanal," "ang kapahingahan dahil sa pananampalataya," "perpektong pag-ibig," "ang pagpuspos ng Banal na Espiritu," at iba pa. Kung paanong ang mga himala ay hindi sumisira sa mga normal na batas ng kalikasan, ang mga pambihirang sandali o panahong ito sa ating paglalakbay, kapag naging mas mabilis ang paglago sa Espirituwal na buhay, ay hindi inaalis ang mga normal na proseso ng paglago na inilagay ng Dios.

Karaniwang nakatulad ang Espirituwal na paglago sa pisikal na paglaki. Ang mga sanggol ay hindi magiging matanda nang isang gabi lamang kundi sa pamamagitan ng pagsunod sa isang proseso ng paglago na isinaayos ng Dios. Ang parehong bagay ay totoo sa ating Espirituwal na paglago. Ang pisikal at Espirituwal na mga bata ay kapwa mayroong paglaki.

## Ang Malaking Ideya

Ang pagtulad sa imahen ni Kristo Jesus ay dapat maitayo sa isang solidong biblikal na pundasyon. Sa leksiyong ito, susubukan nating maitatag ang isang solidong pundasyon kung saan maitatatag ang isang buhay na nakalulugod sa Dios at isang buhay, kapwa sa loob at labas, na nagpapakita ng imahen ng Dios. Ang hindi pagkakaroon ng pundasyong ito, marami ang nagiging mahina sa Espirituwal na buhay.

## Panimula

### Ang Paghubog ng Espirituwal na Buhay ay Higit pa sa Mababaw na Pagbabago

Karamihan sa tinatawag nating pagbabago ay mababaw lamang na pagbabago, tulad ng paglalagay ng isang maliit na benda sa isang malalim, malalang sugat. Sa mahabang panahon ay maaari tayong "makakilos" ng tama at mapigilan ang mga hindi magagandang pag-uugali at saloobin; ngunit kalaunan ang isang tao o isang bagay ay mabubunggo ang masakit na lugar na iyon, at ang tukso ay nagiging masyadong malakas, at duon lumalabas kung sino talaga tayo.

Minsan ay ipinagtapat ng isang Asyanong pastor kung paano ipinakita ito sa kanya ng Panginoon sa pamamagitan ng isa sa kanyang pinakamalupit na mang-uusig. Sa loob ng

ilang taon ginagawa ng isang masamang lalaki mula sa tribo ang lahat upang hadlangan ang gawain ng Dios. Minsan ang lalaking iyon ay nagbabalibag ng mga bato sa panahon ng kanilang pagsamba, namamaril sa mga pader ng tirahan ng pastor, at hinalughog ang sambahan. Sa gitna nito,ang aking kaibigang pastor at ang kanyang kongregasyon ay patuloy na nanalangin para sa kanilang mang-uusig at tiniis ang kanyang pagpapahirap. "Akala ko ay mayroon akong tunay na pagmamahal at pagpapatawad," ito ang sinabi sa akin ng pastor kong kaibigan, "hanggang sa isang araw ay nasorpresa ako na makasalubong siya sa isang palikong kalsada sa bundok at kumulo ang aking galit. Nahihiya akong sabihin ito, ngunit binangga ko ang kanyang motor gamit ang minamaneho kong trak at binantaan ko siya!Noon ko nalamang wala akong gaanong pag-ibig tulad ng inaakala kong mayroon ako. Doon ko nalamang masyado akong umaasa sa sarili kong lakas, at may bahagi sa aking buhay na hindi ko pa naisusuko sa pagkilos ng Banal na Espiritu. Ginamit ito ng Panginoon upang gawin akong mapagpakumbaba at upang baguhin ako. Nang magpakumbaba ako sa harap ng aking kongregasyon at sa harap ng aking tagapag-usig (at ibinili ko rin siya ng isang bagong motorsiklo), pinuno ng Panginoon ang aking puso ng totoong pagmamahal at kapangyarihan."

**Mas marami pa ang nais gawin ng Dios para sa atin kaysa lagyan lamang ng benda ang ating mga sugat. Mas marami pa ang inilalaan Niya para sa atin kaysa mababaw na pagbabago lamang.**

Ang mahubog sa imahen ni Kristo Jesus ay ang pagkakaroon ng kanyang kalikasan – ang kanyang katangian – na malalim na nakaukit sa ating mga kaluluwa. Pinapaalalahanan tayo ni Dennis Kinlaw na, "Ang mahubog sa imahen ni Kristo ay hindi lamang upang malaman kung paano siya tularan, sa halip ay ang pagkakaroon ng kanyang pag-iisip o pag-uugali."[74] Nais ng Dios na hubugin tayo na ay ang ating natural napagtugon sa kahit anumang pangyayari ay katulad ng kanyang magiging tugon.

Kapag ang pag-ibig ni Kristo ay ganap na nahubog sa atin, ang pagsunod ay hindi magiging isang pasanin. Kapag ang kanyang katuwiran ay ganap na nahubog sa atin ang paggawa ng alam nating tama ay hindi magiging nakakapagod na bagay. Kapag ang kanyang kapayapaan at kagalakan ay nahubog sa atin, mananatili tayong matatag kahit sa pinakamalakas na bagyo ng buhay.

### Ang Pangmatagalang Pagbabago ay Posible

Ang magandang balita ay palaging posible ang pagbabago – hindi sa simpleng paraan ng pagsasabi lamang nito, kundi sa pamamagitan ng paggamit ng proseso para sa pagbabago na ipinakita sa atin ng Dios. Kapag natutunan nating mag-isip ng kaiba sa ating nakasanayan, makiangkop sa iba't-ibang mga kaugalian, at matutunang makipag-ugnayan nang mas maayos sa ibang tao, ang Espirituwal na pagbabago ay natural na darating.

---

[74] Dennis Kinlaw, *The Mind of Christ* (Wilmore: Francis Asbury Press, 1998), 14

## Ang Paglalakbay sa Paghubog ng Espirituwal na Buhay

Sa kursong ito titingnan natin ang ating paglalakbay sa Paghubog ng Espirituwal na buhay patungo sa imahen ni Kristo. Isasaalang-alang natin ang tatlong aspeto ng paglalakbay:[75]

1. **Isang Binagong Pag-iisip** – na nagtatakda ng ating direksyon(Filipos 2:5; Roma 12:1-2).
2. **Espirituwal na pagsasanay**– na siyang nagtatakda ng bilis ng ating paglakad/paglago(1 Timoteo 4:7; 1 Corinto 9:27; Hebreo 12:11).
3. **Pakikilahok sa Pamayanan ng mga Kristiyano**– na siyang nagpapatibay sa ating pagkatao sa ating paglalakbay (Efeso 4:13).

►Basahin ang mga talatang ito at subukang bigyang-kahulugan ang mga sumusunod na pahayag: "Dapat kang magkaroon ng ganitong pag-iisip," "Sanayin mo ang iyong sarili," at "hanggang sa makarating tayong lahat... sa isang perpektong tao." Ano ang ibig sabihin ng mga pahayag na ito?

Ang isang nabagong pag-iisip ay kinabibilangan ng katiyakan ng kaligtasan, pagkilala sa Dios, makilatis ang ating sarili, at ang pagkilos ng Banal na Espiritu. Ang Espirituwal na pagsasanay ay kinabibilangan ng pagtitiis, pagsasagawa ng mga Espirituwal na disiplina, at personal na disiplina. Ang pamayanang Krisitiyano ay kinabibilangan ng (*kahit man lang*) pagka-unawa kung sino tayo bilang pamilya ng Dios at nakikipag-ugnayan sa isa't-isa para sa pagpapalakasan, pagtanggap sa isa't-isa, at pananagutan. Ang lahat ng ito ay sa pamamagitan ng pagkilos ng Banal na Espiritu sa atin.

[75]Sinipi kay James Smith, *The Good and Beautiful God* (Downers Grove: InterVarsity Press), 24

| Isang Mapa Para sa Paghubog ng Espirituwal na Buhay | | | |
|---|---|---|---|
| **Aspeto** |  **Isang Binagong Pag-iisip** |  **Espirituwal na Pagsasanay** |  **Pamayanang Kristiyano** |
| **Sa ating Paglalakbay...** | Nagtatakda ng ating direksyon. | Nagtatakda ng bilis ng ating pagkilos. | Nagpapatatag/ nagpapatibay sa atin. |
| **(Mga)Talata sa Kasulatan** | Filipos 2:5; Roma 12:1-2 | 1 Timoteo 4:7; 1 Corinto 9:27 | Efeso 4:13 |
| **Ano ang kabilang dito** | • Katiyakan ng kaligtasan<br>• Pagkilala sa Dios<br>• Pagkilala sa ating sarili | • Pagdurusa/pagtitiis<br>• Ang mga Espirituwal na disiplina<br>• Personal na disiplina | • Pag-unawa sa likas na katangian ng iglesia, at pakikipag-ugnayan sa ibang mga miyembro para sa pagpapalakasan<br>• Pagtanggap<br>• Pananagutan |
| **Sa Pamamagitan** | **Ng Banal na Espiritu** | | |

## Isang Bagong Pag-iisip – Na Nagtatakda ng Ating Direksyon

Ang Paghubog ng Espirituwal na buhay ay dapat magsimula sa isang bagong pag-iisip, “Sapagkat kung ano ang iniisip niya sa loob niya, ay gayon siya.”[76] Pansinin na ang puso ay ang lugar kung saan nag-iisip ang isang tao. Sa Banal na Kasulatan ang isipan at ang

[76]Kawikaan 23:7

puso ay tinukoy na iisa. Dito dapat magsimula ang pagbabago. Ang isipan ay ang sentrong kontrol ng buong buhay ng isang tao. Kung ano tayo at kung ano tayo magiging ay mula sa sentrong kontrol na iyon.[77] Sinabi ni Jesus, "Sapagkat sa puso ng tao nagmumula ang masamang pag-iisip na nagtutulak sa kanya na gumawa ng sekswal na imoralidad, pagnanakaw, pagpatay."[78] Sinabi rin niya, "Sa sumasampalataya sa akin, katulad ng sinasabi sa Banal na Kasulatan, dadaloy mula sa kanyang puso ang tubig na nagbibigay buhay. Ang tubig na tinutukoy ni Jesus ay ang Banal na Espiritu, na tatanggapin ng mga nanampalataya sa kanya."[79] Sa unang bahagi ng kursong ito, magsisikap tayo na maiangkop sa Salita ng Dios ang ating mga saloobin tungkol sa kaligtasan, sa Dios, at sa ating sarili. Ang pagbabago ng ating pag-iisip ay mahalaga para sa imahen ng Dios.

"…at *baguhin* n'yo na ang inyong pag-iisip at pag-uugali."[80]

"…at kayo'y magbihis na ng bagong pagkatao, *na binabago sa pamamagitan ng kaalaman ayon sa larawan ng lumalang sa kanya.*"[81]

Itinuro ni Dr. Dennis Kinlaw, "Ang tatlong kautusan ng pagsunod bilang isang Kristiyano ay ang mga sumusunod: (1) Alamin kung sino si Jesus. Alamin ang kanyang pagiging sapat para sa bawat pangangailangan ng tao. (2) Alamin kung sino ka. Kilalanin ang iyong kakulangan sa paglilingkod sa kaharian ng Dios, gaano man katindi ang iyong pagsisiskap. (3) Hanapin ang kapangyarihan ng Banal na Espiritu upang alisin ang iyong kahinaan bilang tao at palitan ito ng kapuspusan ni Kristo. Kapag ginawa natin ang mga bagay na ito, magsisimulang mabago ang ating pag-iisip mula sa ating nakasanayan; magkakaroon tayo ng ibang damdamin; ang ating buong pananaw ay magbabago."[82]

Ang Roma 12:2 ay nagbigay ng kautusang, "at huwag kayong tumulad sa sanlibutang ito, *kundi magbago kayo sa pamamagitan ng pagbabago ng inyong pag-iisip.*"[83] Kung ano tayo at kung ano magiging tayo ay dumadaloy mula sa sentrong kontrol na iyon.

***Ang Kaalaman patungkol sa Biblia ay napakahalaga para sa pagbabago.***

Patuloy tayong hinahamon ng Biblia na maghanap ng kaalaman at tumanggap ng tagubilin. Dapat tayong, "lumago sa biyaya at *pagkakakilala* sa ating Panginoon at Tagapagligtas na si Kristo Jesus."[84] Ito ang dahilan kung bakit walang tigil na nananalangin si Pablo para sa mga taga-Efeso upang ang"mga mata ng kanilang *pang-unawa* ay maliwanagan."[85]

---

[77] Mateo 15:19
[78] Marcos 7:21
[79] Juan 7:38-39
[80] Efeso 4:23.
[81] Colosas 3:10.
[82] Dennis Kinlaw, *The Mind of Christ* (Wilmore: Francis Asbury Press, 1998), 68
[83] Idinagdag ang pagbibigay-diin.
[84] 2 Pedro 3:18.
[85]Efeso 1:18.

Noong nag-aaral pa ako sa Bible school, ang aming pangulo, na si Dr. Robert Whitaker, ay madalas sinasabi sa amin ang tungkol sa Paghubog ng isang Kristiyanong kaisipan. Madalas niya kaming pinapayuhan na "Mag-isip kayo bilang isang Kristiyano!" Alam niya na kami ay mga Kristiyano, ngunit alam din niya na ang isip ng kanyang mga mag-aaral ay nahuhubog pa rin ng kamunduhan sa ilang bahagi ng pag-iisip.

Upang maisaayos ng mabuti ang Paghubog sa aming mga kaisipan, may mga bagay na dapat nating *matutuhan/malaman* at mga bagay na dapat *alisin sa isipan*. Kailangan nating makatanggap ng mahusay na impormasyon at alisin ang mga maling impormasyon. Ito ay halos palaging isang proseso – isang proseso ng pagpupuno sa ating isipan ng mga katotohanan. Ito rin ay isang proseso ng paglilinis ng ating isipan mula sa mga hindi wasto at mapanirang kaisipan tungkol sa Dios, sa ating sarili, sa mundong nakapaligid sa atin, at sa buhay Kristiyano. Hindi madaling pakinggan ang tinig ng Dios at ang tinig ng katotohanan sa ibabaw ng ingay ng kultura, minsan gayundin sa iglesia, o maging sa ingay ng ating sariling puso. Ngunit ang bawat tinig sa ating isipan at puso na hindi nagsasabi ng katotohanan ay dapat patahimikin.

Mag-ingat! Ang paggiba o pagtatanggal ng isang hindi malusog na pagkaunawa sa Dios at sa ating sarili ay maaaring maging isang mapanganib na proseso maliban kung ito ay lubusang sa pamamagitan ng Biblia at ganap na pagpapakumbaba. Sa prosesong ito, tutuksuhin tayo ng kayabangan upang makabuo ng sariling mga ideya tungkol sa Dios. Sa pagmamataas, maaari nating tanggihan ang isang imahen ng Dios na tulad ng isang bagay na kinamumuhian natin, ngunit wala pa ring tamang imahen ng Dios.

***Ang Kababaang-loob ay ang susi sa pag-unawa.***

Sa ating paghahanap ng tamang pag-iisip tungkol sa Dios, ang mga nananampalataya sa Dios ang ating mga kasama, ang Banal na Kasulatan ang ating awtoridad, ang kababaang-loob ang dapat nating maging pag-uugali, at ang Banal na Espiritu ang tutulong sa atin."Tinututulan ng Dios ang mapagmataas ngunit nagbibigay siya ng biyaya sa mga mapagpakumbaba."[86]

> "Ang pagsasa-ulo ng mga talata sa Banal na Kasulatan ay naging isang Espirituwal na disiplina na lubusang ginagamit ng Dios sa aking buhay at sa buhay ng aking mga kaibigan na pinagsasanayan din magsa-ulo ng mga talata, maaaring sa pagsisiwalat o pagsasabago ng aking kaisipan sa ilang mga bagay, paglaban sa tukso, o paghahanda para sa mga hamon sa hinaharap ."
>
> – Maricka Herrer, South Africa

Ang kababaang-loob ay nangangahulugang isinusuko ko ang aking sarili at nagpapasakop sa pahayag ng Dios anuman ang maging kapalit nito mula sa aking buhay. Ito talaga ang tanging paraan sa pagpapanibago ng ating espiritu. Mayroong matitinding tukso sa ating Espirituwal na paglalakbay upang tanggihan ang katotohanan dahil sa kung ano ang maaaring mawala sa atin sa panahon ng proseso. Natatakot tayong maging taliwas sa ating pamilya, kultura, o mga tradisyon. Ayaw nating mabansagan,

[86]Santiago 4:6

matanggihan, o maitakwil. Natutukso tayong sumunod na lamang sa nakasanayan upang bigyang kasiyahan ang tao, sa halip na ang Dios. Tandaan, sinabi ng Biblia, "Ang takot ng tao ay nagdadala ng bitag."[87]

***Ang Pananampalataya ang susi upang maranasan ang katotohanan.***

Ang paglalapat (pagtanggap) ng Salita ng Dios sa pamamagitan ng pananampalataya ay nagbibigay buhay sa Salita ng Dios sa ating buhay. Ang malaman talaga ang isang bagay ayon sa Biblia ay makapagdudulot ng malaking epekto sa ating buong buhay.

Ang Biblikal na pananampalataya ay higit pa sa kaalaman; ito ay pagtitiwala at pagtupad sa pangako. Sa mismong sandaling ito, marahil ikaw ay "nagtitiwala" sa isang upuan. Nangangahulugan iyon na sapat na ang iyong natutunan na pangkalahatang kaalaman patungkol sa mga upuan at, marahil, pati ang "iyong" sariling upuan, na handa kang ibigay ang buong bigat ng iyong katawan dito. Ito ang tinutukoy ng Biblia na pananampalataya. Ito ang tinutukoy ng mga manunulat ng Ebanghelyo nang sabihin nila ang mga bagay tulad ng :"Nang makita ni Jesus *ang kanilang pananampalataya*, sinabi niya sa paralitiko, 'pinatawad na ang iyong mga kasalanan.'"[88] Ano ang nakita ni Jesus nang makita niya ang pananampalataya? Ano ang hitsura ng pananampalataya? Nakita ni Jesus ang mga kaibigan ng paralisadong lalaki na mayroon silang sapat na pagtitiwala sa kanya kaya nila ito dinala sa kanya sa pag-asa na ito'y pagalingin. Nakita ni Jesusang mga lalaking nakatuon sa kanilang nalalaman na totoo tungkol kay Jesus. Nakita ni Jesus ang kanilang kilos at tumugon ng pagpapatawad, pagpapagaling, at biyayang nakakapagpabago! Ito ang kapangyarihan ng pananampalataya.

Sa pagtitiwala natin sa Salita ng Dios, binabago niya tayo patungo sa wangis ni Kristo sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Banal na Espiritu. Natitiyak kong hindi natin kayang maisaayos ang ating sarili na maging kawangis ng imahen ni Kristo. Sinabi ni Robert Mulholland Jr.:

> Malinaw din ang patotoo ng Banal na Kasulatan sa katotohanang Dios lamang ang makakapagpalaya sa atin mula sa pagkakaalipin, magpapagaling sa ating pagkasira, maglilinis sa atin mula sa ating karumihan at magbibigay buhay mula sa ating pagiging patay. Hindi natin ito magagawa nang mag-isa. Samakatuwid, ang Paghubog ng Espirituwal na buhay ay ang karanasan ng Paghubog ng Dios tungo sa pagiging buo…..Ang pagtitiwala sa sarili ay malalim na nakatanim sa kalooban natin.... Ang Dios ang nagpapasimula ng ating paglago tungo sa pagiging buo, at tayo ay dapat maging malambot na luwad sa kamay ng Dios.[89]

Tayo ay walang kakayahang magbunga ng pag-ibig, kagalakan at kapayapaan sa ating sariling pagkatao. Upang mangyari ang proseso ng paghubog ng Espirituwal na buhay sa

---

[87]Psalm 29:25
[88] Mark 2:5
[89] M. Robert Mulholland Jr., *Invitation to a Journey* (Downers Grove: InterVarsity Press, 1993), 16

ating sarili, dapat tayong magtiwala at umasa sa mga ipinangako at ipinahayag ng Dios. Ito ang pananampalatayang kinalulugdan ng Dios (Hebreo 11:6). Ang pananampalataya ay nagbubukas ng mga pintuan sa mga pagpapala at pribilehiyo ng pagbabayad-sala ni Kristo Jesus at humahawak sa mga ito. Ang pananampalataya ang siyang nagiging dahilan kung bakit nagiging *tunay* sa ating buhay ang lahat ng ibinigay ni Jesus. Ang tunay na pananampalataya ay tumutugon sa katotohanang natanggap ng isang tao at sa gayo'y nagpapagana ng mga pangako ng Dios. Sa pamamagitan ng pagtitiwala at pag-asa sa Salita ng Dios, nagsisimulang baguhin ng Banal na Espiritu ang ating pagkatao at binibigyan ng kalakakasang mamuhay ng katulad ni Kristo.

At bukod duon ay marami pang iba.

**Espirituwal na Pagsasanay – Ang Nagtatakda ng bilis ng ating paglago**

Ang Paghubog ng Espirituwal na buhay ay ganap na kinabibilangan ng espirituwal na pagsasanay. Tulad ng hamon ni Pablo kay Timoteo, "Sanayin mo ang iyong sarili tungo sa kabanalan."[90]Siya mismo ang nagsabi, "Dinidisiplina ko ang aking sariling katawan at sinusupil ko ito, upang sa gayo'y hindi ako maalis sa paligsahan pagkatapos kong mangaral sa iba."[91]

***Ang Espirituwal na pagsasanay ay dapat idagdag sa mahusay na doktrina.***

Naniniwala si John Wesley na ang layunin ng buhay Kristiyano ay ang pag-ibig sa Dios at sa tao, ngunit ang paraan ng paglago natin sa pag-ibig ay sa pamamagitan ng Espirituwal na disiplina. Naniniwala siya na ang dahilan kung bakit ang Kristiyanismo ay "napakaliit ng nagawa sa mundo," o kung bakit wala itong *napakalaking epekto,*ay sanhi ng tatlong bagay:

1. Kawalan ng maayos na doktrina
2. Kakulangan ng pananagutan sa disiplina
3. Pagpapabaya sa pagtatakwil sa sariling kagustuhan[92]

► Bakit ang bawat isa sa mga ito – doktrina, disiplina, at pagtatakwil – ay kinakailangan sa isang mabisang patotoo at buhay Kristiyano?

Hinati ni Wesley ang mga disiplina ng buhay Kristiyano sa dalawang pangunahing bahagi: **Mga pagkilos ng pagpapabanal** at **mga pagkilos ng awa**.[93]Narito ang ilan sa mga pahayag mula sa isang sermon ni Wesley:

> "Ngunit anong mabubuting gawa ang mga iyan, ang mga kasanayan na pinatutunayan mong kinakailangan sa pagpapabanal?" Una, lahat ng mga pagkilos

[90] 1 Timoteo 4:7
[91] 1 Corinto 9:27
[92] Matt Friedman, *Discipleship* (Wilmore: Francis Asbury Press, 2017), 40
[93] John Wesley, "The Scripture Way of Salvation," *John Wesley's 52 Standard Sermons,* paragraphs 9, 10

(debosyon) katulad ng pagdarasal sa publiko, pagdarasal kasama ng pamilya, at pagdarasal ng tago; pagtanggap ng banal na hapunan; pagsasaliksik sa Banal na Kasulatan, sa pamamagitan ng pakikinig, pagbabasa, pagbubulay-bulay; at paggamit ng sukat ng pag-aayuno o pangingilin ayon sa makakaya ng kalusugan ng ating katawan.

Pangalawa**,** ang lahat ng pagkilos ng awa, kung ito man ay nauugnay sa mga katawan o kaluluwa ng tao; katulad ng, pagpapakain sa nagugutom, pagbibihis sa mga hubad, pagbibigay kaaliwan sa mga hindi kilalang tao, pagbisita sa mga nasa bilangguan, o may sakit, o may iba't-ibang kahirapan; katulad ng, ang pagsisikap na turuan ang mga walang kaalaman, upang gisingin ang mga hangal sa kanilang kasalanan, upang painitin ang maligamgam, upang bigyang katiyakan ang mga nag-aalinlangan, upang aliwin ang mahina ang pag-iisip, upang palakasin ang loob ng mga tinutukso, o makatulong sa anumang paraan sa pagliligtas ng mga kaluluwa mula sa kamatayan. Ito ang pagsisisi, at ito ang mga "bunga na angkop sa pagsisisi,"na kinakailangan upang maging ganap ang pagpapabanal. Ito ang paraan kung paano hinirang ng Dios ang kanyang mga anak upang maghintay para sa lubusang kaligtasan.

Malinaw na sinasabi ng Salita ng Dios na kailangan natin ng higit pa sa karanasan ng muling pagbabalik-loob upang mahubog patungo sa imahen ni Kristo. Sa mga susunod na mga leksiyon, ipapakita namin na kung hiwalay sa nagpapatuloy na pagsasanay, ang ating mga maling pag-iisip tungkol sa Dios at sa ating sarili, tatalunin ng ating mga walang kasanayang pag-uugali at kagustuhan, at ng ating sirang damdamin ang ating pinakamagagandang hangarin na maging katulad ni Kristo. Sa bahaging ito ng kurso, tatalakayin natin ang pangunahing papel na ginagampanan ng Espirituwal na pagsasanay at disiplina sa ating lakbayin upang mahubog sa imahen ni Kristo. Naniniwala akong makikita mo ito bilang isang pinaka praktikal na bahagi.

***Ang Espirituwal na pagsasanay ay may iba't ibang anyo.***

May iba't ibang paraan ang Dios upang sanayin tayo. Ang *kahirapan,* o pagdurusa, ay isa sa pinakamakapangyarihang kagamitan ng Dios upang hubugin tayo tungo sa kanyang imahen. Gayundin, ang mga klasikongEspirituwal *na disiplina* – kabilang ang pananalangin, pagninilay-nilay, pag-iisa, pag-aayuno, pagiging simple, paghahandog, pagsamba, pakikipag-ugnayan, pagpapahayag, at pagpapasakop; kasama rin ang mga *personal na disiplina* – pagkakaroon ng kontrol sa dila,pagkakaroon ng malinaw na kaisipan, pagkontrol sa ating mga kagustuhan, pamamahala ng oras, at pagtataguyod ng mga personal na paniniwala – ay ang mga paraan ng Dios upang hubugin ang ating karakter/katangian. Ang mga ito ay tatalakayin sa mga susunod na leksiyon.

Sa pamamgitan ng Espirituwal na pagsasanay, ang pag-iisp at pagkilos na tulad ni Kristo sa bawat sitwasyon ng buhay ay mas magiging madali at magiging mas nakagawian. Sa pamamagitan ng pagsasanay na may disiplina, amg imahen ni Kristo ay mas nagiging natural at pang permanenteng naka-ukit sa ating pagkatao.

Nang ako at ang aking asawa na si Becky, ay nasa Bible school pa, kami ay nanirahan sa isang maliit na apartment sa tabi ng matandang Kristiyanong mag-asawa na sina G. at Gng. Foust. Sila ay isang patotoo ng pagtitiyaga at kagalakan para sa amin! Si Gng. Foust ay may kapansanan na nagpapahina ng kanyang kalusugan sa nakalipas na sampung taon, ngunit patuloy siyang inalagaan ng kanyang asawa araw-araw nang may lambing, pagmamahal, at nagliliwanag na kagalakan. Sa mga panahong iyon, inihambing ko ang aking sarili sa mga kalalakihang katulad ni G. Foust at marami sa aking bihasang tagapagturo.Ang kanilang mga katangian ay tila napakataas at hindi ko kayang maabot. Kaya ko kayang magkaroon ng ganoong kalidad ng pag-ibig, tapang, at pagtitiyaga? Ang hindi ko namalayan ay kung ilang mga taon, marahil ay dekada, na sinanay ng mga lalaking ito ang kanilang buhay Kristiyano. Malayo ang kanilang narating sapagkat mas matagal na silang nagsasanay.

Ang Espirituwal na disiplina ay napakahalaga para sa tagumpay sa buhay Kristiyano, at kung wala ito ay hindi tayo dapat magtaka kapag nabigo tayo sa isang sandali ng tukso. Ito ang dahilan kung bakit pinayuhan ni Pablo si Timoteo na "sanayin mo ang iyong sarili tungo sa kabanalan." Hinihikayat din tayo ni Pedro na, "Sikapin ninyong idagdag sa inyong pananampalataya ang kabutihan;sa iyong kabutihan, ang kaalaman; sa iyong kaalaman, ang pagpipigil sa sarili; sa iyong pagpipigil sa sarili, ang katatagan; sa iyong katatagan, ang paggiging maka-Dios; sa iyong pagiging maka-Dios ang pagmamalasakit sa kapatid; at sa iyong pagmamalasakit, ang pag-ibig. Kung ang mga katangiang ito ay taglay ninyo at pinagyayaman, ang inyong pagkilala sa Panginoong Hesu-Kristo ay hindi mawawalan ng kabuluhan at kapakinabangan."[94] Ang sinasabi niya ay ang mga kabutihan ni Kristo ay hindi maikakabit sa ating pagkatao maliban sa pamamagitan ng masigasig na pagsisikap.

***Ang Espirituwal na pagsasanay ay nagdudulot ng kalayaan at pinagmumulan ng kagalakan*.**

Kapag sinanay nating ang ating sarili, sa pamamagitan ng Banal na Espiritu, ito ay nagdudulot sa atin ng ganap na kasiyahan sa Dios, ito ay nagpapakita na tayo ay tunay na malaya. Kapag tayo ay malaya mula sa simpleng pagsunod sa mga biglaang bugso ng ating mga damdamin–kung natutunan nating ipasakop sa Dios ang bawat naisin natin, para sa isang higit na kasiyahan sa kanya – tayo ay malaya. Kapag wala tayong mga materyal na bagay, o naghihirap man, ngunit patuloy na nasisiyahan kay Jesus, tayo ay malaya. Ang disiplina ni Pablo sa sarili ay nagdulot ng ganitong uri ng kalayaan. Nang isinulat niya:

> Hindi ko ito sinasabi dahil sa kayo'y pinaghahanapan ko ng tulong. Natutunan kong masiyahan, maging anuman ang aking kalagayan. Naranasan ko na ang maghikahos; naranasan ko na ring managana; natutuhan ko na ang sikreto kung paano masiyahan sa anumang kalagayan sa buhay, ang mabusog man o magutom, ang managana o

[94] 2 Pedro 1:5-8

maghirap. Kaya kong harapin ang kahit anong kalagayan sa pamamagitan ni Kristo na nagpapalakas/nagpapatatag sa akin.[95]

Sa pamamagitan ng Espirituwal na pagsasanay nang kahirapan, mga disiplina, at personal na disiplina, ang ating kaluluwa ay mapapalaya upang maging at magawa kung ano ang nakalulugod sa Dios. Ang mga paghagod ng pinsel ng isang pintor ay nagiging malaya at madali sa pamamagitan ng pagsasanany. Ang mga atleta ay nakikipagkumpitensya ng may mahusay na paggalaw dahil sa hindi mabilang na oras na ginugol sa pisikal na pagkokondisyon, pagsasanay, at patuloy na pag-uulit ulit nito. Ang guro ay nagsasalita nang madali at may kumpiyansa dahil sa oras na ginugugol sa pananalangin at pagiging dalubhasa sa kanyang paksa. Ang mga musikero ay nakapagtatanghal ng malaya at maganda dahil sa dami ng taon ng pagsasanay na siyang naghanda sa kanya. At ang may-gulang na Kristiyano ay nagpapakita ng buhay ni Kristo sa pinakamahirap na pangyayari sa buhay dahil sa bawat araw, bawat buwan, bawat taon, ay sinanay niya ang kanyang sarili patungo rito, sa pamamagitan ng biyaya ng Dios.

***Ano ang mangyayari kapag walang pagdidisiplina?***

Kapag walang pagdidisiplina, ang isang pintor ay hindi gaanong magiging bihasa, ang mga pagkakamali ay mas madalas, at ang kanyang sining ay hindi gaanong magbibigay-kasiyahan; ang atleta ay hindi magiging maliksi, hindi gaanong makakagalaw ng maayos, at mas madalas na madadapa at hindi magtatagumpay. Kung walang disiplina sa buhay Kristiyano, tayo ay hindi magiging bihasa sa ating paglakad sa buhay Kristiyano. Mas madalas tayong madadapa. Ang ating kaugnayan sa Banal na Espiritu ay madalas na matamlay. Mas madalas ang mga pagkakamali, hindi gaanong kasiya-siya ang buhay, ang mga relasyon ay hindi gaanong puno ng biyaya, at ang ating paglakad kasama ng Dios ay hindi gaanong magiging mabunga.

Hindi tayo masyadong nakakarinig ng mga pag-uusap tungkol sa isang disiplinadong buhay Kristiyano sa henerasyon ngayon. Bakit? Dahil nais natin? Dahil nais natin na maging madali at mabilis ang ating paglalakbay sa buhay Kristiyano.Ang ilang mga Kristiyano ay nagnanais ng isang *Espirituwal* na mahika! Nais nating iwagayway ang ating mga kamay sa hangin at biglang magkaroon ng lahat ng kinakailangan natin sa Espirituwal na buhay. Katulad ng isang batang sunod-sa-layaw, meron lamang tayong kaunting pagnanais para sa anumang bagay na mahirap –anumang bagay na masyadong maraming kinakailangan, mahigpit, o masakit. Nakalimutan natin ang pagtawag ni Jesus sa kanyang mga alagad:"Kung sinuman ang nagnanais na sumunod sa akin, ay kailangan niyang itakwil ang kanyang sarili, araw-araw na pasanin ang kanyang krus, at sumunod sa akin."[96]

Ang pagkadismaya sa buhay Kristiyano ay hindi kasalanan ng buhay Kristiyano kundi dahil sa ating mga sariling maling pag-asa. Katulad ng madalas na paghihintay natin sa Dios na

---

[95]Filipos 4:11-13
[96] Lucas 9:23

agad niya tayong pabanalin! Gayunpaman, hindi interesado ang Dios sa Espirituwal na mahika kundi sa pagpapalaki ng nasa kundisyong mga Espirituwal na mga sundalo, nakakundisyong mga Espirituwal na manggagawa, at nakakundiyong mga Espirituwal na atleta–mga kalalakihan at kababaihan na maaaring manalo sa laban, kayang tapusin ang mga atas na ibinigay ng Dios, at maaaring manalo sa karera. Sa dulo ng kursong ito, ikaw ay tuturuan ng parehong klasiko at personal na disiplina at hihikayatin na ipatupad ang mga ito sa iyong pang-araw-araw na buhay. Ang lahat nang ito ay para sa kapakanan ng pagiging mas katulad ni Kristo.

**Pakikilahok sa Kristiyanong Komunidad – Na Nagpapalakas sa atin sa Ating Paglalakbay**

Ang Paghubog ng Espirituwal na buhay ay dapat kinabibilangan ng pakikilahok sa kristiyanong komunidad (pakikipag-ugnayan sa isang lokal na iglesia).Hindi natin maaaring balewalain ang ang pangunahing gampanin ng katawan ni Kristo – ang kanyang iglesia – sa pagkilos nito sa Paghubog ng ating Espirituwal na buhay.Hindi natin maaaring balewalain kung paanong angmga Kristiyanong nagkukulang at mahihina ang Espirituwal na buhay ay hindi napapaunlad at napapaganda ng katawan ni Kristo.

Sa pamamagitan ng pakikilahok sa pamilya ng Dios, nabubuo ang ating pagkatao. Sa pamamagitan ng buhay ng iglesia, natamasa ko ang kinakailagan ko upang maging bihasa sa pamumuhay na katulad ng buhay ni Kristo Jesus. Walang tao ang isang isla; ang sinumang ihinihiwalay ang kanyang sarili mula sa pagpapaunlad, pakikibahagi sa ibang Kristiyano, sa ministeryo, proteksyon, at pagdidisiplina mula sa iba pang mananampalataya ng Dios ay hindi lubusang makakatamasa ng ganap na kasiyahan sa pakikipag-isa sa Dios. May Tatlong Persona sa iisang Dios – Ang Dios Ama, Dios Anak, at Banal na Espiritu – at magkakasama sa perpektong pagkakasundo at pagkakaisa sa buong kawalang-hanggan. Tulad ng mga tao na nilikha sa kanyang imahen, tayo ay nilikha para sa isa't- isa. Nilikha tayo para sa pakikipag-ugnayan. Hindi tayo nilikha upang ihiwalay ang ating sarili mula sa isa't-isa, kundi upang pangalagaan ang bawat -isa patungo sa imahen ni Kristo.

Nabasa ko ang tungkol sa isang pastor na bumisita sa isang magsasaka na ilang linggo nang hindi nakakadalo sa gawain ng pagsamba tuwing linggo. Habang nakaupo sila sa harap ng isang apuyan/tsiminea, sinabi ng lalaki sa pastor na pakiramdam niya ay hindi na niya kailangan pang pumunta sa simbahan. "mas nakakausap ko ang Dios kapag ako ay nasa bukid," sabi niya. Walang isinagot ang pastor;ngunit habang nagpapatuloy ang magsasaka sa kanyang pagsasalita tungkol sa kung paanong hindi na niya kailangan pang makibahagi sa iba pang Kritiyano, humugot ang pastor ng isang nag-aapoy na kahoy mula sa pugon, at inilayo mula sa iba pang kahoy na nasa pugon, at hinayaan itong mag-isa sa baba ng pugon.Hindi nagtagal at nagsimula na itong lumamig, at ang apoy ng kahoy ay nawala na! Naunawaan ng magsasaka ang mensahe kahit hindi nagsalita ang pastor at pagkatapos ng mga pangyayari ay dumalo ng muli ang magsasaka nang sumunod na Linggo!

Hindi tayo magiging katulad ng nais ng Dios sa atin kung tayo ay nag-iisa. Ang halimbawa, angEspirituwal na pakikipag-ugnayan, pagpapayo, at ang mga kaloob sa katawan ni Kristo, ay napakahalaga para sa isang malusog na Paghubog ng Espirituwal na buhay. Nakakatulong ang Kristiyanong Komunidad upang mahubog tayo sa pamamagitan ng mga ganitong paraan:

- Ang isang Kristiyanong komunidad ay nagbibigay sa atin ng Espirituwal na pamilya.Kung wala ito ay wala tayong lugar na kabibilangan o tunay na tatanggap, walang mag-aalaga, at walang magpapalakas.
- Ang isang Kritiyanong komunidad ay nagbibigay sa atin ng mga gabay mula sa Biblia. Kung wala ito ay hindi ako lalago sa Salita ng Dios.
- Kadalasan ay nakakapagbigay sa atin ang isang Kritiyanong Komunidad ng pamumuwersa na kinakailangan natin upang hanapin ang pagbabago.
- Ang isang Kristiyanong Komunidad ay nagbibigay sa atin ng Espirituwal na pananagutan.
- Ang isang Kristiyanong komunidad ay nagbibigay sa atin ng suporta at kalakasang kinakailangan natin upang mapagtagumpayan ang kamunduhan, ang pagnanais ng laman, at ng kasamaan.
- Ang isang Kristiyanong komunidad ay nagbibigay saa atin ng mga praktikal na pagkakataong maglingkod, upang gamitin ang aking mga Espirituwal na kaloob.
- Sa pamamagitan ng Kristiyanong komunidad, ang DakilangPagsusugo ay naisasakatuparan.

**Ang Paglalakbay sa Paghubog ng Espirituwal na Buhay ay ang Pagkilos ng Banal na Espiritu**

Ang Paghubog tungo sa imahen ni Kristo Jesus ay maaari lamang mangyari sa pamamagitan ng tulong ng Banal na Espiritu na nananahan sa atin.

(1) Ang Banal na Espiritu ang Nagpapatunay.

“At kapag siya ay dumating, patutunayan niyang mali ang mga taga-sanlibutan tungkol sa kasalanan, sa katuwiran, at tungkol sa paghatol ng Dios.”[97]

(2) Ang Banal na Espiritu ang naglilinis at nagbibigay kapangyarihan.

---

[97] Juan 16:8

"Ganyan ang ilan sa inyo noon. Subalit nilinis na kayo sa inyong mga kasalanan at pinabanal na kayo ng Dios, pinawalang-sala ng kayo sa pangalan ng Panginoong Jesus at sa pamamagitan ng Espiritu ng Dios."[98]

"Subalit tatanggap kayo ng kapangyarihan, pagbaba sa inyo ng Banal na Espiritu: at kayo ay magiging mga saksi ko sa Jerusalem, at sa buong Judaea, at sa Samaria, at hanggang sa dulo ng daigdig."[99]

(3) Pinatutunayan ng Espiritu ang ating pananampalataya kay Kristo.

"At ang sumusunod sa mga utos ng Dios ay nananatili sa Dios, at nananatili naman sa kanya ang Dios. At nalalaman nating nananatili siya sa atin, sa pamamagitan ng Banal na Espiritung ipinagkaloob niya sa atin."[100]

"Sa pamamagitan ni Kristo, kayo rin ay nakarinig ng salita ng katotohanan, ang ebanghelyo na nagdulot sa inyo ng kaligtasan; at sumampalataya sa kanya, ay pinagkalooban din ng ipinangakong Banal na Espiritu bilang tatak ng pagkakahirang sa inyo."[101]

(4) Ang Banal na Espiritu ang nagsasaayos sa atin tungo sa imahen ni Kristo.

"At ngayong naalis na ang talukbong, nagniningning sa ating mga mukha ang kaluwalhatian ng Panginoon. At ang kaluwalhatiang iyan na nagmumula sa Panginoon, na siyang Espiritu, ang siyang magbabago sa atin mula sa isang antas ng kaluwalhatian hanggang tayo'y maging kalarawan niya."[102]

(5) Ipinapako ng Banal na Espiritu ang mga pagnanais ng laman.

"Sapagkat mamamatay kayo kung namumuhay kayo ayon sa pagnanais ng katawang makalaman; ngunit kung pinapatay ninyo sa pamamagitan ng Banal na Espiritu ang mga pagnanais ng katawang makalaman, mabubuhay kayo."[103]

"Sinasabi ko sa inyo, ang Banal na Espiritu ang gawin ninyong patnubay sa inyong buhay at hindi kayo magiging alipin ng hilig ng laman."[104]

(6) Ang Banal na Espiritu ang siyang nakikipag-usap.

"Sa patnubay ng Banal na Espiritu, si Simeon ay pumasok sa Templo. Nang dalhin doon nina Jose at Maria ang sanggol na si Jesus, ito ay nangyari upang matupad ang naaayon sa hinihingi ng Kautusan."[105]

---

[98] 1 Corinto 6:11
[99] Gawa 1:8
[100] 1 Juan 3:24
[101] Efeso 1:13
[102] 2 Corinto 3:18
[103] Roma 8:13
[104] Galacia 5:16
[105] Lukas 2:27; tingnan din ang 4:1

(7) Ang Banal na Espiritu ang siyang kumokontrol.

“Huwag kayong maglalasing, sapagkat mauuwi iyan sa magulong pamumuhay. Sa halip ay dapat kayong mapuspos ng Banal na Espiritu.”[106]

(8) Ipinababatid sa atin ng Banal na Espiritu na itinuring tayong anak ng Dios.

“At upang patunayan na kayo’y mga anak ng Dios, ipinadala niya sa ating mga puso ang Banal na Espiritu ng kanyang Anak, at nang sa gayon ay makatawag tayo sa Dios ng Ama, Ama ko.”[107]

(9) Ginagawa tayong mapagkawang-gawa ng Banal na Espiritu.

Hindi man lang natin kayang magmahal sa pamamagitan ng ating sariling kakayanan sa halip ay kinakailangan natin ang pag-ibig na “ibinuhos” ng Banal na Espiritu (Roms 5:5).

Habang hinahangad nating maging katulad ni Kristo-Jesus, ang Banal na Espiritu para sa atin ay parang isang karagatan sa paningin ng isang isda! Sa isang isda, ang karagatan ay mahalaga upang mabuhay. Para sa isang isda, ang karagatan ay ang lahat-lahat – ang kanyang paghinga, ang kanyang pagkain, kanyang inumin, kanyang tahanan! Ang karagatan ang lugar kung saan ang isang isda ay naglalaro at naghahanap ng pagkain at nagpaparami. Kung ang isda ay magpapasya na mas gusto niyang nasa dalampasigan, hindi magtatagal ay mamamatay siya doon.

Ang pagiging “nasa Banal na Espiritu” ay nangangahulugan lamang na siya ay isinugo ni Jesus upang maging ating nananahang mapagkukunan ng buhay at kapangyarihan at kaliwanagan at karunungan, at kung wala tayo sa Banal na Espiritu tayo ay mga patay – katulad ng isang isda na patay kung hindi siya nakatira sa karagatan! Kung wala ang Banal na Espiritu, ang imahen ni Kristo ay hindi mabubuo sa atin.

## Konklusyon

Ang isang binagong isipan, Espirituwal na pagsasanay, at isang Kristiyanong komunidad: ang tatlong aspetong ito ng Espirituwal na paglalakbay ang siyang magbibigay-daan upang mabuo sa atin ang imahen ni Kristo.

[106]Efeso 5:18
[107]Galacia 4:6

## Leksiyon 2 Mga Takdang Aralin

(1) Pag-aralang mabuti ang talahanayan ng Paghubog ng Espirituwal na Buhay. Para sa iyong pagsusulit sa leksiyong ito, dapat mong maulit ang talahanayan ng Paghubog ng Espirituwal na Buhay sa klase mula sa iyong memorya at maipaliwanag ito.

(2) Maglaan ng hindi bababa sa tatlumpung minuto sa linggong ito upang pag-aralang muli ang leksiyong ito, kasama ang mga sanggunian sa Banal na Kasulatan, at hilingin sa Banal na Espiritu na magkaroon ka ng mas malinaw na pagkakaunawa sa mga ito.

(3) Itala sa iyong journal ang anumang mga tiyak na pagbabago na dapat mong gawin sa iyong buhay, habang ang mga ito ay ipinapakita sa iyo ng Panginoon.

(4) Pagnilayan ang hindi bababa sa isang Awit sa iyong pang-araw-araw na pagdedebosyon, at itala sa iyong journal kung ano ang sinabi ng sumulat ng Salmo tungkol sa kalikasan at katangian ng Dios.

(5) Itala sa iyong journal ang isang personal na panalangin para sa Espirituwal na pagbabago at paglago batay sa leksiyong ito.

(6) Magsanay gamit ang *Gabay sa Pang-araw-araw na gabay sa Pananalangin ni* Dr. Brown sa iyong pribadong panalangin.

## Leksiyon 2 Pagsusulit

Mula sa memorya, punan ang lahat ng mga nawawalang salita sa talahanayan ng Paghubog ng Espirituwal na Buhay, kumpletuhin ito gamit ang mga nabanggit na talata mula sa Banal na Kasulatan.  Pagkatapos ay ipaliwanag ang talahanayan ng Paghubog ng Espirituwal na Buhay sa harap ng lahat ng mag-aaral.

| **Isang Mapa Para sa Paghubog ng Espirituwal na Buhay** | | | |
|---|---|---|---|
| **Aspeto** |  |  |  |
| **Sa ating Paglalakbay…** | | . | |
| **(Mga)Talata sa Kasulatan** | | | |
| **Ano ang kabilang dito** | •<br>•<br>• | •<br>•<br>• | •<br>• |
| **Sa Pamamagitan** | | | |

# Leksiyon 3
# Ang Kapangyarihan ng Paghubog ng Kasiguraduhan Mula sa Biblia

## Balik-aral sa Leksiyon 1 at 2

Tagubilin sa tagapanguna sa klase: Magbalik-aral sa Leksiyon 1 at Leksiyon 2 gamit ang mga tanong na ito: Ano ang layunin ng bawat Kristiyano? Ano ang tatlong aspeto ng paglalakbay sa Paghubog ng Espirituwal na buhay na tinalakay sa Leksiyon 2? Tanungin ang mga mag-aaral kung sino sa kanila ang may nais na ibahagi ang kanilang personal na panalangin mula sa Leksiyon 2.

## Mga Layunin ng Leksiyon

Sa pagtatapos ng leksiyong ito, ang mag-aaral ay dapat na:

(1) Nauunawaan kung bakit mahalaga ang katiyakan ng kaligtasan.

(2) Malaman ang mga pundasyong sandigan ng katiyakan.

(3) Kayang maipahayag nang malinaw ang ebanghelyo – ang pundasyon ng katiyakan.

(4) Kayang masagot ang katanungan: *Ano ang buhay na pananampalataya?*

(5) Maunawaan ang patotoo ng Banal na Espiritu.

(6) Makapasa sa Sampung Pagsubok ng Katiyakan.

## Mga Larawan ng Buhay

Naligaw ka na ba? Iyon ay naranasan ko na. Hindi ko makakalimutan yung panahon na kami ay nasa Pilipinas at naligaw kasama ang isang grupo ng mga misyonero at mga pastor. Katatapos lamang namin ng isang Bible conference sa isang bahagi ng Cordillera kung saan ay walang mga kalsada at nagpasya kaming maglakad pabalik habang malamig ang gabi. Ang paglalakad ay dapat na tatagal lamang ng apat o limang oras. Gayunpaman, matapos kaming magkamali ng landas, nagpaikot-ikot kami sa loob ng kagubatan sa buong gabing iyon nang mahigit labing isang oras at ito ay lubos na nakakapagod. Sa kalagitnaan ng gabi, may isang matandang miyembro ng aming grupo ang naupo at umiyak! Ang halos lahat sa amin ay ganoon na rin ang nararamdaman. Ang pisikal at emosyonal na epekto ng pagkakaligaw ay hindi na maisalarawan.

*Ang pagkakaligaw*, o maging ang *pakiramdam* ng *pagkakaligaw*, ay nagdudulot ng takot, pangamba, pagkapagod, at pagkatalo. Ang katiyakan, sa kabilang banda, ay nagdudulot ng kumpiyansa, kapayapaan, at kalakasan. Ito ang epekto ng pagkakaalam! Sa buhay

Kristiyano, ang Espirituwal na katiyakan ay nagdudulot ng matibay na pananampalataya, Espirituwal na katiyakan, at matagumpay na pamumuhay. Samakatuwid, ang paglalakbay sa Paghubog ng Espirituwal na buhay ay nagsisimula sa katiyakan.

## Ang Malaking Ideya

Ang imahen ng Dios ay maaaring maibalik muli sa atin tanging kung ang buhay na presensiya ni Jesus ay nananahan sa atin.

Matapos ang maraming taon ng pagmiministeryo, natuklasan ko na maraming mananampalataya ang nakikibaka na magkaroon ng katiyakan. Kapag ninakaw ng kaaway ang ating katiyakan ng kaligtasan, ninanakaw din niya ang ating kumpiyansa at pinaguguho ang ating pananampalataya. Ang pakikibaka upang magkaroon ng katiyakan ay hindi nangangahulugan na ang isang tao ay hindi ligtas, ngunit nangangahulugan ito na sila ay mas mahina at madaling maatake ni Satanas at ng budhi. Ang kakulangan ng katiyakan ay humahantong sa pagkahiya at takot sa halip na kapangyarihan at pag-ibig at disiplina sa sarili.

"Sapagkat ang espiritung ibinigay sa atin ng Dios ay hindi espiritu ng kahinaan ng loob, kundi espiritu ng kapangyarihan at pag-ibig at pagpipigil sa sarili."[108]

Kaya, kung sinasabi natin na tayo ay mga anak ng Dios, ano ang batayan sa ating pagsasabi nito? Paano natin malalaman kung totoo ang ating sinasabi na tayo ay mga anak ng Dios? Ito ay isang mahalagang tanong na dapat mong malaman ang sagot; sapagkat gagawin ng kalaban ng ating kaluluwa ang lahat upang paratangan ka,[109] lapain ka,[110] at wasakin ang iyong pananampalataya. Pinayuhan tayo ni Pablo na subukin ang ating sarili upang malaman kung tayo ay namumuhay ayon sa pananampalataya.[111]

## Panimula

### Ang Paghubog ng Espirituwal na Buhay ay Para lamang sa Mga Binuhay sa Espirituwal ng Banal na Espiritu

> Sa sandaling ang tunay na pananampalataya ay naroroon sa puso ng mananampalataya, nagsisimula na ang pagtulad sa imahen ni Kristo. Pinababanal tayo nito. At kung hindi tayo nagiging banal, kung magkagayon ay wala si Kristo sa atin at walang laman ang ating pananampalataya.[112]

---

[108] 2 Timoteo 1:7
[109] Pahayag 12:10
[110] 1 Pedro 5:8
[111] 2 Corinto 13:5
[112] Ligonier Ministries, "Conforming to the Image of Christ." (Originally published in *Tabletalk Magazine*.) Retrieved from https://www.ligonier.org/learn/devotionals/conforming-image-christ/ September 18, 2020.

Gayunpaman, ang Paghubog tungo sa imahen ni Kristo ay para lamang sa mga nabuhay na dahil kay Kristo sa pamamagitan ng Banal na Espiritu. Hindi mangyayri ang paglago kung wala ang buhay – ang buhay ni *Jesus*! Ang Paghubog ng Espirituwal na buhay ay hindi makakapagbigay sa atin ng isang bagong kalikasan. Ang Paghubog ng Espirituwal na Buhay tungo sa imahen ni Kristo ay posible lamang dahil *nasa atin* ang kanyang bagong kalikasan.

Kapag tinawag tayo ng Banal na Kasulatan upang "mamuhay tulad ng pamumuhay ni Kristo,"[113] o maging "tumulad kayo sa Dios,"[114] o upang "sundan ang kanyang mga hakbang,"[115]ang mga bagay na ito ay hindi inuutos sa mga taong patay sa Espirituwal na buhay kundi sa mga anak ng Dios na tinubos at binuhay kasama ni Kristo, at kung saan ngayon ang Banal na Espiritu ay nananahan.

Kung paanong hindi natin maiisip gawin na lumakad sa isang libingan at utusan ang mga patay na bangkay na maging katulad ni Kristo, sa gayon din ay hindi natin dapat isipin na maaari tayong maging katulad ni Kristo nang hindi tayo ipinanganganak ng mag-muli.

### *Isang halimbawa ng bagong kapanganakan mula sa Efeso 4:25*

Ang bagong Espirituwal na kapanganakan ay nagbubukas ng mga pintuan para sa Paghubog ng Espirituwal na buhay na katulad ni Kristo Jesus. Nang sinabi ni Pablo sa mga Kristiyanong taga-Efeso na "isuot ninyo ang inyong bagong pagkatao," sinabi pa niya, "*na nilikhang* kalarawan ng Dios, sa totoong katuwiran at kabanalan."[116] Sa madaling salita, **Sapagkat nilikha kayo ng Dios bilang bagong kalalakihan o kababaihan na matuwid at banal, kaya kumilos kayo tulad nito**. Sinundan pa ito ni Pablo ng, "*Dahil dito, itakwil na natin ang pagsisinungaling at tayong lahat ay magsabi ng totoo sa isa't isa, sapagkat tayo'y bahagi ng iisang katawan*."[117] Ang dahilan kung bakit masasabi natin ang totoo ay dahil tayo na dating patay sa ating mga kasalanan ay nilikhang espirituwal ng Dios. Mayroon na tayong buhay na may pagkikipag-ugnayan sa Dios.

### *Ang isa pang halimbawa ng bagong kapanganakan ay mula sa 2 Pedro 1:4*

Ipinaalala sa atin ni Pedro na sa pamamagitan ng personal na kaugnayan kay Kristo Jesus, tayo ay "binigyan na lahat ng mga bagay na magtuturo sa atin upang tayo'y makapamuhay ng maka-Dios,"[118] at ginawang "kabahagi ng kanyang karangalan at kabutihan," at "makaiwas sa nakakasirang pagnanasa ng sanlibutan."[119]Ito ang banal na katangiang inilagay sa ating mga kaluluwa na siyang nagiging dahilan upang maging posible ang:

---

[113] 1 Juan 2:6
[114] Efeso 5:1
[115] 1 Pedro 2:21
[116]Idinagdag ang pagbibigay-diin.
[117]Idinagdag ang pagbibigay-diin.
[118] 2 Pedro 1:3
[119] 2 Pedro 1:4

> Dahil dito, sikapin ninyong idagdag sa inyong pananampalataya ang kabutihan, sa inyong kabutihan ang kaalaman, sa inyong kaalaman ang pagpipigil sa inyong sarili, sa inyong pagpipigil sa sarili ang katatagan, sa inyong katatagan ang pagiging maka-Dios, sa inyong pagiging maka-Dios ang pagmamalasakit sa kapatid, at sa inyong pagmamalasakit ang pag-ibig.[120]

Ang kabutihan, kaalaman, pagpipigil sa sarili, katatagan, kabanalan, ang lahat ng ito ay katangian ng ating Panginoong Jesus kung saan ay maaari tayong makibahagi sapagkat natanggap na natin ang *binhi* ng banal na kalikasan.

Ang tanong ay, "Mayroon ka bang binhi ng Dios sa iyong kaluluwa?" Ikaw ba ay ipinanganak ng mag-muli?

***Isang ilustrasyon mula sa palakasan***

Nasisiyahan ako sa laro ng golf, kahit na hindi ako isang bihasa sa paglalaro nito. Paano kung posibleng pumasok sa aking katawan ang pinakasikat na propesyonal na manlalaro ng golf sa buong mundo? At paano kung kusang-loob kong ibinigay sa kanya ang kontrol sa aking isip at katawan? Magkakaroon ba iyon ng kaibahan sa aking mgalaro? Syempre!

Sa pamamagitan ng pananampalataya sa ebanghelyo, ang Panginoong Hesu-Kristo ay nanahan sa atin sa pamamagitan ng Banal na Espiritu (Juan 14:16-18), bilang kapwa indibidwal at bilang buong katawan ni Kristo (1 Corinto 3:16; 6:15). Ang pananahang ito ay nangangahulugan na maaaring kumilos sa buhay natin ang parehong kapangyarihan na ipinakita ni Kristo (Efeso 1:19; 3:20). Ginagawa nitong posible para sa lahat ng mananampalataya na tumulad kay Kristo.

**Kinabibilangan ng Paghubog ng Espirituwal na Buhay ang Pagsasanay na ipamuhay ang Pagkakaroon ng Banal na Katangian na nasa atin. Ngunit Hindi Natin Ito Magagawa Sa Pamamagitan ng Sariling Kakayanan**

Hindi natin kayang likhain sa ating puso ang mga kalikasan ng Dios, sa pamamagitan ng sariling kakayanan, ngunit dapat nating gawin ang mga nararapat na kundisyon kung saan ang kanyang kalikasan ay lalago sa atin sa paglipas ng panahon.

Hindi natin kayang magkaroon sa ating puso ng kalikasan ng Dios sa pamamagitan ng sariling kakayanan, sapagkat ito ay itinanim sa atin sa pamamagitan ng biyaya, sa pamamagitan ng Banal na Espiritu. Ngunit, dapat nating gawin ang mga kundisyon at itanim ang mga binhi kung saan nakikita ang kalikasan ng Dios – ang buhay ni Jesus – at lalago sa ating pagkatao sa paglipas ng panahon.

> *Ang Paghubog ng Espirituwal na Buhay* ay tutulong sa atin upang matutunan kung paano pagagandahin ang lupa ng mga puso natin upang makalago sa atin ang wangis ni Kristo.

[120] 2 Pedro 1:5-7

Hindi natin kayang magkaroon ng bunga ng Banal na Espiritu sa ating buhay: pag-ibig, kagalakan, kapayapaan, pagtitiis, kabaitan, kabutihan, katapatan, kahinahunan, at pagpipigil sa sarili (Galacia 5:22-23). Sinabi ni Pablo na ang mga bungang ito ay "ang bunga ng Banal na Espiritu," hindi ang ating bunga. Ngunit, dapat nating gawin ang mga kinakailangang *paglakad* upang magbunga sa ating buhay ang Banal na Espiritu."Lumakad ka kasam ng Banal na Espiritu," Ito ang panghihimok na sinabi sa atin ni Pablo (Galacia 5:16). Ang Paglakad ay nagsasaad na isang malayang pagpili, ang antas ng pagbibigay pansin sa direksyong ibinibigay ng Banal na Espiritu,at ang antas ng pagsisikap para dito.

Ang magsasaka ay walang kapangyarihan upang makabuo ng kahit isang butil ng mais, ngunit alam ng lahat na ang isang magsasaka ay isang taong masyadong abala. Pinatatabaan niya at nililinang ang lupa. Itinatanim niya ang binhi. Binubunot niya ang mga damo na nagbabantang pigilang lumaki ang mga batang binhi. Sa madaling salita, ginagawa ng magsasaka ang lahat upang malikha ang kondisyon para sa isang masaganang ani. *Ang bawat Kristiyano ay ang magsasaka ng kanyang sariling kaluluwa*. Kung ang mga Espirituwal na katangian ng pag-ibig, pagtitiyaga, kabaitan, at pagpipigil sa sarili ay hindi lumalago sa ating pagkatao sa paglipas ng panahon, hindi ang likas na katangian ng Dios na nasa atin ang may depekto, kundi ang ating paglalaan ng ating pansin kagaya ng sa isang magsasaka. Gaano kalaki ang ibinibigay mong pansin sa paglilinang sa ibinigay ng Dios na "binhi" ?

**Dalawang Matinding bagay na Nakamamatay na Dapat Iwasan: Ang Kawalan ng Kasiguraduhan sa Buhay na Walang Hanggan at Pagiging Hindi Kwalipikado upang Magkaroon ng Kasiguraduhan sa Buhay na Walang Hanggan**

Nais kong kilalanin ang dalawang matinding bagay na nakamamatay na kumakalat sa panahon ngayon – Ang *kawalan ng kasiguraduhan sa Buhay na Walang Hanggan* (ang isang "Kristiyano" ay hindi maaring makasigurado na mayroon siyang Buhay na Walang Hanggan) at *ang pagiging hindi kwalipikado at walang dapat gawin upang makasigurado na mayroon siyang Buhay na Walang Hanggan* (ang isang "Kristiyano" ay nakakasiguradong may Buhay na Walang hanggan kahit na ang kanyang buhay ay hindi nagbubunga). Ang dalawang ito ay matindi at labis na nakakasira sa ebanghelyo at sa Paghubog ng Espirituwal na buhay.

Naniniwala ako na mayroong ilang mga bagay tungkol sa *kawalan ng katiyakan* sa buhay na walang hanggan sa denominasyong kinalakihan ko. Ang pagbibigay-diin ng Biblia sa tunay na pagsisisi, maingat na pagsunod, kadalisayan ng puso, at maka-dios na pag-uugali, kung hindi ito maingat na nababalanse sa katuruan mula sa Biblia patungkol sa biyaya, ito ay nagdudulot ng hindi malusog na pagsisiyasat at kawalan ng pag-asa. Minsan ay napapaniwala tayo na ang anumang kasalanan pagkatapos ng pagtanggap sa kaligtasan ay maaaring maging sanhi upang mawala sa isang tao ang kanyang kaligtasan, at maliit lamang na pag-asa ang inaalok sa mga nakikipaglaban sa mga nakasanayang kasalanan ng mga kulang pa sa gulang sa Espirituwal na buhay.

Naaalala ko pagkatapos ng isang partikular *school revival*, kung saan ako at karamihan sa aking mga kaibigan ay "nailigtas" muli, nagpasiya kaming subukan ang aming makakaya upang "manatiling ligtas sa panahong iyon!" Ang ibig naming sabihin ay hindi na kami palihim na manunuod ng masamang pelikula sa telebisyon ng kapitbahay, makipagtalo sa aming mga kapatid, balewalain ang mga alituntunin sa paaralan, suwayin sina Inay at Itay, o mag-isip ng mga masamang bagay! Gagawin namin ang *aming makakaya* upang hindi magkasala! Labis kaming mag-iingat, sapagkat sa aming pagkakaalam ang kaligtasan ay tulad ng isang bagay na madaling mabasag at madaling mawala. Bagaman nagawa namin ang aming lahat ng makakayanan upang maging tunay na mga Krisityano, makalipas ang halos dalawang linggo ay napagpasyahan namin na ito ay napakahirap ipagpatuloy at sumuko na kami! Nakaramdam din kami ng kalayaan upang kumilos ng hindi tama, at alam namin na magkakaroon ng iba pang pagkakataon upang "maligtas" muli. Naisip namin na, siguro balang araw magiging sapat ang aming gagawin upang mapanatiling ligtas;ngunit sa aming kalooban ay pinagdududahan namin ito.

Kapag ang pananamapalataya at katiyakan ay nakasalalay sa isang tao at hindi dahil kay Kristo at sa kanyang ginawa sa krus, ang resulta nito ay ang kawalan ng kasiguraduhan. Kapag ang pananampalataya ng isang tao ay nakabatay sa kanyang matuwid na mga gawa, sa halip na sa katuwiran ni Kristo na kumikilos sa kanya, siya ay mabibigo. Kapag ang mabubuting gawa, sa halip na biyaya, ang nagiging *paraan upang magkamit ng kaligtasan*sa sa halip na bilang ang *bunga ng kaligtasan,* ang *mabuting* balita ay nagiging *masamang* balita. Ang patuloy na pagsusuri sa sarili na nakabukod sa pananampalataya na nakasentro kay Kristo ay humahantong sa pagkatalo, pagkatapos ay kawalan ng pag-asa, pagkatapos ay ang pagkawasak ng Espirituwal na buhay. Ang kawalan ng kasiguraduhan sa pagkakaroon ng buhay na walang hanggan ay mapanlinlang at lubusang nakakasira ng pananampalataya bilang hindi kwalipikado, walang kailangang gawin upang makamtan ang kasiguraduhan ng pagkakaroon ng buhay na walang hanggan.

Sa kabaligtaran ay ang pagiging hindi kwalipikado para magkaroon ng Buhay na Walang Hanggan – "kaligtasan" o "kapatawaran" nang walang pagbabagong-buhay. Ganap na itinuturo ng Biblia na ang mga mananampalataya ay may kasiguraduhan na sila ay ligtas, at ang kanilang kasiguraduhan ay nakasalalay, hindi sa kanilang sarili, ngunit sa natapos na gawain ni Kristo. Ngunit maraming tao ngayon ang nagtuturo na ang isang tao ay maaaring pawalang-sala o patawarin nang hindi nagbabagong-buhay o nagiging bago. Itinuturo ito sa kanila kahit na sobrang linaw na sinasabi ng Banal na Kasulatan na ang pagtitiwala kay Kristo ay nagdudulot ng"bagong buhay" para sa mga

> "Hindi dinadala ng mga bulaklak ang tagsibol, ngunit wala tayong tagsibol kung walang mga bulaklak. Hindi ang mga ibon ang nagdadala ng tag-araw,ngunit wala tayong tag-araw kung walang mga ibon. Hindi ang pagiging makatwiran ang nagliligtas sa akin, ngunit ang kaligtasan ay nagbubunga ng pagiging natuwid."
> – A.W. Tozer

taong patay.[121] Dahil sa maling aral na ito, marami ang walang ingat tungkol sa pagiging matuwid, pagiging manhid sa paniniwala, at bulag sa kanilang tunay na kalagayang espirituwal.

Inilarawan sa isang pag-uusap sa radyo sa pagitan ng isang tanyag na guro ng Biblia at isang *caller* ang isang malungkot na katotohanan. Parang ganito ang sinabi ng caller: "Sir, tinanggap ko si Kristo noong bata ako, ngunit lumayo ako sa simbahan sa mahabang panahon at ngayon ay namumuhay ako ng isang buhay na puno ng imoralidad. Nag-dodroga ako, nakagawa ng pangangalunya nang maraming beses, at nakulong na rin. Sa palagay mo ligtas pa rin ako?" Sumagot sa kanyang katanungan ang tagapagturo ng Biblia, "Sa aking palagay, kung tinanggap mo talaga si Kristo noong bata ka pa, kahit na gaano ka man naging masama, ikaw ay patungo sa langit at hindi ka maaalis mula sa landas na iyon." Iyon lang ang kanyang isinagot. Walang babala. Walang pagsaway dulot ng pagmamahal. Isang pananalita lamang ng pagpapalakas ng loob.

Matapos kong marinig ang pag-uusap na ito ay naisip ko ang mga seryosong katanungan:

- Paano mabibigyan ng katwiran ang sinuman ayon sa biblia upang magkaloob ng katiyakan sa isang taong patuloy na namumuhay sa sinasadyang kasalanan?
- Nag-alok ba kahit minsan ang mga may-akda ng Biblia ng katiyakan ng kaligtasan sa isang kasalukuyang namumuhay sa pagrerebelde/pagsuway?
- Ang mga apostol na nagsulat ng Bagong Tipan ba ay nagbibigay ng kasiguraduhan ng kaligtasan sa isang taong nagsasagawa ng kasalanan?

Hindi! Sa katunayan, nagbabala si Jesus: "Hindi lahat ng tumatawag sa akin, "Panginoon, Panginoon,"ay makakapasok sa kaharian ng langit, kundi ang mga taong sumusunod sa kalooban ng aking Ama na nasa langit."[122]

Hinihikayat ni Pablo ang mga nagsasabing sila ay Kristiyano na huwag *mag-akala ng anuman*:"Siyasatin/Subukan ninyo ang inyong mga sarili kung kayo'y namumuhay ayon sa pananampalataya. Suriin ninyo ang inyong sarili. Hindi ba ninyo nalalamang nasa inyo si Kristo Jesus? – maliban na lang kung kayo'y mga nabigo sa pagsubok."[123]

Marami sa nagsasabing sila ay mananampalataya ay hindi lubos na nauunawaan ang ebanghelyo. Naniniwala silang pinatawad sila ng Dios sa pamamagitan ng kamatayan ni Jesus sa krus, ngunit hindi nila maipaliwanag kung paano. Ang isang tao ay maaaring maligtas nang hindi lubusang nauunawaan ang ebanghelyo; ang pagtitiwala at katiyakan ay pinatatatag sa pamamagitan ng kaalaman. Dahil kulang sila ng pang-unawa, marami sa mga Kristiyano ang nakikita ang kanilang sarili na nahihirapang pigilan ang mga paratang

---

[121] 1 Juan 5:12; Efeso 2:5; 2 Corinto 5:17
[122] Mateo 7:21
[123] 2 Corinto 13:5

ng Kaaway. Minsan ay nadadaig sila ng pag-aalinlangan at kawalan ng pag-asa. Hindi ito ang nais ng Dios na maging buhay natin.

► Gawin ang Pagsubok sa iyong Kasiguraduhan sa susunod na dalawang pahina at suriin kung paano mo naintindihan ang ebanghelyo. (Gumawa ka ng kopya nito, sa halip na isulat ito sa iyong libro.) Huwag mag-atubiling gamitin ang iyong Biblia.

## Pagsubok sa iyong Kasiguraduhan

[124]Gaano mo kahusay na naiintindihan ang ebanghelyo?

(1) Aling parirala ang pinakamahusay na nagsasabi nito? (Salungguhitan ang isang parirala at magbigay ng katibayan mula sa Biblia)

- Kaligtasan sa pamamagitan ng biyaya, sa pamamagitan ng pananampalataya, na pinapanatili ng mga paggawa
- Kaligtasan sa pamamagitan ng mga gawa, na pinanatili ng mga paggawa
- Kaligtasan sa pamamagitan ng pananampalataya, na pinanatili ng biyaya sa pamamagitan ng pananampalataya

► Bakit mo sinalungguhitan ang sagot na iyon? Ipaliwanag sa pangkat ang iyong sagot.

Malinaw na ipinahayag ng Biblia na ang lahat ng tao ay dapat na maligtas (Gawa 4:12).

Ang mga sumusunod nas tanong ay tutulong sa atin upang maunawaan kung bakit dapat tayong maligtas.

(2) Dapat tayong maligtas sapagkat tayo ay__________(Roma 3:10, 23; Isaias 53:6).

(3) Ano ang tatlong bunga ng pagkakasala ng makasalanan?

- __________ mula sa Dios (Isaias 59:1-2)
- Inilalagay tayo sa ilalim ng__________ ng Dios (Efeso 5:5-6)
- Nagreresulta sa__________ (Roma 6:23; Efeso 2:1)

(4) Paano maaalis ng pananampalataya sa kamatayan at muling pagkabuhay ni Jesus ang mga bungang ito ng kasalanan?

- Ginawa ng Dios si Jesus na maging__________ para sa atin (2Corinto 5:21; 1 Pedro 2:24).
- Bilang kapalit natin, si Jesus ay__________mula sa Dios dahil sa kasalanan (Mateo 27:46).
- Pinasan ni Jesus ang__________ ng Dios para sa atin (Isaias 53:6-7).
- Sa pamamagitan ng pananampalataya sa kanyang muling pagkabuhay, ginagawa tayo ni Jesus na__________sa espirituwal at panghabang buhay (Efeso 2:6; 1 Pedro 1:3).

---

[124]Ang mga kasagutan ay nasa dulo ng kurso.

(5) Ano ang ilan sa mga pinakamalinaw na palatandaan na nakatanggap tayo ng bagong buhay sa pamamagitan ng pananampalataya sa muling pagkabuhay ni Kristo Jesus?

- Mayroon tayong patotoo ng __________ ___________ na tayo ay mga anak ng Dios (Roma 8:16).
- May pagnanais tayong malaman at__________ ang Salita ng Dios (Juan 8:31; 1 Pedro 2:2-3; 1 Juan 2:3-4).
- Mayroon tayong isang ___________ para kay Jesus at para sa iba (Juan 8:42; 13:35; 1 Juan 3:14).
- Bagaman kailangan pa nating maputulan upang mapaganda,at mas lalong mamungang Espirituwal na __________ (Juan 15:8; Galacia 5:22-23), at kahit na ang ilan ay maaari pa ring mahirapang paglabanan ang mga nakasanayang kasalanan (1 Juan 2:1; Hebreo 12:1), mapagtatagumpayan natin ang mga sinasadya at nakasanayang__________ (1 Juan 2:29). Ganito ang pagkakasabi ni John Wesley: "Ang kasalanan ay nananatili, ngunit hindi ito naghahari."

(6) Bakit kinailangang isakripisyo ni Jesus ang kanyang sariling dugo? (Hebreo 9:22; 1 Pedro 1:18-19)

Dahil sa kautusan ng Dios ang kasalanan ay hindi maaaring__________kung wala ang pagsasakripisyo ng isang walang kasalanang__________.

(7) Ano ang kahalagahan ng pagkakatawang tao ni Jesus? (1 Timoteo 2:5)

Sa pagiging tao at Dios, si Jesus ay naging__________sa pagitan ng Dios at ng tao. Kinatawan niya ang parehong banal na Dios at makasalanang tao. Siya ay naging pangalawang Adan na hindi nahulog sa kasalanan, at samakatuwid ay kwalipikado bilang perpektong sakripisyo upang maging kapalit natin.

(8) Ano ang gampanin ng mga paggawa sa ating kaligtasan? (Santiago 2:17; Tito 3:8; Efeso 2:10)

Ang mabubuting gawa ay ang__________ ng bagong kapanganakan.

(9) Ano ang dapat mong gawin upang magkaroon ng kaligtasan? (Ang ABC ng kaligtasan)

- __________na ikaw ay isang makasalanan at__________ (Roma 6:23; Gawa 3:19)
- __________ang ebanghelyo (Gawa 16:31; Efeso 2:8)
- __________si Jesus bilang Panginoon (Roma 10:9)

(10) Hindi lamang tayo naiingatan sa pamamagitan ng pananamapalataya sa natapos na gawain ni Kristo kundi naiingatan din tayo sa pamamagitan ng ______________ (1 Pedro 1:5).

## Tatlong Matibay ng Pundasyon ng Kasiguraduhan

Mayroong tatlong matibay na pundasyon ng katiyakan ang nais naming talakayin ngayon:

1. **Ang Pananampalataya sa natapos na gawain ni Kristo**, na pinatutunayan ng
2. **Matapat na pagsaksi ng Banal na Espiritu** at
3. Ang**mabungang paglakad bilang Kristiyano**.

Sa mga sumusunod na pahina, susuriin natin ito nang mas mabuti.

> "Tungkulin ng bawat isa na ibigay ang kanyang lubos na makakaya upang maipagpatuloy ang pagkakatawag sa kanya at maging sigurado sa pagkakapili sa kanya; upang ang kanyang puso ay lumago sa kapayapaan at kagalakan sa pamamagitan ng Banal na Espiritu, at sa kalakasan at kagalakan ng pagsunod sa tungkulin, ito ang tamang bunga ng katiyakan sa kaligtasan."
>
> – Westminster Confession of Faith

### Mahahanap Natin ang Kasiguraduhan sa pamamagitan lamang ng Pananampalataya sa Natapos na Gawain ni Kristo Jesus

Ang matibay na pundasyon ng nakapagliligtas na pananampalataya ay hindi nakaugat sa pagbabago ng ating mga emosyon, ang pagkakamali ng ating mga karanasan, o ang hindi pagkakapareparehо ng ating espiritual na kalalagayan, sa halip ito ay nakaugat sa hindi nagbabago at walang hanggang gawain ng pagtubos ng Dios.

Ang mga damdamin at karanasan ay nakakamangha sa buhay Kristiyano, ngunit ang mga ito ay hindi pare-pareho, nagkakaiba-iba, at hindi maaasahan. Kahit na ang mga huwad na relihiyon ay maaaring magbigay ng mga espirituwal na karanasan,sapagkat"ang anghel ng liwanag" ay dalubhasa sa panghuhuwad/pagpapanggap.[125]

Ang katuwiran ay bunga ng kaligtasan, ngunit kahit ang mga pinakadakilang apostol ay nakaranas rin ng mga sandali ng kabiguan. Ang ating kaligtasan ay nakabatay sa isang bagay na mas maaasahan kaysa sa ating sarili, ating mga emosyon at ating mga karanasan: ang katotohanan ng ebanghelyo.

Tayo ay tinuruan na kapag ang isang piloto ay dumadaan sa kaulapan, hindi niya dapat pagkatiwalaan ang kanyang mga pandama, kundi ang kanyang mga instrumento. Sa katulad na paraan, kapag ang mga mananampalataya ay dumaan sa mga espirituwal na bagyo, hindi natin dapat pagkatiwalaan ang ating sarili, kundi ang Salita ng Dios.

Ikinuwento sa akin ng aking ama ang tungkol sa isang mangangaso na naligaw sa kagubatan; kahit na mayroon siyang isang compass, hindi niya ito pinagkatiwalaan. Nakalulungkot, pagkatapos ng maraming araw ng paghahanap, natagpuan siya ng mga awtoridad na patay na. Ang Salita ng Dios ay ang compass ng ating kaligtasan na dapat nating pagkatiwalaan.

---

[125] 2 Corinto 11:14

***Ano ang natapos na gawain ni Kristo?***

Ano ang ibig nating sabihin sa natapos na gawain ni Kristo Jesus? Nangangahulugan ito na ako ay dapat na maligtas sa pamamagitan lamang ng kanyang pangalan,[126] na si Jesus ay namatay bilang kapalit ko, na siya ang nagbayad ng kaparusahan para sa aking mga kasalanan at ito ay ang parusang kamatayan:[127]

- Si Jesus ang siyang pumalit sa akin. Dahil ang tao ay nagkasala, kailangang bayaran ng tao ang kaparusahang nararapat para dito. Si Jesus ay nagkatawang tao (Ang Dios sa pag-aanyong tao) upang pumalit sa pwesto ng tao para sa kahatulan at upang ipakipagkasundo ang tao sa Dios.[128]
- Inialay ni Jesus ay kanyang dugo na walang kasalanan bilang pagbabayad-sala para sa kasalanan.[129]
- Pinasan ni Jesus ang *ating* mga kasalanan sa kanyang sariling katawan, na naging perpektong handog para sa kasalanan.[130]
- Si Jesusay nahiwalay sa kanyang Ama at pinasan ang galit na nararapat para sa ating mga kasalanan, upang hindi tayo walang hanggang tuluyang mahiwalay sa Dios.[131]
- Sa pamamagitan ng pananampalataya kay Jesus sa kanyang pagkamatay para sa ating kasalanan, ang ating dating buhay na makasalanan ay kasamang ipinako sa krus kasama niya.[132]
- Sa muling pagkabuhay ni Jesus mula sa mga patay, tayo rin,ay magkakaroon ng bagong buhay.[133]
- Sa kanyang muling pagkabuhay,tinalo ni Jesus ang kasalanan, kamatayan, at bawat kapangyarihan ng kasamaan; at sa pamamagitan ng pananampalataya, ang parehong kapangyarihan na muling bumuhay sa kanya ay siya ring kumikilos sa atin.[134]
- Sa pamamagitan ng muling pagkabuhay, ang Banal na Espiritu ay nagbibigay ng bagong buhay sa mga patay sa mga pagkakasala at kasalanan.[135]

---

[126] Gawa 4:12
[127] 2 Corinto 5:21
[128] 2 Corinto 5:21; Roma 5:19
[129] Hebreo 9:22
[130] 1 Pedro 2:24; Isaias 53:5-6
[131] Galacia 3:13; Mateo 27:46
[132] Roma 6:6
[133] Roma 6:4
[134] Efeso 1:19-21
[135] Efeso 2:5; 2 Corinto 5:17

- Si Kristo na nasa atin ay ang " pag-asa upang makabahagi sa kaluwalhatian ng Dios."[136]
- Ang kaligtasan ay nangangahulugang tayo ay nakikibahagi sa banal na katangian ng Dios[137] at ang ating buhay ay nakatago sa Dios, kasama ni Kristo.[138]

Ang mga naniniwala sa ebanghelyo ay naligtas sa pamamagitan ng pananamapalataya lamang sa mensaheng ito, at hindi sa kanilang pagsisikap na kalugdan sila ng Dios.[139]Ang pananampalatayang nakapagliligtas ay ang parehong pananampalataya na nagpapanatili sa lahat ng mananamapalataya hanggang wakas.[140]

Dapat tayong makarating sa bahagi ng ating buhay Kristiyano kung saan ang lahat ng ating kumpiyansa para sa buhay na walang hanggan ay nakasalalay lamang sa natapos na gawain ni Kristo Jesus sa krus. Ang mga mabubuting gawa ay bunga ng kaligtasan at hindi ito kailanman ang pagmumulan ng kaligtasan,katulad ng mga ginagawang kabaitan ng asawang lalaki sa kanyang asawang babae ay hindi magiging batayan ng kanilang pangako sa pagiging mag-asawa sa halip ito ay ang bunga. Sa ating buhay Kristiyano, tulad ng sa ating mga relasyon sa tao, ang ating pag-ibig ay hindi perpekto, ang ating mga ginagawa ay madalas na mayroong pagkakamali, at ang ating mga karanasan ay kadalasang nakakadismaya.

Hindi ko makakalimutan ang kwento na sinabi ng isa sa aking mga propesor sa Bible college tungkol sa dalawa niyang mag-aaral. Ang dalawang ito ay umibig sa isa't- isa, kalaunan ay nagkasundong magpakasal, at ang petsa ng kasal ay kanilang itinakda. Dumating ang araw ng kasal, maganda ang seremonya, at ang kanilang mga pangako ay inulit nang may katapatan at damdamin. Makalipas ang ilang oras, ang bagong kasal na ito ay labis na nagkasakit sa pagkakalason sa pagkain (sa aking pagkaka-alala sa kwento) at ginugol ang kanilang honeymoon sa ospital!

"Nabawasan ba ang kanilang pagiging mag-asawa dahil sa kanilang naramdaman sa mga araw pagkatapos ng kanilang kasal?" itinanong ito ng aking propesor sa buong klase. Siyempre,alam natin ang sagot. Ang pagiging mag-asawa, katulad ng kaligtasan, ay nakabatay sa isang hindi nagbabagong pangako, o tipan, at hindi sa mga hindi maaasahang damdamin at mga karanasan.

### *Ang katangian ng pananampalataya*

Kung ang kaligtasan ay sa pamamagitan ng pananampalataya, napakahalaga na maunawaan ang likas na katangian ng pananampalatayang ito. Ang Salita ng Dios ay malinaw na nagtuturo na ang pananampalataya na nakapagliligtas ay isang*buhay na*

---

[136] Colosas 1:27
[137] 2 Pedro 1:4
[138] Colosas 3:3
[139] Efeso 2:8-9
[140] 1 Pedro 1:5

pananampalataya. Ang pananampalataya ay ang pagtitiwala kay Kristo *ngayon*! Ang buhay na pananampalataya ay nagtitiwala sa ginawang pagtutubos ni Kristo ngayon. Ang buhay na pananampalataya ay nagpapahintulot sa Dios na iligtas tayo mula sa nakaraan at upang patuloy na iligtas tayo sa kasalukuyan. Ang buhay na pananampalataya ay magpapakita ng mga katibayan."Ang patay na pananamapalataya" ay ang pananampalataya na walang kalakip na gawa – kahit ang mga demonyo ay mayroong pananampalataya.[141] Makikita natin ang buhay na pananampalataya sa mga sumusunod na talata:

"Tayo ay lumapit nang may *dalisay* na puso nang may *lubos na kasiguruhan ngpananampalataya*, na ang ating mga puso ay *inalis sa masamang budhi* at ang ating mga katawan ay *hinugasan* ng purong tubig.

Let us draw near with a *true* heart in *full assurance of faith*, having our *hearts sprinkled from an evil conscience* and our *bodies washed* with pure water."[142]

"Na *iningatan* ng kapangyarihan ng Dios sa *pamamagitan ng pananampalataya* para sa kaligtasang nakahandang ihayag sa wakas ng panahon."[143]

Mula sa mga talatang ito, at marami pang iba, natutunan natin ang mga sumusunod tungkol sa buhay na pananampalataya:

(1) Ang buhay na pananampalataya ay taos-puso–ito ay nagmumula sa "isang tunay na puso."

Ang isang taos-pusong mananampalataya ay nagtatamasa ng isang malinis na budhi. Hindi siya isang mananampalataya na walang kasalanan, ngunit isa siyang taong nakaranas ng "pag-aalis mula sa masamang kunsensya."[144]

Ang isang taos-pusong mananampalataya ay isang mapagpakumbabang mananampalataya. Hindi na niya itinatago o pinagtatakpan ang kasalanan. Kung ang Salita ng Dios ay hinahatulan siya sa pagiging "wala sa marka" sa espirituwal, inaamin niya ito at tumatanggi na mamuhay sa pagkukunwari.[145]Ang isang matapat na mananampalataya ay tumatanggap ng masakit na disiplina ng Dios katulad ng ginagawa ng isang mapagmahal na Ama.[146] Ang sakit na ito ay tanda din ng totoong buhay.

---

[141] Santiago 2:14-20
[142] Hebreo 10:22, idinagdag ang pagbibigay-diin.
[143] 1 Pedro 1:4, idinagdag ang pagbibigay-diin.
[144]Tingnan din ang Gawa 23:1; 24:16; 2 Corinto 4:2; 1 Timoteo 1:5, 19
[145] Mateo 6:12
[146] Hebreo 12:5-11

Pinagsasanayan ng isang matapat na mananampalataya ang pagsunod.[147] Ang isang taong nagsasabing siya ay isang mananampalataya na nakasanayan nang sumuway sa Dios ay tinatawag na sinungaling.[148]

(2) Ang buhay na pananampalataya ay nagbubunga ng katiyakan – "buong katiyakan ng pananampalataya."

Ang katiyakan ay nagsisimula sa kaalaman patungkol sa ebanghelyo[149]na siyang batayan ng katiyakan. Ang pag-unawa at katiyakan ay isang malakas na depensa laban sa pag-aalinlangan, takot, tukso, at sa nagpaparatang na kasinungalingan ng diablo.[150]

(3) Ang buhay na pananampalataya ay ang pananamapalataya na iniingatan ng kapangyarihan ng Dios **–** "iniingatan ng kapangyarihan ng Dios sa pamamagitan ng pananampalataya."

Ang salitang*iniingatan*ay nangangahulugang ipagtatanggol katulad ng kastilyo o matibay na muog. Ang banal na kapangyarihan ng Dios sa pamamagitan ng pananampalataya ay nagtatanggol, nag-iingat, at higit sa lahat ay mag-aakay sa atin tungo sa langit. Ang mga mananampalataya na mayroong buhay na pananamapalataya ay tumitingin kay Jesus bilang "may-akda at tagapagtapos" ng pananampalataya.[151] Siya ang nagsimula ng mabuting gawain ng kaligtasan sa kanila at siya rin ang tatapos nito.[152]

Dapat natin itong linawin, ng sobrang linaw: ang lahat ng biyaya para sa espirituwal na paglalakbay ay nagmumula sa Dios. Siya ang "makapag-iingat sa inyo mula sa pagkakatisod, at upang maiharap kayo nang walang kapintasan sa harapan ng kanyang kaluwalhatian na may labis na kagalakan."[153] Kailangan lamang ng Dios ng isang daluyan ang tunay na pananampalataya upang ibuhos ang kanyang biyaya. Sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Dios, na may kalakip ng pananampalataya, tatanggapin natin ang biyaya na nag-iingat sa ating mga kaluluwa tungo sa buhay na walang hanggan.

(4) Ang buhay na pananampalataya ay isang pananampalataya na may pagkamatiyaga. Kung ang pagpapanatili ay nakasalalay sa pananampalataya, kung gayon ang pananampalataya ay palaging nagpapatuloy araw-araw.

Malinaw na itinuro ni Jesus at ng bawat manunulat ng Bagong Tipan na ang tunay na pananampalataya ay isang pananampalatayang nagtitiyaga:

---

[147] Juan 8:31; 15:10
[148] 1 Juan 2:3-4
[149] 1 Corinto 15:3-4; Colosas 2:2
[150] Efeso 6:17
[151] Hebreo 12:2
[152]Filipos 1:6
[153] Judas 1:24

"Kung nagpapatuloy kayo sa pananampalataya, nakabaon at matatag, at hindi nakikilos nang palayo sa pag-asa ng ebanghelyo."[154]

"Ang matuwid ay mabubuhay sa pamamagitan ng pananampalataya; subalit *kung* ang sinuman ay tatalikod,hindi ko siya kalulugdan."[155]

*"Taglay ang matibay na pananampalataya at malinis na budhi; mayroong hindi sumunod sa kanilang budhi, ang kanilang pananampalataya ay natulad sa isang nawasak na barko*."[156]

"Dahil kinakailangan din ang parehong merito at kapangyarihan ng dugo ni Cristo upang panatilihin tayong malinis kung paanong tayo'y nilinis nito."
– Adam Clarke

Ang pananampalataya ayon sa Biblia ay isang pananampalatayang patuloy na nangyayari at nakasalalay kay Kristo bilang tanging pag-asa ng kaligtasan. Lalo na sa mga sandaling tayo ay nabigo, kailangan nating lumapit sa krus, kahit na nagsisi na tayo. Kung ang paglayo, pagtalikod, o pagbitaw sa pananampalataya sa ebanghelyo ay hindi isang nakatatakot na posibilidad,bakit tayo mahigpit na binalaan ng mga sumulat ng Bagong Tipan? Dapat nating suriin ang ating pananampalataya.

### *Ang Resulta ng Nakapagliligtas na Pananampalataya*

Ang buhay na pananampalataya sa natapos na gawin ni Kristo Jesus ang siyang nagdadala sa atin sa pagkakaroon ng pagkakaisa sa kanya. Kapag tayo ay ligtas ito ay nangangahulugan na tayo ay espirituwal na pinagkaisa kay Kristo at naging bahagi ng kanyang katawan, o iglesia. Sa sandaling maligtas tayo, maraming kamangha-manghang bagay ang nangyayari:

► Ipabasa sa mga mag-aaral ang mga talata na naaayon sa mga sumusunod na bilang. Alin sa mga katotohanang ito ang pinakamahalaga sa iyo sa ngayon?

1. **Tayo ay itinuring na matuwid**. Sa pamamagitan ng pananampalataya sa ginawang pagtubos ni Jesus, ngayon ay itinuturing tayo ng Dios Ama bilang matuwid – na parang hindi tayo nagkasala.[157] Itinuturo din ng Biblia na sa sandaling nanampalataya tayo sa ginawang pagtubos ni Kristo ay "itinuring tayo ng Dios na matuwid hindi dahil sa ating mga sariling gawa."[158]
2. **Binuhay tayo.** Sa pamamagitan ng kamatayan at muling pagkabuhay ni Kristo, tayo ay ginawang buhay sa espirituwal, o ipinanganak nang muli.[159]Sa pamamagitan ng

[154] Colosas 1:23, idinagdag ang pagbibigay-diin.
[155] Hebreo 10:38, idinagdag ang pagbibigay-diin.
[156] 1 Timoteo 1:19, idinagdag ang pagbibigay-diin.
[157] Roma 3:24; 5:9
[158] Roma 4:6
[159] Efeso 2:5; Juan 3:3

dugo ni Kristo[160]at sa pamamagitan ng Banal na Espiritu,[161]ang ating mga pagkakasala ay hinugasan na at binigyan tayo ng bagong buhay.

3. **Tayo ay Pinabanal**. Tinawag na tayong banal ng Dios! Sa madaling salita, inihiwalay niya tayo para sa kanya. Tayo ay sa kanya lamang.[162]
4. **Tayo ay ipinagkasundo sa Dios**. Sa pamamagitan ng paghahandog ng kanyang sarili, pinagsama ni Jesus ang isang banal na Dios at ang makasalanang tao.Ngayon ay hindi na tayo mga kaaway ng Dios, sa halip tayo ay itinuturing na mga kaibigan.[163]
5. **Tayo ay tinanggap bilang kabahagi ng pamilya ng Dios**. Ginawa tayong kanyang sariling anak at mayroon ng lahat ng karapatan at pribilehiyo ng isang relasyon sa pagitan ng isang Ama at Anak.[164] Sa pamamagitan ng pananampalataya sa natapos na gawain ni Kristo, tayo ay itinuring na tagapagmana ng Dios kasama ni Kristo.
6. **Tayo ay pinangakuan ng mana**. Ang manang ito ay hindi mawawala at nakalaan sa langit para sa atin.[165]

Hindi natin namamalayan ang lahat ng biyayang ito sa panahong tayo ay naligtas; ngunit sa pag-unlad ng ating pang-unawa,ang mga katotohanang ito ay mas nagiging mahalaga para sa atin,at mas nagiging matapat tayo sa bagong pagkakakilanlan na ito kapag pinaglalaanan natin ito ng pansin.

**Ang Buhay na pananampalataya ay nagbubunga ng katiyakan.**

Minsan, may isang taong sumulat kay John Wesley. Sinabi niya na kung paniniwalaan na maaaring mawala ang kaligtasan ng isang tao, magbubunga ito ng kawalan ng pag-asa sa mga mananampalataya. Ipinunto pa niya kay Wesley, “Kung [mangyayari ito] gayun,matapos nito ay mamawala ang aking kapanatagan.” Dahil dito ay tumugon si Wesley nang may masidhing puso:

> Hindi mayayanig ang aking kapanatagan, hindi sa anumang opinyon, o alinman na ang isang mananampalataya ay maaari o hindi mahulog, hindi sa pag-alaala ng anumang nagawa sa aking nakaraan; kundi sa kung ano ang nasa ngayon, sa aking kasalukuyang pagkakilala sa Dios sa pamamagitan ni Kristo, na muling iniugnay ako sa kanyang sarilli; sa aking pagtingin ngayon sa liwanag ng kaluwalhatian ng Dios sa mukha ni Kristo Jesus; sa aking paglakad sa ilaw sapagkat siya ay ang ilaw, at pagkakaroon ng kaugnayan sa Ama at kanyang Anak. Ang aking kapanatagan ay sa

[160] 1 Juan 1:9
[161] Juan 3:1-8; Tito 3:5-6
[162] 1 Corinto 6:9-11
[163] Colosas 1:21-22; Roma 5:10
[164] Juan 1:12-13
[165] 1 Pedro 1:4; 5:4

> pamamagitan ng biyaya ay makapaniniwala ako sa Panginoong Hesu-Kristo, at ang Banal na Espiritu ang magpapatotoo sa aking Espiritu na ako ay anak ng Dios. Gusto ko ng kapanatagan sa ganitong paraan at walang iba pang dahilan, upang makita ko na si Jesus na nasa kanang kamay ng Dios, para mismo sa aking sarili, at hindi para sa iba, ay magkaroon ng walang-hanggang pag-asa, at nararamdaman ko ang pag-ibig ng Dios na ibinuhos sa aking puso, at ang aking kasalanan ay ipinako sa krus. Ako ay labis na nagagalak dahil dito, ang patotoo ng aking budhi, na sa pagiging simple at taos-puso, hindi dahil sa karunungan ng aking sarili, kundi sa biyaya ng Dios kayaako [nakapapamuhay] sa mundo. Humayo ka at hanapin mo, kung kaya mo, ang mas matibay na kagalakan; isang mas maliwanag na kapanatagan dito sa panig ng langit. Kung may iba kang inaasahan nang pagmumulan ng kapanatagang ito, ikaw ay nakabatay sa mga inaasahang madaling masira, na hindi naman talaga magdadala ng iyong mga pasanin, ngunit ito ay tutusok sa iyong kamay at masasaktan ka.

Ang sinasabi ni Wesley ay ang totoong nakapagliligtas na pananampalataya ay hindi sa nakaraan, kundi sa kasalukuyan.Ito ay buhay. Ang Biblical na pananampalataya ay ang araw-araw na pagtingin kay Jesus at araw-araw na karanasan ng kanyang biyaya. Mayroon ka ba ng ganitong pananampalataya?

**Matatagpuan Natin ang Kasiguraduhan sa Pamamagitan ng Tapat na Pagsaksi ng Banal na Espiritu**

Ang pangalawang matibay na pundasyon ng biblikal na katiyakan ay ang patotoo ng Banal na Espiritu.

> Sapagkat hindi espiritu ng pagkakaalipin ang inyong tinanggap upang kayo’y mamuhay sa takot.Sa halip ang inyong tinanggap ay ang espiritu ng pagkupkop upang kayo ay gawing mga anak ng Dios, kaya makakatawag tayo sa kanya ng, “Ama, Ama ko.”Ang Espiritu mismo ang sumasaksi sa ating espiritu na tayo ay mga anak ng Dios.[166]

Ang Biblikal na katiyakan ay dumarating sa pamamagitan ng pagsaksi ng Banal na Espirituna na tayo ngayon ay mga anak na ng Dios. Ito ang panloob na kumpiyansa at Espirituwal na kamalayan na tayo ay pinatawad ng Dios at ipinanganak nang muli.

Ang konsepto ng Biblia ng pagtubos at pag-aampon ay isang kahanga-hangang katotohanan. Ang pagkaka-alipin ay isang malungkot na katotohanan sa panahon ng Bagong Tipan.Ngunit tayo ay sinabihan na sa pamamagitan ng pagbabayad ng tiyak na halaga, ang isang alipin ay maaaring*tubusin* at maging malaya. Pagkatapos mabili ang kalayaan ng alipin, ang manunubos ay maaari siyang ituring na anak at gawing

[166] Roma 8:15-16; 1 Juan 4:13

tagapagmana ng kanyang buong ari-arian. Ang pag-aampon ang siyang kumukumpleto sa proseso ng pagtubos.

Sinasabi ng Biblia na noong tayo ay hindi pa nagbabalik-loob tayo ay mga alipin. Ang ating panginoon ay ang kasalanan. Sa pamamagitan ng paghahandog ng kanyang sariling dugo,binayaran ni Kristo ang halaga ng ating katubusan mula sa kasalanan, at winawasak ang kapangyarihan nito naumaalipin sa atin, at tinanggap/inampon niya tayo bilang kanyang sariling mga anak. Sa pamamagitan ng pananampalataya tayo ngayon ay "tagapagmana ng Dios kasama ni Kristo."[167] Ang nagpapatunay ng espirituwal na transaksyong ito ay ang tinatawag ng Biblia na patotoo, o testimonya, ng Banal na Espiritu. Ito ay isang kamalayang panloob na tayo ngayon ay minamahal na anak ng Dios.[168] Ang Dios ay hindi na isang kaaway o isang estranghero, ngunit Isa siyang higit nating nakikilala bilang "Ama, Ama Ko!" – Kung saan ay nakakalapit tayo na mayroong isang napakalapit na relasyon.[169]

Ang isang malapit na kaugnayan sa Dios ay isa sa pinakamahalagang matibay na pundasyon ng Paghubog ng Espirituwal na buhay. Nasisiyahan ka ba sa patotoong ito ng Banal na Espiritu? Napagtanto mo ba kung gaano ninanais ng Dios na mapalapit ka sa kanya? Naiintindihan mo ba ang halagang payag bayaran ng Dios upang ikaw at ako ay maging malapit sa kanya? Alam mo ba kung gaano ka nais ng Dios na pagpalain at ibigay ang biyaya niya sa iyo?

**Matatagpuan Natin ang Kasiguraduhan sa pamamagitan ng Katibayan ng isang Mabungang Paglakad sa Buhay Kristiyano**

Ang pangatlong bahagi ng biblikal na katiyakan ay isang mabungang paglakad kasama ng Dios. Kahit na tayo ay ligtas na sa pamamagitan ng biyaya sa pamamagitan ng pananampalataya lamang at iniingatan ng biyaya sa pamamagitan ng pananampalataya, ngunit ang nakapagliligtas na pananampalataya ay hindi kailanman nag-iisa.Ang bawat tunay na pananampalataya ay makikilala ng malinaw sa pamamagitan ng mga katibayan ng kanilang pag-uugali at buhay. Ang tunay na mananampalataya ay nagpapakita ng kanilang pananampalataya sa pamamagitan ng kanilang mga gawa:

"Kung ano tayo ngayon ay gawa ng Dios, at sa pakikipag-isa natin kay Kristo Jesus ay nilikha niya tayo *para sa mabubuting gawa,* na inihanda ng Dios noong una pa man upang gawin natin."[170]

"Ngunit hindi mo ba nalalalaman, O hangal na tao, na ang *pananamapalataya na walang kalakip na gawa ay patay*?"[171]

---

[167] Roma 8:17
[168] 1 Juan 4:13
[169] Galacia 4:6
[170] Efeso 2:10, idinagdag ang pagbibigay-diin.
[171] Santiago 2:20, idinagdag ang pagbibigay-diin.

Itinuro ni Jesus na ang isang mabungang buhay Kristiyano ay katibayan ng pagiging totoong tagasunod niya (Juan 15:8). Kung ang buhay ng isang tao ay hindi nailalarawan sa pamamagitan ng pagiging mabunga ito ay isang tanda ng pagiging patay sa espirituwal na buhay.

## Ang Bunga ng Nakapagliligtas na Pananampalataya: Sampung Praktikal na Pagsubok ng Katiyakan

[172]Ang mga sumusunod ay sampung pagsubok kung saan maaari nating suriin ang ating sarili upang makita kung ang ating pananampalataya ay tunay na buhay at nagbubunga (2 Corinto 13:5). Habang ang natapos na gawain ni Kristo ay ang *ugat* ng kaligtasan, ang sampung katanungang ito ay makakatulong sa atin upang suriin ang *bunga* ng kaligtasan:

### (1) Ano ang ginagawa ko ng palihim?

Ang mga taong nailigtas na ay nakararanas ng isang malaking pagbabago sa kanilang palihim na gawain sa kanilang buhay. Binabago ng kaligtasan ang iyong tinitingnan sa internet at kung ano ang iyong ginagawa kapag walang sinuman ang tumitingin. Kung ang iyong ginagawa ng palihim ay walang malaking pagbabago, marahil ay hindi ka isang taong nagkaroon ng bagong buhay. Ang isang taong naligtas na ay mayroong pagnanasa para sa isang dalisay na puso![173]

### (2) Mayroon bang totoong pagsisisi?

Ang kaligtasan ay nagbubunga ng isang mapagpakumbaba, nagsisising puso–hindi lamang sa sandali ng pagbabalik-loob, kundi tuwing kinukumbinsi ka ng Dios na napapabayaan mo ang iyong espirituwal na buhay. Si Pedro, na isang alagad nang higit sa tatlong taon, ay lumuha at naghinagpis matapos niyang itanggi na kilala niya ang Panginoon.[174] Nang sawayin ni Pablo ang mga taga-Corinto dahil sa kanilang maling gawain,ang kalungkutan mula sa Dios ang nag-akay sa kanila upang magsisi – isang *matibay na pagnanais* na talikuran ang kasalanan at pagtakbo sa Dios![175]

### (3) Mayroon ba akong pag-ibig kay Kristo?

Ang kaligtasan ay nagbubunga ng matinding pagmamahal kay Jesus.Sinabi ni Jesusna kung ang Dios ang iyong Ama, iibigin natin Siya.[176]Hindi dapat magtaka ang sinuman kung umiibig sila sa isang tao, lalo na sa Dios. Ang pag-ibig ay ang nagpapakilig sa kaluluwa. Ito ang iniisip natin kapag gumigising tayo sa umaga at bago matulog sa gabi. Ito ang

---

[172]Hango mula sa mensahe ni Pastor Tim Conway, "Am I Saved? 10 Tests of Assurance - Tim Conway." Retrieved from https://www.youtube.com/ September 18, 2020.
[173]Awit 139:23-24
[174] Lucas 22:62
[175] 1 Corinto 7:9-11
[176] Juan 8:42

nagtutulak sa atin na kumilos. Ito ang nagiging dahilan kung bakit handa tayong magsakripisyo. Iyon ang ating dahilan para mabuhay.

> "Kung paanong ang isang punla ng *oak* ay isang *oak*, gayundin ang isang sanggol na Kristiyano ay isang Kristiyano. Subali't kung paanong magiging katawa-tawa na tawagin ang isang *bramble bush/dawag* na oak, katawa-tawa rin na tawaging Kristiyano ang isang tao na hindi nagtataglay ng anumang katangian ng isang Kristiyano."

**(4) Mahal ko ba ang aking kapwa?**

Isinulat ni apostol Juan na ang taong hindi nagmamahal sa kanyang kapwa sa napaka praktikal na paraan (tulad ng pagbabahagi ng ating mga pag-aari) at tulad ng pagmamahal na ipinakita ng Dios sa krus ay hindi nagmula sa Dios.[177]

**(5) Ako ba ay nagpapasakop sa Salita ng Dios?**

Ang pagpapasakop sa Salita ng Dios ay isa sa pinakamalinaw na palatandaan ng muling kapanganakan. Sinabi ni Jesus na tayo ay totoong mga alagad kapag sinusunod natin ang kanyang Salita.[178] At sinabi rin niya na, "Hindi lahat ng tumatawag sa akin ng, 'Panginoon, Panginoon,' ay makakapasok sa kaharian ng langit, kundi ang mga gumagawa ng kalooban ng aking Ama na nasa langit."[179] May kapangyarihan ba ang Salita ng Dios sa iyong buhay?O,madali para sa iyo na huwag itong pansinin?

**(6) Nasaan ang aking isipan?**

Ang kaligtasan ay nagbubunga ng pagbabago ng isipan. Sa aklat ng Roma, sinabi ni Pablo na ang mga namumuhay ayon sa makasalanang laman (hindi-Kristiyano) ay nagtutuon ng kanilang mga isipan sa mga bagay na naaayon sa makasalanang laman. Ito ay patungo sa kamatayan! Ngunit ang mga namumuhay alinsunod sa Banal na Espiritu (totoong Kristiyano) ay nagtutuon ng kanilang mga isipan sa pagpapahalaga sa mga bagay na Espirituwal. Ito ay nagdudulot ng buhay at kapayapaan.[180]Nakikita mo ba ang iyong sarili na mas higit na nag-iisip tungkol sa Dios, sa Salita ng Dios, at sa mga bagay na makalangit? Ang pag-iisip sa buhay na puspos ng Banal na Espiritu ay isang disiplina, ngunit ito rin ay resulta ng isang bagong kalikasan.

**(7) Napuksa ko na ba ang aking mga dios-diosan?**

Sa pamamagitan ni Propeta Ezekiel, ipinangako ng Dios na iwiwisik ang malinis na tubig sa mga makasalanan, at lilinisin sila mula sa lahat ng kanilang karumihan at dios-diosan, bibigyan sila ng isang bagong puso at isang bagong espiritu, papalitan ang kanilang pusong bato ng isang malambot na puso, at ilalagay ang kanyang Espiritu sa kalooban nila upang

---

[177] 1 Juan 3:10, 16-19
[178] Juan 8:31
[179] Mateo 7:21
[180] Roma 8:5-6

matupad nila ang kanyang Salita.[181]Nagawa na ba niya ito sa iyong buhay? Ginagawa pa ba niya ito sa iyong buhay? Ang Dios ay naninibugho/seloso para sa iyong pag-ibig at pagmamahal; at kung ikaw ay kanyang anak, tinatanggal niya ang lahat ng nagnanais na umagaw sa pagmamahal na iyon.

**(8) Ako ba ay isang bagong nilalang?**

Nakikita ba ng iba ang mga pagbabago sa akin? Ang pagiging isang Kristiyano ay paglipat mula sa pagiging patay sa Espirituwal patungo sa buhay na Espirituwal. Walang bumangon mula sa patay nang hindi ito nalalaman! Hindi ka mabubuhay mula sa mga patay maliban kung napansin ng ibang tao ang pagbabago na nagawa sa iyo ng biyaya ng Dios.

**(9) Nagtitiwala ba ako kay Kristo?**

Ang isang pusong lubos na nagtitiwala kay Kristo ay malakas na katibayan ng kaligtasan. Ang mga tunay na mananampalataya ay nagtitiwala kay Kristo hindi lamang para sa buhay na walang hanggan ngunit para sa pang araw-araw na buhay, tulad ng pagkain at damit.[182] Nakikita mo ba ang iyong sarili na handang umalis sa ligtas na lugar at lumakad sa ibabaw ng tubig patungo kay Jesus, kahit na hindi naiintindihan ng ibang tao at iba ang ipakita nito tungkol sa iyo? Nagtitiwala ka ba sa kanya? Ang mga pagpapasya na iyong ginagawa ay nagpapakita sino ang pinagkakatiwalaan mo – pera, ang lakas ng katawan, o si Kristo.[183] Kung ikaw ay isang mananampalataya, nagkakaroon ka ng mga pagpapasya tungkol sa iyong pananalapi, iyong pamilya, iyong kalusugan, iyong trabaho at marami pang ibang bagay kung saan ay itinuturing na kahangalan ng mga hindi mananampalataya.[184]

**(10) Nakikita ko ba si Kristo at mga tao sa isang bagong pamamaraan?**

Ang mga tunay na mananampalataya ay nakikita ang mga tao sa ibang pamamaraan. Sinabi ni Pablo na mula ngayon hindi na natin nakikita ang mga tao ayon sa laman – ayon sa kanilang katayuan sa lipunan o katayuang pang-ekonomiya – sa halip ay ayon sa kanilang Espirituwal na katayuan – bilang mga taong minamahal ng Dios at kung para kanino namatay at muling nabuhay si Kristo.[185] Tulad ng hindi na natin itinuturing lamang na isang ordinaryong tao si Kristo, sa gayon nakikita natin ngayon ang ating mga kapwa mananampalataya kung sino sila – mga bagong nilalang na ipinakipagkasundo sa Dios. Nakikita mo ba ang mga tao na iba na kaysa dati mong pagtingin?

---

[181] Ezekiel 36:25-27
[182] Mateo 6:25
[183] 1 Timoteo 6:17
[184] 1 Corinto 1:27
[185] 2 Corinto 5:14-15

## Huminto Saglit para sa isang Sandali ng Pagninilay

Narito ang ilang mga katanungan sa Paghubog ng Espirituwal na buhay na dapat isaalang-alang:

- Nagtitiwala ka ba ngayon sa natapos na gawain ni Kristo? Ang iyo bang pag-asa ay nakasalalay lamang sa kanyang sakripisyo?
- Kailangan mo bang magsisi sa pagtitiwala sa iyong sariling pagsisikap at katuwiran upang gawing katanggap-tanggap ka sa Dios?Sa iyong sariling pagganap?
- Pinayagan mo ba ang iyong mga hindi maaasahang damdamin o pagkakaroon ng kamalayan sa kabiguan na agawin ang iyong pagtitiwala sa ebanghelyo?
- Nasisiyahan ka ba sa patotoo ng Banal na Espiritu na ikaw ay anak ng Dios?
- Patuloy ka bang mas natututo patungkol sa mga pribilehiyo at responsibilidad ng iyong kaugnayan sa Dios?
- Nakikita mo ba ang bunga ng nakapagliligtas na pananampalataya sa iyong buhay? Kung ikaw ay kinasuhan sa korte ayon sa batas sa pagiging isang Kristiyano magkakaroon ba ng sapat na ebidensya upang hatulan ka?

Marahil sa ngayon ito ay isang magandang panahon para ikaw ay yumuko sa harap ng Panginoon. Kung wala kang pananampalataya, sumampalataya ka at tanggapin mo ang ebanghelyo. Hilingin mo sa Panginoon na tulungan kang lubos na magtiwala kay Kristo. Kung nagkaroon ka ng kamalayan sa kawalan ng paniniwala at kasalanan, magsisi ka at humingi sa Panginoon ng biyaya at awa. Nilalabanan ng Dios ang mapagmataas ngunit binibigyan niya ng biyaya ang mga mapagpakumbaba.[186]

## Leksiyon3 Mga Takdang Aralin

(1) Muling suriin ang Pagsubok sa Katiyakan sa linggong ito at ibigay ang pagsubok na ito sa hindi kukulangin sa tatlong tao na nagsasabing sila ay mga Kristiyano. Gawin ito bago dumating ang susunod na klase. Maging handa na pag-usapan sa loob ng klase sa susunod na linggo ang mga resulta ng mga pagsubok.

(2) Kumuha ng pagsubok ayon sa materyal sa leksiyong iyo.

(3) Maglaan ng hindi bababa sa tatlumpung minuto sa linggong ito upang magbalik-aral sa leksiyong ito, isama ang mga sanggunian sa Banal na Kasulatan, at hilingin sa Banal na Espiritu na bigyan ka ng mas malalim na pang-unawa.

(4) Itala sa iyong journal ang anumang mga tiyak na pagbabago na dapat gawin sa iyong buhay, tulad ng ipinapakita sa iyo ng Panginoon.

---

[186] Santiago 4:6

(5) Pagnilayan ang hindi bababa sa isang Awit sa iyong Pang-araw-araw na oras ng pag-aaral ng biblia, at itala sa iyong journal kung ano ang sinasabi ng salmista tungkol sa kalikasan at katangian ng Dios.

(6) Itala sa iyong journal ang isang personal na panalangin para sa Espirituwal na pagbabago at paglago batay sa leksiyong ito.

(7) Magsanay gamit ang Gabay sa Pang-araw-araw na gabay sa Pananalangin ni Dr. Brown sa iyong pang-araw-araw na pribadong pananalangin.

## Leksiyon 3 Pagsusulit

(1) Kumuha muli ng pagsubok sa kasiguraduhan.

(2) Ano ang tatlong matibay na pundasyon ng katiyakan na tinalakay sa leksiyong ito?

(3) Ano ang animna bunga ng nakapagliligtas na pananampalataya?

(4) Banggitin ang ilan sa mga bunga ng totoong kaligtasan.

# Leksiyon 4
# Paghubog ng Espirituwal na Buhay sa Pamamagitan ng Pagkilala sa Dios

## Leksiyon 3 Balik Aral

Paalala sa tagapanguna sa klase: Talakayin ang mga pangunahing punto ng Leksiyon 3. Tanungin ang mga mag-aaral kung sino ang may nais na ibahagi ang kanilang nakasulat na mga personal na panalangin mula sa Leksiyon 3. Suriin din ang tatlong aspeto ng paglalakbay sa Paghubog ng Espirituwal na buhay na tinalakay sa Leksiyon 2.

## Mga Layunin ng Leksiyon

Sa pagtatapos ng leksiyong ito, ang mag-aaral ay dapat na:

(1) Malaman kung saan maghahanap upang matuklasan kung sino ang Dios.

(2) Maunawaan ang tatlong mahalagang paraan ng pagpapahayag ng Dios sa kanyang sarili.

(3) Maunawaan kung gaano kahalaga ang pagkakilala sa Dios sa Paghubog ng Espirituwal na buhay

(4) Makayanang maipahayag ang ilan sa mga pangunahing katangian ng Dios.

(5) Maunawaan kung paano perpektong ipinahayag ni Jesus ang katangian ng Dios.

## Mga Larawan ng Buhay

Simula nang magkasala ang tao noong ito ay nasa Hardin pa, natukso siyang paniwalaan ang pinakamasamang bagay tungkol sa Dios. Ngunit hindi tayo maaaring pilitin mahalin o gayahin ang isang Dios na hindinatin pinagkakatiwalaan. Nahihirapan ang ilang sinserong mananampalataya na pagsikapan na maging katulad ni Kristo sapagkat hindi nila nakikita kay Jesus ang kagandahang nakikita ng iba.

### Mga Biktima ng Kalamidad

Kapag ang mga natural na kalamidad, gawa ng mga pananakot, opaglaganap ngmalalang sakitay tumama sa isang bansa, may ilang Espirituwal na tagapanguna angnag-aangkin na ito ang pagbubuhos ng poot at paghatol ng Dios. Maraming mga Kristiyanoang nakikipaglaban sa ganitong pananaw sa Dios, lalo na't maraming mananampalataya ang nagdurusa kasama ang mga hindi mananampalataya.

**Mga Mag-aaral sa isang Bible School**

May ilang mag-aaral sa Bible school ang lingguhang nagtitipon kasama ang kanilang pangulo sa kolehiyo para sa pagdidisipulo ng isang maliit na grupo. Sa isa sa kanilang pagpupulong, tinanong ng kanilang pangulo at tagapagturo ang mga tanong na ito sa mga mag-aaral: "Kung si Jesus ay papasok ngayon sa pintong iyan at titingnan ka ng diretso sa mata, ano kaya, sa iyong paniniwala, ang magiging ekspresyon ng kanyang mukha?" Nagulat ang mga mag-aaral sa tanong, ngunit ito ay nagpaisip sa kanila. Isang pares sa kanila ang naniniwala na titingnan sila ni Jesus nang may pagkabigo. Ang ekspresyon ng kanyang mukha ay magsasabing, "Maaari mong gawin ang mas mabuti kaysa dyan." Isang mag-aaral naman ang naniniwala na si Jesus ay magmumukhang galit. May isang batang babae ang nagsimulang umiyak ay naging emosyonal kaya hindi siya nakasagot. Isang mag-aaral lamang ang naniniwala na kung si Jesus ay maglalakad papasok mula sa pinto ay papasok itong nakangiti!

**Isang Asawang Babae na Bata pa at Ina**

Ang pagsisikap na turuan at gabayan si Trisha, isang bagong Kristiyano, tungo sa isang matatag at maraming natutupad na buhay Kristiyano ay hindi magiging madali.Lumaki siya sa isang mapang-abuso, sirang tahanan at may napakakaunting positibong halimbawa. Sa huling bahagi ng kanyang pagiging kabataan, nakipag-ugnayan siya sa isang pangkat ng mga nagsasabing sila ay mga Kristiyano. Ipinaramdam nila sa kanya na siya ay kabilang sa pamilya ngunit ito rin ang nag"brain-washed" sa kanya sa isang matindi ang pagkakabaluktot atwalang biyayang uri ng "Kristiyanismo."

Sa ilalim ng impluwensyang ito ay hindi kailanman naramdaman ni Trisha na kaya nyang maabot ang mga kailangan ng pagiging isang Kristiyano. Sa halip na maranasan ang kagalakan ng kaligtasan, patuloy siyang nakikipaglaban sa pag-aalinlangan, kawalan ng pag-asa at kahihiyan.Siya ay litong-lito sa buhay Espirituwal. Hindi niya alam kung paano paghiwalayin ang mahalagang doktrina ng Biblia mula sa mga hindi mahahalagang doktrina ng kanyang simbahan. Nang hindi na niya makayanan ang bigat, humiwalay si Trisha sa simbahang iyon at nagsimulang dumalo sa simbahan na aking pinangangalagaan. Isang araw ng Linggo, siya ay tumayo at nagpatotoo sa isang napapagod at namimighating tinig,at nagtapos sa kanyang "patotoo" sa napakalungkot ngunit nakakapagmulat na pahayag: *"Sinusubukan ko lang ang lahat ng aking makakaya upang manatiling ligtas!"*Para kay Trisha ang Dios ay napakaraming hinihingi; ang paglilingkod sa kanya ay isang pasanin, at imposible siyang bigyang kaluguran.

Nang sinubukan kong turuan si Trisha sa katotohanan ng ebanghelyo at sa doktrina ng biyaya ng Dios, parang tinitingnan niya ako nang may pagdududa. Sa palagay ko ay nag-iisip siya kung isa ako sa mga "makamundo" pastor na binigyang babala sa kanya ng unang iglesya na kanyang kinabilangan.*Marahil ay nag-aalok ako sa kanya ng isang mababang bersyon ng buhay Kristiyano. Siguro ang pagiging isang Kristiyano ay sinadyang maging sobrang hirap, at sinusubukan ko lamang na gawin itong madali!*

**Isang Mananampalataya na Dumaranas ng Sakit**

Ang asawa ng isang napakahirap na magsasaka na nakilala ko sa isang maliit na nayon sa Asya ay biglang dinapuan ng di malamang uri ng pagsusugat sa buong katawan niya.Nagdusa siya ng hindi maipaliwanag na sakit sa loob ng maraming linggo. Wala sa mga remedyong inireseta ng kanyang doktor ang naging epektibo. Isang araw, may isang tagapagturo ng ebanghelyo ng kasaganahan ang nagsagawa ng isang krusada malapit sa kanyang nayon,at dinala siya ng kanyang pamilya upang makita siya nito. Ipinapahayag niya na dahil ang karamdaman at pagdurusa ay resulta ng kasalanan, palaging kalooban ng Dios na pagalingin ang mga tao sa kanilang pisikal na karamdaman. Ipinapangaral niya na ang pisikal na pagpapagaling ay isang biyaya na dapat angkinin ng bawat mananampalataya, kahit na *sapilitang hingin*, bilang kanilang nararapat na mana! Ipinapangaral din niya na ang mga may sapat na pananampalataya, at magbibigay din ng "binhing" kaloob, sila ay makakatanggap ng agarang paggaling. Dahil sa kanilang desperasyon/kawalang-pag-asa, ibinigay ng mahirap na babaeng ito ang lahat ng makakayanan niya at "naniwala" ng lubusan para sa kagalingan at mataimtim na nagdasal. Ngunit hindi pa rin siya gumaling. Bakit? Hindi niya alam kung bakit. Marahil ay hindi siya karapat-dapat sa paningin ng Dios. Ang kanyang pananampalataya ay nasugatan. Pakiramdam niya ay inabandona siya ng Dios.

**Isang Matandang Kristiyano**

May kakilala akong isang matandang Kristiyano na pinahihirapan ng mga saloobin tungkol sa Dios. Naniniwala siya na ang mga masasamang bagay na nangyayari sa kanya ay resulta ng parusa ng Dios sa pagkabigo na sundin ang lahat ng nasasaloob na pag-uutos (pagnanais na ipinaparanas) sa kanya.Minsan naramdaman niyang sinasabi sa kanya ng Dios na dumalo sa isang gawain ng pagbabalik-loob; ngunit dahil hindi maganda ang pakiramdam nilang mag-asawa, pinili nilang hindi pumunta. Nang siya ay nahulog at nabali ang kanyang braso makalipas ang ilang araw, sigurado siyang ito ay parusa mula sa Dios para sa kanilang "pagsuway." Ang mahalagang buhay ng ginang na ito ay ipinamuhay nang may matinding pagkabalisa.

**Isang magsasaka sa Asya**

Kamakailan ay sinabi sa akin ang tungkol sa isang Kristiyanong magsasaka sa Pilipinas na inamin ang kanyang galit at pagkalito sa kanyang kinabibilangang iglesya. "Hindi ko maintindihan!" ang sabi niya. "Bakit ang aking tanim na sibuyas ay nasira at kumunti, samantalang ang aking kapitbahay na hindi mananampalatayaay nagkaroon ng malusog at masaganang-ani? Parang hindi patas ang Dios! Dahil ako ay isang Kristiyano, hindi ba dapat ay mas pinasasagana ng Dios ang aking tanim kaysa sa tanim ng aking kapitbahay?"

**Isang Grupo ng Mga Kabataan sa Mexico**

May isang grupo ng mga kabataan sa Mexico na pinagbawalang maglaro sa loob ng nasasakupan ng simbahan."Ito ay sagradong lugar!" sila ay madalas na pinapagalitan, "at

kung kayo ay maglalaro, dapat ninyo itong gawin ng malayo sa*tahanan ng Dios*!" Ang mga pinuno ng kongregasyong ito, pati na rin ang mga kabataan, ay nalilito tungkol sa Espirituwal na buhay. Marami sa mga kabataan na lumaki sa lokal na iglesyang ito ay tumalikod sa Dios.

►Ano ang tila pinaniniwalaan ng mga indibidwal sa kwentong ito tungkol sa Dios? Paano hinuhubog ng kanilang pananaw sa Dios ang kanilang mga buhay?

## Mahalaga kung ano ang Ating Pinaniniwalaan Tungkol sa Dios

Walang pag-aalinlangan, ang nag-iisang pinakadakilang impluwensya sa Paghubog ng ating Espirituwal na buhay ay ang ating pagtingin sa Dios. Ang iyong pagtingin sa Dios ay lubusang nakakaapekto sa iyong buhay ngayon. Ito ay nakakaapekto sa iyong pagtingin sa iyong sarili. Ito ay nakakaapekto sa iyong relasyon sa ibang tao. Ito ay nakakaapekto sa iyong relasyon sa Dios. Basahing mabuti ang mga salitang ito mula kay A.W. Tozer:

> *Walang nakakabaluktot at nakakasira ng kaluluwa nang higit sa isang mababa o hindi karapat-dapat na konsepto tungkol sa Dios*. Ang ilang tiyak na sekta, katulad ng mga Pariseo, habang pinanghahawakan nila na ang Dios ay mahigpit at mabagsik, nakayanan nila na panatilihin ang isang mataas na antas ng panlabas na moralidad; ngunit ang kanilang katuwiran ay panlabas lamang.... Ang Dios ng mga Pariseo ay hindi isang Dios na madaling pakisamahan, kaya't ang kanyang relihiyon ay naging isang mabagsik at mahirap at walang pagmamahal....
>
> Gaano kabuti kung malalaman natin na ang Dios ay madaling pakisamahan! Naaalala niya kung saan niya tayo iwinangis at alam niya na tayo ay mula sa alabok. Kung minsan ay pinarurusahan niya tayo,totoo ito, ngunit kahit na magkagayon ito ay ginagawa niya ng may ngiti–ang may pagmamalaki, malambing na ngiti ng isang Ama na may nag-uumapaw na kagalakan sa isang hindi perpektong anak ngunit may pangakong anak na dumarating araw-araw upang maging kamukhang Isang anak na nararapat sa pagiging anak ng Ama.[187]

Mahalaga ang paniniwala natin tungkol sa Dios.

- Iniisip ng mga kaibigan ni Job na palaging pinagpapala ng Dios ang matuwid at pinaparusahan naman ang mga makasalanan, kaya't hinatulan nila at itinuring nilang masama ang kanilang kaibigan na nagdurusa.
- Inakala ni Haring Saul na ang Dios ay higit na mabibigyang lugod sa mga handog kaysa sa pagsunod, kaya't nawala sa kanya ang kaharian.

---

[187] A.W. Tozer, "God is the Most Winsome of All Beings" in *Renewed Day by Day (Volume 1)*. Retrieved from https://dailytozer.wordpress.com/2012/09/01/god-is-the-most-winsome-of-all-beings September 12, 2020.

- Inisip ni Haring David na ang mga batas ng Dios ay mga panukala lamang, kaya’t nagalit siya sa Dios dahil sa pagpatay kay Uzza.
- Iniisip ng mga Pariseo na ang kabanalan sa harap ng Dios ay maaaring makamtan sa pamamagitan ng *higit na pagsunod sa mga kautusan*, kaya't sila ay naging *mas konserbatibo at mas nagtuon ng pansin sa mga paghahandog*, ngunit *lalo* rin silang naging*mas* mapagmataas*sa espirituwal* at mapang-abuso.
- Ang mga karaniwang tao noong panahon ni Jesus ay naniniwala na ang kalamidad at karamdaman ay palaging isang tanda ng sumpa ng Dios sa personal na kasalanan o kasalanan ng pamilya, kaya isinisisi nila ang mga depekto ng kapanganakan at pagbagsak ng mga tore sa mga biktima.[188]
- Maging ang mga alagad ay naniniwala na nakaukol ang pansin ni Jesus sa samahan, kaya’t kinokondena nila ang mga makadios na manggagawa na hindi bahagi ng kanilang grupo.

Kaya mahalaga talaga kung ano ang pinaniniwalaan natin tungkol sa Dios!

## Ang Malaking Idea

Ang katanungang nais nating pagtulungang sagutin sa leksiyong ito ay: Paano tayo magsisimulang magkaroon ng malusog na pananaw sa Dios? Paano tayo magkakaroon ng tainga na maririnig nang mas malinaw ang Dios at mga mata na makikita Siyanang mas malinaw?

Ang Dios ay hindi nagbabago magpakailanman, ngunit ang ating pagtingin ay napipinsala ng mga ulap:mga ulap ng tradisyon,mga ulap ng maling konsepto,mga ulap ng kasalanan,mga ulap ng pagmamalaki, at kung minsan ay mga ulap ng espirituwal na pang-aabuso.Nabubuo natin sa ating isipan ang imahen ng Dios sa pamamagitan ng mga impormasyong nakukuha natin mula sa ating pamilya, ating iglesia, at sa nakapaligid na kultura. Syempre, Hindi lahat ng natutunan natin ay mali, ngunit ang ilan sa mga ito ay mali. Kaya, sa bawat buhay, ang imahen ng Dios ay malabo o natatakpan sa ilang paraan. Nakikita ito ng kaaway ng ating kaluluwa. Ang Paghubog ng Espirituwal na buhay ay makakatulong na alisin ang lahat ng humahadlang para matago ang totoong mukha ng Dios.

Noong bata pa ako, ang aking pamilya ay naninirahan sa magandang estado ng Washington sa loob ng ilang panahon. Ang isa sa mga paboritong alaala ko noong mga araw na iyon ay nangyari nang bumisita kami sa Mt. Rainier, isang napakagandang bundok na may 4,392 metrong lawak, na ang tuktok nito, sa isang maaliwalas na panahon, ay posibleng makita kahit na nasa isang daang milya ang layo!

[188] Juan 9:3; Lucas 13:2, 5

Isang araw habang nagmamaneho ang aking ama kasama ng aking pamilya sa paanan ng bundokng Mount Rainier, nadismaya kami na hindi namin nakita ang rurok buong araw dahil natatakpan ito ng mga ulap. Naaalala ko ang aking pagtingin sa labas ng bintana sa likurang upuan ng aming *brown station wagon* na umaasa na masulyapan man lang ito, nang bigla na lamang, nawala ang mga ulap, at nakita ko na! at hindi ko maipaliwanag ang ganda nito! Hanggang ngayon ay hindi ko alam kung anong salita ang maaaring maglarawan ng kamangha-manghang tanawin ng rurok ng bundok na parang nakalutang sa asul na kalangitan na may layong dalawang kilometro sa itaas namin.

Napakagandang araw sa buhay ng isang mananampalataya kapag nawala ang mga ulap at masulyapan niya ang kaluwalhatian ng Dios –ang Dios ay makikita nang napakaganda at perpekto mula sa buhay ni Jesus!

Sa leksiyong ito, matututunan natin na ang isang mas malinaw, malusog na pananaw sa Dios ay mabubuo sa pamamagitan ng maraming paraan:

1. **Sa pamamagitan ng pagbubulay-bulay sa paghahayag ng Dios sa kanyang sarili**, lalo na sa kanyang malikhaing pagkilos at sa Banal na Kasulatan. Ang pagsisikap na alisin ang laman ng ating isipan ng mga maling imahen ng Dios ay walang kabuluhan maliban kung patuloy nating pinupuno ang ating mga isipan ng katotohanan. Ito ang sariwang hangin ng katotohanan na nagtutulak palayo sa mga ulap.

2. **Sa pamamagitan ng pagsasaayos ng ating mga kaisipan tungkol kay Jesus,**dahil siya ang kabuuan ng pagpapahayag ng Dios ng kanyang sarili sa mga tao. Sanayin natin ang ating mga sarili na makita ang Dios sa pagkatao, sa katuruan, at nakapagliligtas na ginawa ni Jesus. Malalaman natin na ang pagtingin sa Dios sa mukha ni Jesus ay mahalaga sa isang mahusay na nabuong pagtingin sa Dios.

3. **Sa pamamagitan ng personal na karanasan sa Dios.** Malalaman natin na ang Dios ay madalas na nagpapakita ng higit pang kagandahan habang mas nakakasama natin siya sa ating paglakad. Sa buong kasaysayan ay pinili ng Dios na ipahayag ang katotohanan tungkol sa kanyang sarili sa konteksto ng relasyon.

Pagkatapos, matututunan nating bihagin araw-araw ang bawat pag-iisip at sumunod sa mgakatotohanang ipinapakita niya tungkol sa kanyang sarili.

## Ang Isang Malusog na Pananaw sa Dios ay Nagsisimula sa Paghahayag ng Dios ng kanyang Sarili

Maraming paraan kung paano ipinapakita ng Dios ang kanyang sarili sa mga tao. Inihahayag niya ang kanyang sarili araw-araw sa mga magaganda at kamangha-manghang bagay sa mundo na kanyang nilikha at itinataguyod. Ipinahahayag ng kalangitan ang kanyang

kaluwalhatian at ang gawa ng kanyang mga kamay.[189] Ang mga kamangha-manghang pagkakaiba-iba ng mga nilalang, ang mga kamangha-manghang bundok at dumadaloy na bukal, ang mga malalawak na karagatan at masasaganang kabundukan, ang mga kumplikadong disenyo at kamangha-manghang misteryo na nagpapakita ng kanyang karunungan,[190] kanyang kapangyarihan, at kanyang banal na katangian.[191] Ang sariling isipan ni Jesus ay tila naiintriga ng mundo na kanyang ginawa, at palagi niyang tinutukoy ito sa kanyang mga pagtuturo.[192] Ngunit sa leksiyong ito ay pagtutuunan natin ng pansin ang higit na perpektong paghahayag ng Dios.

**Ipinahahayag ng Dios ang kanyang Sarili sa pamamagitan ng Kanyang Mga Katangian na makikita sa Banal na Kasulatan**

Mahalaga para sa atin na pag-aralan ang mga paraan na pinili ng Dios upang ilarawan ang kanyang sarili. Tingnan ang mga sumusunod na talata bilang halimbawa:

> At siya ay dumaan sa harap ni Moises, na nagsasabi, "Ako ang PANGINOON, ang PANGINOON, ang mahabagin at mabait na Dios, hindi madaling magalit, sagana sa pag-ibig at katapatan."[193]

Ang talatang ito ay isa sa mga pinakanakakamanghang talata sa lahat ng Banal na Kasulatan na nakakapagbigay-sulyap sa maluwalhating katangian ng Dios. Sa talatang ito,si Moses, ay nakipag-usap sa Dios tulad ng isang kaibigan,[194]at hiniling niya na makita ang kaluwalhatian ng Dios!Ito ay isang matapang na kahilingan. Tumugon ang Dios ng,

> Ipapamalas kong dumaan sa harapan mo ang lahat ng aking kabutihan, at sasabihin ko sa iyo ang aking pangalan, ang PANGINOON …. At ito ang mangyayari, habang ang aking kaluwalhatian ay dumadaan,ilalagay kita sa kabila ng bato, at tatakpan kita ng aking kamay habang ako ay dumadaan.[195]

Bagamat si Moises ay binigyan lamang ng isang sulyap sa likuran ng Dios, at hindi ang kanyang buong kaluwalhatian – ang kanyang mukha – sa araw na iyon,[196]subalit ang paghahayag ng Dios ay napakabanal at napakaganda at kahanga-hanga na nagdulot kay Moises na "iyuko ang kanyang ulo sa lupa at magpuri." Sa halip na maging dahilan ito para tumakbo palayo si Moises, ang pagpapakita ng Dios ay naging dahilan upang makiusap sa Dios si Moises na samahan ang kanyang bayan, na "patawarin ang aming kasamaan at

---

[189] Awit 19:1
[190]Awit 104:24. Ang buong kabanatang ito ay isang magandang pagsasalarawan sa Dios bilang tagapaglikha at tagapagtaguyod ng kanyang mundo.
[191] Roma 1:20
[192] Mateo 6:26-29 bilang halimbawa
[193] Exodo 34:6
[194] Exodo 33:11
[195] Exodo 33:19; 22
[196] Exodo 33:23

kasalanan," at upang "kunin kami bilang iyong kayamanan."[197] Nais ni Moises na maging pag-aari ng Dios *na ito*!

► Habang pinagbubulayan mo nang may kasamang pananalangin ang sumusunod na mga katangian ng Dios na ipinahayag kay Moises sa Bundok ng Sinai,tanungin mo ang iyong sarili kung: Ang Dios ba na nakita ni Moises ay ang Dios na kilala ko sa aking isipan at puso?

(1) PANGINOON – *Yahweh*

Nalaman ni Moises na ang Dios ay ang "PANGINOON, angPANGINOONG Dios." Kapag ang PANGINOON ay nakasulat ng malalaking letra, ipinapahiwatig nito ang personal na pangalan para sa Dios ng Israel – *Yahweh. Si Yahweh* ay ang Dios na nagmamahal, kumakalinga, nagtatanggol, at dumidisiplina sa kanyang kayamanang minana.

(2) Mahabagin o Maawain

Ang unang katangian ni *Yahweh*na nakalista ay isa siyang "mahabaging" Dios, ito ay nangangahulugan na siya ay tunay na nagmamalasakit sa mga tao at hinahawakan sila ng maamong saloobin ng pag-aalala at awa.

(3) Puno ng kabaitan

Ikalawa, tinawag ni *Yahweh* ang kanyang sarili na "puno ng kabaitan," ito ay nangangahulugang ginagawa Niya para sa mga tao ang hindi karapat-dapat para dito at kadalasan ay lumalagpas pa ito sa kung ano ang maaaring asahan upang ipagkaloob ang tunay na napakabuting pabor sa mga tao.

(4) Hindi madaling magalit

Pangatlo, inilarawan ni *Yahweh*ang kanyang sarili na "hindi madaling magalit." Ito ay nangangahulugan na mayroon siyang pasensya sa hindi gaanong kasiya-siyang pag-uugali at pagkukulang ng mga tao, kabilang ang kanilang pagkabigo sa moralidad. Si *Yahweh* ay ang Dios ng pangalawang pagkakataon!

(5) Pag-ibig

Ika-apat, idineklara ni Yahweh ang kanyang sarili na "sagana" (sa literal na salin, "dakila") sa "pag-ibig." Ang salitang Hebreo na *hesed,* dito sa (NIV) ay isinalin na *pag-ibigo kabutihan sa*(NKJV),ay isang salitang ginamit nang 175 beses sa Biblia patungkol sa Dios. Ipinapahayag nito ang kanyang di-nararapat sa atin, hindi matitinag na kabaitan at kabutihan. Ito ay isang salita na nagpapahayag ng tungkol sa mahabagin, walang kamatayan,mapagmahal na debosyon ng isang miyembro ng isang relasyong may pakikipagtipan para sa katipan. Gaano man maging pabagu-bago at hindi maaasahan ang

[197] Exodo 34:9

mga tao sa kanilang relasyon sa Dios, ang Dios ay maaaring asahan sa bawat sitwasyon at sa lahat ng oras na magiging buong tapat sa kanyang mga pangako!

(6) Katotohanan

Ang kasunod, inilarawan niya ang kanyang sarili bilang "sagana sa katotohanan," na nangangahulugan na anuman ang kanyang sabihin ay tama, maaasahan, at maaaring pagkatiwalaan hanggang sa lawak ng mga usapin tungkol sa buhay at kamatayan, omaging ang mga usapin tungkol *sa walang hanggang*buhayat kamatayan.[198]

►Maglaan ng ilang oras upang pagnilayan ang mga katangiang ito ng Dios at tanungin ang iyong sarili kung ito ba ay katulad ng Dios na nasa iyong isipan. Ang Dios ba ay kamangha-mangha para sa iyokatulad ng ginawa niya kay Moises?

## Ang isang Malusog na Pananaw tungkol sa Dios ay Nakabatay sa Ating Pagtingin kay Jesus bilang Buong Paghahayag ng Dios sa Kanyang Sarili

### Si Jesus ay ang Kaluwalhatian ng Dios

► Basahin ang Juan 1:14-18 ng may atensyon.

Sa tekstong ito, sinasabi sa atin ni Juan na ang kaluwalhatian ng Dios na hindi nakita ni Moises, at hindi pinayagan na makita, ay nakita natin sa paghahayag kay Jesus:

> At ang Salita [na "kasama ng Dios" at ang siya rin "ang Dios"[199]] ay nagkatawang-tao at namuhay na kasama natin, at nakita natin ang kanyang kaluwalhatian….At sa kapuspusan ng kanyang kagandahang loob na tinanggap nating lahat….Kailanma'y wala pang nakakakita sa Dios, ngunit ang Bugtong na Anak, na nasa piling ng Ama, ang natatanging Dios na pinakamamahal ng Ama, ang nagpakilala sa Ama.[200]

Sa mga talatang ito, itinuturo sa atin ni Juan ang kamangha-manghang katotohanan na si Jesus ay ang buong paghahayag ng kaluwalhatian ng Dios, at si Jesus ay ang kaisang-isang "pinakamamahal ng Ama," o ang isa na kaisa at nakakakilala sa Ama nang may malapit na kaugnayan, ay bumaba sa ating mundo upang ipakilala siya sa atin; hindi lamang upang malaman natin ang tungkol sa kanya, kundi upang makilala natin siya nang mas malalim.

Ang pangalang *Ama* ay mas perpektong naihahayag sa mga Ebanghelyo. Inihayag ng Bagong Tipan na sa pamamagitan ng pananampalataya kay Kristo, ang Dios ay naging ating Ama–isang pangalan para sa Dios na ginamit lamang ng labing limang beses sa Lumang Tipan, ngunit 245 na beses sa Bagong Tipan! Bilang isang pangalan ng Dios, binigyang diin nito ang mapagmahal na pag-aalaga, pagkakaloob, pagdidisiplina, at paraan ng pagtukoy

---

[198] D. K. Stuart, *Exodus(Volume 2)*, (Nashville: Broadman & Holman Publishers, 2006), pp. 715–716
[199] Juan 1:1
[200] Juan 1:1, 14, 16, 18

sa Dios sa ating panalangin. Sa pamamagitan ni Jesus, dinadala tayo nito sa pakikipag-ugnayan sa Dios Ama![201]

Kay Jesus, ibinibigay ng Dios ang higit pa sa kanyang pangalan at mga katangian. Ibinigay niya ang kanyang sarili!Ibinigay niya sa atin ang nakikita ng ating mga mata, naririnig ng ating tainga, at mahahawakan ng ating mga kamay.[202]

**Ginawang Mas Malinaw ni Jesusna Makita ang Katangian ng Dios**

"Sapagkat ang Dios ang nag-utos na magkaroon ng liwanag sa gitna ng kadiliman, siya ring nagbigay liwanag sa ating puso/isip upang ibigay ang liwanag ng kaalaman sa *kaluwalhatian ng Dios na nahahayag sa mukha ni Kristo*."[203]

► Ano sa palagay mo ang kahulugan ng pahayag na ito, "ang kaluwalhatian ng Dios sa mukha ni Kristo Jesus"?

Ang kahulugan ng talatang ito ay nailawan ng Dios ang puso ng bawat tunay na mananampalataya na makita kay Jesus ang bawat katangian, bawat kadakilaan ng Dios. Sa pagkakatawang tao ni Jesus ay makikita ang kaluwalhatian ng Trinidad ng Dios.

Ang pagkaunawa na ang Dios ay ganap na nahayag kay Jesus ay magiging pinaka-mabisang impluwensya sa paghubog ng ating espirituwal na buhay kapag lubos natin itong naunawaaan. Bakit? Sapagkat sa mga oras ng pagkalito tungkol sa Dios at kanyang mga pamamaraan, matututunan nating bumaling sa buhay at katuruan ni Jesus para sa mga sagot.

Ang*ganap*na kapahayagan ng Dios ay wala sa kanyang nilikha, kanyang mga pangalan, o kanyang mga katangian. Ang mga ito ay magaganda at totoong mga paghahayag. *Ngunit ang ganap na kapahayagan ng Dios ay nasa katauhan ng Panginoong Hesu-Kristo.* Ang mga tunay na nakaunawa at tumanggap ng kamangha-manghang katotohanang ito ay mailalagay sa isang landas ng kalayaan, kagalingan, at pagiging buo.

Ang lahat-lahat sa Dios ay, iyon din si Jesus. Ang bawat katangian ng Dios ay katangian din ni Jesus. Ang bawat pangalan ng Dios ay pangalan ni Jesus. Kung sino si Jesus, gayun din ang Dios. Samakatuwid, ang anumang konsepto ng Dios sa ating kaisipan na hindi naaayon sa pagkatao, ginawang pagtubos, at katuruan ng ating Panginoong Hesu-Kristo, na itinuturo ng Salita ng Dios, ay isang huwad na Dios.

Ang Dios ng Lumang Tipan at ang Dios ng Bagong Tipan ay pareho.Ngunit tanging sa pagkakatawang tao, tanging sa ebanghelyo maaaring malinaw na maunawaan ang Dios.

---

[201] Mateo 7:11; Santiago 1:7; Hebreo 12:5-11; Juan 15:6; 16:23; Roma 8:14-17; Galacia 4:4-7; Efeso 2:18; 3:15; 1 Tesalonica 3:11

[202] 1 Juan 1:1

[203] 2 Corinto 4:6, bigyang diin.

Inihayag ni Jesus na ang Dios ay ang banal na pagmamahal–na siya ay mabuti, matiisin, mapagkakatiwalaan, mapagbigay, tapat, banal, makatarungan, at marami pang iba.

► Maglaan ng ilang sandali upang pag-isipan ang mga impluwensyang nakakabuo sa iyong buhay.Paano sa palagay mo hinubog ng iyong pamilya, iglesia, at kultura ang iyong pagkaunawa sa Dios? Sa iyong Sarili?May mga bagay ba na itinuturo tungkol sa Dios ang aking pamilya o iglesia na hindi naaayon sa buhay at katuruan ni Jesus?

### Si Jesus ay ang Tagapagbigay kahulugan ng Dios

Kapag naglalakbay ako sa ibang bansa ay madalas na kailangan ko ng isang tagapagbigay kahulugan. Bakit? Hindi dahil sa walang katuturan ang ibang mga wika, kundi dahil wala silang kahulugan para *sa akin!* Hindi pa natututunan ng aking utak kung paano bigyang kahulugan ang iba't-ibang mga tunog at ekspresyon, kaya kailangan ko ng isang tao na nakakaintindi sa kanila upang bigyang kahulugan ang mga ito para sa akin. Nalaman ko na ang pinakamahusay na mga tagapagbigay-kahulugan ay ang mga tao na hindi lamang nauunawaan ang *aking* wika at kultura, kundi ang mga tao na *katutubo* sa wika at kulturang nais kong maunawaan. Ang mga katutubong tagapagsalita ay maaaring maunawaan at mabigyang kahulugan ang kanilang kultura sa mga paraang hindi mauunawaan ng mga tagalabas. Sa parehong paraan, ang mga propeta ng Dios, mga pari, at makata ay binigyan ng inspirasyon ng Dios na ipaliwanag ang kanyang mga katangian, pamamaraan, at kalooban. Ginawa nila ang pinakamahusay nilang magagawa. Ngunit ang Dios lamang ang ganap na makapaghahayag at makapagpapaliwanag ng tungkol sa Dios; iyan ang dahilan kung bakit si Jesus ay dumating, bilangang Dios na nagkatawang tao, katutubong taga-langit. Sa kanya, at sa pamamagitan niya, sa wakas ay maririnig, makikita, mahahawakan sa katawan ang Dios. Sa pamamagitan lamang niya, ang taong makasalanan ay maaaring makipagkasundo sa Dios.

### Isang Personal na Paglalakbay

"Ang proseso ng paghubog ng espirituwal na buhay na maging katulad ni Kristo ay isa sa mga patuloy na pagpapalit...ang mga mapanirang imahen at ideya ay papalitan ng mga imahen at ideya na pumupuno sa pag-iisip ni Jesus mismo."[204]

Mapalad ako na nagkaroon ng isang kamangha-mangha, maka-Dios na paglaki. Ang aking pagkabata ay napuno ng talagang mabuti, maka-Dios na binanal,kabilang ang aking mga magulang, na mahal ako, na nagturo sa akin ng Salita ng Dios, at siyang nagbigay ng magandang halimbawa na dapat kong sundan. Sa kasamaang palad, ang ilang mga mangangaral at guro na narinig ko noong ako ay bata pa ay nagtuturo ng mga baluktot na ebanghelyo. Ang kanilang mga mensahe ay nagdulot ng pagkalito, kawalan ng tiwala sa

---

[204] Dallas Willard, as quoted in James Bryan Smith, *The Good and Beautiful God* (Downers Grove: InterVarsity Press, 2009), 75

mga tagapagturo ng Biblia, at isang antas ng kawalan ng kapanatagan sa espirituwal na kalagayan (pati na rin ang pakikibaka ng ilan sa mga maling kasalanan at kahihiyan).

Naaalala ko ang mga panahon ng aking pagsisimulang paglakad kasama ng Dios at sinabi ko na,"Ama, hindi ko maintindihan ang lahat ng mga tinig at kuro-kuro na ito! Ang aking kinabilangang iglesia ay nagtuturo ng isang bagay, at ang ibang iglesia ay nagsasabi ng isa pang bagay. Ang isang tagapagturo ng Biblia ay nagsasabi ng isang bagay, at tila sinasalungat naman ito ng isa pang tagapagturo ng Biblia. O Dios, Sino ang tama sa kanila? Gusto kong malaman ang totoo!"

Sa panahong ito ng paghahanap ng mga kasagutan, unti-unti kong naunawaan na isa sa mga pangunahing kadahilanan na ipinadala ng Dios ang kanyang Anak sa mundo ay upang liwanagin ang aking pagkalito tungkol sa Dios. Mula pagkabata ay itinuro sa akin na si Jesus ay Dios, ngunit hindi ko lubos na nauunawaan na si Jesus ay dumating upang ganap na *maihayag* kung ano ang Dios. Nagsimulang buhayin ng Banal na Espiritu ang ilang mga talata sa aking puso, mga talata tulad ng mga sumusunod:

- "*Ang nakakita sa akin ay nakakita sa Ama*; kaya paano mo masasabi , 'Ipakita mo sa amin ang Ama'?"[205]
- "*Siya ang larawan ng hindi nakikitang Dios,* ang panganay sa lahat ng nilikha."[206]
- "Sapagkat ikinalugod ng Ama *na sa kaniyang Anak manatili ang buo niyang kalikasan*."[207]

**Sa wakas ay mas nauunawaan ko na si Jesus ay tunay na Dios na nagkatawang tao, ang buo at pangwakas na paghahayag ng Dios, at mapagkakatiwalaan ko siya na tutulungan niya akong maunawaan ang tungkol sa Dios at kanyang mga mga pamamaraan**. Nagsimulang maunawaan ko na unti-unting inihahayag ng Dios ang kanyang sarili sa loob ng buong kasaysayan ng Biblia,ngunit si Jesus ang siyang buo at perpektong paghahayag ng Dios sa kanyang pagkakatawang tao.[208]

Naunawaan ko na sa buong kasaysayan ng Lumang Tipan ay itinuro ng Dios sa sangkatauhan ang tungkol sa kanyang sarili, at higit sa lahat ay ang tungkol sa kanyang pag-ibig na nakapagliligtas. Nagsalita siya sa kanyang paglikha ng mundo; nooong siya ay nasa Hardin ng Eden; sa kanyang paglalakad sa hardin kapag gabi kasama sina Adan at Eba; sa kanyang pangako ng isang Tagapagligtas, kahit na matapos ang kanilang pagkahulog sa kasalanan; sa pagtahi ng Dios ng mga balat ng hayop upang maging pantakip nila; sa pamamagitan ng arko ni Noe na may isa lamang na pinto; sa pamamagitan ng kanyang pakikipagtipan kay Abraham at sa kanyang mga salinlahi; sa pamamagitan ng

[205] Juan 14:9.
[206] Colosas 1:15.
[207] Colosas 1:19.
[208] Hebreo 1:1-3

pagliligtas ng kanyang piniling bayan mula sa pagkakaalipin sa pagtawid sa Dagat na Pula; sa pamamagitan ng kanyang kahanga-hangang presensiya sa Bundok Sinai; sa pamamagitan ng kanyang banal na kautusan; sa pamamagitan ng kanyang magandang tabernakulo kasama ang lahat ng mga simbolo ng pagliligtas, mga piniling pari, ang paghahandog ng dugo, at kaluwalhatian; sa pamamagitan ng kanyang mga hatol sa paghihimagsik; sa pamamagitan ng kanyang mahimalang pagbibigay ng manna mula sa langit at tubig mula sa batong pinalo; sa pamamagitan ng kanyang mga tagumpay laban sa mga masasamang bansa; sa pamamagitan ng kanyang Lupang Pangako; at sa pamamagitan ng kanya mga mensahae ng paghatol at pag-asa sa pamamagitan ng kanyang mga propeta at mga makata ng Israel. Sa tuwing nagsasalita ang Dios, itinuturo niya sa taong makasalanan ang isang walang kasalanang Tagapagligtas na tutubossataong nagkasala at ibabalik siya sa pakikisama sa Dios. Kaya, ang tanging paraan upang tunay na maunawaan ang anuman sa Biblia ay ang makilala si Jesus. Si Jesus ang nag-iisang ang lahat ng bagay at lahat ng tao ay itinuturo. Si Jesus ang tanging nag-iisang itinuturo ng lahat ng bagay at lahat ng tao. Siya ang simula at wakas ng lahat ng bagay.

Simula nang ang Panginoong Jesus ang aking naging pokus bilang isang binata, unti-unti nang nawala ang mga ulap ng pagkalito sa aking isipan. Sa tulong ng Banal na Espiritu, sinimulan kong subukin kung tunay ang mga katuruang naririnig ko, gayun din ang aking sariling pagkaunawa sa Dios, sa pamamagitan ng tanong na: **Ang katuruan at paniniwala ba na ito ay naaayon sa katotohanan tungkol sa Dios na ipinahahayag ni Jesus?**[209]

Itinatanong ko rin sa sarili ko: **Ano ang kahulugan para sa mga alagad ng pagsunod kay Jesus noong dalawang libong taon na ang nakararaan? Ano ang kahulugan ng pagsunod ngayon kay Jesus?**Unti-unti, ang nakalilito, na magkakasalungat na tinig ng mga kalalakihan ay nagsimulang maglaho; at nagsimulang marinig ko ang tinig ng Pastol. Sa biyaya ng Dios at payo ng mga maka-Dios na tagapagturo, nagsimulang matuklasan ko ang kagandahan at pagiging simple ng pagsunod kay Kristo Jesus.

### Naihayag ang Dios sa mga Kwento ni Jesus

Mayroon mga pagsasalarawan tungkol kay Jesus sa Ebanghelyo na tumutulong sa atin na mabuo ang ating pagkaunawa sa kung ano ang Dios. Sa isang paglalarawan, nakita natin siya na nakaupo sa isang mesa kasama ang mga makasalanan. Sa isa pang paglalarawan, nakita natin ang masasayang mga bata na umaakyat sa kanyang kandungan nang walang bahid ng takot.Sa isang paglalarawan, nakita natin siya na nakatalungko sa mabuhanging dalampasigan ng dagat ng Galilea at nagluluto ng isda para sa kanyang mga disipulong pagod na pagod.Gustong-gusto ko rin ang mga paglalarawan sa Biblia tungkol kay Jesus habang naglalakad kasabay ng dalawang disipulo at tinuturuan sila habang nasa daan patungong Emmaus. Pagkatapos, maraming mga pagsasalarawan tungkol kay Jesus sa panahon ng *Passion Week*: ang paghuhugas ng mga paa ng kanyang mga alagad, paghahati

---

[209] Isang ekspresyong hiniram mula kay James Bryan Smith, *The Good and Beautiful God* (Downers Grove: InterVarsity Press, 2009)

ng tinapay at pagbubuhos ng alak, pagpapatirapa sa hardin, tahimik na nakatayo sa harap ng mga nag-aakusa sa kanya, at pagpapapako sa krus. Ang bawat isa na paglalarawang ito ay nagsasabi nang mga bagay tungkol sa kung sino ang Diossa kanyang mapagmahal na pagtubos sa atin.

Ang pinakamahalagang leksiyon na malalaman natin tungkol sa Dios ay matututunan natin nang pinaka *malinaw* mula sa mga pagkukwento ni Jesus – mula sa kanyang mga pagtuturo.

- Inihahayag ni Jesus na minamahal ng Dios ang mga makasalanan.
- Inihahayag ni Jesus na ang Dios ay mapagbigay.
- Inihayag ni Jesus na ang Dios ay hindi mabagsik, hindi nagkukulang ng pasensya, hindi nagkulang ng kabaitan, o nagalit sa mga alagad kung sila ay nabigo.
- Inihayag ni Jesus na ang isang tunay na disipulo ay ang pumapasan ng kanyang krus *araw-araw* at sumusunod kay Jesus.
- Inihayag ni Jesus na ang pagmamahal ng Dios para sa kanyang mga anak ay walang hinihinging kundisyon.
- Inihayag ni Jesus na ang kaligtasan kailanman ay hindi makakamit sa pamamagitan ng sariling kakayanan ngunit ito ay palaging tinatanggap bilang isang biyaya sa pamamagitan ng pananampalataya sa kanya.
- Inihayag ni Jesus na marami sa mga hindi kilala sa buhay na ito ay magiging tanyag sa buhay na walang hanggan.
- Inihayag ni Jesus na ang pinakamataas sa kaharian ng Dios ay ang naglilingkod.
- Inihayag ni Jesus na ang biyaya ay taliwas sa pagkakamit nito ngunit hindi sa pagsisikap.
- Inihayag ni Jesus na hindi natin kailanman mapapahanga ang Dios sa ating mga mabubuting gawa ngunit sa pagmamagitan lamang ng ating pag-asa sa kanya.
- Inihayag ni Jesus na ang Dios ay hindi nagtatala kung gaano karaming beses na tayo ay pinatawad niya, at palagi niyang patatawarin ang nagsisising kaluluwa nang isang beses pa.
- Inihayag ni Jesus na itinutuwid at itinatama ng Dios,ngunit hindi kailanman parurusahan, ang mga nagmamahal sa kanya.
- Inihahayag ni Jesus na ang Dios ay hindi kailanman nagulat sa ating mga pagkabigo.
- Inihayag ni Jesus na ang Dios ay nagpapahalaga sa ating pag-ibig sa kanya at sa mga tao na higit pa sa ating mga sakripisyo.

- Inihayag ni Jesus na pinahihintulutan ng Dios na magdusa ang kanyang mga anak at kahit na mamatay, lalo na kung nagsisilbi ito para sa kanyang plano ng kaligtasan.
- Inihahayag ni Jesus na labis na kinamumuhian ng Dios ang kasalanan kaya't ipinadala niya ang kanyang nag-iisang Anak upang mamatay bilang taga-ako ng ating mga kasalanan.
- Inihahayag ni Jesusna ang kamatayan ay walang kapangyarihan sa Dios!

Ito ay ilan lamang sa mga leksiyon na ginawang malinaw ni Jesus habang mas nakikilala natin siya.

►Isipin ang mga masasakit na kwento sa simula ng kabanatang ito at talakayin kung paano makakatulong ang natutunan natin sa kabanatang ito para sa mga nakikipagbaka sa mga maling konsepto sa Dios.

## Ang isang Malusog na Pananaw sa Dios ay Nakabatay din sa ating Karanasan tungkol sa Dios

Bagaman ang ating mga karanasan ay dapat palaging sinusukat ayon sa Banal na Kasulatan, gayunman nais ng Dios na ihayag ang kanyang sarili sa konteksto ng pang-araw-araw na buhay.

Sa Biblia, nalaman nina Abraham and Sarah ang tungkol sa katapatan ng Dios habang sila ay naglalakad kasama ng Dios sa kanilang pananampalataya at pakikibaka sa mga hidwaan, gutom, at takot. Nalaman ni Jacob ang tungkol sa paglilinis na dulot ng biyaya ng Dios habang nakaharap siya sa mga kahihinatnan ng kanyang sariling mapanlinlang na kalikasan (ang mga kinahinatnan ay ang hukbo ng 400 kalalakihan ng kanyang kapatid) at pakikipagbuno sa Dios para sa isang pagpapala. Nalaman ni Jose ang tungkol sa lalim ng mapagmahal na pagpapatawad ng Dios bilang isang sapilitang alipin sa Ehipto. Nalaman ng batang David ang tungkol sa kapangyarihan ng Dios sa kabila ng kanyang kahinaan habang tumatakbo siya patungo kay Goliath na may dala lamang na tirator at limang bato. Nalaman ni Hanah na ang Dios ay tumutugon sa mapagpakumbaba, at masidhing pananalangin. Natutunan ni Jesusang pagsunod sa pamamagitan ng mga hirap na tinanggap niya. Nalaman ng mga disipulo ang poot ng Dios sa kasalanan habang pinanonood nila ang pagpaparusa kay Jesus; nalaman nila ang kanyang kamangha-manghang biyaya at banal na kapangyarihan habang tinutupad nila ang Dakilang Komisyon.

Tulad ng mga ito, matututunan natin ang tungkol sa Dios habang araw-araw tayong lumalakad kasama niya.Maraming mga kagandahan tungkol sa Dios ang hindi natin makikita hanggang hindi nabubuksan ang mata ng ating puso sa pamamagitan ng mga paghihirap, sa pamamagitan ng ilang mapanghamong bahagi sa ating paglalakbay kasama niya. Maraming masakit na katotohanan tungkol sa ating sarili ang hindi natin makikita hanggang sa makaharap natin ang problema. Kaya huwag kang magmadali. Huwag mawalan ng pag-asa. Ang bawat hakbang sa paglalakad kasama si Jesus ay isang

paglalakbay na inilaan upang mabuo sa atin ang pagiging kawagis niya.[210] Kung mayroon tayong mga mata na nakakakita at mga tainga na nakakarinig, kung gayon ang bawat pagsubok, bawat hindi pagkakaunawaaan, at bawat karanasan ay magiging ating guro.

Hindi tayo mabubuo sa kabutihan ng pag-ibig sa pamamagitan lamang ng pagbabasa tungkol dito o sa pakikinig ng isang sermon tungkol dito o sa pagdalo ng isang love conference. Ang kaalamang nakukuha sa pamamagitan ng pagbabasa, pinagpalang pangangaral, at kumperensya ay mahalaga; ngunit ang karanasan ay ang pinakamahusay na guro.

Alam ko na ang Dios ay may makapangyarihan dahil sa isang panahon na dumanas ng krisis ang aking pamilya ay lubos namin itong nakita. Habang nasa isang maikling pagbisita kami sa USA mula sa Pilipinas, ang aming limang-linggong gulang na anak, na si Jesse, ay na-diagnosed na may cancer. Hindi kami dapat nasa USA sa mga panahong iyon, ngunit hinilingan ako na magpatotoo sa isang paglilitis sa isang kriminal sa isang di inaasahang krimen sa kalye na nasaksihan ko isang taon na ang nakalilipas. Kung hindi kami nakabalik sa USA, wala kaming tulong medikal na kailangan ni Jesse. Sa sasakyan papunta sa bahay ng mga magulang ng aking asawa, ang aming mga puso ay nag-umapaw ng papuri at isang malalim na kamalayan sa soberanya ng Dios. Ang detalyadong paraan kung saan iniayos ng Dios ang aming mga hakbang, itinakda ang oras ng pagsilang ni Jesse, paglipat sa US Embassy sa Manila, at paghahanda sa amin para sa sandaling iyon ay nagbigay kaaliwan na hindi mailarawan.

Alam kong hawak ng Dios ang lahat ng kapangyarihan, sapagkat naranasan namin ito. Isang gabi habang naglilingkod kami sa Panginoon sa ibang bansa,kami ng aking asawa ay parehong ginising sa gitna ng gabi ng isang nakakakilabot na presensya ng kasamaan sa aming silid! Noon lamang iyon nangyari, ang aming walong taong gulang na anak,na si Timothy, ay pumasok sa aming silid na hawak ang kanyang lalamunan at ibinubulong na maynararamdaman siyang sumasakal sa kanya. Kami ay nabigla! Inabot ko ang aking Biblia dahil sa desperasyon, binuksan ito sa Awit 91, at nagsimulang basahin, "Siya na tumira sa lihim na lugar ng Kataas-taasan ay mananatili sa ilalim ng lilim ng Makapangyarihan (ElShaddai)…."Nang oras na matapos ko ang kabanata, tuluyan nang naalis ng kapangyarihan ng Dios ang kadiliman, at si Timothy ay nakatulog sa sahig.

*Dapat* nating maranasan ang Dios! Para sa ating kapakanan, at alang-alang sa ating mga anak at apo, dapat nating malaman kung sino ang Dios sa pamamagitan ng personal na karanasan.

►Hilingin sa mga mag-aaral na magbahagi ng mga paraan kung saan naranasan nila ang Dios. Siguraduhing sukatin ang bawat karanasan sa pamamagitan ng malinaw na paghahayag ng Banal na Kasulatan.

---

[210] Roma 5:3

## Leksiyon4 Mga Takdang Aralin

(1) Kumuha ng pagsusulit batay sa materyal mula sa leksiyong ito.

(2) Maglaan ng hindi bababa sa tatlumpung minuto sa linggong ito upang magbalik-aral sa leksiyong ito, kabilang ang mga sanggunian sa Banal na Kasulatan, at hilingin sa Banal na Espiritu na bigyan ka ng pang-unawa.

(3) Itala sa iyong journal ang anumang mga tiyak na pagbabago na dapat gawin sa iyong buhay, habang ipinapahayag iyon sa iyo ng Panginoon.

(4) Pagnilayan ang hindi bababa sa isang Awit sa iyong pang-araw-araw na oras ng pag-aaral ng Biblia, at itala sa iyong journal kung ano ang sinabi ng salmista tungkol sa kalikasan at katangian ng Dios.

(5) Itala sa iyong journal ang isang personal na panalangin para sa Espirituwal na pagbabago at paglago batay sa leksiyong ito.

(6) Ugaliin ang paggamit ng *Gabay sa Pang-araw-araw na gabay sa Pananalangin* ni Dr. Brown sa iyong pang-araw-araw na pribadong pananalangin.

## Leksiyon 4 Pagsusulit

(1) Ano ang tatlong susi sa Paghubog ng isang malusog na pananaw sa Dios na ipinakita sa Leksiyon 4?

(2) Maikling bigyang-kahulugan ang mga katangian ng Dios na pinangalanan sa Exodo 34:4-11.

(3) Magbigay ng mga sanggunian sa Banal na Kasulatan na nagpapakita na si Jesus ay ang buong kapahayagan ng Dios.

# Leksiyon 5
# Paghubog ng Espirituwal na Buhay sa Pamamagitan ng Kamalayan sa "Sarili"
(Unang Bahagi)

## Leksyon 4 Balik-aral

Paalala sa tagapanguna sa klase: Magbalik-aral sa mga pangunahing punto ng Leksiyon 4. Tanungin ang mga mag-aaral na nais na ibahagi ang kanilang nakasulat na mga panalangin mula sa Leksiyon 4. Magbalik-aral din sa tatlong aspeto ng paglalakbay sa Paghubog ng Espirituwal na buhay na tinalakay sa Leksiyon 2.

## Mga Layunin ng Leksiyon

Sa pagtatapos ng leksiyong ito, ang mag-aaral ay dapat na:

(1) Nauunawaan ang mahahalagang Espirituwal na katotohanan na makakatulong sa atin na makilala ang ating sarili.

(2) Maunawaan ang mga katangian ng pagmamataas.

(3) Magawang bigyang-kahulugan kung ano ang pagiging wasak at mga katangian ng isang taong wasak.

(4) Ilapat ang mga katotohanan sa leksiyong ito sa kanyang buhay.

## Mga Larawan sa Buhay

### Isang Batang Pastor

Minsan tinanong ko ang isang batang pastor ng isang lumalagong iglesia, "Ano ang pinakamalaking hamon sa iyong ministeryo?" "Ang Sarili ko!" ang sagot niya ng walang pag-aalinlangan. Pinahalagahan ko ang kanyang katapatan.

### Isang Taong Naghahanda Para sa Ministeryo

Ang isang kabataang Kristiyano ay nag-aaral para sa ministeryo ng pagpapastor ngunit madalas na nakikipagtalo sa kanyang mga kapwa kamag-aral at maging sa kanyang mga propesor. Nagtataka siya kung bakit. Nagtataka siya kung bakit hindi niya makita ang panloob na kapayapaan na hinahangad niya. Di nagtagal ay nagsimulang makita niya ang kapalaluan ng kanyang puso – lalo na ang kanyang katigasan ng ulo at pagmamataas. Sa wakas ay naharap na niya ang katotohanan tungkol sa kanyang sarili. Ninais niyang magkaroon ng kalayaan sa pagiging makasarili at lahat ng kaguluhan sa kalooban na dinadala niya sa kanyang kaluluwa at hiniling sa Dios na linisin ang kanyang puso.

**Isang Asawang Babae at Ina**

May isang Kristiyanong asawang babae at ina ang nakita ang kanyang sarili na tumatakas sa pagtawag ng Dios upang talikuran ang kanyang trabaho alang-alang sa kanyang pamilya. Pagkatapos, natagpuan niya ang lihim ng kagalakan sa pagpapasakop ng kanyang mga plano sa mas mayaman, mas buong plano ng Dios! Ang malalim na kagalakang nararanasan niya ngayon sa pag-aalaga ng kanyang mga anak at asawa ay hindi maisalarawan.

**Isang Mag-asawa**

Natagpuan ng isang mag-asawang Kristiyano ang kanilang mga sarili sa halos tuloy-tuloy na sumbatan sa isa't-isa. Ang kanilang pagmamahal sa isa't-isa ay nawawala na, at ang kanilang pagsasama ay nasa isang krisis. Sa pamamagitan ng paghahanap sa Banal na Kasulatan at maka-Dios na tagapayo, nagsimulang makita nila ang pangit na likas na katangian ng kanilang makasariling puso na tumataliwas sa magandang katangian ng pagmamahal ng Dios. Sa kanilang pagsisisi, muling pinag-alab ng Dios ang kanilang pag-ibig!

Ang mga larawan ng buhay na ito ay nagpapaalala sa atin na ang mga mapagpakumbabang mananampalataya ay tumatanggap ng biyayang nakakapagpabago. Nabubuhay tayo sa isang panahon sa kasaysayan kung kailan ang katawan ni Kristo ay nangangailangan ng isang muling pagkabuhay ng katuwiran. Sa Estados Unidos, napakaraming tinaguriang Kristiyano ang nag-iisip at namumuhay tulad ng mga makamundong tao. Maraming kabataan ang nakikipaglaban sa lihim, at talunang laban sa "mga pagnanasa ng laman at mga pagnanasa ng mga mata at pagmamataas sa buhay" – kabilang dito ang mga sekswal na imoralidad, materyalismo, at pagsunod sa hilig ng sanlibutan.[211] Natuklasan namin sa Africa at Asya ang maraming nagsasabing sila ay mga Kristiyano na pinaghahalo ang Biblikal na Kristiyanismo sa pagsamba sa mga ninuno at animistikong pamahiin.[212] Ang mga iglesya at pamilya sa buong mundo ay madalas na nawawasak ng hidwaan. Maraming pagsisi ang maaaring ilagay sa paanan ng mga pastor at misyonero na nagtuturo at namumuhay ng isang uri ng kabanalan ngunit tinatanggihan ang nakalilinis, at nakakapagpabagong kapangyarihan nito.[213]

Maaari ba tayong maging banal, tulad ng pagkakatawag sa atin ng Dios?[214] Maaari ba tayong mabago? Maaari ba nating mahalin ang PANGINOON ng *buong* puso, kaluluwa, lakas, at pag-iisip, at mahalin ang ating kapwa gaya ng pagmamahal natin sa ating sarili?[215]

---

[211] 1 Juan 2:16
[212] Sa isang bansang aking binisita, nahilingan ako na patungan ng kamay ang isang buwig n saging at ipanalangin ang mga ito upang ang mga baog na kababaihan sa iglesya ay makain ito at "ang kanilang sinapupunan ay maging mabunga." Ipinanalangin ko ang mga babae at hindi ang mga saging! Sa maraming bansa ang sensual na pagsamba ay pumalit na sa magalang, ang pangangaral ng Salita, at pananalangin.
[213] 2 Timoteo 3:5
[214] 1 Pedro 1:15-16
[215] Lucas 10:27

Kaya ba nating ipamuhay ang buhay ni Jesus? Magagawa natin *kung* handa tayong harapin ang ating sarili.

## Ang Malaking Ideya

Ang kamalayan sa sarili – ang kaalaman sa aking sarili – ay ganap na kritikal sa Paghubog ng espirituwal na buhay tungo sa pagiging katulad ni Kristo. Ang tunay na makilala ang sarili ay ang malaman na ang hindi pa napapabanal na "sarili" ay ang pinakamalaking kaaway ng isang tao.

## Ang Kahalagahan ng Pagkilala sa ating Sarili

Gaano mo kakilala ang iyong sarili? Isinulat ni Dennis Kinlaw na:

> "Ang buhay na hindi nasasaliksik ay hindi karapat-dapat na ipamuhay."
> – Plato, "The Apology of Socrates"

> Ang bawat tao ay nahaharap sa dalawang katanungan na tumutukoy sa kapupuntahan ng kanyang buhay. Ang unang katanungan ay tumutukoy sa likas na katangian ng Dios. Sino siya at ano kaya ang kamukha niya? Ang pangalawang pinakamahalagang katanungan na kinahaharap ng isang tao ay ang tanong na kung sino tayo at kung ano kaya ang kamukha natin. Kung naiintindihan natin ang kalikasan ng Dios, at kung naiintindihan natin ang kalikasan ng ating mga sarili, mayroong isang magandang pagkakataon na mabuhay tayo ng may katuturan at mabisang buhay sa mga tuntunin ng paglilingkod.[216]

Ang pagkilala sa ating sarili ay nagsisimula sa isang kahandaang makita ang ating mga sarili sa kung ano na tayo. Ngunit, ang pagkakilala sa ating sarili katulad ng pagkakilala sa atin ng Dios ay imposible kung wala ang Banal na Espiritu. Itinuturo ng Banal na Kasulatan na, "Ang puso ay mapanlinlang sa lahat ng bagay, at labis na masama; sino ang makakaunawa nito?"[217] Binalaan din tayo ng Kawikaan na, "Ang nagtitiwala sa kanyang sariling puso ay isang hangal."[218]

► Simulan natin sa pananalangin na sa pamamagitan ng leksiyong ito ay bigyan tayo ng Panginoon ng higit pang pang-unawa sa ating sarili. Gabayan nawa tayo ng Awit 139:23-24 sa panalanging ito.

Sa leksiyong ito at sa susunod na leksiyon, titingnan natin ang walong mahahalagang katotohanan na makakatulong sa ating mas makilala ang ating mga sarili.

---

[216]Dennis Kinlaw, *Malchus' Ear* (Wilmore: Francis Asbury Press, 2017), 56
[217] Jeremias 17:9
[218]Kawikaan 28:26

## Mahalagang Katotohanan #1:

### Ang Muling Kapanganakan ay Nagdudulot ng Kamalayan sa Pagmamataas

Sa pamamagitan ng muling kapanganakan sa espirituwal, tayo ay nahugasan; at ang Banal na Espiritu ay dumating upang manirahan sa kalooban natin.[219] Tayo ay mga bagong nilikha kay Kristo Jesus–ang lumang pagkatao ay nawala na at ang bago ay dumating.[220] Ang ating mga hangarin ay nagbago. Ang ating pananaw tungkol sa kasalanan ay malaki ang ipinagbago. Sa isang iglap, tayo ay inilipat sa liwanag mula sa kadiliman;inilarawan tayo ngayon ng Biblia bilang "mga pinabanal."[221] Mayroon tayong matuwid na katayuan sa harap ng Dios. Bagaman maaari pa rin tayong "sumablay sa mga marka" sa espiritual na buhay at makipaglaban sa mga nakasanayang kasalanan,[222] ngunit nakakaranas din tayo ng tagumpay sa nakagawiang kasalanan.[223] Kung nagkakasala tayo, nararamdaman natin ang kalungkutan at paniniwala na hindi natin naranasan bago ang pagbabalik-loob.[224] Ang tunay na pagbabago ay naganap, at napansin ng mga tao sa paligid natin ang pagbabago.

Mag-ingat sa taong nagpapatotoo na sila ay naligtas, ngunit patuloy na nagsasagawa ng mga sinasadyang kasalanan.

► Basahin ang Mateo 7:21-23. Ano ang sinasabi ni Jesus tungkol sa taong tumatawag kay Jesus na "Panginoon, Panginoon ko" ngunit hindi naman sumusunod, o nagsasagawa ng kalooban ng kanyang Ama? Ano ang sasabihin niya sa kanila sa araw ng paghuhukom?

Kahit na ang ating mga puso ay ginawang bago, ang dating katangian ay nakikipaglaban ngayon sa bago. Maraming beses, ang panloob na laban na ito ay nakakagulat sa mga bagong mananampalataya. Iniisip nila na ang pakiramdam ng kagalakan at kapayapaan ay mananatiling nasa kanilang mga puso. Sila ay pinanghihinaan ng loob na malaman na ang kanilang lumang pag-uugali at pagnanasa ay nakikipaglaban sa bago.

Ano ang lumang kalikasan? Paano natin ito bibigyan ng kahulugan? Ang isang salita na pinakamalapit sa anumang pagtukoy sa kalikasan ng kasalanan ay ang *pagmamataas*. "Ang pagmamataas ay ang pinakamalaking kasalanan sapagkat ito ang buhay na puso ng lahat ng kasalanan."[225]

---

[219] Tito 3:5-6; Roma 8:1-2, 9-11
[220] 2 Corinto 5:17
[221] 1 Corinto 1:2; 2 Corinto 1:1; Efeso 1:1
[222] Hebreo 12:1
[223] Roma 6:1
[224] Juan 16:8
[225] Peter Kreeft, "It Takes Humility to Know How Proud We Are," *High Calling,* January-February 2017, 4. Retrieved from http://www.francisasburysociety.com/wp-content/uploads/JanFeb2017-High-Callinglr.pdf September 12, 2020.

**Mahalagang katotohanan #2:**

**Ang Pagmamataas – isang Hindi Masirang Kagustuhan – Ay ang Pinakamalaking Kaaway ng Pagbubuo ng Espiritual na Buhay**

Walang makakahadlang sa ating hangarin ng kabanalan maliban sa pagmamataas – ang pagmamahal sa ating sarili. Ang pagmamataas ay isang katunayan ng orihinal na kasalanan – isang pagbabago sa *sariling* pamamaraan,[226] "isang kagustuhan- na tumatanggi sa pagkontrol [ng Dios]."[227]

Ang pagmamataas ay ang kasalanan na naging sanhi upang paalisin si Lucifer mula sa langit[228] at ang unang lalaki at babae na pinaalis mula sa hardin ng Eden.[229] Tumutugon ito sa apela na, "Ikaw ay magiging katulad ng Dios." Sa pamamagitan ng pakikibahagi sa pagkain ng ipinagbabawal na prutas, ipinilit ni Adan at Eba ang kanilang kagustuhan kaysa magpasakop sa kagustuhan ng Dios, pagbibigay kaligayahan sa kanilang sarili, at sinubukan na takpan ang kanilang sariling kahubaran.

Ang pagmamataas ay ang kasalanan ng Babel na humantong sa pagkakaiba-iba ng wika at pagkalat ng mga bansa. "Halika, magtayo tayo ng isang lungsod para sa ating sarili at… gawin nating tanyag ang ating pangalan," sabi nila.[230] Ang pagmamataas ay nahahayag sa pansariling interes, ang siyang sanhi ng salungatan sa mga kongregasyon sa Bagong Tipan, at maging sa mga pinuno ng iglesia na naghahangad ng kanilang sariling pagnanais sa halip na ang nais ni Kristo.[231] Ang pagmamataas ay ang sakit na nasasa-atin simula nang ating kapanganakan, ang kanser ng kaluluwa. Kinamumuhian ito ng Dios![232] Nilalabanan niya ito![233] Nais niyang linisin ito mula sa ating mga puso.

Noong ako ay nasa Africa, narinig ko ang tungkol sa isang lalaking lumalakad na may karne sa kanyang bulsa at nagtataka kung bakit hindi siya iniiwan ng mga aso! Ang pagmamataas ay ang karne sa ating mga espiritual na bulsa na magdudulot ng sakit, pagkatalo, at maging kamatayan. Dapat itong malinis.

Minsan ay tinutukoy ng mga teologo ang kalikasan ng makasalanang tao bilang isang "*baluktot"* patungo sa kasalanan o, mas partikular bilang, isang baluktot patungo sa *sarili* – o ang sa palagay ko ay tama at mabuti at nakakalugod sa *akin*! "Ang layunin ng pagtubos

---

[226] Isaias 53:6
[227]Kinuha mula kay Alexander MacLaren, "Comentaryo sa Isaias 53"
[228] Isaias 14:12-14
[229] Genesis 3:5
[230] Genesis 11:4
[231]Filipos 2:21
[232]Kawikaan 6:16-17
[233]Santiago 4:6

ay upang maialis ang ating pagiging makasarili – upang tingnan natin ang iba; upang maging interesado tayo hindi *lamang* sa ating sarili, kundi para sa kapakanan ng iba."[234]

Kung talagang iisipin mo ito, ang bawat kasalanan at salungatan sa ating buhay ay nakaugat sa lupa ng pagmamataas. Ang pagnanasa, isang kritikal na espiritu, hindi pagpapatawad, kasakiman, at katigasan ng ulo ay nagmumula sa mga nakalalasong tubig ng pagmamataas. Bago tayo lubusang makalahok sa buhay ng kabanalan, dapat nating makita ang problemang ito sa ating sariling mga puso.

►Basahin ang Galacia 5:19-21. Talakayin bilang isang pangkat kung paano nagmula sa pagmamataas ang mga kasalanan ng laman na nabanggit sa talatang ito. Handa ka bang suriin ang iyong sariling puso? Kumusta ang tungkol sa iyong mga relasyon? Handa ka bang magsabi ng totoong-totoo tungkol sa pagmamataas na pinagmumulan ng maraming kaguluhan?

Sa ilang, tinukso ni Satanas si Jesus na bigyang kasiyahan ang kanyang likas na pagnanasa, laktawan ang krus, at hanapin ang kaluwalhatian sa mundo. Sa diwa, tinutukso ni Satan na gumawa si Jesus ng orihinal na kasalan – upang bigyang kasiyahan ang sarili, mailigtas ang sarili, at itaas ang sarili. Ngunit si Jesus ay nanatiling dalisay ang puso!

Ang pagmamataas ay naihahayag sa "pagiging makasarili" o "pansariling interes." Madalas na tinatalo ng pansariling interes ang ating pinakamahusay na pagsisikap at pinakamahusay na hangarin na ipamuhay ang malaya, kahanga-hangang buhay ng kabanalan. Ito ang sarili na naghahangad na masunod ang sariling kagustuhan laban sa Salita ng Dios at laban sa Espiritu ng Dios. Ang "carnal" na sariling ito ay maaaring mailarawan sa mga sumusunod na paraan:

- **Self-fulfillment** – Paghahanap ng pansariling kaligayahan na hiwalay sa Dios.
- **Self-gratification** – Paghahanap ng magandang pakiramdan na bukod sa kung ano ang nakapagbibigay kaluwalhatian sa Dios.
- **Self-promotion** – Paghahanap ng papuri mula sa mga tao sa halip na papuri mula sa Dios.
- **Self-sufficiency** – Ang posibilidad na magtiwala sa sarili sa halip na sa Dios.
- **Self-pity** – Ang pakiramdam na mas higit ang nararapat para sa atin kaysa sa nakuha natin.
- **Self-preservation** – Paghahanap ng pinaniniwalaan *kong* pinakamabuti para sa aking buhay kaysa ipaubaya ang aking sarili sa matalino at magandang plano ng Dios.

---

[234] Dennis Kinlaw, "The Mind of Christ," *High Calling,* January-February 2017, 1, 9. Retrieved from http://www.francisasburysociety.com/wp-content/uploads/JanFeb2017-High-Callinglr.pdf September 12, 2020.

- **Self-will** – Ang baluktot na pagpili ng sariling kagustuhan kaysa sa pagpapasakop sa awtoridad ng Dios.

► Tingnan ang mga sumusunod na talata sa Ebanghelyo ni Marcos at pansinin kung paanong ang pansariling interes (pagmamataas) ang pinakasentro ng bawat kasalanan at kahinaan sa kanilang buhay: Marcos 8:33; 9:19; 9:33; 10:14; 10:37; 14:66-68.

Ang bawat mananampalataya ay dapat magkaroon ng isang kamalayan sa pagiging makasarili na nananatili sa puso. Ipinaaalala sa atin ni John Wesley ang "nakamamatay na mga kahihinatnan" ng pagtanggi sa katotohanang ito. Ang kamangmangan sa panloob na laban "ay nag-aalis ng kalasag ng mahihinang mananampalataya, pinagkakaitan sila ng pananampalataya, at sa gayon ay hinahayaan silang malantad sa lahat ng mga pag-atake ng sanlibutan, mga naisin ng laman, at ng diyablo."[235]

Katulad ng mga disipulo, dapat nating harapin kung ano tayo. Sinabi ni Dennis Kinlaw, "Ang pinakamahusay sa atin ay hindi mas mahusay kaysa sa pinakamasama. Ang pinakamalakas ay hindi mas mahusay kaysa sa pinakamahina. Ang pinakamagaling sa kaya ng ating laman ay hindi sapat."[236] Hangga't ang isang tao ay naniniwala na kaya niyang mamuhay ng may kabanalan sa kanyang sariling lakas, hahayaan siya ng Dios na mahirapan. Hangga't tumatanggi ang isang tao na makita ang kanyang sarili tulad ng nakikita ng Dios sa kanya, magpapatuloy siyang mabibigo.

Noong 1792, isang bagong misyonero ng Presbyterian na nagngangalang John Hyde ang naglayag patungo sa India. Habang nasa gitna ng paglalayag, binuksan niya ang isang liham mula sa isang iginagalang na pamilya na kanyang kaibigan na nagsaad ng ganito: "Hindi ako titigil sa pananalangin para sayo, minamahal na John, hanggang sa mapuspos ka ng Banal na Espiritu." Ang pagmamataas ni John ay nasaktan, at siya ay nagalit dahil dito sapagkat para sa kanya ito ay implikasyon na hindi siya puspos ng Banal na Espiritu:

> Ang aking pagmamataas ay nasaling, at nakaramdam ako ng labis na galit, kaya dinurog ko ang sulat, itinapon ito sa sulok ng kwarto, at ako ay umakyat sa kubyerta. Mahal ko ang sumulat; alam ko ang banal na buhay na kanyang ipinamumuhay. At nasa aking puso ang paniniwala na siya ay tama, at hindi ako karapat-dapat na maging isang misyonero….
>
> Sa kawalan ng pag-asa, hiniling ko sa Panginoon na puspusin ako ng Banal na Espiritu, at sa sandaling ginawa ko ito ang buong kapaligiran ko ay umaliwalas. Nagsimulang makita ko ang aking sarili at kung anong makasariling ambisyon ang mayroon ako. Ito ay isang pakikibaka halos hanggang sa pagtatapos ng paglalayag,

---

[235] John Wesley, mula sa kanyang sermon, "On Sin in Believers/Ang Kasalanan sa mga Mananampalataya."
[236] Dennis Kinlaw, *Malchus' Ear* (Wilmore: Francis Asbury Press, 2017), 80

> ngunit napagpasyahan ko bago pa umabot sa daungan, kahit sa paanong paraan, ako ay tunay na mapupuspos ng Banal na Espiritu.[237]

Pagdating niya sa India, dumalo si John sa isang pagpupulong sa kalye kung saan binigyang diin ng mangangaral ang kapangyarihan ng ebanghelyo–hindi lamang para sa kapatawaran ng kasalanan kundi upang magbigay din ng tagumpay laban dito, upang ang isang tao ay hindi magpatuloy sa pagkakasala.[238] Si John ay nagkaroon ng kombiksyon nang mapagtanto niya na kahit na nangangaral siya ng gayong ebanghelyo, hindi niya nalalaman ang kapangyarihan nito. Mayroong siyang isang nakasanayang kasalanan sa kanyang buhay na naging sanhi upang madapa siya sa espiritual. Nagtungo si John sa kanyang silid at nanalangin, "Bigyan mo ako ng tagumpay sa lahat ng aking mga kasalanan, at lalo na para sa mga kasalanang madali akong matangay; o babalik na lang ako sa Amerika upang maghanap dooon ng ibang gagawin. Hindi ko kayang ipangaral ang ebanghelyo hangga't hindi ako makakapagpatotoo sa kapangyarihan nito sa aking buhay."

Sa simpleng pananampalataya, tumingin siya kay Kristo para sa kaligtasan. Nang maglaon ay sinabi niya, "Iniligtas niya ako, at wala na akong alinlangan tungkol dito. Maaari na akong tumayo nang walang pag-aatubili upang magpatotoo na binigyan niya ako ng tagumpay." Si John Hyde ay tinawang na"Praying Hyde/Si Hyde na Nananalangin"dahil sa kanyang masigasig na pananalangin upang maabot ang mga hindi pa mananampalataya. Ilang taon bago ang kanyang pagkamatay sa edad na apatnapu't pito, naramdaman ng malinaw ni John ang paggabay sa kanya upang hilingin sa Dios ang isang kaluluwa sa isang araw; sa pagtatapos ng taon na iyon, ang Panginoon ay nagdagdag ng higit sa 365 na mananampalataya na nakabilang sa iglesia. At sa sumunod na taon, hiniling ni John ang dalawang kaluluwa sa isang araw; at sa sumunod na taon, apat. Ang bawat kahilingan ay ipinagkaloob. Itinuro ni John ang parehong sikreto at resulta ng pagbabalik-lakas/muling pagkabuhay nang sabihin niya, "Ang kailangan natin ngayon ay isang muling pagbabalik-lakas ng kabanalan."

Ang pagmamataas ay palaging humahadlang sa pabor ng Dios, ngunit pinagpapala niya ang mapagpakumbaba.

### Mahalagang Katotohanan #3:

### Ang Pagiging-Makasarili ay nakikipaglaban sa Espiritu na Humuhubog sa Atin Tungo sa pagiging Katulad ni Kristo

Sa puso ng mananampalataya, mayroong labanan para sa kagustuhan. Ang labanan na ito ay inilarawan sa Galacia sa ganitong paraan:

> Ngunit sinasabi ko sa inyo, mamuhay kayo ayon sa Espiritu, at hindi ninyo pagbibigyan ang mga pagnanasa ng laman. Sapagkat ang mga pagnanasa ng laman

---

[237] Edwin & Lillian Harvey, *They Knew Their God (Volume 1)*, (1974), pp. 105-111

[238] 1 Juan 1:9

> ay laban sa kagustuhan ng Espiritu, at ang kagustuhan ng Espiritu ay laban sa pagnanasa ng laman, magkalaban ang dalawang ito, kaya napipigilan kayo sa paggawa ng nais ninyong gawin.[239]

Sinabi ni John Wesley,

> Hindi ko inaakala na ang sinumang tao na pinawalang-sala ay alipin ng kasalanan: subalit sa palagay ko ang kasalanan [ang pagiging makasarili] ay nananatili (kahit sa maikling panahon) sa lahat ng mga pinawalang-sala…. Ang mang-aagaw ay natanggal sa trono.[Ang kasalanan] ay nananatili sa kung saan siya naghari; ngunit nananatiling nakatanikala.[Kahit na siya ay nakikipagdigma] gayon pa man siya ay lalong humihina; habang ang mananampalataya ay nagpapatuloy sa paglakas at pagtatagumpay.[240]

Ang laban sa pagitan ng pagiging makasarili ("ang laman") at ang Espiritu ay isang pangkaraniwang karanasan sa mga Kristiyano. Nagpatuloy si Wesley,

> Mayroon nito sa bawat tao, kahit na siya ay nabigyang-katuwiran, dalawang magkasalungat na alituntunin...na tinukoy ni Apostol Pablo, ang laman at ang Espiritu. Samakatuwid, kahit na ang mga sanggol na nakay Kristo ay pinapabanal, sa ilang bahagi lamang. Sa isang antas, ayon sa sukat ng kanilang pananampalataya, ang mga ito ay espiritual; gayon pa man sila ay makalaman sa ilang antas. Alinsunod dito, ang mga mananampalataya ay patuloy na pinapayuhan na magbantay laban sa pagnanasa ng laman, pati na rin ang sanlibutan at diablo. At dito naaayon ang patuloy na karanasan ng mga anak ng Dios. Habang nararamdaman nila ang patotoo sa kanilang sarili, nararamdaman din nila ang isang pagnanais na hindi ganap na nagpapasakop sa kalooban ng Dios. Alam nila na sila ay nasa kanya; at gayon pa man ay nakikita rin nila ang kanilang puso na handang umalis sa kanya, na parang nalapit sa kasamaan... at isang pagtalikod sa kabutihan.... Bagaman tayo ay binago, nilinis, pinadalisay, pinabanal, ay naganap sa sandali na tayo ay naniwala ng tunay kay Kristo, gayunman noon hindi pa tayo binababago, nililinis, o dinadalisay sa kabuuan; ngunit ang laman, ang masamang likas na katangian, ay nananatili pa rin (kahit na masupil) at ang mga ito ay laban sa Espiritu. Higit sa lahat, gamitin natin ang lahat ng pagsisikap sa "pakikibaka sa mabuting laban sa pananampalataya." Lalo nating pagsikapan, na "magmasid at manalangin" laban sa kalaban sa ating kalooban. At mas mag-ingat tayo at "isuot ang buong baluti ng Dios;" upang... tayo ay "maging matatag sa pagdating ng masamang araw at magawa nating panindigan ang lahat."[241]

---

[239] Galacia 5:16-17
[240] John Wesley, mula sa kanyang sermon, "On Sin in Believers."
[241] Ibid.

## Ang Pansariling Kapakanan ay Humahantong sa Mga Antas ng Pagkabigo

► Basahin ang Galacia 5:16-24 at talakayin kung ano ang nangyayari kapag ang Banal na Espiritu at ang laman ay sumasalungat sa isa't-isa. Handa ka bang talakayin kung paano nagaganap ang labanang ito sa iyong buhay?

Ang bawat totoong alagad ni Jesus ay nakaranas ng panloob na labanan para sa kontrol. Kapag ang Banal na Espiritu ay nananalo at nangunguna, ang espiritual na bunga ng pag-ibig, kagalakan, kapayapaan, pagtitiyaga, kabutihan, katapatan, kahinahunan, at pagpipigil sa sarili ay makikita sa aking buhay. Ngunit kung ang pagmamataas ay pinahintulutan na sundin ang kanyang mga kagustuhan, kahit sandali, ay magkakaroon parin ng ilang *antas* ng kabiguan: "mga sekswal na imoralidad, karumihan, kahalayan, pagsamba sa dios-diosan, pangkukulam, mga alitan, inggitan, pabigla-biglang galit, paglalabanan, pag-aaway, pagkakahati-hati,pag-iinggitan, paglalasing, walang habas sa mga gawain at iba pang bagay na katulad nito." Sapagkat ang isang mananampalataya ay binigyan ng isang bagong kalikasan, at dahil ang naninirahan na Banal na Espitu ay patuloy na nakikipaglaban sa mga kasalanan sa kanyang puso, hindi nila kailanman mapaghaharian muli ang buhay ng totoong Kristiyano;[242]ngunit hanggang hindi pa natututunan ng isang mananampalataya ang mabuhay sa ilalim ng kumpletong pagpapasakop sa Banal na Espiritu, magkakaroon ng mga panahon ng pagkatalo.

**Kahit na ang mga Kristiyano na namumuhay sa lubusang pagpapasakop sa gabay ng Banal na Espiritu, sa anumang sandali, ay makakikita ng mga bahagi ng larangan ng pagmamataas na kailangang ibunyag sa kanyang buhay.** Hindi ko makakalimutan kung paano ko naranasan ang aking sarili na nahihirapan bilang isang misyonero. Merong mga problema, at hindi ko napansin, nagsimula akong tumugon sa di-Kristiyanong pamamaraan. Naaalala ko kung gaaano kahirap para sa akin na aminin ang aking problema. Ang Panginoon ay nangusap sa aking puso at sinabi, "Anak, ikaw ay galit." "Panginoon, hindi ako galit," sa isip ko. "Ako ay isang misyonero na iniwan ang lahat upang sundin ka sa bansang ito." Muling nangusap ang Panginoon sa aking puso at sinabi, "Kung gayon, ikaw ay isang galit na misyonero!" Ang pagpapakumbaba sa pagtanggap sa katotohanang ito, sa halip na bigyang katwiran ang aking sarili, ay naging isa pang mahalagang sandali sa aking paglalakbay.

## Ang Pansariling Interes ang Pinagmumulan ng Alitan

► Basahin ang Santiago 4:1-8. Ano ang sanhi ng kaguluhan at mga alitan sa pagitan ng mga mananampalataya na tinukoy sa sulat ni apostol Santiago? Bakit hindi nila natatanggap ang kasagutan sa kanilang mga panalangin? Bakit tinawag ni Santiago ang mga Kristiyanong ito na "Mga mangangalunya"?

---

[242] 1 Juan 2:3-4; 3:7-9

Hanggang hindi pa natatapos ang labanan sa pagitan ng laman at Espiritu, tayo ay tulad ng mga ikinasal na patuloy pa rin na iniisip ang romantikong bagay patungkol sa kanyang dating kasintahan. Hindi tayo nagkakaroon ng isang pisikal na pakikiapid, ngunit ang ating mga pagnanasa ay hindi pa naipako sa krus hanggang hindi pa tayo ganap na nagbibigay pansin sa ating nag-iisang asawa. Sa pagtingin mo sa halimbawa mula sa Biblia na tinukoy sa itaas, sa palagay ko ay malinaw mong makikita na ang pangunahing sanhi ng kaguluhan sa puso at alitan sa iglesia ay *pagmamataas* sa puso ng mga kasapi nito. Dahil sa pagmamataas, nilalabanan sila ng Dios. "Nilalabanan ng Dios ang mga mapagmataas."[243]

> "Bigyan mo ako ng isandaang mangangaral na walang kinatatakutan kundi ang kasalanan at walang ninanais kundi ang Dios, at hindi mahalaga sa akin maging sila man ay mga manggagawa o karaniwang miyembro, tanging sila ang yayanig sa pintuan ng impiyerno at magtatatag sa kaharian ng langit dito sa lupa."
>
> - John Wesley

Ang karaniwang pakikibaka na ito, at ang mga problemang sanhi nito, ay inilarawan sa mga sumusunod na kwento. Sa kasaysayan ng isang malaking pangkat ng mga iglesia na pinagsilbihan ko sa Pilipinas ay mayroong mga halos hindi kapani-paniwalang kwento: May isang pastor na ipinadala ng mga pinuno ng samahan ng pambansang iglesia upang magpastor sa isang partikular na kongregasyon. Gayunpaman, tumanggi ang dating pastor na iwan ang parsopnage sa iglesiang iyon dahil ang ilan sa mga miyembro nito ay nais siyang manatili duon. Sa isang maigsing panahon, ang bagong pastor at ang "matandang" pastor ay naninirahan sa iisang parsonage, at nagpapastor sa iisang kongregasyon! Ang bagong pastor ay ang "opisyal" na pastor, tinawag, pinili, hinirang, at suportado ng mga pinuno ng pambansang samahan ng mga iglesia. Ang matandang pastor ay pinananatili sa posisyon ng mga simpatya ay katigasan ng ulo ng ilan sa mga miyembro. Maaari mong isipin kung ano ang pagkalito na dulot nito! Hindi ito maaaring magpatuloy. Sino ang mangangaral ng sermon? Sino ang kanilang hahanapin para sa payo? Kaninong awtoridad ang susundin ng kongregasyon–Ang matandang pastor ba o ang bago? Ang kongregasyon ay kailangang pumili sa dalawa. Kung pananatilihin nila ang matandang pastor at mawawalan ng basbas at benepisyo mula sa samahan ng pambansang iglesia, o makakamtan nila basbas ng mga pinuno ng samahan nang pambansang iglesia sa pamamagitan ng pagpapasakop sa kanilang awtoridad. Salamat at pinili nilang sumailalim sa pamamahala ng pinuno nang samahan ng pambansang iglesia, at ang kongregasyon ay nagpatuloy na gumawa ng mga dakilang bagay para sa Dios.

Ang alitan sa pagitan ng matanda at ng bagong tao ay isang karanasan na alam ng bawat mananampalataya. Ang "matandang lalaki" ay "pinatay na," kahit na pilit niyang sinusubukang hawakan ang kanyang posisyon, magsagawa ng pagkontrol, at panatilihin ang impluwensya. Wala siyang awtoridad ngunit pinipilit kang paniwalain na mayroon

---

[243]Santiago 4:6

siyang awtoridad. Ang bagong tao ay tinubos sa pamamagitang ng dugo ni Kristo. Ang bagong tao ay tinawag, pinili, at nilikha niya ng may bagong katuwiran at kabanalan. Ang bagong tao ay natatakan ng Banal na Espiritu at ngayon ay ginawang tirahan ng Dios, at ang Dios ay hindi magpapahinga hanggang ang matandang lalaki ay mapatalsik mula sa trono ng iyong puso.

Hangga't pinapayagan ang lumang pagkatao ay manatili; Hangga't patuloy mo siyang pinapakain; hangga't iginigiit mo ang pagbibigay sa kanya kahit isang sulok na kanyang maaaring sakupin, magdadala siya ng kaguluhan, panloob na alitan, at pagkawasak. Kailangan niyang mamatay. Kung pinipili nating kaawaan siya at bigyan siya kahit na ang pinakamaliit na silid, mula doon ay makikipag digma siya laban sa Espiritu ng pag-ibig, kagalakan, kapayapaan, pagtitiyaga, at kabanalan.

Ang mga katanungang *dapat* sagutin ng bawat henerasyon ng mga masigasig na mananampalataya ay ang mga sumusunod:

- Ang buhay ba na patuloy na nakikibaka sa pangsariling interes ang pinakamahusay na buhay na maaari kong asahan? O, naglaan ba ang Dios ng paraan upang malinis ang aking pang sariling interes mula sa aking puso upang **ang kalooban ng Dios** at **pag-ibig para sa Dios** ay mas mangibabaw sa lahat?
- Posible bang mahalin ang Dios ng buong puso, isip, at kalakasan at ang aking kapwa gaya ng sa aking sarili?
- Maaari ba akong makarating sa lugar sa aking paglakad kasama ng Dios at ng tao na wala akong gagawin na may pansariling interes o ambisyon, at sa halip ay palaging mas pahalagahan ang iba kaysa sa aking sarili at hanapin kung ano ang mas makakabuti sa kanila ng higit sa aking sarili?[244]

**Huminto Sandali at magnilaynilay**

► Hinihilingan ko ang bawat isa na maging matapat sa kanilang sarili at gumawa ng pansariling pagsusuri. Maglaan ng ilang minuto upang tahimik na tanungin ang iyong sarili sa katanungang ito: Ano talaga ang sanhi ng ________________? Hilingin sa Banal na Espiritu na tulungan kang makita ang iyong sarili. Huwag mag-atubiling gamitin ang mga sumusunod na katanungan bilang gabay:

- Madali ba akong masaktan?
- Naaasar ba ako kapag ang iba ay nailagay na mas mataas sa akin?
- Natatakot bang lumapit sa akin ang mga bata?
- Masyado ba akong sensitibo sa mga pag-puna?

---

[244]Filipos 2:3-4

- Natatakot ba ang ibang taong nakapaligid sa akin na ibahagi ang kanilang mga opinyon?
- Nakararamdaman ko bang mas nakakahigit ako sa iba sa moral o espiritual na buhay?
- Nakikinig ba ako sa mga tao, o ako ang mas madalas na nagsasalita?
- Itinataas ko ba ang aking boses upang masabi ang aking punto sa halip na mag-isip, at magalang na pagninilay-nilay?
- Nagbibigay ba ako ng mga posibleng solusyon at mga komento bago marinig ang lahat ng detalye?
- Nagbabanggit ba ako ng mga pagkakamali ng iba upang subukang pagandahin ang aking sarili?
- Sinusubukan ko bang manalo sa mga argumento sa pagsasabi ng, "Sinabi sa akin ng Dios"?(Kapag ginawa mo ito,inilalagay mo ang iyong sarili na mas mataas sa posisyon ng mortal at espiritual na kalalagayan.)
- Hinuhusgahan ko ba ang iba sa kanilang panlabas na anyo?
- Itinatabi ko ba ang pinakamahusay at pinakamalaking bahagi para sa aking sarili?
- Sa aking puso, isinasaalang-alang ko ba ang aking sarili na mas mahusay kaysa sa iba?

**Mahalagang Katotohanan #4:**

**Pagkatapos ng Pagbabalik-loob, Ang Kamatayan ng Dating Sarili ang Susunod na Hakbang upang Maranasan ng Lubusan ang Dios ay ang Buhay ng Kabanalan**

Sinabi ni Jesus na ang sinumang nagnanais na maging alagad niya ay dapat na lubusang talikuran ang kanyang mga sariling interes at pasanin ang kanyang krus araw-araw at sumunod kay Jesus.[245]Ang krus ay hindi ang simbulo ng Kristiyanismo na pinaganda sa pamamagitan ng pagpapakintab nito at isinusuot sa mga leeg sa panahon ngayon, ngunit isang instrumento ng mga Romano para sa parusang Kamatayan. Kapag ang isang kriminal ay pinatay sa pamamagitan ng krus, walang posibilidad na makababa pa sila ng buhay mula roon.Ang isang kriminal ay ibibitin hanggang sa maubusan sila ng dugo at malagutan ng hininga.Nang inutos ni Jesus sa lahat ng mga alagad na pasanin ang kanilang krus araw-araw, nangangahulugan ang sinabi niyang iyon na ang ating mga dating pagkatao na mapagmataas, kahalayan, katigasan ng ulo ay dapat nating ipako kasama ni Kristo, upang ang ating bagong pagkatao ay makapamuhay nang tulad ng buhay ni Jesus. Ang pagkamatay ng lumang pagkatao ay nangangahulugang ang ating dating mga hangarin, mga plano, mga dating alalahanin sa reputasyon, mga dating pamamaraan ng pag-iisip,

[245] Mateo 16:24

ating mga dating paghahangad ng kasiyahan, ang ating dating likas na pagnanasa ay kasamang ipinako sa krus ni Kristo. Ngayon,ganap na tayong nabubuhay para sa kanya!

► Basahin nang sama-sama ang Mateo 16:24.

Ang paraan ng pagkamatay sa dating pagkatao ay ang daan tungo sa isang buhay na sagana[246] Marahil ay walang sinuman ang lumalapit kay Kristo para sa kapatawaran ng mga kasalanan ang ganap na may kamalayan sa kung gaano ganap na nakatuon ang Dios sa ating kamatayan! Maraming dakilang tao sa buong kasaysayan ng iglesia ang nakakaunawa ng katotohanang ito:

**Martin Luther**:"Lumikha ang Dios mula sa wala. Samakatuwid, hanggang ang isang tao ay wala, ang Dios ay hindi maaaring gumawa ng anuman sa kanya."

**Charles Haddon Spurgeon**:"Naipagsama-sama ko ang lahat ng aking panalangin, at ang isang panalangin na ito ay ang, na nawa ay mamatay ako sa aking lumang pagkatao, at mabuhay nang lubusan para sa kanya."

**Richard Baxter**:"Ang sarili ay ang pinaka mapanlinlang na kaaway.... sa lahat ng iba pang mga bisyo ay ito ang pinakamahirap alamin, at ang pinakamahirap gamutin."

**Dietrich Bonhoeffer**:"Kapag tinawag ni Kristo ang isang tao, inaalok niya siya na sumunod sa kanya at mamatay sa kanyang dating sariling pagkatao."

**J.I. Packer**:"Hinihiling ni Kristo Jesus ang pagtalikod sa sariling kagustuhan, iyon ay, pagtanggi sa sarili, bilang isang kinakailangang kondisyon para sa pagiging alagad. Ang pagtanggi sa sarili ay isang tawag na magpasakop sa awtoridad ng Dios bilang Ama at ni Kristo Jesus bilang Panginoon.... Pagtanggap ng kamatayan sa lahat ng bagay na nais na taglayin ng lamang makasarili ay ang tinutukoy ni Kristo sa pagtanggi sa sarili."

**George Mueller**, na kilala sa kanyang dakilang pananampalataya at kanyang ministeryo sa libo-libong mga ulila sa ikalabinsiyam na siglo sa Englatera, ay tinanong ang lihim ng kanyang mabungang paglilingkod sa Panginoon. "Mayroong isang araw kung kailan ako namatay, ganap na namatay," sagot niya. Habang nagsasalita siya, yumuko siya nang mas mababa hanggang sa halos mahawakan niya ang sahig."Namatay ako bilang si George Mueller – ang kanyang mga opinyon, ang kanyang mga gusto, ang kanyang mga pamantayan, at kanyang mga nais mangyari – ang mamatay sa pagiintay ng papuri o pagsisi sa aking mga kapatid at kaibigan – at mula noon, nag-aral lamang ako upang ipakita ang aking sarili na aprubado sa Dios."[247]

---

[246] Juan 12:24

[247] D.W. Ekstrand, "Dying to Self.' Retrieved from http://www.thetransformedsoul.com/additional-studies/spiritual-life-studies/dying-to-self September 12, 2020.

Ang iba pang mga termino mula sa Biblia para sa kamataya sa sarili ay "wasak" at "nagsisisi."[248]

**Mga maling kuro-kuro tungkol sa Pagiging Wasak[249]**

(1) Ang Pagiging Wasak ay palaging malungkot at nakakalungkot.

Minsan naiisip natin na ang mga wasak na tao ay ang mga taong hindi ngumingiti o tumatawa. Sa reyalidad, ang biblikal na pagiging wasak ay nagdudulot ng kalayaan at isang malalim na pakiramdam ng kagalakan at kapayapaan.

(2) Ang pagiging wasak ay ang pag-iisip ng masama tungkol sa isang tao. (Halimbawa: "Ako ay walang silbi! Na parang isang bulate!")

Maaaring mayroong isang maling kababaang-loob dito.

(3) Ang pagiging wasak ay ang pagiging masyadong emosyonal.

"Sa kasamaang palad, hindi mabilang ang mga taong umiyak ng sangkatutak at hindi pa nakaranas ng isang sandali ng tunay na pagkasira."[250]

(4) Ang pagiging wasak ay dahil sa nasaktan sila nang malubhang ng mga hindi inaasahang pangyayari.

Ang isang tao ay maaaring dumanas ng maraming paghihirap at mananatiling mapagmalaki.

**Ang Pagiging Wasak sa Kung Paano Ito Tinutukoy sa Biblia**

Ang pagiging Wasak:

> Ang pagiging wasak ay ang ganap na pagkasira ng aking sariling kalooban – ang ganap na pagsuko ng aking kalooban sa Dios. Sinasabi nito na"Opo, Panginoon!" – walang pumipigil, walang pakikipagtalo, walang katigasan ng ulo – ito ay ang pagpapasakop ng aking sarili sa kanyang direksyon at kalooban para sa kaing buhay.[251]

Nagsisisi:Ang salitang ito ay nagmumungkahi ng isang bagay na dinurog sa maliit na mga butil o dinurog hanggang maging pulbos, kung paanong dinudurog ang isang bato."Ano ang nais ng Dios na pulbusin sa ating buhay? Hindi ang ating espiritu ang nais niyang wasakin,

---

[248] Psalm 51:17, "The sacrifices of God are a broken spirit, a broken and contrite heart – these O God, you will not despise."
[249] Most of the following insights on brokenness are gleaned from Nancy Leigh DeMoss, *Brokenness, Surrender, Holiness* (Chicago: Moody Publishers, 2008), 43-45.
[250] Ibid, 49
[251] Ibid, 44

at hindi rin ang ating mahalagang pagkatao. Nais niyang wasakin ang ating sariling kagustuhan."[252]

Katulad ng isang cowboy na nais wasakin ang isang kabayo, hindi para saktan ito o mapinsala ito, kundi upang magpasakop ito sa kanyang mga utos.

> Ang totoong pagkawasak ay ang pagkasira ng aking sariling kagustuhan upang ang buhay at diwa ng Panginoong Jesus ay maipamalas sa pamamagitan ng aking buhay... ang pag-aalis ng pagtitiwala sa sarili at pagiging hiwalay sa Dios... ang paglambot ng lupa ng aking puso... katapatan sa harap ng Dios... kababaang-loob sa harap ng iba.[253]

**Mga Katangian ng mga Wasak ng Tao**

Paano natin malalaman na mayroon tayong "wasak at nagsisising puson"? Ang mga sumusunod na katangian ay perpektong matatagpuan kay Jesus lamang, ngunit *mas magiging* totoo ang mga ito sa buhay ng mga Kristiyanong puspos ng Banal na Espiritu:

- Ang wasak na tao ay mayroong espiritu na madaling turuan.
- Ang wasak na tao ay handang magbigay sa iba.
- Ang wasak na tao ay mas takot sa Dios kaysa sa tao.
- Ang wasak na tao ay may nagpapasakop na espiritu.
- Ang wasak na tao ay ay tinatanggap ang opinyon ng Dios sa kultura at tradisyon.
- Ang wasak na tao ay ay hindi itinataas ang kanilang sarili at hindi natatakot sa pinakamababang kalalgayan.
- Ang wasak na tao ay masayang tinatanggap ang karangalan nang walang pagmamataas.
- Ang wasak na tao ay inaamin ang kanilang mga pagkakamali at hindi nararamdaman ang pangangailangan na protektahan ang pagtingin ng iba sa kanya.
- Ang wasak na tao ay ay sinusunod ang Dios pati sa maliliit na bagay.
- Ang wasak na tao ay naghihintay sa Panginoon bago magpasya.
- Ang wasak na tao ay lumalakad sa pamamagitan ng pananampalataya at hindi sa pamamagitan ng paningin.
- Ang wasak na tao ay hinahangad ang kabanalan sa halip na ang pansariling kaligayahan.

---

[252] Ibid, 44
[253] Ibid, 44

►Ano sa palagay mo ang mangyayari kung marami sa atin ang tunay na namatay sa ating sariling pagkatao? Suriin ang iyong sarili sa pamamagitan ng listahang ito. Ano sa palagay mo ang kakaiba sa iyong tahanan? Iglesia? Ministeryo? Bigyan ng oras ang lahat ng may nais na magbahagi sa pangkat.

## Mahalagang Katotohanan #5:

### Pagkamatay sa Dating Pagkatao, Na nagdudulot ng Banal na Buhay, Ay Nangangailangan ng Pagpapasya na Magpasakop

Ang kamatayan na binanggit ni Jesus na gawin natin ay hindi mangyayari nang wala ang ating *sinasadyang pagpapasya* na sumunod. Hindi tayo lalago kung wala ito, at marahil ang pagsuko para sa karamihan sa atin hindi mangyayari nang walang isang panahon ng pakikibaka. Gaano kahusay ang panlilinlang ni Satanas. Nakumbinsi niya ang maraming mananampalataya na ang normal na buhay Kristiyano ay isang pakikibaka laban sa kalooban ng Dios, at hindi nila dapat asahan ang mapagpasyang tagumpay. Ang pakikibaka ay *pangkaraniwan,* ngunit hindi *normal*. Ang buhay ni Jesus, na kumikilos sa atin sa pamamagitan ng pananampalataya, ay ang *normal* na buhay Kristiyano.

Ang kasaysayang ng sangkatauhan at espirituwal na pakikipagdigma ay nagpapakita na sa bawat matagumpay na digmaan ay mayroong pinagdesisyunang estratehiya na nagdulot ng mga pagkakataon upang magtagumpay. Kung walang pinagpasyahang paraan kung paano manalo sa digmaan, ang mga inilaang bagay para dito ay masasayang at may mga mawawalan ng buhay. Kaya, ang henerasyong ito ng mga mananampalataya ay nangangailangan ng isang pagpapasya kung paano magtatagumpay!

### Si Jesus, sa pagkakatawang Tao, ay Naging Isang Halimbawa ng Pagpapasya kung Paano Magtatagumpay

Sa hardin ng Gethsemane, si Jesus sa kanyang pagkakatawang tao ay nahihirapan ang kalooban na mamatay siya sa krus; ngunit bago siya umalis sa hardin,ay pinanumbalik niya ang kanyang pagpapasakop sa kalooban ng Ama.[254] Siya ang *"normal"*na pamantayan ng Dios.

- Sa hardin, Si Jesus, ang Dios-tao ay nakaranas ng isang panahon ng totoong pakikibaka. Wala siyang likas na kasalanan, ngunit ang mga hinihindi para sa pagsunod ay pinasan niya agn lahat ng bigat sa kanyang pagkakatawang tao.
- Si Jesus ay pinangunahan ng kanyang Ama sa isang sandali ng pagpapasya ng pagsuko, kung saan ang nag-iisang paraan ay ang pagpapasakop sa kalooban ng Dios na makapangyarihan.

[254] Lukas 22:42

- Ang sandali ng tagumpay ay dumating nang si Jesus ay nanalangin, "gayunpaman, hindi ang aking kalooban ang masunod, kundi ang iyong kalooban."
- Mula sa sandali ng pagsuko, si Jesus ay tumayo upang harapin ang kalungkutan, pagtataksil, kawalan ng katarungan, kahihiyan, at kamatayan sa pamamagitan ng biyaya at lakas ng loob. Mula sa sandali ng pagsuko, naranasan ni Jesus ang banal na kapangyarihan.

Habang siJesus ay dinala sa isang sandali ng pagpapasya na magpasakop sa kalooban ng kanyang Ama, sa gayon ay dadalhin ni Jesus ang bawat isa sa atin at sasabihing, "Anak, nais kong dito mo ilaan ang iyong buhay." Ang pagpapasya na piliin na mamatay kasama ni Kristo ay nagdudulot ng isang masaganang buhay espiritual.

Mula sa pagkakatatag ng mundo, si Jesus ay ang Kordero ng Dios na pinatay para sa kabayarang ng kasalanan. Sa isang banda, ang pagkilos para sa katubusan ay nagawa na sa isip ng Dios; at ang katagumpayan ay sigurado na. Gayunpaman, ang plano ng pagtubos ay awtomatiko, ngunit kailangang magawa sa oras. Ganun din sa atin. Ang Banal na Kasulatan ay pare-pareho at malinaw na tinawag ng Dios ang bawat mananampalataya na kanyang tinubos upang "iharap ang iyong (tinubos) mga katawan bilang isang buhay na handog, banal, katanggap-tanggap sa Dios, ito ang karapat-dapat ninyong pagsamba."[255]

**Si Abraham: Isang Halimbawa ng Pinagpasyahang Pagpapasakop**

Isang araw, inutusan ng Dios si Abraham at kanyang anak na si Isaac na sumamang maglakad kasama niya–isang paglalakad na patungo sa Bundok Moriah, ang bundok kung saan namatay si Kristo, at lubusang isinuko ni Abraham ang kanyang sarili sa Dios. Ito ay isang napakahalangang sandali sa relasyon ni Abraham sa Dios at ang pinakamalaking pagsubok sa kanyang buhay.[256] Napakalinaw ng sinabi ng Dios kay Abraham mula sa simula pa lamang ng paglalakbay: "Dalhin mo ang iyong anak, ang iyong nag-iisang anak na si Isaac, na iyong minamahal, at magtungo ka sa lupain ng Moria, at ihandog mo siya roon bilang isang handog na susunugin sa isa sa mga bundok na sasabihin ko sa iyo."[257] Hindi nagdalawang isip si Abraham. Matapos ng isang mahirap na paglalakbay na inabot ng tatlong araw, ay naghanda na siya para maghandog at itinaas ang tabak na nagpapakita ng kanyang pagmamahal sa Dios na handang sumunod... at namatay si Abraham sa kanyang sariling kagustuhan.

Higit sa Lahat, hindi nais ng Dios ng handog ni Abraham – na si Isaac – sa halip ang nais ng Dios ay ang hindi niya pinagkait si Isaac.[258]Ibinigay ng Dios ang perpekto at kumpletong sakripisyo (si Jesus), "sa halip na" si Isaac; sa pamamagitan ng mapagpakumbabang pagsuko, nakikibahagi si Abraham sa paghahandog na iyon. Hindi kailangan ng Dios ng mga

---

[255] Roma 12:1
[256] Genesis 22:1
[257] Genesis 22:2
[258] Genesis 22:12

handog. Pagkalipas ng maraming siglo, si Haring David, ay naghahangad ng paglilinis ng puso, at nanalangin,

> Sapagkat hindi ka nalulugod sa mga sakripisyso, sa gayun ay ibibigay ko iyon; hindi ka masisiyahan sa mga handog na sinunog. *Ang mga sakripisyo para sa Dios ay wasak na espiritu; isang wasak at nagsisising puso, O Dios, hindi mo iyon hahamakin.*[259]

Tunay nga, wala tayong anumang maihahandog sa Dios, o magagawa para sa Dios, na makakabawi para sa kung sino tayo at kung ano ang nagawa natin. Hindi natin maaalis ang pagkakasala at mga bahid ng dumi mula sa ating mga puso. Ang Dios lamang ang makakagawa nito. Ang magagawa lamang natin ay ang lumapit sa Dios na may pagsisisi at pagpapasakop at pagtanggap sa kanyang biyaya.

Muli, ayaw ng Dios na patayin si Isaac; nais niyang pakawalan siya ni Abraham, isuko ang pagnanais, at pakawalan ang anumang karibal na pagmamahal. "sinabi ng (Dios), 'Huwag mong patayin ang bata. Huwag mo siyang saktan, sapagkat nakita ko na may takot ka sa Dios, sa paraang hindi mo *ipinagkait* sa akin ang iyong anak, ang iyong bugtong na anak.'"[260] Sa madaling salita, "Hindi ang batang lalaki ang nais ko, kundi ikaw Abraham! Nais kong malaman na ikaw ay ganap na akin at kahit ang mahalagang buhay na ito ay akin." Sa isang tunay na kahulugan, nang itinaas ni Abraham ang tabak dahil sa pagsunod sa Dios, si Abraham ang namatay, hindi si Isaac. Si Abraham ay namatay sa kanyang karapatan na pagmamay-ari kay Isaac, ang ipinangakong anak. Ito ang hangarin ng Dios mula pa lamang sa simula.

Sa katulad na paraan, binigyan tayo ng Dios ng buhay na walang hanggan sa pamamagitan ng pananampalataya sa kanya; at pagkatapos ay hiniling niya sa atin na ihandog natin sa kanya ang ating buhay bilang isang isang buhay na handog– upang itaas ang kutsilyo ay sabihin, "Panginoon, ang buhay na ito ay hindi ko pagmamay-ari, kundi sa inyo ito! Gawin mo *sa akin ang anumang naisin mo*, kahit na lumitaw itong walang kabuluhan para sa mga tao! Pupunta ako kung saan mo ako gustong pumunta, gagawin ko ang nais mong gawin ko, sasabihin kung ano ang nais mong sabihin ko, maging kung ano ang gusto mong maging ako." Ito ay mahirap lamang dahil sa makasariling bahagi ng ating likas na buhay na pumipigil, na nag-aalinlangan at nais na panatilihin ang kontrol. Ito ang bahagi ng ating kalikasan na hinarap ni Jesus sa krus. Ito ang bahagi ng ating katangian na dapat niyang linisin upang mapuspus tayo ng kanyang Banal na Espiritu at ibigay sa atin ang buong biyaya ng kanyang kaharian.

Ang hinihiling lamang sa atin ng Dios ay mamatay tayo sa dati nating saloobin na lumalaban sa kanyang makapangyarihang pagkontrol at kanyang ganap na awtoridad, na bahagi natin – ang laman – na nakikipaglaban sa kanya at itinutulak ang kanyang mga kamay. Ito ang

---

[259] Psalm 51:16-17, *English Standard Version*, emphasis added.
[260] Genesis 22:12, emphasis added.

bahagi ng ating likas na katangian na hindi maaaring matubos at hindi kailanman mapaiilalim sa awtoridad ng Dios.

Mag gugustuhin ng Dios na gamitin ang mga kaloob at pagpapalang ibinigay niya sa atin para sa kanyang kaluwalhatian kaysa alisin ito. Ngunit hindi natin malalaman kung anong bahagi ang mananatili sa dambana kasama ni Kristo, o akung anong bahagi ang babangon mula sa dambana, hanggang sa maialay ang lahat lahat sa atin nang walang pagdadalawang isip para sa Dios. Itinataas natin ang tabak ng buong pagsuko. Pinili niya kung ano ang mabubuhay at kung ano ang mamamatay. Ito ang ibig sabihin ng isang buhay na handog.

Naranasan mo na ba ang isang pinagdesisyunang pagsuko? Anong bahagi ng iyong buhay na minamahal mo ang hiniling sa iyo ng Dios na isuko mo?

## Leksiyon 5 Mga Takdang Aralin

(1) Kumuha ng isang pagsusulit batay sa materyal mula sa leksiyong ito.

(2) Maglaan ng hindi bababa sa tatlumpung minuto sa linggong ito upang suriing muli ang leksiyong ito, kabilang ang mga sanggunian sa Banal na Kasulatan, hilingin sa Banal na Espiritu na bigyan ka ng mas malalim na pang-unawa.

(3) Itala sa iyong journal ang anumang mga tiyak na pagbabago na dapat mong gawin sa iyong buhay, tulad ng ipinakita sa iyo ng Panginoon.

(4) Pagnilayan ang hindi bababa sa isang Awit sa iyong pang-araw-araw na oras ng pag-aaral ng Salita ng Dios, at itala sa iyong journal kung ano ang sinasabi ng salmista tungkol sa kalikasan at katangian ng Dios.

(5) Itala sa iyong journal ang isang personal na panalangin para sa espiritual na pagbabago at paglago batay sa leksiyong ito.

(6) Pagsanayang gamitin ang *Gabay sa Pang-araw-araw na gabay sa Pananalangin* ni Dr. Brown sa iyong pang-araw-araw na pribadong pananalangin.

## Leksiyon 5 Pagsusulit

(1) Pangalanan ang limang mahahalagang katotohanan para sa pagkakakilanlan sa ating satili na itinuro sa leksiyong ito.

(2) Magbigay ng apat na paraan upang makilala ang "sarili" na nabanggit sa leksiyong ito.

(3) Ano ang anim sa labindalawang katangian ng mga wasak na tao sa leksiyong ito?

(4) Ipaliwanag sa iyong sariling mga salita kung paano naging halimbawa sa iyo si Jesus sa pinagdesisyunang pagsuko.

# Leksiyon 6
# Paghubog ng Espiritual na Buhay sa pamamagitan ng Kamalayan sa "Sarili"
(Ikalawang Bahagi)

## Pagbabalik-aral sa Leksiyong 5

Paalala sa pinuno ng klase: Suriin muli ang anim na mahalagang katotohanan mula sa Leksiyon 5. Gayundin, magbalik aral sa tatlong aspeto ng paglalakbay sa paghubog ng espiritual na buhay. Tanungin ang mga mag-aaral kung sino sa kanila ang may nais na magbahagi ng kanilang personal na panalangin mula sa Leksiyon 5.

## Mga Layunin ng Leksiyon

Sa pagtatapos ng leksiyong ito, ang mag-aaral ay dapat na:

(1) Maunawaan ang mahahalagang katotohanan para makilala natin ang ating sarili.

(2) Maunawaan ang mabiyayang resulta ng pagiging wasak ayon sa Biblia.

(3) Kayang makapagsalita tungkol sa kung paano naipakita sa buhay ni Jesus ang pagiging espiritual na wasak.

(4) Malaman kung paano malilinang ang pagiging katulad ni Kristo.

## Mga Larawan ng Buhay

Ang aking biyenan ay may magandang puno ng Bradford pear sa kanyang bakuran. Isang magandang puno...na may isang maliit na katawan ang mismong puno at nakatagilid ng bahagya. Naaalala ko na pagkatapos itong maitanim, 15 taon na ang nakalilipas, bumisita ako at ang aking pamilya. Ang unang bagay na napansin ko ay ang pagkakatanim nito, kung sinumang nagtanim nito ay hindi naging maingat sa pagtatanim upang maging diretso ito. Naisip kong hukayin ang paligid ng mga ugat at itulak ito upang dumiretso, ngunit hindi ko ito kailanman ito naisagawa. Habang ang puno ay lumalaki mula sa isang punungkahoy at naging isang sobrang laking puno, ito ay nakatagilid parin kung paano ito itinanim. Hindi ito naituwid ng panahon. Mga taon na dumaan ang araw, hangin, at ulan ay hindi naging sanhi upang lumago ito ng tuwid. Habang lumalaki ang puno at mas lumalawak ang mga sanga, ang hindi pagiging balanse ng bigat ng mga sanga nito ay maaaring maging dahilan upang tumaob ang magandang puno ng Bradford. Marahil hindi. Marahil ay mananatili itong maging isang puno na nakatagilid ng kaunti.

Ang mga tao, tulad ng mga puno, ay madalas na lumalaki habang sila ay nakatanim. Ang ating mga baluktot na kinatatayuan *ay* maaaring maituwid at ang ating magagaspang na

kinatatayuan ay maaaring pakinisin. Ito ang buong kahulugan ng biyaya! Walang mas mahalaga sa ating buhay Kristiyano kaysa sa paglinang ng isang malambot na puso, isang espiritu na madaling turuan, at mapagpakumbabang pagsunod sa Salita ng Dios. Ang mga nakatagilid na tao, ay tulad ng nakatagilid na puno, na mas mahirap maituwid kapag hinayaan nilang tumigas ang lupa ng kanilang mga puso sa paglipas ng kapanahunan ng buhay.

Sa huling leksiyon, nagsimula naming ituro na para maging isang taong puspos ng Banal na Espiritu kung saan tayo tinawag ng Dios na maging, dapat tayong makumbinsi ng walang mahahalagang katotohanan. Sa leksiyong ito, tayo ay maisasabuo ng mga mahahalagang katotohanan na ating tatalakayin.

## Ang Malaking Ideya

Ang kamalayan sa sarili – ang kaalaman sa aking sarili – ay ganap na kritikal sa paghubog tungo sa pagiging katulad ni Kristo.Ang tunay na makilala ang sarili ay ang malaman na ang hindi pa napapabanal na "sarili" ay ang pinakamalaking kaaway ng isang tao.

## Mahalagang Katotohanan #6:

### Ang Pagkamatay sa Pansariling-Interest ay Humahantong sa Paghubog ng Espiritual na Buhay tungo sa pagiging Katulad ni Kristo Ay Posible Lamang sa Pamamagitan ng Pananampalataya

Dapat tayong maging maingat na maunawaan ang kamatayan sa dating pagkatao bilang isang pagkilos ng biyaya. Napakaraming Kristiyano ang sumusubok na maging matuwid sa pamamagitan ng pagpatay sa kanilang makasalanang katangian.Ngunit hindi natin mailalagay sa kamatayan ang ating makasalang katangian sa pamamagitan ng ating sariling kakayahan.O makayanan man lang na ipamuhay ang isang buhay na banal, binagong buhay sa pamamagitan ng ating sariling kakayanan. Ang Dios lamang ang makakagawa ng mga ito sa atin. Ang ating disiplina at paghahangad ay hindi sapat upang talunin ang pagmamataas, pati ang lahat ng pagiging makasarili sa ating kalooban.[261] Ang sarili, ay tulad ng gma ugat ng isang higanteng puno, na binalot ang kanyang sarili sa bawat desisyon, bawat mabuting gawa, bawat aksyon, bawat sakripisyo, at bawat relasyon sa aking buhay. Ang biyaya lamang ang maaaring makapag-alis ng pagkakaalipin nito. Saan matatagpuan ang biyayang ito?

### Ang Biyaya ay Matatagpuan sa Kapangyarihan ng Krus at Muling Pagkabuhay, Na Makakamtam sa Pamamagitan ng Pananampalataya

Ang krus lamang ang makakasira sa ng pagiging makasarili. Ito ang pare-parehong mensahe ng Bagong Tipan. Tingnan muli ang Galacia 5:24. Dto ay binanggit ni Pablo ang krus at mahahalagang bahagi nito sa isang matagumpay na buhay, at puspos ng Banal na

[261] Colosas 2:23

Espiritu nang sabihin niya na, "At ang mga nakay Kristo ay **ipinako sa krus ang dating pagkatao**kasama ng mga hilig at pagnanasa nito" (binigyang diin). Ang salitang "ipinako sa krus" ay tumutukoy sa krus.

Sa simula ng kanyang liham sa iglesia sa Galacia ay nagpatotoo si Pablo na ang **kinakailangan ay ibinigay na** sa pamamagitan ng krus para sa katagumpayan laban sa pansariling interes, at siya ay **kasalukuyang nabubuhay sa katotohanang iyon**:

> **Namatay akong kasama ni Kristo sa krus**. Hindi na ako ang nabubuhay sa aking sarili, kundi si Kristo na. Ipinamumuhay ko *ngayon*ang buhay kong ito sa pamamagitan ng pananampalataya sa Anak ng Dios na nagmahal sa akin at nag-alay ng buhay niya para sa akin.[262]

Tila mayroong isang kontradiksyon dito. Paano ang isang tao ay parehong patay at buhay nang sabay?

► Talakayin: Sa paanong paraa nagiging espiritual na patay at espiritual na buhay ang isang tao ng magkasabay?Gaano kahalaga ang pananampalataya sa talatang ito?

Nang sinabi ni Pablo na, "Ipinako ako sa krus kasam niya," ang sinasabi niya ay pagkamatay sa dating espiritual na kalalagayan – ang mapagmataas, makasariling si Pablo – ay nasakop ng krus, sa pamamagitan ng pagkakakilanlan kasama nito. Ang "ako" na muling binuhay at ngayong namumuhay ay binuhay na matagumpay "Ako" kung saan si Jesus ay naninirahan at sukdulang naghahari. Ito ang buhay sa ilalim ng pamamahala ng Banal na Espirtu. Ito ang buhay kung saan ang sariling kagustuhan ay isasantabi, at uunahin ang nais ni Kristo. Inihayag ng patotoo ni Pablo na ang pagbabahagi sa pamamagitan ng pananampalataya sa pagkamatay at muling pagkabuhay ni Jesus ay ang susi, hindi lamang sa kapatawaran ng kasalanan, ngunit maging sa pagkamatay sa dating pagkatao.[263]

Maraming Kristiyano ang nabubuhay na natalo dahil sinusubukan nilang talunin ang isang kaaway sa pamamagitan ng sariling lakas na matatalo lamang sa pamamagitan ng krus. Palagi silang nakatingin sa loob, ngunit bihirang tumingin kay Jesus. Ang totoong kwento ay naisalaysay tungkol kay Hiroo Onoda, isang sundalong Hapon, na nanatili sa Isla ng Lubang, sa Pilipinas, hanggang noong 1974, makalipas ang dalawampu't siyam na taon pagkatapos ng WWII, dahil hindi nakarating sa kanya ang balita na sumuko na ang Japan.[264] SA loob ng maraming taon na si G. Onoda ay nakikipaglaban sa mga lokal na residente ng Filipino, pinatay ang tatlumpung katao! Sinubukan ng mga tao na kumbinsihin siya na natapos na ang digmaan, ngunit hindi siya napaniwala hanggang sa ang kanyang dating opisyal na pinuno ay dumating upang makita siya at ipakita sa kanyang ang opisyal na utos.

---

262 Galacian 2:20-21, emphasis added.
263Tingnan din ang Galacia 6:14-15.
264 "Japan WW2 Soldier Who Refused to Surrender Hiroo Onoda Dies." Published January 17, 2014. Retrieved from http://www.bbc.com/news/world-asia-25772192 September 12, 2020.

Tulad ni Hiroo, napakaraming mananampalataya ay nakikipaglaban sa pagkatalo sa pagnanais ng laman dahil ang balita ay hindi pa umaabot sa kanilang mga puso na dating mapagmataas, makasariling pagkatao ay natalo na sa pamamagitan ng krus. Isa sa mga lihim ng biyaya ay ang kagalakan dahil sa krus!

### Ang Biyaya Ay Matatagpuan sa Naninirahang Presensya ni Jesus

Sa Galacia 2:20-21, nilinaw ni Pablo na ang pagkamatay kasama ni Kristo sa Krus ay isa lamang sa bahagi ng pagliligtas ng Dios. Ang pagiging kasama ni Kristo sa kanyang pagkakapako ay ang naghahanda sa atin para sa kapuspusan ni Kristo, ang nag-iisang puno ng kapakumbabaan, puno ng pag-ibig: "*Si Kristo ay namumuhay sa akin*... na nagmamahal sa akin at nagbigay ng kanyang buhay para sa akin." Inilarawan ni Pablo ang kanyang buhay ngayon bilang "*Si Kristo ay namumuhay sa akin*." Ito ang lihim sa banal na pamumuhay! Sinabi ni Dennis Kinlaw, "Ang pagiging katulad ni Kristo ay isang pagkilos ng biyaya. Nangyayari lamang ito habang si Kristo ay namumuhay sa atin, hindi sa pagsisikap nating maging katulad niya."[265]

Nakakalungkot, marami sa mananampalataya ngayon ay hindi nakakaranas ng buhay ni Jesus dahil hindi sila namumuhay ng may kamalayan sa paninirahan ng kanyang presensya. Ang iba ay hindi nalilinang ang kanyang pakikipag-ugnayan tulad ng nararapat o ang namumuhay sa kanyang kalakasan.

►Sa Juan 15, ano ang sinabi ni Jesus tungkol sa "sikreto" sa isang mabungang buhay? Talakayin kung ano ang kahulugan ng manatili ka Kristo.

### Ang Biyaya Ay Matatagpuan sa Naninirahang Presensya ng Banal na Espiritu

Ang pagbabakante ng sarili ay nagbibigay ng puwang para sa ganap na paninirahan at kontrol ng Banal na Espiritu. Ito ang kahulugan ng Efeso 5:18: "At huwag kayong magpakalasing (sa ilalim ng kontrol) ng alak… sa halip ay magpakapuspos kayo sa Espiritu." Si Jesus ay nabubuhay sa atin sa pamamagitan ng Banal na Espirtu ngunit maaari lamang maging ganap na makakilos kapag namatay tayo sa ating dating pagkatao.[266] Ayon sa Galacia 5 at marami pang ibang talata sa Bagong Tipan, ang kanyang nanahang presensya ay ang susi sa isang buhay na matagumpay, at katulad ng buhay ni Kristo. Pansinin kung paano ito sinabi ni Pablo: "ngunit ang bunga ng *Banal na Espiritu* ay pag-ibig, kagalakan, kapayapaan, pagpapasensya."[267] Ang punto dito ay ang espiritual na bunga ang *kanyang* bunga(ng Espirtu), at hindi sa akin! Ikaw at ako ay mga binhi na nahuhulog sa lupa at namamatay;[268] ngunit sa pagkamatay natin, at sa patuloy na pagkamatay, siya ang nagbibigay sa atin ng buhay at siyang nagdudulot sa atin na lumago at magbunga. Minsan

---

[265] Dennis Kinlaw, "The Mind of Christ," *High Calling,* January-February 2017, 1, 9. Retrieved fromhttp://www.francisasburysociety.com/wp-content/uploads/JanFeb2017-High-Callinglr.pdf September 12, 2020.
[266] John 14:16
[267] Galatians 5:22, emphasis added.
[268] John 12:24

ay nakakalimutan natin ito at pinapagod ang ating sarili na pagsikapang maging mabuti! Ngunit ang Dios lamang ang makakagawa na gawin akong mabuti.

Ang pamamaraan ng Dios na gawin akong mabuti ay madalas na masakit na proseso. Katulad ng mga duming nakahalo sa ginto, ang pagmamataas at lahat ng mga naipapamalas na karumihan ay nakadikit sa aking likas na katangian; ang Banal na Espiritu lamang ang makakapag papadalisay nito. Paano niya ito nagawa? Ipinahaayag ni Juan na tagapag Baustismo na si Jesus ay "magbabautismo sayo sa Banal na Espiritu at apoy."[269]Ang puso ng isang mananampalataya, tulad ng ginto, ay hindi malilinis mula sa labas sapagkat ang dumi ay nasa loob, at nakahalo sa katuwiran ng Dios. Ito ay dapat matunaw at mapadalisay ng apoy ng Banal na Espiritu.

Ayon sa patotoo ni Pedro, ito ang paglilinis na naranasan ng mga alagad noong araw ng Pentekostes:

> Kaya't ang Dios, na nakakaalam ng nilalaman ng puso ng bawat tao, ay pinatotohanan na sila ay tinanggap din niyang tulad natin nang ipagkaloob niya sa kanila ang Banal na Espiritu,*Iisa ang pagtingin ng Dios sa kanila at sa atin, na nilinis ang mga puso sa pamamagitan ng pananampalataya.*[270]

Magalak tayo sa nananahang presensya ng Banal na Espirtu na *patuoy* na pinababanal ang ating mga puso.

**Mahalagang Katotohanan #7:**

**Ang Buhay ng Panginoong Jesus sa Ating Buhay Ay Bunga ng Pagkamatay sa Dating Pagkatao**

Ang Pagkamatay sa dating pagkatao ay hindi ang wakas ngunit ang simula ng isang buhay ng nagpapasakop kay Kristo. Ang dahilan kung bakit ang mga buto ay binabaon sa lupa ay hindi para mamatay ito, kundi upang mabuhay ang mga ito sa paraang hindi nila pinangarap!

**Ang buhay Kristiyano ay isang buhay kung saan ang ugali ni Jesus ay mas nagiging maliwanag.** Ito ang kahulugan ng maging banal. Anumang pagpapahayag ng kabanalan o pagtuturo ng kabanalan na hindi naaayon sa buhay at katuruaan ni Jesus ay hindi totoong kabanalan."Ang paraan lamang upang makilala ng mundo si Kristo ay sa pamamagitan natin. Kaya, dapat mayroong pagtugon sa ating buhay at sa ating kinakatawan."[271]

- Ang kabanalan ay hindi kapangyarihan.

---

[269] Mateo 3:11
[270]Gawa 15:8-9, emphasis added.
[271] Dennis Kinlaw, "The Mind of Christ," *High Calling,* January-February 2017, 9. Retrieved fromhttp://www.francisasburysociety.com/wp-content/uploads/JanFeb2017-High-Callinglr.pdf September 12, 2020.

- Ang kabanalan ay hindi pagiging hiwalay sa mundo.
- Ang kabanalan ay hindi ang paggawa ng tama.
- Ang kabanalan ay hindi isang espiritual na kaloob.

Ito ang mga bunga ng kabanalan, ngunit ang totoong katuwiran ay ang buhay ni Jesus. Ang resulta ng pagkamatay sa dating pagkatao ay palaging isang pagpapakita ng buhay ni Jesus sa atin at sa pamamagitan natin. Narito ang ilan lamang sa mga katangian ng buhay ni Jesus na lumalago sa ating kalooban:

- Ang buhay ni Jesus na nahahayag sa isang pusong dalisay ay mas nagiging isang buhay na mapagbigay, ibinibigay ang sarili, at may pagibig na handang magsakripisyo.[272]
- Ang buhay ni Jesus na nahahayag sa isang pusong dalisay ay mas nagiging isang buhay na puspos ng (kontrolado ng) at binibigyan ng kapangyarihan, ng Banal na Espiritu.[273]
- Ang buhay ni Jesusna nahahayag sa isang pusong dalisay ay mas nagiging malinis: payapa, banayad, masasang-ayunan, maawain, walang pinapanigan, at walang pagkukunwari.[274]
- Ang buhay ni Jesus na nahahayag sa isang pusong dalisay ay magiging isang buhay na mayroong malalim na espiritual na pananaw.[275]
- Ang buhay ni Jesus na nahahayag sa isang pusong dalisay ay mas magiging isang buhay na puno ng katahimikan, mapayapa, at malaya sa katok at pagkabalisa.[276]
- Ang buhay ni Jesus na nahahayag sa isang pusong dalisay ay magiging isang buhay na may pakikipag-isa sa Dios.[277]
- Ang buhay ni Jesus na nahahayag sa isang pusong dalisay ay magiging isang buhay na mas matagumpay sa mga nakasanayang kasalanan.[278]
- Ang buhay ni Jesus na nahahayag sa isang pusong dalisay ay mas magiging isang buhay na lumalago ang kababaang-loob.[279]

Kung nakikita ko ang aking sarili sa isang bahagi kung saan kailangan kong pumili ng isang pahina ng Biblia kung saan matututunan ang tungkol sa katangian ng isang banal na buhay,

---

[272]Santiago 1:27; 1 Juan 3:16
[273] Efeso 5:18; Gawa 2:4; 4:31
[274]Santiago 3:16-17
[275] Mateo 5:8
[276]Awit 37:37; Isaias 26:3; Mateo 11:28-30
[277] 1 Juan 1:6-7
[278] Hebreo 12:1
[279]Filipos 2

sa palagay ko ang Filipos 2 ang aking pipiliin. Ito ay tunay na isa sa mga kabanata sa Biblia na pinaka naghahayag ng tungkol sa pag-iisip at buhay na dapat mayroon tayo.

► Mula sa Filipos 2, gumawa ng isang listahan ng mga katangian ng kabanalang makikita kay Jesus. Ibahagi ang mga ito sa iyong pangkat.

Ang isang taong nilamon ng pansariling-interes ay alipin ng mga hitsura at reputasyon at hindi makapaglingkod sa kapwa tayo sa mapagpakumbabang pamamaraan.

Sinabi ni Dr. Dennis Kinlaw ang mga sumusunod na kwento tungkol kay Samuel Brengle, isang tao na naging isang malakas na ebanghelista at isa sa mga pinaka-maimpluwensyang pinuno ng Salvation Army:

> Sa panahon ng senior year ni Samuel Brengle sa Boston University, inalok siya na magpastor sa isang mayamang kongregasyon sa South Bend, Indiana. Nagkaroon siya ng pagkakataon na simulang ang kanyang ministeryo sa tuktok ng listahan ng lipunan. Ngunit, naramdaman niya na tinawag siya ng Dios na sumali sa Salvation Army, kaya't tumawid siya sa Atlantiko at iniharap ang kanyang sarili kay Heneral William Booth (ang nagtatag ng ministeryo).
>
> "Ayaw namin sa iyo. Mapanganib ka," sabi ni Booth. "Mapanganib? Anong ibig mong sabihin?" tugon ni Brengle. "Masyado kang maraming pinag-aralan. Hindi mo nanaising maipailalim ang iyong sarili sa isa sa mga opisyal dito ay naging mananampalatayana dating lasingero at ang mga pinuno ng tauhan dito ay mga dating prostitute." "Mangyaring bigyan mo ako ng isang pagkakatao," iginiit ni Brengle. Kaya't si Brengle ay inilagay sa pagtratrabaho bilang bootblack (isang tao na nagpapakintab ng sapatos) para sa Central Salvation Army Corps sa London. Sa isang hindi natapos ayusing basement, sa isang maruming sahig na bahagyang nakalubog sa tubig, sinimulan ni Brengle na linisin ang mga putik mula sa bota ng mga naging mananampalataya na dating mga palaboy sa lansangan na ngayon ay sundalo na sa Army.
>
> Isang araw ay tila may narinig siyang boses sa kanyang kalooban na nagsasabing, "Ikaw ay hanggal!""Ano ang ibig mong sabihin?" tanong ni Brengle. "Naaalala mo ang lalaking nagbaon ng kanyang kayamanan sa lupa?" sabi ng boses. "Alalahanin mo ang lahat ng pagsasanay na mayroon ka. Itinatapon mo lamang ang mga iyon." Si Brengle ay nabalutan ng pagkalumbay at nagsimulang manalangin, "Panginoon, nabigo ko ba kayo? Namali ba ako ng pagsunod sa inyong naisin?" At sumagot ang Panginoon, "Tandaan mo, Sam, hinugasan ko ang kanilang mga paa!" Ang maputik na basement na iyon ay naging isang silid-tanggap sa langit nang maramdaman ni Brengle ang presensya ng Panginoon na nakakapagbigay katiyakan. Mula sa araw na iyon, alam niyang tinawag siya upang ilaan niya ang kanyang buhay para sa iba. Ang

Banal na Espiritu lamang ang maaaring gawing posible ang ganitong pag-iisip na handang magsakripisyo.[280]

Mag-ingat tungkol sa anumang ideya ng kalaban na hindi tumutugma sa mapagpakumbabang buhay ng Panginoong Jesus.

**Mahalagang Katotohanan #8:**

**Ang Isang Tuloy-tuloy, Mabungang Buhay na Katulad ng Kay Kristo, Kung Saan ang Dating Pagkatao ay Patay na at ang Buhay Ngayon ay Kontrolado ni Kristo, Ay Nangangailangan ng Isang Panghabang-Buhay na Paglinang at Pag-aalaga**

Ang paglilinis ng puso ay hindi katapusan ng ating pagtulad kay Kristo.Tulad tayo ng mga piloto na hinanay ang ating mga eroplano sa landas ng paliparan ngunit kailangan nating gumawa ng hindi mabilang na pagwawasto bago makalapag ang eroplano.

Ang espiritual na kamatayan sa dating pagkatao isang Kristiyano ay isang *buhay* na kamatayan – isang tuloy-tuloy na pagkamatay.[281] Ang ating mga handog ay isang *buhay* na handog – isang tuloy-tuloy na paghahandog. Ang mga larawan ng salita tulad ng "pagkamatay sa dating pagkatao" at naglalayon lamang upang turuan tayo ng mga espiritual na katotohanan,ngunit dapat tayong mag-ingat na huwag lumayo sa Salita ng Dios. Ang isang dalisay na puso ay hindi ang katapusan ng ating hangarin para sa kabanalan. Ang isang dalisay na puso at isang pagnanais na magpasakop at mas mahusay na maghahanda sa atin para sa paglalakbay, ngunit mayroon tayong isang panghabang-buhay na pag-akyat na kailangang gawin!

Ang isang buhay na pusopos ng Banal na Espiritu ay isang buhay na lumalago at*patuloy na pinababanal.*Sa pamamagitan ng Espiritu ng Dios tayo ay binababago mulasa "isang antas ng kaluwalhatian hanggang tayo ay maging kalarawan niya."[282]Ang mga sumusunod ay isang praktikal na payo para sa mga nagnanais na lumalim sa buhay ng kabanalan.[283]

Sa mga sumusunod na artikulo ng aking kaibigan na si Dr. Phil Brown ay nag-aalok ito ng ilang kapaki-pakinabang at biblikal na payo, sa pagmumuhay ng may kabanalan.

---

[280] Dennis Kinlaw, "The Mind of Christ," *High Calling,* January-February 2017, 9. Retrieved fromhttp://www.francisasburysociety.com/wp-content/uploads/JanFeb2017-High-Callinglr.pdf September 12, 2020.
[281] Lukas 9:23
[282] 2 Corinto 3:18
[283] 1 Corinto 6:11

## Anim na Hakbang upang Mamuhay ng May Kabanalan

Hebreo 12:14ay nag-uutos sa atin na, "Magpakabanal kayo!"[284]Ang kabanalan na dapat nating ipamuhay ay ang kabanalan ng Dios, na perpektong makikita kay Jesus, na hiwalay sa lahat ng kasalanan, walang bahid ng karumihan, dalisay, at matuwid.[285]

**(1) Makakapamuhay tayo ng may kabanalan sa pamamagitan ng pagtanggal ang anumang balakid**.[286]

Ang mga tumatakbo sa isang marathon ay ilaalis ang bawat oras na nagpapabagal sa kanila. Kung may anumang pumipigil sa iyong paghahanap ng kabanalan, kailangan mo itong isantabi! Ang Media, pera, musika, pagmamataas, relasyon – hindi mahalaga kung ano ito. Kung pinipigilan nito ang iyong pag-unlad sa kabanalan, oras na upang alisin mo ang mga ito.Naisantabi mo na ba ang bawat bigat sa iyong paghahangad ng kabanalan?

**(2) Mahahanap natin ang kabanalan sa pamamagitan ng pagsasantabi sa mga madaling makatisod na kasalanan**.[287]

Hindi lamang ang mga kabigatan ang kailangang isantabi. Ang mga madaling makatisod na kasalanan ay dapat din alisin. Ano ang kasalanang ito? Ito ang kasalanang madali kang matisod at mabiktima. Ang lahat ng mananampalataya ay madaling mabiktima ng pagiging makasarili, ang pangunahing nakikitang inilalabas ng ating masamang katangian. Isinasantabi natin ang prinsipyong ito ng kasalanan sa pamamagitan ng paglapit kay Kristo upang malinis tayo ng kanyang Banal na Espiritu. Gayunpaman, kahit na matapos ang paglilinis ng iyong puso sa pamamgitan ng pananampalataya, magkakaroon pa rin ng mga kasalanan kung saan madali kang mahulog. Isinasantabi natin ang mga kasalanan na ito sa pamamagitan ng paggawa ng lahat ng iniuutos ng Banal na Kasulatan para sa pag-iingat ng ating sarili mula sa kasaalan: gamitin ang mga paraan upang makatanggap ng biyaya;[288]huwag bigyan ng pagkakataon ang pagnanais ng laman na matupad ang mga hilig nito;[289] tumakas ka mula sa tukso sa pamamagitan ng pakikihalubilo sa mga nagtataguyod ng katuwiran, pananampalataya, pag-ibig, kapayapaan at tumatawag sa Dios ng may isang dalisay na puso;[290] at lumalakad kasama ng Banal na Espiritu.[291] Hinarap mo na ba ang mga kasalanan na madaling kang mahulog?

---

[284] Ang buong bahaging ito ay isinulat ni Dr. Phil Brown.
[285] Hebreo 1:9; 4:15; 7:26
[286] Hebreo 12:1
[287] Ibid.
[288] Awit 119:11; Mateo 26:41; Efeso 6:13-18
[289] Roma 13:14
[290] 2 Timoteo 2:22
[291] Galacia 5:16

**(3) Mahahanap natin ang kabanalan sa pamamagitan ng pagtingin kay Jesus**.[292]

Alam ng bawat tumatakbo sa paligsahan na ang hindi matitinag na isip na nakatuon sa dulo ay ang susi upang manalo. Ang isang tumatakbo na hindi nakatuon ang pansin ay marahil matalo sa takbuhin. Ang salitang isinalin na "pagtingin" ay nangangahulugan na "ituon ang pansin ng isang tao nang walang anumang paggambala, ayusin ang pagtingin ng may pagtitiwala" sa isang tao.Dapat ay hindi tayo magambala at buong tiwala na nakatingin ang mata ng ating kaluluwa kay Jesus. Bakit? Dahil siya ang modelo ng kabanalan. Isang siguradong paraan na maudlot ang ating hangarin na magkaroon ng kabanalan ay ang pagtingin sa paligid at ihambing ang ating sarili sa iba. Upang maging banal na tulad ng pagiging banal ni Jesus, dapat tayong tumakbo na nakatuon ang ating isipan sa kanya. Nakatuon ba kay Jesus ang iyong pagtingin?

**(4) Mahahanap natin ang kabanalan sa pamamagitan ng pagtitiyaga sa paglaban sa kasalanan***.*[293]

> "Nang sinabi ng ating Panginoon at Tagapagligtas na si Jesus ang "magsisi" sa Mateo 4:4, ninais niya na ang buong buhay Kristiyano ay maging isang paghingi ng kapatawaran."

Ang mga talatang ito ay dapat na magpalaya sa atin mula sa anumang kaisipan na madali ang takbuhin upang magkaroon ng banal na katagumpayan. Oo, ang bawat bigat at ang mga makasalanang madaling makatisod sa atin ay maaaring naisantabi, ngunit tayo ay nasa isang labanan! Nakikipaglaban tayo habang hinahanap ang kabanalan. Ang kalaban ay tutuligsain ang bawat pagsulong sa pagiging katulad ni Kristos. Walang pinipiling edad, antas ng paglago, o estado ng biyaya na nagbubukod sa atin mula sa sagupaang ito. Ang panganib na maging pagod at manghinaang ating isipan ay ang magpapahirap sa atin.Nagtitiyaga tayo sa pamamagitan ng pagsasaalang-alang sa pagtitiis ni Kristo. Ang ating kapitan ay nanalo kahit na pilit siyang tinukso ng dyablo. Sa pamamagitan ng kanyang biyaya, ay maaari din tayong magtagumpay! Nagtitiyaga ka ba sa paglaban sa kasalanan?

**(5) Mahahanap natin ang kabanalan sa pamamagitan ng pagpapasakop sa pagtutuwid ng Dios at pagtitiis nito ng may buong pasasalamat***.*[294]

Kung hinahangad natin ang kabanalan, hindi natin dapat maranasan ang pagtutuwid at pagpalo ng Dios, tama? Mali! Hindi iyon ang kanyang pamamaraan. Sa katunayan, ang Dios ay may kapangyarihan na pahintulutan at utusan ang mga paghihirap, kung anupaman ang kaso, ito ay upang matulungan tayong lumago sa kabanalan na tulad ni Kristo. Ang matandang kasabihan, "Walang sakit, walang matatamasang pakinabang" tunay na nagsasalita ito sa ating kalagayan. Hinahanap natin ang kabanalan sa pamamagitan ng mapagpakumbabang pagtanggap sa mga ibinigay na pagtutuwid at tanggapin ito ng may

---

[292] Hebreo 12:2
[293] Hebreo 12:3-4
[294] Hebreo 12:5-11

pasasalamat, sapagkat pinatotohanan nila ang kanyang mapagmahal na pagnanais na makibahagi tayo sa kanyang kabanalan.Nagpapasalamat kaba sa Ama para sa kanyang pagtutuwid na nagdudulot ng kabanalan?

**(6) Matatagpuan natin ang kabanalan sa pamamagitan ng pagpapatibay sa bawat isa.**[295]

Ang motto ng mundo ay "bawat tao para sa kanyang sarili." Hindi ganoon sa paghahanap ng kabanalan. Ang kabanalan ay dapat hanapin kasama ng pamayanan. Lalago tayo sa pagiging katulad ni Kristo kapag namumuhay tayo sa mga istraktura ng pananagutan at pagiging halimbawa. Tumatakbo tayo nang pinakamahusay sa ating takbuhin kapag nakikipag kapit-bisig tayo sa ating kapwa mananampalataya. Kung ang isang tao ay nadapa, ang kanyang mga kasama ay tutulungan siyang mai-angat muli upang mapanumbalik sa kanyang pagtakbo. Nakipag kapit-bisig kana ba sa kapwa mo mananampalataya na naghahanap ng kabanalan?

**Konklusyon**

Ang kabanalan ng puso at buhay ay isang paglalakbay, at itong anim na biblikal na alituntunin ay maysisilbing tagapangalaga ng ating kaluluwa mula sa malakas na hangin ng paghihirap at tukso at upang tayo ay lumago bilang mga mamamayan ng kaharian ng Dios.

**Isang Panalangin**

Ama,

Nakita ko ang pinakamalaking sagabal sa aking espiritual na paglalakbay at ito ay ang pagmamataas – na lumalabas mula sa aking makasalang pagkatao. Tapos na ako sa mga pagpapalusot.Tapos na ako sa pagsisi sa iba. Buo kong iniaalay ang aking sarili bilang isang buhay na handog sayo. Sa pamamagitan ng sinabi ng sumulat ng awit ito ang aking dalangin, "O Dios, Likhain mo sa akin ang isang malinis na puso." Kasama ni Pablo ay pinapasan ko ang aking krus at naniniwala ako na, "Ako ay ipinako sa krus kasama ni Kristo; hindi na ako ang namumuhay, ngunit si Kristo ang siyang namumuhay sa akin; at ang buhay na ipinamumuhay ko ngayon sa laman at ipinamumuhay ko sa pamamagitan ng pananampalatayasa Anak ng Dios, na nagmamahal sa akin at ibinigay ang kanyang sarili para sa akin." Nagtitiwala ako ngaton sa paglilinis at pagkilos ng Banal na Espiritu, ang ipinangako ni Jesus nang sinabi niya: "Kung sinuman ang nauuhaw, lumapit siya sa akin at uminom. Ang sumasampalataya sa akin, tulad ng sinasabi sa Banal na Kasulatan, mula sa kanyang puso ay dadaloy ang tubig na nagbibigay ng buhay."

Amen.

[295] Hebreo 12:12-13

## Leksiyon6 Mga Takdang Aralin

(1) Kumuha ng isang pagsusulit batay sa materyal mula sa leksiyong ito.

(2) Maglaan ng hindi bababa sa tatlumpung minuto ngayong linggo upang magbalik-aral sa leksiyon ito, kabilang ang mga sanggunian sa Banal na Kasulatan, at hilingin sa Banal na Espiritu na bigyan ka ng mas malalim na pang-unawa.

(3) Itala sa iyong journal ang anumang tiyak na pagbabago na dapat gawin sa iyong buhay, tulad ng ipinakita sayo ng Panginoon.

(4) Pagnilayan ang hindi bababa sa isang Awit sa iyong pang-araw-araw na oras ng pag-aaral ng Biblia, at itala sa iyong journal kung ano ang sinabi ng salmista tungkol sa mga katangian ng Dios.

(5) Itala sa iyong journal ang isang personal na panalangin para sa espiritual na pagbabago at paglago batay sa leksiyong ito.

(6) Ugaliin ang paggamit ng *Gabay sa Pang-araw-araw na gabay sa Pananalangin* ni Brown sa iyong pribadong pananalangin.

## Leksiyon 6 Pagsusulit

(1) Ano ang tatlong mahahalagang katotohanan na itinuro sa leksiyong ito?

(2) Kaya bang patayin ng mga Kristiyano ang katangian na likas na makasalanan?

(3) Kumpletuhin ang pangungusap na ito: "Ang ___________ lamang ang maaaring makapag-alis ng pagiging makasarili."

(4) Kumpletuhin ang pangungusap na ito: "Ang pagtalikod sa sariling kagustuhan ay nagbibigay ng puwang para sa___________ ___________ at kontrol ng ___________ ___________."

(5) Ano ang bunga ng kamatayan sa sariling kagustuhan?

(6) Sabihin ang tatlong katangian ng buhay ni Jesus na nasa sa atin.

(7) Ano ang anim na hakbang para sa paglinang o paghahanap ng kabanalan na itinuro ni Dr. Phil Brown?

# Leksiyon 7
# Ang Pagiging Katulad ni Kristo sa Pamamagitan ng Espiritual na Pagsasanay

## Leksiyon 6 Pagbabalik-aral

Paalala sa tagapanguna sa klase: Magbalik-aral sa walong mahalagang katotohanan mula sa Leksiyon 5-6 at ang anim na hakbang para sa paghahanap ng kabanalan mula sa Leksiyon 6. Tanungin ang mga mag-aaral kung sino ang may nais na ibahagi ang kanilang mga personal na panalangin mula sa Leksiyon 6.

## Mga Layunin ng Leksiyon

Sa pagtatapos ng leksiyong ito, ang mag-aaral ay dapat na:

(1) Nauunawaan ang kahulugan ng 1 Timoteo 4:7.

(2) Nalalaman kung bakit kinakailangan ang espiritual na pagsasanay upang mahubog sa pagiging katulad ni Jesus.

(3) Magsimulang isabuhay ang mga prinsipyong natutuhan sa leksiyong ito.

## Mga Larawan ng Buhay

May isang batang mananampalataya ang nahihirapang magtiyaga sa maliliit na bahagi ng pagsunod. Makapangyarihang binago ng Dios ang kanyang buhay at pinagaling siya mula sa isang masakit, nagpapahirap sa kanyang sarili na espiritual na sugat; gayunpaman, may mga bahagi pa rin ng nagpapatuloy na pakikibaka. Nakikipagbaka siya sa paglakad nang may pananampalataya.Naghahangad siyang masunod sa lahat ng kanyang mga iniisip sa buhay. Nais niyang maging isang mas maasikasong ama sa kanyang mga maliliit pang anak. Ninanais niyang hindi maging sobrang taas-baba ang kanyang emosyon. Nais niyang maging mas mahusay na tagapangasiwa ng kanyang oras. Nahihirapan siyang makuntento sa kanyang trabaho at nakikita niya ang kanyang sarili na nangangarap makakita ng ibang opportunidad. Isang araw ay tinawagan niya ako at sinabi, "Naniniwala ako na isinasara ng Dios ang iba pang pinto ng opportunidad sa panahong ito ng aking buhay upang matutunan ko ang disiplina ng pagtitiyaga. Ang aking buhay sa puntong ito ay isang serye ng *mga hindi pa tapos na proyekto*.Alam ko na kung tunay akong magtatagumpay sa aking relasyon sa Dios, kakailanganin kong matutong magtiyaga at tapusin ang aking nasimulan. Ang aking pagkamainipin ay isang isyu sa aking katangian na nakakaapekto sa iba pang bahagi ng aking buhay!" Namamangha ako sa kababaang-loob at pananaw ng aking kaibigan. Siya ay lumalalim at lumalago... sa pamamagitan ng pagsasanay!

## Ang Malaking Ideya

Ang malaking ideya ng leksiyong ito ay ang pagsasanay bilang napakahalaga para sa paghubog ng isang maka-Dios na katangian – ang pagiging katulad ni Kristo sa ating buhay. Ang pagsasanay na ito ay kinabibilangan ng kahirapan, ang mga klasikong espiritual na disiplina (tulad ng pagbabasa, pananalangin, pag-aayuno, atbp.), pati na rin ang personal na disiplina.

Ang ilan ay mangangatwiran na ang aking kaibigan na nabanggit sa itaas ay nangangailangan lamang ng kapuspusan at kapangyarihan ng Banal na Espiritu sa kanyang buhay. Walang alinlangan na totoo ito. Ngunit hindi maaaring puspusin at bigyan ng kapangyarihan ng Banal na Espiritu ang mga mananampalataya nang nakahiwalay sa pagsunod. Tulad ng pag-aani ng mais o bigas ay direktang nauugnay sa matapat na paglilinang at pagpapatubig ng magsasaka, gayon rin ang pag-aani ng espiritual na katangian ay direktang nauugnay sa pagsisikap na puspos ng pananampalataya ng Kristiyano.

Ang leksiyong ito ay tumatawag sa atin sa masigasig, nagpapatuloy, at mapagbantay na paglakad kasama ng Dios, na nakaugat sa pananampalataya, at binibigyang kapangyarihan ng pag-ibig.

## Mga Pananaw sa Pagiging Banal mula kina Pablo at Pedro

Dalawang pangunahing talata ang makakatulong sa paghubog sa ating pagkaunawa sa gampanin ng pagsasanay sa paghubog ng espiritual na buhay.

Isinulat ni Pablo,

> Huwag mong pag-aksayahan ng panahon ang mga alamat na walang halaga, sa halip, *sanayin* mo ang iyong sarili sa *banal na pamumuhay*. Sa pagsasanay ng katawan ay mayroon ding pakinabang, ngunit ang banal na pamumuhay ay mapapakinabangan sa lahat ng paraan, sapagkat ito'y may pangako hindi lamang para sa buhay na ito ngayon, kundi maging sa buhay na darating.[296]

Ang mga pangunahing salita dito ay "pagsasanay" at "banal na pamumuhay." Sa palagay mo paano naging magkakonekta ang dalawang kongseptong ito?

### Kahulugan ng Kabanalan

► Talakayin ang terminong "kabanalan" sa iyong pangkat. Pahintulutan ang bawat isa na magbigay ng kahulugan.

Sa ating panahon, sa palagay ko ay hindi na natin awtomatikong alam kung ano ang pagiging banal/kabanalan. Sa isang sulyap sa kapaligiran ng ating iglesia ay nagpapakita

[296] 1 Timoteo 4:7-8, idinagdag ang pagbibigay-diin.

ng isang baluktot na pagkaunawa dito.Kapag maraming tao ang nag-iisip tungkol sa isang banal na tao, madalas nilang iniisip ang isang tao na mahinahon, isang tao na palaging may dala-dalang malaking Biblia, nagsasalita nang may magalang na tono, at naglalaan ng maraming oras sa pagpunta sa simbahan.

Ngunit ang mga taong may kabanalan ay nakikita sa lahat ng hugis, sukat, kultura, at personalidad. Ang pagiging banal ay hindi lamang tulad ng pagiging komportable sa lumang pares ng pantalong maong o gayun din sa amerikana/suit at kurbata. Ang pagiging banal ay walang natatanging tono ng tunog o lakas ng tunog sa pananalangin. Ang pagiging banal ay walang isang partikular na istilo ng pagsamba o uri ng musika.

**Ang pagiging banal ay ang napakagandang buhay ni Jesus, na naisasabuhay natin sa pamamagitan ng Banal na Espiritu. Ang kabanalan ay ang pag-alam, nasisiyahan, sumusunod, at may biblikal, taos-puso, at tunay na paglakad kasama ng Dios. Ang pagiging banal ay para sa lahat, para sa lahat ng lugar, mula sa bawat kultura, lahi, at uri ng pamumuhay, sapagkat ang pagiging banal ay hindi isang bagay, kundi isang tao. Ang kabanalan ay ang buhay ng Panginoong Jesus**.

► Bakit napakahirap para sa atin na tanggapin na ito ang tama? Bakit kung minsan ay mas madali pa para sa mga bagong mananampalataya na maunawaan ito kaysa sa mga taong lumaki sa iglesia?

**Ang Pananaw ni Pablo patungkol sa Kabanalan**

**(1) Una, ang kabanalan ay isang paglalakbay –** "patungo sa kabanalan."

Huwag tayong panghinaan ng loob**.** Alalahanin natin na ang Dios ay matiyaga sa atin, sapagkat, "Kung paanong ang isang Ama ay naaawa sa kanyang mga anak, ganoon din naaawa ang Panginoon sa mga may takot sa kanya." Ang Perfectionism ay isang kaaway na marami sa atin ang kailangang makipaglaban.

**(2) Maraming dapat iwasan na kaabalahan na nakakahadlang sa ating paglalakbay sa pagpapabanal.**"Ngunit iwasan mo ang mga usapang walang pag galang sa Dios at mga kathang-isip na kwento."[297]

Ang mga kathang-isip na kwentong iyan ay bunga ng mga alamat at tradisyon ng mga Hudyo na nag-uugnay ng mga walang kabuluhang haka-haka, tulad ng pinagmulan ng mga anghel at kanilang mga kapangyarihan at iba pang ibang bagay na pinili ng Dios na hindi ipaunawa. Ang listahan ng mga haka-haka, pamahiin, at mitolohiya ay lalo pang lumago simula noon!

---

[297]Tingnan din ang 2 Timoteo 2:16, 23.

**(3) Ang kabanalan ay maaaring makamtan sa pamamagitan ng pagsasanay, na nakaugat sa pananampalataya.**"Ngunit sanayin mo ang iyong sarili tungo sa kabanalan."

Ang salitang isinalin na "pagsasanay" ay ang salitang pinagkuhanan natin ng ating salitang Ingles na, *gymnasium*.Sa salitang *pagsasanay,* naiisip natin ang pagod na kalamnan, pagbuhat ng mabibigat, mabilis at malalim na paghinga, at pawis na umaagos/bumubuhos sa ating mukha! Sinabi ni Wesley, "Tulad ng mga makikipaglaban sa mga palarong Grecian, sanayin ninyo ang inyong maga sarili tungo sa kabanalan. Sanayin ninyo ang inyong sarili tungo sa kabanalan ng puso at pamumuhay, nang may masigasig na pagsisikap, kasiglahan, at kasipagan."[298]

Dapat nating tandaan na ang isang tao ay hindi kayang sanayin ang kanyang sarili o alisin ang kanyang sarili mula sa sinasadyang kasalanan. Ang sinasadyang kasalanan ay dapat na "patayin!"[299]

Natutuwa ako na hindi hinihimok ni Pablo si Timoteo tungo sa isang maigsing paraan patungo sa kabanalan, dahil wala naman talagang maigsing paraan. Ang bagong kapanganakan ay madalian lamang at ito ay isang usapin lamang ng paniniwala sa Panginoong Jesus-Kristo. Ang pagpapaunlad ng kabanalan at katangian ng pagiging banal ay nangangailangan ng pagsisikap.

**(4) Ang kabanalan na nakukuha sa pamamagitan ng pagsasanay ay nangangako ng mas mahusay na kalidad ng buhay ngayon at sa buhay na walang hanggan.**

Mga komento ni John Wesley,

> Ang taong may takot, pagmamahal, at naglilingkod sa Dios ay may pagpapala ng Dios sa kanyang buong buhay. Iniliigtas siya ng kanyang relihiyon mula sa lahat ng labis na iyon, kapwa sa pagkilos at passion, na sumisira sa mga pundasyon ng buhay at madalas na itinuturing itong isang pasanin. Ang kapayapaan at pagmamahal sa kanyang puso ang nagdudulot ng sinseridad at pagiging kalmado na nagiging sanhi upang magliwanag, lumakas ng permanente ang ilaw ng buhay…. Kaya, ang kabanalan ay may pangako naat sinisigurado ang mga pagpapala ngparehong mundo.[300]

Sa 2 Pedro 1:5-8, sumulat si Pedro sa mga mananampalataya na "tulad namin ay tumanggap ng napakahalagang pananampalatayangmula sa ating makatarungang Dios at tagapagligtas na si Kristo Jesus" (1:1), na "tumanggap ng lahat ng bagay na nauukol sa buhay at kabanalan" (1:3), at "binigyan... ng mga dakila at napakahalagang mga pangako, upang sa pamamagitan nito ay makabahagi tayo sa kanyang likas bilang Dios" (1:4). At "sa mismong kadahilanang ito," ay "maidagdag ito sa kanilang pananampalataya":

---

[298] John Wesley's notes sa 1 Timoteo 4:7
[299]Colosas 3:5
[300] John Wesley's notes sa 1 Timoteo 4:8

> Dahil dito, *sikapin ninyong idagdag* sa inyong *pananampalataya* ang kabutihan; sa inyong kabutihan, ang kaalaman; sa inyong kaalaman, ang pagpipigil sa sarili; sa inyong pagpipigil sa sarili, ang katatagan; sa inyong katatagan, ang pagiging maka-Dios; sa inyong pagiging maka-Dios, ang pagmamalasakit sa kapatid; sa inyong pagmamalasakit sa kapatid, ang pag-ibig.[301]

Tandaan: Nagkakaisa ang mga komentarista na ang "nakikibahagi sa banal na kalikasan" ay nangangahulugang **pagsasabago o pagpapanumbalik tungo sa pagiging kalarawan ng Dios**! Sinabi ni Adam Clarke, "Ang layunin ng lahat ng mga pangako ng Dios... ay upang maibalik tungo sa pagiging kawangis ng Dios ang mga taong nahulog sa kasalanan, dahil ang wangis na ito ay nawala sa tao."[302] Ito ang plano ng Dios para sa lahat ng nagtitiwala kay Kristo Jesus at sa mga pangakong nilalaman ng ebanghelyo. Ang kalikasan ng Dios ay ang ilog kung saan dumadaloy ang bawat biyaya, na ginagawang mas posible ang pagpapabanal.

**Ang Pananaw ni Pedro**

**(1) Tiniyak sa atin ni Pedro na habang ang banal na katangian ay mula sa Dios, ang pakikibahagi dito ng mas higit pa ay nakabatay sa atin, sa pamamagitan ng kanyang biyaya**.

Nilinaw ni Pedro na ang pagbuo ng espiritual na katangian na ang pundasyon ayang nakapagliligtas na pananampalataya ay nangangailangan ng pagsisikap. Ganito ang paliwanag ng isang komentarista: "Ang langis at apoy ay buong ibinigay ng Dios sa pamamagitan ng biyaya, at 'kinuha'ng mga mananampalataya: ang kanilang bahagi mula doon ay ang 'pagsasa-ayos ng kanilang mga ilawan.'"[303]

**(2) Ang bawat mananampalataya ay dapat na *nakikibahagi ng ganap at may ganap na pagnanais* na palaguin at linangin ang banal na kalikasang nakatanim sa kanila.**

Sa orihinal na wika ay napaka-diin nang pagkakasabi ni Pedro. Ano ang ilan sa mga banal na katangian ang binigyang diin ni Pedro na dapat nating idagdag sa pananampalataya?

---

[301] 2 Pedro 1:5-7, idinagdag ang pagbibigay-diin.
[302] Komentaryo ni Adam Clarke sa 2 Pedro 1:4
[303] Komentaryo ni Jamieson-Fausset-Brown sa 2 Pedro 1:4-5

**(3) Binigyan tayo ni Pedro ng isang tiyak na listahan ng mga katangiang dapat nating idagdag at kung hindi, tayo ay magiging "baog o walang bunga sa kaalaman patungkol sa ating Panginoong Hesu-Kristo**."[304]

- Magdagdag ng kalinisang-puri – Kahusayan sa moralidad/kabutihang-asal, lalo na sa mga oras ng paghihirap at pag-uusig.
- Magdagdag ng kaalaman – Ito ay pagkilala sa kalooban ng Dios.
- Magdagdag ng pagpipigil sa sarili – ito ay ang wastong paggamit ng lahat ng kasiyahan sa lupa, pagsasanay na pigilan ang sarili, at hindi pinahihintulutang mas manaig ang pisikal na pagnanasa.
- Magdagdag ng pagtitiyaga – Ito ang matiyagang pagtitiis sa gitna ng pagdurusa at paghihirap.
- Magdagdag ng kabanalan – Ang isang taong pinabanal na yaong ganap na nagpapasakop sa Dios, kasama ang kanyang mga tao at kanyang mga hangarin.
- Magdagdag ng pagmamalasakit sa kapatid – Sa pagiging banal ay dapat tayong magdagdag ng pagiging matulungin, kagandahang loob, at kaligayahan. Ang pagiging banal ay hindi nakakapagod, mapagkunwari, hindi madamot, o nagmamaktol!
- Magdagdag ng pag-ibig – Pag-aalaga na walang pag-iimbot, hindi lamang para sa pamilya ng Dios, ngunit para sa buong sangkatauhan.

## Ang mga Katangian ni Kristo ay Mabubuo sa Atin sa Pamamagitan ng Pagsasanay/Pagsasabuhay

Gustong-gusto kong maglakad para mag-ehersisyo. Nakakatulong ito sa akin na mapanatili ang mabuting kalusugan. Napapaginhawa nito ang aking isipan. At dahil nakakapagdasal ako habang naglalakad, ang paglalakad ay nagpapalapit sa akin sa Panginoon. Naglalakad ako kapag mainit at kung malamig. Maraming beses na rin akong naglakad sa ilalim ng ulan at niyebe.

Ang mundo ay humigit-kumulang na 40,000 kilometro (24,000 milya)paikot, at mayroon akong personal na layunin na lakarin ito, sa pamamagitan ng parehong distansya! Sa madaling salita, bago ako mamatay, umaasa akong makalakad ako ng hindi bababa sa 40,000 kilometro para sa pag-eehersisyo. Nagsimula ako walong taon na ang nakakalipas;at kung mananatili akong malusog, at kung bibigyan ako ng lakas ng Panginoon, tatagal pa ako ng dalawampu't dalawa pa. Pagkatapos ng walong taon, sa paglalakad ng 6.4 kilometro kada araw (apat na milya), sa higit-kumulang dalawampu't limang kilometro sa isang linggo (labing-anim na milya) at 1,287 kilometro kada taon (832

[304] 2 Pedro 1:8

milya), nakalad na ako ng halos 10,300 kilometro (6,400 miles). Mayroon pa akong 30,000 kilometro na dapat pang lakarin, ngunit hindi ko iyon masyadong iniisip. Ang ginagawa ko lamang (kadalasan) ay ine-enjoy ang paglalakad araw-araw.

Ang isang malaking layunin, katulad ng paglalakad ng paikot sa mundo, ay makakamit lamang nang paunti-unti bawat araw. Nangyayari lamang ito sa pamamagitan ng pagbangon araw-araw at pagtutuon ng pansin sa pag-eehersisyo at paglalakad. At kung magpapatuloy ako, sa huli ay matatapos ko ang dating tila imposible.

Ang paghubog ng espiritual na buhay ay katulad nito. Natutunan natin sa leksiyong ito na ang pagiging katulad ni Kristo ay ang layunin na dapat nating marating, hindi lamang sa pagbabago ng ating isipan, kundi sa pamamagitan ng tinatawag ni apostol Pablo na "pagsasanay."

Ang bawat tao na pinababanal na kilala ko ay kinailangang mag-ukol ng maraming pagsisikap upang maging gayon. Ang kaligtasan ay sa pamamagitan ng biyaya, sa pamamagitan ng pananampalataya; ngunit ang pagpapabanal – ang paghubog ng mga katangian at karakter/pagkatao – ay madalas na dumarating sa pamamagitan ng masakit na pagtalikod sa sariling kagustuhan at sinasadyang pagsisikap. Tinawag ito ni Pablo na "pagsisikap tungo sa layunin."[305] Ang biyaya, syempre, ay kumikilos kahit sa ating mga pagsisikap.[306]

**Ang Pagsasanay ay Kinabibilangan ng Pagsasabuhay nito**

Ako at si Becky (ang aking asawa) ay nagninilay-nilay sa pangangailangan na linangin ang pagiging mahinahon sa aming pakikipag-ugnayan sa isa't-isa at sa aming mga anak. Isang araw ay natagpuan namin ang pagtuturong ito ng isang G. D. W. na natagpuan sa debosyonal na libro ni Lettie Cowman,*Streams in the Desert*:

> Ang biyaya ng Espiritu (katulad ng pagtitiyaga) ay hindi nagaganap sa atin ng biglaan lamang; at kung hindi natin makikita ang ilang estado ng biyaya, at piliin ang mga ito, at paunlarin ito sa ating kaisipan,hindi sila kailanman mananatiling ganap sa ating mga pag-uugali at katangian. Ang bawat paunang hakbang sa biyaya ay dapat na maunawaan muna ito, at pagkatapos ay manalangin ng maypagnanais na magkaroon nito.[307]

Pagsasabuhay ng mga katangian? Hindi pangkaraniwan na makahanap ng isang taong ganito mag-isip, ngunit mahalaga itong maunawaan.

---

[305]Filipos 3:14
[306]Filipos 1:6
[307] Lettie Cowman, *Streams in the Desert* (Grand Rapids: Zondervan, 1996), June 11

Tandaan natin na ang layunin ng buhay Kristiyano ay hindi lamang ang paggawa ng mga tamang bagay. Ang mga mananampalataya ay maaaring gumawa ng tama dahil sa iba't-ibang maling kadahilanan – kabilang ang nakokonsensya, natatakot, at pagmamataas.Ang layunin at prayoridad ng Dios ay upang hubugin tayo mula sa ating kalooban hanggang sa maging uri tayo ng mga tao na "*regular at madaling sumunod sa kanya*;"[308] hanggang ang ating katauhan ay mabago; hanggang maging pangkaraniwan sa ating buhay ang bunga ng Espiritu.

Ang pag-akyat sa Bundok Everest ay isang hamon na hindi maituturing nang sinuman na madaling gawin. Ang pinakamataas na bundok na nakatayo ng higit kumulang 10,000 metro (30,000 feet) ang taas, at sa pinakatuktok ay may 2/3 mas mababang oxygen kaysa sa lebel ng dagat. Tatlong daaang climber ang nawalan ng buhay sa pagtatangkang akyatin ito. Nagkakahalaga ng $75,000 at 40 na araw upang akyatin ito! Ang buhay Kristiyano ay nangangailangan din ng pagtupad sa mga pangako, dahil ito rin ay isang paglalakbay na hindi natin maituturing na madali!

Sa ebanghelyo ni Mateo, inanyayahan ni Jesus ang mga "napapagod at nabibigatan" na makipag-isa sa kanya ang mga tao sa isang matahimik, *madaling*buhay ng pagsunod.

> Lumapit kayo sa akin, kayong lahat na napapagod at nabibigatan, at bibigyan ko kayo ng kapahingahan. Pasanin ninyo ang aking pamatok (matigas na kahoy para sa batok ng kalabaw) at matuto mula sa akin, sapagka't ako ay banayad at may mababang loob; at makakahanap ka ng kapahingahan para sa iyong kaluluwa. Sapagkat ang aking pamatok ay*madaling dalin,* at magaan ang ibibigay ko sa inyong pasanin.[309]

Kay Jesus, ang pamatok ay maaaring tawaging "madaling dalin" kapag ang panloob na kalalagayan ay nabago: kapag ang puso ay hindi na nagrerebelde sa kalooban ng Dios sa halip ito ay mas nagiging "banayad at mapagpakumbaba" –mga termino kung saan sa kontekstong ito ay tumutukoy sa pagtanggap. Ito ang nais ng Dios na gawin sa atin.

**Ang pagsasanay ay Nagbubunga ng Karakter**

Ang pagkaunawa sa gampanin ng katangian at karakter sa buhay Kristiyano ay mahalaga. Ang pagkabigo sa Espiritual na buhay ay kadalasang direktang magkaugnay, hindi sa kawalan ng katapatan o pagnanais o debosyon, kundi sa maling pagkakaunawa sa gampaning tinutupad ng katangian at karakter ng isang Kristiyano sa ating paglakad kasama ng Panginoon.

Habang isinusulat ko ang leksiyong ito, ako at ang aking asawa ay nag-host sa aming bahay ng pag-aaral ng Biblia kasama ng iba pang mag-asawa. Sa panahon ng aming gawain, may isang mas batang ina ang nagpahayag ng kanyang pagkabigo sa pamumuhay ng tuloy-tuloy bilang Kristiyano."Marahil ay tila wala itong saysay," sabi niya, "ngunit minsan ay

[308]Sinipi mula kay Dallas Willard na binanggit sa Leksiyon 1.
[309] Mateo 11:28-30

sumasagi sa aking isipan na marahil ay hindi ako isa sa mga pinili ng Dios, na marahil ay hindi ako magiging malakas kahit gaano man ako magsikap!"

Ngayon, marahil ay hindi nating sinasabi ang katulad nito, ngunit maraming sinserong mananampalataya ang nag-iisip kung ang pinakamataas na antas ng debosyon sa Dios ay nakalaan para sa mga "espesyal" na Kristiyano o "sobrang banal"! Ngunit ang Dios ay walang kinikilingang tao, at ang bawat mananampalataya ay maaaring mahubog tungo sa pagiging katulad ni Kristo. Madalas na ang ating problema ay simpleng kakulangan ng karakter at pag-unawa sa gampaning ginagawa ng karakter sa ating paglakad kasama ng Dios.

Sa parehong paraan na ang rebar (nagpapatibay na mga bakal) ay nagpapalakas sa kongkreto at pinapatibay ng kalamnan ang katawan, pinalalakas ng karakter ang mga katangian sa buhay Kristiyano. Pinatitibay ng karakter ang kaluluwa. Ang karakter ay nagbibigay-daan sa pag-ibig, kagalakan, kapayapaan, pagtitiyaga, at lahat ng bunga ng Espiritu ay mas manatili sa ating kaluluwa. Ang karakter ang nagbibigay-daan sa mananampalataya na manatili kay Kristo at mamuhay sa tuloy-tuloy na pakikipag-ugnayan at pagsunod kay Jesus. Kung wala ang espiritual na pagpapatibay, kahit gaano pa tayo magsikap at maging pursigido, babagsak tayo dahil sa mga pasanin ng buhay, sa matinding hangin ng kahirapan, at mga alon ng tukso.

Ang banal na kalikasan, sa pamamagitan ng Banal na Espiritu, ang siyang pinagmumulan ng**pag-ibig**; ngunit ang pagmamahal sa lahat ng tao (na nagpapakita ng paggalang at pagkilos nang may awa) kapag kumikilos sila tungo sa atin sa hindi mapagmahal na paraanay nangangailangan ng pagsasanay.

Ang banal na binhi ng**kahinahunan**ay nakatanim sa ating mga puso sa pamamagitan ng pananampalataya, ngunit ang banayad na pagtugon sa matatalim na paratang at banayad na sagot sa taong mahilig makipagtalo ay nakakamit sa pamamagitan ng pagsasanay ng dila.

Ang Banal na Espiritu ang pinagmumulan ng **kapayapaan,**ngunit ang matutunan na panatilihin ang ating mga puso sa perpektong kapayapaan sa gitna ng pagsubok at nakababahalang pangyayari ay nangangailangan ng pagsasanay ng kaluluwa.

Ang **pagpipigil sa sarili**ay bunga din ng Banal na Espiritu; ngunit ang pagtitimpi sa ating mga emosyon at kagustuhan ay nangangailangan ng pagsasanay ng disiplina sa sarili, lalo na para sa mga hindi sanay sa pagsasabi ng "hindi!" sa kanilang sarili.

**Pagpapasensya/Pagtitiyaga.** Ang kabutihang-asal na ito ay nakatanim din sa ating kaluluwa mula sa Dios. Ito ay isang kalidad ng banal na kalikasan.Ngunit ang kakayahang maghintay para sa inaasahan natin, ang maantala ang naisin, at manatiling panatag ay maikakabit lamang sa ating pagkatao sa pamamagitan ng sinasadyang pagsisikap.

Ang **Pagiging matapat** ay isang katangian ng banal na kalikasan; ngunit ang pagiging eksakto sa oras, pagtratrabaho nang may pagsusumikap, pagtupad sa ating salita, at

pagsasagawa sa ating mga pangako ay nangangailangan ng mapagbantay na pagsasanay, lalo na para sa mga madaling kapitan ng katamaran.

Ang **Kababaang-loob**ay isang bunga ng Banal na Espiritu; ngunit ang pagkilos na isinasaalang-alang ang iba na mas mahusay kaysa sa ating sarili, ang pag-upo sa pinakamababang upuan sa mesa, at pagkuha ng tungkulin ng isang lingkod ay isang kasanayan na makakamit lamang sa pamamagitan ng disiplina.

Ang **kadalisayan ng puso**ay nagmumula rin sa Banal na Espiritu sa pamamagitan ng pananampalataya, ngunit ang ugali ng pagbabantay sa ating puso ay nakakamit sa pamamagitan ng masigasig na pagsasanay sa espiritual!

Ang banal na binhi ng **pagpipigil sa sarili**ay mula sa Dios,ngunit ang pagpigil sa dila at ganap na kasanayan sa mga pananalita ay nagmumula sa pagsasanay.

Ang **Kagalakan** ay bunga ng Banal na Espiritu,ngunit ang matutunan na magpuri sa Panginoon sa lahat ng oras ay isang kasanayan sa pagpili ng kalooban.[310]

Sa pamamagitan ng pagtubos ay binigyan tayo ng Dios ng lahat ng materyales na kinakailangan natin para sa banal na karakter/pagkatao; ngunit ang Paghubog sa katauhang iyon, sa bawat pundasyon, bawat silid ay ating pang-araw-araw na hamon. Saan natin makikita ang biyaya? Biyaya ang nararanasan ng mga mananampalataya kapag abala sila sa pagsasanay.

### Ang pagsasanay ay Kinabibilangan ng Mga Pagsubok, Kasama ang Pagdidisiplina

Ang mga pagsubok ang nagsasanay sa atin. Sinabi ni Pablo, **"**At hindi lamang iyan, ngunit ikinagagalak din natin ang mga pagsubok, dahil alam natin na ang pagsubok ay nagbubunga ng pagtitiyaga; at ang pagtitiyaga ay nagbubunga ng mabuting pagkatao; at ang mabuting pagkatao ay nagbubunga ng pag-asa."[311] Dapat nating tingnan ang kahirapan na pinahihintulutan ng Dios sa ating buhay bilang kanyang paaralan ng kabutihan.

Sinasanay din tayo ng pagtutuwid ng Dios. Sa Hebreo ay nalaman natin na ang isang tao ay hindi dapat "baliwalain ang pagtutuwid ng Panginoon, at huwag panghinaan ng loob kapag ikaw ay dinidisiplina niya; sapagkat mahal ng Panginoon ang mga dinidisiplina niya at pinapalo ang itinuturing niyang anak."[312]Nalaman din natin na ang pagdidisiplinang ito ay para sa ating ikabubuti, "upang tayo ay makabahagi sa kanyang kabanalan."[313]

### Ang pagsasanay ay Kinabibilangan ng mga Espiritual na Disiplina

Sinasanay tayo ng mga disiplinang ito. Ang mga espiritual na disiplina ay isang paraan upang matanggap natin ang biyaya. Sa pamamagitan ng pagsasanay sa mga disiplinang

---

[310]Awit 34:1
[311] Roma 5:3-4
[312] Hebreo 12:5-6
[313] Hebreo 12:10

ito, palalayain tayo ng Banal na Espiritu mula sa kalupitan sa sarili, pagnanasa, materyalismo, pagmamataas ng ating sarili at magdudulot ito ng kagalingan sa ating mga kaluluwa, at huhubugin tayo na maging katulad ni Jesus.

Sa kursong ito, ilan lamang ang matatalakay natin sa mga klasikong espirituwal na disiplina. Ikakategorya natin ang mga ito sa sumusunod na paraan:

***Ang mga disiplina/pamamaraan ng pag-dedebosyon***

1. Pag-iisa – Paglalaan ng oras na mag-isa kasama ang Dios.
2. Pagninilay – Pag-aaral sa Salita ng Dios na may ganap na pagnanais na makilala at mabigyang-lugod ang Dios.
3. Pag-aayuno at pagtanggi sa sarili – Ang paglaktaw sa (mga) pagkain, pagkain ng katamtaman, o pagtanggi sa ating sarili sa ilang mga kasiyahan sa ilang panahon upang hanapin ang mukha ng Dios.
4. Pagiging simple– Ang matutong mamuhay ng mas kaunti upang makapagtuon ng pansin sa pinakamahahalagang bagay.
5. Paghahandog/pagsasakripisyo – Pagbibigay ng ating oras at mga ari-arian nang higit sa tila makatuwiran sa mga tao upang malinang ang mas higit na pagtitiwala/pagdepende sa Dios.

***Ang mga disiplina sa Mga Ginagawa***

1. Pananalangin – Ang pagpapatuloy sa pakikipag-usap sa Dios.
2. Pagsamba – Paghahandog ng hindi mapipigil na papuri at pagsamba sa Dios.
3. Fellowship – Pakikipagpalakasan kasama ang ibang Kristiyano upang magbigay at makatanggap ng pangangalaga at paglilingkod.
4. Kumpisal – Regular na katapatan at transparency sa Dios at sa isang pinagkakatiwalaang kaibigann g Kristiyano.
5. Pagpapasakop – Pagpapakumbaba sa harapan ng Dios at ng iba habang naghahanap ng pananagutan sa mga relasyon. Sinasanay tayo ng mga relasyon.Ang mga kagamitang kadalasang ginagamit ng Dios upang hubugin tayo tungo sa pagiging katulad ni Kristo ay ang ibang tao. Minsan ang mga kagamitang ito ay napakasakit. Ngunit gumagamit din ang Dios ng mga espiritual na regalo ng ibang mananampalataya para sa "paghahanda' o pagsasanay (parehong salita na ginamit

sa 1 Timoteo 4:7) "ng mga pinabanal,"[314]hanggang sa lumago tayo sa pagiging ganap na katulad ni Kristo Jesus.[315]

**Ang Pagsasanay ay Kinabibilangan ng Personal na Disiplina**

Ang pagtalikod sa sarili o pagkamatay sa sariling kagustuhan ay ang nagsasanay sa atin**.** Ang pagtalikod sa sarili ay may kinalaman sa pangako ng isang tao na sabihin ang isang mapagpasyang "hindi" sa mga pisikal na pagnanasa kapag ang mga ito ay masyadong malakas, at lalo na kapag sinimulan nilang sirain ang espiritual na buhay ng isang tao. Ganito ang sinabi ni Pablo:

> Ang bawat manlalaro ay nagsasanay nang mabuti at dinidisiplina ang sarili upang makamit ang gantimpala....Dinidisiplina ko ang aking katawan at sinusupil ang masasamang pagnanasa nito; dahil, baka pagkatapos kong ipangaral ang Magandang Balita sa iba ay ako pa ang hindi makatanggap ng gantimpala mula sa Dios.[316]

Mayroong hindi bababa sa anim na *personal na disiplina* na tatalakayin natin sa kursong ito:

1. Disiplina sa ating dila
2. Disiplinasa ating pag-iisip sa buhay
3. Disiplinasa ating mga kagustuhan
4. Disiplinasa ating pag-uugali
5. Disiplinasa ating oras
6. Ang disiplinasa mga personal na paniniwala

Ang pagsasanay, pagsubok, ang mga espiritual na disiplina, at personal na disiplina: Ito ang mga pangunahing pagsasanay na magdudulot na dumaloy ang biyaya ng Dios sa ating buhay. Makakatulong ito sa atin na mapanatiling nasusubaybayan ang mga likas na pagnanasa, magbunga ng mabuting pag-uugali, at pahintulutan ang Banal na Espiritu na maghari sa atin ang kanyang pagnanais at dalin tayo sa pagiging katulad ni Kristo Jesus.

Bakit ang pagiging katulad ni Kristo at kanyang mga hangarin ay hindi nangyayari nang mas regular sa atin? Bakit napakaraming pagsubok ang nangyayari? Bakit ang ilan sa atin ay nadidismaya sa buhay Kristiyano? Sapagkat iilang Kristiyano lamang ang sumasali sa klase ng Dios sa espiritual na pagpapalakasan!

---

[314] Efeso 4:12
[315] Efeso 4:13
[316] 1 Corinto 9:25, 27

**Ang Paglago sa Pamamagitan ng Pagsasanay Ay Karaniwang Paraan ng Dios sa Paghubog sa Atin**

Habang nalalaman natin na ang Banal na Espiritu ay maaari, at ginagawa, na mabago ang ating mga puso sa pamamagitan ng mga tuloy tuloy na pagkakataon sa ating espiritual na paglalakbay, alam din natin na dinadala niya tayo sa ganap na paglago sa pamamagitan ng mga proseso. Ang mga himala ng bagong kapanganakan at pagbabautismo ng Banal na Espiritu ay kamangha-mangha at inaalagaan ang mga problema sa puso, ngunit hindi nito awtomatikong malulutas ang lahat ng ating problema sa *karakter*.

Upang maituro na ang paghubog ng espiritual na buhay ay isang proseso na hindi maiaalis mula sa mga pambihirang sandali ng muling pagkabuhay. Maraming mga matapat na tagasunod ni Jesus ay nakaranas ng isang "banal na sandali" na may ganap na katapatan at pagsuko na higit pa sa bagong kapanganakanat paglilinis ng Banal na Espiritu bilang isang resulta. Ngunit tulad ng mga himala na hindi sinisira ang mga normal na batas ng kalikasan, ang mga pambihirang sandaling ito o panahon sa ating paglalakbay ay hindi inaalis ang *normal* na proseso ng paglago na inilagay ng Dios.

**Ang Espiritual na Paglago ay Karaniwan na Nakabatay sa Pisikal na Paglaki**

Ang mga sanggol ay hindi nagiging matanda sa isang gabi lamang, sa halip ito ay nakabatay sa isang proseso na hinirang ng Dios para sa paglaki. Ang parehong bagay ay totoo sa ating espiritual na paglago.

**Ang Paghubog ng Espiritual na Buhay ay Isang Proseso ng Paglago Dahil ang Ating Mga Suliranin At Masmalalim Kaysa sa Alam Natin**

Nahubog tayo ng kultura, pamilya, karanasan, at pagkabigo nang higit sa inaasahan nauunawaan natin. Hindi lahat ng pag-uugali ay mabubura ng himala ng pagbabalik-loob. Ang ilang Kristiyanong ina ay tumataas pa rin ang kanilang boses. Ang ilang Kristiyanong Ama sa ilang pagkakataon ay kumikilos parin dahil sa galit. Minsan ang ilang Kristiyanong ina ay labis ang paggastos. Ang mga Kristiyanong Ama ay nakikipaglaban sa mga pag-iisip o matang kung saan-saan tumitingin. Kadalasan ang mga Kristiyano ay labis na nagpapasasa , "labis ang pagsasalita," "labis ang pagtulog," atbp. Pinupuri ko ang Dios na pinatawad niya ang mga kasalanan, ginagawa tayong bago, binibigyan ng Banal na Espiritu, gumagawa ng mga himala, at nagpapalayas ng mga demonyo; ngunit palaging magkakaroon ng pangangailangan sa ating buhay para sa pagsasanay.

**Ang Paghubog ng Espiritual na Buhay ay Isang Proseso ng Paglago Dahil Ang Mga Ilang Nakagawian Ay Mahirap Alisin**

Kung ikaw ay isang taong ayaw magbasa noong bago ka maligtas, marahil ay isa kang Kristiyanong walang pagnanais na magbasa. Kailangan mong sanayin ang iyong isipan na kailangan mong magbasa. Kung may posibilidad kang maging negatibo o mapanghusga, kailangan mong sanayin ang iyong saloobin tungo sa pagpapasalamat at pagtanggap. Kung ikaw ay isang taong napaka-emosyonal noong bago ka pa maligtas, marahil ikaw ay isang

taong emosyonal sa pagkakaligtas. Kailangan mong maging abala na sanayin ang iyong mga emosyon. Kung ikaw ay pinalaki ng isang mapang-abusong ama o ina na may napakababang pagtingin sa mga kababaihan, marahil ay nahihirapan ka pa rin na magmahal at magbigay respeto. Sanayin mo ang iyong sarili. Kung binibigyan ng nanay mo ng pananahimik ang iyong ama kapag hindi nasunod ang kanyang gusto, marahil ay nahihirapan ka sa masamang ugali na ito. Pumasok ka sa God's gym! Kung ikaw ay may kamalayan o may pagpili ng mga estado ng tao, marahil ay nahihirapan ka sa pagmamataas sa kinabibilangang lahi. Sanayin mo ang iyong sarili na isipin na ang lahat ng tao sa paraan ng pagtingin ng Dios sa kanila. Kung hindi ka nakakatanggap ng pagmamahal, kinakailangan mong magsikap upang ipakita ang pagmamahal ng isang Kristiyano.

Mga hindi magandang pag-uugali – sa mga paraan ng pag-iisip, pagpapahayag ng ating sarili, pagtugon sa mga problema – na madalas nakaugat ng malalim sa ating katangian na imposibleng makalabas nang wala ang Banal na Espiritu *at*pagsasanay! Maliban sa nangyayaring pagsasanay, hindi tayo, mahuhubog tungo sa pagiging katulad ni Kristo. Ang mga disipulo ay isang halimbawa ng katotohanang ito,

> Nagbalik siya at dinatnan niyang natutulong ang tatlong alagad, sinabi niya kay Pedro, "Hindi ba talaga kayo magpupuyat na kasama ko kahit isang oras lang? Magpuyat kayo at manalangin, upang hindi kayo madaig ng tukso. Ang espiritu'y handang sumunod, ngunit mahina ang laman."[317]

Isang pambihirang pagkakataon na napalampas ng mga disipulo na makibahagi sa pagdurusa ni Jesus at samahan siya sa kanyang pananalangin sa kanyang huling sandali. Isang natatanging pagkakataong lumakad kasama niya at tumulad sa kanyang pamumuhay. Ngunit ang laman ay nangingibabaw at hindi nasanay. Dahil dito, inabandona ng mga disipulo si Jesus sa init ng labanan.

Ipapangatwiran ng ilan, *Pagkatapos ng Araw ng Pentecostes ang mga disipulo ay hindi na muling nakatulog sa pananalangin sa halip sila ay naging mapagbantay!*Malaki ang pagdududa ko sa pahayag na ito! Ang araw ng Pentecostes ay nagbigay sa Banal na Epsiritu, ngunit hindi nito tinatanggal ang pangangailangan ng mga disipulo para sa disiplina sa sarili. Si Pedro, ang pangunahing tauhan sa araw ng kwento sa Araw ng Pentecostes ay sumulat sa mga disipulo tungkol sa pangangailangan ng masigasig na pagsasanay.Tandaan na si Pedro ang nagtiyak sa atin na natanggap natin ang lahat ng kinakailangan para sa isang tapat na buhay Kristiyano, ngunit dapat nating idagdag ang pundasyon ng pagsasanay.[318]

---

[317] Mateo 26:40
[318] 2 Pedro 1:5

## Pagsasalarawan ng Pagsasanay mula sa Tunay na Buhay

> Magtanim ka ng kaisipan,
> mag-ani ka ng paggawa;
> Magtanim ka ng paggawa;
> umani ka ng kaugalian;
> magtanim ka ng kaugalian,
> umani ka ng kahihinatnan.

Ang mga propesyonal na atleta ay naging mas mahusay sa pamamagitan ng pagsasanay. Hindi sila naghihintay lamang habang inaabangan na makarating sila sa laruan o sa lugar ng paligsahan; hindi nila hinihintay lamang kung ano ang kanilang magagawa. Ang mga sundalo ay hindi naghihintay lamang habang inaabangan nilang mapunta sila sa madugong labanan upang matutunan kung ano ang kanilang armas. Ang mga karpintero ay naging bihasa sa paggamit sa kanilang kagamitan sa pamamagitan ng tuloy-tuloy na pag gamit nito.

Sa parehong paraan na ang mga atleta, sundalo, at mga karpintero ay naging dalubhasa sa pamamagitan ng pagsasanay, kaya't ang mga Kristiyano ay nagiging bihasa sa katangiang Kristiyano – pagtitiyaga, kabaitan, pagpipigil sa sarili – sa pamamagitan ng tuloy-tuloy na pagsasanay.

## Isang Halimbawa ng Pagsasanay sa Sarili

Alam ni Daniel ang peligro ng pagmamahal sa Babelonia at maaaring makalimutan ang Dios at ang minamahal na bayang kanyang kinalakihan. Habang siya ay tinangay bilang isang bihag, siguro ay napapaisip siya kung paano niya maiiwasan ang kanyang puso at isipan na maging katulad ng mga taga-Babilonia. Sa isang pagkakataon sa simula ng kanyang pagiging alipin, nagpasiya siya na sanayin ang kanyang sarli sa debosyon sa Dios at sa bayang kanyang kinalakihan:

> Ngayon nang malaman ni Daniel na ang kasulatan ay nilagdaan na, siya ay umuwi. At sa kanyang silid sa itaas, nang bukas ang kanyang mga bintana paharap sa Jerusalem, lumuhod siya nang tatlong beses sa isang araw, at nanalangin at nagpasalamat sa harap ng kanyang Dios, *ayon sa kanyang nakagawian mula pa sa kanyang pagkabata.*[319]

Mula sa mga unang araw ng kanyang pagkabihag, itinatag na ni Daniel ang mga pang-araw-araw na kaugalian- mga disiplinang nagbabantay sa kanyang puso mula sa pagmamahal ng Babilonia,panatilihin ang kanyang puso sa kanyang bayang pinagmulan,at ingatan ang kanyang pagmamahal kay Jehovah.

Ang pagsasanay ni Daniel ay nagresulta sa mga kahanga-hangang mga pangitain, espirituwal at panlipunan inpluwensiya, epektibong pananalangin; at nagkaroon siya ng napakalaki na impluwensiya sa mga Judio na nakabilanggo. Katulad ni Daniel,ang mga matatagumpay na Kristiyano ay yaong sinasanay ang kanilang sarili patungo sa pagiging makaDios.

---

[319] Daniel 6:10, idinagdag ang pagbibigay-diin.

## Konklusyon

Nais mo bang maging isang mas malakas na Kristiyano? Madalas na hindi maunawaan ng mga kabataang lalaki at babae ang tunay na lakas. Ang lakas ay hindi ang kawalan ng tukso. Ang lakas ay hindi tahimik na pagwawalang-bahala sa sakit, sa kagandahan, sa kawalan ng katarungan, sa senswal na kasiyahan. Ang mga malalakas na Kristiyano ay ang mga taong hindi naaapektuhan ng pagmamataas, hindi ssensitibo sa mga salita na nakakasakit at nakakasugat, walang nakikitang kaakit-akit sa ipinagbabawal na prutas, o hindi nakadarama ng labis na gutom para sa makalaman na pagnanasa. Ang pinakamagandang saita para ilarawan ang mga taong walang nararamdaman, walang nakikita, walang dinaramdam, at walang panlasa, ay hindi ang salitang malakas, kundi... patay!

Ang tunay na lakas ay matataguan sa:

- Ang biyaya na makapagpasya na harapin ang kasalanan at anumang bagay na humahadlang sa ating espiritual na paglago
- Ang biyayay na makapasok sa pagsasanay ng Dios araw-araw upang magsanay tungo sa kabanalan
- Ang mapagpakumbabang katapangan na gumawa ng mga pananggalang sa mga bahagi kung saan tayo ay pinakamadaling maakit ng tukso
- Isang pangako ng pagtupad sa proseso ng espiritual na disiplina at pagbuo ng lakas
- Espiritual na pagbabantay sa araw-araw at may kalakip na panalangin sa pagsusuot ng buong baluti ng Dios
- Ang pigging puspos ng Banal na Espiritu!

Ang aming anak na si Jesse, na bulag, ay may magandang gabay na aso na nagngangalang Nala. Maraming itinuro sa akin si Nala tungkol sa kalamangan ng disiplina at pagsasanay. Upang maging kapaki-pakinabang siya sa kanyang pinaglilingkuran – protektahan at gabayan siya – kailangan muna niyang tiisin ang lahat halos walong buwan nang mahigpit na pagsasanay. At upang patuloy siyang maging kaaki-pakinabang, dapat siyang *mamuhay* ng may disiplina. Ang kanyang pagkain at tubig ay maingat na kinokontrol. Ang kanyang pagtulog at libreng oras ay pinangangasiwaan ng maayos. Siya ay sinanay na huwag tumahol o humabol sa mga pusa! Siya ay naglaan ng halos bawat sandal ng bawat araw sa paggabay o tahimik na paghihintay sa tabi ni Jesse para sa kanyang susunod na utosd. Ang kanyang pagsasanay ay ginagantimpalaan ng maraming pagmamahal, masustansyang pagkain, at araw-araw na oras ng paglalaro! Si Nala ay may kasiya-siya at kapaki-pakinabang na buhay... dahil sa disiplina.

## Leksiyon 7 Mga Takdang Aralin

(1) Kumuha ng pagsusulit batay sa materyal mula sa leksiyong ito.

(2) Maglaan ng hindi bababa sa tatlumpung minute sa linggong ito sa pagbabalik-aral sa leksiyong ito, kabilang ang mga sanggunian ng Banal na Kasulatan, at humiling ng pang-unawa sa Banal na Espiritu.

(3) Itala sa iyong journal ang anumang particular na pagbabago na data gawin sa iyong buhay, na ipinakita sayo ng Panginoon.

(4) Pagnilayan ang kahit isang Awit sa iyong pagng-araw-araw na oras ng debosyonal, at itala ito sa iyong journal kung ano ang sinasabi ng salmista tungkol sa gawa at katangian ng Dios.

(5) Itala sa iyong journal ang isang persona na panalangin para sa espiritual na pagbabago at paglago batay sa leksiyong ito.

(6) Gamitin ang *Pang-araw-araw na Gabay sa Pananalangin* ni Brown sa iyong pribadong pananalangin.

## Leksiyon 7 Pagsusulit

(1) Ano ang kahulugan ng kabanalan?

(2) Ano ang ibig-sabihin ni Pablo sa "Magsanay tungo sa kabanalan"?

(3) Ano ang pitong pamantayan na sinabi ni Pedro na dapat nating idagdag sa ating pananampalataya?

(4) Ano ang tatlong bagay ang kailangan sa pag-eehersisyo, o pagsasanay?

(5) Pangalanan ang ilan sa mga espiritual na disiplina na dapat nating gawin kung tayo ay lalago sa Kristiyanong katangian.

# Leksiyon 8
# Ang mga Espiritual na Disiplina ng Debosyon
# Pag-iisa, Pagninilay, Pag-aayuno, Kapayakan

## Leksiyon 7 Balik-aral

Paalala sa Ipinuno ng klase: Isulat muli ang mga pangunahing punto mula sa Leksiyon 7. Itanong sa mga mag-aaral kung sino sa kanila ang handing magbahago ng kanilang mga personal na panalangin mula sa Leksiyon 7.

## Mga Layunin ng Leksiyon

Sa pagtatapos ng leksiyong ito, ang mag-aara ay dapat na:

(1) Nauunawaan ang kahalagahan ng mga klasikong espiritual na disiplina sa paghubog ng espiritual na buhay.

(2) Magkaroon ng mas mahusay na pagkaka-unawa sa mga disiplinang ito.

(3) Simulan ang pagsasabuhay ng mga disiplinang ito.

## Mga natatanging pangyayari sa Buhay

### Mga Krisitiyanong Namumuhay sa Mahihirap na Kondisyon

Pinamumunuan ni Daisy ang isang kongregasyon ng mga overseas foreign workers (OFWs) sa Paris. Upang makaraos sa pananalapi, halos lahat ng kanyang kongregasyon ay nagsasalo sa maiit na espasyo sa apartment sa medjo masikip na mga kondisyon. Karamihan ay nagtratrabaho ng naakatagal sa isang araw at napakaunting oras ng paghinga sa buong taon. Maaari bang magkaroon ng paghubog ng espiritual na buhay kahit sa ganitong mahirap na kalagayan?

Karamihan sa mga Krisitiyano sa labas ng USA ay nakatira sa overpopulated, urban na mga lungsod. Karamihan ay nakatira sa mahihirap na lugar, sinusubukang mabuhay sa $4 sa isang araw o mas kaunti. Marami ang nagtitiis sa mahabang paglalakbay, minsan dalawa hanggang tatlong oras sa isang araw. Karamihan ay nakatira kasama ang kanilang mga extended na pamilya, o naglalakbay palayo sa kanilang mga pamilya kasama ng iba. Para sa mga mananampalatayang ito, ang paghahanap ng isang tahimik na *oras* at isang *lugar* ng pag-iisa ay isang malaking hamon; ang paggawa ng panalangin at pagninilay sa Salita ng Dios bilang pang-araw-araw na priyoridad ay nangangailangan ng napakalaking pangko ng pagtupad nito.

**Mga Kristiyanong Namumuhay ng Napaka-abala**

Sa kanluran, karamihan sa mga Kristiyano ay nabubuhay sa isang napakabilis na pag-usad ng maka-materyal na mundo. Mahirap magdahan-dahan nang sapat upang magkaroon ng espiritual na pag-iisip. Sila ay kadalasang may sapat na espasyo, nabubuhay nang higit sa makaraos lamang, mayroong tahimik na lugar, at kung pinasimple nila ng kaunti ang kanilang mga buhay maaari silang maglaan ng oras para sa espiritual na disiplina. *Ang kanilang* hamon ay madalas na makikita lamang ang halaga ng mga disiplina at paglalaan ng oras upang linangin ang perensya ng Dios.

## Panimula

Sa harap ng tarangkahan ng Marine training camp sa Isla ng Parris, sa South Carolina, ay may karatulang nagsasabing, **"Saan Nagsisimula ang Pagkakaiba!"** Ano ang pagkakaiba para sa isang United States Marine? Ang ilan sa mga pagkakaiba sa isang Marine ay: matigas na postura ng katawan, walang bahid ng dumi ang uniporme, isang pakiramdam ng pagtutuon ng isipan at determinasyon, persona na disiplina, pisikal at mental na katigasan, isang kahandaang sumunod sa mga utos, at ang kakayahang kumilos bilang isang miyembro ng isang pangkat para sa labanan. Ang mga katangiang ito ay nabuo sa panahon ng seryosong pagsasanay sa Isla ng Parris. Alam ng mga Marines na ang kanilang buhay ay maaaring depende sa kalidad ng kanilang *pagsasanay*. Ang pagsasanay ay kung saan nagsisimula ang pagkakaiba![320]

► Kung ang isang tagalabas ay tumingin sa mga Kristiyano sa iyong iglesia, ano kaya ang kanilang ililista bilang pangunahing pagkakaiba sa pagitan ng mga pananampalataya at hindi mananampalataya?

Ang iglesia, ang hukbo ng Dios, ay tinawag upang "gawing alagad ang lahat ng bansa."[321] Ito ay higit pa sa pagdadala sa mga nagbalik-loob sa isang patotoo ng kaligtasan; ito ay tumutulong sa mga bagong mananampalataya na mahubog tungo sa pagiging kawangis ni Kristo. Ang kanilang buhay, gayundin ang buhay ng iglesia, ay nakasalalay sa ating katapatan sa tungkuling ito.

Paano natin ito maisasakatuparan? Paano tayo magiging tapat na tagasunod ni Jesus? Ang pinakamahalaga sa leksiyong ito, ay kung paano *tayo* higit na mahuhubog tungo sa pagiging katulad ni Kristo sa ating mga katangian? Paano tayo mahuhubog mula sa isang estado ng pagiging wasak at pagiging makasarili tungo sa isang estado nang pagiging buo at pagiging kapaki-pakinabang sa kaharian ng Dios? Bahagi ng sagot ay sa pagsasagawa ng mga klasikong espiritual na disiplina. Sinabi ni Richard Foster, "ang pagiging mapaniwalain sa mga kababalaghan at ang sumpa ng ating panahon.... Ang desperadong pangangailangan ngayon ay hindi para sa mas maraming matatalinong tao, o mas maraming taong may

---

[320] Illustration and application adapted from Dr. Michael Avery

[321] Mateo 28:19

angking kaloob, ngunit nangangailangan tayo ng mas malalim na mga tao. Ang mga klasikal na disiplina sa buhay espirtual ay tumatawag sa atin na higitan ang pamumuhay na mapaimbabaw at mamuhay ng mas malalim."[322]

Sa pamamagitan ng "klasiko" ang kahulugan natin nito na naisasagawa nila ito ng mga tapat na Kristiyano sa bawat henerasyon.

## Ang Malaking Ideya

Ang pagsasagawa ng mga espiritual na disiplina, kasama ang ministeryo ng Banal na Espiritu, ay magbibigay ng pagsasanay para sa isang matagumpay na buhay. Ang mga ito ay ganap na mahalaga para sa pag-usad nang higit sa isang nominal, maligamgam, madalas na natatalong buhay Kristiyano. Napatunayan na ito ng bawat tapat na henerasyon ng mga Krisityano.

## Ang Mahalagang Lugar ng mga Espiritual na Disiplina sa Buhay ng Bawat Mananampalataya

Ang mga espiritual na disiplina ay mahalaga sa buhay ni Jesus; kung tayo ay mahuhubog at maging katulad ni Kristo, ang mga ito ay magiging lalong mahalaga para sa ating mga buhay.

### Ang Mga Espiritual na Disiplina ay Nakikipaglaban sa Kamunduhan, sa Pagnanasa ng laman, at sa Diyablo

Pinakamabuting maunawaan ang buhay Kristiyano bilang isang lugar ng digmaan.[323]Ang pangangailangan para sa taimtim, pagsisikap na *puno ng pananampalataya* at espiritual na *pagiging militar* ay malinaw na binigyang diin ni Jesus at ng mga apostol. Sinabi ni Jesus, "At mula sa mga araw ni Juan Bautista hanggang ngayon, ang kaharian ng langit ay dumaranas ng karahasan; at ang marahas (isang armado, taimtim na puso at lubos na tapat) ay kinuha ito sa pamamagitan ng puwersa."[324]Tinukoy ni Pablo ang buhay Kristiyano bilang isang digmaan.[325]Ang digmaang ito ay nangangailangan ng alerto, mapagbantay, puyat na mga Kristiyano. Ang mga Nominal, maligamgam na mga mananampalataya ay hindi mabubuhay.

> "Tinatawag tayo ng mga disiplina na lumampas sa pangkaraniwang pamumuhay tungo sa kaibuturan ni Jesus. Tinatawag nila tayong higit sa kaswal na Kristiyanismo tungo sa isang masiglang espirituwal na atleta na magbibigay-daan sa atin na maranasan ang higit at higit pa sa kailaliman ng karagatan ng Diyos.

Sa alegorya, ang *Pilgrim's Progress,* ni John Bunyan, ang pangunahing karakter, si Christian, ay bumisita sa

---

[322] Richard Foster, *Celebration of Discipline* (New York: HarperCollins, 1998), 1
[323] 1 Timoteo 6:12
[324] Mateo 11:12
[325] 2 Timoteo 4:7

Interpreter's house. Doon, ipinakita kay Christian ang isang pangitain ng isang armadong lalaki na nagmamadali patungo sa pintuan ng Langit, dinaig ang mga bantay, at pagkatapos ay pumasok sa mga pintuan ng banal na lungsod na may malaking kagalakan. Hindi nauunawaan ni Christian ang pangitaing ito, kaya ipinaliwanag ito sa kanya ng Interpreter. Ang pangitain ay nangangahulugan na pagmamadali, masigasig na pagpapasiya ay kinakailangan sa bawat Kristiyano na nagnanais na makapasok sa Langit, dahil ang lahat ng Impiyerno at nasa labas upang pigilan tayo.

Ang pagsasagawa ng mga espiritual na disiplina ay magpapatibay sa ating mga puso at maghahanda sa atin sa pag-iisip at espiritual para sa pakikipaglaban sa kamunduhan, sa pagnanasa ng laman, at sa diyablo.[326]

**Ang mga Espiritual na Disiplina ay Isang Paraan ng Pagtanggap ng Biyaya, at Paghahanda sa Atin para sa Digmaan**

Sa digmaang ito, kailangan natin ng biyaya. Ikaw at ako ay walang laban mula sa kamunduhan, pagnanasa ng laman, o sa diyablo. Sa katunayan, ang lahat ng pagsisikap ng tao para magkaroon ng katuwiran ay *hindi sapat*. Ang katuwiran ay isang regalo mula sa Dios. *Wala* tayong magagawa para matanggap ang kaluwalhatian ni Jesus. Ngunit binigyan tayo ng Dios ng mga espiritual na disiplina *bilang isang paraan* ng pagtanggap ng biyaya. Isinulat ni Richard Foster,

> Ang isang magsasaka ay walang kakayanang magpatubo ng butil ng bigas; ang tanging magagawa niya ay magbigay ng tamang mga kondisyon para sa paglaki ng butil ng bigas. Nililinang niya ang lupa, siya ay nagtatanim ng binhi, dinidiligan niya ang mga halaman, at pagkatapos ay ang kalikasan ng mundo ang kikilos at tutulong magpatubo sa butil ng bigas. Sa parehong paraan ito ay katulad ng mga espiritual na disiplina – ang mga ito ay isang paraan ng paghahasik sa Espiritu. Ang pagdidisiplina ay ang paraan ng Dios upang malinang ang ating lupa; inilalagay niya tayo kung saan ay maaari siyang kumilos sa atin at upang tayo ay baguhin.[327]

Ang Tagapagturo at may akda nang Paghubog ng Espiritual na Buhay na si Robert Mulhollandwrites ay isinulat ang,

> Sa huling pagsusuri, wala tayong magagawa para ibahin ang ating sarili tungo sa pagiging isang taong nagmamahal at naglilingkod kagaya ng ginawa ni Jesus, maliban na lamang kung gagawin nating *available ang ating sarili*sa Dios upang gawin ang kanyang pagkilos sa pamamagitan ng biyayang nakakaagpabago sa ating buhay.[328]

---

[326] Epfeso 6:12; 1 Juan 2:16
[327] Richard Foster, *Celebration of Discipline* (New York: HarperCollins, 1998), 6
[328] M. Robert Mulholland Jr., *Invitation to a Journey* (Downers Grove: InterVarsity Press, 1993), 26, (emphasis added)

Nagpatuloy siya sa pagpapaliwanag na may tatlong paraan kung paano tayo magiging available para sa Dios sa paghubog ng espiritual na buhay: komprontasyon, pagtatalaga, at mga espiritua na disiplina:

**(1) Dumadaloy ang biyaya sa pamamagitan ng *komprontasyon.***

"Sa pamamagitan ng ilang pamamaraan – ang Banal na Kasulatan, pagsamba... isang kapatid kay Kristo... – maaaring suriin ng Espiritu ng Dios ang ilang bahagi kung saan hindi tayo nagiging katulad ni Kristo."[329]

**(2) Ang biyaya ay dumadaloy sa pamamagitan ng *pagtatalaga*.**

> Dapat tayong dumating sa punto ng pagsasabi ng "oo"sa Dios sa bawat punto ng hindi pagkakatulad. Dapat nating bigyang pahintulot ang Dios na gawin ang mga bagay na nais niyang gawin sa atin... sapagkat ang pagbabago ay hindi sapilitang ibinibigay sa atin.[330]

Dapat nating buksan ang pintuan ng ating kaluluwa sa Dios.

**(3) Ang biyaya ay dumadaloy sa pamamagitan ng *espiritual na disiplina*** –

Ito ang mga pagkios sa pagbubukas ng pinto sa Dios sa isang tuloy-tuloy na pamamaraan.

► Mga katanungan para sa talakayan:

- Mayroon bang anumang pagkakatulad ang nangyayari sa isang kampo ng military at kung ano ang nangyayari sa iyong iglesia?
- Ganon rin ba sa iyong personal na buhay?
- Ang mga Kristiyano ba sa iyong local na kongregasyon ay nagpapaalala sayo ng mga sundalo sa isang aktibong digmaan o mga bata sa isang palaruan?
- Gaano kaiba sa palagay mo ang iyong pamumuhay kung talagang naniniwala kang namumuhay ka sa gitna ng digmaan?

### Ang Espiritual na Disiplina ay Nagbibigay ng Higit na Kaisyahan sa Dios

Oo, tayo ay mga sundalo. Ngunit tayo ay mga sundalo na patungo sa isang kasalan. Madalas nating iniisip na ang mga Kristiyanong nagsasagawa ng mga espiritual na disiplina ay mga napakaseryoso at mahigpit, pati ang pagiging hindi masaya. Minsan ito ay totoo; ngunit kailangan nating isipin ang buhay Krisityano hindi lamang bilang *pakikidigma* kundi bilang pakikibahagi sa isang kasal.[331]

---

[329] Ibid, 37
[330] Ibid, 38
[331] Revelation 21:9

Tayo ang nobya ni Kristo na patungo sa ating kasal. Ang araw ng ating kasal ay magiging isang araw ng perpektong pakikipagka-isa kay Kristo at isang araw ng walang hanggang kapistahan at pagdiriwang. Bilang mga Kristiyanong patungo roon, ang masayang pag-aasam na ating nararanasan at ang lumalagong pagmamahal na mayroon tayo para kay Kristo, ang ating nobyo, ay nagbibigay sa atin ng kagalakan –kagalakan na madalas na lumalabas sa ating mga puso at sa ating pang-araw-araw na buhay. Ang mga pinabanal ng Dios sa lahat ng dako sa mundo na higit na nakaapekto sa buhay ko ay hindi malungkot at nagdadalamhati. Hindi sila nalulumbay o negatibo. Ang kanilang pagsasagawa ng mga espiritual na disiplina ay hindi nagdudulot sa kanila na maging mapagmataas sa kanilang espiritual o lumalayo sa mga "normal" na tao. Siguradong sila ay alerto at matino ang pag-iisip; ngunit, katulad ni Jesus, sila ang pinakamapagpakumbaba, di madaling masiraan ng loob, at masayang tao sa mundo.

Ang mga espirituwal na disiplina ay hindi kailanman dapat maging mga nakaugalian lamang, kundi mga gawaing nagdadala sa atin sa mas lubos na kasiyahan sa Dios.

Ang mga Krisityanong naglalakad na may bigat ng mundo sa kanilang mga balikat ay hindi nagsasanay na manaangin, mag-ayuno, o magnilaynilay sa Banal na Kasulatan na na-aayon sa Biblia. Ang pagsasanay sa presensya ng Dios, na siyang naitutulong sa atin ng disiplina, ay magdadala ng espiritual na kalayaan. Ang pagkabalisa, takot, at pang-aapi ay mawawala sa atin sa ating paglapit sa presensya ni Jesus.

Napakahalaga na matutunan ng mga Kristiyano na ipagdiwang ang kabutihan at mga pagpapala ng Dios, kahit na sa digmaan. Ang ating "maliit" na mga pagdiriwang sa paglalakbay ay nagpapatikim ng araw na ating kasal! Itinuro ni John Wesley na ang pag-ibig ng Dios ay "ang kagalakan sa kanya, ang pagsasaya sa kanyang kalooban, ang patuloy na pagnanais na bigyan siya ng lugod, ang hanapin at matagpuan ang ating kaligayahan sa kanya, at ang pagkauhaw araw at gabi para sa higit na kasiyahan sa kanya."[332] Ang espiritual na disiplina ay hindi dapat maging mga gawi lamang, ngunit mga gawain na nagdudulot ng isang mas ganap na kasiyahan sa Dios at sa kanyang maraming pagpapala.

"Iniuukol ng Dios ang mga disiplina ng espirituwal na buhay para sa ordinaryong mga nilalang: mga taong may trabaho, mga nag-aalaga sa mga bata, mga naghuhugas ng plato at nagpuputol ng damo sa bakuran. Ang totoo, ang mga disiplina ay pinakamabuting isinasagawa sa gitna ng mga relasyon sa ating asawang lalaki o babae, ating kapatid na lalaki o babae, o mga kaibigan at kapitbahay."

– Richard Foster

Dapat tayong maging lubhang maingat na huwag ituring ang panalangin, pag-aayuno, o alinman sa mga espiritual na disiplina bilang isang paraan upang magtamo ng pagpapala ng Dios, upang magkaroon ng pagkakautang sa atin ang Dios, o maging

---

[332]Tingnan ang sermon ni John Wesley, "On Love." Kinuha sahttp://wesley.nnu.edu/john-wesley/the-sermons-of-john-wesley-1872-edition/sermon-139-on-love/ December 21, 2019.

ang paghahangad ng magkaroon ng mga materyal na "pagpapala." Nadarama ng ilang mga Kristiyano na kung sila ay gagawa ng ilang paghahandog, kung gayon ang Dios ay may utang sa kanila at kailangan ibigay sa kanila ang kanilang hinihiling. Ang mga espiritual na disiplina ay tungkol sa paglinang ng isang mas malalim na kaugnayan sa Dios, hindi upang gawin siyang isang taong may pagkaka-utang.

### Ang mga Espiritual na Disiplina Ay Paraan upang Mabuo ang Pangkaraniwang Disipulo Tungo sa Pagiging Katulad ni Kristo

Ang mga espiritual na disiplina ay hindi para sa mga super Kristiyano. Walang ganun. Ang mga espiritual na disiplina ay para sa mga nanay sa bahay, mga magsasaka, manggagawa sa pabrika, imigrante, propesor, mag-aaral, may-ari ng negosyo, at...sa lahat.

Ang mga tagasunod ni Jesus ay ordinaryong mangingisda lamang; gayunpaman, natutunan nila mula kay Jesus ang mga gawain ng pag-iisa, pagninilay-nilay, pananalangin, pag-aayuno, pagsasakripisyo, pagsamba, paglilingkod, at Banal na Hapunan ng Panginoon. Habang nagsasanay sila, mas naging katulad niya sila. At sa pamamagitan ng pagsasagawa ng mga disiplinang ito, ang kapangyarihan ng Dios ay dumadaloy sa kanilang buhay.

Si Santiago ay mabilis na nahihikayat ang mga ordinaryong Kristiyano na kahit

> Si Elias ay isang tao na tulad din natin... nang taimtim siyang nanalangin na huwag umulan, at hindi nga umulan.... At muli siyang nanalangin, at ang langit ay nagbigay ng ulan, at namunga ang mga halaman.[333]

Kinakatagpo ng Dios ang mga ordinaryong tao at ginagamit sila para sa kanyang kaluwalhatian.

## Pagtukoy sa mga Klasikong Espiritual na Disiplina

Sa leksiyong ito at sa mga sumusunod na leksiyon, tutuklasin natin ang ilan sa mga klasikong espirituwal na disiplina at maghahanap ng mga praktikal na paraan upang maisabuhay ang mga ito sa ating paglakad kasama ng Dios.[334] Ang ilan sa kanila ay nangangailan ng higit na paliwanag kaysa sa iba.

### Ang Espirituwal na Disiplina ng Pag-iisa

"Madaling araw pa'y bumangon na si Jesus at nagunta sa isang lugar na walang tao; at doon ay nanalangin siya."[335]

---

[333] Santiago 5:17-18

[334]Para sa mga leksiyon sa klasikong espiritual na disiplina ay matibay akong nakabatay sa mga sumusunod na aklat:
Keith Drury, *Soul Shaper* (Indianapolis: Wesleyan Publishing House, 2013)
Richard Foster, *Celebration of Discipline* (New York: HarperCollins, 1998)
Dr. Dan Glick, *Disciplines of Grace.* (booklet).

[335] Marcos 1:35

### *Ang kahulugan ng pag-iisa*

Ang pag-iisa ay simpleng paglayo sa mga tao upang mapag-isa kasama ng Dios at mas mapalapit sa kanya. Bilang isang espirituwal na disiplina, ang pag-iisa ay hindi lamang tungkol sa pag-iisa na walang kasama, kundi ito ay tungkol sa pag-iisa kasama ng Dios. Ang pag-iisa ay isang pag-aayuno mula sa pakikipagkaibigan upang ituon ang ating isipan sa ating pangunahing pakikipagkaibigan sa Dios.

Ngunit dapat nating maunawaan ang pag-iisa hindi lamang bilang pag-alis sa isang pisikal na lugar, kundi sa isang lugar din sa pag-iisip. Ang pag-iisa ay nagsasara ng pinto ng ating isipan, sa ilang sandali, sa mundo sa labas, upang mabago ang panloob na katauhan. Kung iisipin natin ang pag-iisa sa ganitong paraan, marahil ang isang pagsakay sa tren o isang masikip na opisina ng doctor ay maaaring maging isang lugar ng pag-iisa kapag hindi mahanap ang pisikal na pag-iisa.

### *Ang Pag-iisa sa buhay ni Jesus*

Sinasabi sa atin ni Lucas na si Jesus ay madalas na "umaalis patungo sa ilang (malungkot, nag-iisa) na mga lugar at duon nananalangin"[336]Bakit niya ito ginagawa? Dahil ang paglilingkod sa mga tao ay nakakaubos ng kanyang espiritual na mga yaman–mga yaman na kinakailangang palitan palagi. Bagama't mayroon lamang siyang ilang taon upang tapusin ang kanyang gawain dito sa lupa, sadyang inayos ni Jesus ang kanyang buhay upang makalayo sa kanyang mga tagasunod at mapag-isa kasama ng kanyang Ama.

### *Ang kapangyarihan ng pag-iisa sa paghubog ng espiritual na buhay*

Ang isa sa mga ama ng simbahan, si Diadochos ng Photiki, ay naobserbahan na kung ang pintuan ng ating buhay ay hahayaan na bukas sa ibang tao nang napakatagal, ang init ng ating mga kaluluwa ay sisingaw.[337] Naobserbahan ko ito sa sarili kong buhay. Nagsimula akong maghirap sa espiritual kapag nabigo akong umupo sa paanan ni Jesus. Ang pagkabalisa, kawalan ng pasensya, pagkawala ng kumpiyansa, isang mapag-alalang paraan ng pag-iisip sa mangyayari, isang pakiramdam ng kawalang kabuluhan,isang kritikal na espiritu– ito ay kadalasang resulta ng pagpapabaya sa pag-iisa.

> "Parang hindi mahirap mangyari, na gugugol tayo ng isang buong araw sa isang walang tigil (na pakikipag-usap) sa tao, nang hindi nagkukulang ang ating kaluluwa, at sa gayun, napipighati natin ang Banal na Espiritu ng Dios. Araw-araw nangangailangan tayong bumukod sa mundo, kahit man lang sa umaga at sa gabi, upang makipag-usap sa Dios, upang makisama nang mas malaya at lihim sa ating Ama."
>
> - John Wesley

Sa pag-iisa, nawawala ang ating hindi malusog na pakikipag-ugnayan sa tao. Sa pag-iisa, iniiiwas natin ang ating mga mata sa mga tao at sa mga paraan

[336] Lucas 5:16 (see also, Mateo 14:23; Marcos 1:35; Luke 4:42)
[337] Keith Drury, *Soul Shaper* (Indianapolis: Wesleyan Publishing House, 2013), 27

nilang nakakasakit o nakakasdismaya sa atin at ibinabalik ang ating pagtingin sa Panginoon. Sa tunay na pag-iisa, inihahandog natin sa Banal na Espiritu ang ating buong atensyon. Ibinabalik niya sa ayos ang ating mga pananaw at mga prayoridad tungo sa kanya at ibinubuhos ang sariwang kapayapaan, pagmamahal, at kagalakan sa ating mga puso. Sa pag-iisa, nakakatagpo tayo ng biyaya na maibabalik natin sa ating mga komunidad at mga responsibilidad na may pagtatalaga ng Banal na Espiritu upang magkaroon ng pangmatagalang epekto.

Inaalis tayo ng pag-iisa mula sa nakamamatay na sakit ng pagiging abala at pag-iisip sa kakayahang tumupad. Sa pag-iisa, matututunan natin na hindi tayo pinahahalagahan ng Dios dahil sa kung ano ang *ginagawa* natin para sa kanya, kundi kung sino tayo – ang ating panloob na pagkatao. Pinahahalagahan ng mga makasanlibutan ang mga nakikitang tagumpay nang higit sa pagbabago ng ating mga isipan sa presensya ng Dios. Alam ng mga taongnag-iisip ng mga espiritual na bagay na ang paghubog sa ating kaloob-loobang pagkatao tungo sa larawan ni Kristo ay ang pangunahing layunin ng Dios sa kanyang ginawang pagtubos.

Sa pag-iisa, natuklasan natin na ang Banal na Espiritu ay mas higit na makakakilos sa pamamagitan ng ating pananatili sa kanya kaysa sa ating walang pag-asang pagsisikap na gumawa ng isang bagay na mahusay para sa kanya.[338]

***Mga praktikal na payo para sa pagsisimula sa pag-iisa***

(1) Maghanap ng lugar na angkop para sa iyo.

Maging malikhain. Isang mag-aaral sa isang Asian Bible school ang gumapang sa ilalim ng kanyang kama upang mapag-isa kasama ang Dios dahil ito lamang ang tahimik na lugar na mahahanap niya! Ang iba, katulad ko, ay natuklasan na ang paglalakad nang mag-isa sa isang parke malapit sa aking tahanan ay nagbibigay sa Dios ng espasyo para magsalita. Sa Pilipinas, isang bansang makapal ang populasyon, hindi bababa sa isang pastor ang nagsabing nakatagpo siya ng pag-iisa sa CR(Comfort Room) dahil ito lamang ang lugar na makakalayo siya sa mga tao! Marahil ang iyong mga kalagayan ngayon ay ginagawang imposible ang paghahanap ng isang tahimik na lugar. Naiintindihan ng Panginoon kung nasaan ka at tutulungan ka niya kung hahayaan mo siya.

(2) Maglaan ng regular ng oras ng pag-iisa.

Para maging isang disiplinang nakapagpapabago ang pag-iisa, mahalagang makahanap ka ng regular na oras para sa iyo at panatilihing magawa iyon sa oras. Sinabi ni John Wesley na "anumang oras" ay "walang oras." Sa madaling salita, maliban kung magtatakda tayo ng regular na oras upang mapag-isa kasama ang Panginoon, malamang na hindi ito mangyari.

---

[338] Juan 15:4

(3) Panatilihin ang iyong pag-iisip sa Dios.

Huwag maghanap ng espiritual na mga pangitain, panaginip, o higit sa karaniwan na mga palatandaan. Hangarin lamang na patahimikin ang iyong puso at makipag-ugnayan sa Dios, sa pamamagitan ng kanyang Banal na Espiritu, sa pamamagitan ng kanyang Salita.

(4) Maging Matiyaga.

Ang disiplina ay palaging nauuna bago ang kasiyahan! Totoo ito sa lahat ng disiplina. Bago natin simulang maranasan ang mga pakinabang ng pag-iisa, malamang na kailangan nating pagsanayang gawin ito ng maraming beses.

► Bigyan ng pagkakataon ang mga miyembro ng grupo na ipahayag ang pinakakapaki-pakinabang na pagtuturo tungkol sa pag-iisa.

## Ang Espiritual na Disiplina ng Pagninilay

"Ngunit ang kaniyang kasiyahan ay nasa kautusan ng Panginoon, at ang kaniyang kautusan ay pinagninilayan araw at gabi. At siya'y magiging parang punong kahoy na itinanim sa tabi ng mga ilog...."[339]

### *Ang kahulugan ng pagninilay*

*Hagah* (Hebreo) – Upang makipag-usap sa sarili; pag-isipan.[340]

*Meletao* (Griyego) – Upang maingat na lutasin sa isipan; upang pag-isipan.[341]

Ang pagninilay-nilay sa Banal na Kasulatan ay paulit-ulit na pag-iisip sa Salita ng Dios sa pamamagitan ng pakikipag-usap sa sarili. Pinagninilayan natin ang Banal na Kasulatan kapag ginagamit natin nang may*pananalangin* ang isang particular na bahagi ng Salita ng Dios at paulit-ulit natin itong iniisip hanggang sa magsimulang buhayin ito ng Banal na Espiritu sa ating puso; hanggang sa matanggap ng ating puso ang pagtuturo, babala, at pagtutuwid nito; hanggang sa matikman ng ating kaluluwa ang nakapagpapabagong tamis nito. Tulad ng sa bawat disiplina, ang magninilay-nilay ay nangangailangan ng liwanag ng biyaya ng Banal na Espiritu.[342]

► Ipabasa sa isang mag-aaral ang 1 Corinto 2:9-14. Talakayin kung ano ang itinuturo ng talatang ito tungkol sa gampanin ng Banal na Espiritu sa pagbibigay liwanag sa Salita ng Dios.

Pinagnilayan ni Haring David ang Salita ng Dios hanggang sa nasumpungan niya itong "mas kanais-nais... kaysa sa ginto, oo kaysa sa gintong lantay; mas matamis din kaysa pulot ng

---

[339]Awit 1:2-3a

[340] Josue 1:8, "Huwag mong kaliligtaang basahin ang aklat ng kautusan, pagnilaynilayan mo iyon araw at gabi."

[341] 1 Timoteo 4:15, "Pagnilaynilayan mo ang mga bagay na ito; pag-ukulan mo ito ng panahon, nang makita ng lahat ang iyong paglago."

[342] 1 Corinto 2:9-14

pukyutan."[343] Ang Kristiyanong nagninilay-nilay sa Salita ng Dios ay hindi lamang nagbabasa at nakakalimot, sa halip ay nilalasap ang bawat kagat at sinasabi ang sarap nito sa kanyang buong buhay. Ito ay isa sa mga pinaka-nakapagpapabago sa lahat ng espiritual na disiplina. Maraming Kristiyano ang nagbabasa ng kanilang mga Biblia, ngunit kakaunti lamang ang naglalaan ng kanilang oras upang lasapin at tikman ito.

***Ang Biblikal na pagninilay ay hindi ang pag-aalis ng laman ng isipan kundi ang pagpuno sa ating isipan ng Salita ng Dios.***

Ang pagninilay sa Silangan (Zen, yoga, at Transcendental Meditation) ay nagtuturo ng *pag-aalis ng laman ng isipan* at ito ay lubhang mapanganib. Ang isip na naiwang walang laman ay tatahanan ng mga kasinungalingan ng demonyo at marahil ng mga demonyo mismo.[344]Ang biblikal na pagninilay ay nakatuon sa *pagpuno sa isipan* ng mga Salita ng Dios.Naibulalas ng sumulat ng Mga Awit, "Oh, ang iyong mga utos ay tunay kong iniibig! Ito ang aking pinagninilayan buong araw."[345]

Sa Filipos 4, pinayuhan ni Pablo ang mga mananampalataya na huwag *alisin* ang laman ng kanilang isipan kundi "pagnilaynilayan ang mga bagay na ito."[346] Anong mga bagay? Hindi ang mga nakalipas na kasalanan, nakaraang kabiguan, o ang mga pagkakamali ng iba; ngunit ang mga bagay na "marangal," "makatarungan," "dalisay," "kaibig-ibig," "mga mabuting ulat," mga bagay ng "kabutihan," at mga bagay na "kapuri-puri." Kung pipiliin ng bawat anak ng Dios ang bawat sandali upang palitan ang mga negatibo, ang kritikal na mga kaisipan ng mga mabubuting kaisipan, ang kanilang espiritual na buhay ay magbabago.

***Ang layunin ng biblikal na pagninilay sa paghubog ng espiritual na buhay.***

Ang kapangyarihan ng pagninilay ay nagbibigay ito ng pagkakataon para sa araw-araw na paglilinis sa pamamagitan ng Salita ng Dios.[347] Binabago ng Salita ng Dios ang paraan ng ating pag-iisip at pag-uugali. Inilalantad ng liwanag ng Salita ng Dios[348]ang bawat nakatagong kasalanan[349] at bawat mapangwasak na kasinungalingan ng Diyablo. Regular na binubusog ng Salita ng Dios ng katotohanan ang ating mga kaluluwa hanggang sa masanay tayong mag-isip at kumilos tulad ni Jesus.

Ang dahilan kung bakit napakaraming Kristiyano ang natatalo sa espiritual na mga labanan ay dahil sila ay nakalantad sa digmaan nang walang tabak – *ang tabak* ng Banal na Espiritu.[350]Kapag bumulong si Satanas, *hindi ka talaga mahal ng Dios*, o kaya naman ay, *Hindi mo kayang magawa iyan*, *hindi ka talaga tunay na Kristiyano*, *hindi mo kayang*

[343]Awit 19:10
[344] Mateo 12:44
[345]Awit 119:97
[346]Filipos 4:8
[347] Efesos 5:26
[348]Awit 119:105
[349]Awit 19:12
[350] Efeso 6:17

*mabuhay ng may kabanalan*, *ang lahat ay hindi sumasang-ayon sa iyo*, *hindi ka mapapatawad ng Dios*... muli, wala silang depensa. Ngunit sa pamamagitan ng disiplina ng pagninilay-nilay ay inuulit natin ang katotohanan ng Dios araw-araw, kada-buwan, taon-taon hanggang sa ang ating pananampalataya sa Dios ay maging matatag at hanggang ang bawat nag-aalab na kasinungalingan ng kaaway ay malabanan at matalo.

### *Ang mga resulta ng pagninilay sa Banal na Kasulatan*

1. Ang Salita ng Dios ay nagbubunga ng pananampalataya,[351]samakatuwid ang pagninilay-nilay ay magpapatibay sa ating pagtitiwala sa Dios.
2. Dinadalisay ng Salita ng Dios ang mga kaisipan at buhay,[352]samakatuwid papalitan ng pagninilay-nilay ang mga maling kaisipan ng mga tamang kaisipan.
3. Ang Salita ng Dios ay nagbibigay ng mabisang kalasag laban kay Satanas,[353] samakatuwid ang pagninilay-nilay ay magbibigay proteksyon sa atin.
4. Ang Salita ng Dios ay nagpapaunlad sa buhay ng mananampalataya,[354] samakatuwid ang pagninilay-nilay ay magdudulot ng higit at mas malaking sukat ng pagpapala ng Dios.

### *Mga praktikal na payo para sa pagsisimula sa pagninilay-nilay*

(1) Huwag itong gawing komplikado.

Gustong-gusto ko ang simpleng diskarte ni John Wesley sa pagninilay-nilay:

> Narito ako, malayo sa abalang paraan ng mga tao. Umupo akong mag-isa: ang Dios lamang ang naririto. Sa kanyang harapan ako ay nagbukas, aking binasa ang kanyang aklat; para sa layuning ito, upang mahanap ang daan patungo sa langit. Mayroon bang pag-aalinlangan hingil sa kahulugan ng aking nabasa?... Itinaas ko ang aking puso sa Ama ng mga Liwanag: "Panginoon, hindi ba ito ang iyong Salita, 'Kung ang sinoman ang nagkukulang ng karunungan, ay dapat siyang humingi sa Dios'?..."Pagkatapos ay hinanap ko at isinaalang-alang ang magkatulad na mga talata ng Banal na Kasulatan, "inihahambing ang mga espiritual na bagay sa mga espirituwal na bagay."Pinagnilay-nilayan ko iyon nang buong atensyon at kasipagan na kaya nang aking isipan. Kung mayroon pa ring pag-aalinlangan, sasangguni ako sa mga may karanasan sa mga bagay patungkol sa Dios; at pagkatapos ay ang [makasaysayang] mga kasulatan.... At kung ano ang natutunan ko, iyon ang ituturo ko.[355]

---

[351] Roma 10:17
[352]Awit 119:9; 1 Pedro 1:22; Efeso 6:17
[353] Mateo 4:1-11; Efeso 6:17
[354] Josue 1:8; Awit 1:3
[355]Ito ay kinuha mula sa panimulang sulat ni*John Wesley: Man of One Book.*

(2) Humanap ng tahimik na lugar. "Manahimik at kilalanin na [siya] ang Dios."[356]

(3) Magbasa at pagnilay-nilayan na may kasamang panalangin para sa pang-unawa at kahandaang sumunod.[357]

(4) Maingat na bantayan ang iyong mga inaasahan. Huwag maghanap ng mga palatandaan o supernatural na paghahayag. Sikapin lamang na makilala ang Dios at makilala ka niya.

(5) Sa pag-alis mo sa iyong tahimik na lugar, panatilihin sa isipan ang kahit isang kaisipan at pag-isipan mo ito sa buong araw.

(6) Sa buong araw, magsanay na palitan ng mga Salita ng Dios ang talunan, mapanghimasok na mga kaisipan.

► Maglaan tayo ng limang minuto para magsanay na magnilay nang sama-sama. Hayaang tumahimik ang lahat at magnilay-nilay sa Josue 1:8. Huwag subukang gawing balangkas ang talatang ito para sa pag-aaral ng Biblia. Sa halip, ilagay ang iyong sarili sa kwento. Maging si Josue! Pagnilayan kung ano ang kahulugan ng mensaheng ito para sa kanya. Pagkatapos ay isipin ang tungkol sa iyong sariling buhay. Ano ang mensahe ng Panginoon para sa iyo?

### Ang Espiritual na Disiplina ng Pag-aayuno

> At sinabi niya sa kanila, "Hinahayaan ba ninyong hindi kumain ang mga panauhin sa kasalan habang kasama pa nila ang lalaking ikinasal? Darating ang araw na kukunin sa kanila ang lalaking ikinasal; at *saka sila mag-aayuno*."[358]

Ang pag-aayuno ay isa sa mga pinakanakapagpapabago sa espiritual na katayuan, ngunit isa rin ito sa pinakamahirap gawin – dahil dito ito ay napapabayaan – sa lahat ng mga espiritual na disiplina. Kapag isinasabuhay ito nang taos sa puso at may kaakibat na pananalangin, ito ay isa sa pinakamabisang paraan ng pagpapanibago ng ating pagkagutom sa Dios, paghuli sa kaisipang pagala-gala, pagpipigil sa maligalig na mga pagnanasa, pagsunog sa ipa ng pagiging makasarili, paglilinaw ng patutunguhan, pagtanggap ng sariwang espiritual na pagkaunawa sa Salita ng Dios, at pagpapanatili ng kapangyarihan at pagtatalaga ng Banal na Espiritu.

#### *Ang kahulugan ng pag-aayuno*

Ang pag-aayuno batay sa Banal na Kasulatan ay ang *pag-iwas sa pagkain, (o paglilimita sa dami ng pagkaing kinakain),*para sa *mga espiritual na layunin*. Ang pag-aayuno ay hindi pagdidiyeta! Ang pag-aayuno ay tila naiiba sa iba pang anyo ng pag-iwas—sa paglilibang, pagtatalik (para sa mga mag-asawa[359]), mga pagtitipon sa komunidad, o anumang katulad

---

[356]Awit 46:10
[357] Juan 7:17
[358] Lucas 5:34-35, idinagdag ang pagbibigay-diin.
[359]1 Corinto 7:5

na gawain, pati na ang paghihinay-hinay at pagtangi sa mga sariling kagustuhan sa mga ganitong pagkakataon ay maaaring maging mahalaga para sa paglinang ng espiritual na paglago.

***Ang pag-aayuno ay hindi ipinag-uutos, ngunit ito ay ipinapalagay na gawin ng mga Krisityano.***

Hindi direktang *iniuutos* ng Banal na Kasulatan ang pag-aayuno, ngunit *ipinapalagay* na gagawin ito ng mga Kristiyano. Sa teksto sa itaas[360]dapat ay maging malinaw sa atin na ippinapalagay ni Jesus na ang bawat mananampalataya ay "*mga-aayuno*." Naalala ko ito isang hapon sa isang kumperensya sa Pilipinas, kung saan ang beteranong misyonero na si Wesley Duewel ay ang tagapagturo."Sinabi ni Jesus na *mag-aayuno* ang kanyang mga disipulo," sabi niya. "Kung gayun, ikaw ba ay isang disipulo? Isinasagawa mo ba ang disiplinang ito?" Ang Salita ng Dios ay nagbigay ng conviction sa akin, at napagtanto Ko na ang aking paglakad bilang Kristiyano ay nagkukulang ng kapangyarihan dahil sa aking pagpapabaya sa disiplinang ito.

Ang pag-aayuno ay mayroong napakahalagang bahagi sa buhay ni Jesus, sa buhay ng mga apostol, at iglesia sa Bagong Tipan. At ito ay naging isang mahalagang disiplina sa bawat dakilang gawain ng Dios. Sinabi ni John Wesley, "Alam ng lahat na ang bawat mabuting Methodistaay nag-aayuno dalawang beses sa isang linggo (Miyerkules at Biyernes)." Sinabi ni Epiphanus, ang ama ng iglesia at Obispo ng Salamis, Cyprus (315-403), "Sino ang hindi nakakaalam na ang pag-aayuno sa ikaapat at ikaanim na araw ng linggo ay ginagawa ng mga Kristiyano sa buong mundo?"

> "May ilang itinaas ang pag-aayuno nang higit kaysa lahat ng Kasulatan at katwiran; at ang iba ay lubusan itong pinabayaan"
> John Wesley

***Mga halimbawa ng pag-aayuno sa Biblia***

Ang Banal na Kasulatan ay puno ng mga halimbawa ng pag-aayuno. Sina Moises, Hannah, David, Elias, Esther, Daniel, ang mga propeta, Anna, Juan Bautista, Si Jesus, Pablo, ang mga apostol, ang matatanda sa Antioch, at si Cornelio, silang lahat ay nag-ayuno.

Habang nag-aayuno si Moises, nagsalita sa kanyang harapan ang Dios gaya ng pakikipag-usap ng isang tao sa kanyang kaibigan.[361]Habang nag-aayuno at nananalangin si Hannah,binuksan ng Dios ang kanyang sinapupunan at ibinigay sa kanya si Samuel.[362] Habang nag-aayuno at nananalangin si Daniel, binigyan siya ng

> "Una, hayaang isagawa ito (pag-aayuno) para sa Panginoon at ang mga mata ay sa kanya tanging nakatingin. Hayaang ito ang ating maging intensiyon, at ito lamang, upang luwalhatiin ang ating Ama sa Langit."
>
> – John Wesley

[360] Ibid.
[361] Exodo 33:1
[362] 1 Samuel 1:8, 17-18

"kasanayan sa pag-unawa" sa Salita ng Dios,[363]ang kapangyarihan ng Dios ay ipinakita upang talunin ang prinsipe ng Persia, at ang sagot sa panalangin ni Daniel ay ipinagkaloob.[364] Habang nananalangin at nag-aayuno si Saulo (Pablo), napuspos siya ng Banal na Espiritu at nabuksan ang kanyang mga mata.[365] Habang nag-aayuno, nananalangin, nagbibigay limos si Cornelio, ang mga taimtim na handog na ito ay naging isang mabangong handog sa Dios,[366]na nagdulot ng sagot sa panalangin ni Cornelio na nagligtas sa kanyang buong sambahayan. Ilan lamang ito sa maraming halimbawa sa Biblia ng kapangyarihan ng Dios na naipamalas sa pamamagitan ng pag-aayuno at pananalangin.

***Limang makapangyarihang resulta ng pag-aayuno***

(1) Ginagawang mapagpakumbaba ng pag-aayuno ang kaluluwa.

Sinabi ng sumulat ng Mga Awit, "Ngunit para sa akin, kapag sila ay may sakit, sako ang aking idinadamit;pinagpapakumbaba ko ang aking kaluluwa sa pamamagitan ng pag-aayuno."[367] Alam ni Ezra na ang pagbabalik sa kanilang sariling bayan ng mga Judiong ipinatapon ay mangangailangan ng biyaya mula sa Dios. Sa liwanag ng maraming panganib at tukso sa hinaharap, isinulat niya: "Aking ipinahayag ang pag-aayuno doon sa pampang ng ilog… upang manikluhod sa harap ng aming Dios, upang hilingin sa kanya na patnubayan kami at aming maliliit na kasama, at ingatan sa paglalakbay… at pinakinggan niya ang aming panalangin."[368]

Paano *pinapagpapakumbaba* ng pag-aayuno ang kaluluwa? Ang pag-iwas sa pisikal na pagkain ay nagpapaalala sa kaluluwa ng lubos na pangangailangan ng tao, at pag-asa sa Dios; ito ay nagpapaalala sa atin na tayo ay pinapanatili ng mga espiritual na bagay sa halip na pisikal, at mga materyal na bagay. Ang pag-aayuno ayon sa Biblia, na nakasentro kay Kristo ay isang patotoo sa Dios at sa sarili nating kaluluwa: *Aking Dios, nagugutom ako para sa iyo. Banal na Espiritu, kailangan kita higit pa sa pagkain, higit pa sa pisikal o materyal na mga pagpapala, higit pa sa anumang bagay sa mundong ito!*

Natagpuan ko na ang pag-aayuno ay isang lunas para sa espiritual na pagkabaog. Kapag ako ay tuyo at baog sa espiritual, ang pag-aayuno at pananalangin ang naglilinang sa matigas na lupa ng aking puso at nagiging handa itong makatanggap ng pagtatanim ng Salita ng Dios.

(2) Isinasailalim ng pag-aayuno ang ating likas na pagnanais sa ating espiritual na mga pagnanais.

---

[363] Daniel 9:3, 22-23
[364] Daniel 10:3, 12-13
[365]Gawa 9:9, 17-18
[366]Gawa 10:4
[367]Awit 35:13
[368] Ezra 8:21, 23

Inilalantad ng pag-aayuno ang mga bahaging di napapansing kasalanan at pagiging makasarili, na pinapatay ang ating pinakamalakas na pagnanais; pinananatili ng pag-aayuno ang ating mga katawan sa ilalim ng mga espiritual na mga bagay. O, gaya ng sinabi ng isang ama ng iglesia, "Tinitiyak ng pag-aayuno na hindi pakukuluin ng tiyan ang katawan upang hindi mahadlangan ang kaluluwa."[369] Minsan sinabi sa akin ng kapatid kong Pilipino, na si David Yucaddi, na alam niyang kailangan niyang mag-ayuno kapag nararamdaman niyang nagsisimulang umusbong sa kanyang kalooban ang maling pagnanasa! Sa madaling salita, ang pinakamaliit na pagtaas ng pagmamataas o maling pagnanasa ay, para sa kanya, ang nagsisilbing signal ng pangangailangan na mag-ayuno. Ang ibang mga pinabanal ay nagpatotoo din na ang pag-aayuno ay pumapatay ng apoy ng hindi wastong sekswal na pagnanasa.

Pagkatapos kong magturo tungkol sa pag-aayuno isang Linggo, may isang Kristiyanong lalaki ang nakadama ng pangangailangan na maisama ang disiplinang ito sa kanyang paglakad kasama ng Dios. Pagkalipas ng ilang panahon,nagpatotoo siya na ang pag-aayuno ay nagbigay sa kanya ng kamalayan sa mga pangangailangan sa kanyang puso. "Hindi ko napagtanto kung gaano ako naging madaling magalit hanggang sa nagsimula akong mag-ayuno," ang sabi niya. "Nang sabihin kong 'Hindi' sa aking katawan, nakita ko ang aking sarili na naging madaling magalit sa aking mga anak!" Nagtatawanan kami dahil kaya na naming makita ito. Ang pagtanggi sa sarili ay naghahayag ng mga saloobin sa mga bahaging dati ay hindi natin nakikita sa ating mga puso.

Ipinapaalala sa atin ni Richard Foster na, "Ang tiyan ay parang anak na sunod sa layaw, at ang anak na sunod sa layaw ay hindi nangangailangan ng pagpapakalayaw, kundi… disiplina." Alam naman nating lahat kung ano ang nangyayari kapag sinimulan nating disiplinahin ang isang batang sunod sa layaw, hindi ba? Mas pinalayaw ang bata, kapag dinisiplina, mas malakas ang pagnanais nitong masunod ang kanyang sariling kagustuhan. Hanggang sa matuto siyang magpasakop sa salitang "hindi," ay magkakaroon tayo ng hamon sa ating mga kamay. Gayundin ito sa ating sariling panloob n a pagkabatang sunod sa layaw!

> "Ang ating mga pagnanasa bilang tao ay katulad ng mga ilog na umaapaw ang mga pampang; ang pag-aayuno ay tumutulong upang panatilihin ang mga ito sa kanilang wastong mga daanan."
>
> – Richard Foster

(3) Ang pag-aayuno ay nagdaragdag sa ating espiritual na gana.

Natagpuan ni Jesus ang higit na kasiyahan sa paggawa ng kalooban ng kanyang Ama kaysa sa pisikal na pagkain,[370] at tinawag niya tayo na maging katulad niya. Sinabi niya, "Mapalad ang mga nagugutom at nauuhaw sa katuwiran, sapagkat sila ay bubusugin."[371]Kapag ako ay nag-aayuno, at ang mga kirot ng gutom ay lumalakas, sasabihin ko sa Dios, "Panginoon,

---

[369] Asterius, sa ika-apat na siglo
[370] Juan 4:31-32
[371] Mateo 5:6

ang mga kirot na dulot ng gutom na ito ay mga pagtitiis sa gutom para sa iyo. Gusto kong maging ganito kagutom para sa iyo." Hindi naman ito *makakapag*pasaya sa akin sa sandaling ito, ngunit hindi ko kailanman nakilala ang Dios na binalewala ang taimtim na panalanging ito. Dapat nating sikaping gawing panalangin ang ating mga pasakit, sa paniniwalang bibigyan tayo ng kasiyahan ng Dios ng higit pa ng tungkol sa kanyang sarili.

(4) Ang pag-aayuno ang nagbibigay sa atin ng higit na pang-unawa sa mga espiritual na bagay.

Sa pamamagitan ng pag-aayuno, naunawaan ng iglesia sa Bagong Tipan sa Antioch ang kalooban ng Dios para sa pasimula ng kanilang ministeryo sa pagmimisyon: "Habang sila ay naglilingkod sa Panginoon at nag-aayuno, sinabi ng Espiritu Santo, 'Ibukod mo para sa akin si Bernabe at si Saulo para sa gawaing inilaan ko para sa kanila.'"[372] Ang taimtim na pananalangin na may pag-aayuno ay kadalasang nagdudulot ng higit na kalinawan sa ating buhay at tumutulong sa atin na gumawa ng mahahalagang desisyon.

Ang buhay pananalangin at pag-aayuno ni Jesus ay nagpapanatili sa kanya ng higit na kamalayan sa espiritual na pagkagutom ng mga taong nakapaligid sa kanya, pinapanatiling puno ng pagmamahal ang kanyang puso para sa kanila, at pinapanatiling alerto ang kanyang espiritu sa nais ipagawa at ipasabi ng kanyang Ama para sa mga taong gutom sa espiritual. Tulad ng mga disipulo, madalas tayong abala sa ating sarili at sa ating sariling mga pangangailangan kaya nawawala ang ating pagmamahal sa mga kaluluwa. Ang pag-aayuno ay nakakatulong upang mapanatili ang ating mga gana, upang ating makita at marinig ang gawain ng Banal na Espiritu sa ating paligid.

► Basahin ang Juan 4:27-34 nang magkakasama. Talakayin ang kaibahan ng kaugnayan ni Jesus at mga disipulo sa pagkain. Ano ang ibig sabihin ni Jesus sa pagsasabi na, "Mayroon akong pagkaing makakaing hindi ninyo alam," at "Ang aking pagkain ay ang gawin ang kalooban ng nagsugo sa akin"? Sa palagay mo, posible bang ang pag-ibig ng mga disipulo sa pagkain ay naging dahilan upang hindi nila makita ang ginagawa ng Banal na Espiritu sa Samaria?

(5) Ang pag-aayuno ay nagpapalakas ng ating pananampalataya at, samakatuwid, ay nagbibigay-daan sa atin na makibaka at talunin ang kaaway.

Naniniwala ako na ang dahilan kung bakit napakaraming mabubuting lalaki at babae ang mahina at walang kapangyarihan at dahil hindi sila nagsasagawa ng regular na pag-aayuno. Sa Mateo 17, nakita ng mga disipulo ang kanilang sarili na walang kapangyarihan na palayasin ang masamang espiritu sa isang binata. Nilinaw ni Jesus na ang problema ay kawalan ng paniniwala: "Pagkatapos, nang sila sila na lamang ay lumapit ang mga disipulo kay Jesus at sinabi, 'Bakit hindi po naming mapalayas ang demonyo?' Sumagot siya, 'Dahil sa inyong maliit na pananampalataya.'"[373] Pagkatapos ay nagpatuloy si Jesus sa pagtuturo,

---

[372]Gawa 13:2
[373] Mateo 17:19-20a

"Ngunit, ang ganitong uri ay hindi mapapalayas kundi sa pamamagitan ng panalangin at pag-aayuno."[374]

Ano ang kaugnayan ng taimtim na panalangin at pag-aayuno at pananampalataya? Ang taimtim na pananalangin (pananalangin na may pag-aayuno) ay nagpapalakas ng pananampalataya at nagpapataas ng ating kapangyarihan at pagiging epektibo sa paglilingkod sa Dios. Tayo ay nakikibahagi sa espiritual na labanan; kung walang panalangin at pag-aayuno, hindi natin mararanasan ang pagliligtas ng Dios ayon sa gusto niyang ihayag. Madalas na natatagpuan ni Pablo ang kanyang sarili sa gitna ng malaking espiritual na labanan at samakatuwid ay madalas siyang nag-aayuno.[375]

Ang aking mga kapatid na naglilingkod sa papaunlad na mga bansa ay kadalasang nahaharap sa pagsalungat ng mga demonyo. Alam nila na kung walang panalangin at pag-aayuno ay hindi nila makikitang masisira ang mga espiritual na muog. Sineseryoso nila ang mga salita ni Jesus dahil dito at samakatuwid ay nakakaranas sila ng mga dakilang pagpapakita ng banal na kapangyarihan.

***Dalawang pangunahing anyo ng pag-aayuno sa Biblia***

1. Normal na pag-aayuno – pag-iwas sa lahat ng pagkain, solido o likido, ngunit hindi sa tubig
2. Bahagyang pag-aayuno o paghihinay-hinay– paghihigpit sa pagkain, ngunit hindi ganap na pag-iwas[376]

***Mga praktikal na payo para sa pagsisimula ng pag-aayuno***

1. Isaalang-alang ang iyong pisikal na kondisyon at sundin ang mga rekomendasyon ng doktor.
2. Magsimula sa isang 24-oras na bahagyang pag-aayuno. Magsimula sa tanghalian hanggang sa tanghalian kinabukasan (dalawang pagkain). Uminom lamang ng mga katas ng prutas. Subukan ito isang beses sa isang linggo para sa ilang linggo o buwan.
3. Subukan ang isang normal na pag-aayuno ng 24-oras. Uminom lamang ng tubig. Uminom ng bitamina kung kinakailangan. Gawin ito linggo linggo.
4. Pagkaraan ng ilang panahon,lumipat sa isang normal na 36-oras na pag-aayuno. Mag-ayuno mula hapunan hanggang sa almusal sa ikalawang araw (tatlong pagkain). Gawin ito isang beses sa isang linggo sa loob ng ilang linggo o buwan.

---

[374] Mateo 17:23
[375] 2 Corinto 11:27-28
[376] Daniel 10:3

5. Subukan ang pag-aayuno ng ilang araw. Dito maaari kang makakita ng isang makabuluhang espiritual na tagumpay sa iyong buhay.
6. Gawing regular na bahagi ng iyong buhay ang pag-aayuno! Damhin ang sakit ng tiyan na walang laman at umasa sa Dios na puspusin ka ng kanyang biyaya.

► Huwag mag-atubiling magbahagi ng mga patotoo tungkol sa disiplinang ito. Magsanay ng pag-aayuno sa linggong ito at maging handa na bumalik sa susunod na linggo upang pag-usapan ang iyong karanasan.

**Ang Espiritual na Disiplina ng Kapayakan**

"Panatilihin ang iyong mga gawi na walang bahid ng kasakiman; makuntento ka sa mga bagay na mayroon ka. Sapagkat siya mismo ang nagsabi, 'Hinding-hindi kita iiwan ni pababayaan man.'"[377]

***Ang kahulugan ng disiplina ng pagiging payak***

Ang disiplina ng pagiging payak ay ang disiplina ng pagtutok sa mga prayoridad ng Dios at pagsasa-ayos ng pamumuhay ng isang tao ayon dito. Nagsisimula ito sa isang panloob na *saloobin ng paghiwalay* sa lahat maliban sa pinakamataas na kasiyahan sa buhay – ang pagkilala at paglilingkod sa Dios. Nagdudulot ito ng mga pagpipilian sa pamumuhay na naaayon sa saloobing ito.

Ang panlabas na pagiging payak ay tungkol sa paggawa ng ating bahagi upang gawing mas espiritual at praktikal na episyente ang ating buhay; tungkol sa pag-aalis sa ating sarili ng lahat ng bagay na nagnanakaw ng ating kagalakan; tungkol sa pag-aalis sa ating buhay ng mga kalat na bumabagabag sa atin, ang kaguluhan na nakakagambala sa atin, ang utang na lumulunod sa atin, at mga aktibidad na kumokontrol sa atin.

Tinatawag ng Dios ang bawat Kristiyano sa isang panloob na kapayakan – isang pag-ibig na nakatuon para sa Dios at mga tao at isang nakatuon na debosyon sa paghahanap ng kanyang kaharian.[378] Ngunit ang panloob na kapayakan ay mapapanatili lamang kapag sinadya nating ayusin ang ating pag-araw-araw na buhay sa mga simpleng paraan. Maraming Kristiyano ang nagnanais na mamuhay ng mas malaya at kontentong buhay, ngunit ang masamang gawi ng labis na pag-iskedyul, labis na pagsasalita, labis na pangako, labis na paggastos, labis na pag-kolekta, labis na pagtratrabaho at maging ang labis na paglilingkod ay pumipigil sa kanila na magkaroon ng buhay na kanilang ninanais.

---

[377] Hebreo 13:5

[378] Awit 27:4; 40:8; Mateo 6:33

### *Ang pagiging payak mula sa buhay ni Jesus*

> Naglaan si Jesus ng maraming pagkakataon sa kanyang araw para sa "mga banal na pag-antala" at tanggapin ang bawat isa sa kanila nang may biyaya.

Ipinakita ni Jesusang disiplina ng pagiging payak sa kanyang mga salita at gawa. Kapag binasa natin ang mga kwento ng kanyang buhay, hindi siya tila nagmamadali, ngunit napakarami niyang nagawa. Ang kanyang mga aktibidad ay palaging may layunin.[379] Ang Banal na Espiritu ay palaging nagdadala sa kanya sa isang makabuluhan, *may layunin* na pamamaraan.[380] Hindi lamang siya nagsusumikap; matalino siyang nagsasagawa ng mga gawain, at palaging ginagawa ang mga bagay na nakalulugod sa kaniyang Ama.[381]

Hindi madali ang buhay ni Jesus, nguni't ito ay payak. Alam niya kung tungkol saan ang kanyang buhay at mula pagkabata ay ginawa na Niya ang kalooban ng kanyang Ama.[382] Kapag nagsasalita si Jesus ay matipid siya sa mga salita.[383] Ang kanyang "Oo" ay nangangahulugang "Oo," at ang kanyang "Hindi" ay nangangahulugan ng "Hindi."[384] Simpleng pamumuhay ang pinili niya.[385] Naglaan siya ng maraming pagkakataon sa loob ng kanyang isang araw para sa "pagkilos ng Banal na Espiritu" at tinanggap ang bawat isa sa kanila sa pamamagitan ng biyaya.[386] Ang mga tao, hindi ang mga materyal na bagay, ang palagi niyang prayoridad–lalo na ang mga taong nangangailangan ng pagtubos at mga alagad na nangangailangan ng pagsasanay. Namuhay siya bilang isang masigasig na tagapagbahagi ng ebanghelyo, na sinusuportahan ng iba. Siya ay inilibing sa isang hiram na libingan. Nang siya ay mamatay sa krus, ang tanging mayroon siya dito sa lupa ay ang damit na suot niya. Ang disiplina ng pagiging payak sa buhay ni Jesus ay nagpanatili sa kanya ng pagiging tuon ang isipan sa prayoridad na ibinigay sa kanya ng kanyang Ama.

### *Ang disiplina ng pagiging payak sa Biblia*

Ang Biblia ay hindi nag-aalok ng isang talaan ng mga tuntunin kung paano natin dapat gawing simple ang ating buhay, ngunit ito ay naglalahad ng ilang babala at payo. Nagdeklara si Jesus ng digmaan laban sa materyalismo. Itinuro niya na hindi tayo maaaring maglingkod sa Dios at sa pera. Binalaan niya tayo laban sa pag-iimpok ng mga kayamanan sa lupa[387] at sa pag-iimbot, na nagsasabi: "Ang buhay ng tao ay hindi binubuo ng kasaganaan ng kaniyang mga pag-aari."[388]Hiniling pa niya na ibenta ng mayamang

---

[379] Lucas 4:43, idinagdag ang pagbibigay-diin.
[380] Ibid.
[381] Juan 4:34
[382] Lucas 2:49
[383] Juan 14:10
[384] Mateo 5:37
[385] 2 Corinto 8:9
[386] Mateo 9:20
[387] Mateo 6:21
[388] Lucas 12:15

binatang pinuno ang lahat ng pag-aari niya para sumunod sa kanya.[389]Sinabi ni Pablo na ang mga nagnanais na yumaman ay nahuhulog sa tukso.[390] Nagbabala ang sumulat ng aklat ng Mga Awit, "Kung dumarami ang kayamanan, huwag mong ituon ang iyong puso sa mga ito."[391]

***Ang kapangyarihan ng pagiging payak sa paghubog ng espiritual na buhay***

Ang layunin ng pagiging payak ay para *palayain tayo*. Ang gawing payak ang ating pamumuhay ay magpapalaya sa atin mula sa pang-aakit ng materyalismo at nagbibigay-daan sa atin na maglaan ng mas maraming oras at mga mapagkukunan para sa kaharian ng Dios, at ito ay magliligtas sa atin mula sa pagka-alipin sa pagsang-ayon ng mga tao. Ang gawing payak ang ating mga gawain at ministeryo ay magpapalaya sa atin na gawin kung saan tayo tinawag at ihinandang gumawa, at pagsikapang gawin ito nang mas mahusay. Ang gawing payak ang ating pananalita ay magpapalaya sa atin sa paggawa ng mga pangako at nais gawin na hindi natin kayang tuparin at magbibigay-daan sa atin na tuparin ang mga pangakong kaya nating gawin.

***Mga panganib sa pagiging payak***

Dapat tayong maging maingat sa ilang mga panganib:

(1) May panganib ang legalismo.

Hindi tayo dadalin ng Banal na Espiritu sa parehong mga pagpipilian sa pamumuhay. Ang kalidad o istilo ng pananamit na ating isinusuot, ang mga tahanan na ating tinitirahan, ang halaga ng pera na ating naiipon o ibinibigay ay ayon sa nais ng Dios para sa atin. Huwag natin husgahan ang isa't isa.

"Tinatawag tayo ni Jesus sa isang walang pag-aalalang pagwawalang-bahala sa mga ari-arian. (Lucas 6:30)."
– Richard Foster

(2) May panganib na itakwil ang mga materyal na bagay bilang masama.

Ang pagiging payak ay hindi ang pagtatakwil sa *lahat* ng pag-aari(maliban kung hinihiling ito ni Jesus) ngunit pinapanatili ang mga ito sa kanilang tamang lugar.

(3) May panganib na itakwil ang mga biyayang kaloob ng Dios.

Dumating si Pablo sa isang lugar ng kasiyahan na may parehong sakripisyo at kasaganahan.[392] Kaya niyang tanggapin nang may pasasalamat ang kasaganahan gaya ng pagtanggap sa sakripisyo. Kung pinagpapala ka ng Dios, magalak at huwag kang mahiya!

---

[389] Mateo 19:16-22
[390] 1 Timoteo 6:9
[391]Awit 62:10
[392]Filipos 4:12

Huwag lamang ilagak ang iyong puso sa pagpapala. Kung ikaw ay nagdurusa, "ikagalak mo itong lahat"!

**Praktikal na payo para sa pagsasanay ng disiplina sa pagiging payak**

1. Huwag magpaalipin sa utang.[393]
2. Bumili ng mga bagay para sa kanilang kalidad at pagiging kapaki-pakinabang kaysa sa kanilang pagiging uso.
3. Paunlarin ang ugali ng pagbibigay ng mga bagay sa iba.[394]
4. Matutong tangkilikin ang mga bagay nang hindi kinakailangan na maging pagmamay-ari ang mga ito.
5. Matutong mahalin ang mga simpleng bagay sa buhay, lalo na ang mga magandang nilikha ng Dios sa mundo.
6. Iwasan ang mga pagpapayaman sa pamamagitan ng pandaraya, na nagpapakain sa espiritu ng kasakiman.[395]
7. Gumawa lamang ng pangako at mga mga pagtupad sa pangako na alam mong magagawa mong tuparin.[396]
8. Tumulong na sirain ang paniniil ng pera sa pamamagitan ng pagiging mapagbigay.[397]
9. Iwasan ang anumang bagay na makakagambala sa iyo upang unang hanapin ang kaharian ng Dios at kanyang katuwiran.

[393] Kawikaan 22:7
[394] Lukas 3:11; Kawikaan 11:24
[395] Kawikaan 28:20
[396] Awit 76:11; Kawikaan 20:25; Mateo 5:37
[397] Kawikaan 11:25; 22:9

► Sa puwang sa ibaba, isulat ang hindi bababa sa tatlong paraan na alam mong maaari mong gawing payak ang iyong buhay upang mas matutukan ang iyong mga biblikal na prayoridad. Maging handa na gawin ang mga pagbabagong ito sa pamamagitan ng biyaya ng Dios, at maging handa na ibahagi ang iyong patotoo sa iyong grupo sa susunod na pagpupulong.

| **Tatlong Paraan Para Gawing Payak ang Aking Pamumuhay** |
| --- |
| |

## Leksiyon 8 Mga Takdang Aralin

(1) Kumuha ng pagsusulit batay sa materyal mula sa leksiyong ito.

(2) Maglaan ng hindi bababa sa tatlumpung minuto sa linggong ito sa pagbabalik-aral sa leksiyong ito, kabilang ang mga sanggunian ng Banal na Kasulatan, at humingi ng pang-unawa mula sa Banal na Espiritu.

(3) Itala sa iyong journal ang anumang partikular na pagbabago na dapat gawin sa iyong buhay, na inihahayag sa iyo ng Panginoon.

(4) Magnilay-nilay sa kahit isang Awit sa iyong pang-araw-araw na oras ng pag-aaral ng Salita ng Dios, at itala sa iyong journal kung ano ang sinasabi ng sumulat ng Mga Awit tungkol sa kalikasan at katangian ng Dios.

(5) Itala sa iyong journal ang isang personal na panalangin para sa espiritual na pagbabago at pag-unlad batay sa leksiyong ito.

(6) Magsanay gamit ang *Pang-araw-araw na gabay sa Pananalangin* ni Dr. Brown sa iyong pang-araw-araw na pribadong pananalangin.

## Leksiyon 8 Pagsusulit

(1) Ano ang dalawang pakinabang ng espiritual na disiplina gaya ng itinuro sa leksiyong ito?

(2) Paano nagdudulot sa akin nang higit na kasiyahan sa Dios ang mga espiritual na disiplina?

(3) Magbigay ng sanggunian sa Biblia na nagpapakita kung gaano kahalaga ang pag-iisa sa buhay ni Jesus.

(4) Ano ang kahulugan ng pagninilay-nilay?

(5) Ano ang apat na kapangyarihang resulta ng pag-aayuno?

(6) Ayon kay Richard Foster, "Ang ating pagnanasa bilang tao ay parang ___________ na may posibilidad na umapaw ang kanilang ___________."

(7) Magbigay ng dalawang anyo ng pag-aayuno.

# Leksiyon 9
# Ang Mga Espiritual na Disiplina ng Debosyon
# Pribadong Pananalangin

## Leksiyon 8 Pag-babalik-aral

Paalala sa lider ng klase: Magbalik-aral sa mga pangunahing punto ng Leksiyon 8. Hilingin sa mga mag-aaral kung sino ang handang magbahagi ng kanilang personal na panalangin mula sa Leksiyon 8.

## Mga Layunin ng Leksiyon

Sa pagtatapos ng leksiyong ito, ang mga-aaral ay dapat na:

(1) Matutong manalangin gaya ng pananalangin ni Jesus.

(2) Magsanay ng pananalangin sa pamamagitan ng pagsunod sa gabay na ipinakita ni Jesus.

## Mga Larawan ng Buhay

Isang kabataang lalaki ang sumulat ng sumusunod na liham sa kaibigan kong si Dr. Phil Brown:

> Pakiramdam ko ay hindi sapat ang pananalangin ko para sa pisikal na paggaling ng isang miyembro ng pamilya. Bagama't palagi siyang nasa isip ko, at palagi kong inilalagay siya sa paanan ng Dios, pakiramdam ko ay hindi parin sapat ang aking pananalangin. Ang isa sa mga pinakamalaking gumugulo sa aking isipan ay hindi ang hindi ako kailanman magiging sapat, kundi hindi ko kailanman nababasa ang aking Biblia nang"sapat" o nananalanginnang "sapat…." Paano ko mababalanse ang damdamin ng pagkakonsensya sa "pagiging hindi sapat sa pananalangin"sa katotohanan na alam kong kaya siyang pagalingin ng Dios, ang katotohanang gusto ko ang kalooban ng Dios, at ang katotohanang hindi ko alam kung ano ang kalooban ng Dios?

Isang gabi habang nag-aaral kami ng Biblia, ang kaibigan kong si Danny, isang bagong Kristiyano ay nagsalita para sa karamihan sa amin nang magtapat siya, "Napakahirap para sa akin ang pananalangin! Hindi ko lang alam kung paano magkaroon ng magandang buhay pananalangin."

Maraming Kristiyano ang nahihirapan sa pananalangin. Marami ang hindi nasisiyahan sa kanilang buhay pananalangin. Dahil hindi natin nakikita ang ating kausap, nahihirapan tayong magtuon ng isip o maniwala man lang na nakikinig ang Dios. Naguguluhan tayo kung ano ang dapat nating sabihin. Ang ilan ay nagtatanong sa kahalagahan ng

pananalangin dahil alam naman ng Dios ang ating mga alalahanin at pangangailangan bago pa man tayo manalangin. Nagtataka tayo kung gaano karaming panalangin ang kailangan para maging sapat. Nagtataka tayo kung bakit wala tayong nakikitang mas maraming resulta. Ang lahat ng mga pakikibaka na ito ay pangkaraniwan.

Hindi ba't napakaganda kung si Jesus ay maaaring maging guro natin sa paaralan ng pananalangin? Sa pamamagitan ng kanyang halimbawa, sa pamamagitan ng kanyang Salita, at sa pamamagitan ng kanyang Espiritu, siya mismo! Kung maglalaan tayo ng oras upang makinig, marami sa ating mga katanungan tungkol sa pananalangin ang maaaring magsimulang masagot sa pamamagitan ng pag-aaral ng buhay pananalangin ni Jesus.

►Bigyan ng pagkakataon ang mga miyembro ng grupo na ibahagi ang kanilang mga pakikibaka sa pananalangin at mga tanong na may kaugnayan sa pananalangin na kanilang pinagdaanan.

## Ang Malaking Idea

Ang Paghubog ng Espiritual na buhay tungo sa pagiging katulad ni Kristo ay direktang konektado sa isang tuloy-tuloy na buhay pananalangin.

Sa leksiyong ito, hahayaan natin si Jesus na ituro sa atin kung paano manalangin. Ang kanyang simpleng gabay sa pananalangin, "Ang Panalangin ng Panginoon," ay nagturo sa mga Kristiyano sa halos 2,000 na taon at hindi na maaaring pagbutihin pa. Ngunit ito ay hindi isang pormula ng pananalangin. Ito ay isang gabay na tumutulong sa atin na magtatag ng wastong pagkakasunod-sunod at mga prayoridad ng panalangin, lalo na ang pribadong panalangin: **1) Magsimula sa pagsamba, 2) lumipat sa pananalangin para sa iba, 3) magtapos sa papuri**. Sa leksiyong ito, sisikapin natin ngayong hubugin ang ating pribadong pananalangin batay sa gabay na ito, at sa parehong pagkakataon, titingin tayo sa kanya bilang halimbawa sa gabay na ito.

Ang Ebanghelyo ni Lucas ay nagbibigay sa atin ng maraming pagkakataon para makita ang buhay pananalangin ni Jesus. Titingnan natin ang mga pagkakataong ito sa leksiyon natin. Sa pamamagitan ng pagmamasid sa buhay pananalangin ni Jesus at sa pakikinig sa kanyang pagtuturo sa pananalangin, mas mauunawaan natin kung paano magkaroon ng mas malalim, mas kasiya-siya, at mas mabisang buhay pananalangin.

Sinabi sa atin ni Lukas na mayroong isang bagay na lubhang nakakabighani – lubhang kaakit-akit – tungkol sa buhay pananalangin ni Jesus na ang kanyang mga alagad ay gustong manalangin gaya ng ginawa niya: "Minsan, nanalangin si Hssus sa isang lugar, nang siya ay matapos, sinabi ng isa sa kanyang mga alagad, "Panginoon, turuan po ninyo kaming manalangin, tulad ng ginawa ni Juan sa kanyang mga alagad.[398]

---

[398] Lukas 11:1

► Sabay-sabay na bigkasin ang Panalangin ng Panginooon. Kung hindi mo ito alam, isa-ulo mo ito.

> Kaya, sinabi ni Jesus sa kanila, "Kung kayo'y mananalangin, sabihin ninyo: 'Ama naming nasa langit, sambahin nawa ang iyong pangalan. Dumating nawa ang iyong kaharian. Maganap nawa ang iyong kalooban dito sa lupa gaya ng sa langit. Bigyan mo po kami ng aming pagkain sa araw-araw. At patawarin mo kami sa aming mga kasalanan, sapagkat pinapatawad din namin ang bawat nagkakasala sa amin. At huwag mo kaming ihatid sa tukso kundi iligtas mo kami sa masama.'"[399]

## Mga Maling Konsepto ng Pananalangin

### May Kapangyarihan ang mismong*Pagsasagawa* ng Pananalangin

Maraming Kristiyano ang tila naniniwala dito. Ngunit walang kapangyarihan *sa mismong* pagsasagawa ng pananalangin, *nagiging daan lamang* ng kapangyarihan ang pananalangin!At hindi lamang kahit anong uri ng pananalangin, kundi ang pananalangin sa paraang nakakalugod sa Dios. Ang lahat ng kapangyarihan ay pag-aari ng Dios. Ang 400 na propeta ni Baal ay nanampalataya *sa mismong pagsasagawa* ng pananalangin, habang si Elias ay nanampalataya sa Dios na sumasagot sa panalangin.[400] Ang ating pagtutuon ng isipan ay hindi dapat sa pananalangin mismo, kundi sa Dios na ating kinakausap sa panalangin.

### Ang Mas Maraming Pananalangin ay Nagdudulot ng Higit pang mga Resulta

Hindi palagi. Sinabi sa atin ni Jesus na huwag tayong tumulad sa pag-iisip ng mga pagano na ang kanilang mga panalangin ay sasagutin dahil nananalangin sila ng maraming uri ng panalangin.[401] Ang Dios ay hindi isang vending machine kung saan tayo makakakuha ng "candy" na gusto natin basta't naglalagay tayo ng sapat na mga prayer coin. Ang panalangin ay hindi gumagana sa ganoong paraan. Nang ako ay maglakbay sa buong mundo, napansin ko na ganito ang kaisipan ng bawat pangunahing relihiyon sa mundo, kabilang ang Budhismo, Hinduismo, Islam, at Hudaismo. Nakapunta na ako sa maraming dambana at nakakita ng mga monghe ng Hindu at Budhismo na pauit-ulit binibigkas ang kanilang mga panalangin, iniikot ang kanilang mga prayer wheels, at ginagalaw ang kanilang mga daliri sa kanilang mga prayer beads. Naniniwala sila na makakatanggap sila ng tulong kapag naipon nila ang sapat na bilang ng panalangin. Ang dami ng panalangin ay dapat tumugma sa kalidad ng ating mga panalangin. Hindi magdadala ng pagpapala ng Dios ang mas maraming pagtitipon lamang upang manalangin.

---

399 Lucas 11:1-4
400 1 Mga Hari 18:36-38
401 Mateo 6:7

► Talakayin ang mga maling ideya tungkol sa panalangin kasama ng iyong grupo. Mayroon bang iba pang maling konsepto na iyong naobserbahan?

## Ang Mga Prinsipyo ng Pagbibigay Gantimpala, Mabisang Pribadong Pananalangin, na Itinuro ni Jesus

**Itinuro ni Jesus na ang unang prayoridad ng lihim na pananalangin ay ang malapit na pakikipag-ugnayan sa Dios:** "Kaya sinabi niya sa kanila, 'Kung kayo'y mananalangin, sabihin ninyo: "Aming Ama na nasa langit, sambahin nawa ang iyong pangalan."'"[402]

Ang sikreto sa isang mas kasiya-siya at mabisang buhay pananalangin ay ang kagalakan sa ating kaugnayan sa Dios. -"Kay Yahweh mo hanapin ang kaligayahan, at ibibigay niya ang nais ng iyong puso."[403] Ganito palagi ang dahilan ng Israel sa pagpunta sa presensya ng Dios,[404] at ganito ang nais ng Dios na gawin ng bawat anak niya sa paglapit sa kanyang presensya. Ang paghingi na hindi nagmumula sa kagalakan sa pakikipag-ugnayan sa Dios ay walang pananampalataya, mali ang motibo, at nakatuon lamang sa sariling kalayawan.[405]

Ibinalita sa atin ni Lukas na ang **pakikipag-ugnayan sa kanyang Ama ay isang prayoridad ni Jesus.** Siya ay madalas na humihiwalay sa gawain ng ministeryo upang manalangin: "Kaya siya mismo ay *madalas* na nagtutungo sa ilang upang manalangin,"[406]sa kanyang pananalangin sa presensya ng kanyang Ama at siya ay nakikinig sa tinig ng kanyang Ama. Sa kanyang pananalangin ng mag-isa kasama ng Ama, nahubog ang mga kaisipan, mga salita, at pag-uugali ni Jesus.[407] Sa panalangin maging ang kanyang mga kahilingan ay nahubog. Sa panalangin, iniayon ni Jesus ang kanyang kalooban sa kalooban ng kanyang Ama na nasa langit upang ang lahat ng kanyang hinihingi ay naaayon sa mga plano at layunin ng Dios. Ito ang kahulugan ng pananalangin. Maliban kung ang malapit na pakikipag-ugnayan sa Ama ang prayoridad ng pananalangin, ang oras natin sa Panginoon ay magkukulang ng kagalakan at ang ating mga panalangin ay magiging makasarili at walang laman.

Nang tanungin si George Mueller, isang taong ginamit ng Dios para iligtas ang libo-libong batang ulila sa lansangan sa Bristol, England, tungkol sa pagiging epektibo ng kanyang buhay pananalangin, itinugon niya:

> Nakita ko nang mas malinaw kaysa kailanman, na ang pangunahin at malaking gawain na dapat kong daluhan araw-araw ay, **ang magkaroon ng kagalakan ang aking kaluluwa sa presensya ng Panginoon**. Ang unang bagay na dapat

[402] Lukas 11:2
[403]Awit 37:4
[404] Deuteronomio 12:18; 14:26; 16:11, 15; 1 Mga Hari 1:40
[405]Santiago 4:3
[406] Lukas 5:16
[407] Juan 5:20, 30

alalahanin ay hindi ang laki ng kaya kong ibigay na paglilingkod sa Panginoon, o kung paano ko mabibigyang luwalhati ang Panginoon; kundi kung paano ko mailalagay ang aking kaluluwa sa isang masayang kalagayan, at kung paano mapapakain ang aking panloob na pagkatao.

Mula sa pakikipag-isa sa Dios ay dumadaloy ang pagnanais na parangalan ang kanyang pangalan at protektahan ang kanyang reputasyon. Ito ang kahulugan ni Jesus ng sabihin niya na "sambahin nawa ang iyong pangalan." Igagalang ng Dios ang ating mga panalangin kapag lagi nating inuuna ang kanyang kaluwalhatian at ang kanyang reputasyon ng higit sa lahat. Isa sa mga unang prinsipyo ng pananalangin ay ang pag-aalaga natin sa mga bagay na mahalaga sa Dios, siya ang mag-iingat sa mga bagay na mahalaga sa atin.

Marami ang nagtataka: **Paano natin malalaman kung sapat na ang ating pananalangin para sa isang partikular na kahilingan? Gaano karaming oras ang tamang oras na dapat ilaan sa Panginoon sa pananalangin araw-araw?** Ang ganitong uri ng tanong ay mga sintomas ng maling layunin ng pananalangin. Sinagot ito ng kaibigan kong si Dr. Phil Brown:

> Kung ang "pananalangin nang walang tigil"[408]ay nangangahulugan na ang bawat pag-iisip ay dapat ginagamit sa pananalangin, kung gayon walang sinuman, kabilang si Jesus mismo, ang nanalangin ng "sapat." Kasama sa halimbawa na ipinakita ni Jesus ang mga maikling panalangin ng pasasalamat,[409]pananalangin ng maagang maaga,[410]pananalangin sa kalagitnaan ng gabi,[411]pananalangin sa tanghali,[412] at pananalangin sa gabi.[413]Gayunpaman, hindi nagbigay si Jesus o sinuman sa may-akda ng Kasulatan nang karaniwang dami ng oras na tumutukoy sa"sapat" na pananalangin….
>
> Ang nakakatulong (at nakakapagbigay katiyakan) sa akin ay ang pagsukat sa aking pananalangin sa mga tuntunin ng **relasyon at responsibilidad.** Mayroon akong relasyon sa aking asawa, ngunit hindi ko naitatanong sa aking sarili kung nakakausap ko ba siya ng "sapat." Ang isyu sa mga relasyon ay pag-unawa at pagpapalagayang-loob. Nakatuon ako sa pakikipag-usap sa aking asawa bilang isang paran upang maunawaan siya at maunawaan niya ako. Kapag naiintindihan natin ang isa't-isa sa isang takdang panahon, ito ay "sapat." Siyempre, ang paglikha ng parehong pagkakaintindihan ngayon ay hindi nangangahulugan na hindi na natin kailangang makipag-usap bukas. Nasa relasyon tayo sa Dios, at ang panalangin ang itinalagang paraan ng Dios para mapaunlad natin ang relasyon. Dapat tayong manalangin gaano man kadalas at gaano man kalaki ang kinakailangan upang patuloy na mapalago ang

---

[408] 1 Tesalonica 5:17
[409] Mateo 15:36
[410] Marcos 1:35
[411] Mateo 14:25
[412] Lukas 9:18
[413] Lukas 6:12

ating kaugnayan sa Dios. Iyon ay magiging mas marami kung minsan at mas kaunti sa ibang mga pagkakataon.

Sa mga tuntunin ng **responsibilidad**, lahat tayo ay may espiritual na responsibilidad sa pananalangin. Sinasabi sa atin ng Biblia na dapat tayong manalangin para sa lahat ng tao,[414]para sa "mga hari at lahat ng nanunungkulan sa mataas na posisyon,"[415] para sa pagpapadala ng Panginoon ng mga manggagawa para sa pag-aani,[416] para sa mga umuusig sa atin,[417] para sa kapurihan ng kanyang pangalan, para sa pagdating ng kanyang kaharian, para sa kaganapan ng kanyang kalooban, ating pang-araw-araw na pangangailangan, kapatawaran sa anumang kasalanang nagawa, proteksyon mula sa masama,[418] at para sa lahat ng pinabanal.[419] Bilang karagdagan sa mga tinukoy na mga responsibilidad sa pananalangin, mayroon din tayong responsibilidad na ipanalangin ang mga taong may espiritual na pangangasiwa at impluwensya sa atin. Kinilala ni Samuel na ang hindi pananalangin para sa mga taong inilagay sa kanya ng Dios bilang isang espiritual na awtoridad ay kasalanan laban sa Dios.[420] Tunay rin ito sa ating kalagayan.

Kapag ang layunin ng panalangin ay ang relasyon at responsibilidad, hindi na tayo mag-iisip nang husto tungkol sa oras.

## Ang Epekto ng Panalangin sa Buhay at Ministeryo ni Jesus

Naisulat ni Lucas ang isang kamangha-manghang detalye ng tagpo ng bautismo ni Jesus na hindi ginawa ng ibang mga manunulat ng Ebanghelyo:

> A *habang siya'y nananalangin, ang langit ay nabuksan.* At ang Banal na Espiritu ay bumaba sa kaniya na nasa anyong gaya ng isang kalapati, at ang isang tinig na mula sa langit ang nagsasabi, "Ikaw ang aking minamahal na Anak; na aking lubos na kinalulugdan."[421]

Wala tayong mababasang tala kung *ano* ang ipinanalangin ni Jesus, ngunit nakatayo siyang basang-basa sa gitna ng ilog Jordan, at tahimik na nananalangin. Siya ay pinarangalan, pinagtibay, at inendorso ng kanyang Ama at pinuspos siya ng Banal na Espiritu.

---

[414] 1 Timoteo 2:1
[415] 1 Timoteo 2:2
[416] Lucas 10:2
[417] Mateo 5:44
[418] Mateo 6:9-11
[419] Efeso 6:18
[420] 1 Samuel 12:23
[421] Lucas 3:21-22, idinagdag ang pagbibigay-diin.

**Habang Nananalangin, Nakatanggap si Jesus ng Pagpapatibay at Biyaya mula sa kanyang Ama**

Isinulat ni John Wesley na sa tatlong magkakahiwalay na okasyon sa Ebanghelyo nang ang isang tinig ay nagsalita mula sa langit "maaaring habang siya ay nananalangin, o pagkatapos niyang manalangin."[422]

Marami sa mga taong nasisiyahan sa regular na oras ng pakikipag-ugnayan sa Dios sa isang lugar panalanginan ay higit na buo ang loob, matapang, matagumpay dahil nabubuhay sila sa kapuspusan ng Banal na Espiritu. Ang Espiritu ng Dios ay sumasaksi kasama ng kanilang espiritu na sila ay mga anak ng Dios; at sa pamamagitan ng Espiritu ng Dios, sila ay nakakatawag ng Abba, Aming Ama!

Ang mga taong hindi nananalangin ay walang katiyakan at samakatuwid ay naghahanap ng katiyakan mula sa mga tao. Ang kanilang mga takot ang bumibitag sa kanila.[423] Kapag nagsisimulang maramdaman ko ang takot at kawalan ng katiyakan, alam kong may problema sa aking buhay pananalangin. Kapag ang damdamin at init, paninindigan, at 22

pagmamahal ay nawala sa aking puso at tinig, alam kong may problema sa aking buhay pananalangin. Kapag masyado akong nag-aalala tungkol sa iniisip ng iba, may problema sa buhay pananalangin ko. Kung naaakit ako sa pagtataas sa aking sarili, alam kong may problema sa buhay pananalangin ko. Kapag naging marahas ako sa aking pagtuturo, mapunahin ang aking espiritu, huwad sa aking mga pananalangin kasama ng karamihan, alam kong may problema sa aking buhay pananalangin. Ang lakas ng loob at pagtitiwala ay dumarating sa pamamagitan ng pananalangin.

**Ang Kapuspusan ng Banal na Espiritu ay nagmumula kay Jesus sa pamamagitan ng Pananalangin at Gabay Niya sa Pananalangin**

Sinasabi sa atin ni Lucas na ang Banal na Espiritu ay bumaba kay Jesus sa anyong kalapati habang siya ay nananalangin.[424] (Ito rin ang magiging patotoo ng mga apostol makalipas ang ilang taon.)[425] Pagkatapos ay dinala ng Banal na Espiritu si Jesus sa disyerto[426] kung saan pagkaraan ng apatnapung araw ay "bumalik si Jesus sa Galilea taglay ang kapangyarihan ng Banal na Espiritu."[427] Ang mga pagsubok na imposibleng makayanan ng tao na nag-aantay sa kanya ay nangangailangan ng presensya at kapangyarihang higit sa lakas ng kanyang katawang lupa. Kinailangan ni Jesus ang kapuspusan ng Banal na Espiritu, at ang kapuspusang ito ay dumating sa pamamagitan ng pananalangin.

---

[422] Lukas 9:35; Juan 12:28
[423] Kawikaan 29:25
[424] Lucas 3:21-22
[425] Gawa 4:31
[426] Lucas 4:1
[427] Lucas 4:14

Hindi posibleng maging dakila ka sa kaharian ng Dios nang walang pananalangin, dahil sa pananalangin ay pinupuspos, pinapatnubayan, binibigyang lakas, at binibigyang kapangyarihan ng Banal na Espiritu ang mga Kristiyano. Sinabi ni Charles Spurgeon, "Kung maaari kang maging dakila nang walang pananalangin, ang iyong kadakilaan ang iyong magiging kapahamakan. Kung nais ng Dios na pagpalain ka nang husto, tutulungan ka niyang manalangin nang lubos."

Mahigit isang daang taon na ang nakalilipas, isang batang pastor na nagngangalang Samuel Chadwick ang nagsimula ng masidhing paghahanap para sa *kapangyarihan* ng Dios. Ang kanyang natagpuan ay higit pa sa kahit anong bagay na kanyang inaasam: ang kapuspusan ng Banal na Espiritu. Ito ang kanyang patotoo:

> Sa unang bahagi ng taong 1882, dumating sa akin ang isang karanasan na nag-angat sa aking buhay sa isang bagong antas ng pang-unawa at ng kapangyarihan. **Natanggap ko ang kaloob ng Banal na Espiritu**. Pinangunahan ako sa mga paraan na hindi ko alam, dahil halos hindi ko narinig na posible ang gayong karanasan. Ang mga hinihingi ng isang imposibleng gawain ang gumising sa akin sa isang pakiramdam ng pangangailangan. Wala akong kapangyarihan o lakas sa alinman sa paglilingkod o pananalangin. Nagsimula akong manalangin para sa kapangyarihan para sa paglilingkod. Kapangyarihan ang nais ko. Gusto ko ng kapangyarihan upang ako ay magtagumpay, at ang pangunahing alalahanin ko sa kapangyarihan ay ang tagumpay na idudulot nito. Gusto ko ng tagumpay na pupuno sa aking iglesia, magliligtas sa mga tao, at upang magpabagsak sa matibay na kuta ni Satanas. Bata pa ako, at nagmamadali ako. Labindalawa sa amin ang nagsimulang manalangin nang magkakasama, at ang kasagutan ay dumating. Dinala niya kami sa Pentekostes. **Ang susi sa buong buhay ko ay nasa karanasang iyon**. Ginising nito ang aking isipan at nilinis rin ang aking puso. Nagbigay ito sa akin ng isang bagong kagalakan at isang bagong kapangyarihan, isang bagong pag-ibig at isang bagong pagmamalasakit.Binigyan ako nito ng bagong Biblia at bagong mensahe. **Higit sa lahat, nagbigay ito sa akin ng bagong pang-unawa at bagong init sa pakikipag-ugnayan sa Dios at ministeryo ng pananalangin**.[428]

► Tingnan ang Gawa 1:14; Gawa 2:42; Gawa 3:1; Gawa 4:31; Gawa 6:4. Mula sa mga talatang ito, ano ang prayoridad ng Iglesia sa Bagong Tipan? Ano ang mga epekto ng kanilang mga panalangin?

---

[428] Samuel Chadwick, *The Path of Prayer,* (Originally published 1938). (See Chapter 7.) Retrieved from http://www.justbychrist.org/images/PDF/The_Path_of_Prayer_by-Samuel_Chadwick.pdf September 12, 2020.

## Paano Linangin ang Mas Mainit na Relasyon sa Dios sa pamamagitan ng pananalangin

### Lumapit sa Kanyang Presensya nang may Paggalang

(1) Lumapit nang may papuri at pagsamba.

Laging simulan ang panalangin sa pamamagitan ng pagtingin sa *itaas* kaysa sa *kalooban* ng iyong sarili o mga problema mo na *panglabas*. Sambahin mo ang Dios kung sino siya. Pagnilayan ang kanyang kadakilaan. Sambitin nang malakas ang kanyang pangalan at ang kanyang mga katangian. Pagkatapos ay pasalamatan siya sa lahat ng kanyang nagawa. Palaging gawing motibo ang kanyang kaluwalhatian!

(2) Lumapit sa kanyang presensya ng may kagalakan.

Ito ang kahulugan ng sumulat ng Mga Awit nang sabihin niya na,

> Gumawa kayo ng masayang tugtugin para sa PANGINOON, ang lahat ng mga bansa! Paglingkuran ang PANGINOON nang may kagalakan! Lumapit sa kanyang presensya nang may papuri! Alamin ninyo na ang PANGINOON, Siya ang Dios! Siya ang lumikha sa atin, at tayo'y sa kanya; lahat tayo'y bayan niya, at kabilang sa kanyang kawan. Pumasok sa kanyang templo ang puso'y nagdiriwang, umaawit, nagpupuri sa loob ng dakong banal; purihin ang ngalan niya at siya'y pasalamatan! Sapagkat napakabuti ng PANGINOON; pag-ibig niya'y walang hanggan, pag-ibig niya'y tunay, at laging tapat kailanman.[429]

Manalangin ng may kagalakan, kahit na hindi mo gusto. Ipaalala sa iyong kaluluwa kung sino ang Dios, at ang kanyang pangangalaga sa iyo, at ikaw ay magalak! Hikayating magalak ang iyong kaluluwa, at magpuri sa Dios gamit ang mga awit at himno. Umawit ng mga bagong awitin. Palaging magalak *muna* sa Dios, at ang iyong buhay pananalangin ay magbabago. Gawin mo ito at magkakaroon ng mga sandali sa iyong kaluluwa na makakapasok sa kagalakan ng langit at kapag ang langit ay bumababa sa iyong mundo na puno ng kaguluhan. Alam ko ito dahil naranasan ko ito!

(3) Lumapit sa kanyang presensya nang mapagpakumbaba at walang itinatago.

Ganito ang mababasang paanyaya ng Dios sa iyo at sa akin: "Kaya lumapit tayo nang may pagtitiwala sa trono ng biyaya, upang tayo ay makatanggap ng awa at makasumpong ng biyaya na tutulong sa oras ng pangangailangan."[430] Purihin ang Panginoon!

Kung ang paglapit sa banal na presensya ng Dios ay nangangailangan na ang lalapit ay walang bahid ng kasalanan, walang sinuman sa atin ang makakalapit. Ngunit nakakalapit tayo sa pamamagitan ng pagiging perpekto ni Kristo Jesus at sa pamamagitan ng kanyang

---

[429]Awit 100,*English Standard Version*
[430]Hebreo 4:16, *English Standard Version*

mga ginawa! Makakalapit tayo nang may kumpiyansa kapag tayo ay lumalapit–hindi sa pagtingin *muna* sa loob, sa halip ay pataas. Dito natatanggap ang *biyaya* at *awa*.

(4) Lumapit sa kanyang presensya na may malinis na kamay at dalisay na puso.

Muli, umawit ang salmista, "Sinong nararapat umahon sa burol ng PANGINOON? At sinong dapat pumaroon sa banal niyang templo? Ang taong malinis ang buhay at isipan, hindi sumasamba sa mga dios-diosan at hindi sumusumpa ng kasinungalingan."[431]

Huwag isipin na maaari mong matamasa ang malapit na pakikipag-ugnayan sa Dios kung ikaw ay may kaswal na saloobin sa kasalanan at kung ang iyong relasyon sa isang tao ay nasira at hindi mo ginagawa ang magagawa mo para mapaghilom ito.

(5) Manatiling tahimik sa harap ng Panginoon.

Nanalangin sa David, "Tunay na ang aking kaluluwa ay tahimik na naghihintay sa Dios; sa kanya nagmumula ang aking kaligtasan."[432] At muli, "aking kaluluwa, maghintay ng tahimik sa Dios lamang, sapagkat ang aking pag-asa ay mula sa kanya."[433]

Isa sa mga palatandaan ng mga taong mapanalanginin ay naglalaan sila ng oras sa pakikinig sa Espiritu ng Dios habang inihahayag niya ang pananaw ng Dios (mula sa Banal na Kasulatan) sa totoong sitwasyon ng ating buhay. Nakakamangha ang sasabihin ng Dios kapag binigyan natin siya ng pagkakataon, kapag tayo ay umiiyak sa kanya, at kapag hinihintay natin ang kanyang tugon.

► Si Moises at ang mga apostol ay nagsisilbing mga halimbawa kung gaano kahalaga sa buhay pananalangin ng isang tao ang pakikipag-ugnayan sa Dios. Maglaan ng ilang sandali upang ihambing ang Exodo 33:11, 17 at Juan 15:14-16. Talakayin ang gampanin ng pakikipag-ugnayan sa Dios sa ating buhay pananalangin.

### Manalangin para sa Tagumpay ng Kaharian ng Dios dito sa Lupa

"Dumating nawa ang iyong kaharian. Maganap nawa ang iyong kalooban dito sa lupa gaya ng sa langit."[434]

Itinuro ni Jesus sa kanyang mga disipulo na sa kanilang Pang-araw-araw na gabay sa Pananalangin ay dapat nilang unahin ang *mga alalahanin ng Dios bago ang kanilang sariling alalahanin*. Itinuro niya na dahil sa pakikipag-ugnayan sa kanya, huhubugin niya ang ating mga pag-iisip at pananalangin sa kung ano ang gusto *niyang* gawin sa ating pamilya, komunidad, at sa mga tao sa mundo.

---

[431]Awit 24:3-4, *English Standard Version*
[432]Awit 62:1
[433]Awit 62:5
[434] Lucas 11:2

Ano ang kalooban ng Dios? Hindi ang pamumuhay ng madali, walang sakit, walang tukso, komportableng pamumuhay ang inilaan ng Dios sa mga makasalanan o pinabanal; sa halip ang inilaan niya ay makita sa ating tahanan, sa ating iglesia, sa ating mga komunidad, at sa buong mundo ang kanyang pag-ibig na nakapagliligtas at biyaya sa gitna ng lahat ng paghihirap sa buhay na ito. Ito ang kalooban ng Dios na dapat nating ipanalangin. Ito ang langit na bumaba sa lupa!

Ang kalooban ng Dios na nakikita sa lahat ng mananampalataya, ang tuntunin at pinahahalagahan sa kanyang espiritual na kaharian,[435]at sa pamamagitan ng mga mananampalataya ay lumaganap ito sa buong mundo. Ninanais niya na lumaganap sa mundo ang pagpapakumbaba, katuwiran, pagkamaawain, kadalisayan, kapayapaan, pagtitiis, at pag-ibig ng kanyang kaharian.

Sa puntong ito sa sarili nating oras ng pananalangin, dapat nating ipanalangin ang ating buhay mag-asawa, ating mga anak at apo, mga manggagawang Kristiyano sa buong mundo, ang kaligtasan ng mga kaluluwa, ang iglesyang nagdurusa, at ang bansang ating ginagalawan at mga pinuno nito. Dapat tayong manalangin, hindi ang mga panalanging nakasentro sa tao, kundi mga panalangin na makarating nawa sa kanila ang kanyang pagliligtas, pagpapabanal, at nananatiling biyaya.

Halos hindi kapani-aniwala na sa pamamagitan ng pananalangin ay nakikibahagi tayo sa Dios sa tagumpay ng kanyang espiritual na kaharian sa buong mundo, kahit na hindi natin nakikita ang lahat ng resulta. Sa pamamagitan ng pananalangin ay nakikipaglaban tayo para sa mga kaluluwa ng tao, at ang mga panalanging iyon ay "makapangyarihan sa pamamagitan ng Dios at ito'y nakakapagpabagsak ng mga kuta."[436] Habang binibigyan tayo ng Dios ng pagnanais na gawin ang mga nais niya, mga taong gusto niyang maabot, at paglilingkod na nais niyang gawin natin, mananalangin tayo para sa bawat pangangailangang iyon. At habang iniaayon natin sa mga prayoridad ng kanyang kaharian ang ating mga panalangin, pinagpapala niya ang ating buhay pananalangin at pinalalawak ang kanyang paghahari sa ating mga puso at buhay ng mga tao at bansa!

***Manalangin nang naaayon sa kaharian at kalooban ng Dios.***

Isa sa mga pinakamahalagang bagay na dapat maunawaan dito upang magkaroon ng tagumpay ang pananalangin ay dapat tayong manalangin para sa mga bagay na naaayon sa kalooban ng Dios. Habang inilalagay ng Dios sa iyong isipan ang mga bagay na alam mong kalooban niya – ang kaligtasan ng mga makasalanan, ang pagpapagaling at pagpapanumbalik ng mga nasirang relasyon, pagkakaisa sa kanyang iglesia, ang pagtawag at pagpapadala ng mga manggagawang Kristiyano, ang pagdidisipulo sa lahat ng mga bansa – ipanalangin ang mga bagay na ito.

---

[435]Upang maunawaan natin kung tungkol saan ang kaharian ng Dios, dapat nating pag-aralan ang Pangangaral ni Jesus, Mateo 5-7.
[436] 2 Corinto 10:4

Kung minsan ang mga Kristiyano ay nalilito tungkol sa kalooban ng Dios. Ang unang hakbang sa pag-alis ng ating kalituhan ay ang pananalangin, at gawin, ang lahat ng alam nating kalooban ng Dios; pagkatapos ay tutulungan tayo ng Dios na makilatis ang iba.

***Mga bagay na malinaw nating alam na kalooban ng Dios***

- Alam natin na kalooban ng Dios na ang lahat ng sangkatauhan ay maligtas.[437]
- Alam natin na kalooban ng Dios na ang lahat ng Kristiyano ay mamuhay nang may kabanalan at umiwas sa sekswal na imoralidad.[438]
- Alam natin na kalooban ng Dios na magpasalamat tayo sa lahat ng bagay.[439]
- Alam natin na kalooban ng Dios na minsan tayo ay magdusa.[440]
- Alam natin na laging kalooban ng Dios na ang mga Kristiyano ay gumawa ng mabuting bagay.[441]
- Alam natin na laging kalooban ng Dios na magpadala ng mga manggawa sa kanyang anihan.[442]

Dalawa sa aking mga anak ay tumutugtog ng gitara. Ang isang bagay na napapansin ko sa mga tumutugtog ng guitar na sa tuwing nais nilang tumugtog ng musika ay humihinto sila upang ilagay sa ayos ang tono ng kanilang instrumento. Hinihigpitan at niluluwagan nila ang mga kuwerdas hanggang sa maging maayos ang tunog. Ito ay isang magandang paglalarawan kung ano ang dapat mangyari sa pananalangin. Ang pribadong pananalangin ay isang paraan upang iayon ang ating kalooban sa kalooban ng Dios at iwanan ang bawat alalahanin na hindi naaayon sa layunin at plano ng Dios.

Ang problema ng karamihan sa atin ay labis tayong nababahala sa mga panandaliang alalahanin kaysa sa alalahanin tungkol sa buhay na walang hanggan. Hindi kataka-taka na ang ating mga panalangin kung minsan ay walang bisa. Sa halip na iayon ang ating panalangin sa kalooban ng Dios, ipinapanalangin natin ang ating naisin para sa mga tao, plano, at mga proyekto. Bagama't wala tayong kapayapaan o katiyakan at ang ating mga puso ay puno ng hindi pagkakaunawaan, tayo ay patuloy na nananalangin. Hindi ito pananalangin na naaayon sa Biblia.

Kung ang panalangin ay isang bagay, itinotono nito ang ating kaluluwa sa kaluluwa ng Dios, sa kung ano ang mahalaga sa kanya. Ang pananalangin ay ang matutunan na makita kung ano ang kanyang nakikita, na marinig kung ano ang kanyang naririnig, maramdaman kung

---

[437] 2 Timoteo 2:4
[438] 1 Tesalonica 4:3
[439] 1 Tesalonica 5:18
[440] 1 Pdro 4:19
[441] 1 Pedro 2:15
[442] Mateo 9:38

ano ang kanyang nararamdaman, at mas maging katulad niya. At tulad ng mga intrumento na dapat na regular na itinotono, gayundin dapat ang ating kaluluwa na palaging itinotono sa kalooban ng Dios sa pamamagitan ng pananalangin.

Ang ating mga panalangin ay hindi kailanman tataas kaysa sa kisame ng ating silid panalanginan kung ang ating mga panalangin ay hindi naaayon sa pag-iisip ng Dios. Bakit? Dahil ang Banal na Espiritu, na siyang susi sa kapangyarihan ng panalangin, ay sumasang-ayon lamang sa ating mga panalangin na naaayon sa kalooban ng Dios."At ang Dios na siyang nakakasaliksik sa puso ng tao, ang siyang nakakaalam kung ano ang kalooban ng Espiritu, sapagkat ang Espiritu ang namamagitan para sa mga pinabanal, ayon sa kalooban ng Dios."[443] Ang Banal na Espiritu ay hindi kailanman magiging kasangkot sa mga panalangin na hindi ayon sa kalooban ng Dios. Hindi siya namamanipula, napipilit, o nadadaya upang pagpalain tayo kahit na hindi naaayon sa banal na kaloobang ito; kaya't dapat nating alamin kung ano ang kanyang kalooban at magpasakop dito.

***Paano natin maiaayon ang ating buhay panalangin sa kaharian at kalooban ng Dios***

(1) Lumago sa pamamagitan ng Banal na Kasulatan.

Ang Banal na Kasulatan ang dapat nating matutunan at iyon ang huhubog sa ating mga panalangin. Mahal ng Dios ang kanyang Salita at hindi niya tayo pangungunahan sa panalangin para sa anumang bagay na sumasalungat dito. Kung gusto nating mas mapalapit sa Dios sa pananalangin, dapat nating pahalagahan palagi ang kanyang Salita. Palaging simulan ang iyong pribadong pananalangin sa pamamagitan ng pagninilay sa Banal na Kasulatan. Kung pag-aaralan mo ang buhay panalangin ng mga taong tulad ni Abraham, Moses, Elias, at Anna, mapapansin mong mahusay silang nananalangin dahil alam nila ang Salita ng Dios. Patuloy nilang pinanghahawakan ang Dios sa kanyang mga pangako.

Noong ang isa sa aking mga anak ay tumalikod sa Dios sa loob ng ilang panahon, maraming beses kaming nanalangin ng asawa ko, na si Becky, at nananalangin kami gamit ang Banal na Kasulatan para sa kanya. Ipinanalangin namin na lagyan ng mga tinik at harang ang kanyang landas sa kanyang pagrerebelde.[444] Nagsumamo kami sa pangako ng Dios na pagpalain ang tahanan ng mga matuwid.[445] Nanalangin kami para sa kanyang paghatol.[446]Nanalangin kami para sa awa ng Dios.[447]Ipinanalangin namin na mabuksan ang kanyang esiritual na mga mata at ilapit siya ng Ama sa kanyang sarili.[448] Patuloy kaming nanalangin gamit ang iba pang Kasulatan para sa aming anak na babae; at habang kamiy nananalangin, pinapalakas naman nito ang aming pananampalataya. Ito ay inabot ng

---

[443] Roma 8:27
[444] Hosea 2:6; Kawikaan 22:5
[445]Awit 127-128
[446] Juan 16:8
[447]Awit 103:8
[448] Juan 6:44

mahabang panahon, ngunit dininig at sinagot ng Dios ang panalangin. Ngayon ang aming panganay na anak na babae ay lumalakad kasama ng Panginoon at ito'y isang malaking kagalakan para sa amin!

(2) Itulad ang iyong panalangin sa mga panalangin na nasa Biblia.

May daan-daang panalangin sa Biblia, marami sa mga ito ay nasa aklat ng Mga Awit. Gamitin ang mga panalanging ito sa iyong sariling pribadong oras kasama ang Panginoon, at ugaliing ilapat ang mga ito sa iyong sariling kalagayan.

"Nakita ko na ang pinakamahalagang bagay na kailangan kong gawin ay ilaan ko ang aking sarili sa pagbabasa ng Salita ng Dios at pagnilay-nilayan ito."[449]

(3) Magkaroon ng espiritual na pagkaunawa.

May mga pagkakataon na nililinaw ng Dios na may particular na bagay na gusto niyang ipanalangin natin upang maluwalhati siya; ang tanging paraan para malaman ito ay ang pangunguna ng Espiritu.[450] Bilang isang misyonerong leader, asawa, at ama, may mga pagkakataon na hinimok ako ng Panginoon na manalangin para sa isang partikular na bagay (tulad ng banal na pagpapagaling), kahit na walang tiyak na pangakong ibinigay para dito ang Biblia. Natagpuan ko na sa pamamagitan ng pagpapatibay ng kalooban, ang pananamapalataya ay napapatibay din, at dumarating ang sagot. Sa ibang pagkakataon, hindi ako makapanalangin para sa isang katulad na pangangailangan nang may sapat na kumpiyansa o katiyakan ngunit napagtanto ko na hindi ko dapat subukang ipilit sa Dios ang aking kalooban. Tinutulungan tayo ng Banal na Espiritu na malaman kung ano ang dapat ipanalangin at kung paano ito ipanalangin.[451]

(4) Humingi ng kumpirmasyon mula sa ibang mga miyembro ng katawan ni Kristo.

Kung ginagabayan tayo ng Dios sa panalangin para sa isang tiyak na bagay, gagamitin niya ang ating espiritual na pamilya upang pagtibayin ito, maging ang pakikiisa nila sa pananalangin para dito. Kung walang kumpirmasyon, tiyak na hindi ang Banal na Espiritu ang nangunguna sa atin.[452]

**Iharap ang Ating mga Kahilingan**

"Bigyan mo po kami ng aming pagkain sa araw-araw. At patawarin mo kami sa aming mga kasalanan, sapagkat pinapatawad din namin ang bawat nagkakasala sa amin. At huwag mo kaming ihatid sa tukso kundi iligtas mo kami sa masama."[453]

---

[449]George Mueller
[450] Roma 8:14
[451] Roma 8:26-27
[452] Mateo 18:19
[453] Lucas 11:3-4

Ngayong nalinang natin ang puso na may papuri at pagsamba, ngayong hinangad na natin ang tagumpay ng kanyang kaharian, handa na tayong iharap ang ating mga kahilingan. At natutuwa siyang marinig at sagutin ang mga ito!

(1) Nananalangin tayo para sa pang-araw-araw na pagkain.

Lahat ng bagay na mahalaga sa espiritual at pisikal na buhay ay para sa darating na araw. Nais ng Dios ang ganitong uri ng pagtitiwala mula sa atin, sapagkat ang tulad ng pagtitiwala ng isang bata ay lumuluwalhati sa kanyang kabutihan. Nang turuan ni Jesus ang kanyang mga disipulo na manalangin para sa "pang-araw-araw na pagkain," ipinapaalala niya sa kanila, at sa atin, na mamuhay ng may kakontentuhan.[454] Gaya ng sinabi ng isang guro, "Dapat nating limitahan ang ating (personal) ng mga hangarin sa mga pangangailangan at ipaubaya ang hinaharap sa kanyang mga kamay."[455]

(2) Nananalangin tayo para sa kapatawaran sa araw-araw, habang pinapatawad ang iba.

Bagama't ang mga tunay na mananamapalataya ay hindi namumuhay sa nakagawian, lantad na kasalanan, itinuro ni Jesus na magpakumbaba at humingi ng kapatawaran para sa kasalanan. Walang sinuman sa atin ang nakakabatid ng nilalaman ng puso. Hindi lamang sa sinasabi at ginagawa natin ang mga bagay habang mahina ang ating espiritu at mga sandali ng hindi pagbabantay na nagpapalungkot o pumipigil sa Banal na Espiritu,[456] kundi iniiwan din natin ang mga bagay na hindi nagawa na ating ipinangakong gagawin. Nangangailangan din ito ng paghuhugas ng dugo ni Jesus.[457] Kaya't dapat tayong manalangin kasama ng Salmista, "O Dios, Ako ay siyasatin, at alamin ang aking isip! Subukin mo ako kung ano ang aking nais! Kung ako ay hindi tapat, ito'y iyong nababatid, sa buhay na walang hanggan, samahan at ihatid."[458]

Ang panalanging ito ng araw-araw na pagsisisi mula sa *The Book of Common Prayer* ay ipinapanalangin ng mga Kristiyano sa loob ng mahigit na dalawang daang taon, at ito ay magiging isang magandang kasanayan para sa atin:

> Makapangyarihan at pinakamaawaing Ama, kami ay nagkamali at lumihis sa iyong mga daan tulad ng nawawalang tupa, sobra-sobra na naming sinunod ang mga pamamaraan at ninanais ng aming puso, kami ay nagkasala laban sa iyong mga banal na kautusan, naiwang di tapos ang mga bagay na ipinangako naming gagawin, at nagawa namin ang mga bagay na hindi namin dapat ginawa. Ngunit ikaw, O Pangnoon, maawa ka sa amin, iligtas mo ang mga umaamin ng kanilang mga pagkakamali, papanumbalikin ang mga nasisisi, ayon sa iyong mga pangakong

---

[454]Filipos 4:11
[455] Alexander MacLaren
[456] 1 Tesalonica 5:19
[457] Sa mga notes ni John Wesley patungkol sa Panalangin ng Panginoon, ipinapalangin niya, "Bigyan mo po kami, O Panginoon, ng katubusan sa (Iyong) dugo, maging ang kapatawaran sa mga kasalanan: habang binibigyan mo kami ng kakayahang malayang patawarin ang bawat tao, gayun din ay pinatatawad mo ang lahat ng aming mga kasalanan."
[458] Awit 139:23-24

ipinahayag sa sangkatauhan kay Kristo Jesus na aming Panginoon; at ipagkaloob mo, O pinakamaawaing Ama, alang-alang sa kanya, upang kami ay magkaroon ng banal, matuwid, at maayos na pamumuhay, para sa ikaluluwalhati ng iyong banal na pangalan. Amen.[459]

(3) Nananalangin tayo para sa tagumpay araw-araw .

Ang araw-araw na pananalangin, "huwag mo kaming hayaang matukso," ay isang panalangin para sa espirituwal na pagbabantay. Manalangin upang hilingin ang petisyon na ito, "Ama, alam mo ang aking kahinaan at kung saan ako nasilo ng Kaaway sa nakaraan. Huwag mo akong hayaang mahulog sa kahihiyan at pagsisisi. Gawin mo akong mapagbantay sa tukso. Maglagay ka ng bantay, O Panginoon, sa aking mga labi, aking isipan, at sa aking mga pagdedesisyon. Alam mo ang mga landas na tatahakin ko ngayon (kabilang ang Internet), kaya kahabagan mo ako, Ama, tulungan mo ako ngayon na laging piliin ang landas ng kabanalan. Tulungan mo akong gumawa ng mga desisyon na maglalayo sa akin mula sa posibilidad ng espiritual na pagkatalo."

Natagpuan ko na habang ako ay nananalangin araw-araw ng panalanging ito ng buong pag-iisip at taos sa puso ay nagiging mas alerto ako sa espiritual; higit na nalalaman ang presensya at kapangyarihan ng Banal na Espiritu; at, dahil dito, ako ay mas naging matagumpay!

## Ilang Praktikal na Payo

### (1) Manalangin ng Tuloy-tuloy.

Kung ang pananalangin ay napakahalaga kay Jesus, ito ay mas mahalaga para sa atin.

Sa Lucas 18, itinuro ni Jesus na ang mga mananampalataya ay dapat maging matiyaga sa pananalangin. "Pagkatapos ay sinabi niya sa kanila ang talinghagang ito, na ang mga tao ay dapat na laging manalangin at huwag manghina. At hindi ba ipaghihiganti ng Dios ang kanyang mga piniling mamamayan na umiiyak sa kanya araw at gabi, kahit na siya ay kasama nila ?"[460]

Sa Lucas 21, binalaan tayo ni Jesus na ang mapagbantay na panalangin ay ang sikreto sa pag-iingat sa ating mga kaluluwa mula sa pagtalikod at pagtakas sa poot ng Dios: "Mag-ingat kayo na huwag kayong malulong sa labis na pagsasaya, paglalasing, at matuon ang inyong pag-iisip sa mga alalahanin sa buhay na ito; kung hindi ay bigla kayong aabutan ng Araw na iyon nang hindi ninyo inaasahan. Dahil darating iyon na tulad ng isang bitag sa lahat ng nabubuhay sa daigdig. Kaya't maging handa kayo sa lahat ng oras. Lagi ninyong

---

[459] *The Book of Common Prayer*. Hinango sa https://www.episcopalchurch.org/sites/default/files/downloads/book_of_common_prayer.pdf, 41, September 12, 2020.
[460] Lucas 18:1, 6

idalangin na magkaroon kayo ng kalakasan upang malampasan ninyo ang lahat ng mangyayaring ito, at makakatayo kayo sa harap ng Anak ng Tao."[461]

Sa Lucas 22, ipinahayag ni Jesus na ang panalangin ay ang susi sa pagtatagumpay laban sa tukso. Habang nananalangin siya sa halamanan ng Getsemane, binalaan ni Jesus ang kanyang pagod na mga disipulo: "Nang dumating siya sa lugar, sinabi niya sa kanila, 'Manalangin kayo upang hindi kayo madaig ng tukso.' At iniwan niya sila at pumunta sa di kalayuan, at doo'y lumuhod at nanalangin," nang may tumitinding hinagpis. Nang tumayo siya pagkatapos manalangin, siya'y tumayo at lumapit sa kanyang mga alagad at sinabi sa kanila, "Bakit kayo natutulog? Bumangon kayo ay manalangin upang hindi kayo madaig ng tukso."

Napansin ko na kung walang panalangin ang aking kaluluwa ay nagiging balisa at hindi mapakali. Napansin ko na ang mga tukso ay nagiging mas malakas. Napansin ko na ang takot sa tao ay nagsimulang sumilo sa akin. Napansin ko na ang mga kahinaan ng iba ay nagiging mas malinaw. Napansin ko na ang mga hamon ay nagiging mas malakas ang pananakot. Napansin ko na ang mga problema araw-araw ay nagsisimulang bumigat. Ngunit sa pamamagitan ng tuloy-tuloy na pananalangin ay nakakahanap ang aking kaluluwa ng kapahingahan, ang aking isipan ay nababago, ang espiritual na pananaw at lakas ng loob ay napanunumbalik. Sa pamamagitan ng tuloy-tuloy na pananalangin, ang pananampalataya ay napapasigla at ang pananalig ay mas lumalim ang pagka-ugat sa aking pagkatao.

**(2) Manalangin ng may pananampalataya, at magpahinga sa kalooban ng Dios.**

Isa sa pinakamahalagang kinakailangan para sa mabisang pananalangin ay ang pananampalataya.[462] Ngunit ano ang pananampalataya? Paano natin malalaman kung mayroon tayong "sapat" na pananampalataya? Marahil ay nananalangin tayo para sa isang bagay, halimbawa ay ang kagalingan, ngunit tila hindi tayo pinakikinggan ng Dios.

> Tatlong katotohanan ang napakahalaga para maunawaan ang pananalangin na may pananampalataya.[463]**Ang pananampalataya sa Biblia ay ang paniniwala na magagawa [464] at gagawin[465]ng Dios ang sinabi niyang gagawin niya**. Ang pananampalataya ay *hindi* paniniwala na gagawin ng Dios ang anumang bagay na hilingin mo sa kanya nang walang pagsasaalang-alang sa kanyang kalooban. Ito marahil ang pinakapangkaraniwang hindi pagkakaunawa tungkol sa pananampalataya.[466]

---

[461] Lucas 21:34-36
[462]Santiago 1:6
[463]Santiago 5:15
[464] Mateo 8:5-10
[465] Hebreo 10:23; Tito 1:2
[466]Mga tala mula sa panalangin ni Dr. Philip Brown

Huwag gamitin ang panalangin upang manipulahin ang Dios; ngunit upang makilala siya at hayaaan siyang iayos ang iyong puso, ang iyong pananalangin, at iyong kahilingan ayon sa kanyang banal na kalooban sa kanyang presensya. Ito ang susi sa mabisang pananalangin.

**(3) Manalangin kasama ng iba.**

May malaking kapangyarihan sa nagkakaisang panalangin ng mga anak ng Dios. Kapag ang nanay ay sinamahan ng iba pang nanay sa pananalangin para sa kanilang mga anak, dinirinig at sinasagot ito ng Dios. Kapag ang kalalakihan ay sinamahan ng iba pang kalalakihan sa pananalangin para sa kadalisayan at tagumpay, dinirinig at sinasagot ito ng Dios. Kapag nagsama-sama ang mga kabataan sa pananalangin para sa muling pag-init ng kanilang pananampalataya, dinirinig at sinasagot ito ng Dios. Kapag ang mga Kristiyano ay nagsama-sama sa taimtim na panalangin para sa mga nawawala at para sa pagsulong ng kaharian ng Dios, dinirinig at sinasagot ng Dios ang mga panalanging iyon.

## Konklusyon

Ang isang buhay pananalangin na nakabalangkas ayon sa Biblia, at tuloy tuloy, kung saan nararanasan ang malapit na kaugnayan sa Dios, kung saan ang reputasyon at kaluwalhatian ng Dios ay nauuna sa ating mga kahilingan, kung saan ang kaharian at kalooban ng Dios ang lubos nating hinahangad, at kung saan ang mga kahilingan para sa ating pang-araw-araw na pangangailangan, kapatawaran, at pagkilos na may katagumpayan, ay tiyak na magiging epektibo ang ating buhay pananalangin. Kapag ang ating buhay pananalangin ay naaayon sa tagubilin ni Jesus, maaari nating panghawakan ang mga pangako nang pananalangin na ibinigay niya:"At anumang hilingin ninyo sa aking pangalan, ay gagawin ko, upang luwalhatiin ang Ama sa pamamagitan ng Anak. Kung hihiling kayo ng anuman sa pangalan ko, ito ay aking gagawin."[467] Muli,

> Hindi kayo ang pumili sa akin, ako ang pumili sa inyo. Hinirang ko kayo upang kayo'y humayo at magbunga, at manatili ang iyong bunga. Sa gayon, ang anumang hingin ninyo sa Ama sa aking pangalan, ay ibibigay sa inyo.[468]

Kaya... "Humingi kayo at kayo ay tatanggap, upang ang inyong kagalakan ay malubos."[469]

## Leksiyon 9 Mga Takdang Aralin

(1) Kumuha ng pagsusulit batay sa materyal mula sa leksiyong ito.

(2) Maglaan ng hindi bababa sa tatlumpung minuto sa linggong ito sa pagbabalik-aral sa leksiyong ito, kabilang ang mga sanggunian ng Banal na Kasulatan, at humingi ng pang-unawa mula sa Banal na Espiritu.

[467] Juan 14:13
[468] Juan 15:16
[469] Juan 16:23b

(3) Itala sa iyong journal ang anumang partikular na pagbabago na dapat gawin sa iyong buhay, na inihayag sa iyo ng Panginoon.

(4) Pagnilayan ang kahit isang Awit sa iyong pang-araw-araw na oras ng pag-aaral ng Salita ng Dios, at itala sa iyong journal kung ano ang sinasabi ng salmista tungkol sa kalikasan at katangian ng Dios.

(5) Itala sa iyong journal ang isang personal na panalangin para sa espiritual na pagbabago at pag-unlad batay sa leksiyong ito.

(6) Magsanay gamit ang *Pang-araw-araw na gabay sa Pananalangin* ni Dr. Brown sa iyong pribadong pananalangin.

## Leksiyon 9 Pagsusulit

(1) Ano ang dalawang maling konsepto tungkol sa pananalangin?

(2) Ano ang unang prayoridad sa pananalangin, ayon kay Jesus?

(3) Ayon sa tala ni Lucas, ano ang epekto ng pananalangin sa buhay at ministeryo ni Jesus?

(4) Paano natin malilinang ang isang malapit na kaugnayan sa Dios sa pamamagitan ng pananalangin? Magbigay ng mga sanggunian sa Banal na Kasulatan.

(5) Ano ang simpleng gabay para sa pribadong pananalangin na itinatag ni Jesus?

(6) Ano ang apat na paraan upang maiayon ang ating mga panalangin sa kaharian at kalooban ng Dios?

# Leksiyon 10
# Ang mga Espiritual na Disiplina sa Pagkilos Pagtatapat, Pagpapasakop, at Paglilingkod

## Leksiyon 9 Pag Babalik-aral

Paalala sa lider ng klase: Magbalik-aral sa mga pangunahing punto ng Leksiyon 9. Tanungin sa mga mag-aaral kung sino ang handing magbahagi ng kanilang mga personal na panalangin mula sa Leksiyon 9.

## Mga Layunin ng Leksiyon

Sa pagtatapos ng leksiyong ito, ang mag-aaral ay dapat na:

(1) Maunawaan ang kahalagahan ng pagtatapat, pagpapasakop, at paglilingkod.

(2) Magkaroon ng praktikal na karunungan para madaig ang nakasanayang kasalanan.

(3) Isagawa ang mga disiplinang ito.

## Mga Larawan Buhay

### Unang Patotoo

> Ako ay naligtas sa edad na 17.[470] Nagkaroon ako ng magandang karanasan sa pagbabalik-loob sa altar sa aming munting iglesia. Napakaganda na nalaman ko na hindi ko na muling mabibigo ang Dios – sa anumang paraan. Ngunit, pagkaraan ng ilang linggo, nabigo ako sa ilang paraan at parang may ulap na bumalot sa aking espiritu. Pakiramdam ko ay tila kailangan kong bumalik sa altar. Pumunta ako sa aking ina at tinanong siya kung ano ang dapat kong gawin. Sinabi niya, "Anak, magtayo ka na lang ng altar sa iyong puso, ipagtapat mo ang lahat sa Dios at magpatuloy." At ganoon nga ang ginawa ko, at bumalik ang sikat ng malinaw na katiyakan. Pagkatapos ng 40 taong pamumuhay para sa Panginoon, maraming pag-aaral at pagsasanay – nalaman ko na kakaunti ang mga taong may kakayahang magbigay ng ganoon kasimple, praktikal na sagot sa problema ng kasalanan!

### Ikalawang Patotoo

> Mula sa murang edad, bihasa na ako sa sining ng pagkukunwari.[471] Ang aking mga magulang ay nasa ministeryo sa musika; at bilang isang bata natuto akong magsabi ng mga tamang bagay, kumanta ng mga tamang kanta, at magtaas ng aking kamay

[470]Mula kay Dr. Michael Avery
[471]Mula kay Pastor Keith Waggoner

sa mga tamang pagkakataon. Nagpapahayag ako ng pananampalataya sa buong ikalawang sekondarya at sa buong kolehiyo, kabilang ang apat na taon sa isang kolehiyo sa pag-aaral ng Biblia. Gayunpaman, may pagkakaiba sa pagitan ng pagsasabi ng kaligtasan at pagkakaroon ng kaligtasan. Bagaman karamihan sa mga tao, kabilang ang mabubuting kaibigan, ay nag-aakala na ako ay isang Kristiyano, alam ko na ang lahat na ito ay isang palabas. Ngunit palihim akong namumuhay sa kasalanan, lihim sa aking mga kaibigan at kapamilya. Kasali rin ako sa ministeryo sa panahong ito. Kung minsan, hinahanap ko ang kapatawaran ng Dios, ngunit lagi kong sinasabi sa kanya na mas pagbubutihin ko ang aking mga gagawin, magiging mas mabuti at sisikaping ayusin ang aking sarili. Sa loob ng mga araw at linggo ng pananalangin nito, ay kaagad akong nababalik sa aking makasalanang pamamaraan.

Noong Marso 1999, habang nagmamaneho patungo sa isang gawain nang muling pagpapanumbalik ng init nang pananampalataya kung saan ako ay mangunguna sa pagpupuri sa pamamagitan ng awitan, ako ay tuluyang nawalan ng pag-asa. Sa 45 minutong biyahe na iyon, inihayag sa akin ng Dios ang lalim ng aking kasalanan at kinasusuklaman ko ang aking nakita. Umiyak ako sa Dios at sinabi sa kanya na tingin ko ay hindi ko kayang maging isang Kristiyano. Sinabi ko sa kanya na pagod na akong subukan na ayusin ang aking sarili dahil palagi akong nabibigo. Naaalala ko pa rin ang pananalangin ng mga salitang ito: "Dios, iligtas mo man ako o hindi, ngunit sa alinmang paraan tapos na ako sa pagpapanggap!" Sa isang iglap, ginawa ng Dios para sa akin ang bagay na sinubukan kong gawin para sa aking sarili nang maraming beses: iniligtas niya ako! Walang pag-aalinlangan sa aking isipan na nagawa niya ang dapat gawin. At simula noon ay hindi na naging pareho ang buhay ko.

Sa mga sumunod na ilang taon pagkatapos ng aking pagbabalik-loob, binigyan ako ng Dios ng mga pagkakataong maglingkod sa ministeryo, mabiyaya niya akong ginamit para sa kanyang kaluwalhatian. Gayunpaman, natatakot akong makita ng mga tao ang tunay kong pagkatao. Natatakot ako na kung malaman nila kung sino ako dati, malamang ay hindi sila makikinig sa salita na sasabihin ko o marahil ay pawalang halaga ang aking ministeryo. Habang ako ay nagtatapat sa Dios, ang huling bagay na gusto kong gawin ay ang aminin ito sa ibang tao.

Nang lumuhod ako upang manalangin isang umaga sa aking personal na oras ng debosyon noong Marso ng 2006, malinaw na kinausap ng Dios ang aking puso at sinabi sa akin na kailangan kong aminin ang aking nakaraan. Mahigit isang linggo akong nakipagbuno sa pagbabahagi ng aking dating buhay. Sa wakas, isang Martes nang umaga, tinawagan ko ang aking dating presidente sa kolehiyo at ibinahagi ang aking kwento, ipinagtapat ang aking pagkukunwari, at humingi ng tawad. Bagama't hindi ko matandaan kung ano ang eksaktong sinabi niya bilang tugon, ang natatandaan ko ay ang pakiramdam ng pag-aalis ng isang pasanin. Ako ay malaya na!

Ang dalawang kwentong ito ay nagbibigay ng mga kapaki-pakinabang na pananaw para sa matagumpay na pamumuhay. Ang patotoo ni Dr. Avery ay nagtuturo sa mga kabataang Kristiyano kung paano haharapin ang mga kabiguan habang natututo silang lumakad kasama ng Panginoon:

- Magtayo ng altar.
- Ipagtapat ang lahat sa Dios.
- Magpatuloy.

Pinahahalagahan ko ang pagiging simple nito, ikaw ba? Kadalasan ay ginagawa nating masyadong komplikado ang buhay Kristiyano.

Ngunit tungkol naman sa mga nagpapatuloy na pakikibaka, mga nakasanayang kasalanan, o isang pakiramdam ng kahihiyan na pumipigil sa atin? Ang patotoo ni Pastor Keith tungkol sa pagtatapat ay isang halimbawa kung paano tayo mapapalaya sa pamamagitan ng espiritual na disiplina mula sa problemang malalim na naka-ugat sa ating espiritual na buhay.

## Ang Malaking Ideya

Ang pagsasagawa ng mga espiritual na disiplina, kasama ang ministeryo ng Banal na Espiritu, ay magbibigay ng pagsasanay para sa isang matagumay na buhay. Ang mga ito lubhang mahalaga para sa paglipat nang higit sa mga nakasanayan, maligamgam na buhay Kristiyanong madalas na natatalo. Napatunayan na ito ng bawat henerasyon ng matapat na Kristiyano.

## Panimula

Natutunan natin ang mahalagang bahagi ng espiritual na disiplina sa buhay ng bawat mananampalataya. Mahalaga ang mga ito sa buhay ni Jesus; at kung tayo ay mahuhubog sa pagiging katulad niya, ang mga ito ay dapat mas magiging mahalaga sa ating buhay.

Natutunan din natin na ang mga espiritual na disiplina ay kumokontra sa kamunduhan, sa pagnanais ng laman, at sa diyablo; at ang mga ito ay nagiging paraan upang makatanggap ng biyaya, paghahanda sa atin para sa labanan;at ang mga ito ay nagbibigay ng higit na kagalakan sa piling ng Dios; at ang mga ito ay nagiging paraan upang makatanggap ng biyaya para sa pagbuo ng mga karaniwang disipulo na tumutulad kay Kristo.

Sa leksiyong ito, maikli nating tutuklasin ang ilan pa sa mga klasikong espiritual na disiplina at maghanap ng mga praktikal na paraan upang maisama ang mga ito sa ating paglakad kasama ang Dios.

## Disiplina sa Pagtatapat

"Ipagtapat ninyo ang inyong mga kasalanan sa isa't isa, at ipanalangin ang isa't isa, upang kayo'y gumaling…."[472]

Ayon kay Jesus, ang pagsasagawa ng pagtatapat *sa Dios* sa pribadong pananalangin ay isang paraan upang makatanggap ng nagpapatuloy na kapatawaran.[473]Ngunit itinuturo din ng Banal na Espiritu na ang pagtatapat *sa isa't isa* ay isang paraan ng espiritual na *kagalingan*. Tila itinuro ni Santiago na ang *kagalingang espiritual* ay nagbubunga rin ng *pisikal na kagalingan*.

> "Magiging mas mabuti na bigyan ang salitang "kasalanan" ng mas higit na kakayahang umangkop nang hindi umaabot na kalimutan ang 1 Juan 3:9 na nag-aalis ng nakagawiang pagkakasala. Ang isang taong matuwid ay hindi nagkakasala "sa pag-iisip, sa pananalita, at gawain araw-araw." Gayunman, maaaring paminsan-minsan siya ay magkukulang at kakailanganin niya ang pagsisisi at kapatawaran."
> -Richard S. Taylor

### Pagtukoy sa Disiplina ng Pagtatapat

Ang disiplina ng pagtatapat ay mapagpakumbabang pag-amin sa *ibang tao* ng partikular na espiritual na pagkakamali (mga kasalanan) at mga bahagi na nalalaman natin na hindi natutulad kay Kristo bilang isang paraan ng espiritual na kagalingan.[474] Ang pagtatapat sa ibang Kristiyano ay labis na kinakailangan para sa mga bahagi ng kasalanang nakasanayan at kapag ang isang pakiramdam nang pagkakasala at kahihiyan para sa nakaraang kabiguan ay hindi mawala. Bagaman ang kapatawaran ay natatanggap sa pamamagitan ng pagtatapat sa Dios, gayunpaman marami ang nakatuklas na ang pagtatapat sa isang pinagkakatiwalaang miyembro sa katawan ni Kristo ay kadalasang isang mapagpakumbabang hakbang ng pagpapalaya.

► Basahin ang Santiago 5:16 ng magkakasama. Pansinin ang koneksyon sa pagitan ng pagtatapat at pagpapagaling.

### Mga hindi pagkakasundo tungkol sa "Kasalanan" at Pagtatapat

Ang biblikal na pagsasagawa ng pagtatapat ay nagdudulot sa ilang mga Kristiyano ng pagiging hindi komportable dahil tila inaalis nito ang buhay ng kabanalan at isang matagumpay na paglakad kasama ng Dios. Marahil ay nagtataka ang ilan*, Paano maaangkin ng isang tao na namumuhay siya nang may kabanalan ngunit mayroon pa ring mga bagay na dapat ipagtapat?* Ang isa sa mga pangunahing bahagi ng kontrobersiya ay may kinalaman sa kung paano tinukoy ng iba't ibang Kristiyanong guro ang kasalanan.

Ang ilang mga Kristiyano ay may tendensiya na tukuyin ang kasalanan nang napakalawak bilang anumang "kakulangan" sa perpektong katuwiran ng Dios. Sa depinisyon na ito ay madalas na walang ginagawang biblikal na pagkakaiba sa pagitan ng pinaghandaan,

---

[472] Santiago 5:16
[473] Mateo 6:12
[474] Keith Drury, *Soul Shaper* (Indianapolis: Wesleyan Publishing House, 2013), 83

sinasadyang mga kasalanan, mga kasalanan na biglang dumarating sa isang Kristiyano (dahil sa espiritual na kahinaan), o mga saloobin at pagmamahal na hindi katulad ng kay Kristo. Ang ibang mga Kristiyano ay pinapakipot ang kahulugan ng kasalanan bilang isang bagay na sinasadyang paglabag sa kautusan ng Dios at wala nang iba pa. Ang dalawang sukdulang pananaw ay may tendensiya na balewalain ang mga alalahanin sa totoong buhay na taglay ng mga sinserong Kristiyano.

Sa isang banda, kung naniniwala tayo na ang sinasadyang pagrerebelde ay katumbas ng espiritual na pagkakamali o mga saloobing hindi katulad ng kay Kristo, kung gayon maaari tayong magkaroon ng mababaw na pagtingin sa *sinasadya*, *nakasanayang* kasalanan, na tinukoy ng Biblia na "hindi" magagawa ng mga tunay na Kristiyano.[475] Sabi ng iba *"Lahat tayo ay makasalanan,"* nang hindi gumagawa ng mga pagkakaiba.

Sa kabilang banda, sa pagpapaliit ng pagtukoy sa kasalanan bilang tahasang paglabag sa kautusan ng Dios, maraming Kristiyano ang nagtuturing sa sarili na matuwid sa sariling pamamaraan. Dahil dito ay hindi na nila nararamdaman kung gaano kalubha ang ilang "mga kasalanan" sa Banal na Espiritu – maruming pag-iisip, paghahanap ng kamalian, pagrereklamo, kawalan ng pananalangin, panlilinlang, kabiguan na magpagabay sa Banal na Espiritu, pagkapanatiko, pagmamataas, at iba pa. Idinadahilan nila na ang mga pag-uugali at gawain na hindi katulad ng kay Kristo ay mga kahinaan at pagkakamali lamang bilang tao, sa halip na bilang isang kasalanan.

> "Anuman ang nagpapahina sa iyong pangangatwiran, sumisira sa pagiging sensitibo ng iyong budhi, humahadlang sa iyong pandama sa Dios, o nag-aalis ng iyong kasiyahan sa mga bagay na espirituwal; sa madaling salita, anuman ang nagpapalakas sa kalakasan at awtoridad ng iyong katawan nang higit sa iyong isip, ang bagay na iyon ay kasalanan para sa iyo, gaanoman iyon kainosente sa kanyang sarili."
>
> – Susanna Wesley

Hindi tayo dapat mag-alala tungkol sa mga kahulugan ng kasalanan gaya ng tungkol sa mga problema sa totoong buhay sa ating pamumuhay at pagkatao na dumarating sa pagitan natin at ng Dios na humahadlang sa ating kaugnayan sa ibang tao. Tandaan, ang layunin ng Dios sa pagtubos ay ang paghubog sa atin tungo sa pagiging katulad ng kanyang Anak.

Dapat nating pahintulutan ang Salita ng Dios na humubog sa ating pagkakaunawa sa mali gayundin ang pamantayan ng kung ano ang tama.

### Ilan sa Mga Paraan na Inilarawan ng Biblia ang Kasalanan[476]

Kung paanong ang mga Eskimo sa Hilagang Amerika ay maraming salita para ilarawan ang niyebe, tinutukoy at inilalarawan ng Biblia ang kasalanan sa iba't-ibang paraan.

---

[475] 1 Juan 3:8-9

[476]Mula sa tala na ibinigay ni Dr. Michael Avery

► Hanapin ang bawat isa sa mga sumusunod na nakatalang Banal na Kasulatan sa footnote at talakayin ang mga ito.

- Ang kasalanan bilang kapabayaan[477]– *Ang hindi paggawa* ng lahat ng mabuting gawain na alam kong dapat kong gawin.
- Ang kasalanan bilang isang pagpili[478]– Ang isang kusang-loob na pagpili na gawin ang alam kong labag sa kautusan ng Dios.
- Ang kasalanan bilang isang paglabag sa konsensya[479]– Ang paggawa ng isang bagay na *iniisip* natin ay kasalanan, kahit na hindi ito direktang lumalabag sa Salita ng Dios.
- Ang kasalanan bilang isang kamangmangan[480]– Isang *hindi sinasadyang* paglabag sa kautusan ng Dios na nangangailangan ng pagtatakip ng dugo ni Jesus kahit na hindi natin ito namamalayan.
- Ang isang kasalanan[481]– Isang pagkilos na hindi nakalulugod sa Panginoon.
- Ang pagsasagawa ng kasalanan[482]– Ang pagkakasala bilang paraan ng pamumuhay, na hindi gagawin ng tunay na anak ng Dios. Ito ang uri ng kasalanan na ipinag-utos ni Jesus sa pilay na lalaki at babaeng nangalunya na huwag na muling gagawin.
- Pagkabulag sa ating sariling paghusga at pagpapaimbabaw[483]– Ito ang kamangmangan na kasalanan ni Pedro at ng iba pang Kristiyanong kasama niya.
- Pagpighati sa Banal na Espiritu[484]– Anumang pag-iisip, pananalita, o mga pagkilos na hindi katulad ng kay Kristo na nagbibigay pighati sa Banal na Espiritu.
- Makamundong pag-uugali o pagnanasa[485]– Pagbubulung-bulungan at pagrereklamo laban sa Dios o pagnanasa ng mga maling bagay.
- Mga hindi sinasadyang kasalanan,[486]o mga biglaang kasalanan[487]– Isang kasalanang kumokontrol sa isang Kristiyano sa sandali ng tukso at kahinaan.

Ang maraming paglalarawan sa kasalanan na matatagpuan sa Banal na Kasulatan ay dapat gawin tayong mapagpakumbaba at maging dahilan na patuloy nating maramdaman ang pangangailangan para sa paglilinis ng dugo ni Jesus. Dapat nilang ipaalala sa atin na si

---

[477] Santiago 4:17
[478] 1 Juan 3:4
[479] Roma 14:22-23
[480] Levitico 4:2, 22
[481] 1 Juan 2:1-2
[482] 1 Juan 3:4-9
[483] Galacia 2:11-21
[484] Efeso 4:30
[485]Mga Bilang 11:1, 4
[486]Isang termino na ginamit ni Dr. John Oswalt
[487] Galacia 6:1

Jesus ay namatay at muling nabuhay–hindi lamang para tubusin ang sinasadyang kasalanan, kundi ang bawat pag-iisip, salita, at pagkilos na nagdudulot ng sakit at pagkukulang ng kanyang kaluwalhatian. Dapat nilang ipaalala sa atin na kahit gaano man kalayo ang ating narating sa paglakad kasama ng Panginoon, patuloy nating kailangan si Jesus bilang ating tagapagtaguyod: "Mga anak, isinulat ko ito sa inyo upang huwag kayong magkasala. Ngunit kung magkasala ang sinuman, may Tagapagtanggol tayo sa Ama, si Kristo Jesus, ang matuwid."[488]

**Praktikal at Pastoral na Payo Tungkol sa Kasalanan[489]**

1. Huwag *maliitin* ang iyong kasalanan – "Ah hindi ito mahalaga!"
2. Huwag *palakihin* ang iyong kasalanan – Paano? Ang matapat na mananampalataya ay maaaring tumangging magsisi at magpatuloy – tila hindi nila mapatawad ang kanilang mga sarili at hinahayaan nilang paulit-ulit silang makonsensya dahil dito.
3. Huwag *bigyang-katwiran* ang iyong kasalanan dahil sa mga pangyayari.

Kung paano hinaharap ng isang tao ang kanilang kasalanan ay nagsasabi ng maraming bagay tungkol sa kanila at kanilang [kahustuhan ng paglago]. Ang isang taos-puso, may hustong gulang sa pagiging Kristiyano ay hindi maglalaro ng mga salita; ngunit... mabilis na kinikilala ang kanilang kabiguan, pinagsisisihan ito, hinahanap ang biyaya, nagbabayad-pinsala kung kinakailangan, at nagpapatuloy. Ang isang Kristiyano na wala pa sa hustong gulang o makalaman ang pagnanais ay makikipagbuno sa Dios, binibigyang katuwiran ang kanilang sarili, at marahil itatanggi pa rin ang kanilang kasalanan. Ito ang kataasan ng relihiyosong pagmamataas. Tandaan na nilalabanan ng Dios ang pagmamataas ngunit binibigyan ng biyaya ang mapagpakumbaba.

Tatlong posibilidad:

1. **Maaari nating pagtakpan ang mga kasalanan at pagdusahan ang mga bunga nito**. "Siya na nagtatakip ng kanyang mga kasalanan ay hindi uunlad, ngunit ang sinumang nagpapahayag ng kanyang kasalanan at tumatalikod sa mga ito ay makakatanggap ng awa" (Kawikaan 28:13).
2. **Maaari nating ipagtapat ang mga kasalanan at makatatagpo tayo ng kagalingan**. Ayon kay Santiago 5:16, ang pagtatapat ng kasalanan ay nagdudulot ng kagalingan. Ang taong nagpapahayag ng kanyang kasalanan ay nakatatagpo ng kalayaan na hindi nasusumpungan ng mga hindi nagtatapat.
3. **Maaari nating talunin ang mga kasalanan sa pamamagitan ng biyaya**. Maaari tayong mamuhay nang higit sa lahat ng sinasadya, alam na kasalanan sa

[488] 1 Juan 2:1
[489] Ang bahaging ito ay isinulat ni Dr. Michael Avery.

pamamagitan ng kakayahang-ayon-sa-biyaya, pamumuhay na umaasa sa biyaya ni Kristo sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Banal na Espiritu!

Hindi pinagsasanayan ng mga Kristiyano kung paano magkasala. Gayunpaman, palaging nananatili ang posibilidad ng kasalanan hanggang sa makarating tayo sa langit. Dagdag pa rito, may malinaw na posibilidad na sa isang bahagi ng paglalakbay, ikaw ay magkakasala at mangangailangan ng kapatawaran. Kaya naman isinusulat ang 1 Juan 2:1-2.[490]

Sinabi ni Richard Taylor, "Magiging mas may kabanalan kung tatawagin natin na kasalanan ang ating mga pagkadapa sa pagiging katulad ni Cristo, sa mabuti at matapat na kababaang-loob, magbayad-sala, at matuto mula sa ating mga pagkakamali. Hindi tayo kailanman natututo sa mga itinatangging kabiguan."[491]

**Ang Kapangyarihan ng Pagtatapat**

Ang pagtatapat sa isang pinagkakatiwalaang kapatid ay isang makapangyarihang sandata laban sa kasalanan at tukso.

(1) Ang pagtatapat ay nag-aalis ng kapangyarihan sa tukso.

Ang mga lihim na labanan ay ang pinakamahirap mapagtagumpayan, at ang tukso ay pinakamalakas kapag tayo ay nag-iisa at walang kasama. Sa anong kasalanan ka hinihimok ni Satanas? Anong kasalanan sa pag-uugali ang maaaring lumago sa iyong puso kung hindi mo ito ilalantad sa liwanag? Ang pagtatapat ay nagdudulot ng kalakasan, kapanatagan, at payo ng kaibigang espirituwal sa aking paglaban at nagiging mas malamang ang panalo.[492] Maraming pamilya ang naglalagay ng poste ng ilaw sa labas ng kanilang tahanan upang mapigilan sa gabi ang pagpasok ng masasamang-loob. Ang pagtatapat ay pumipigil sa kasalanan dahil inilalagay nito ang ating mga tukso sa mga lugar na makikita ng iba at matutulungan tayong mapaglabanan ito.

(2) Ang pagtatapat ay nagdudulot ng malakas na suntok sa ating pinakamalaking kalaban – ang pagmamataas.

Ang pagnanais na protektahan ang pagtingin sa atin ng ibang tao ay nasa ating lahat. Nais natin na maayos ang tingin ng iba sa atin, kaya, tayo ay natutukso na magsuot ng maskara at magpanggap na may ibang pagkatao. Ang nakapagpapakumbabang pagtatapat ang bubunot ng pagpapanggap at maghahanda sa lupa ng ating puso para sa pag-aani ng katuwiran.[493]

---

[490] Ang parapong ito ay kinuha sa mga notes ni Dr. Michael Avery sa kanyang serye sa paghubog ng espirituwal, *Going Deep* (Study Guide, Part 3). Hinango sa https://www.weisbachchurch.com/sermon-speaker/dr-michael-avery/ September 18, 2020.
[491] Binanggit sa inilistang serye ng mga notes sa itaas.
[492] Kawikaan 11:14; 17:17; 27:17; Mangangaral 4:9
[493] Kawikaan 28:13

(3) Ang pagtatapat ay kadalasang nagpapalaya ng makasalanang konsensiya at nagbubunga sa katiyakan ng kapatawaran.

Alam natin na ang Dios lamang ang makapagpapatawad; ngunit, bilang mga miyembro ng katawan ni Kristo, na pinananahanan ng kanyang Espiritu, tayo ay itinalaga upang maging kinatawan niya dito sa lupa. Sa pamamagitan ng Banal na Espiritu, pinapatawad natin ang isa't-isa, ang biyayang espiritual na kagalingan na bigay ng Dios ay naipapamalas. Kapag ang mga kapatid na puspos ng Banal na Espiritu ay nagsalita ng pagpapatawad sa isa't-isa, na parang si Jesus mismo ang nagsasalita ng mga salitang iyon. Pinalalaya natin ang isa't-isa. Sa ganitong diwa, pinapakawalan natin sa lupa ang kinalagan sa langit.[494]

Sa ilalim ng kasunduan sa Lumang Tipan, ang mga saserdoteng Levita ay mga taong kumakatawan sa Dios, na nagpapatunay sa mga tao sa lupa ng pagpapatawad at pagpapanumbalik ng biyaya ng Dios. Ang mga saserdoteng ito ay hindi lamang naghahandog ng hayop na sinusunog o mga panalangin, ngunit sila ay mga tao na kinatawan ng Dios upang ipahayag sa kanyang bayan na sila ayon sa seremonyal na paraan ay nilinis at pinatawad na.[495] Kapag ang isang ketongin, halimbawa, ay gumaling sa kanyang ketong – isang sakit na naging dahilan kung bakit hindi siya karapat-dapat para sa pagsamba at pakikipag-ugnayan – kailangan niyang iharap ang kanyang sarili sa mga saserdote para sa isang *kumpirmasyon* ng kagalingang ito. Ang mga saserdote ay ang kinatawan ng Dios sa mga tao, na binigyan ng kapangyarihan upang ibalik ang isang tao sa pakikipag-ugnayan sa Dios.

► Matapos mahimalang pagalingin ni Jesus ang sampung ketongin sa Lucas 17:14, ano ang hinihiling niyang gawin ng sampung ketongin?[496] Bakit niya ito hiniling? Ito ay naglalarawan ng katotohanan na bihira lamang na nilalampasan ng Dios ang iglesia kundi ibinubuhos niya ang kaniyang biyaya sa pamamagitan ng iglesya.

Itinuturo ng Bagong Tipan ang pagiging saserdote ng mga mananampalataya. Bilang mga pari na puspos ng Banal na Espiritu, hindi lamang tayo naghahandog ng mga espiritual na sakripisyong katanggap-tanggap sa Dios,[497] kundi kinakatawan din natin ang pag-ibig ng Dios sa isa't-isa. Kapag ipinaaabot natin ang mapagpatawad na pagmamahal, para na ring iniaabot ng Dios ang kanyang mapagpatawad na pagmamahal. Kapag, sa pamamagitan ng Banal na Espiritu, nauunawaan natin ang tunay na pagkawasak at pagsisisi ng ibang Kristiyano at sinasabi sa kanila, "Pinatatawad ka na ng Dios, at pinatatawad ka na namin," may biyayang nakapagpapagaling na ibinubuhos sa kanilang mga puso, na naghuhugas sa kanila mula sa pagkakasala at kahihiyan. Ganoon din sa atin kapag tayo ay nagtatapat. Ang sinumang nakaranas nito ay magpapatotoo sa kahanga-hangang awtoridad na ibinigay ng Dios sa kanyang iglesia upang magsagawa ng biyayang nakapagpapagaling.

---

[494] Mateo 16:19; 18:18; 20:23
[495] Levitico 13:23
[496] Lucas 17:14
[497] 1 Pedro 2:5

**Mga Praktikal na Payo para sa Pagsasagawa ng Pagtatapat (pagpapahayag ng kasalanan)**

1. Humanap ng isang makadios (hindi perpekto) na tao na maaari mong aminin ang mga nakasanayang kasalanan o lihim na pakikibaka at maging malinis. Hilingin sa kanila na ipanalangin ka.
2. Maging tapat at siguraduhing huwag sisihin ang iba. Huwag ipagtapat ang mga hindi kinakailangang detalye. Humanap ng karunungan.
3. Kung sa pakiramdam mo ay wala kang dapat ipagtapat, hilingin sa iyong asawa, kasama sa kwarto, o kaibigan na magbigay ng ilang mungkahi! Itanong mo, "May nakikita ka bang bagay sa aking buhay na nakakasakit ng ibang tao?"
4. Tanggapin ang salita ng Dios sa pamamagitan ng taong nakinig sa iyong pagtatapat. "Ito ang pinakamahusay na pagkakaunawa sa pagkapari ng lahat ng mananampalataya. Makinig sa katiyakan ng Dios na ikaw ay pinatawad na at paniwalaan mo ito."[498]
5. Huwag i-broadcast ang iyong mga pagtatapat. Ang ilang mga kabiguan sa moral ng isang espiritual na pinuno ay maaaring mangailangan ng pagtatapat sa iglesia, ngunit karamihan sa ating mga pagtatapat ay nangangailangan ng isa o dalawang tao lamang sa napakaliit na grupo. Sinabi ni Keith Drury, "Ang laki ng grupo na iyong pinagtatapatan ay bihirang nangangailangan na mas malaki kaysa sa grupo na iyong nagawan ng kasalanan."[499]

► Pag-isipan ang disiplina ng pagtatapat sa iyong grupo. Anong mga pananaw ang nakakatulong? Mayroon bang mga bahagi ng pagtuturong ito ang nakakalito? Maglaan din ng ilang minuto para sa personal na pagninilay-nilay.

## Ang Espiritual na Disiplina ng Pagpapasakop

> Gayon din naman, kayong mga kabataan, pasakop kayo sa matatandang pinuno ng inyong iglesia. Oo,kayong lahat ay magpasakop sa isa't-isa, at kayo'y magpakumbaba, sapagkat sinasalungat ng Dios ang mapagmataas, ngunit pinagpapala niya ang mababang-loob.[500]

Walang disiplina ang mas mahalaga kaysa sa disiplina sa pagpapasakop, bagama't naghaharap ito ng ilang hamon at madalas ay hindi nauunawaan at inaabuso. (tatalakayin natin ang ilan sa mga hamong ito, mga hindi pagkakaunawaan, at pang-aabuso sa seksyong ito.)

---

[498] Keith Drury, *Soul Shaper* (Indianapolis: Wesleyan Publishing House, 2013), 93
[499] Ibid, 92
[500] 1 Pedro 5:5

### Ang Disiplina sa pagpapasakop na Tinutukoy sa Biblia

Tinukoy ni Richard Foster ang disiplina ng pagpapasakop bilang "abilidad na ipaubaya ang sobrang bigat na pasanin ng palaging nakukuha ang sarili nating paraan."[501]Ang disiplinang ito ay sumusunod sa halimbawa ni Jesus, na tinalikuran ang kanyang sarili, nag-anyong alipin, at naging masunurin hanggang kamatayan.[502]

► Basahin nang mabuti ang mga sumusunod na talata. Salungguhitan ang lahat ng salita na may kinalaman sa pagpapasakop.

- "Ipinamamanhik ko sa inyo, mga kapatid – kilala ninyo ang sambahayan ni Estefanas, ang unang nakakilala sa Panginoon sa Acaya, at itinalaga nila ang kanilang sarili sa paglilingkod para sa mga hinirang ng Dios – kayo'y magpasakop sa mga tulad nila at sa sinumang kasama nilang nagpapakahirap sa paglilingkod."[503]
- "Pasakop kayo sa isa't isa bilang tanda ng iyong paggalang kay Cristo."[504]
- "Mga babae, pasakop kayo sa sarili ninyong asawa, tulad ng pagpapasakop ninyo sa Panginoon. Sapagkat ang lalaki ang ulo ng kanyang asawa, tulad ni Cristo na siyang ulo ng iglesia; na kanyang katawan, at siya ang Tagapagligtas nito."[505]
- "Gayun din naman, kung paanong nasasakop ni Kristo ang iglesia, ang mga babae ay dapat pasakop nang lubusan sa kanilang sariling asawa."[506]
- "Mga alipin, sundin ninyo ang inyong mga amo dito sa lupa nang may buong katapatan, takot at paggalang, na parang si Kristo ang siya ninyong pinaglilingkuran; gawin ninyo iyan, may nakakakita man o wala, hindi upang mapuri ng mga tao kundi dahil kayo'y mga lingkod ni Cristo, buong pusong sumusunod sa kalooban ng Dios."[507]
- "Mga babae, pasakop kayo sa inyong asawa, sapagkat iyan ang naaangkop sa mga nakipag-isa sa Panginoon."[508]
- "Mga anak, sundin ninyong lagi ang inyong mga magulang, sapagkat iyan ang nakalulugod sa Panginoon."[509]

---

[501] Richard Foster, *Celebration of Discipline* (New York: HarperCollins, 1998), 111
[502]Filipos 2:7-8
[503]1 Corinto 16:15-16
[504]Efeso 5:21
[505]Efeso 5:22-23
[506]Efeso 5:24
[507]Efeso 6:5-6
[508]Colosas 3:18
[509]Colosas 3:20

- "Alang-alang sa Panginoon, pasakop kayo sa lahat ng may kapangyarihan sa bayan, sa Emperador, na siyang pinakamataas na kapangyarihan."[510]
- "At kayo namang mga kabataan, pasakop kayo sa matatandang pinuno ng iglesia. Oo, kayong lahat ay magpasakop sa isat'-isa at kayo'y magpakumbaba, sapagkat sinasalungat ng Dios ang mapagmataas, ngunit pinagpapala niya ang mga mapagpakumbaba."[511]
- "Pasakop kayo at sumunod sa mga namamahala sa inyo. Sila'y nangangalaga sa inyo, at mananagot sila sa Dios sa gawaing ito. Kung sila'y susundin ninyo, magagalak sila sa pagtupad ng kanilang tungkulin, kung hindi, sila'y mamimighati, at hindi ito makakabuti sa inyo ."[512]

Ang mga talatang ito ay walang iniiwanan! Ang pagpapasakop ay isang disiplina para sa lahat: "mga alipin," "mga kapatid," "sa isa't isa," "mga asawang babae," "mga anak," "iyong sarili," "mga kabataan," "kayong lahat." Tinatawag tayo ng Banal na Kasulatan na magpasakop sa Dios, sa mga hari at mga pinuno, sa mga nangangalaga sa espiritual, sa mga asawang lalaki, sa mga magulang, sa mga panginoon at sa isa't-isa.

***Ang pagpapasakop ay isang pagpapakita ng pagsunod.***

Sinabi ni Pablo, "Kaya't ang sinumang lumalaban sa awtoridad (gobyerno) ay lumalaban sa itinalaga ng Dios, at ang mga lumalaban ay nararapat na parusahan."[513]Ang pagpapasakop sa awtoridad ay iniutos ng Banal na Espiritu. Marahil ang isa sa pinakadakilang aral na matututunan natin ay ang pagpapasakop dahil sinabi ito ng Dios. Ito ay pagpapasakop sa Salita ng Dios.

***Ang pagpapasakop ay isang pagkilos, ngunit isa ding saloobin.***

Ang pagpapasakop ay nangangailangan ng higit pa sa *mga pagkilos* ng pagpapasakop, kundi kailangan din ang *saloobin* ng pagpapasakop. Magagawa natin kung ano ang hinihiling ng mga tao na gawin sa panlabas, habang sa loob ay nagkikimkim ng sama ng loob o galit sa kanila. Naalala ko ang kwento ng maliit na batang lalaki na hindi maganda ang ugali. Sinabihan siya ng kanyang ina na umupo, na ginawa niya. Ngunit may nakarinig sa kanya na nagsasabi, "Nakaupo ako sa *labas*, ngunit nakatayo sa *loob*!" Nais ng Dios na maging tao tayong "naupo" sa loob at labas!

---

[510]1 Pedro 2:13
[511]1 Pedro 5:5
[512]Hebreo 13:17
[513] Roma 13:1-2

***Ang pagpapasakop sa awtoridad na inilagay ng Dios ay isang pagpapakita ng pagtitiwala.***

Una sa lahat, ito ay isang pagkilos na nagpapatunay sa ating pagtitiwala sa makapangyarihang pagpili ng Dios. Ipinangaral sa atin ni Pablo na "magpasakop sa mga awtoridad na namamahala. Sapagkat walang awtoridad maliban sa Dios, at ang mga awtoridad na umiiral ay *itinalaga ng Dios*."[514] Kung naniniwala tayo na ang Dios ay tunay na may kapangyarihan at siya ang may lubos na pamamahala kung sino ang mahalal, kung sino ang aking tagapagturo o tagapangasiwa, kung sino ang aking mga magulang, kung sino ang aking asawa, o kung sino ang makakakuha ng posisyon, kung gayon ang pagpapasakop ay nagiging isang patotoo ng pananampalataya sa kanyang karunungan.

Tandaan, nabuhay si Pablo sa ilalim ng malupit na mga Romanong diktador; at magkagayon man hindi niya binigyang-katwiran ang paghihimagsik. Alam niya na ang Dios ang pinakamakapangyarihan. Ilang siglo bago ang panahon ni Pablo, sinabi ng Dios kay Nabucodonosor, sa pamamagitan ni Daniel, "ang Kataas-taasan ay namamahala sa kaharian ng mga tao, at ibinibigay ito sa sinumang pipiliin niya."[515] Magtiwala ka na ang Dios ay ang pinakamakapangyarihan.

Pangalawa, ang pagpapasakop ay kadalasang isang pagpapakita ng tiwala sa kakayahan ng Dios na baguhin ang puso ng ating mga pinuno. Kapag hindi natin gusto ang mga desisyon na kanilang ginawa, ngunit wala tayong magagawa para baguhin ang mga bagay, ipinapanalangin natin ang pangakong, "Ang puso ng hari ay nasa kamay ng PANGINOON, tulad ng tubig ng mga ilog; at ipinipihit niya ito kung saan man niya ito naisin."[516] Narinig ko ang pagpapatotoo ng mga asawang babae na kapag tumigil sila sa pakikipag-away sa kanilang mga asawa at nagsimulang manalangin para sa kanila at magpakita sa kanila ng paggalang, sinisimulan ng Dios na baguhin ang mga puso ng kanilang asawa!

***Ang pagpapasakop ay maaaring maging isang pagpapakita ng pagsamba.***

Si Kristo ang gawin ninyong sentro ng inyong pagpapasakop upang kayo ay palayain sa takot! Ganito ang pagpapayo ni Pablo sa iglesia sa Efeso: "Mga asawang babae magpasakop kayo... *gaya ng pagpapasakop ninyo sa Panginoon*," "Mga anak sumunod kayo... sapagkat ito ay lubos na nakalulugod *sa Panginoon*," "Mga alipin sumunod kayo... *gaya ng pagsunod ninyo kay Kristo*." Na para bang habang nagsusulat si Pablo ay alam niya ang hirap na gawin ang kanyang mga hinihiling. Alam na alam niya kung gaano napipintasan ang ating mga pinuno, kaya't sinabi niya, "Lampasan mo ng tingin ang pinuno at tingnan mo ang perpektong pinuno na nasa itaas nila, at siyang nagtalaga sa kanila! Gawin mo ito para sa kanya! Gawin mo ito bilang paggalang sa kanya! Gawin mong pagsamba ang pagpapasakop sa may depektong pinuno sa lupa para sa isang hindi nabibigo o nagkakamali."

---

[514] Ibid.
[515] Daniel 4:25
[516]Kawikaan 21:1

► Sa mga talatang nabasa natin kanina, pansinin kung paanong ang karamihan sa mga kautusan sa pagpapasakop ay sinusundan ng , "gaya ng paglilingkod mo sa Panginoon," "gaya kay Kristo," "sa pagkatakot sa Dios," "gaya ng sa Panginoon," atbp. Sa palagay mo paano magbabago ang iyong saloobin sa pagpapasakop kung gagawin mong sentro ang Panginoon ng iyong pagpapasakop sa halip na iyong asawa, iyong amo, iyong guro, o iyong pastor?

Lahat tayo ay kailangang maglingkod sa mga pinuno at magtrabaho para sa mga taong minsan ay mahirap pakisamahan. Ang susi sa kalayaan ay gawing pagsamba ang pagpapasakop; upang manalangin*,* "Jesus, itong pinunong itinalaga mo sa aking buhay ay may mga kapintasan, ngunit ako ay magpapasakop para sa inyong pangalan! Nakikita ko ang kanilang mga kahinaan, ngunit hindi ko gagamitin ang kanilang mga kahinaan bilang dahilan para sa pagbatikos o lihim na pag-aalsa. Lalampasan ko ng tingin ang pinuno at sa iyo ako titingin, o aking Dios, at sasambahin ka dahil sa iyong karunungan sa pagpili na ginawa mo para sa amin. Alam mo kung ano ang pinakamabuti para sa akin, sa aking pamilya, at sa aking bansa. Alam mo kung ano ang iyong mga layunin sa hinaharap.Kaya't hindi ako magrerebelde laban sa iyong kalooban, kundi magpapasakop ako sa iyong soberanong plano."

Syempre, Hindi ito nangangahulugan, na wala na tayong gagawin; na hindi na tayo mananalangin o magtratrabaho para sa pagbabago; na hindi na natin gagawin ang ating bahagi upang maisakatuparan ang hustisya. Ngunit nangangahulugan ito na ang lahat ng pagsisikap ay nakaugat sa pananampalataya at sa pagtitiwala na ang Dios ang may kontrol sa ating buhay at sa ating mundo.

Isinulat ni Pedro ang mga salitang ito para sa mga alipin: "Ang mga alipin ay dapat magpasakop sa kanilang mga pinaglilingkuran... hindi lamang sa mga mabubuti at maamo, kundi maging sa mga malupit (hindi makatarungan, ESV)... si Kristo ay nagdusa rin para sa atin, na nag-iwan sa atin ng halimbawa, na dapat mong sundin ang kanyang mga ginawa."[517] Ang mga salitang ito ay hindi madaling marinig ngayon,, ngunit dapat nating marinig ang mga ito.

***Itinuturo ng Banal na Kasulatan ang pagpapasakop ng bawat Kristiyano sa isa't isa.***

Malinaw na binabanggit ng Biblia ang tungkol sa pagpapasakop sa mga awtoridad na itinalaga ng Dios ngunit pati na rin ang *pagpapasakop ng bawat isang Kristiyano* sa isa't isa bilang mga miyembro ng katawan ni Kristo na puspos ng Banal na Espiritu. Kadalasan, kung saan itinuturo ang pagpapasakop, ang mga asawa at mga anak lamang ang pinapayuhan. Ngunit binigyang diin din ng Banal na Kasulatan ang pagpapasakop ng bawat Kristiyano sa isa't isa. "Oo, *kayong lahat* ay magpasakop sa isa't isa, at magpakumbaba."[518] Ang

---

[517] 1 Pedro 2:18, 21
[518] 1 Pedro 5:5, idinagdag ang pagbibigay-diin.

pagpapasakop sa isa’t-isa ay nangangahulugan ng pag-aaral na ibigay ang ating mga karapatan, pagtugon sa mga pangangailangan ng isa’t-isa, pakikinig sa mga opinyon ng isa’t-isa, pagsasakripisyo para sa kapakanan ng kapayapaan at pagkakaisa. Ito ang isa sa disiplinang pinakamahirap matutunan para sa mga mag-aaral sa kolehiyo, mga anak, mga asawa, at mga miyembro ng iglesia. Ngunit, may kalayaan kapag natutuhan ito!

Ang mga itinalaga ng Dios na pinuno sa tahanan, simbahan, at sa gobyerno ay dapat gawin ang pamamahala ngunit hindi “bilang panginoon ng inyong nasasakupan.”[519] Hindi tayo dapat gumamit ng awtoridad para manakit kundi para tumulong sa iba. Ang ebanghelyo ay nagtataas at nagpaparangal sa bawat miyembro ng katawan ni Kristo, at samakatuwid ay may mga paraan kung saan lahat tayo ay nagpapasakop sa isa’t-isa. Ang mga asawang babae ay dapat magpasakop sa kanilang mga asawa, ngunit ang mga asawang lalaki ay dapat din mahalin ang kanilang mga asawa at paglingkuran sila tulad ng ginawa ni Kristo. Ang mga miyembro ng Iglesia ay dapat magpasakop sa mga pinuno ng iglesia, ngunit ang mga pinunong ito ay hindi dapat “ mamuno bilang panginoon sa kanilang nasasakupan kundi bilang isang halimbawa sa kawan.”[520] Kapag ang bawat Kristiyano ay nagbibihis ng kababaang-loob, tinatanggap ang bahaging ibinigay sa kanila ng Dios sa katawan at masayang naglilingkod sa isa’t isa, ang pagpapasakop ay magiging isang pinagpalang karanasan. Ang pagpapasakop ay nananatiling malusog kapag ang mga Kristiyano ay *puno ng pagmamahal* at *nakabihis ng pagpapakumbaba*.

***Ang pagpapasakop sa awtoridad ay mahalaga sa espiritual na paglago.***

Walang sinuman ang mahuhubog sa pagiging katulad ni Kristo nang hindi kayang magpasakop sa awtoridad o kaya ay ipasakop sa iba ang kanyang mga nais, hangarin, at mga opinyon. Hindi tayo makakapanguna hangga’t hindi tayo natututong sumunod. Hindi tayo mapagkakatiwalaang mag-utos hangga’t hindi tayo natututong sumunod sa mga utos.

Ang kawalan ng pagpapasakop sa isa’t isa at pagbibigay ng ating mga karapatan ang ugat ng napakaraming alitan sa tahanan, paaralan, lugar ng trabaho, lipunan, at lokal na iglesia. Ang pagpapasakop sa awtoridad ay paraan ng Dios sa pagprotekta sa atin, pagpapaunlad sa atin, pagbubuklod sa atin, at paghubog sa atin sa pagiging katulad ni Kristo.

Hinding hindi ko makakalimutan ang pagkadismaya at pagkaasar na aking naramdaman isang Lunes ng umaga bilang isang guro sa Pilipinas. Ilang araw bago iyon, binigyan ko ang aming malapit nang magtapos na mga ministerial na mag-aaral ng isang simple, ngunit mahalaga, na huling takdang-aralin.Nilinaw ko na ang takdang-aralin ay kailangang ipasa sa Lunes ng umaga, na ang bawat mag-aaral ay dapat naroroon, at ang takdang-aralin na ito ay kinakailangan para sa pagtatapos. Sa aking pagkabigla, nang dumating ako para sa klase, nalaman kong tatlo sa aming mag-aaral na kasama sa mga magtatapos sa ministerial

---

[519] 1 Pedro 5:2-3
[520] Ibid.

ay piniling lumiban ng klase at sa takdang aralin. Napagtanto ko na ang kanilang pagliban ay isang protesta laban sa pinaniniwalaan nilang isang "walang kwentang" takdang-aralin.

Umalis ako sa klase, at pinuntahan ko ang dormitoryo ng mga lalaki, at nakita ko ang tatlong mag-aaral na nakaupo sa isang silid at nagtatawanan at nagsasaya. Akala nila matalino sila. Akala nila magagawa nila ang gusto nilang gawin nang walang ibubunga. Naisip nila na ang takdang-aralin ay hindi mahalaga, at hindi nila ito kailangang gawin. Iba ang natutunan nila! Nagmatigas ako sa kanila dahil alam ko na hindi sila magiging kwalipikadong manguna sa kawan ng Dios hangga't hindi nila natututunang sumunod sa isang pastol.Ang tatlong kabataan ay sumunod sa aking pagdisiplina, at pagkaraan ng ilang taon ay pinasalamatan nila ako. Dalawa sa mga kabataang iyon ay naging mga pastor.

**Mga limitasyon ng Pagpapasakop – Kailan Nagiging Mapanira ang Pagpapasakop?**

May mga pagkakataon na ang pagpapasakop ay nagiging mapanira at maaaring kailanganing tanggihan. Narito ang ilang mga alituntunin para sa talakayan:

(1) Ang pagpapasakop ay nagiging mapanira kapag ito ay maraming hinihingi at ginagamit sa pang-aabuso.

Dapat alisin ng mga asawang babae ang kanilang sarili mula sa mga mapang-abusong asawa at humingi ng tulong. Ang mga Kristiyano ay dapat lumayo sa mga pinuno na humihiling ng bulag na katapatan at walang pakialam na pagpapasakop. "*Basta gawin mo ang sasabihin ko at huwag kang magtanong!"* ay ang salita ng pang-aabuso, lalo na kapag sinasabi ito sa isang taong nasa hustong gulang. Marami sa panahon ngayon ang nasugatan ng ganitong uri ng pang-aabuso. Ang pagpapasakop ay hindi nangangahulugan na hindi na natin kailangang ipahayag ang ating opinyon,harapin ang mga problema, o pag-usapan ang mga kontrobersyal na paksa o usapin. Magagawa ang mga ito nang may diwa ng magalang na pagpapasakop.

Ang pagpapasakop, tulad ng pagmamahal, ay parang isang regalo na ibinibigay natin sa isa't isa bilang paggalang kay Kristo. Mahina ang isang pinuno kung kailangan pa niyang *humingi* ng pagpapasakop. Kapag ang ating awtoridad ay nagmula sa Dios, hindi na natin ito kakailanganing hingin. Ipagtatanggol ng Dios ang kanyang mga itinalagang pinuno. Ang Dios ang makikipaglaban sa kanilang pakikidigma. Bibigyan sila ng Dios ng espiritual na awtoridad na kusang susundin ng iba.

Natutunan nina Aaron at Miriam sa mahirap na paraan na ipagtatanggol ng Dios ang mapagpakumbabang pinuno. Sila ay nagsalita ng paghihimagsik laban sa pamumuno ni Moises dahil sa mga kapintasan na nakita nila sa kanyang pamilya.[521]Ang kanilang pag-aalsa ay nagsimula nang hindi nila magustuhan ang pag-aasawa ni Moises at humantong sa pagbatikos sa awtoridad ni Moises: "Sa pamamagitan lang ba ni Moises nagsasalita ang

[521]Bilang 12:1-2

Panginoon? Hindi ba't sa pamamagitan din natin?" Hinarap ni Moises ang problemang ito sa pamamagitan ng pagtahimik at hayaan ang Dios ang umayos nito.[522]

(2) Ang pagpapasakop ay nagiging mapanira kapag ito ay naging panakip para sa kasalanan ng ibang tao.

Sa Gawa 16:37, tumanggi si Pablo na sumunod sa isang utos dahil ito ay idinesenyo upang pagtakpan ang kasalanan. Kung ang anumang awtoridad ay humihiling na pagtakpan natin ang kanilang kasalanan o makibahagi sa kanilang kasalanan, mayroon tayong karapatan at obligasyon na tumanggi sa pagpapasakop.

(3) Ang pagpapasakop ay nagiging mapanira kapag ang pagpapasakop sa batas ng tao ay naglalagay sa atin sa paglabag sa Salita ng Dios.

Nang hilingin ng mga opisyal mula sa Sanhedrin na huwag nang magturo o magsalita si Pedro at Juan patungkol kay Jesus, magalang silang tumugon, "Kayo na ang humatol kung alin ang tama sa paningin ng Dios, ang sumunod sa inyo o ang sumunod sa Dios. Hindi maaaring hindi namin ipahayag ang aming nakita at narinig."[523]

(4) Ang mga limitasyon ng pagpapasakop ay hindi palaging madaling tukuyin.

Ang pagtuturo sa paksang ito ay palaging mahirap dahil may kinalaman ito sa mga relasyon ng tao, at ng mga relasyon ay ginagawang kumplikado ng mga kasalanan. Ang mga tao ay may kapintasan, kabilang ang mga pangulo, mga diktador,mga direktor, asawa, tagapamahala, atbp. Dapat bang magpasakop ang isang mamamayan sa kanilang pamahalaan kahit na ito ay tiwali? Dapat bang kumilos nang may paggalang ang isang empleyado sa kanyang amo kahit hindi ito kagalang-galang? Si Richard Foster ay nagbigay sa atin ng isang matalinong pananalita para dito:

> Minsan ang mga limitasyon ng pagpapasakop ay madaling matukoy. Ang isang asawa ay hinihilingan na parusahan ang isang bata nang hindi makatwiran. Hinihiling ng isang bata na tulungan ang isang matanda sa isang pamamaraang labag sa batas. Ang isang mamamayan ay inuutusan na labagin ang sinasabi ng Banal na Kasulatan at ng budhi para sa kapakanan ng Estado (ng pamahalaan). Sa bawat pagkakataon, tumatanggi ang mga disipulo, hindi sa mayabang na paraan, kundi sa pamamagitan ng espiritu ng kaamuan at pagpapasakop.
>
> Kadalasan ang mga limitasyon ng pagpapasakop ay napakahirap tukuyin. Paano naman patungkol sa buhay-may asawa na nakadarama ng pagpigil at umiiwas sa personal na pagtupad dahil sa propesyonal na trabaho ng kanyang asawa? Ito ba ay isang lehitimong paraan ng pagtanggi sa sarili, o ito ba ay mapanira? Paano naman ang guro na hindi makatarungan ang pagbibigay ng marka sa mag-aaral? Ang mag-

---

[522] Ibid, 3
[523] Gawa 4:19b-20

aaral ba ay nagpapasakop o lumalaban? Paano naman ang employer na nagbibigay ng mas mataas na posisyon sa kanyang mga empleyado na ang nagiging batayan ay ang pagiging paborito? Ano ang ginagawa ng mga pinagkaitang empleyado, lalo na kung ang pagkakalagay sa mas mataas na posisyon ay kinakailangan upang mapabuti ang kalagayan ng kanyang pamilya?

Ang mga ito ay masalimuot na mga katanungan dahil ang mga relasyon o kaugnayan ng mga tao ay kumplikado. Ang mga ito ay mga tanong na hindi nagbubunga ng mga simpleng sagot. Wala tayong maituturing na isang batas sa pagpapasakop na sumasaklaw sa bawat sitwasyon. Dapat tayong magkaroon ng lubos na pag-iingat sa lahat ng mga kautusan na naglalayong pangasiwaan ang bawat pangyayari....

Sa pagtukoy sa mga limitasyon ng pagpapasakop, tayo ay [inilagay sa] isang malalim na pag-asa sa Banal na Espiritu.[524]

► Maglaan ng ilang sandali upang talakayin ang mga limitasyong ito ng pagpapasakop. Marahil ay may mga limitasyon na idaragdag mo o mga patotoo na maaari mong ibahagi sa mga panganib ng bulag na pagpapasakop.

> "Ang disiplina ng paglilingkod ay nagbibigay kakayahan sa atin na magsabi ng "HINDI!/AYAW!" sa mga paligsahan ng mundo para sa promosyon at awtoridad."
>
> – Richard Foster

**Mga Praktikal na Payo para sa Pagsasanay ng Pagpapasakop**

- Kung ikaw ay isang mag-aaral sa kolehiyo o nagtatrabaho para sa isang ministeryo o kumpanya, palaging may mga patakaran at tuntunin sa institusyon na dapat sundin. Ugaliing panatilihing gawin ang mga ito. Huwag kaligtaan ang ibang mga bagay.
- Hilingin sa Banal na Espiritu na turuan ka kung paano bumuo ng isang mas masunurin na saloobin sa awtoridad.
- Matutong magpakumbaba sa mga nakapaligid sa iyo sa halip na ipaglaban ang iyong mga karapatan.
- Sanayin ang iyong sarili na magpasakop sa maliliit na ordinansa: "Iwasan," "Huwag magkalat," atbp.
- Magbalik-aral sa Banal na Kasulatan tungkol sa pagpapasakop sa leksiyong ito at hilingin sa Panginoon na tulungan kang malaman kung paano ito ilalapat sa iyong buhay.

[524] Richard S. Taylor, *The Disciplined Life* (Bloomington: Bethany House, 2002), 121

## Ang Espiritual na Disiplina ng Paglilingkod

> At sinabi niya sa kanila, "Pinipilit ng mga hari ng mga Hentil na sila'y ituring na panginoon ng kanilang nasasakupan.... Ngunit hindi ganoon ang dapat mangyari sa inyo; Sa halip, ang pinakadakila ang dapat lumagay na pinakamababa, at ang namumuno ay maging tagapaglingkod."[525]

Ang disiplina ng paglilingkod ang magsasanay sa atin sa mas malalim, mas maging katulad ni Kristo na pagpapakumbaba. Sa mga pastor, guro, musikero, at ordinaryong mga Kristiyano sa pandaigdigang iglesiaang inggit ay isa sa mga pinaka-nakakalason na kasalanan na nakaugat sa puso ng tao. Maraming beses na hindi natin napapansin ang nakamamatay na presensya nito. Nasasaktan ka ba kapag hindi ka kinikilala at pinaparangalan sa paraang nais mo o tingin mong nararapat sa iyo? Naiinis ka ba kapag ang iba ang nakakuha ng kredito para sa trabaho na nagawa mo? Nahihirapan ka bang magalak sa mga tagumpay ng iba? Lihim ka bang natutuwa kapag nabigo ang iba? Nai-insecure ka ba kapag napupuri ang iba? Kapag nagtatanghal ang iba, nagtatanim ka ba ng mga lihim na pag-iisip na maaaring mas mahusay ang magagawa mo? Ang disiplina ng paglilingkod ay magdadala sa atin pabalik kay Jesus, ang perpektong modelo ng isang mapagpakumbabang paglilingkod.

Sa ilang antas, lahat tayo ay natutukso sa mga ganitong paraan. Natutukso tayong mainggit sa mas magandang buhay na sa tingin natin ay mayroon ang iba. Natutukso tayong pagnasahan ang mga posisyon, mga regalo, pagkilala sa pangalan, pananamit, asawa, kongregasyon, at uri pamumuhay ng iba.Ang ating pagnanasa na makipagpaligsahan para sa katanyagan ay masusunog lamang para maalis sa ating kalikasan sa pamamagitan ng Pentekostes, gamit ang makasusunog na apoy ng Banal na Espiritu.[526]Ngunit kahit tapos na ang Araw ng Pentecostes, dapat nating linangin ang mapagpakumababang pag-iisip ni Kristo – ang pag-iisip ng isang alipin.

### Pagtukoy sa Disiplina ng Paglilingkod

Ang disiplina ng paglilingkod ay ang paglinang ng kaisipan at pagkilos ng isang lingkod sa bawat panahon ng buhay. At tinukoy ni Jesus kung ano ang isang alipin. Siya ay mas dakila kaysa sa iba, nagpapasakop ng higit sa iba, at ginagawang mas mababa ang kanyang sarili kaysa sa iba.

► Basahin ang Filipos 2:5-11 nang magkakasama.

Itinuturo sa atin ng Filipos na ang buhay ng isang alipin ay nagsisimula sa kaisipan ng isang alipin.

---

[525] Lucas 22:25-26
[526] Mateo 3:11-12

(1) Ang isang alipin ay nailalarawan sa pamamagitan ng pagkakaroon ng pagpapakumbaba, at hindi itinataas ang kanyang sarili.

"Walang limit sa magagawa ng Dios kapag nakatagpo siya ng lalaki o babaeng hindi binibigyang halaga kung sino ang pinararangalan, basta ang Dios lamang ang nabibigyang kaluwalhatian!"

Umiral si Jesus sa "anyo bilang Dios" (6a). Taglay ni Jesus ang "kinakailangang katangian ng isang Dios."[527] Sinasabi ng Hebreo na, "Siya ang kaningningan ng kaluwalhatian ng Dios at ang eksaktong kopya ng kanyang kalikasan."[528] Inangkin ni Jesus, "Ako at ang aking Ama ay iisa," at "Kung nakita ninyo ako, nakita na rin ninyo ang Ama…Hindi ba kayo sumasampalataya na Ako ay nasa Ama at ang Ama ay sumasaakin?"[529]

Ngunit hindi ibinilang ni Jesus ang "pagiging kapantay ng Dios bilang isang bagay na dapat hawakan" (6b).[530] Kung sino ang Dios, gayon din si Jesus; gayunpaman,hindi siya kumapit dito. Sa lahat ng kahulugan, si Jesus ay kapantay ng Dios. Siya mismo ang nagsabi ng pagkakapantay-antay na ito para sa kanyang sarili, at dahil dito ay kinasuklaman siya ng mga Hudyo: "Ikaw bilang isang tao ay ginagawa mo ang iyong sarili na kaantay ng Dios,"[531] at si Tomas ay sumamba sa kanya: "Aking Panginoon at Aking Dios."[532] Inilarawan ng manunulat ng Hebreo si Jesus bilang "eksaktong kopya" ng pagka-Dios ng Ama, isang salitang ginagamit sa pag-ukit sa kahoy, pag-ukit sa metal, pagtatatak sa balat, pagtatatak na nakatago, paglalagay ng disenyo sa luwad, at pagtatatak sa isang barya. Si Jesusang Dios na nagkatawang tao!

"Ginawa ni Jesus ang kanyang sarili na walang reputasyon" (7a). Ang mga salitang "ginawa ang kanyang sarili" ay nagmula sa salitang Griyego na "kenosis," na isinalin "binakante ang kanyang sarili," o "isina-isantabi." Nangangahulugan ito na kahit hindi isinuko ni Kristo Jesus ang kanyang pagka-Dios, sa *loob ng ilang panahon* ay isinantabi niya ang mga karapatan at mga pribilehiyo ng kanyang banal na katangian.

"Bagama't siya ay nanatiling Dios, gayon pa man ay tila iniwan niya ito; sapagkat tinakpan niya ang kanyang buong pagka-Dios mula sa paningin ng mga tao at mga anghel."
– John Wesley

Bagama't hindi kailanman isinuko ni Kristo Jesus ang kanyang pagka-Dios, sa loob ng ilang panahon ay pinili niyang itabi ang kanyang maharlikang kasuotan at isinuot ang mga basahan ng sangkatauhan. Sinabi ni John Wesley, "Bagama't siya ay nanatiling Dios,[533] gayon pa man ay tila iniwan niya ito; sapagkat tinakpan niya ang kanyang buong pagka-Dios mula sa paningin ng mga tao at mga anghel."

---

[527] *Pulpit Commentary*
[528] Hebreo 1:3, *English Standard Version*; tingnan din ang Colosas 1:15.
[529] Juan 14:9-10
[530] *English Standard Version*
[531] Juan 5:18
[532] Juan 20:28
[533] Juan 1:14

Hindi kailanman magbabago ang kakayahan at pagkakakilanlan ni Jesus; ngunit para sa mga layunin ng pagtubos, naging handa siyang isantabi ang kanyang katangian at karangalan at reputasyon upang maging mahina at walang magawa at maging katulad ng karamihan, pang karaniwan, at kulang sa pribilehiyo. Ito ang puso ng isang lingkod at ang ating halimbawang dapat sundin.

Habang pinag-iisipan ko kung ano ang isina-isantabi ng ating Panginoon, napipilitan akong makita ang kahangalan ng mga bagay na aking kinakapitan at pinoprotektahan bilang aking karapatan. Madalas ba tayong nag-aalala tungkol sa iisipin ng ibang tao – ating reputasyon o magkaroon ng maayos na pakiramdam – sa halip na gawin ang tamang bagay? *Panginoon, ilagay mo sa amin ang mapagpakumbaang isipan ni Jesus!* Ang paraan ng pag-iisip ni Jesus ay isang malakas na pagsaway sa iba't-ibang makasariling ambisyon sa bawat tao.

(2) Ang tunay na alipin ay nailalarawan sa pamamagitan ng ganap na debosyon sa kalooban ng kanyang panginoon.

Si Jesus ay "nag-anyong alipin" (7b). Ang pagiging isang "alipin" ay nasa pinakamababang kalagayan ng buhay. Ang isang alipin ay nabubuhay para lamang sa kalooban ng kanyang panginon.

Nang dumating si Jesus sa mundo, *isinuko*niya ang kanyang kalooban sa kalooban ng kanyang Ama at piniling mamuhay ng *mapagpakumbabang pagtitiwala*. Hindi niya iniisip ang tungkol sa personal na kalalagayan o kung gaano kalaki ang mapapala niya. Ang pag-iisip ng isang alipin ay katulad ng isang katiwala na ang tagumpay ay natatagpuan sa pangangalagala para sa mga bagay na nakalulugod sa Panginoon. Mag-ingat sa pag-iisip sa paraang katulad ng ginawa ng aming maliit na anak na pitong taong gulangna si Timothy, ilang taon na ang nakalilipas. Nang kinailangan kong umalis ng bahay, sinabi Ko, "Anak, babalik si Tatay pagkalipas ng ilang oras, at sa pagbabalik ko ay dapat malinis na ang iyong kwarto.""Opo, Tatay!" masayang sagot niya. Pagbalik ko, sinalubong niya ako ng may malaking ngiti at sinabing, "Tingnan mo, Tatay, hinugasan ko lahat ng pinggan sa lababo!""O, mabuti yan," ang tugon ko. "Naglinis ka rin ba ng kwarto mo?" bigla siyang yumuko, at nawala ang kanyang mga ngiti."Uhm... hindi po tatay.""Dahil diyan ay alam mo ang kahihinatnan ng hind mo pagsunod," malungkot kong sinabi. Itinuwid ko ang aking anak dahil mas pinili niya ang kanyang sariling paraan/landas ng pagsunod, na ginawa ang kanyang "sakripisyo" na parang isang makasariling pagkilos ng paghihimagsik. Maaaring pinalakpakan ng iba ang kanyang mga ginawa, ngunit mas alam ko ang tungkol sa bagay na ito. Ang kwentong ito ay nagpapaalala sa atin na kahit ang pinakamasigasig na pagpupursigi sa ating pansariling hangarin ay isang paghihimagsik laban sa Dios. Ginagawa ng alipin ang kalooban ng kanyang panginoon.

(3) Ang isang tunay na lingkod ay handang makibahagi sa mga kahinaan ng mga taong kanyang paglilingkuran.

Itinuro ni Pablo na si Jesus ay dumating "sa pagiging isang tao," at "sa anyo ng isang alipin" (7b-8a). Nangangahulugan ito na kinuha ni Jesus ang lahat ng mahahalagang katangian ng

pagiging tao. Kay Kristo, nagpakababa ang Dios mula sa kanyang walang hanggang kaluwalhatian, upang maging katulad natin, upang maranasan ang ating sakit, magdusa gaya natin, at tuksuhin tulad natin. Bakit niya iyon ginawa? Dahil sa pag-ibig![534] Para maging kapalit natin! Upang makiramay sa ating mga kahinaan:

- "Dahil ang mga anak na tinutukoy niya ay tao, naging tao rin si Jesus at tulad nila'y may laman at dugo. Ginawa niya ito upang sa pamamagitan ng kanyang kamatayan ay mawasak niya ang diyablo na siyang may kapangyarihan sa kamatayan."[535]
- "kaya't kinailangang matulad siya sa kanyang mga kapatid sa lahat ng paraan, upang siya'y maging siyang Pinakapunong Pari na mahabagin at tapat na naglilingkod sa Dios at nag-aalay ng handog para mapatawad ang mga kasalanan ng tao."[536]
- "Ang ating Pinakapunong Paring ito ay nakakaunawa sa ating mga kahinaan sapagkat tulad natin, tinukso siya sa lahat ng paraan, subalit kailanma'y hindi siya nagkasala."[537]

Kay Jesus, ang Dios ay naging ganap na tao. At ang pag-iisip ni Kristo ay isang pagpayag na *makibahagi* sa kahirapan, kagutuman, pagkauhaw, kawalan ng tahanan, pagkahapo, galit, kalungkutan, pananakit ng katawan, pagtataksil, at maging emosyonal na kawalang pag-asa para sa kapakanan ng iba. Sa hardin ng Gethsemane, si Jesus ay halos mamatay sa lungkot na kanyang nadarama upang maranasan natin ang pagtubos.[538] Tinanggap niya ang mga pagsaway, pangungutya, poot, galit, at pagmamataas na dapat ay para sa atin. At gayon pa man, siya ang pinakamasayang tao na nabuhay.[539] Ito ang hitsura ng pagiging lingkod. At tayo ay dapat magkaroon ng parehong pag-iisip. Posible ba ito?

**Ang Paglilingkod na Katulad ng kay Kristo sa Pamamagitan ng Disiplina at Pagsisikap ng Tao na Pinapagana ng Biyaya**

Ang kababababaang-loob ni Kristo ay napakalalim, napakalawak; ngunit tayo ay natutukso ng pagiging makasarili. Ang mga tinawag upang maglingkod ay hindi lamang nangangailangan, ngunit kadalasan ay makasarili, bastos, at walang utang na loob, at kung minsan ay nagpapakita ng napakaliit na konsiderasyon sa ating pagod at pangangailangan ng pag-iisa. Kadalasan tayo ay napipintasan. Ang ating pakikipag-usap ay kadalasang nahihinto at ang ating mga ginagawa ay napuputol ng kanilang mga utos at mga biglaang pangangailangan. Kung wala ang pag-iisip ni Kristo, mawawala sa atin ang kanyang pusong malambing at disposisyon na may kagalakan; at ang ating mga ministeryo ay higit na

[534] Juan 3:16
[535] Hebreo 2:14
[536] Hebreo 2:17
[537] Hebreo 4:15
[538] Mateo 26:38
[539] Awit 45:7

mailalarawan sa pagkamayayamutin kaysa pagpapakumbaba. Kaya paano natin matatanggap ang pag-iisip na ito?

(1) Ang pag-iisip ng isang alipin ay nalilinang sa pamamagitan ng *disiplina*.

Sinabi ni Pablo sa ikalawang sulat sa mga taga Filipos na dapat nating "hayaan" na magkaroon tayo ng pag-iisip na ito. Ang kahulugan ng salitang ginamit niya ay *upang lasapin*, upang lubos na pahalagahan. Upang itakda ang pagmamahal sa isang tao, upang pahalagahan ang isang bagay na higit sa iba. Ito ang dapat gawin ng bawat Kristiyano. Sa pang-araw-araw na buhay, kasama ang lahat ng hamon nito, dapat nating piliin ang pamamaraan ni Jesus kaysa sa ating sariling kagustuhan!

(2) Ang kaisipan ng isang alipin ay dapat *tanggapin* ng mapagpakumbaba*.*

Hindi nating kayang likhain ang isip ng isang lingkod. Dapat nating hayaan ang Banal na Espiritu na kumilos at buuin ito sa atin araw-araw. Dahil si Kristo ay nananahan sa atin ngayon sa pamamagitan ng kanyang Espiritu, mayroong isang diwa kung saan ang bawat mananampalataya ay mayroon nang pag-iisip ni Kristo; ngunit dapat tayong magpasakop dito. Dapat nating piliin na magkaroon nito sa pamamagitan ng biyaya.

| **Paano Malalaman ang Paglilingkod sa Sariling-Katuwiran Mula sa Tunay na Paglilingkod**[540] | |
|---|---|
| Paglilingkod sa Sariling-Katwiran | Tunay na Paglilingkod |
| Mula sa pagsisikap ng tao. | Bumubukal mula sa ating Relasyon sa Dios. |
| Naaakit ng malaking usapan. | Hindi mahalaga kung malaki o maliit. |
| Humihingi ng panlabas na gantimpala. | Nasisiyahan na kahit ito ay nakakubli at hindi nalalaman ng iba. |
| Masyadong nag-iisip tungkol sa mga resulta. | Hindi kinakailangang sukatin ang mga resulta. |
| Pinipili kung sino lang ang paglilingkuran. | Pinaglilingkuran ang lahat. |
| Apektado ng mga moods/nararamdaman. | Dinidisiplina ang sarili upang tugunan ang pangangailangan kahit pa ito ay mahirap gawin. |
| Pansamantala. | Paraan ng pamumuhay. |

[540] Adapted from Richard Foster, *Celebration of Discipline* (New York: HarperCollins, 1998), 128-129

| | |
|---|---|
| Hindi sensitibo, ipinipilit ang paglilingkod kahit hindi hinihingi/kinakailangan. | Maaaring itigil ang paglilingkod kung kinakailangan. |
| Sinisira ang katawan ni Cristo. | Nagtatatag ng pagkakaisa sa katawan ni Cristo. |

**Ang Premyo ng mga Tagapaglingkod**

Tinatapos ko ang leksiyong ito sa isang taos-pusong liham na isinulat ko ilang taon na ang nakararaan sa mga pastor na napaglingkuran namin sa Pilipinas. Itinatala nito ang maraming gawain ng paglilingkod na nasaksihan namin sa kanila sa pagdaan ng mga taon, ipinapakita ang maraming paraan na ang mga Kristiyano ay makapaglilingkod sa isa't-isa, at tumatanaw sa isang araw sa hinaharap kung saan ang ating paglilingkod ay mabibigyan ng gantimpala.

> Mahal kong mga Kapatid,
>
> Marami sa inyo na mga pastor at manggagawa ang mabuting naging halimbawa sa pag-iisip ni Cristo sa aming pamilya, at natutuhan namin ang mga hindi kapani-paniwalang espirituwal na leksiyon sa pamamagitan ng inyong pananampalataya.
>
> Nang kayo'y matiyaga at mapagmahal na nangalaga para sa isang batang may kapansanan na hindi kailanman magagawang magpasalamat sa inyo, nangalaga sa isang kabiyak sa loob ng mahabang panahon ng pagkakasakit hanggang sa ang Dios ay gumawa ng mahimalang pagpapagaling, bumalik upang maglingkod sa kongregasyon na nakasakit sa inyo, at pinabayaan ang Dios na wasakin ang inyong pagmamataas, at pagkatapos ay itaas kayo sa isang lugar ng espirituwal na awtoridad, ipinakita ninyo ang kaisipan ni Cristo.
>
> Nang inyong gantihan ng kabutihan ang kasamaan, matapat na nagtrabaho nang walang pagkilala o pagpapahalaga, nangalaga sa mga balo at mahihirap sa inyong kalipunan, masayang naglingkod sa Panginoon nang wala ang nurturing pagmamahal at suporta ng isang kasama, ipinahintulot ang mga nakaraang pagkakamali na humble sa inyo at gawin kayong mga tao ng panalangin at pagkasi na kalagayan ninyo ngayon, ipinakita ninyo ang kaisipan ni Cristo.
>
> Nang walang pagbabagong ibinigay ninyo sa Panginoon ang inyong pinakamabuti sa kabila ng krisis at kahirapan, nanindigan para sa katotohanan at katuwiran kahit na ito ay hindi popular, iniwan ang inyong ibang gawain upang ilaan ang inyong sarili sa ministeryo, naglingkod sa Dios ng matahimik at kababaang-loob sa iyong mapakumbabang lugar, ipinakita ninyo ang puso ng isang lingkod.
>
> Itinala ng Langit ang inyong paglilingkod. Hindi ko halos mahintay ang araw na kayo ay kokoronahan ni Jesus! Nais kong naroon din ako kapag tinanggap ninyo ang inyong maluwalhating gantimpala sa *pagsasabuhay* sa kaisipan ni Cristo!

► Sa espasyo sa ibaba, isulat ang hindi bababa sa tatlong paraan na alam mo kung paano mapapaunlad ang puso ng lingkod. Maging bukas ang loob na gawin ang mga pagbabagong ito sa pamamagitan ng biyaya ng Dios at maging handa na ibahagi ang iyong patotoo sa inyong grupo sa inyong susunod na pagkikita.

| **Tatlong Paraan Kung Paano Ako Magkakaroon ng Puso ng Tagapaglingkod** |
| --- |
| |

## Leksiyon 10 Mga Takdang Aralin

(1) Kumuha ng pagsusulit batay sa materyal mula sa leksiyong ito.

(2) Maglaan ng hindi bababa sa tatlumpung minuto sa linggong ito para pagbalik-aralan ang leksiyon, kabilang ang mga reperensiya ng Kasulatan, at hilingin sa Banal na Espiritu ang malinaw na pag-unawa.

(3) Itala sa iyong journal ang anumang espesipik na pagbabago na dapat gawin sa iyong buhay, ayon sa ipinapahayag ng Panginoon sa iyo.

(4) Pagbulay-bulayan ang kahit man lang isang Awit sa iyong pang-araw-araw ng oras ng pagbubulay at itala sa iyong journal kung ano ang sinasabi ng salmista tungkol sa kalikasan at karakter ng Dios.

(5) Itala sa iyong journal ang isang pansariling panalangin para sa espirituwal na pagbabago at paglago batay sa leksiyong ito.

(6) Magsanay sa paggamit ng *Pang-araw-araw na gabay sa Pananalangin* ni Dr. Brown sa iyong pang-araw-araw na pansariling pananalangin.

## Leksiyon 10 Pagsusulit

(1) Anong talata sa Bagong Tipan ang nagbibigay sa atin ng tagubilin na ipahayag ang ating mga kasalanan sa isa't-isa?

(2) Bumanggit ng limang paraan na inilalarawan ng Biblia ang kasalanan.

(3) Anong tatlong salita ng pagpapayo ang ibinigay ni Dr. Avery patungkol sa kasalanan?

(4) Paano magiging isang paraan ng pagsamba ang pagpapasakop sa awtoridad?

(5) Kailan nagiging mapangwasak ang pagpapasakop?

(6) Magbigay ng tatlong katangian ng tunay na paglilingkod.

# Leksiyon 11
# Personal na Disiplina
# Ang Dila at ang Kaisipan sa Buhay

## Leksiyon 10 Pagbabalik-aral

Paalala sa lider ng klase: Magbalik-aral sa mga pangunahing punto ng Leksiyon 10. Itanong sa mga mag-aaral kung sino ang handang magbahagi ng kanilang mga personal na panalangin mula sa Leksiyon 10.

## Mga layunin ng Leksiyon

Sa pagtatapos ng leksiyong ito, ang mag-aaral ay dapat na:

(1) Nauunawaan ang kahalagahan ng personal na disiplina sa paghubog tungo sa pagiging katulad ni Kristo.

(2) Matutunan kung paano didisiplinahin ang dila at simula ang pagsasanay sa disiplinang ito.

(3) Matutunan kung paano makukuha ang bawat kaisipan at simulan ang pagsasanay sa disiplinang ito.

## Mga Mahahalagang Kaganapan sa Buhay

### Personal na Disiplina sa Pagtatalumpati

Maging ang pagiging isang mag-aaral sa kolehiyo na naghahanda para sa ministeryo, nagsimula akong makadama ng espiritual na panghihina na impluwensya ng aking hindi disiplinadong dila. Natatakot ako na madalas kong binibigyan ng kalungkutan ang Espiritu. Nagsimulang makita ko ang karunungan ng Banal na Espiritu nang binigyan niya ng inspirasyon ang mga salitang ito: "Ang taong masalita ay malapit sa pagkakasala, ngunit ang nagpipigil ng kanyang dila ay isang taong marunong."[541] Nangako ako sa Panginoon na kung bibigyan niya ako ng biyaya, ibibigay ko ang aking dila sa kanya. Sa katunayan, ang pagsasanay na pigilan ang dila ay isa sa pinakamahirap na pagsasanay sa aking buhay Kristiyano; ngunit napagtanto ko na kapang nagiging mas dalubhasa tayo sa larangang ito, higit na kapayapaan, pagtatalaga, at paggalang ang ating matatamasa.

[541] Kawikaan 10:19

**Personal na Disiplina ng Pag-aayuno**

> "Ang disiplina ay ang pinaka kinakailangan ng karamihan sa modernong kalalakihan ngunit kakaunti lamang ang nagnanais."
> – Richard S. Taylor

Sa simula ng isang bagong taon, hinamon ng isang espiritual na tagapanguna ang kanyang pangkat sa 21 na araw ng pag-aayuno at pananalangin. Sa loob ng ilang linggo ay inihayag niya ito. Hiniling niya sa mga miyembro ng pangkat na ilista ang kanilang pangalan kung nais nilang makilahok. Ngunit bago magsimula ang pag-aayuno, tumayo siya sa harapan ng kanyang pangkat at natatawang sinabi na ipagpapaliban niya ang pagsisimula ng pag-aayuno dahil sa isang pulong na nakatakda niyang daluhan kung saan ihahain ang ilan sa kanyang paboritong pagkain. Hindi na kailangang sabihin, ang nakaplanong sama-samang pag-aayuno ay nabigo.

► Ang kaganapang ito ay naglalarawan ng epekto ng personal na disiplina sa ating personal at espiritual na buhay, at maging sa ating pamumuno. Sa iyong palagay paano nakakapagpapalala iyong espiritual na kakulangan ang iyong kakulangan ng personal na disiplina?

**Ang kapangyarihan ng Personal na Disiplina**

Sa kanyang klasikong aklat na *The Disciplined Life*, isinulat ni Richard S. Taylor, "Ang disiplina ay ang pinakakinakailangan ng karamihan sa modernong kalalakihan ngunit kaka-unti lamang ang nagnanais. Kadalasan ng mga kabataang umaalis ng tahanan, mga mag-aaral na humihinto sa pag-aaral, mga mag-asawang nagnanais na maghiwalay, mga miyembro ng iglesia na nagpapabaya sa mga pagtitipon, mga empleyado na lumilisan sa kanilang mga trabaho ay sinusubukan lamang na tumakas sa disiplina."[542]

Sa Leksiyon 6, ibinigay ko ang isang paglalarawan ng magandang puno ng Bradford Pear ng aking byenan. Ito ay isang magandang puno, na may tagilid na katawan, na dahil sa kanyang laki, ay hindi na maitutuwid. Ang punong ito ay nagpapaalala sa atin na napakahalaga nang pagbuo ng malusog na mga disiplina at gawi habang bata pa ang iyong isip, puso, at mga relasyon. Isang dalisay na pag-iisip, isang disiplinadong buhay, mahusay na kakayanan, mga malusog na relasyon, at ang isang malapit na paglakad kasama ng Dios ay hindi mangyayari kung wala ang mga ito. Ang mga ito ay dapat na alagaan at linangin nang may lubos na kasipagan.*At kung maghihintay ka na lamang, lahat ng tunay na mabuti para sa iyong buhay ay maaaring mabaluktot sa mga paraan na hindi mo na maitutuwid.*

Kung paanong ang isang atleta ay hindi maaaring maging mahusay sa kanilang larangan maliban kung sila ay tuloy-tuloy na nagsasanay, gayun din naman ay walang mananamapalataya ang mahuhubog tungo sa pagiging katulad ni Kristo nang walang pagsasanay. Natutunan natin sa kursong ito na bahagi ng ating pagsasanay ay kinabibilangan ng **klasikong espiritual na disiplina** – pananalangin, pag-iisa, pagninilay-

[542] Richard S. Taylor, *The Disciplined Life* (Bloomington: Bethany House, 2002), Kindle LOC 22

nilay, paglilingkod, at iba pa. "Ngunit sa susunod na dalawang leksiyong ito ay tututukan natin ang isa pang aspeto ng ating pagsasanay – **personal na disiplina, o kadalubhasaan sa sarili**.

## Ang Malaking Ideya

Ang paglago sa pagiging katulad ni Kristo ay hindi mahihiwalay sa pansariling disiplina. Sa susunod na dalawang leksiyon, tatalakayin natin ang anim na bahagi kung saan ang personal na pagsasanay o disiplina ay mahalaga sa paghubog ng espiritual na buhay:

1. Pagsasalita
2. Pag-iisip tungkol sa buhay, kabilang ang mga sekswal na pagnanasa
3. Gana
4. Pag-uugali
5. Oras
6. Mga personal na paniniwala

Sa leksiyong ito, susuriin natin ang dalawang aspeto nang personal na disiplina at tutuklasin ang impluwensya na pinanghahawakan ng dalawang ito sa espiritual, emosyonal, at pisikal na kalalagayan. Magsasaliksik tayo upang magkaroon ng praktikal na karunungan para sa pagdadala ng ating buong pagkatao sa ilalim ng pamamahala ni Kristo.

## Panimula

### Ano ang personal na Disiplina?

**Ang personal na disiplina ay ang kakayahang pangasiwaan ang pag-uugali sa pamamagitan ng prinsipyo at tamang paghatol sa halip na emosyon, pagnanasa, mahigpit na pangangailangan, o kaugalian sa kultura**.[543] Sa personal na disiplina, nagsusumikap tayong isuko sa Banal na Espiritu ang bawat pag-iisip, bawat pagnanais, at bawat pagnanasa, para sa kapakanan ng pagkilala kay Kristo at pagkakamit ng "hindi masisirang korona":

> Ang bawat atleta ay nagsasagawa ng *pagpipigil sa sarili sa lahat ng bagay*. Ginagawa nila ito upang magkamit ng nauubos na putong (medalya ng panalo), ngunit tayo ay tatanggap ng hindi mauubos. Kaya't hindi ako tumatakbo nang walang layunin; hindi ako sumusuntok na katulad ng sumusuntok sa hangin. Ngunit *dinidisiplina* ko ang aking katawan at pinananatili ko iyon na *kontrolado*, kung hindi baka pagkatapos kong mangaral sa iba, ako mismo ay *hindi kuwalipikado*.[544]

► Ano ang sinasabi ni Pablo na maaaring mangyari sa kanya kung wala siyang disiplina sa sarili?

---

[543] Ibid, LOC 160.
[544] 1 Corinto 9:25-27, *English Standard Version*, idinagdag ang pagbibigay-diin.

Mahalagang tandaan na ang personal na disiplina lamang ay hindi magdudulot sa atin upang maging isang mabuting Kristiyano, o maging ang gawin tayong isang Kristiyano mismo. Ang disiplina para sa kapakanan ng pagpapabuti sa sarili ay kadalasang nag-uudyok ng pagmamataas. Ang tamang motibo para sa pagpipigili sa sarili ay kontrolin at bigyan ng kapangyarihan ang Banal na Epsiritu – upang pahintulutan ang kanyang kaluwalhatian na magningning sa ating kalooban at sa pamamagitan ng kanyang templo!

Ang mga espiritual na disiplina, gayundin ang mga personal na disiplina, ay isang *paraan upang makatanggap tayo ng biyaya*. Hindi ito nagdudulot sa akin na maging mas matuwid, sa halip ay inilalagay ako nito sa isang posisyon upang *tumanggap* mula sa Dios. Ang disiplina ay isang paraan upang mapalapit sa Dios upang maari siyang makipagtagpo sa akin. Ang disiplina ay isang paraan upang panghawakan ang isang malinis, walang laman na kopa sa harapan ng Dios upang ito'y kanyang lagyan!

### Ang Personal na Disiplina ay Ganoon Ba Talaga kahalaga?

Kapansin-pansin na kasama sa sulat ni Pablo kay Timoteo ang "walang pagpipigil sa sarili" sa mga kasalanan ng "mapanganib na panahon" sa mga huling araw.[545] Mula lamang sa dalawang talatang ito, nalaman natin na ang kawalan ng pagpipigil sa sarili ay isang seryosong problema sa buhay Kristiyano na may kasamang masakit, at kung minsan ay walang hanggan, na mga kahihinatnan.

► Narinig mo na bang nagbibiro ang mga Kristiyano tungkol sa kanilang kawalan ng pagpipigil sa sarili – labis na pagkain, labis na pagtulog, labis na paggastos, at iba pa? Sa palagay mo ba ay sapat na sineseryoso ng mga Kristiyano sa paligid mo ang paksang ito? Bakit? O bakit hindi?

### Bakit Napakahalaga ng Perso nal na Disiplina, o Pagkontrol sa Sarili

(1) Nais ng Dios na maluwalhati sa pamamagitan ng *ating katawan*, hindi lamang sa ating puso, na siyang templo ng Banal na Espiritu.[546]

(2) Wala dapat na kahit anumang bagay na hindi karapat-dapat sa isang espiritual na tagapanguna, o tulad ng mga nakakaagaw ng kanyang impluwensya, bilang isang hindi nalulupig na katawan – isang katawan na hindi araw-araw na ipinapasakop sa pamamahala ng Banal na Espiritu.

Ang isang hindi pinipigilang pagnanasa, isang walang disiplina sa paggamit ng oras, isang hindi inaawat na dila, isang hindi makontrol na init ng ulo, at isang walang pigil na pagnanais para sa pagkain, pera, o pakikipagtalik ay pumipigil sa Espiritu, masisira ang kredibilidad ng mga manggagawang Kristiyano, at mababawasan ang kanilang gantimpala. Ang unang

---

[545] 2 Timoteo 3:3
[546] Roma 8:11; 1 Corinto 6:19

alituntunin para sa tagumpay ng espiritual na atleta, na nakikipagkumpitensya para sa premyo, ay ang pamumuno sa ating sarili.

Isinalaysay ni Richard Taylor ang kuwento ni Igor Gorin, isang sikat na Ukrainian-American na mang-aawit na mahilig manigarilyo. Isang araw ay sinabi ng kanyang guro sa pag-awit, "Igor, kailangan mong magpasya kung ikaw ay magiging isang mahusay na mang-aawit o isang taong mahusay manigarilyo." Tumigil siya sa paninigarilyo. Ang disiplina sa sarili ay kinakailangan upang maging ang taong nais ng Dios na maging ikaw.

## Mga Kritikal na Bahagi ng Personal na Disiplina: Pagiging bihasa sa paggamit ng Dila

Mayroong dalawang talata na tutulong na mahubog ang ating pagkaunawa sa dila at ang impluwensya nito sa ating mga buhay: Santiago 3:2 at Mateo 15:18-19.

► Basahin ang dalawang talatang ito.

Sa Mateo 15, ipinaalala sa atin ni Jesus ang hindi mapaghihiwalay na ugnayan sa pagitan ng puso at dila: "Ngunit*ang mga bagay na lumalabas sa bibig ay nagmumula sa puso.*"[547]

### Ang impluwensya ng Dila sa Pang-araw-araw na Buhay at Mga Relasyon

Si Jesus ay nagtuturo dito na *kung ano ang ating sinasabi ay iyon tayo*. Ito ay simple, ngunit napakahirap aminin para sa ilan sa atin. Kung ang ating mga salita ay galit, ito ay dahil galit pa rin tayo sa isang antas. Kung ang ating mga salita ay hindi sensitibo, ito ay dahil nananatili sa ating mga puso ang mga elemento ng kawalan ng pakiramdam. Kung ang ating mga salita ay matalas, nakakasakit, o mapagmanipula ito ay dahil nananatili sa kalooban natin ang kawalang-galang sa katauhan at kalayaan ng iba. Kung nagsasalita tayo ng mayabang o nagtatanggol, walang alinlangang may antas ng pagmamataas na natitira sa atin. Kung nagsasalita tayo ng kritikal sa iba, ito ay dahil mayroon pa rin tayong kritikal na espiritu sa ilang antas. Kung tayo ay bumubulong-bulong at nagrereklamo, ito ay dahil wala sa puso natin ang pasasalamat. Ang bunga na ating mga labi ay walang alinlangan, ang pinakawalang kapintasan na hukom ng ating pagkatao.

► Maglaan ng ilang sandali upang pagnilayan ang mga salita ni Jesus dito. Handa ka bang aminin na kung ang pagkatao ay nasusukat sa kung ano ang lumalabas sa iyong bibig ay kinakailangan mo pa rin ang biyaya ng Dios na nakakapagpabago? Handa ka bang ipaubaya ang ilang bahagi na kailangan mo ng tulong?

Binanggit ni Santiago ang tungkol sa "perpektong tao." Ang ang ibig niyang sabihin sa "perpekto"? Perpekto sa anong diwa? Perpekto sa diwa na hindi siya natitisod sa salita at samakatuwid ay may *ganap o "perpektong" kontrol* ng kanyang buong sarili. Perpekto sa diwa na naabot na niya ang antas ng pagpipigil sa sarili sa kanyang pananalita na ginawang

---

[547]Mateo 15:18, idinagdag ang pagbibigay-diin.

posible na mapigilan at mapamahalaan niya ang bawat iba pang aksyon at pagnanasa sa kanyang buhay. Ayon kay Santiago, mayroong isang tao na nakakuha ng ganoong kontrol sa kanyang dila na ang bawat iba pang bahagi ng kanyang buhay ay nasa ayos din, "Kung ang sinuman ay hindi nadadapa dahil sa Salita, siya ay isang *perpektong tao, kaya rin niyang rendahan ang buong katawan." (idinagdag ang pagbibigay-diin)*

Ang mga sumusunod na babanggitin ay makakatulong na palakasin ang kahulugan ng tekstong ito:

> "Ang kapareho ay nakakayang rendahan ang buong katawan"—iyon, ang buong tao. At hindi mapag-aalinlanganan na may ilang nakagagawa nito, at sa kalagayang ito, sila ay perpekto.[548]
>
> Ang layunin ni [Santiago] ay hindi upang ilarawan ang tao bilang ganap na walang bahid sa lahat ng kahulugan at ganap na malaya sa kasalanan... ngunit ang disenyo ay upang ipakita na kung ang isang tao ay maaaring kontrolin ang kanyang dila, siya ay may ganap na kapangyarihan sa kanyang sarili, tulad ng isang tao na may kontrol sa isang kabayo sa pamamagitan ng lubid o bilang isang kapitan na may kontrol sa isang barko kung hawak niya ang timon. Siya ay perpekto sa diwang iyon, na siya ay may ganap na kontrol sa kanyang sarili at hindi siya inaasahang magkakamali sa anumang bagay. Ang disenyo ay upang ipakita ang mahalagang posisyon na sinasaklaw ng dila, bilang namamahala sa buong pagkatao.[549]

Isipin ito nang praktikal. Hindi ba totoo na kapag ang dila ay tahimik at nakaayos, kahit na galitin ay may nakakapagpakalma, tahimik na epekto sa buong buhay? At hindi ba totoo na kapag tayo ay nagsasalita nang may paggalang at may buong pag-iisip, ang maiinit na palitan ng salita ay madalas na nagiging isang salita ng pagpapayo, at napapanatili ang pagmamahalan at pagkakaisa?

Hindi mo ba nasusumpungan na ang isang salitang sinabi sa tamang oras at malumanay ay kadalasang ginagantimpalaan ng pag-ibig at pagmamahal? O ang isang papuri o mapagmahal na pagsaway ay kadalasang ginagantimpalaan ng pangangalaga ng isang kaluluwa? Tunay na ang ating dila ang timon ng ating buhay. Kapag ito ay gumagana nang maayos, ito ay nagdadala sa iyo sa ligtas mula sa magulong tubig; ngunit kapag ito ay sira, ilalagay nito ang iyong buhay sa awa ng mga bagyong ikaw mismo ang lumikha.

Noong bata pa ako, nakarinig ako ng isang nakakatawang pabula tungkol sa isang mayabang na pagong na gustong lumipad. Isang araw nang dumaong ang isang malaking ibon sa kanyang lawa, ang pagong ay nagkaroon ng matalinong ideya. Hiniling niya sa ibon na isama siya sa paglipad. "Iyan ay imposible!" patuyang sagot ng ibon. "Hindi, iyon ay posible!" sabi ng pagong. "Ang kailangan mo lang gawin ay kumagat sa isang dulo ng patpat na ito habang kagat ko ang kabilang dulo. Pagkatapos, lumipad ka!" Sumang-ayon ang

---

548 John Wesley
549 Komento ni Albert Barnes sa Santiago 3

ibon. Naging maayos ang lahat hanggang sa tumingala ang mga tao sa lupa at nakita ang kamangha-manghang tanawing ito ng isang ibong lumilipad na may patpat sa kanyang tuka at isang pagong na nakakagat sa kabilang dulo gamit ang kanyang malalakas na panga. May sumigaw ng "Napapaisip ako kung sino ang naka-isip ng matalino, kamangha-manghang ideyang iyon!", at narinig siya ng pagong. Ibinuka niya ang kanyang bibig para magyabang, "Ako ang nakaisip...!" Siyempre, iyon, ang kanyang huling salita! Gaya ng marami sa atin, ang kanyang dila ang kanyang ikinasira.

**Ilang Praktikal na Payo para sa Pagsasanay ng Iyong Dila**

**(1) Alamin ang halaga ng mga salita at gamitin ang mga ito nang matipid**: " Ang walang-kwentang pag-uusap ay nagdudulot lamang ng kahirapan.[550]

Ang sobrang pag-uusap ay nagpapahirap sa kaluluwa gaya ng sobrang paggastos ay makakaubos ng nakalaang salapi. Natuklasan ng marami na ang sobrang pakikipag-usap ay maaaring humantong sa mental at espiritual na kahirapan, lalo na kapag ito ay walang layunin. Bahagi ng paghubog tungo sa pagiging katulad ni Kristo ay ang mas maingat na timbangin ang ating mga salita, tulad ng ginawa niya. Hindi ito kasindali ng akala natin, dahil marami sa atin ang hindi komportable sa katahimikan.

**(2) Alamin ang mapanirang potensyal ng mga salita at pagharian ang iyong espiritu**:"Magkagayun man ang dila ay isang maliit na bahagi at ipinagmamalaki nito ang mga dakilang bagay. Tingnan kung gaano kalaking kagubatan ang maaaring masunog mula sa munting apoy!"[551]

Ipinaalala sa atin ng Kawikaan, "Higit na mabuti ang tiyaga kaysa kapangyarihan, at ang pagpipigil sa sarili kaysa sa pagsakop ng mga bayan."[552] Ang mga salita ng isang isip bata ay hindi makontrol. Sa halip na maghilom, sila ay nakakasugat; sa halip na makapagpakalma, pinapaalala nila ang mga pagtatalo; sa halip na huminahon, pinapainit nila ang mga hilig hanggang sa kumulo. Dapat nating matutunan ang disiplina ng pagtigil sa bawat pag-uusap kapag sumobra na sa init ang mga emosyon.

**(3) Alamin na ang reputasyon ay nabubuo sa pamamagitan ng mga salita, at gamitin ang mga ito nang may talino**: "Maging ang mangmang ay ibinibilang na matalino kapag siya ay tumahimik; kapag itinikom niya ang kanyang mga labi, siya ay itinuturing na maunawain."[553]

Maaaring magulat ka na marami ang sinasabi ng Banal na Kasulatan tungkol sa karunungan ng isang tahimik na espiritu.[554] Ito ay magiging malabo at nakakainip na mundo kung ang lahat ay namumuhay sa pananahimik at ayaw kumibo;ngunit bilang mga Kristiyano

---

[550]Kawikaan 14:23
[551]Santiago 3:5
[552] Kawikaan 16:32
[553]Kawikaan 17:28
[554]Kawikaan 17:1; 1 Tesalonica 4:11; 1 Timoteo 2:2; 1 Pedro 3:4

kailangan nating paunlarin ang kasanayan sa pakikinig at pakikipag-ugnayan na *may atensyon* sa halip na pabaya,at walang layuning pagsasalita.

Ang atensyon ay madalas na ibinibigay sa pinakamasalita na lalaki o babae sa mga kapulungan, kahit na kakaunti ang kanilang sasabihin; ngunit pinahahalagahan ng Dios ang taong nakakaalam kung kailan dapat magsalita at kung kailan dapat tatahimik. Pinahahalagahan ng Dios ang taong nag-iisip *bago* siya magsalita.

Nakikita ng Dios ang maamo at tahimik na babae bilang pinaka-hindi-matitiis ang kagandahan at kaakit-akit. Napatunayan ng kasaysayan na ang banayad at tahimik na espiritu ng isang makadios na babae ay may kapangyarihang magpakilos sa puso ng mga hari at mga bansa.[555]

**(4) Alamin ang kapangyarihan ng salita na pumatay at magbigay buhay**:[556]"Ang kamatayan at buhay ay nasa kapangyarihan ng dila: makikinabang ng bunga nito ang dito ay nagmamahal."[557]

Ang mga bagay na sinasabi natin ay may kapangyarihang magpagaling o sumugat, magpanumbalik o mangwasak, magpasigla o sumira ng loob. Bilang isang ama, nasaksihan ko ang epekto ng mga salita at malusog na pag-asa sa aking mga anak. Isang araw, ilan kaming mga ama ang nanonood sa aming mga anak na sinusubukang umakyat sa itaas ng isang postebg bakal. Makalipas ang tatlo o apat na hindi matagumpay na pagtatangka, malapit nang sumuko ang anak kong si Timothy nang bago ko sabihin na "Hoy, huwag ka munang sumuko, anak! Naniniwala ako na magagawa mo ito kung talagang susubukan mo!" Ang epekto ng mga salitang iyon ay kamangha-mangha. Ang katotohanan na ang kanyang ama ay naniniwala sa kanya, ang aking anak ay nahimok na mas pagsikapan pa kaysa dati. Sa muli niyang pag-akyat, sa pagkakataong ito ay ginawa niya ang lahat ng kanyang makakaya. Habang umaakyat siya ay sumisigaw ako, "Tuloy lang, anak! Huwag kang susuko! Kaya mo iyon! Tuloy lang sa pag-akyat!" At nagawa nga niya!

Kumbinsido ako na kadalasan ang pagkakaiba sa pagitan ng tagumpay at kabiguan sa iglesia at sa tahanan ay isang salita ng kaaliwan at panghihikayat/pagpapalakas-loob lamang. Alalahanin kung paano natin sinabi sa mga naunang leksiyon na maging ang Dios Ama ay nagsalita ng naririnig na mga salita ng pagpapatibay sa Dios Anak sa mga kritikal na sandali sa buhay ng Dios Anak dito sa lupa.[558] Kung kailangan ni Jesus na marinig ang mga salita ng kaaliwan, gaano pa kaya tayo.

Ang ating mga salita ay kadalasang may propesiya. Kung sinasabi natin sa isang bata, "Ikaw ay isang kabiguan," mas malamang na mabigo sila. Kung sinasabi natin na, "Ikaw ay hindi kasing ganda o talentado ng iyong mga kapatid," magsisimula siyang mag-isip na pangit

---

[555] 1 Samuel 25:23-33
[556]Kawikaan 12:18; 15:1, 4
[557]Kawikaan 18:21
[558] Lucas 3:22

siya at ang kanilang pag-uugali ay magiging pangit din. Kung, sa kabilang banda, ay tututukan natin ang mga kalakasan ng ating mga anak, sa halip na ang kanilang mga kahinaan, at maghahanap tayo ng mga paraan upang palakasin ang kanilang loob, tayo ay mamamangha sa mga magiging resulta. Nakalulungkot, maraming mga bata at matatanda ang nabubuhay sa kanilang buong buhay sa pag-aakalang sila ay walang halaga at isang pagkabigo sa mga dapat na nagmamahal sa kanila nang walang pasubali; at hindi tayo dapat magtaka kapag sila ay patuloy na hindi nagtatagumpay– sa lipunan, sa akademiko, at sa espiritual.

Ang inyo bang simbahan at tahanan ay isang lugar kung saan ginagamit ang mga salita para sa pagpapatibay? Mga asawang lalaki,sinasabi ba ninyo sa iyong asawa na siya ay maganda? Ipinapahayag mo ba ang iyong pagpapahalaga sa kanyang pagmamahal at paglilingkod sa pamamagitan ng mga salita ng pasasalamat? Ang isang asawang babae na nakakarinig ng mga gayong bagay mula sa kanyang asawa ay malamang na maging mas maganda, at espiritual na tao! Gayun din para sa mga anak na babae. Mga asawang babae, inihahambing mo ba ang iyong asawa sa ibang mga lalaki, marahil sa iyong ama, at patuloy na ipinapaalala sa kanya ang kanyang mga pagkabigo; o nakatuon ka ba sa mga katangiang maaari mong ipagpasalamat? Ang mga lalaking iginagalang at hinihikayat/pinalalakas ang loob ay nagiging mas mabuting tao.

Pastor, tumutulong ka bang makabuo ng isang kapaligiran na nakapagpapatibay-loob sa iyong iglesia, o nakatuon ka lang sa mga negatibong katangian ng mga tao? Sinabi ni Pablo na habang papalapit ang panahon ng pagdating ni Kristo at papalapit na ang araw ng Panginoon, kakailanganin natin ng higit pa at higit na kaaliwan at pampatibay-loob sa loob ng katawan ni Kristo: "Na hindi pinapabayaan ang ating pagtitipon, gaya ng ugali ng ilan; kundi mangaral [*parakaleo* - aliwin] ang isa't isa: at lalo na, habang nakikita ninyong papalapit na ang araw na iyon."[559]

Dapat nating balansehin ang ating mga salita ng pagsaway sa taos-pusong mga salita ng pampatibay-loob. Napakalaking tulong para sa akin na isipin na ang aking mga salita ay tulad ng pera na palagi kong idinideposito at ginagastos. Sa tuwing hinihikayat ko ang isang tao, gumagawa ako ng maliliit na deposito sa kanilang mga puso na, pagkatapos ng maraming pagdedeposito, ay makakakuha ako ng karapatan na mag-withdraw (magtama o sawayin). Natutunan ko, sa pamamagitan ng ilang masasakit na karanasan, na ang pagtatangkang sawayin o itama ang isang tao na bihira o hindi ko kailanman napalakas ang kalooban ay lilikha lamang ng puwang sa aming relasyon na mahirap o imposible nang mapagdugtong.

**(5) Alamin na ang dila ay hindi maaaring pigilan sa pamamagitan ng sariling kakayanan lamang, kundi sa pamamagitan ng Banal na Espiritu**: **"**Pagkat ang bawat uri ng hayop at ibon, at gumagapang sa lupa at hayop sa dagat, ay kayang paamuin, at

[559] Hebreo 10:25

napaamo ng tao. Ngunit ang dila ay hindi kayang paamuin ng tao; ito ay hindi mapigilang kasamaan, puno ng nakalalasong kamandag."[560]

Mas madali para sa atin na paamuin ang isang mabangis na hayop kaysa paamuin ang ating dila nang wala ang biyaya ng Dios! Ang ating pakikipaglaban sa dila ay nagpapaalala sa atin ng ating pangangailangang malinis at mapuspos ng Banal na Espiritu. Ito ang kwento tungkol kay Isaias. Sa presensya ng Dios, ang kanyang maruming dila ang nagdulot sa kanya ng higit na pagkahiya at pananalig.[561]Habang ang batang propeta ay nagdadalamhati sa kanyang kasamaan at nalulumbay sa kawalang pag-asa, ginawa ng Dios ang bagay na tanging Dios lamang ang makagagawa: ipinadala niya ang kanyang mga serapim upang idampi sa dila ni Isaias ang isang mainit na baga mula sa banal na altar upang gawin itong malinis. "Ngayong naidampi na ito sa iyong mga labi," sabi ng seraphim, "pinatawad ka na at nilinis na ang iyong mga kasalanan."[562] Pagkatapos noon ay nakayanan nang sabihin ni Isaias na, "Narito ako, ipadala mo ako."

Palaging may direktang koneksyon sa pagitan ng kalinisan ng ating mga labi at ng ating pagiging kapaki-pakinabang sa Dios.

**(6) Alamin na ang isang disiplinadong dila ay nagdudulot ng pagmamahal sa buhay at pag-asa sa magagandang araw sa hinaharap**:"Ang mga nagnanais ng payapa at saganang pamumuhay, dila nila'y pigilan sa pagsasabi ng kasamaan. Ang anumang panlilinlang at madayang pananalita sa kanyang mga labi ay di dapat mamutawi."[563]

Ang di mapigil na dila ay magiging parang mailap, hindi mapigil na kabayo, na sinisira ang mga bakod, sinisira ang mga ari-arian, at yumuyurak sa prutas. Ang barkong walang nagmamaneho, na tinatangay ng hangin, ay magpapahamak sa lahat ng nasa kanyang landas at matatangay pahampas sa mga batuhan. At ang nag-aapoy na dila ay magsisindi ng apoy na tutupok sa kapaligiran ng iglesia at sisira sa mga taon ng pagtatanim, paglilinang, at paglago.

Karamihan sa mga pinsalang nagawa sa kaharian ng Dios ay ginawa ng mga tao na nabigong panatilihing binabantayan ang pintuan ng kanilang mga labi. Ngunit kung mamahalin natin ang buhay nang lubos at tatamasin ang lahat ng mabuti at produktibong mga araw na inilaan ng Dios para sa atin, buong determinasyon nating bantayan ang harap na pintuan nang may buong pagbabantay! Magtakda ng bantay sa umaga, gisingin siya sa tanghali, at suriin siya sa gabi! Tiyakin na sa biyaya ng Dios, ang iyong mga labi ay hindi kailanman mawawalan ng bantay.

---

[560]Santiagop 3:7-8, idinagdag ang pagbibigay-diin.
[561] Isaias 6:5
[562] Isaias 6:7
[563] 1 Pedro 3:10; Kawikaan 21:23

Magagandang araw ang nasa hinaharap ng taong nagbabantay sa harapang pintuang ito ng kanyang buhay. May mga magagandang araw na darating para sa kanyang sarili dahil sa kanyang mga salita ay nakapagtatag siya ng karangalan at nakakuha ng paggalang. May mga magagandang araw na darating para sa kanyang pamilya dahil siya ay nagsalita ng mga pananalitang nakakatulong sa pagbuo at pagpapatibay ng mga ugnayan ng pamilya. Magkakaroon ng magagandang araw sa hinaharap sa kanyang iglesia dahil binibigkas niya ang mga salita na nagpapasigla at nagpapatibay sa katawan ni Kristo. At ang dulong bunga ng kanyang mga ginagawang pag-iipon ay ang pagmamahal sa buhay–ang tunay, dalisay na kaligayahan sa regalo ng Dios.

**Isang Personal na Paglalakbay**

Tunay nga, ang dila ang timon ng ating buhay, na gumagabay sa atin patungo sa isang destinasyon o sa iba pa. Sa totoo lang, anumang paghihirap o sakit na tiniis ko sa unang bahagi ng aking buhay may-asawa at ministeryo ay kadalasang nadadaan sa walang bantay na pintuan nang aking hindi banal na dila (tingnan ang Awit 141:3). Hindi ko malilimutan ang panahon, bilang isang batang misyonero, na simulan kong mapagtanto ang koneksyon sa pagitan ng aking mga salita at ng aking puso. Sa pamamagitan ng isang dramatiko, masakit na karanasan kasama ang aking malapit na kaibigan, kung saan ay nasaktan ko siya ng sobra gamit ang mga pananalita, binuksan ng Panginoon ang aking mga mata upang makita ang aking pangangailangan para sa isang maamo, mabait na puso ni Jesus. Ako ay umiyak at nagtapat sa harap ng Panginoon habang ipinaaalala niya sa aking isipan ang ilang bahagi ng mga naganap na pangyayari kung saan ako ay nanghusga, nanakit, nagmanipula, at nagpakita ng pagwawalang-bahala para sa damdamin, kalayaan, at opinyon ng iba. Habang ayon sa biyaya ay nililinis ng Panginoon ang aking puso noong araw na iyon at binaha ang aking kaluluwa ng hindi maipaliwanag na kagalakan, alam ko na isang bagong lakbayin ang naabot ko sa aking espiritual na paglalakbay. Alam ko na lumiko na ako, at hindi ko na kailanman nais pang bumalik.

►Basahin ang Galacia 6:6-8. Ngayon, isipin ang iyong mga salita bilang maliliit na binhing itinatanim sa puso ng mga tao sa paligid mo. Kung ang bawat salita ay isang binhi na magbubunga ng mabuti o magkakaroon ng masamang bunga, anong uri ng pag-aani ang inaasahan mo sa hinaharap? Maglaan ng ilang minuto at hilingin sa Panginoon na tulungan kang suriin ang iyong mga salita. Isulat kung ano ang ipinapakita niya sa iyo. Huwag mang-atubiling pag-usapan ang iyong mga sagot sa iyong grupo.

## Mga Krtikal na Bahagi ng Personal na Disiplina: Pagpapahusay sa ating Pag-iisip Tungkol sa Buhay

Masusukat natin ang ating paglago, ang ating pagiging katulad ni Jesus, hindi lamang sa ating mga salita, kundi sa ating pag-iisip din. Tayo ay kung ano ang ating iniisip, at kung ano ang ating *ginagaya/dwell* on![564]Hindi lahat ng pag-iisip na pumapasok sa ating isipan

[564]Kawikaan 23:7

ay nagpapahayag kung sino tayo; ngunit ang bawat pag-iisip na pinipili nating gayahin, at bawat pag-iisip na pinahihintulutan nating kontrolin tayo. Gaya ng sinabi ni Martin Luther, "hindi mo mapipigil ang paglipad ng mga ibon sa ibabaw ng iyong ulo, ngunit maaari mong pigilan sila sa paggawa ng pugad sa iyong buhok."

**Ang Impluwensya ng Ating Pag-iisip patungkol sa Pang-araw-araw na Buhay at Mga Relasyon**

Tandang-tanda ko pa ang mga araw bilang isang kabataang misyonero nang magsalita ang Panginoon sa aking puso at sinabing, "Anak, ikaw ay isang taong magagalitin." Nahaharap ako sa ilang mga pagkalito sa kultura, gayundin sa mga problema sa ministeryo, at natagpuan ko ang aking sarili na nagtuturo at nanguna na may pagka-irita sa halip na pag-ibig. Isang umaga sa aking pag-aaral ng Banal na Kasulatan, nabasa ko ang mga salitang iyon, "Sapagkat kung ano ang iniisip niya sa kanyang puso, gayon din siya." Sa mga salitang ito ay tinusok ng Banal na Espiritu ang aking puso. Ngunit nangatwiran ako, "Panginoon, hindi ako isang taong magagalitan; Ako ay isang misyonero!" Sa palagay ko narinig ko ang sinabi ng Panginoon bilang ganti, "Kung gayon, anak ko, ikaw ay isang magagaliting misyonero!" natawa ako ng malakas!Hindi niya ako hinayaang magtago sa likod ng anumang titulo o posisyon. Ang pagtatapat ay nagdudulot ng paglilinis at kalayaan.

Natutukso ka bang magkimkim ng galit, naghihinanakit na pag-iisip sa ibang tao? Nababalot ka ba ng pagkabalisa at takot? Nakikipagbuno ka ba minsan sa mga lihim na pag-iisip na mapanira sa sarili? May mga mahalay na pag-isip ka ba na nagdudulot sa iyo ng pagkatalo? May pag-asa, ngunit hindi ito magiging madali! Mahigit dalawang taon na ang nakalilipas ay itinuro ni John Wesley, "Ang kaluluwa at katawan ang bumubuo sa isang tao; ngunit ang Banal na Espiritu ang bumubuo ng isang Kristiyano." Ang tagumpay laban sa mahalay, negatibo, mapanira sa sarili na mga kaisipan ay posibleng mangyari sa pamamagitan ng biyaya, sa pamamagitan ng personal na disiplina. Maaari mong baguhin ang paraan mo ng pag-iisip.

Ang isang matagumpay na pag-iisip sa buhay ay mahalaga dahil ito ang iniisip nating magiging tayo. "Kung mag-iisip tayo ng positibo, nakapagpapasigla, malinis,nakapagpapalusog na mga pag-iisip, sa kalaunan tayo ay magiging positibo, masigla, malinis mag-isip, malusog na tao. Kung mag-iisip tayo ng mga malungkot, negatibo, pag-iisip tungkol sa pagkakasakit, tayo ay magiging malungkot, negatibo, at pangit, sakiting tao.... Ang mga pag-iisip ay humahantong sa mga aksyon."[565]

Pagdating naman sa ating mga pag-iisip sa buhay, ang isa sa mga pinakamalaking laban na kinahaharap ng maraming tao ay ang laban sa pagnanasa. "Ang pagnanasa ay sadyang naninirahan sa makasalanan, senswal na mga kaisipan. Ito ang mga mabangis na kabayo ng ating kaisipan na dapat masubaybayan, mahuli, at maging masunurin kay Kristo."[566]

---

[565] Keith Drury, *Soul Shaper* (Indianapolis: Wesleyan Publishing House, 2013), 167-168
[566] Ibid, 165

Hindi sila inosente, ngunit ang mga ito ay nakakahumaling at nakakasira.[567]Paano natin sila mahuhuli?

**Mga Praktikal na Disiplina para sa Dalisay na Pag-iisip sa Buhay**

(Ang mga alituntuning ito ay makakatulong sa atin na makamit ang tagumpay laban sa hindi totoo, negatibo, kritikal, at mga kaisipang nakakasira sa sarili.)

**(1) Maging alisto**:"Bantayang mabuti ang iyong sarili."[568]

Alamin kung kailan pinakamalakas ang tukso; alamin kung kailan ka pinakamadaling matukso o bumuo ng mga pananggalang sa iyong buhay. Noong ako ay batang pastor pa, naaalala kong nagbasa ako ng *Lectures to My Students*, na sinulat ni Charles Spurgeon. Sa isang kabanata, "Fainting Fits," itinuro niya sa mga espiritual na tagapanguna na mag-ingat sa mga tukso na kasunod ng mga panahon ng tagumpay, pagkapagod, o sigalot sa ministeryo. Ito ay isang matibay na payo para sa akin. Ang ilang mga programa ay gumagamit ng acronym na H.A.L.T.[569]upang matulungan ang mga gumagaling na manatiling alerto sa tukso.

**H –** Hungry(gutom)

**A –** Angry(galit)

**L –** Lonely(malungkot)

**T –** Tired(pagod)

Tayo ay pinakamahina kapag tayo ay nagugutom sa pagmamahal o nagugutom sa pagkain; kapag nadama natin na tayo ay hindi makatarungang tinatrato; kapag pakiramdam natin ay nag-iisa tayo at malayo sa iba; at kapag tayo ay pagod na sa pag-iisip, espiritual, at pisikal. Gustong-gusto ni Satanas na samantalahin tayo sa ating mga pinakamahinang sandali.TIGIL! Tumigil muna. Maglagay ng bantay. Lumapit sa Dios, at mag-ingat sa mga taktika ni Satanas. "Maging handa kayo at magbantay; dahil ang diyablo na inyong kaaway ay parang leong umaatungal, aali-aligid at naghahanap ng malalapa."[570]

**(2) Matutong tanggihan ang mga kasinungalingan at palitan ang mga ito ng katotohanan**: "Dahil nahayag ang biyaya ng Dios, nagdala ng kaligtasan sa lahat ng tao, sinasanay tayong tumanggi (sabihin ang "Hindi") sa kawalang kabanalan at sa makamundong mga pagnanasa, at mamuhay sa matuwid, may pagpipigl sa sarili at may kabanalan sa kasalukuyang panahon."[571]

---

567 Ibid, 164-165
568 1 Timoteo 4:16, *English Standard Version*
569 "HALT: The Dangers of Hunger, Anger, Loneliness, and Tiredness." Accessed at https://bradfordhealth.com/halt-hunger-anger-loneliness-tiredness/ September 12, 2020.
570 1 Pedro 5:8
571 Titus 2:11-12, *English Standard Version*

Ang biyaya ay nagtuturo sa atin na magpigil sa sarili. Walang Kristiyano ang makakapagsabi, "Wala akong kontrol sa aking mga iniisip." Ang nakapagliligtas na biyaya ng Dios na kumikilos sa loob ng ating mga puso, sa pamamagitan ng nananahan na Banal na Espiritu, ay nagbibigay-daan sa bawat Kristiyano na talikuran ang "kasamaan at makamundong pagnanasa." Ang Banal na Espiritu sa atin ay ang Espiritu ng pagpipigil sa sarili.[572] Sa awa ng Dios, hindi tayo kailangang sumuko. Maniwala ka rito. Umasa sa sa bawat sandaling ito. Pagsanayang ihinto ang mga mapanghimasok na kaisipan at palitan ang mga ito ng totoong kaisipan.[573]

Alamin kung ano ang pumupukaw ng makalamang pag-iisip. Alamin kung ano ang nagdudulot sa *iyo* ng problema. Tanggalin mo iyan sa buhay mo. Patayin mo iyon! Kung ito ay masyadong malaking bagay para sa iyo, kung gayon ay huwag mo lamang itong tingnan na ako lamang ang nagsabi; tingnan mo na ito'y mula kay Jesus. Sa konteksto ng mahalay na pag-iisip, sinabi niya: "kung ang iyong kanang mata ay nagiging sanhi ng iyong pagkakasala, dukutin mo ito at itapon; mabuti pang mawalan ka ng isang bahagi ng iyong katawan kaysa ang buo mong katawan ang itapon sa impiyerno."[574]

Ganyan ka ba kaalab patungkol sa kabanalan? Handa ka bang gumawa ng masakit, hindi komportableng mga sakripisyo upang mabantayan ang iyong isip at ang iyong pagmamahal sa Dios? Si Dr. Michael Avery, na naging matagal na presidente sa isang Bible college, ay nagkwento tungkol sa isang kabataang lalaki na pumunta sa kanyang opisina upang magpahayag ng kasalanan. Siya ay bumibisita sa mga pornograpikong website, ngunit sinabi niyang labis siyang nagsisisi at nais niyang patawarin siya ni Presidente Avery at panagutin siya sa pagiging dalisay. Siya ay *tila* taos pusong nagsisisi.Pagkaraan ng ilang linggo ay dumating muli sa opisina ang parehong binata na may parehong pagtatapat; at makalipas ang ilang linggo, ganoon ulit. Sa wakas, tiningnan ni President Avery ang binata sa mga mata at sinubukan siya. "Sa tingin ko gusto mo ng kadalisayan, ngunit hindi ako sigurado. Handa ka bang gumawa ng pangako ngayon na kung ang iyong computer ay magiging sanhi ng iyong muling pagkakasala, ay ipapamigay mo ito, o ibebenta ko ito, o dudurugin ito gamit ang martilyo?" Sinabi ng binata na hindi niya maaaring gawin iyon. Sobra-sobrang sakripisyo iyon. Sinabii niya na kailangan niya ang computer para sa paaralan. "Kung gayon ay hindi ka pa tunay na seryoso patungkol sa kadalisayan!" tugon ni Presidente Avery.

Ang mga hindi handang magtayo ng mga pananggalang at mag-alis sa kanilang sarili ng ilang kaginhawahan para sa kanilang paghahangad ng espiritual na kagalakan ay hindi talaga nagnanais ng kadalisayan. Nagpatotoo si Job, "Nakipagtipan ako sa aking mga mata; bakit ako titingin sa isang dalaga?" Ito ay isang patotoo ng *pagpapasya* na humahantong sa tagumpay.

---

[572] Galacia 5:23
[573]Filipos 4:8
[574] Mateo 5:28-29

**(3) Layuan ang pagnanasa at hanapin ang tunay na kagalakan**:"Talikuran na ninyo ang mga pagnanasa ng laman."[575]

Ang pagnanasa ay parang isang gutom na leon. Huwag mo itong hayaang makapasok sa pinto ng iyong isipan. Kapag binuksan mo ang pinto ng iyong isip, ang leon (pagnanasa) ay lalamunin ka hanggang sa panandaliang mabusog ito; at hinding hindi niya nanaising umalis pa. Sinasabi ni Pablo kay Timoteo na kung talagang nais niyang maging banal, dapat siyang tumakas papalayo mula sa mga pagnanasa. Hindi niya dapat pangatwiranan, ituring na tama, o isaalang-alang ang pagbibigay kasiyahan sa kanyang sarili sa pamamaraang ipinagbabawal ng Dios.

Kung nais mong maging banal, huwag manood ng mga programa sa telebisyon, magbasa ng mga libro, o bumisita sa mga internet site na nagdudulot ng tukso. Tumakas mula sa mga lugar at mga taong kilala mo na makakaakit sa iyong pagnanasa. Huwag mong buksan ang pinto para sa tukso kahit gaano mo kanais na mag-usisa kung ano ang nasa kabilang panig. Kung gusto mong magtagumpay, dapat mong gawin ang ginawa ni Jose at tumakas palayo mula sa nais ng nanunukso. Gawin mo itong kasanayan!

**(4) Sa Dios mo hanapin ang kagalakan**: "sa halip ay pagsikapan mong maging matuwid, matapat, mapagmahal at mapayapa, kasama ng mga taong may malinis na pusong tumatawag sa Panginoon."[576]

Ang pinakamabuting paraan na natagpuan ko upang mawala ang aking panlasa sa mga bagay na wala sa ayos para sa akin ay ang tikman ang napakalaking kagalakan at kasiyahan sa mga bagay na makalangit, at pangwalang hanggan. Ang isang sandali sa presensya ng Dios ay ginagawang di kaakit-akit ang makasalanang kasiyahan kapag itoy inihambing. Ang pagtakas sa pagnanasa nang hindi hinahangad ang kabanalan ay hindi makapaglalayo sa pagnanasa nang pangmatagalan. Ang mga matagumpay na lalaki at babae ay ang mga nasa mainit na paghahangad ng kabanalan–pinupuno ang kanilang mga puso at isipan ng mga bagay na magpapatibay sa kanilang paglakad kasama ng Dios at mas lumaki ang kanilang kasiyahan sa Dios! Nasisiyahan sila sa pakikipag-ugnayan sa Dios, nililinang ang isang malusog na kaugnayan, nagbabasa ng magagandang aklat, bumuo at gumamit ng mga talentong ibinigay ng Dios, at makibahagi sa pagpapalaganap ng kaharian ng Dios. Hindi nila pinahihintulutan ang kanilang mga isip na walang ginagawa. Alam nila na ang isang isipang walang ginagawa ay ang palaruan ng diyablo!

**(5) Bihagin ang bawat kaisipan sa Salita ng Dios:** "Dahil ang mga sandata sa ating pakikipaglaban ay hindi sa laman kundi iyong may banal na kapangyarihan upang wasakin ang mga tanggulan. Winawasak natin ang mga pangangatwiran at bawat mataas na opinyon

---

[575] 1 Pedro 2:11
[576] 2 Timoteo 2:22

na ibinibigay laban sa kaalaman sa Dios at hinuhuli ang bawat kaisipan upang sumunod kay Cristo."[577]

Ang susi sa tagumpay ay gawing alipin ng Salita ng Dios ang bawat pag-iisip. Sa madaling salita, suriin ang bawat kaisipan laban sa katotohanan ng banal na kasulatan. Si Stephen Arterburn at Fred Stoeker ay nagsulat ng isang serye ng mga libro upang matulungan ang mga kalalakihan na madaig ang mga tuksong sekswal. Ang isa sa mga praktikal na bagay na itinuturo nila sa mga lalaki at ang pag-aralan ang disiplina ng "pagpapatalbog ng mata/ bouncing the eyes." Sa madaling salita, isagawa ang disiplina ng mabilis na pag-iwas ng tingin mula sa "ipinagbabawal na prutas."[578] Ito ay maaaring maging makapangyarihan, disiplinang nakakapagpabago ng buhay. Ngunit sinasabi rin nila na ang disiplina ng pagtalbog ng mata ay hindi magiging kumpleto kung walang pagsasanay ng pag-iisip sa patuloy na pagpapatotoo sa mga katotohanan sa Biblia:

- "Wala akong sariling karapatan."
- "Ako ay binili sa isang halaga."
- "Ako ay alipin ng pagmamahal ng Dios."

Isinulat ni Fred Stoeker,

> Upang tuluyang makalaya mula sa pagkakabilanggo, hindi ka maaaring huminto sa pamamagitan lamang ng pagtalbog ng iyong mga mata... kailangan mong humakbang ng isa pang hakbang palabas sa ikalawang pinto, na kung saan ay babaguhin ka ng Salita ng Dios upang mag-isip tulad ni Jesus….
>
> Paano mag-isip si Jesus? Katulad ng lingkod na walang karapatan. Mahal niya ang katuwiran at kinapopootan ang kasamaan (tingnan ang Hebreos 1:9) alang-alang sa kanyang Ama; at pinili niyang talikuran ang kanyang mga karapatan upang maging isang lingkod na maaaring magbayad para sa ating katubusan alang-alang sa Ama.
>
> At tayo ngayon ay tinubos na, dapat tayong mag-isip tulad ni Jesus. Hindi na natin pag-aari ang sarili natin. Wala na tayong sariling karapatan nang hiwalay sa kanya .... "Takasan ninyo ang mga sekswal na imoralidad.... Hindi na ninyo pag-aari ang inyong katawan; sapagkat binili na kayo sa isang halaga. Kaya't gamitin ninyo ang inyong katawan upang maparangalan ang Dios" (1 Corinto 6:18-20).
>
> Sa panahon ng aking pakikipaglaban para sa sekswal na kadalisayan, Ako (si Fred) ay pinadalisay ang talatang ito hanggang sa kaibuturan ng aking laman, na kalaunan ay nagpabago ng lubusan sa aking isipan:
>
> WALA KANG KARAPATAN NA TINGNAN O PAG-ISIPAN IYAN; WALA KANG AWTORIDAD.

---

[577] 2 Corinto 10:4-5, *English Standard Version*
[578] Genesis 2:17

> Kapag ang iyong isipan ay tunay na nabago upang mag-isip ng ganito, mararanasan mo ang tinatawag nating *kamatayan ng tukso*.[579]

Kung nais mo ng isang dalisay nabuhay sa pag-iisip, hulihin mo ang bawat hindi naaayong kaisipan tungkol sa Dios, sa kasalanan,sa iyong sarili, at sa ibang tao na hindi masunurin sa Salita ng Dios. Pagnilayan ang Banal na Kasulatan araw at gabi.[580] Hayaan itong ituro sa iyo kung sino ka kay Kristo, at kung kanino ka kabilang. Kapag mas napupuspos ka ng Banal na Kasulatan, mas mag-iisip ka ng tama tungkol sa sekswalidad. Marahil ay dumanas ka ng pang-aabuso. Marahil nakikipaglaban ka sa pagkaakit sa parehong kasarian kahit na ikaw ay isang Kristiyano, na hindi ikinagugulat ng karamihan sa panahon ngayon. Ibabad mo ang iyong sarili sa Salita ng Dios at ipasakop ang bawat pag-iisip dito.

Kalalakihan, ugaliing isipin ang iba, hindi bilang mga bagay na gagamitin para sa pantasya o kasiyahan sa sarili, kundi bilang mga taong ginawa ayon sa larawan ng Dios, bilang minamahal at inalagaan ng Dios, na pinahahalagahan ng Dios kaya ipinadala niya ang kanyang kaisa-isang Anak upang mamatay para sa kanila.Sa pamamagitan ng Banal na Espiritu, sanayin ang iyong sarili na isipin ang mga lalaki at babae bilang mga taong may walang hanggang kahalagahan na nararapat sa dignidad at paggalang. Itinuro ni Pablo kay Timoteo na ituring ang mga "kabataang babae bilang mga kapatid, nang buong kadalisayan."[581] Sanayin ang iyong sarili na mag-isip sa ganitong paraan, sa pamamagitan ng biyaya ng Dios, at makakaranas ka ng pagbabago.

**(6) Magsanay ng pagtatapat at pagkakaroon ng pananagutan**: "Ipahayag ninyo ang inyong mga kasalanan sa isa't isa at ipanalangin ang isa't-isa, upang kayo ay gumaling. Malaki ang naidudulot ng mabisa at taimtim na panalangin ng isang taong matuwid."[582]

Kung ikaw ay nahihirapan sa iyong buhay sa kaisipan/thought life, ako ay makapagpapatotoo na may kapangyarihang nakapagpapagaling sa mapagpakumbabang pagkilos ng pagtatapat. Tulad ng itinuro natin sa leksiyon tungkol sa pagsisisi, angpagmamataas ang pinakamalaking hadlang sa pagtanggap ng biyaya. Ngunit tumutugon ang Dios sa ating pagsisisi at sirang puso. Ito ang aking kwento.

Halos dalawampung taon na ang nakararaan, nang ang aming anak na si Jesse (na apat na taong gulang palamang noon) ay nagdurusa mula sa sakit na cancer (sa kanyang mata), nagpasiya akong mag-ayuno ng pitong araw. Nag-aalala kami ng aking asawa, na si Becky, na baka napipigilan ng aming kawalan ng pananampalataya ang kagalingang nagmumula sa Dios para sa aming munting anak. Ipinahiwatig ito ng ilang mabuting Kristiyanong kaibigan. Ang aming mga puso ay nasaktan. Sobra kaming nababagabag. Alam namin na ang tanging sagot ay ang Dios at ang kanyang Salita. Hahanapin namin siya. Hahanapin namin ang kanyang kalooban hanggang sa makatagpo ng kapahingahan ang aming mga

---

[579] Stephen Arterburn & Fred Stoeker, *Every Man's Challenge* (Colorado Springs: Waterbrook Press, 2004), 53-54
[580]Awit 1:2
[581] 1 Timoteo 5:2
[582] Santiago 5:17

puso. Sa panahon ng pag-aayunong ito, nakipagtagpo ang Panginoon sa akin (at sa aking asawang si Becky rin) sa napakagandang paraan. Tiniyak niya sa amin ang pangangalaga niya kay Jesse at sa aming pamilya. At, binigyan niya kami ng ganap na kapahingahan sa kanyang kalooban.

Ngunit sa panahon ng pag-aayunong ito, pinalaya ako ng Dios sa ibang paraan na hindi ko inaasahan.Sa ika-anim na gabi habang nagbabasa ako ng kwento mula sa Biblia sa aking mga anak, ang Banal na Espiritu ay nagsalita nang malinaw sa aking puso na tila ito'y narinig ko. Ang kanyang tinig ay dumating bilang isang makapangyarihan at ganap na hindi inaasahang pag-iisip–hindi lamang isang pag-iisip, ngunit isang paanyaya ng kalayaan: *Kung ikaw ay magtatapat... na siyang nagpapahirap sa iyo sa mga pagkakataon sa iyong buhay Kristiyano, palalayain kita*. Alam ko na agad kung sino ang kailangan kong kausapin upang magtapat. Natigilan ako at, sa ilang sandali, ako'y natakot. Sa aking isipan, *Hindi ko kayang pag-usapan ang tungkol doon*. Yun ay sobrang nakakahiya! Ngunit sa mga sumunod na sandali, natagpuan ko ang aking puso na nagsasabi ng oo! Ang boses na ito ay dumating na may gayong pagmamahal, at gusto kong maging malaya.

Kinabukasan ay naupo ako kasama ang aking pinagkakatiwalaang kaibigan at simpleng ipinagtapat ang lahat ng aking itinatago sa kaibuturan ng aking puso kung saan walang sinuman ang nakakaalam at nakakakita nito kundi ako at ang Dios lamang. Hindi ako nabubuhay sa kasalanan; ngunit dahil hindi ko kailanman binuksan ang aking puso at inihayag ang aking kabiguan, hindi ito tuluyang nawalan ng kakayahang gapusin ako. Paminsan-minsan ay nahuhulog ako sa pagkakasala. Ang sandali ng pagtatapat ay ang sandali na nagsimula ang proseso ng pagpapagaling at kalayaan para sa akin. Mula sa sandaling ito, ang pagtatapat at pananagutan ay naging isang ugali na ginamit ng Panginoon upang ipagpatuloy ang kanyang proseso ng pagbabago sa akin. Ang isang bagay na natutunan ko ay nawawalan ng kapangyarihan ang tukso na hawakan tayo kapag ito ay patuloy nating inilalagay sa liwanag.

Kung nahihirapan ka sa iyong buhay sa isipan/thought life, kung nakikipagbaka ka sa mahalay na pag-iisip o iba pang uri ng karumihan, hinahamon kita na humanap ng kaibigan o tagapagturo na puspos ng Banal na Espiritu; ibahagi ang iyong pangangailangan; at hayaan silang ipanalangin ka. At gawing regular ang pananagutan sa iyong sarili. May kapangyarihan sa pagsasagawa ng pagtatapat at pananagutan. Gayun din, huwag kalimutan ang iba pang mga payo. Kailangan mo pa ring maging mapagbantay, kailangan mo pa ring tumakas, kailangan mo pa ring sabihin na "Hindi!" kailangan pa ring ituloy ang pagsasanay tungo sa kabalanan at kailangan pa ring ipasakop ang bawat pag-iisip.

► Tanungin ang dalawa o tatlong tao sa iyong grupo na pag-usapan kung aling mga praktikal na disiplina para sa isang malinis na pag-iisip sa buhay ang higit na nakakaapekto sa kanila. At bakit?

Huling paalala mula kay Keith Drury:

Hindi mo lubos na magagapi [ang pagnanasa]sa pamamagitang ng pagsusumikap, bagama't kailangan mong magsumikap. Hinding-hindi mo matatalo ang nakakapit na ugaling ito sa pamamagitan ng pagtratrabaho, bagama't kailangan mong magtrabaho. Si Jesus lamang ang makakagapos sa masamang espiritung ito ng pag-iisip. Ang Anak ng Dios lamang ang makapagpapalayas sa mga magnanakaw na ito mula sa templo ng iyong puso. Maaari kang iligtas ng Dios. At gagawin niya iyon kung hahayaan mo siya.[583]

## Leksiyon 11 Mga Takdang Aralin

(1) Kumuha ng pagsusulit batay sa materyal mula sa leksiyong ito.

(2) Maglaan ng hindi bababa sa tatlumpung minuto sa linggong ito sa pagbabalik-aral sa leksiyong ito, kabilang ang mga sanggunian ng Banal na Kasulatan, at humingi ng pang-unawa mula sa Banal na Espiritu.

(3) Itala sa iyong journal ang anumang particular na pagbabago na dapat gawin sa iyong buhay, na inihayag sa iyo ng Panginoon.

(4) Pagnilayan ang kahit isang Awit sa iyong pang-araw-araw na oras sa pag-aaral ng Banal na Kasulatan at itala sa iyong journal kung ano ang sinasabi ng sumulat ng Awit tungkol sa kalikasan at katangian ng Dios.

(5) Itala sa iyong journal ang isang personal na panalangin para sa espirituwal na pagbabago at pag-unlad batay sa leksiyong ito.

(6) Magsanay sa paggamit ng *Pang-araw-araw na gabay sa Pananalangin* ni Dr. Brown sa iyong pribadong pananalangin.

---

[583] Keith Drury, *Soul Shaper* (Indianapolis: Wesleyan Publishing House, 2013), 173

**Leksiyon 11 Pagsusulit**

(1) Ano ang kahulugan ng personal na disiplina na tinukoy sa leksiyong ito?

(2) Ano ang dalawang dahilan kung bakit mahalaga ang personal na disiplina para sa Kristiyano?

(3) Ano ang dalawang personal na disiplina na tinukoy sa Leksiyon 11?

(4) Sino ang "perpektong tao" ayon kay Santiago?

(5) Magbigay ng tatlong praktikal na payo para sa pagkontrol ng dila, na may mga sanggunian.

(6) Magbigay ng apat na praktikal na mungkahi para sa isang dalisay na pag-iisip sa buhay.

# Leksiyon 12
# Personal na Disciplina
# Gana, Oras, Pag-uugali, at Personal na Paninindigan

## Leksiyon 11 Pagbabalik-aral

Paalala sa lider ng klase: Magbalik-aral sa mga bahagi ng personal na disiplina na natutunan sa Leksiyon 11. Tanungin sa mga mag-aaral kung sino ang handang magbahagi ng kanilang mga personal na panalangin mula sa Leksiyon 11.

## Mga Layunin ng Leksiyon

Sa pagtatapos ng leksiyong ito, ang mag-aaral ay dapat na:

(1) Maunawaan ang kahalagahan ng personal na disiplina upang mahubog sa pagiging katulad ni Kristo.

(2) Magkaroon ng mas praktikal na pagkaunawa kung paano sanayin ang kanyang gana, oras, pag-uugali, at kung paano isasagawa ang mga disiplinang ito.

(3) Matutunan ang kahalagahan ng pagkakaroon ng personal na paninindigan.

## Mga Larawan sa Buhay

### Isang Pastor

Habang nagtratrabaho para sa kursong ito, nasisiyahan ako sa pakikipag-ugnayan sa isang matandang pastor na aking kaibigan. Sa aming pag-uusap, ipinagtapat niya na ang kanyang pinakamalaking pakikibaka sa buong buhay niya at sa ministeryo ay ang katamaran. “Natutukso akong matulog ng sobra at manalangin ng kakaunti!” ang sabi niya. Kapag nasisiran ako ng loob o naiinip, sa halip na manalangin o mag-aral, umiidlip ako nang matagal, higit pa sa kinakailangan.” Mabuting balita na kahit magkaganoon ang aking kaibigan ay magiliw pa rin siya at tila nakatuon na hayaan ang Panginoon na baguhin siya. Isang gabi, pagkatapos ng aming pag-uusap, nakipag-usap siya sa kanyang kongregasyon tungkol sa kanyang intensiyon na maging isang taong mapanalanginin. Napagtanto niya na ang pagsunod niya sa kanyang mga pangako ay hindi magiging madali ngunit mangangailangan ng personal na disiplina na gagamiting paraan ng Banal na Espritu upang makakilos.

**Isang Ina**

Noong minsan ay may isang kabataang ina na sinubukan naming idisipulo dahil mayroong hindi maayos na espiritual na buhay. Siya ay may taos-pusong pagkagutom sa Dios, ngunit ang kanyang kawalan ng personal na disiplina ay nagdudulot ng kalungkutan sa kanyang sarili at sa kanyang pamilya. Ang mga labahin ay natatambak, at napupuno ng maruruming pinggan ang lababo at natatakpan ang buong banggera bago niya ito hugasan. Ang kanyang pag-aaral ng Salita ng Dios ay hindi palaging nagagawa. Siya ay hindi malusog dahil sa hindi magandang gawi sa pagkain at kakulangan sa ehersisyo. Ang kanyang asawa at mga anak ay hindi naaalagaan. Inaamin niya na ang kanyang kakulangan ng disiplina sa sarili ay naging sanhi ng hindi kasiya-siyang buhay espiritual. Pagkaraan ng mga taon ng pakikibaka, sa wakas ay naging seyoso siya sa personal na disiplina, at ang kanyang kwento ay nagsimulang magbago.

**Ang Malaking Ideya**

Ang paglago tungo sa pagiging katulad ni Kristo ay hindi maihihiwalay sa pansariling disiplina. Sa leksiyong ito at sa huling leksiyon, tinatalakay natin ang mga bahagi kung saan ang personal na pagsasanay o disiplina ay mahalaga sa paghubog ng espitual na buhay:

1. Ang pananalita
2. Pag-iisip sa buhay, kabilang ang mga sekswal na pagnanasa
3. Gana
4. Pag-uugali
5. Oras
6. Personal na panininindigan

Natalakay na natin ang unang dalawa sa mga personal na disiplinang ito. Sa leksiyong ito, pag-uusapan natin ang huling apat na aspeto.

Ang tagumpay sa buhay Kristiyano – na nagtataglay ng pagiging katulad ni Kristo Jesus – ay direktang nauugnay sa kung gaano tayo kaepektibo sa "pagiging bihasa sa ating sarili." Ang personal na disiplina ay nagpapataas ng ating kaligayahan sa Dios gayundin sa ating kakayahang luwalhatiin ang Dios at isulong ang kanyang ebanghelyo. Ang buhay ni David ay naglalarawan nito.

Bilang isang batang pastol, si David ay dalubhasa sa alpa, tirador, at tula. Ang maliliit na kadalubhasaang ito ay nagbukas ng mga pinto para sa mas malaking impluwensya at nagbigay ng mga pagkakataong lampas sa kanyang imahinasyon. Ang alpa ang nagdala sa kanya sa harapan ng hari; ang tirador ang nagpanalo sa kanya ng karangalan, at kalaunan ay isang kaharian; at sa pamamagitan ng kanyang mga tula, siya ay patuloy na nagbibigay lakas ng loob, nang-iimpluwensya, at tinutulungang hubugin ang debosyonal na buhay ng milyon-milyong tao bawat araw.

Marahil ay natutukso kang isipin na ang maliliit na bagay ay hindi talaga mahalaga, ngunit ang mga ito ay mahalaga.  Ang katapatan sa maliliit na bagay ay mahalaga. Hinamon ni Amy Carmichael ang kanyang mga mambabasa, "Ang lahat ay mahalaga, kahit ang pinakamaliit na bagay. Kung gagawin mo ang lahat, malaki man o maliit, alang-alang sa Panginoon, ay magiging handa ka sa anumang gawaing pipiliin niya para sa iyo na gagawain sa susunod."

## Panimula

Ang personal na disiplina ay hindi kasingdali ng nais natin! Isang araw, dinidisiplina ng aking asawang si Becky ang isa sa aming mga anak na babae, si Carrie, dahil sa pagkagalit nito sa kanyang kapatid. Si Carrie ay tatlo o apat na taong gulang pa lamang noon. "Kailangan mo talagang hilingin sa Panginoon na tulungan kang magkaroon ng pagpipigil sa sarili," sabi ni Becky. Nagtago si Carrie sa kanyang silid at muling nagpakita pagkaraan ng ilang minuto na may malaking ngiti sa kanyang mukha! "Bakit ka nakangiti, honey? Bakit ka masayang masaya?" tanong ng kanyang mommy. "Dahil ipinanalangin ko ang pagkakaroon ng pagpipigil sa sarili!" tugon niya. Katulad ng maraming Kristiyano, naisip ni Carrie na ang pagpipigil sa sarili ay isang bagay na kaagad na ibibigay sa kanya ng Dios; ngunit bilang ama ni Carrie, naobserbahan ko mula noon na hindi niya iyon ginawa!

► Nakikita mo ba ang posibilidad sa loob ng iglesia na humanap ng agarang paglago sa mga bahagi ng buhay na nangangailangan ng mga taon ng personal na disiplina?

## Ang mga Disiplinadong Kristiyano ang Pinakamasaya

Mayroong ideya na ang mga taong disiplinado ay seryoso at walang saya. Depende ito sa kung paano natin ito tinitingnan. Kapag nagsasanay ang mga atleta sa Olympic para sa kanilang sports, tiyak na tinitiis nila ang kanilang nararamdamang sakit; ngunit ginagawa nila ito para sa kagalakan ng kompetisyon at sa pagkakataong magsuot ng gintong medalya. Kapag ang isang magsasaka ay naglilinang ng lupa at itinatanim ang mga buto, tinitiis niya ang pagod ng katawan; ngunit ginagawa niya ito para sa kagalakan ng pag-ani: "Silang mga nagsihayong dala'y binhi't nananangis, ay may awit na may galak, dala'y ani pagbalik."[584] At kapag dinidisiplina ng mga Kristiyano ang kanilang sarili sa buhay espiritual at personal, ginagawa nila ito dahil ito'y humahantong sa isang buhay na lumalago kasama ang Dios. Hindi natin dapat kaawaan ang isang dinidisiplinang lalaki o babae. Sa awa ng Dios, naisusulit nila ang buhay.

## Mga Kritikal na Bahagi ng Personal na Disiplina: Pagiging dalubhasa sa ating mga Gana

Walang pagdududa, ang gana ay isa sa pinakamahirap sa lahat ng aspeto ng personal na disiplina; lalo na pagdating sa pagkain. Ang pagkain ay ipinagkaloob ng Dios hindi lamang

[584]Awit 126:6

upang mapanatili tayong buhay, kundi para sa ating personal na kasiyahan. Ngunit, hindi ito ibinigay upang maging kasiyahan para pamalit sa kanya. Hindi ito ibinigay upang magbigay ng tunay na kaginhawahan at kasiyahan. Hindi mahalaga kung nakatira ka sa isang mahirap na bansa o mas maunlad na bansa, ang pagsasanay sa iyong gana ay mahalaga sa espiritual na pag-unlad.

Sa Kanluran, ginagawang normal ng ilang Kristiyano ang espiritu ng katakawan at pagpapalayaw sa sarili. Patuloy tayong bumibili ng mga bagong pares ng sapatos kahit na mayroon tayong isang dosenang pares sa ating aparador! Namumuhay tayo nang higit sa ating kailangan at nababaon sa utang. Pinipili natin ang "all you can eat" na mga kainan para sobrang mabusog ang ating sarili. Ngunit malinaw na sinasabi ng Banal na Kasulatan, "at ang bawat isa na nakikipagkumpitensya para sa gantimpala ay magpipigil sa *lahat* ng bagay."[585]

**Bakit Mahalaga para sa Paghubog ng Ating Espiritual na Buhay ang Pagiging Dalubhasa sa Ating Gana**

**(1) Ang ating gana ang nagtatakda kung ano ang direksyon ng ating buhay**: "Sapagkat kung saan naroroon ang iyong kayamanan, naroroon din ang iyong puso."[586]

Itinuro ni Jesus na lagi nating hinahanap ang mga bagay na ating hinahangad – ito man ay ang nais ng ating sikmura, ang marubdob na pagnanais para sa pagtatalik, ari-arian, o kapangyarihan, o ang pananabik ng ating puso sa Dios. Ang ating mga puso ay nahuhubog ng mga bagay na pinili nating pahalagahan. Kung ikaw ay isang lalaki o babae na may posibilidad na magpakalabis, dapat mong malaman na ito ay humahadlang sa iyong espiritual na pag-unlad.

Sinasabi ng Kawikaan, "At kung ikaw ay matakaw pigilan mo ang iyong sarili."[587] Sinabi ni John Wesley ang talatang ito sa ibang paraan, "Pigilan mo ang pagkamatakaw, na parang may isang taong may hawak ng kutsilyo sa iyong leeg"![588] Ito ay kaparehong uri ng kakaibang pagpipigil sa sarili na itinuro ni Jesus patungkol sa mga sekswal na tukso.[589] Ang pagiging matakaw ay hindi lamang problema sa pagkain. Ang katakawan sa literal na kahulugan ay simpleng pagkonsumo ng higit sa kinakailangan; at sa gayon, ito ay isang saloobin na maaaring ilapat sa anumang gana, ito man ay pagkain, pera, ari-arian o kapangyarihan.

---

[585] 1 Corinto 9:25
[586] Mateo 6:21
[587] Kawikaan 23:2
[588] Sulat ni John Wesley tungkol sa Kawikaan 23:2
[589] Mateo 5:28-30

**(2) Ang labis na pagsasaya sa anumang mabuting bagay ay makakabawas sa ating kasiyahan sa kung ano ang pinakamabuti**: "Mapalad ang mga taong nagugutom at nauuhaw sa katuwiran, sapagkat sila ay bubusugin."[590]

Ang pagiging abala sa mga natural na gana ay mag-iiwan ng kaunting puwang sa ating isipan para sa mga bagay na pang walang hanggan. Gaya ng sinabi ni John Piper : "Kung hindi tayo nakadarama ng matinding pagnanasa para sa pagpapakita ng kaluwalhatian ng Dios, ito ay dahil matagal na tayong kumakain sa hapag ng mundo. Ang ating kaluluwa ay puno ng maliliit ng bagay, at walang puwang para sa kadakilaan."[591]

Noong bata pa ako, ang paborito kong oras ng araw ay ang oras ng hapunan! Sa katunayan, hanggang ngayon pa rin! Ang pag-asam sa masasarap, lutong bahay na pagkain at pagsasamahan at tawanan ng aking asawa at mga anak sa hapag ay ilan sa mga pinamalaking kagalakan sa aking buhay. Ngunit may mga pagkakataon, lalo na noong aking kabataan, na ang aking pagkain ng meryenda dahil sa pagkainip bago maghapunan ay sumisira sa pinakadalisay na kaligayahan ng hapunan. Kumakain ako, ngunit hindi sa parehong lalim ng kasiyahan. May isang aral dito: Ang pagkainip ay nag-aalis ng pakiramdam ng pag-asa, na ginagawang mas kasiya-siya ang pagkain; at personal na kasiyahan – kapag sobra ang mabuting bagay – ay nagnanakaw sa mga Kristiyano ng isang pakiramdam ng espiritual na kasiyahan.

**(3) Kung labis ang pagnanais sa pagkain, hahadlangan nito ang ating espiritual na paningin**.

Sa Juan 4, habang ang mga disipulo ay pumunta sa bayan ng Samaria upang bumili ng pagkain, pinangunahan ni Jesus ang isang uhaw na kaluluwa tungo sa kaligtasan. Nang bumalik ang mga disipulo, pinilit nilang kumain si Jesus; ngunit sinabi niya, "Ako'y may pagkaing hindi ninyo nalalaman.... Ang pagkain ko'y ang tuparin ang kalooban ng nagsugo sa akin, at tapusin ang ipinagagawa niya sa akin."[592] Kailangan ni Jesus ng pagkain para mabuhay, tulad ng mga disipulo; ngunit sinasanay niya ang kanyang mga disipulo na huwag hayaang bulagin sila ng kanilang mga gana mula sa gawain ng Espiritu sa kanilang paligid. Itinuro niya sa kanila na ang paggawa ng kung ano ang nakalulugod sa Ama ay higit na kasiya-siya kaysa sa pinakamagandang tanghalian na kanilang madadala.

Walang dapat mangibabaw sa ating isipan kundi ang mga bagay na tungkol sa Dios. Sa konteksto ng pagkain at sekswal na pagnanasa— gayunpaman ay angkop ito sa lahat ng uri ng gana— sinabi ni Pablo, "Ang lahat ng bagay para sa akin ay matuwid, ngunit hindi lahat ng mga bagay ay makakatulong. Ang lahat ng mga bagay para sa akin ay matuwid, ngunit hindi ako paaalipin sa anuman."[593]

---

[590] Mateo 5:7
[591] John Piper's book, *A Hunger for God*, (Wheaton: Crossway, 2013) is a great resource.
[592] Juan 4:32-34
[593] 1 Corinto 6:12-13

Sa Banal na Kasulatan ang nakamamatay na kasalanan ng mga katakawan at paglalasing ay sinasabing umaagos mula sa parehong bukal ng pansariling kaligayahan.

► Tingnan ang Deuteronomio 21:20 at Kawikaan 23:21. Sa palagay mo gaano kaseryoso ang karamihan sa mga tao patungkol sa kasalanan ng katakawan?

**Mga Praktikal na Payo Para Matulungan Tayo na Pigilan ang Ating Mga Gana**

1. Paglingkuran ang iba bago ang iyong sarili. Ito ay isang mahusay na paraan upang labanan ang pansariling kaligayahan.
2. Disiplinahin ang iyong sarili tungo sa pagiging mahinahon sa lahat ng bagay.
3. Iwasan ang mga sitwasyon, mga tao, o mga lokasyon na tutukso sa iyo na sobrahan ang iyong mga gana.
4. Disiplinahin ang iyong sarili tungo sa matapat na pangangasiwa ng iyong kalusugan at mga pag-aari.
5. Magsanay ng pag-aayuno, tulad ng itinuro sa mga leksiyon tungkol sa mga espiritual na disiplina. Ang pagkagutom para sa Dios – pag-aayuno – ay isa sa mga pinakamahusay na disiplina para sa pagpuksa sa apoy ng gana na nagniningas.
6. Hayaan ang iyong motibo sa pagpigil at pagbabawas ang maging kasiyahan sa Dios! Alalahanin na ang personal na disiplina ay hindi dapat maging isang layunin sa kanyang sarili kundi isang paraan para sa higit na kasiyahan sa mga bagay na pangwalang hanggan.

## Mga Kritikal na Bahagi ng Personal na Disiplina: Pagkontrol ng Ugali Natin

"Higit na mabuti ang tiyaga kaysa kapangyarihan, ay ang pagsupil sa sarili kaysa pagsakop sa mga bayan;"[594]"Ang taong walang pagpipigil ay tulad ng lungsod na walang pader, madaling masakop ng mga kaaway."[595]

Ang mga taong nag-aaral ng pag-uugali ng tao ay nagturo sa atin na ang bawat tao ay isang natatanging kumbinasyon ng personalidad at pag-uugali. Ang iba't ibang mga katangian ng personalidad ay kadalasang inilalarawan tulad ng mga sumusunod:[596]

### Extroversion at Introversion

- Gustong gusto ng mga extrovert na makasama ang mga tao ngunit may posibilidad na gawin nilang sentro ng atensyon ang kanilang sarili.

---

[594] Kawikaan 16:32
[595]Kawikaan 25:28
[596] M. Robert Mulholland Jr., *Invitation to a Journey* (Downers Grove: InterVarsity Press, 1993), 50-56

- Ang mga Introvert ay mas nagninilay-nilay at nasisiyahan sa pag-iisa ngunit may posibilidad na umatras mula sa talagang kinakailangang fellowship.

**Sensing at Intuition**

- Ang mga Sensing person ay gusto ang mga nakagawian at mga detalye at mga sistematikong paraan ng paggawa ng mga bagay ngunit nahihirapan sa paggawa ng maraming bagay.
- Ang mga Intuitive person ay mga tagalutas ng mga problema at hindi nasisiyahan sa paulit-ulit na aktibidad ngunit nakikipaglaban sa pagpapasensya at pagsunod.

**Palaging nag-iisip at Nakikiramdam**

- Ang taong palaging nag-iisip ay analytikal, lohikal, at mapangatwiran ngunit nakikipaglaban sa pagiging sensitibo sa iba.
- Ang taong nakikiramdam ay sensitibo sa kung ano ang nararamdaman ng iba ngunit may posibilidad na maging mapagpaimbabaw.

**Mapanghusga at Maunawain**

- Ang taong mapanghusga ay gusto ng kaayusan at kontrol ngunit nakikipaglaban sa pagkainip at galit.
- Ang taong maunawain ay tahimik at malumanay ngunit nakikipaglaban sa pagpapaliban/procrastination.

Dapat dalhin ng bawat tao ang kanilang personalidad at ugali sa ilalim ng kontrol ng Banal na Espiritu. Kung hiwalay sa bunga ng pagpipigil sa sarili, kapangyarihang ibinigay ng Banal na Espiritu, ang ating kahinaan ang siyang mangingibabaw sa ating mga buhay at sisirain ang ating kakaibang potensyal para luwalhatiin ang Dios.

**Praktikal na Payo para sa Pagkakaroon ng Disiplina sa Sarili sa Bahagi ng Pag-uugali**

1. Pag-aralan ang buhay ni Jesus at iayon ang iyong pag-uugali sa kanya, sa pamamagitan ng Banal na Espiritu. Habang tayo ay mas nagiging katulad niya, mas nagiging banal ang ating pagkatao at pag-uugali.
2. Kilalanin ang iyong sarili at tumangging magdahilan na saktan ang iyong kapatid kay Kristo. Maging mapagpakumbaba. Huwag panghinaan ng loob sa kabiguan ngunit patuloy na maghanap ng biyaya.
3. Magpasalamat sa Dios sa paglikha sa iyo bilang isang taong ninais niya, at magpasalamat sa personalidad at ugali ng iba.

► Hilingin sa mga miyembro ng iyong grupo na banggitin ang ilan sa mga kalakasan at kahinaan ng personalidad at pag-uugali ng mga karakter sa Biblia. Aling mga katangian ng

kanilang pag-uugali at personalidad ang sa tingin mo ay kailangang pabanalin, at aling mga katangian ang hindi kailanman mapapabanal?

## Mga Kritikal na Bahagi ng Personal na Disiplina: Disiplina sa Paggamit ng Ating Oras

"Nakikita mo ba ang isang tao na mahusay sa kanyang trabaho? Siya ay tatayo sa harap ng mga hari; hindi siya tatayo sa harap ng mga hindi kilalang mga tao"[597] "kung paanong ang pinto ay pumipihit sa mga bisagra nito, gayon din ang tamad sa kaniyang higaan."[598]

### Disiplina sa Oras: Pagsikapan ang Pinakamahusay

Ang disiplina sa usapin ng oras ay hindi nangangahulugang pupunuin natin ang bawat sandali ng **pagiging abala**, kundi natututo tayong punan ang bawat sandali ng *pinakamahalaga:* "At ito ang dalangin ko ... upang mapili ninyo ang mga bagay na pinakamahalaga sa lahat."[599] Kung ang pinakamahusay na bagay na iyong magagawa sa isang particular na sandali ay ang pagtulog, pagkatapos ay matulog muli. Huwag mag-scroll sa internet ng walang layunin. Kung ang pinakamahusay na bagay ay ang maupo ng tahimik habang nagninilay o nananalangin, gawin mo iyon, sa halip na ibang bagay. Kung ang pinakamahusay na gawain sa isang tiyak na sandali ay ang pagsamba, o pag-aaral, o pagbabasa, o pagsasanay maggitara, o pagsusulat, o paglalaba ng damit, o pag-aaral ng pangalawang wika, o pangangaral ng ebanghelyo, kung gayon ay disiplinahin mo ang iyong sarili na gawin ang pinakamahusay na bagay. Kung ang pinakamahusay na bagay na magagawa mo ay bigyan ng magiliw na pag-aalaga ang iyong anak na may sakit, magluto ng pagkain, magbigay ng pangangailangan ng iyong pamilya, magtayo ng bahay, makipag-usap sa isang kaibigan o kasamahan, o masiyahan sa kagandahan ng mundong ginawa ng Dios ... kahit ano ang pinakamahusay na gawain sa isang takdang panahon, sanayin ang iyong sarili na gawin ito, kaysa sa ibang bagay.

At dapat nating idagdag dito, na ang pahalagahan ang oras ay nangangahulugan na anuman ang matagpuan ng ating kamay na gawin, gagawin natin ito nang *buong lakas*, *sa pangalan ng Panginoong Jesus, nang may pasasalamat, at para sa kanyang kaluwalhatian*. Kung sasanayin natin ang ating sarili na gawin ito, mapapahalagahan natin ang ating maikling mga araw sa mundo.

1. Nang buong lakas – "Anuman ang matagpuang gawin ng iyong kamay, gawin mo ito nang buong lakas."[600]

---

[597]Kawikaan 22:29
[598]Kawikaan 26:14
[599]Filipos 1:9-10
[600]Mangangaral 9:10a

2. Sa pangalan ng Panginoong Jesus, na may pasasalamat – "At anuman ang inyong gawin sa salita o gawa, gawin ninyo ang lahat sa pangalan ng Panginoong Jesus, na nagpapasalamat sa Dios Ama sa pamamgitan niya."[601]
3. Para sa kaluwalhatian ng Dios – "Kaya, kung kayo man ay kumakain o umiinom. O anuman ang inyong ginagawa, gawin ninyo ang lahat sa ikaluluwalhati ng Dios."[602]

Sigurado ako, ito ay isang napakataas na pamantayan na kakaunti lamang ang nakakaabot. Ngunit ito ang uri ng disiplina na dapat nating pagsikapang maabot.

**Ang Disiplina sa Oras: Gawin Kung Saan Ka Niya Natatanging Tinawag at Inihanda Upang Gawin**

Ginagawa lamang ni Jesus ang mga bagay na ipinagagawa sa kanya ng kanyang Ama.[603]Pumupunta siya kung saan siya pinapunta ng Ama at sinasabi ang ipinasasabi ng Ama. Siya ang ating modelo sa ating pangangasiwa ng oras.

Napakaraming "David" ang nag-aaksaya ng oras sa pagsusuot ng baluti ni Saul[604] o pinipilit ang kanilang sarili na gayahin ang nagawa ng mga matagumpay na tao. Ako mismo ay sinubukang gawin rin iyon. Naaalala kong malinaw ang panahon sa simula ng aking ministeryo sa pagpapastor na dumalo ako sa isang seminar kung saan hinamon kami ng isang matagumpay na pastor na magbahay-bahay at mag-imbita ng mga tao sa iglesia. Ito ang sikreto ng kanyang tagumpay, sa aking palagay, kaya naramdaman kong dapat ko rin iyong gawin (kahit na karamihan sa mga tao sa Amerika ay hindi palakaibigan sa mga estranghero na kumakatok sa kanilang mga pintuan). *Pinilit* kong lumabas ng pinto isang Sabado ng umaga dahil sa takot. *Naisip ko, marahil ito ang kahulugan ng pasanin ang aking krus at sundin si Jesus*. Nagpunta ako sa kalapit na kapit-bahay at umasa na walang tao sa bahay. Naglakad ako pabalik-balik sa kalye habang sinusubukang magkaroon ng lakas ng loob; ngunit, makalipas ang halos isang oras, umuwi akong *lubusang talunan* ng hindi nakatagpo ng kahit isang tao! Natagalan ako bago ko natutunan sa ministeryo na habang ang pagsunod kay Jesus ay kadalasang nag-aalis sa atin sa ating *lugar ng kaginhawahan*, bihira, kung mangyari man, na inaalis tayo mula sa ating *gifting zone/ayon sa ating kaloob na kakayahan ng Espiritu.*

Huwag hayaan ang iyong sarili na mapilitan na gawin ang mga *mabubuting bagay* na hindi *tamang bagay* para sa iyo, mga bagay na hindi ipinagagawa sa iyo o hindi ka kwalipikadong gumawa ng bagay na iyon. Isipin ang unang mga apostol sa Mga Gawa kabanata anim na naging abala sa kabutihan ng paglilingkod sa hapag, nang sila ay dapat na nakatutok sa pagtawag ni Jesus na manalangin at making sa pangangaral ng Salita ng Dios: "Ngunit

---

601 Colosas 3:17
602 1 Corinto 10:31
603 Juan 8:29
604 1 Samuel 17:38-39

ibibigay namin ang aming sarili sa patuloy na pananalangin at sa pangangaral ng Salita ng Dios."[605]

► Hilingin sa isang miyembro ng iyong grupo na magbahagi ng isang pagkakataon na nakaramdam sila ng pagpipilit na kopyahin ang espiritual na kalooban ng iba. Ano ang naging resulta?

**Ang Disiplina sa Oras: Pagsusumikap – Magtrabaho nang Walang Kakaibang kasiyahan**

Ang henerasyong ito ay isang henerasyong naghahanap ng kakaibang kasiyahan, ngunit ang mga gumagawa ng pinakamabuti sa mundo ay patuloy na gumagawa ng tama kahit na walang kakaibang kasiyahan sa paggawa nito. Anuman ang iyong gawin, sa kalaunan ang kakaibang kasiyahan ng isang bagong bagay at nagiging nakakapagod. Hindi na tayo nahihimok at nauudyukan ng pagnanais, at diyan pumapasok ang disiplina. Ilang panahon na ang nakakalipas ay tiniis ko ang panahon ng *matinding pagkabagot!* Ang ministeryo na dati ay nagpapasigla sa akin ay ngayo'y naging tila sobrang nakakapagod. Ang pagsubok ay hindi na katulad noong una. Ang lasa ng buhay ay naging mapait. Sa palagay ko naiintindihan ng lahat ang tuksong ito. Ang buhay Kristiyano ay kadalasang nangangailangan ng pagsisikap! Sa gitna ng aking pagkabagot, nabasa ko ang napapanahong salita mula kay Oswald Chambers patungkol sa paglakad:

> Ang salitang "paglakad" ay ginamit sa Biblia upang ipahayag ang katangian ng isang tao.... Kapag tayo ay nasa isang hindi malusog na kalagayan, pisikal man o emosyonal, palagi tayong naghahanap ng mga kasiyahan sa buhay.[606]

Ang buhay Kristiyano ay higit na tungkol sa paglalakad kaysa anupaman.

- "Kaya sinasabi ko: lumakad kayo ayon sa Banal na Espiritu."[607]
- "At lumakad sa pag-ibig."[608]
- "Ngunit kung tayo ay lumalakad sa liwanag…."[609]

Ang paglalakad ay higit na nagsasalita tungkol sa pagiging tuloy-tuloy na pagtitiyaga kaysa sa pagtakbo. Ang nakalulugod sa kanya ay isang buhay na tuloy-tuloy, may katapatan, at disiplinadong pagpapasiya kahit na kakaunti ang nagbibigay inspirasyon. Mahirap ang paglalakad. Ang paglalakad ay nangangailangan ng pasensya at tiyaga. "Sa kanila na sa pamamagitan ng *matiyagang pagpapatuloy* sa paggawa ng mabuti ay naghahangad ng kaluwalhatian at karangalan at ang imortal at buhay na walang hanggan:"[610] Ang

---

[605]Gawa 6:1-4
[606] Oswald Chambers, *My Utmost for His Highest* (July 20 entry). Kinuha mula sa https://utmost.org/dependent-on-god%E2%80%99s-presence/ on January 16, 2021.
[607] Galacia 5:16
[608] Efeso 5:2
[609] 1 Juan 1:7
[610] Romans 2:7, idinagdag ang pagbibigay-diin.

paglalakad ay humuhubog ng pagkatao. Ang paglalakad ay nagdudulot sa atin upang maging mas mabuting disipulo at makakamit ang ilang layunin ng Dios sa ating espiritual na buhay. Dahil sa disiplinang ito, mas nagiging kontento tayo.

Ang kaharian ay sumusulong sa pamamagitan ng mga nagsusumikap, hindi ng mga naghahanap ng kakaibang kasiyahan. Si William Carey, isang dakilang misyonero sa India, na ang pagsasalin ng Banal na Kasulatan sa lokal na wika ang nagdala sa milyun-milyong tao sa kaharian ng Dios, at nagsabi na ang kanyang naging sikreto sa kanyang tagumpay ay natuto siyang magsikap: "Kaya kong magsikap. Kaya kong magtiyaga sa anumang tiyak na hangarin. Utang na loob ko ang lahat sa pagsusumikap."

Si Gng. Charles E. Cowman, isang misyonero at manunulat ng aklat sa pag-aaral ng Salita ng Dios, ay nagsabi sa *Streams in the Desert*: **"Ang kaluwalhatian ng bukas ay nag-uugat sa mahirap na gawain ngayon.** Marami ang nagnanais ng kaluwalhatian ng wala ang krus, ang pagningning ng wala ang pagpapadalisay; ngunit ang pagpapako sa krus ay nauuna bago ang koronasyon."[611]

Ang mga taong natutunan na matapat na magsikap sa gitna ng hirap ng buhay ngayon ay tatamasa ng pinakamainam na inaalok ng Dios para bukas. Ang mga nagsusumikap ay magiging maligaya sa pag-ani: "Silang mga nagsihayong dala'y binhi't nananangis, ay aawit na may galak, dala'y ani pagbalik."[612] Alamin ang disiplina ng pagtutuon ng isipan sa mga kasalukuyang tungkulin sa halip na mangarap tungkol sa hinaharap o mag-imbot sa kung ano ang hindi mo maaaring makuha, at ikaw ay magiging isang mas maligayang Kristiyano.

**Ilang Praktikal na Payo para sa Bahagi ng Disiplina sa Sarili sa Oras**

**(1) Isakripisyo ang kabutihan para sa kahusayan.**

Ang kabutihan ang kalaban ng kahusayan. Hilingin sa Panginoon na buksan ang iyong mga mata sa mga aktibidad na hindi pinakamabuti para sa iyo, mga aktibidad na hindi produktibo sa personal o espiritual. Ipanalangin sa kanya na tulungan kang magkaroon ng pagnanais na pakawalan ang mga mabubuting bagay para sa mas mahusay ng bagay para sa iyo. Buksan ang iyong puso sa pag-iisip na ang masyadong maraming oras sa sports, o TV at mga pelikula, o balita, o pamimili, ay maaaring nag-aalis sa iyo ng mga akitibidad na maaring magdulot sa iyo ng higit na kagalakan: ang pagpapahusay ng iyong mga kaloob, pakikipag-ugnayan sa Panginoon, pag-aalaga sa iyong buhay may-asawa, ang kasiyahan ng iyong mga anak, Kristiyanong paglilingkod, o pisikal na ehersisyo.

**(2) Mapanalanging bumuo ng mga plano at layunin.**

Ang isa sa pinakamalaking kahinaan ng maraming Kristiyanong lalaki at babae, bata at matanda, ay ang paggala-gala nila sa pang-araw-araw na buhay ng walang malinaw na

---

[611] Mrs. Charles E. Cowman, *Streams in the Dessert* (April 26 entry). Kinuha mula sa https://annointing.files.wordpress.com/2013/01/devotional-streams-in-the-desert.pdf on January 16, 2021.
[612] Awit 126:6

mga layunin. Ang mapanalanging pagtatakda ng layunin ay maaaring maging isang napaka-espiritual na ehersisyo – isa na magpapanatili ang ating pagtutuon ng isipan.

Pagkatapos ng ikalawang-antas ng pag-aaral, ang aking panganay na anak na si Timoteo, ay nagpasya na magpahinga ng isang taon bago pumasok sa kolehiyo. Sinabi namin ng aking asawa na okay lang para sa amin ang kanyang naging desisyon hangga't mayroon siyang tiyak na mga layunin na pagsisikapan niya. Sumang-ayon siya sa hamon; at bilang isang paraan upang matulungan siyang bumuo ng malusog na mga layunin, ginawa ko itong simpleng plano sa paglago.

| Intensyonal na Plano sa Paglago | |
|---|---|
| **Limang Kritikal na bahagi na dapat kong sadyaing pagsumikapan:** | **Sa biyaya ng Dios ay gagawin ko ang...** (Isulat ang iyong mga pangako) |
| **Espiritual na Pag-unlad**<br>● Kailangan kong linangin ang isang makabuluhang buhay debosyonal.<br>● Dapat akong magbasa ng mga aklat na magtuturo at hahamon sa akin. | |
| **Moral na Pananagutan**<br>● Dapat akong makahanap ng pakikipag-ugnayan sa isang katuwang sa panangutan o isang tagapagturo.<br>● Dapat akong maging hayag sa paggamit ng teknolohiya, paggamit ng media, personal na kahinahunan, atbp.<br>● Dapat akong maglagay ng mga panangga upang maprotektahan at mapangalagaan ang moral na kadalisayan. | |
| **Personal na Disiplina**<br>● Dapat kong disiplinahin ang aking pag-iisip sa buhay.<br>● Dapat akong magkaroon ng disiplina sa aking oras.<br>● Dapat akong magkaroon ng disiplina sa aking mga gana.<br>● Dapat akong magkaroon ng matatag na paniniwala.<br>● Dapat akong magkaroon ng disiplina sa aking mga gawi sa pagtulog at paggising. | |

| **Intensyonal na Plano sa Paglago** | |
|---|---|
| **Limang Kritikal na bahagi na dapat kong sadyaing pagsumikapan:** | **Sa biyaya ng Dios ay gagawin ko ang…** (Isulat ang iyong mga pangako) |
| **Trabaho**<br>● Dapat akong magkaroon ng inisyatibo na tumulong sa bahay.<br>● Dapat akong manguna sa paglilingkod sa aking trabaho.<br>● Dapat kong hangarin ang kahusayan sa lahat ng mahanap kong gawain. | |
| **Pangangasiwa sa Pinansyal**<br>● Dapat akong magbigay (simula sa ikapu).<br>● Dapat akong mag-ipon.<br>● Dapat kong bayaran sa oras ang aking mga bayarin. | |

Sa katunayan, ang mga taong pinaka puspos ng Banal na Espiritu na aking nakilala ay namumuhay sa maayos na paraan. Ang isa sa mga mahalagang ministeryo ng Banal na Epsiritu sa ating buhay ay ang magdala ng kaayusan sa ating kaguluhan. Sa antas na tayo ay nakikipagtulungan sa Banal na Espiritu, sa antas na iyon ang ating mga iniisip, salita, pag-uugali, at kapaligiran ay magiging maayos.

Hindi lang ang bawat minuto

o oras ay nakaplano, ngunit mayroon silang malinaw na pagtutuon ng isipan at direksyon sa buhay. Sa mga panahong iyon kung saan ang mga bagay ay hindi gaanong malinaw, naghihintay sila ng patnubay ng Panginoon.

**(3) Gawin ang susunod na bagay na kailangang tapusin, gawin ito agad.**

> Dumaan ako sa bukirin ng isang tamad... at dito, lahat ay tinubuan na ng mga tinik.... Nang makita ko iyon, ay pinag-isipan ko iyong mabuti; Tiningnan ko ito at nakatanggap ako ng tagubilin: Kaunting tulog, bahagyang idlip, sandaling pahinga at paghalukipkip, samatalang namamahinga ka ang kahirapa'y darating na parang armadong magnanakaw upang kunin ang lahat ng iyong kailangan.[613]

[613] Kawikaan 24:33-34

Sa aming unang ilang taon ng ministeryo, kami ni Becky ay madalas na nakikinig hangga't maaari sa radio broadcast ni Elizabeth Elliot's radio broadcast, *Gateway to Joy*. Sa lahat ng mga kwentong misyonero na sinabi niya at lahat ng karunungan na ipinahayag niya, walang nakatulong sa amin nang higit pa sa kanyang paulit-ulit na payo, "*Gawin mo ang susunod na bagay*." Ang ibig niyang sabihin dito ay sa halip na isipin ang ating pagkainip o hindi kanais-nais na sitwasyon, dapat nating itakda ang ating isipan at pagsisikap sa susunod na gawain–lalo na kung ang gawaing iyon ay tila maliit at hindi gaanong mahalaga. Kung ang mga damit ay kailangang laban; kung mayroong isang aklat na dapat nating basahin o isang liham na dapat nating isulat; kung ang ating pananalapi ay kailangang ma-iayos; kung dapat tayong mag-aral para sa isang mensahe; kung ang bakuran ay kailangang tanggalan ng damo; kung mayroon tayong dapat payuhan; kung kailangan ng ating mga anak o asawa ang ating tulong, pagmamahal, at atensyon; o kung kailangang palitan ang bombilya; kung mayroon tayong magagawa upang gawing mas kaaya-aya ang buhay para sa iba, dapat nating gawin ang mga bagay na iyon.

Dapat nating paunlarin ang disiplina sa paggawa ng dapat tapusin, kailangang gawin agad, lalo na kapag walang kakaibang kasiyahan sa paggawa nito. Dapat matuto tayong gumawa ng mahihirap na bagay.

**(4) Tandaan na ang katapatan sa oras ay nagdudulot ng kagalakan.**

Ang lahat ng bagay ay may panahon,[614]kabilang ang mga panahon ng kasiyahan. Ang mga kasiyahang itinakda at ipinagkaloob ng Dios ay palaging mas kasiya-siya at kapaki-pakinabang kaysa sa mga hinahangad natin para sa ating sarili.

Ako ay dalawampu't anim na taong gulang nang magpastor sa aking ikatlong taon ng ministeryo, at halos makumbinsi ako ng diyablo na hinding-hindi ko magagawa ang anumang bagay para sa Dios. Ako ay nawalan ng pag-asa. Ako ay nalilito. Pakiramdam ko ay nakakulong ako. Sa loob ng maraming buwan. Napakabigat ng dinadala ko sa aking dibdib, na sa totoo lang, at kung minsan ay gusto ko nang mamatay. Isang araw, binigyan ako ng Banal na Espiritu ng biyaya na tumingin sa langit at sabihing, "Ama, hindi ko alam kung ano ang inilaan mo para sa akin at sa aking asawa. Hindi ko alam kung gusto mo kaming manatili sa ministeryo ng pagpapastor, o kung balang araw ay magbubukas ka ng pinto sa ministeryo ng cross-cultural para sa amin. Ngunit, Ama, iniaalay kong muli ang aking sarili sa iyo at sa iyong perpektong kalooban, anuman at saanman ito naroroon." Nangako rin ako sa Panginoon noong araw na iyon na gaano man ito nakakatukso, hinding-hindi ko sisikaping buksan ang pinto nang mag-isa, ngunit magtitiwala sa kanyang kapangyarihan na iayon ang puso ng mga tao sa kanyang kalooban. Dininig ng Dios ang panalanging ito ng sariwang pagtatalaga at kinabukasan ay tinawag ang aking pamilya, nang may hindi maikakailang katiyakan, sa paglilingkod bilang misyonero. Alam namin na ito ang inihanda ng Dios para sa amin.

---

[614]Mangangaral 3:1

**Mga Kritikal na Bahagi ng Personal na Disiplina: Ang Ating Mga Personal na Hangganan at Paniniwala**

"Lahat ng bagay ay matuwid para sa akin, ngunit hindi lahat ng bagay ay nakakatulong; lahat ng bagay ay matuwid para sa akin, ngunit hindi lahat ng bagay ay nakapagpapatibay."[615]

Isa sa mga senyales ng paglago ay hindi na tayo nagtatanong, "Ano ang pinapayagan ng kautusan?" o "Ano ang makukuha ko?" sa halip ay magsimulang magtanong, "Nakakatulong ba ito sa akin?" at "Malalapit ba ako nito sa Dios o gagawin akong mas mabuting tagasunod ni Kristo?" Isa sa pinakamahalagang disiplina ay ang paghubog ng mga personal na hangganan at paniniwala sa ating buhay–mga hangganan at paniniwala na may kaugnayan sa personal na kadalisayan, pakikipagkaibigan, pananamit, musika, libangan, Araw ng Panginoon, at iba pa.

**Mga Punto na Dapat Tandaan Tungkol sa mga Paniniwala at Personal na Hangganan**

(1) Ang mga tiyak na paniniwala at personal na mga hangganan na ito ay hindi kinakailangan para sa lahat.

Maaaring hindi tayo makahanap ng isang partikular na talata para sa kanila sa Biblia, maliban sa prinsipyo. Kaya't hindi natin dapat hilingin na ganoon din sa iba o gamitin ang ating mga paniniwala upang hatulan ang iba.

(2) Ang mga personal na hangganan at paniniwalang ito ay batay sa mga biblikal na prinsipyo, ngunit ang mga partikular na aplikasyon at natatangi sa iyo.

Habang ipinapaalam sa iyo ng Panginoon ang iyong mga kahinaan, magkaroon ka ng mga personal na hangganan at paniniwala na tutulong na mapanatili ang iyong pagnanais sa Dios.

(3) Ang mga personal na hangganan at paniniwalang ito ay dapat mabuo sa pagmamahal sa iba.[616]

Maraming pagkakataon sa ating paglakad bilang Kristiyano na nililimitahan natin ang ating kalayaan alang-alang sa pag-ibig. Ang mga taong husto ang paglago sa pagiging Kristiyano ay handang ibigay ang kanilang mga karapatan sa ganitong paraan.

(4) Ang mga personal na hangganan at paniniwala ay dapat na nauudyukan ng kagalakan.

---

615 1 Corinto 10:23
616 Roma 14:13-19

Ang walang pag-iisip na pagsunod sa tradisyon ng iglesia o mga paniniwala ng mabubuting tao, kapag ang mga paniniwalang iyon ay wala sa iyong puso, ay hahantong lamang sa pagkaalipin. Si George Mueller ay may napakagandang salita para sa atin dito:

> Madalas kong binabanggit ang mga (nakakapinsalang) epekto ng paggawa ng mga bagay dahil ginawa ito ng iba, o dahil ito ay nakaugalian, o dahil sila ay nahikayat sa mga gawa ng panlabas na pagtanggi sa sarili, o pagsusuko ng mga bagay habang ang puso ay hindi sumasabay dito, at habang **ang panlabas na paggawa ay HINDI bunga ng panloob na pagkilos ng kapangyarihan ng Banal (na Espiritu), at ang masayang pagpasok sa ating pakikipag-ugnayan sa Ama at sa Anak.**
>
> Lahat ng bagay na isang anyo lamang, isang ugali lamang... ay dapat katakutan ng labis.... Ang mga bagay ay hindi dapat magresulta mula sa labas, ngunit mula sa kalooban. Ang uri ng damit na aking isinusuot, ang uri ng bahay na aking tinitirhan, ang kalidad ng muwebles na ginagamit ko–lahat ng mga katulad na bagay ay hindi dapat magresulta mula sa mga ginagawa ng ibang tao, o dahil ito ang nakagawian sa mga kapatiran na pinakikisamahan ko sa gayung simple, hindi mamahalin, paraan na nagkakait sa sarili; nguni't kung ano man ang gagawin sa mga bagay na ito, sa paraang sumusuko na, o itinatanggi ang sarili,o pagtanggi sa sarili, o kamatayan sa mundo, ay dapat magresulta mula sa kagalakang mayroon tayo sa Dios, mula sa kaalaman na tayo ay mga anak ng Dios, mula sa pagpasok sa malaking kahalagahan ng ating mamanahin sa hinaharap.[617]

Tiyakin na ang iyong mga pinaninindigan ay nagmumula sa kalayaan, sa halip na pagiging alipin sa mga tuntunin at tradisyon na gawa ng tao.[618]

**Praktikal na Payo para sa Disiplina ng Pansariling Hanggahan at Pinaniniwalaan**

1. Kilalanin mo ang iyong sarili.
2. Humingi ng payo mula sa ibang matatapat na Kristiyano.
3. Huwag kang gumawa ng mga hanggahan at paniniwala nang madalian o hindi pinag-iisipan.
4. Huwag kang gagawa ng mga hangal na pangako na hindi mo kayang tuparin.
5. Mahikayat/motivated ka ng pag-ibig.
6. Dapat mong matanto na may mga pinaniniwalaan na magbabago sa paglipas ng panahon habang umuunlad ka sa kalakasang espirituwal at nagkakaedad. Tanging ang Salita ng Dios ang permanente at hindi nagbabago!

---

[617]Hindi ko alam kung saan ko ito orihinal na nakuha, nguni't makikita ito sa sumusunod na web page: https://goodnessofgodministries.wordpress.com/2010/07/09/the-wise-sayings-of-george-mueller/ September 12, 2020.
[618] Galacia 5:1

7. Dapat alamin na may mga paninindigan na magbabago sa paglipas ng panahon habang ikaw ay lumalago sa kalakasan at pagiging matatag sa espirituwal. Tanging ang Salita ng Dios ang permanente/hindi nagbabago!

Si Propeta Daniel ay isang magandang halimbawa ng lalaking, sa mga unang araw ng kanyang pagkabihag sa Babilonia, ay nagtatag ng ilang sariling "kaugalian": "Ngayon nang malaman ni Daniel na ang kautusan ay nalagdaan na, siya ay umuwi. At sa itaas ng kanilang tahanan, lumuluhod siya tatlong beses sa araw na iyon, at nanalangin at nagpasalamat sa kanyang Dios, *tulad ng kanyang nakagawian mula pa sa kanyang pagkabata*."[619]

Buksan ang mga bintana paharap sa Jerusalem? Lumuluhod at manalangin nang tatlong beses sa isang araw? Ang mga ito ay hindi iniutos sa Kasulatan, ngunit isinagawa ni Daniel ang mga ito dahil nais niyang panatilihin ang kanyang pagmamahal sa Dios, sa bayan ng Dios, at lunsod ng Dios. Lumampas si Daniel sa kautusan, upang magmahal. Ito ang dahilan kung bakit siya ginamit ng Dios nang buong kapangyarihan.

## Konklusyon

Upang mahubog sa imahen ni Cristo, dapat tayong magtuon ng pansin sa pansariling disiplina. Dapat nating gawing lingkod ang ating isipan at katawan. Narinig ko isang araw ang isa sa aking mga anak (pagkatapos ko silang bigyan ng gawain hindi nila gusto), "Sana mayroon akong isang katulong/tagapaglingkod!" Sinabi ko sa kanila na kung gagawin lang nilang katulong/tagapaglingkod ang kanilang sarili, lalagi silang mayroong isang tagapaglingkod!

►Alin sa mga personal na disiplina na tinalakay sa dalawang huling leksiyon ang nakita mong pinakanakakatulong? Bakit? Mag-ukol ng limang minuto upang pag-isipan ang ilan sa mga pagbabagong kailangan mong gawin. Magbahagi ng isa o dalawang bagay sa inyong grupo kung nais ninyo.

## Leksiyon 12 Mga Takdang-Aralin

(1) Kumuha ng pagsusulit batay sa materyal mula sa leksiyong ito.

(2) Mag-ukol ng hindi kukulangin sa tatlumpung minuto sa linggong ito sa pagbabalik-aral sa leksiyong ito, kabilang ang mga reperensiya sa Kasulatan, at hinihiling sa Banal na Espiritu ang malinaw na pagkaunawa.

(3) Itala sa iyong journal ang anumang tiyak na pagbabago na dapat gawin sa iyong buhay, ayon sa inihahayag sa iyo ng Panginoon.

---

[619] Daniel 6:10, idinagdag ang pagbibigay-diin.

(4) Pagbulayan ang kahit man lang isang Awit sa iyong pang-araw-araw na oras ng pagbubulay, at itala sa iyong journal kung ano ang sinasabi ng salmista tungkol sa kalikasan at katauhan ng Dios.

(5) Itala sa iyong journal ang isang personal na panalangin para sa pagbabagong espirituwal at paglago batay sa leksiyong ito.

(6) Magsanay sa paggamit ng *Pang-araw-araw na gabay sa Pananalangin* ni Dr.Brown sa iyong pang-araw-araw na pribadong pananalangin.

## Leksiyon 12 Pagsusulit

(1) Ano ang anim na personal na disiplina na pinag-aaralan natin sa Leksiyon 11 at 12?

(2) Ano ang dalawang negatibong resulta ng pag-abuso? (sa pagkain, sa kalayawan at iba pa)

(3) Ano ang sinasabi ng Kawikaan 16:32 tungkol sa isang taong hndi madaling magalit?

(4) Ano daw ayon sa misyonerong mambabatas na si William Carey ang sikreto ng kanyang tagumpay?

(5) Ibahagi sa iyong sariling salita ang mabuting payo ni George Mueller patungkol sa pansariling convictions/pinanininindigan.

# Leksiyon 13
# Hinubog Sa Paghihirap/Pagdurusa

## Leksiyon 12 Pagbabalik-Aral

Note sa tagapanguna sa klase: Pagbalik-aralan ang mga bahagi ng pansariling disiplina na natutuhan sa Leksiyon 12. Hilingan ang mga mag-aaral na payag naibahagi ang kanilang sariling panalangin mula sa Leksiyon 12.

## Mga Layunin ng Leksiyon

Kapag natapos ang leksiyong ito,ang mag-aaral ay dapat:

(1) Nalalaman ang mga pangunahing talata sa Kasulatan tungkol sa paghihirap/pagdurusa.

(2) Nalalaman ang pangunahing layunin ng Dios sa pagpapahintulot ng pagdurusa.

(3) Nauunawaan ang mga benepisyo ng pagdurusa.

(4) Magawang sabihin ang ilan sa mga pangunahing pagkakamali ng prosperity theology.

## Mga Larawan ng Buhay

### Si Weisheng

Si Weisheng[620]ay isang kaibigan ko na ginagamit ng Dios upang dalhin ang ebanghelyo sa mga mag-aaral na karamihan ay nagmula sa mga Buddhist. Bagaman mahirap at mapanganib ang kanyang gawain, pinagkakalooban siya ng Panginoon ng mga kaluluwa. Subali't si Weisheng ay dumaranas ng pana-panahong matinding depresyon. Sa isa sa aking paglalakbay upang bisitahin siya, ganito ang kanyang sinabi: "Kung minsan ang aking isipan ay lubhang nadidiliman na kinakailangan kong mag-ukol ng ilang araw na kami lamang ng Panginoon." Sinabi pa niya, "Hinihiling ko sa aking asawa na dalhan ako ng simpleng pagkain; at sa aking pag-iisa sa kwarto, binabasa ko ang Kasulatan at nananalangin hanggang mawala ang kadiliman. Bagaman mahirap ang mga ganitong panahon, hindi ko ito ipagpapalit sa kahit anupaman; dahil *sa mga panahong ito naging napakahalaga sa akin ni Jesus!*"

### Isang Mag-asawang Kristiyano

Isang mag-asawang Kristiyano na kilala ko ang mataimtim na nananalangin para sa isang anak. Nananalangin na sila sa loob ng ilang taon, nguni't hindi pa pinipili ng Dios na ipagkaloob ang kanilang kahilingan. Nawasak ang kanilang puso. Gayunman, napansin ng

[620]Hindi ang kanyang tunay na pangalan.

mga tao sa kanilang paligid na sa pamamagitan ng kanilang pagdurusa pinalalalim ng Panginoon ang kanilang buhay espirituwal.

**Si Jesse**

Nang ang aming anak na si Jesse ay nabulag dahil sa kanser noong 2001, siya ay naging sobrang mapait na batang lalaki hanggang sa buong kapangyarihang pinaghilom ni Jesus ang kanyang puso. At sa isang saglit sa panahon,[621]sa pamamagitan ng karanasang ito,natutuhan namin ni Becky na ang pinakadakilang pagpapagaling sa lahat ay hindi ang pagpapagaling sa katawan,kundi ang pagpapagaling sa puso.

**Si Charles Spurgeon**

Si Charles Spurgeon, kilala sa England bilang ang "prinsipe ng mga mangangaral," ay madalas makaranas ng depresyon. Ngunit minsan ay sinabi niya, "Natutuhan ko nang halikan ang alon na nagtatapon sa akin patungo sa Rock of Ages."

Ang mga larawan ng buhay na ito ay nagpapakita ng kapangyarihan ng pagdurusa upang mas ilapit tayo kay Cristo at hubugin tayo sa kanyang wangis.

► Maaaring may isang tao sa inyong grupo na nais magbahagi kung paanong ang paghihirap/pagdurusa ay nakatulong upang mapaunlad ang buhay ni Cristo sa kanila.

## Ang Malaking Ideya

Ang paghubog sa imahen/wangis ni Cristo ay nangangailangan ng pagdurusa/paghihirap. Upang makamit ang pinakamabuti mula sa pagdurusa, kailangan nating bumuo ng pang-unawa dito na naaayon sa Biblia.

## Introduksiyon

Ang paghihirap ay isang katotohanan/reyalidad para sa lahat ng Kristiyano. Isinulat ni Pedro ang mga salitang ito sa mga Kristiyanong nagdurusa: "Sagayun, sila na *nagdurusa ayon sa kalooban ng Dios* ay dapat magtiwala sa Dios na Manlilikha at laging tapat sa kanyang pangako. Itinalaga nila ang kanilang sarili sa pamamagitan ng paggawa ng mabuti."[622]

Bilang mga mananampalataya tinitingnan natin ang sanlibutan sa pamamagitan ng dalawang lente. Sa pamamagitan ng unang lente, nakikita natin ang sanlibutan sa kung *ano ito dapat* at kung ano ang *mangyayari* dito sa hinaharap dahil sa maluwalhating tagumpay ni Cristo. Sa pananampalataya,nakikita natin ang sanlibutan na walang conflict, kabulukan, sakit, o kamatayan—isang mundong lubusang tinubos at pinanumbalik; isang

[621]Ang kuwentong ito ay makikita sa isinulat ni Becky & Tim Keep, *Eyes to See: Glimpses of God in the Dark*, (Shoals: Whispering Pines Publishing, 2013).
[622] 1 Pedro 4:19, idinagdag ang pagbibigay-diin.

mundong libre sa pagkabulok at ginawang lubusang bago;isang mundo ng perpektong pag-ibig,kagandahan, katuwiran, at kapayapaan.

> Dahil itinuturing ko ang ating kasalukuyang paghihirap ay hindi maihahambing sa kaluwalhatiang ihahayag sa atin. Dahil ang sanlibutan ay nasasabik na umaasa na ang mga anak ng Dios ay mahahayag.[623]

Sa pamamagitan ng ikalawang lente/salamin, dapat nating makita ang mundo sa kanyang kalagayan sa ngayon –isang mundo kung saan ang lahat ng nilalang ay dumadaing habang hinihintay ang pangwakas na pagtubos. Isinulat ni Pablo sa mga Kristiyanon sa Roma na humaharap sa pagdurusa at pag-uusig:

> Sapagkat nalalaman natin na ang buong sannilikha ay dumaraing sa paghihirap tulad ng manganganak. Hindi lamang sila. Tayo man na tumanggap ng Espiritu bilang unang kaloob mula sa Dios,tayo man ay napapahimutok –samantalang hinihintay natin ang pag-ampon, ang pagpapalaya sa ating katawan.[624]

Sila na tumitingin lamang sa pamamagitan ng unang salamin, ngunit tumatangging kilalanin ang ikalawa, ay magpipinta ng isang baluktot na imahen ng mundo at lilikha ng mga inaasahan na hindi kailanman intensiyon ng ebanghelyo. Hindi ipinangako ni Jesus sa kanyang mga anak na lalaki at babae ang isang buhay na walang kaguluhan. Sa katotohanan, ipinangako niya ito: "Ang mga bagay na ito ay sinasabi ko sa inyo, upang sa akin ay magkaroon kayo ng kapayapaan. Sa mundong ito *magdaranas kayo ng kapighatian*; ngunit lakasan ninyo ang inyong loob, napagtagumpayan ko na ang mundo."[625]

Ang mga "umaaliw" kay Job ay paulit-ulit na nagpapahayag na laging pinagpapala ng Dios ang mga matuwid ng kalusugan, kayamanan, at kasaganaan, at ang paghihirap ay laging ang kanyang paghatol sa masasama. Dahil si Job ay nasa matinding pagdurusa,ang tanging konklusyon, ayon sa teolohiyang ito, na si Job ay masama.

> "Natutuhan ko nang halikan ang alon na naghahagis sa akin sa "Bato ng Panahon"
>
> /Rock of Ages."
> – Charles Spurgeon

Ang kuwento ni Job ay nagpapatunay na ang tunay na kasaganahan ay may kasamang paghihirap.Kung minsan ang mga tagapangunang Kristiyano ay nagkakasala ng pagbaluktot sa Salita ng Dios, tulad ng ginawa ng mga "kaibigan" ni Job. Minsan narinig ko ang isang hindi matapat na tagapanguna sa pagsamba na *nagpahayag* ng "KASAGANAAN" sa pananalapi sa isang kalipunan ng napakahihirap na mga pastor at mga miyembro ng iglesya sa isang umuunlad na bansa. Nakagalit ito sa akin, hindi nito pinahihintulutan ang paghihirap na dinaranas ng mga pastor na ito bilang bahagi ng tunay na kasaganaan. Dahil ang

623 Roma 8:18, *New International Version*
624 Roma 8:22-23
625 Juan 16:33, idinagdag ang pagbibigay-diin.

mundong ito ay hindi pa lubusang natutubos, madalas na nagdurusa ang matatapat na mga Kristiyano kasama ng mga masasama.

Ipinapahayag ng Kasulatan na ang buong sannilikha ay dumadaing tulad ng isang babaeng manganganak, at maging ang mga nasisiyahan sa buhay kasama ng Espiritu ay may dahilan upang umiyak. Sila na nakakakilala sa Espiritu ng pag-ampon, nakakikilala sa Dios bilang mapagmahal na Ama, ay hindi malaya sa hinagpis ng pamumuhay sa isang mundong makasalanan. Maaaring hindi maging mas madali sa *panlabas* ang buhay sa makalupang katawan natin. Hindi tayo pinapangakuan ng mas mabuting mga pagkakataon, ngunit tayo ay pinapangakuan ng *panloob* na paglago sa pamamagitan ng pananampalataya kay Cristo.

"Samakatuwid,hindi tayo pinanghihinaan ng loob. Kahit na ang ating panlabas na katawan ay namamatay, gayunman ang panloob na katauhan ay unti-unting nababago araw-araw."[626]

Kailangan nating bumuo ng balanse, at Biblikal na pagtanaw sa paghihirap.

## Tayo ay Tinawag Upang Makibahagi sa Pagdurusa ni Cristo Jesus

"Dahil ito ang dahilan ng pagtawag sa inyo: dahil si Cristo ay nagdusa para sa inyo,na nag-iwan sa inyo ng halimbawa,na dapat ninyong sundan ang kanyang mga hakbang."[627]

Bahagi ng kahulugan ng pagiging disipulo/tagasunod ni Jesus ang pagdurusa. Dito tayo tinawag. Lubusang niyakap ni Apostol Pablo ang paghihirap para sa kapakanan ng higit na pagkakilala kay Jesus. Isinulat niya.

> Gayunman, tunay, ibinibilang kong kalugihan para sa kabutihan/excellence ng kaalaman ni Cristo Jesus na aking Panginoon, na para sa kanila ako ay nagdusa ang pagkawala ng lahat ng bagay, at ibilang itong basura, upang makamit ko si Cristo.[628]

Nagkaroon ng maraming iba't-ibang anyo ang pagdurusa sa buhay ni Pablo, gayun din sa atin. Nakaranas siya ng "tinik sa aking laman" kung saan hindi siya iniligtas ng Dios. Nagdusa siya ng pag-uusig, pag-abandona, pagkabilanggo, kalungkutan, pisikal na kawalang ginhawa, kahirapan, pagkatakot, pressures ng ministeryo, at ang mga pagsubok ng pang-araw-araw na buhay. Ngunit, sa kabila ng lahat, dinadala ng Dios si Pablo sa isang mas malalim na pakikipag-isa sa kanyang sarili.

## Ang Paghihirap ang Humuhubog ng Imahen ni Cristo sa Atin

Sa Roma 8, pagkatapos magsalita si Pablo tungkol sa pagdaing at sakit ng panganganak na dinaranas ng buong sannilikha sa kasalukuyan habang hinihintay nito ang pagdating ni Cristo at ang pangwakas na pagtubos, binibigyang lakas ng loob tayo sa pamamagitan ng

---

[626] 2 Corinto 4:16
[627] 1 Pedro 2:21
[628]Filipos 3:8

katotohanang ito: "At alam natin na ang lahat ng bagay ay nagkakalakip-lakip para sa ikabubuti ng lahat ng umiibig sa Dios, para doon sa mga tinawag ayon sa kanyang layunin."[629]

At ano ang layunin ng Dios? "At para doon sa mga sa mula't-mula pa ay alam na niyang magiging kanya at ang mga ito'y pinili niya upang maging katulad ng kaniyang Anak."[630] Ang Dios ay may layunin sa ating mga pagdurusa, at iyon ay upang papanumbalikin tayo sa imahen ni Cristo, na siyang imahen ng Dios.

Ang mga katangian at karakter ni Jesus na pinag-usapan natin sa kursong ito ay hindi maaaring lubusang mabuo sa atin nang hiwalay sa paghihirap at kagipitan. Pakinggan ang mga salita ni Pablo: "At hindi lamang iyon, ikinagagalak rin natin ang mga kahirapang ating tinitiis, dahil nalalaman natin na ang pagdurusa ay nagbubunga ng katiyagaan; at ang katiyagaan ay nagbubunga ng mabuting pagkatao; at ang mabuting pagkatao ay nagbubunga ng pag-asa."[631]

Bilang mga anak ng Dios, ang pagdisiplina na tinatanggap natin sa pamamagitan ng pagdurusa ay isang kinakailangang bahagi ng ating pagsasanay, at kung wala ito hindi tayo maaaring makibahagi sa kanyang kabanalan:[632]"Ngayon, habang tayo'y itinutuwid, hindi tayo natutuwa kundi naghihinagpis, ngunit pagkatapos niyon, mararanasan natin ang kapayapaang bunga ng *pagsasanay* sa matuwid na pamumuhay."[633]

### Maraming Kapakinabangan ang Pagdurusa

Hinuhubog tayo ng paghihirap sa imahen ni Cristo. Pagdurusa/paghihirap ang apoy na ginagamit ng Dios upang dalisayin tayo at hubugin sa imahen ni Cristo. Sa kanyang aklat na *A Place of Healing (Lugar Para sa Paghilom),* nagbibigay si Joni Erickson Tada ng limang benepisyo ng pagdurusa. Nais kong ibahagi ang mga ito, na may dagdag na dalawa pa.

►Basahin at talakayin nang sama-sama ang mga sumusunod na talata. Talakayin kung paanong ang pagdurusa ay nagbubunga ng mabuting pagkatao, pagsunod, kadalisayan, direksiyon, kalakasan, pag-ibig, at kaluwalhatian sa mga Kristiyano.

(1) Ang pagdurusa ay maaaring mag-iwas sa atin mula sa mapanganib na direksiyon.[634] (Awit 119:67; 1 Pedro 4:1-3).

---

[629] Roma 8:28, idinagdag ang pagbibigay-diin.
[630] Roma 8:29, idinagdag ang pagbibigay-diin.
[631] Roma 5:3-4
[632] Hebreo 12:10
[633] Hebreo 12:11, idinagdag ang pagbibigay-diin.
[634] Joni Eareckson Tada, *A Place of Healing: Wrestling with the Mysteries of Suffering, Pain, and God's Sovereignty,* (Colorado Springs: David C. Cook, 2010), 80

(2) Ipinaaalala sa atin ng pagdurusa kung saan nagmumula ang ating tunay na kalakasan[635] (2 Corinto 12:9).

(3) Pinanunumbalik ng pagdurusa ang ating nawalang kagandahan kay Cristo. (1 Pedro 1:6-8).

(4) Pinatitindi ng pagdurusa ang ating kauhawan kay Cristo. (Jeremias 2:13).

(5) Dinadala tayo ng pagdurusa sa mas higit na pakikisama kay Cristo. (Filipos 3:10).

(6) Pinadadami ng pagdurusa ang ating pagiging mabunga para kay Cristo. (Mga Gawa 14:22; Juan 15:5).

(7) Sa ating pagdurusa, nagkakaroon ang Dios ng pagkakataon na ipahayag ang kaluwalhatian ni Cristo sa loob at sa pamamagitan ng ating mga buhay. (John 11:4, 40).

Kami ni Becky ay wala nang pag-asang gumaling noong Enero, 2006. Naospital si Becky sa loob ng maraming araw sa St.Luke's Hospital sa Maynila dahil sa German measles. Maging pagkatapos niyang mapauwi, nanatili siyang sobrang mahina. Dagdag pa rito, nang kami ay makauwi sa aming bahay sa campus, nadatnan namin ang aming anim na buwang sanggol, si Carrie na sobrang may sakit, napakataas ng lagnat, at hindi natutulog o kumakain. Kapwa kami pagod na pagod ni Becky at natatakot, at pakiramdam namin ay hindi na kami nakahakbang ng kahit isang hakbang pa.

Nang makita ni Becky ang kalagayan ni Carrie, pinakiusapan niya ako na itakbo si Carrie sa Maynila (na apat hanggang limang oras na biyahe), subalit sinabi ko sa kanya na sobra akong pagod na hindi ko na iyon kayang gawin. Pagkatapos, napakalinaw, ang tinig ng Dios ay nangusap sa aking puso, at naramdaman ko na dapat kong gawin ang itinuturo ng Santiago 5:14 at tawagan ang mga matatanda sa iglesya upang ipanalangin ang aming maysakit na anak. Malugod naman silang dumating; at hindi ko kailanman malilimutan kung paanong habang kami ay nananalangin, ang mapayapa, nagbibigay katiyakang presensiya ng Dios ay dumating sa aming tahanan. Alam namin na dininig ng ating Ama ang aming pag-iyak para sa tulong, at ipinangako na niya ang kagalingan. Sa loob lamang ng tatlumpung minuto mula nang manalangin kami, nawala na ang lagnat ni Baby Carrie; sumuso na siya at mahimbing na nakatulog. Mula sa sandaling iyon, siya ay lubusan nang gumaling; at naluwalhati ang Dios!

(8) Pinatitibay ng pagdurusa ang ating walang hanggang pag-asa (2 Corinto 4:16-18).

Ipinakita ng manunula na si Fanny Crosby ang isang kahanga-hanang saloobin tungkol sa pagdurusa, maging bilang isang bata. Sa edad na siyam,isinulat niya ang sumusunod na tula:

[635] Ibid, 82

O anong sayang kaluluwa ako
Bagaman hindi ako nakakikita
Inihahayag ko na sa mundong ito
Ako ay magiging kuntento!

Gaano karaming biyaya ang tinatamasa ko
Na hindi naranasan ng ibang taoAng umiyak at maghinagpis

dahil Ako ay bulag
Hindi ko magagawa at hindi ko Iyon gagawin.

Isang araw, isang may mabuting intensiyon na ministrong Scottish ay nagsabi kay Fanny Crosby na noon ay may sapat na gulang na, "Sa palagay ko nakakaawa na ang Panginoon, nang ibuhos niya sa iyo ang napakaraming kaloob, hindi ka niya binigyan ng paningin." Sumagot si Fanny: "Alam mo ba na kung mayroon akong isang mahihiling sa aking Manlilikha noong ako ay ipanganak, iyon ay ang ipanganak na bulag." "Bakit?" ang tanong ng nagulat na ministro. "Dahil, kapag nakarating ako sa Langit, ang unang bagay na magbibigay kagalakan sa aking paningin ay ang makita ang mukha ng aking Tagapagligtas." Pagkatapos ibinigay ni Fanny sa iglesya ang magandang himno na, "My Savior First of All":

(1) When my lifework is ended, and I cross the swelling tide,
When the bright and glorious morning I shall see;
I shall know my Redeemer when I reach the other side,
And his smile will be the first to welcome me.

*Refrain:*
I shall know him, I shall knowhim,
And redeemed by his side I shall stand,
I shall know him, I shall know him,
By the print of the nails in his hand.

(2) Oh, the soul-thrilling rapture when I view his blessed face,
And the luster of his kindly beaming eye;
How my full heart will praise him for the mercy, love, and grace,
That prepare for me a mansion in the sky.

(4) Through the gates to the city in a robe of spotless white,
He will lead me where no tears will ever fall;
In the glad song of ages I shall mingle with delight;
But I long to meet my Savior first of all.

Suffering weans us from earth and increases our taste for heavenly joys!

(1) Kapag nagwakas na ang aking gawain sa buhay, at tumatawid ako sa tumataas na alon,
Kapag ang maliwanag at maluwalhating umaga ay aking makikita;

Makikilala ko ang aking Manunubos kapag narating ko na ang kabilang ibayo,
At ang kanyang ngiti ang unang sasalubong sa akin.

Refrain:

Makikilala ko siya, makikilala ko siya,
At natubos na sa kanyang tabi ako ay tatayo,
Makikilala ko siya,makikilala ko siya,
Sa mga bakas ng mga pako sa kanyang palad.

(2) O, ang nakakaantig-kaluluwang pagdagit kapag namasdan ko Ang kanyang pinagpalang mukha,
At ang ningning ng kanyang magiliw na matang nakangiti;
Paanong ang aking pusong puno ay pupurihin siya para sa Habag, pag-ibig, at biyaya,
Na naghanda sa akin para sa isang mansiyon sa kalangitan.

(4) Sa pagpasok sa pintuan patungo sa lunsod sa damit na sakdal puti,
Aakayin niya ako kung saan wala na kailanmang luha ang papatak;
Sa masayang awit ng panahon ako ay masayang makikihalubilo;
Ngunit nais kong ang aking Tagapagligtas ang unang makita.

Inilalayo tayo ng pagdurusa mula sa mundo at pinalalaki ang ating panlasa para sa mga kasiyahang makalangit!

## Pagtanggi ng mga Kristiyano sa Pagdurusa ay Naging Dahilan ng Paglaganap ng Prosperity Theology

Ang mga Kristiyano sa buong mundo ay nakararanas ng pagdurusang hindi pa nila kailanman nararanasan. Halimbawa, karamihan sa 70 milyong Kristiyano na pinaniniwalaang pinatay mula sa panahon ni Cristo ay pinatay sa huling dalawandaang taon.[636]Sa kalagitnaan ng wala pang naunang katulad na kahirapan at pagdurusa ng mga matapat na Kristiyano, lumalaganap ang prosperity theology sa buong iglesya tulad ng isang malaking sunog. Kinakailangang matanto ng mga Kristiyano ang theology ito at kinakailangang magkaroon ng mga sagot sa mga katuruan nito.

### Ano ang Prosperity Theology?

Ang prosperity theology(na kung minsan ay tinutukoy bilang prosperity gospel/ebanghelyo ng kasaganaan, ang ebanghelyo ng kalusugan at kayamanan, o ang ebanghelyo ng tagumpay) ay isang paniniwalang panrelihiyon sa ilan sa mga [nagsasabing] sila ay Kristiyano, na nagpapahayag na ang pagpapalang pinansiyal at pisikal na kabutihan ang

---

[636] "Lausanne Conference Addresses Major Challenges for World Mission." Hinango sahttps://www.christiantoday.com/article/lausanne.conference.addresses.major.challenges.for.world.mission/11224.htm September 12, 2020.

laging kalooban ng Dios para sa kanila; at ang pananampalataya, positibong pananalita, at donasyon sa mga relihiyosong kadahilanan/proyekto ay magpaparami sa materyal na pag-aari ng isang tao....

> Ang prosperity theology ay pinupuna ng mga tagapanguna mula sa iba't-ibang denominasyon, kabilang sa loob ng Pentecostal at mga kilusang charismatic, na nagsasabing ito ay iresponsable, nagsusulong ng pagsamba sa dios-diosan, at sa gayun taliwas ito sa Kasulatan.[637]

Ang prosperity gospel ay dapat isiwalat dahil sa pagbaluktot nito sa Salita ng Dios at sa pagiging mapanira nito sa pananampalataya ng maraming Kristiyano. Madalas na inaatake ni Satanas ang Salita ng Dioss sa pamamagitan ng bahagyang pagbaluktot ng katotohanan dahil alam niya na ang maliit na butil ng pagdududa at maling pag-asa ay mag-aani ng kawalang pananampalataya.

Ang mga tanong ngayon sa ating harapan ay hindi kung nagpapagaling pa ba ang Dios, o gumagawa pa ba ng mga himala, o kung minsan ay nagbibigay ng mga materyal na mga pagpapala sa kanyang bayan; kundi **maaari bang angkinin ng mga Kristiyano sa bahaging ito ng walang hanggan,bilang kanilang karapatan ang pisikal at materyal na "pagpapala"? Ipinangako ba ang pisikal na kagalingan sa bahaging ito ng walanghanggan sa pamamagitan ng pantubos na kamatayan ni Hesukristo?**

Sa kanyang klasikong aklat, *Miraculous Healing,*[638]Itinuturo ni Henry Frost ang ilang katuruan patungkol sa pagpapagaling (isang pangunahing pagbibigay-diin ng prosperity theology) na dapat subukin sa pamamagitan ng Salita ng Dios. Mula sa aking pagbabasa ng aklat ni Frost, nagbalangkas ako ng pitong katuruan ng prosperity theology (espesyal ang mga may kaugnayan sa mahimalang pagpapagaling) na naghatid ng kalituhan sa maraming matapat na Kristiyano.

### Pitong Pagkakamali ng Prosperity Theology

#### ***Itinuturo ng Prosperity theology na sa kaligtasan, magkapantay na kabilang ang kaligtasan ng ating mga kaluluwa at ang kagalingan ng ating mga katawan sa parteng ito ng walang-hanggan.***

Ano ang itinuturo ng Biblia? Sumasang-ayon ang Kasulatan na ang pagtubos ni Cristo sa *wakas* ay makakasama ang ating pisikal na katawan, ngunit ang kagalingan ay hindi *ipinangako* sa buhay na ito. Bagaman sinasabi ng Kasulatan na hilingin natin ang paggaling, hindi binabaligtad ng ebanghelyo ang bawat epekto ng pagkahulog sa kasalanan dito sa mundo.

---

[637] "Prosperity Theology." Retrieved from https://en.wikipedia.org/wiki/Prosperity_theology September 12, 2020.

[638] Henry Frost, *Miraculous Healing: Why Does God Heal Some and not Others?* (Hagerstown: Christian Heritage, 2000). Inilarawan ni Dr. Martyn Lloyd-Jones ang aklat na ito bilang pinakamabuti sa lahat ng kanyang nabasa sa paksa ng divine healing.

Ang mga katawang ito na ngayon ay *umiiral* ay nabubulok. Sa muling pagkabuhay, bibigyan tayo ng bagong katawan "*na magiging katulad ng kanyang niluwalhating katawan*."[639]Itong lumang "laman at dugo ay hindi maaaring magmana ng kaharian ng Dios…subalit tayo ay babaguhin."[640] Sinasabi ni Pablo, sa katotohanan, na ang mga makamundong kubol na ito ay "*sisirain*"; subalit tayo ay pagkakalooban ng isang "*gusali mula sa Dios, isang tirahan na hindi ginawa ng kamay, walang hanggan sa kalangitan.*"[641]Katulad ng isang nabubulok na buto/binhi,

> Ang katawan [panlupa] ay inihasik sa kabulukan/corruption; ito ay binuhay na walang kabulukan. Ito ay inihasik sa kawalang-karangalan; ito ay binuhay sa kaluwalhatian. Ito ay inihasik sa kahinaan; ito ay binuhay sa kapangyarihan. Ito ay inihasik sa likas na katawan; ito ay binuhay sa espirituwal na katawan. Mayroong natural/likas na katawan; at mayroong espirituwal na katawan.[642]

Si Joni Eareckson Tada, isang dalagang Kristiyano na nagdusa bilang isang quadriplegic sa loob ng 40 taon, ay sumulat na, "Lahat ng buhay, lahat ng kagalingan, at lahat ng pagbabayad-utang ay umaagos mula sa bukal na ang Panginoong Hesukristo. Saan pa ba iyon maaaring magmula?" Nagpatuloy siya sa pagpapaliwanag, "Kung ano ang sinimulang gawin ni Jesus sa kasalanan at sa mga bunga nito [karamdaman, pagkabulok, kamatayan] ay hindi malulubos hanggang sa ikalawang pagparito."[643] Kung paanong ang isang buto ay hindi magiging isang husto sa gulang na halaman hangga't hindi ito ibinabaon, gayun din ang mga katawang ito ay hindi makararanas ng lubos na pagtubos hanggang ang mga ito ay inilibing sa kamatayan..

Dapat nating balansehin ang ating pagtuturo tungkol sa pisikal na kagalingan sa katotohanan na kung minsan pinipili ng Dios na hindi magpagaling dahil mayroon siyang iniisip na mas mabuti para sa atin.[644]Sa pamamagitan ng "isang tinik sa aking laman," halimbawa, natutuhan ni Pablo ang kababaang-loob at ang sapat sa lahat na kapangyarihan ni Cristo.[645] Sinasabi ni Joni, "Pinahihintulutan ng Dios kung ano ang kinamumuhian niya (pagdurusa ng tao) upang matupad kung ano ang minamahal niya (ang ating pagpapaging-banal)."[646]

Nang ang aming anak na lalaki na si Jesse ay nagkasakit ng kanser, madalas kaming makipagbuno sa Dios para sa kanyang kagalingan sa loob ng apat na taon niyang pakikipaglaban. Literal na libo-libong tao ang nananalangin para sa kanyang kagalingan.

---

639 Filipos 3:21
640 1 Corinto 15:50
641 2 Corinto 5:1
642 1 Corinto 15:42-44
643 Joni Eareckson Tada, *A Place of Healing: Wrestling with the Mysteries of Suffering*, *Pain, and God's Sovereignty,* (Colorado Springs: David C. Cook, 2010), 64
644 Hebreo 11:35-39
645 2 Corinto 12:7-9
646 Joni Eareckson Tada, "Joni Eareckson Tada Interview: Icons of Faith Series." Retrieved from https://www.youtube.com/ September 18, 2020.

May ilan na mabuti-ang-nais at mga makaDios na tao ang nagsabi sa aminna nakatanggap sila ang banal na pangako ng pisikal na kagalingan para kay Jesse, at hindi daw namin kailangan pang mag-alala dahil sa susunod na pagpunta sa doktor ay magpapakita ng siya ay magaling na. Sa halip na bumuti, gayunman, ang kanser ay nagpatuloy sa pagkalat, hanggang noong 2001 nabulag na siya. Ang himala na natatagpuan natin bilang mga magulang sa pagdaan sa mga pinakamahirap na mga araw na ito ay ang himala ng kapayapaan at kaligayahan at ang natatagong katiyakan/pagtitiwala na may mas mabuting bagay na ginagawa ang Dios kaysa sa pisikal na kagalingan! Ang "bagay na mas mabuti" na ito ay patuloy pang ginagawa sa ating mga buhay at sa buhay ni Jesse sa kasalukuyan.

***Kung minsan itinuturo ng Prosperity theology na ang mga pangako sa tipan ng Dios sa Israel ay mailalapat rin sa iglesya.***

May mga tagapagturo ng prosperity theology na gumagamit ng mga pangako sa tipan ng Dios sa Israel at inilalapat sa mga Kristiyano sa ngayon. Sa Exodo halimbawa,nangangako ang Dios sa bayan ng Israel na kung "maingat na susundin ang tinig ng PANGINOON inyong Dios at gawin kung ano ang tama sa kanyang paningin…Hindi ko ilalagay sa inyo ang anumang karamdaman na ipinadala ko sa mga Egipcio. Dahil Ako ang PANGINOON na nagpapagaling sa inyo."[647] "Ang karamdaman ay para sa mga Egipcio, hindi para sa bayan ng Dios. At tanging sa ating pagbalik sa espirituwal sa Egipto, tayo ay babalik sa mga [karamdaman] at mga panganib nito."[648]

Ayon sa pananaw na ito, ang matatapat na Kristiyano ay hindi kailanman magkakasakit. Ang karamdaman ay nakalaan sa mga hindi mananampalataya. Dahil gumawa ang Dios ng tipan ng kagalingan sa Israel,ang tipan na ito ay ilalapat sa espirituwal na Israel—ang iglesya.

Napakaraming suliranin sa doktrina ng tipan, ngunit babanggit lamang ako ng ilan:

(1) Ang pagbalik sa ilalim ng lumang tipan ay pagbalik din sa batas ng lumang tipan.

Ang mga Kristiyano ay hindi nabubuhay sa ilalim ng mga alituntunin ng batas ng Lumang Tipan, at hindi rin mailalapat sa atin ang bawat pangako ng batas ng Lumang Tipan sa parehong paraan na iniukol iyon sa Israel. Kung ang mga alituntunin ng batas ng Lumang Tipan ay kinakailangan pa rin para sa mga mananampalataya kay Jesus,sagayun, walang kabuluhan ang kanyang kamatayan.[649]

(2) Ang Israel ay itinalaga bilang *theocracy* kung saan *ang Dios* ang naghahari sa bansa.

Sa pamamagitan ng Israel nais ng Dios na ipakita kung ano ang hitsura ng kanyang perpektong paghahari, upang pagkalooban ang kanyang bayan ng isang nakikitang larawan ng isang kaharian na darating. Kapag dumating si Cristo, tunay, maghahari at mamamahala

---

[647] Exodo 15:26
[648] Henry Frost, *Miraculous Healing: Why Does God Heal Some and not Others?* (Hagerstown: Christian Heritage, 2000)
[649] Galacia 5:2

sa mundong ito, ang kanyang bayan ay hindi na makararanas ng ano mang klase ng sakit![650]

(3) Nilikha ng Dios ang Israel na bayan sa lupa at binigyan sila ng *pisikal na mgapagpapala* upang sila ay turuan, at tayo, *espirituwal na katotohanan*.

Hindi natin sinasabi na hindi niya tayo bibigyan ng mga pisikal na pagpapala katulad ng ginawa niya sa Israel, kundi ang mga ito ay *hindi ipinangako* sa atin sa parehong paraan na para sa bansang Israel. Nilupig ng Dios ang mga pisikal na kaaway ng Israel; pinawi ang kanilang pisikal na kauhawan mula sa isang materyal na bato; binigyan sila ng materyal na pagkain;naglaan para sa kanila ng materyal na lupain na hindi nila binili;binigyan sila ng mateyal na tahanan at mga lunsod na hindi sila ang nagtayo, mga kawan na hindi sila ang nagpalaki, at mga ani na hindi sila ang nagtanin.[651] Ngunit ginawa tayo ng Dios na makalangit na bayan at binigyan niya tayo ng "espirituwal na mga pagpapala sa makalangit na dako."[652] Lulupigin Niya ang ating mga espirituwal na kaaway,[653] bibigyan tayo ng inumin mula sa espirituwal na bato—si Cristo,[654] inaalok tayo ng espirituwal na pagkain (si Cristo ang manna),[655] at ang makalangit na Jerusalem.[656] Tayo ay espirituwal na templo,[657] isangespirituwal na pagiging pari at isang banal na bansa.[658] Walang espirituwal na karamdaman (kasalanan) ang sa paano mang paraan ay sisira sa loob habang lumalakad tayo sa liwanag.[659]

Napakalinaw sa Kasulatan na hindi lahat ng tipan na ginawa sa bansang Israel ay maaaring direktang ilapat sa iglesya maliban sa espirituwal na paraan. Hindi natin dapat,samakatuwid, na angkinin ang mga pangakong hindi naman nakalaan sa atin. Ang gayung pag-iisip ay makalilikha lamang ng kabiguan. Ang mga pisikal na pagpapala at karanasan ng Israel ay mga anino lamang at simbolo ng mga mas dakilang espirituwal na pagpapala na tinatamasa nating mga Kristiyano sa kasalukuyan, "Dahil hindi pa pumasok si Cristo sa mga banal na dako na ginawa ng mga kamay, na mga kopya ng totoo, kundi sa langit mismo, ngayon upang makita sa presensiya ng Dios para sa atin."[660]

---

[650]Pahayag 21:4
[651] Deuteronomio 11:27
[652] Efeso 1:3
[653] 2 Corinto 10:3-4
[654] 1 Corinto 10:4
[655] Juan 6:33-36; 1 Corinto 10:1-4
[656]Pahayag 21:2
[657] 1 Corinto 3:16
[658] 1 Pedro 2:9
[659] 1 Juan 1:9
[660] Hebreo 9:24. Tingnan din ang Hebreo 10:1.

***Madalas na binibigyang kahulugan ng Prosperity theology ang Isaias 53:4-5 bilang isang pangako ng pisikal na kagalingan ngayon.***

> Walang alinlangan na dinala niya ang ating mga kalungkutan (sakit,NIV), at pinasan ang ating mga kapighatian (paghihirap,NIV); gayunman ating ipinalagay na siya ay sinugatan, sinaktan ng Dios, at pinahirapan. Subalit siya ay nasugatan dahil sa ating mga paglabag, siya ay binugbog dahil sa ating mga kasalanan; ang parusa para sa ating kapayapaan ay ipinataw sa kanya; *at sa pamamagitan ng kanyang mga latay tayo ay gumaling.*[661]

Sa kahanga-hangang sipi na ito, nagpropesiya si Isaias tungkol sa dalawang-parteng ministeryo ni Hesukristo: 1) si Jesus ang nagdadala ng ating mga pasanin (t.4)at 2) si Jesus ang sakripisyo para sa ating mga kasalanan (t.5). Sa pag-abot ni Jesus nang may pag-ibig sa mga taong nagdurusa, nagpapalayas ng mga demonyo sa kanila at pinagagaling ang kanilang mga karamdaman, siya ang naging tagapasan ng kabigatan ng sanlibutan. Itinuturo ito ni Mateo:

> Nang gumabi, dinala nila sa kanya ang maraming inaalihan ng demonyo. At pinalayas niya ang masasamang espiritu sa pamamagitan ng isang salita, at pinagaling ang lahat ng maysakit, upang *matupad* ang sinabi ng propetang si Isaias, na nagsabi: "Kinuha Niya ang ating mga kakulangan at pinasan ang ating mga karamdaman."[662]

Nang si Jesus ay masugatan, binugbog at pinalo sa krus, binabayaran niya ang kabayaran para sa ating mga pagkukulang/pagkakasala: "Nguni't siya ay nasugatan dahil sa ating mga pagkakasala, siya ay binugbog dahil sa ating mga kasamaan…at sa kanyang mga latay tayo ay gumaling."Ang kagalingan na binabanggit ni Isaias ay espesyal na nakatuon sa ating kagalingan mula sa karamdaman ng kasalanan, hindi pisikal na karamdaman! Hinihikayat ni Apostol Pedro ang mga nagdurusang Kristiyano na sundan ang halimbawa ni Jesus na tiniis ang malupit na pagtrato mula sa mga makasalanan para sa ating kapakanan: "Na Siya mismo ang nagpasan ng ating mga *kasalanan* doon sa krus, upang tayo,na namatay na sa *kasalanan,* ay mabuhay para sa katuwiran—sa *pamamagitan ng kanyang mga latay tayo ay gumaling.*"[663]

> "Kung ano ang sinimulan ni Jesus na gawin sa kasalanan at ang mga resulta nito ay hindi malulubos hanggang sa ikalawang pagdating."
> – Joni Eareckson Tada

[661] Isaias 53:4-5, idinagdag ang pagbibigay-diin.
[662] Mateo 8:16-17, idinagdag ang pagbibigay-diin.
[663] 1 Pedro 2:24, idinagdag ang pagbibigay-diin; tingnan din ang Roma 5:8-9, 1 Corinto 15:3

Hanggang sa ngayon inaanyayahan niya tayo na ilagak sa kanya ang lahat ng ating mga alalahanin.[664]Sinasabi niya sa atin, "Lumapit kayo sa akin, lahat kayo na napapagal at labis na nabibigatan, at kayo ay aking pagpapahingahin."[665]Kapag tayo ay nagdurusa, nagdurusa siyang kasama natin, nananalangin para sa atin, kung minsan tayo ay pinagagaling, at laging naghahandog ng kagalingan para sa ating mga kaluluwa. Habang ang ating kasalukuyang katawang panlupa ay unti-unti nabubulok, ang ating mga kaluluwa ay nababago araw-araw dahil sa krus.

Dapat pansinin na ang bawat pagtukoy sa mga sugat, galos,at sa dugo ni Jesus sa Isaias 53 ay nakaugnay sa *kasalanan* –hindi direkta sa pisikal na pagkakasakit.[666] Ang ating kasalanan ang kasuklam-suklam na karamdaman na siyang dahilan ng matinding paghihirap,paghamak,pagdurusa at pagbuhos ng dugo ni Jesus. Ang ating mga kasalanan ang nagpanatili kay Jesus sa krus, at sa mga sugat/latay ni Jesus kaya tayo ay espirituwal na gumaling.

> "Tunay ngang namatay si Cristo upang wasakin ang karamdaman,at gagawin nga niya iyon. Subalit hindi niya sinasabi na gagawin niya, sa perpektong kahulugan, gagawin iyon ngayon, ngunit sa halip, sa isang panahon sa hinaharap kapag siya ay dumating nang may kapangyarihan at dakilang kaluwalhatian."
>
> – Henry Frost

Dahil sa dugo,hindi na tayo hawak ng kasalanan,hindi na tayo alipin ng mga pagnanasa ng laman, at hindi na naaakit ng mga bagay sa sanlibutan. Pinalaya na tayo ng dugo ni Jesus! Hindi maaalis ng pisikal na pagkabulok at kamatayan kung ano ang ginawa na ni Jesus para sa ating kaluluwa! May mga panahon na itinatago ng pisikal na paghihirap ang mukha ng Dios,ngunit gaano man kalaki ang paghihirap o pagdurusa, wala itong kapangyarihan upang ihiwalay tayo mula sa kanyang pag-ibig.[667] Anuman ang nangyayari sa iyong katawan, sa pagbabayad ni Cristo ang iyong kaluluwa ay mananatiling ligtas at may kasiguruhan. Dahil sa krus, tumitingin tayo sa isang araw sa hinaharap kung saan ang bawat epekto ng sumpa ay mawawala! Gagawing bago ang ating mundo. Wala na ang mga dawag at tinik. Magiging buo ang ating mga katawan. Permanente nang mawawasak ang paghihirap, sakit at kamatayan.

Ang lahat ng paggaling –kapwa sa pisikal at espirituwal –ay nasa krus. Ang kagalingan mula sa kasalanan ay ipinangako ngayon sa lahat ng sumampalataya kay Jesus. Ang kagalingan mula sa karamdaman, *kung minsan ay ipinagkakaloob* ngayon subali't *ipinangako sa hinaharap*.

---

[664] 1 Pedro 5:7
[665] Mateo 11:28
[666]Tingnan ang Isaias 53:5-6, 8, 10-12
[667] Roma 8:31-39

***Madalas na itinuturo ng Prosperity theology na ang pangako ni Jesus na "mas dakilang mga gawa" sa Juan 14:12 ay nangahulugan ng mas dakilang mga himala.***

Marami ang nagpapakahulugan sa siping ito bilang pangako ni Jesus na ang lahat ng mga disipulo ay gagawa ng higit na mga himala maging kaysa sa mga ginawa niya.

Nakagawa ba ang mga apostol ng higit na mga himala kaysa kay Jesus? Mayroong tatlumpu't-limang tiyak na himala ni Cristo ang nakatala sa mga Ebanghelyo, bagaman marami pa siyang ibang ginawa; subali't sa Mga Gawa, labindalawang himala lamang ng mga apostol ang nakatala, bagaman marami pang iba silang ginawa. Ang punto ay: habang ang mga himala ay tiyak na hindi inaalis sa Bagong Tipan,kailanman, hindi ang mga ito ang pokus.

Nakagawa ba ang sinuman sa mga unang disipulo ng mas higit na himala kaysa sa himala ng tinapay at isda, o ang tubig na naging alak, o angpagpapatigil sa bagyo, o ang napakaraming hinuling isda, o ang pagbabalik ng paningin ng dalawang lalaking bulag, o ang muling pagbuhay kay Lazaro? Bagaman ang ilan sa mga disipulo ay nakagawa, tunay, gumawa ng ilang makapangyarihang mga himala,walang lubusang nakapantay sa pagkamangha sa ginawa ng Panginoon. Sama-sama, *nakagawa na* ang iglesya ng mas higit na *gawaing espirituwal* kaysa kay Jesus sa kaisipan na sa pamamagitan ng kanyang kamatayan at muling pagkabuhay inilatag ni Jesus ang pundasyon na sa simula pa ay siya nating pinagtatayuan.

Sa mga unang Kristiyano, laging sentro ang pangangaral ng ebanghelyo; ang mga pana-panahong tanda at kamangha-manghang mga pangyayari ay ginagamit ng Dios upang patotohanan ang mensahe at ang mga mensahero, espesyal sa mga lugar kung saan hindi pa kailanman naipapangaral ang ebanghelyo. Ang dahilan kung bakit ang mga tanda at kamangha-manghang mga pangyayari ay nagtataglay ng malakas na kapangyarihan upang hawakan at gulatin ang mga tao kahit sa panahong ito, ay dahil napakabihira ang mga ito. Kung ang mga himala ay magiging pangkaraniwan at mahuhulaan, mawawala na ang pagiging epektibo ng mga ito at hindi na papansinin ang mensahe ng Dios.

Noong ako ay bata pa, nakilala ko ang isang guro na paminsan-minsan ay pumapalakpak nang napakalakas kapag ang kanyang mag-aaral ay nakakatulog o sa anumang kadahilanan ay hindi nakikinig. Mayroon siyang napakahalagang bagay na sasabihin at kailangan niyang ituon nila ng lubusan sa kanya ang kanilang paningin/atensiyon.Kapag sinimulan niya ang klase at nakuha na niya ang kanilang atensiyon, titigil na siya sa pagpalakpak,sa halip ay magpapatuloy na sa kanyang leksiyon. Kapag naging madalas na ang pagpalakpak ng gurong ito, natutuhan na ng kanyang mga mag-aaral na bale-walain ito. Dapat nating unawain na ang mga himala ay ang paraan ng Dios na pagpalakpak ng Kanyang makapangyarihang mga kamay upang hulihin ang atensiyon ng sanlibutan, upang ang makapangyarihang mensahe ng ebanghelyo ay malinaw na marinig, ngunit hindi bilang normal, karaniwang mga pangyayari.

Hindi ko malilimutan ang epekto ng dramatikong paggaling ng isang maliit na batang babae sa bundok ilang taon na ang nakalilipas. Sa simula ng aming pananalangin para sa kanya, may isang grupo na nagsimulang mag-ipon ipon---ang ilan ay ligtas, ngunit angibaay nananatilingnaliligaw sa paganong kadiliman. Habang kamingmga Kristiyano ay nakapaligid sa batang babae at hawaksiya sa amingmga braso,naramdaman naminang nakakatakot na kapangyarihan ni Satanas at nakita ng mismong mga mata namin ang epekto ng isang pag-atake ng demonyo. Subalit habang kami ay sama-samang umiiyak sa Dios, sama-samang umaawit, at inaangkin ang tagumpay ng dugo ni Jesus,naging sobrang tahimik ang bata at pagkatapos ay nakatulog. Pagkalipas ng labinlimang minuto, siya aynaupo,humingi ng tubigna inumin, at pagkatapos, sa aming pagkamangha, lumakad palayo na tila walang anumang nangyari! Ang himalang ito ay naging makapangyarihang tanda ng superyor na awtoridad ni Cristo sa isang pamayanan na matagal nang alipin ni Satanas; at ang Dios ay naluwalhati.

Maging maingat sa panganib ng paghanap ng mga tanda at kamangha-manghang mga bagay,[668]kundi bantayan rin ninyo ang inyong puso laban sa kawalang-pananampalataya. Nagpapagaling at nagliligtas pa rin ang Dios ngayon, ayon sa kanyang kalooban.

***Kung minsan, itinuturo ng Prosperity theology na dapat hanapin ang mga tanda.***

Sa Marcos 16:17-18 sinasabi ni Jesus, "At ang mga tandang ito ay susunod sa mga sumasampalataya: Sa aking pangalan sila ay magpapalayas ng mga demonyo; magsasalita sila ng ibang wika;hahawakan nila ang mga ahas; at kung iinom sila ng anumang nakamamatay, hindi ito makasasama sa kanila; ipapatong nila ang kanilang kamay sa maysakit, at sila ay gagaling."

Ang mga "tanda" na ito, tunay, na sumusunod sa ebanghelyo habang ito ay matapat na ipinapahayag sa buong mundo, espesyal na sa mga lugar na hindi pa iyon naipapahayag. Panginoon, patawarin mo po kami sa aming kawalang paniniwala!

Ang mga tanda at nakamamanghang bagay, gayunman, ay hindi dapat siyang hanapin. Ang mga ito ay *natural* na susunod sa matapat na pangangaral ng ebanghelyo. Habang tayo ay may kababaang-loob, masunurin, at umaasa sa pagtungo sa mundo na ipinapangaral ang ebanghelyo, ang kapangyarihan ng Dios *ay mahahayag* sa loob at sa pamamagitan ng kanyang iglesya.

Bilang halimbawa, nang mawasak ang barko ni Pablo at siya ay naanod sa pasigan ng isla ng Malta,[669]ito ay tiyak na hindi aksidente sa pananaw ng Dios. Nakita ng Dios ang isang isla na puno ng mga taong naliligaw na dahilan kaya siya namatay upang iligtas. Habang tumutulong si Pablo na manguha ng kahoy na panggatong, isang makamandag na ahas ang

[668] Lucas 11:29
[669]Mga Gawa 28

tumuklaw sa kanyang kamay. Dahil hindi siya namatay, nagsimulang magbukas ang Dios ng pinto para sa ministeryo para kay Pablo sa islang iyon.

***Kung minsan, itinuturo ng Prosperity theology na dahil si Jesus ay "hindi nagbabago kahapon, ngayon at magpakailanman"[670]sagayun dapat nating laging asahan ang parehong sagot sa panalangin.***

Si *Cristo Jesus ay tunay na hindi nagbabago* sa kanyang kalikasan at pagkatao, ngunit ang kanyang mga ginagawa ay halos hindi mahuhulaan. Ang Dios ay hindi isang makina na maaari nating i-programa, kontrolin o maimpluwensiyahan. Siya ay isang personang kumikilos ayon sa kanyang sariling kalooban, para sa ating ikabubuti at para sa kanyang kaluwalhatian.

**Hindi nagbabago ang pag-ibig ng Dios sa kanyang mga anak na nagdurusa.**

Ang isang bagay na *maaari nating panghawakan* ay: Si Jesus ay hindi nagbabago sa kanyang pag-ibig! Hindi niya tayo kailanman iiwan o pababayaan man. Ang kanyang kapangyarihan ng muling pagkabuhay ay magiging malakas sa atin—kapangyarihang kung minsan ay nagpapakilos sa bundok, kung minsan ay akyatin ito, at kung minsan ay pumapasok sa loob nito! Ang kanyang lubos na sapat na biyaya at kapayapaan ang laging magbibigay lakas sa atin sa paghihirap at sakit. Dahil siya ay lubos na makapangyarihan, ang bawat pangyayari na ating hinaharap ay nagpapasakop sa kanyang kontrol at mahahabi sa tela ng kanyang perpektong disenyo.

Hindi ko malilimutan ang isang oras na biyahe pauwi pagkatapos na ang limang-linggong gulang na si Jesse ay matuklasang may retinoblastoma (isang uri ng kanser sa mata). Katulad ng sinumang mapagmahal na magulang, kami ni Becky ay labis na nasasaktan sa kawalang-katiyakan sa aming hinaharap;ngunit habang nasa biyahe kami, lumukob sa amin ang hindi maipaliwanag na kapayapaang mula sa Dios. Ang kapayapaang ito ay nagsimula habang nagsisimula kaming alalahanin ang hindi maipagkakamaling mga angyayaring niloob ng Dios na nagdala sa amin sa pagkakataong ito. Narito ang ilang mga bagay na bumaha sa aming mga puso ng kapayapaan at pagpupuri. Una, hindi kami dapat nasa USA, subali't naroon kami.Ilang linggo bago magsimula ang aming unang termino ng pagmimisyon, ako ay "nagkataon" na makasaksi ng isang krimen at ang estado ng Indiana ay nakipagkasundo na babayaran ang "pag-uwi" ng aming pamilya kung ako ay sasaksi. Ikalawa, hindi kami dapat nakakuha ng sertipiko ng kapanganakan ni Jesse at pasaporte nang may sapat na oras upang lumipad palabas ng Maynila, na takdang oras para sa paglilitis, ngunit nagawa namin. Sa loob ng tatlong araw mula ng ipanganak siya, lumabas na kami sa ospital, nakipaglaban sa trapiko sa Maynila, at nakarating sa Embahada ng US nang may sobra pang labintatlong minuto. Kami ang huling customers sa araw na iyon. Ikatlo, hindi kami dapat nasa klinika ng doktor sa Michigan, ngunit naroon kami. Bagaman wala kaming anumang hinala, nagpasya kaming magkaroon ng wellbaby check-up bago

---

[670] Hebreo 13:3

bumalik sa lugar ng aming gawain. Ikaapat, habang muli naming isinusuot ang aming coat bago lumabas sa klinika ng doktor, tiningnan uli ng aming pediatrician sa isa pang pagkakataon ang mga mata ni Jesse. Ang huling pagtingin na ito ang naging pagliligtas sa buhay ni Jesse. Kumbinsido kami na kung nakabalik kami sa Pilipinas nang hindi natutuklasan ang kanyang sakit, tiyak na mamamatay si Jesse.

Habang nagbibiyahe kami sa kotse ng Oktubreng iyon, ibinukas ng Dios ang aming mga mata na tila ngayon lang namin nakita ang nakakubli, detalyadong pangangasiwa ng Dios sa aming mga buhay; at ang nakamamanghang kagandahan ng kanyang soberenya at mapagkalingang pag-iingat na halos hindi kami makahinga. Ang aming pagtitiwala ay hindi nakabatay sa aming kakayahan na utusan at maimpluwensiyahan ang Dios, kundi sa kanyang kapangyarihan na gawin ang bawat pangyayari sa aming mga buhay aymagpasakop sa kanyang mapagmahal, makalinga, lubos ang kapangyarihang kontrol.

***Kung minsan pinapapangit/binabaluktot ng Prosperity theology ang kahulugan ng pananampalataya.***

Ibinibigay ni Santiago ang magandang paanyayang ito sa iglesya:

> Mayroon bang maysakit sa inyo? Hayaan siyang tawagin ang matatanda sa iglesya, at ipanalangin siya, pahiran siya ng langis sa pangalan ng Panginoon. At ang panalangin ng pananampalataya ay magliligtas sa maysakit, at ibabangon siya ng Panginoon.[671]

Isang hapon habang naglalakad ako kasama ng ilang pastor sa isang pamayanan, dinala sa amin upang ipanalangin ang isang lubhang maysakit na sanggol. Dalawang linggo nang maysakit ang bata, ayon sa aking pagkatanda; at habang nakikinig kami sa malungkot na kuwento ng umiiyak na ina, napuspos ng awa ng Dios ang aming mga puso. Hindi ko malilimutan na habang ipinapatong namin ang aming mga kamay sa batang maysakit at magsimulang manalangin, ang Banal na Espiritu ay nangusap sa aming mga puso na ninanais talaga niya ang magpagaling. Hindi mahirap ang manalangin, subali't natural. Hindi namin ipinipilit sa Dios ang aming kalooban subalit ang pakiramdam namin kami ay Kanyang mga instrumento. Ang aming katiyakan at pagtitiwala sa kagalingan at kalakasan ng loob upang humingi ay hindi galing sa aming sariling pagsisikap, kundi sa layunin at biyaya ng Dios. Nang bumalik kami sa lugar na iyon kinabukasan, nakita namin na lubusan nang magaling ang bata, tulad ng inaasahan. Naniniwala ako na ito ang panalangin ng pananananampalataya na binabanggit ni Santiago.

Ang pananampalataya ay simpleng pagtitiwala. Ito ay hindi pagtitiwala para ipilit ng mga anak ng Dios ang kanilang sariling paraan. Ang pagtitiwala ay simpleng paniniwala na *kaya* ng Dios, at *gagawin* din niya, gagawin niya ang lahat ng bagay na niloloob niya.

---

[671] Santiago 5:15

Ang pisikal na pagdurusa ay karaniwang nagbibigay sa atin ng pagkakataon upang lumago sa pagtitiwala. Isinulat ni Henry Frost:

> Para sa akin ito ay isang pinagpalang karanasan: kung ang karamdaman ay dumating upang ilagay ako ng lubusan sa kanyang awa, maging sa pagkakasakit o sa kalusugan man; upang magtanong kung ano ang nais niyang gawin ko upang humanap ng kagalingan; upang magtanong kung ang mga pangyayari ay nagpapanukala na siya ay mahimalang magpapagaling; upang hanapin, kung wala ang gayung kagalingan, na malaman ang kanyang pag-iisip kung patungkol sa kagalingan sa ibang paraan; at sa panghuli, ay tanggapin ang usapin ng kanyang kalooban, anuman iyon, hindi lamang nang may pagsuko, kundi nang may pagtitiwala at pagpupuri.[672]

► Talakayin nang sama-sama ang pitong pagkakamali ng prosperity theology. Ang mga pagkakamali bang ito ay nakikita sa mga iglesya o sa mga Kristiyanong kilala mo? Ano ang ilan sa resulta ng paniniwala sa mga kamaliang ito? Maging malaya rin sa pagbabahagi ng mga kuwento ng kagalingan at paglaya (sa kasalanan/pagkaalipin).

## Konklusyon

Ang paghihirap/pagdurusa ay isang kagamitan na hawak sa kamay ng isang mabuti at mapagmahal na Dios. Yakapin mo ito. Sa pamamagitan nito, hinuhubog ka niya ayon sa imahen ng Anak. Ang pag-alala dito ay magdadala ng kapayapaan sa ating mga puso at magpapadali sa ating pagbabagong-anyo.

> Minsan, may isang maliit na piraso ng kahoy ang mapait na nagrereklamo dahil ang may-ari sa kanya ay patuloy siyang kinakayas, pinuputol, at nilalagyan ng maraming butas; ngunit ang taong pumuputol dito….hindi pinapansin ang kanyang mga reklamo. Gumagawa ang lalaki ng isang plauta….[673]

---

[672] Henry Frost, *Miraculous Healing: Why Does God Heal Some and not Others?* (Hagerstown: Christian Heritage, 2000), 110

[673] M.R. Dehaan, *Broken Things*, as quoted in Charles Swindoll, *Favorite Stories and Illustrations* (Philippines, OMF Literature, 1998), 547

## Takdang- Aralin - Leksiyon 13

(1) Kumuha ng pagsusulit batay sa materyal mula sa leksiyong ito.

(2) Mag-ukol ng hindi kukulangin sa tatlumpung minuto sa linggong ito sa pagbabalik-aral sa leksiyon, kabilang ang mga reperensiya sa Kasulatan, at hinihiling ang insight mula sa Banal na Espiritu.

(3) Itala sa iyong journal ang anumang espesipikong pagbabago na dapat gawin sa iyong buhay, ayon sa paghahayag ng mga iyon ng Panginoon sa iyo.

(4) Pagbulay-bulayan ang kahit man lang isang Awit sa iyong pang-araw-araw na oras ng pagbubulay at itala sa iyong journal kung ano ang sinasabi ng salmista tungkol sa kalikasan at katangian ng Dios.

(5) Irekord sa iyong journal ang isang pesonal na panalangin para sa espiritual na pagbabago at paglago base sa leksiyong ito.

(6) Pagsanayang gamitin ang *Pang-araw-araw na gabay sa Pananalangin* ni Dr. Brown sa iyong pang-araw-araw na pribadong panalangin.

## Pagsusulit - Leksiyon 13

(1) Patunayan mula sa Kasulatan na ang paghihirap ay bahagi ng kalooban ng Dios para sa mga Kristiyano.

(2) Ano ang dalawang salamin para tingnan ng Kristiyano ang daigdig?

(3) Anong talata ang nagtuturo sa atin na si Jesus ang ating halimbawa ng paghihirap?

(4) Anong talata ang nagtuturo na ang lahat ng sannilikha ay dumaraing?

(5) Ayon sa Roma 8:28-29, pinahihintulutan ng Dios na ang lahat ng bagay ay magkakalakip-lakip para sa ikabubuti ng mga umiibig sa kanya. Ano ang Kanyang ultimong layunin? “Upang tayo ay maging ______________sa _________ng kanyang ____________.”

(6) Ano ang tatlo sa pitong benepisyo ng paghihirap na binanggit sa leksiyong ito?

(7) Sa iyong sariling mga salita, ipaliwanag ang hindi bababa sa dalawa sa mga pagkakamali ng teolohiya ng kasaganaan/prosperity theology.

# Leksiyon 14
# Hinubog ng Komunidad na Kristiyano

## Pagbabalik-Aral sa Leksiyon 13

Note sa tagapanguna sa klase: Pagbalik-aralan ang mga pangunahing puntos mula sa Leksiyon 13. Hilingan ang mga mag-aaral kung sino ang nagnanais na ibahagi ang kanilang personal na panalangin mula sa Leksiyon 13.

## Mga Layunin ng Leksiyon

Kapag natapos ang leksiyong ito, ang mag-aaral ay dapat:

(1) Matutuhang pahalagahan ang iglesya; ang komunidad ni Cristo.

(2) Maunawaan kung gaano kahalaga ang espirituwal na komunidad sa ating paglagong espirituwal.

(3) Italaga ang sarili sa mas higit na pakikilahok sa buhay ng iglesya.

## Mga Larawan ng Buhay

### Hinahadlangan ng Pagiging Mapagkunwari

Si Gracia, isang kabataang dalagang Latino, ay nasaktan ng mga "mapagpaimbabaw" sa kanyang iglesya at naging medyo mapang-uyam. Nahihirapan siyang magtiwala. Dumadalo pa rin siya sa gawain minsan sa isang linggo, ngunit bihirang nakikipag-ugnayan sa sinuman bukod sa lingguhang gawain ng pagsamba sa Linggo nang umaga. Ang pakiramdam niya ay sapat na ang kanyang pansariling personal na relasyon sa Dios.

### Hinahadlangan ng Pagiging Abala

Si Evan, isang negosyante sa Asya, ay dumadalo sa isang malaking gawain ng pagsamba sa kanyang lunsod, subali't naniniwala siya na siya'y napakaabala upang magligkod sa iglesya. Ibinibigay niya ang kanyang ikapu, ngunit iyon lamang. Halos wala siyang kilalang sinuman ayon sa pangalan sa kanilang kongregasyon.

### Hinahadlangan ng Pagiging Sapat sa Sarili

Si Akachi ay isang laging hinahanap na ebanghelista sa Africa. Siya ay laging nagbibigay ngunit bihirang tumatanggap ng biyaya mula sa pamilya ng Dios. Siya ay nagiging malungkot at mahina sa espirituwal dahil hindi niya binibigyan ng pagkakataon ang ibang Kristiyano upang magsalita sa kanyang buhay.

**Hinahadlangan ng Espiritung Mapunahin**

Sina Jim at Lisa ay mga taga Hilagang Amerika na nagpalipat-lipat na sa ilang iglesya sa nakaraang 10 taon. Hindi pa sila nakakikita ng isang iglesya kung saan sila ay lubusang "komportable", kung kaya't hindi pa sila nagtatalaga ng kanilang sarili sa alinmang kongregasyon. Madali nilang ipinapahayag ang kanilang mga hindi nagugustuhan at "ipinag-aalala" sa bawat isang iglesya na kanilang dinadaluhan, subalit hindi kailanman nagboboluntaryo para sa mga ministeryo at bihirang nakikipag-ugnayan sa mga kapwa mananampalataya sa maliliit na grupo. Hindi nila nalalaman kung ano ang nawawala sa kanila!

**Lubusang Pakikibahagi**

Ang Mga Kristiyano ng Iglesya sa Bagong Tipan:

> Kaya't nagpapatuloy araw-araw nang may pagkakaisa sa iisang layunin sa templo, at naghahati-hati ng tinapay sa kanya-kanyang tahanan, kinakain nila ang kanilang pagkain nang may kagalakan at simplicity ng puso, nagpupuri sa Dios at tumatanggap ng pabor mula sa lahat ng tao.[674]

Bagaman ang lahat bukod sa huling paglalarawan ay kathang-isip, inilalarawan nito ang saloobin na mayroon ang maraming Kristiyano para sa iglesya. Sa buong mundo, mayroong malaking bilang ng mga mananampalataya na hindi nakikipag-ugnayan sa ibang miyembro ng katawan ni Cristo sa malalim, makahulugan, at nakapagpapabagong mga paraan.

►Bakit sa palagay ninyo na mapakaraming mga Kristiyano ang nagkukulang sa pakikilahok sa pamilya ng Dios? Anong parte ang ginagampanan ng katamaran? O pagwawalang-bahala? O pagiging makasarili? O takot? Bakit natatakot kung minsan ang mga Kristiyano na bumuo ng malalalim na relasyon sa ibang mga Kristiyano?

## Ang Malaking Ideya

Ang aking kabigatan para sa leksiyong ito ay ang hubugin tayo ng Banal na Espiritu sa imahen ni Hesukristo habang tayo ay *nakikilahok* sa komunidad na Kristiyano. Mahalaga ang katotohanang ito. Hindi iyon maiaalis kung nais nating magkaroon ng gulang sa espirituwal.**Ang layunin ng Dios para sa bawat iglesyang Kristiyano ay ang magkaloob ng pagtanggap, pagpapatibay, pananagutan, at aktibong pagkakataong pangministeryo na kinakailangan para sa paglagong espirituwal.**

Sa leksiyong ito, sisiyasatin natin kung bakit ang pakikilahok at pagtatalaga ng sarili sa buhay ng iglesya –sa pamamagitan ng pagsamba, paglilingkod, pakikisama, grupo ng pagdidisipulo, mga pagpupulong sa pananalangin, pagpapatotoo, at iba pa –ay

[674]Mga Gawa 2:46-47a

napakahalaga. Sasaliksikin natin ang kapangyarihan na taglay ng pakikilahok sa komunidad na Kristiyano upang tayo ay hubugin tayo sa imahen ni Jesus.

► Basahin ang Efeso 4:11-13 at Roma 12:4-16 nang sama-sama. Mula sa mga talatang ito, ano ang ilan sa mga paraan na tayo ay naglilingkod sa isa't-isa bilang kapwa mananampalataya? Ano ang pangwakas na layunin, ayon sa Efeso 4:13?

Mahalagang maunawaan na ang layunin ng lahat ng ginagawa natin sa pag-ibig at paglilingkod sa isa't-isa (Roma 12) ay kinakailangang upang patibayin ang isa't-isa, upang unti-unti, dinadala natin at mas natutulad sa imahen ng ating perpektong Tagapagligtas (Efeso 4). Ang katotohanang ito, na nakabaon sa ating mga puso, ay magdadagdag ng kahulugan maging sa pinakamaliit nating ginagawa.

**Ano ang Iglesya?**

Ikaw at ako ay binili ng mahalagang dugo ni Cristo at binawtimuhan ng Banal na Espiritu sa iglesya ni Cristo –ang kanyang katawan, ang kanyang asawang-babae, ang kanyang pamilyang tinubos! Sama-sama, tayo ang iglesya! Ang iglesya ay hindi isang gusali; ikaw ang iglesya! Iyon tayo. Iyon ang ating mga asawang lalaki, mga asawang babae, mga anak, at mga kaibigan. Huwag nating isipin ang iglesya bilang simpleng lugar na pinupuntahan natin kapag Linggo o maging kahit ang mga taong nakakasalamuha natin doon. Ang lahat ng tinubos ay bahagi ng pangdaigdigang iglesya ng Dios; at ang pakikipag-ugnayan sa isa't-isa, para sa layunin ng pagpapalakasan, ay kinakailangan para sa pagkakaroon ng sapat na gulang sa espirituwal.

Bakit napakahalaga ng pakikilahok sa komunidad na Kristiyano? Narito ang ilan sa mga dahilan.

## Ang Pakikilahok sa Komunidad ang Dahilan Kung Bakit Tayo ay Nilikha

Tayo ay nilikha sa wangis ng Dios na may tatlong persona –Ang Dios Ama, ang Dios Anak at ang Dios Espiritu Santo. Ang tatlong persona ng Trinidad ay nasa isang malapit, maligayang pakikisama sa panghabang-panahon. Tayo ay nilikha nang may kaparehong kakayahan at pangangailangan. *Tayo ay nilikha para sa pakikisama*. Tayo ay nilikha para "*sa isa't-isa*."[675] Tayo ay nilikha para sa *malalim at makahulugang mga relasyong espirituwal.* Kung wala sa ating buhay espirituwal ang komunidad, tayo ay mas mahina, mas makasarili, mas madaling matukso sa kasalanan, mas madaling tablan ng mga atake ng kaaway, mas malungkot, mas nawawasak, at mas nababaluktot ang personal at espirituwal na kalagayan. Isinulat ni Dr. Dennis Kinlaw na, "**Hindi natatanto ng isang tao ang baluktot na pagsentro sa sarili hangga't siya ay namumuhay nang nag-iisa.**

[675]Isang talatang inulit nang mahigit sa 50 beses sa Bagong Tipan.

**Kailangang mamuhay sa komunidad ang isang tao upang mapagtanto ang mga suliranin sa kanyang sariling kaluluwa."**[676]

Ang pagsasarili/paghihiwalay sa iba ang estratehiya ni Satanas. Siya ay inilarawan sa Kasulatan bilang isang "leon na umaatungal, na nag-aabang kung sino ang kanyang masisila."[677]Nalalaman ng mga naninirahan sa Africa kung paano naghahanap ang mga leon ng kanilang masisila. Hinahabol nila ang isang kawan hanggang ang isa sa mga ito ay magsimulang maiwan, hanggang sa ang pinakamahina sa kawan ay mapahiwalay mula sa nakapag-iingat na pangangalaga ng iba pang miyembro ng kawan. Pagkatapos, kaunting panahon na lamang ang hihintayin bago ito lundagin,hulihin at kainin ng leon.

Itinakda ng Dios mula sa pundasyon/simula ng mundo na ilagay ang mga tao sa maliliit na komunidad na tinatawag na pamilya. Ang mga sanggol, mga bata, mga kabataan, at maging ang mga nasa kalagitnaan ang edad at mga nakatatanda ay nangangailangan ng pamilyang kabibilangan. Isipin ninyo ang isang sanggol na ipinanganak pagkatapos ay inabandona ng kanyang ina. Dahil hindi pa niya kayang pakainin o bigyang ginhawa ang kanyang sarili, siya ay mamamatay! Isipin ninyo ang mga bata at mga kabataan na hindi nararanasan ang kaginhawahan, paggabay, disiplina at alituntunin ng kanilang mga magulang. Sila ay magdurusa. Isipin ninyo ang mga matatanda na walang sinumang maaaring tumingin/mangalaga sa kanila. Ang kanilang mga buhay ay karaniwang nagwawakas nang may kalungkutan.

Anumang panahon sa buhay ang kinalalagyan mo sa ngayon, kailangan mo ng pamilya. Kung hindi ka nagkaroon ng malusog na pamilya sa mundo, malamang na nakaranas ka ng kahirapan na maging isang espirituwal, emosyonal at panlipunang malusog na Kristiyano. Subali't nagkaloob ang Dios ng isa pang pamilya para sa iyo –ang pamilya ng Dios!

Ang pangangailangan sa pakikibahagi sa komunidad ay ipinahayag sa buong Kasulatan sa Bagong Tipan. Nilinaw nila na kailangan natin ang isa't-isa –na hindi tayo nilikha upang mamuhay nang nag-iisa. Mayroong hindi bababa sa limampu't-limang reperensiya ng "sa isat-isa" sa Bagong Tipan, na nagpapatunay sa kahalagahan na inilagay ng Dios sa espirituwal na komunidad. Dalawampu sa limampu't-limang reperensiyang ito ay nag-uutos sa atin na "ibigin ninyo ang isa't-isa". Ngunit marami pang iba:

- Magkaroon kayo ng kapayapaan sa isa't-isa (Marcos 9:50).
- Hugasan ninyo ang paa ng isa't-isa. (Juan 13:14).
- Magmahalan kayo (Juan 13:34). Ang "Mahalin ninyo ang isa't-isa"ay makikita ng 20 beses sa 55 pagkakataon!
- Maging mabuti at mapagmahal sa isa't-isa (Roma 12:10).

---

[676] Dennis Kinlaw, *The Mind of Christ* (Wilmore: Francis Asbury Press, 1998), 65
[677] 1 Pedro 5:8

- Maging pareho (mapakumbaba) ang isipan ninyo tungo sa isa’t-isa (Roma 12:16).
- Huwag nating husgahan ang isa’t-isa (Roma 14:13).
- Tanggapin ninyo ang isa’t-isa (Roma 15:7).
- Paalalahanan ninyo ang isa’t-isa (Roma 15:14).
- Hintayin ninyo ang isa’t-isa (1 Corinto 11:33).
- Pangalagaan ninyo ang isa’t-isa (1 Corinto 12:25).
- Paglingkuran ninyo ang isa’t-isa. (Galacia 5:13).
- Magpaumanhin kayo sa isa’t-isa. (Efeso 4:2).
- Maging mabuti/mabait kayo sa isa’t-isa. (Efeso 4:32).
- Umawit kayo sa isa’t-isa ng mga salmo at himno at mga awit na espirituwal (Efeso 5:19).
- Magpatawad kayo sa isa’t-isa. (Colosas 3:13).
- Turuan ninyo at payuhan ang isa’t-isa. (Colosas 3:16).
- Aliwin ninyo ang isa’t-isa. (1 Tesalonica 4:18).
- Patatagin ninyo ang isa’t-isa(1 Tesalonica 5:11).
- Ipahayag ninyo ang inyong mga kasalanan sa isa’t-isa. (Santiago 5:16).
- Ipanalangin ninyo ang isa’t-isa. (Santiago 5:16).
- Maging mahabagin kayo sa isa’t-isa. (1 Pedro 3:8).
- Maging mapagbigay kayo sa pakikitungo sa isa’t-isa. (1 Pedro 4:9).
- Maging mapagpakumbaba kayo sa isa’t-isa. (1 Pedro 5:5).
- Magkaroon kayo ng pakikisama sa isa’t-isa. (1 Juan 1:7).

Ang Kristiyanismo ay tungkol sa pamilya! Tayo ay dapat mamuhay nang magkakaugnay at umaasa sa isa’t-isa. Dapat tayong tunay na nakaugnay sa espirituwal at emosyonal sa ibang mga Kristiyano kung kaya’t kapag sila ay lumuluha, tayo ay lumuluha, at kapag sila ay nagagalak, tayo rin ay nagagalak.[678] Kapag nakita natin ang isang kapatid ay walang damit, naghihirap, at nagugutom, ginagawa natin kung ano ang ating makakaya upang tugunan ang kanilang pangangailangan.[679]Ayon kay Santiago, ito ang kahulugan ng pagiging tunay na Kristiyano.

---

[678] Roma 12:15
[679]Santiago 2:15

**Dumating si Jesus Upang Bumuo ng Isang Komunidad, Hindi Lamang Upang Iligtas ang mga Indibiduwal.**

Walang pag-aalinlangan, ang dahilan kung bakit napakarami ang hindi nakikisalamuha sa ibang mga mananampalataya--sa pagsamba, sa pagbabahaginan ng mga pangangailangan, sa sama-samang pagkain, sa pagpapahayag ng kasalanan, sa espirituwal na pakikisama at pananalangin – dahil hindi pa nila kailanman natututuhan ang kahalagahan ng iglesya.

**Itinatatag ni Jesus ang Kanyang Iglesya**

Kung tatanungin ninyo ang karaniwang miyembro ng iglesya kung bakit nagdusa at namatay si Jeus, sila ay sasagot ng, "Upang iligtas ako mula sa aking mga kasalanan," "Upang ako ay magkaroon ng personal na relasyon sa kanya." Ang mga katugunang ito ay totoo, ngunit hindi ang *buong* katotohanan. Ibinigay ni Jesus ang buong katotohanan sa Mateo 16:18, "Itatayo ko ang aking iglesya, at ang pinto ng impiyerno ay hindi makapananaig dito." Ang salitang "iglesya" ay nangangahulugang isang komunidad na ibinukod o isang kapulungan. Sama-sama, tayo ang bumubuo sa iglesyang ito. Dumating si Jesus upang tawagin tayo mula sa mundo at kasalanan upang gawin tayong kaisa ng Dios at sa isat-isa, upang ang mundo ay maniwala na ako ay sinugo mo."[680]

Ang pagsasalita o pagkilos na tila ba hindi natin kailangan ang iglesya –na hindi natin kailangan ang isa't-isa—ay katumbas ng paghamak sa plano ni Jesus. Ang pagpintas sa iyong maliit na bahagi sa pandaigdigang iglesya (ang iyong lokal na kapulungan) –nang hindi nananalangin, nagmamahal, at ginagawa ang lahat nang iyong makakaya upang gumaling at pagandahin ito –ay ang pagyurak sa pinakamahalagang pag-aari ni Jesus at sa sakripisyong ginawa niya para dito!

**Ang Iglesya ang Kanyang Pinakamamahal na Asawang Babae**

Ang iglesya ay tinawag na "ang asawang babae ni Cristo." Sama-sama tayo ang asawang babae ni Cristo, na pinagkalooban niya ng kanyang buhay, "upang mapabanal niya at linisin sa paghuhugas ng tubig sa pamamagitan ng salita, upang maiharap siya (tayo) sa kanyang sarili ang isang maluwalhating iglesya, na walang bahid o kapintasan o ano mang bagay na katulad nito."[681]Maging maingat sa pagsasalita patungkol sa asawang babae ni Cristo! Ang sinumang asawang lalaki ay tiyak na magagalit kapag nakarinig ng masasakit na salita tungkol sa kanyang asawang babae, na nilalait ang kanyang mga kapintasan, pinagtatawanan ang kanyangmga karumihan. Marahil talagang nasasaktan at nagagalit si Jesus kapag tayo na nagsasabing mga Kristiyano ay itinuturo ang mga pagkakamali at karumihan ng kanyang asawang babae –ang asawang babae na dahilan kung bakit ibinuhos niya ang kanyang precious na dugo –ngunit nagbigay ng mga dahilan kung bakit hindi natin

---

[680] Juan 17:21
[681] Efeso 5:26-27

maitalaga ang atingoras at mga pinagkukunan upang makita siyang maging mas maganda sa espirituwal!

**Ang Iglesya ay isang Pamilya, na Ipinangalan kay Cristo**

Sinasabi ni Pablo, "At sa kadahilanang ito iniyuyuko ko ang aking mga tuhod sa Ama ng ating Panginoon Jesucristo, kung saan ang buong pamilya sa langit at sa lupa nagmula ang kanyang pangalan."[682] Dapat nating matutuhan na magmahal at ituring na mahalaga ang isa't-isa bilang pamilya. At dapat tayong maging maingat kung paano natin tinatrato ang pamilya ni Jesus.

**Ang Iglesya ang Katawan ni Cristo, Na Binubuo ng Maraming Iba't-ibang Kaloob na Magkakaugnay sa Isa't-Isa**[683]

Dapat nating dagdagan ang ating pagpapahalaga para sa pagkakaiba-iba ng mga kaloob na ibinigay ng Dios sa atin sa halip na wasakin ang isa't-isa. Hindi natin dapatlapastanganin ang katawan ni Cristo, kundi gumawa ng mga sakripisyo upang akayin ang isa't-isa sa kaganapan sa gulang![684]

**Ang Iglesya ay Isang Templo, na Pinananahanan ng Banal na Espiritu[685] at Itinatayo ni Jesus Gamit ang mga Kristiyanong Tinatawag na mga Batong Buhay**

Tayo ay "itinatayo bilang isang espirituwal na tahanan, isang banal na saserdote, upang mag-alay ng mga espirituwal na handog na katanggap-tanggap sa Dios sa pamamagitan ni Cristo Jesus."[686]Bilang mga batong buhay sa espirituwal na santuaryo na itinatayo ni Jesus, tayo ay interconnected, interdependent sa isa't-isa. At tayo ay "isang piniling henerasyon, isang royal priesthood, isang banal na bayan, ang kanyang sariling espesyal na bayan, upang maipahayag mo ang mga papuri sa kanya na tumawag sa atin upang ilabas tayo sa kadiliman patungo sa marvelous na liwanag."[687]Ito ay mas kahanga-hanga at mas malalim kaysa sa ating maaaring maunawaan!

Kaya't paano tayo mahihiwalay sa isa't-isa at magtungo sa ating sariling pribadong sulok kasama ng Dios? Hindi natin iyon magagawa! Dapat tayong maging bahagi sa maliit na lugar ng gusaling ito, ilaan ang ating mga sarili sa ibang "batong buhay," upang tayong lahat ay maging isang templong puspos ng presensiya ng Dios.

Ang pagkaunawa ng iglesya ang isa sa pinakanakapagpabagosa aking buhay. Nagtapos ako sa paaralan ng Biblia noong 1993 at tatlong linggo pagkalipas nito ay naging pastor ng isang maliit na iglesya. Sa simula nito, paminsan-minsan ay nahihirapan akong pahalagahan ang

---

[682] Efeso 3:14-15
[683] 1 Corinto 12:12-27
[684] Colosas 1:28-29
[685] 1 Corinto 3:16
[686] 1 Pedro 2:2
[687] 1 Pedro 2:9

kahalagahan ng lokal na iglesya na ipinagkatiwala ng Dios sa akin, lalo na dahil mayroon na ito ng kanyang bahagi sa mga suliranin. Subali't habang nagmamaneho sa bayan isang gabing malamig, umuulan ng niyebe, sa taglamig noong 1996, nakikinig sa isang sermon ni Dr. John MacArthur sa radyo, nagsimula akong makita *ang iglesya* sa paraang hindi ko pa nagawa. Ang kanyang sermon ay may titulong, "Kung Bakit Minamahal Ko ang Iglesya"; at habang siya ay nagtuturo, nagsimula rin akong mahalin ang aking iglesya! Ako ay umiyak dahil sa kaligayahan dahil binuksan ng Banal na Espiritu ang aking mga mata sa kamangha-manghang plano ng Dios para sa iglesya. Narito ang isang maliit na bahagi lamang ng itinuturo ni John:

> Sa misteryo ng Trinidad, nakikita natin na mayroon ditong [kamangha-mangha] at walang hangggang pag-ibig sa pagitan ng mga miyembro ng Trinidad…Kailangang maipahayag ang pag-ibig na iyon. Ang tunay na pag-ibig ay laging naglalayon na magbigay. At sa pagpapahayag ng kanyang perpektong pag-ibig para sa kanyang Anak, ang Ama ay gumawa ng isang pangako sa Anak..*Ipinangako Niya sa Anak ang isang bayang tinubos* –pinawalang-sala, pinapaging-banal at niluwalhati. Ipinangako Niyang dadalhin ang mga tinubos sa kaluwalhatian, upang sila ay manirahan sa mismong lugar kung saan ang Ama at ang Anak ay nanahan bago pa man nagsimula ang panahon…At ang collective na katawan ng mga tinawag –isang bayan para sa kanyang pangalan (Mga Gawa 15:14) mula sa bawat lipi at tao at dilat at bansa (Pahayag 13:7) –ay bubuo ng buhay na templo para sa Banal na Espiritu, nagiging ang mismong lugar na pinananahanan ng Dios…
>
> Ang lubos na kahalagahan ng walang hanggang layunin ng Dios ay nagiging malinaw habang ito'y inihahayag sa aklat ng Pahayag. Doon nagkaroon tayo ng pagsilip sa langit, at ano sa palagay ang ginagawa doon ng matagulpay na iglesya? Ano ang pagkakaabalahan ng mga niluwalhating mga banal sa walang hanggan?
>
> Sila ay sumasamba at niluluwalhati ang Kordero, pinupuri siya—at maging maghahari na kasama niya (Pahayag 22:3-5). Ang pinagsama-samang katawan ay inilarawan bilang ang kanyang asawang babae, dalisay at walang bahid at nadadamitan ng pinong lino (19:7-8). Sila ay nananahang pangwalang hanggang na kasama niya kung saan wala nang gabi, walang pagluha, walang kalungkutan at wala nang sakit (21:4). At niluluwalhati nila at pinaglilingkuran ang Kordero sa walang hanggan. Iyon ang kalubusan ng layunin ng Dios; iyon ang dahilan kaya't ang iglesya ang kanyang regalo sa kanyang Anak.[688]

Napagtanto ko nang gabing iyon na umuulan ng niyebe na sa pamamagitan ng biyaya ako ay naging kabahagi ng isang bagay na higit na mas kamangha-mangha kaysa maaari kong isipin! Ang asawang babae ni Cristo ay isang kaloob-na-pag-ibig mula sa Ama para sa Anak! Isang matibay na paniniwala ang isinilang sa aking puso na kahit gaano pa kasira ang isang

---

[688] John MacArthur, "Why I Love the Church." Idinagdag ang pagbibigay-diin.

lokal na iglesya, gaano man ka-dry ang pangangaral nito, kahit gaano pa kasama ang musika nito, kahit na gaano pa hindi kasiya-siya ang pagsasamahan, kahit gaano pa kamakasanlibutan ang mga miyembro nito, dapat ko siyang mahalin!

► Paano nabago ng seksiyong ito ang iyong iniisip patungkol sa iglesya?

## Ang Kapangyarihan ng Banal na Espiritu ay Pinawawalan sa mga Kristiyanong Nagsasagawa ng Espirituwal na Komunidad

Sa bawat pagkakataon na nababasa natin ang pagbubuhos ng Banal na Espiritu sa Bagong Tipan, ito ay nagaganap kapag ang isang grupo ng mga disipulo ay nagkakatipong sama-sama, at nananalangin nang may nagkakaisang puso. Sa Araw ng Pentekostes habang ang mga disipulo ay "nagpapatuloy sa nagkakaisang pananalangin…sila ay sama-samang nagkakatipon sa iisang lugar…At silang lahat ay napuspos ng Banal na Espiritu...."[689] Ang Banal na Espiritu ay ibinuhos sa isang grupo, hindi sa isang indibidwal lamang. Tunay nga, alam natin na ang Banal na Espiritu ay pumupuspos sa mga indibidwal din; subali't mayroong isang bagay na kakaiba at kagila-gilalas na nangyayari kapag ang mga magkakatulad ang pag-iisip na mga mananampalataya ay sama-samang natitipon sa pagkakaisa, pagmamahal at pananalangin.

Makalipas iyon, sa ilalim ng matinding stress dahil sa pag-uusig, nang sila ay "sama-samang nagkakatipon" at "nananalangin", ang buong gusali "ay nayanig; at silang lahat ay napuspos ng Banal na Espiritu, at sila ay nagsalita ng salita ng Dios nang may katapangan."[690]Kung ninanais mo nang higit ang Banal na Espiritu sa mga desperadong mga pagkakataon: manalangin, sumamba, at maglingkod kasama ng ibang Kristiyano.

### Sa Mga Desperadong mga Panahon, Kailangan Natin ng Kristiyanong Komunidad

Ang aming pamilya ay nakaranas na ng mga desperadong mga panahon at madalas na tumakbo kami para sa pagkalinga ng katawan ni Cristo para sa pagpapalakas-loob, pagpapayo, at kalakasan. Sa cancer na diagnosis ng aming bagong silang na anak na lalaki, si Jesse, at apat na taon ng gamutan, kami ay umabot sa katawan ni Cristo at natutuhan kung gaano talaga kahalaga ang pamilya ng Dios. Kami ay napuspos ng Espiritu ng biyaya sa pamamagitan ng kanilang mga panalangin kasama namin at sa kanilang pagbabahagi sa mga pangangailangan ng aming pamilya. Bilang mga misyonero, na nakararanas ng mga panahon ng kalungkutan, pagkatakot, karamdaman, at pakikipaglabang espirituwal,at ang pighati ng isang alibugha, kami ay napuspos ng Espiritu ng kapayapaan, paghilom, tagumpay, at pagliligtas sa bawat krisis sa tulong ng aming espirituwal na pamilya. Ang leksiyong ito ay hindi lamang mabuting teolohiya; ito ay praktikal na katotohanan para sa mga hamon ng buhay. Mayroong espesyal na kapangyarihan na ibinubuhos ng Banal na Espiritu kapag sama-samang nagkakaisa ang iglesya.

---

[689]Mga Gawa 1:14; 2:1, 4
[690]Mga Gawa 4:31

Maraming Kristiyano ang mahihina at madaling matukso/maramdamin dahil sa kanilang makasariling pagnanais ng pag-iisa!

► Bakit kung minsan ay napakahirap sa mga Kristiyano na maging transparent tungkol sa kanilang mga pangangailangan, kanilang mga pagkukulang at mga espirituwal na pagkakamali, kanilang mga kabigatan/dinadala? Paano tayo makalilikha ng isang mas ligtas na kapaligiran upang maging matapat ang isat-isa?

**Sa pamamagitan ng Banal na Espiritu, Tayo ay Sama-samang Binibigyang-Kapangyarihan na Maging Mga Saksi ni Kristo**

Sinabi ni Jesus sa kanyang sama-samang mga disipulo, "Subali't tatanggap kayo ng kapangyarihan kapag dumating sa inyo ang Banal na Espiritu; at kayo ay magiging mga saksi ko."[691] Sa palagay ko kapag binabasa natin ito, kung minsan iniisip natin ang ating sarili bilang *indibidwal* na binibigyang-kapangyarihan upang maging saksi; subali't nagsasalita si Jesus sa kanyang iglesya nang sama-sama. Sila ay sama-samang magiging kanyang mga saksi na puspos ng Espiritu.

**Ano ang Mangyayari Kung Hindi Natin Nararanasan ang Banal na Espiritu sa Pamamagitan ng Ating Lokal na Iglesya?**

Mahalaga na kilalanin natin na hindi lahat ng lokal na iglesya ay bahagi ng pandaigdigang espirituwal na iglesya ni Cristo. May mga kongregasyon ng mga mananampalataya kung saan umiiral ang kamatayan at pagkabulok at kung saan lumisan na ang Banal na Espiritu. Hindi ito ang mga kongregasyon na dapat nating pakibahaginan.

Kilalanin din natin na hindi bawat tunay na iglesya ay pantay-pantay ang katapatan sa Kasulatan, pantay-pantay ang pabor ng Dios, pantay-pantay na puspos ng Banal na Espiritu, o pantay-pantay na tinubos. Dapat nating maging mithiin sa panalangin ang pagkaalam kung aling pagsasamahan ang magiging pinakamalusog para sa kanya at sa kanilang mga pamilya, at pagkatapos ay piliin na maging isang aktibong kalahok nito maging sa mabuti o masamang mga araw man! Ito ang panahon na ang bunga ng Espiritu ay nabubuo sa atin. Ito ang panahon na si Cristo ay nabubuo sa atin.

Maraming taon na ang nakalilipas sa Pilipinas, ang itinuturo ng isa sa aming tagapagsalita sa Bible camp ay napaka-disappointing! Ang kanyang pagtuturo ay nakakainip, walang buhay at walang kapangyarihan. Ang ilan sa mga dumalo ay nagsimulang magbulong-bulungan at magreklamo. Subali't hindi ko kailanman malilimutan ang sinabi ng isa sa aming mga pastor sa isang grupo namin na nagkakatipon pagkatapos ng isa sa mga gawain: "Ngayon, mga kapatid," sinabi niya nang may kapakumbabaan. "ito ang ating pagkakataon upang lumago nang mas malalim sa pag-ibig!" Iyon ay isang simple, ngunit makapangyarihang salita mula sa Dios sa aking puso. Dahil habang tayo ay sumasamba,

[691]Mga Gawa 1:8

nakikisama, at naglilingkod kasama ng iba pang mananampalataya, laging mayroong mga bagay na magiging dahilan upang mabigo tayo. Ginagamit ng Dios ang mga ganitong pagkakataon ng kawalang ginhawa upang tayo ay patatagin sa pag-ibig.

Madalas nakikita ko na kapag ang mga Kristiyano ay nagsasalita tungkol sa kanilang iglesya at sinasabing ito ay patay, maaaring nagsasalita sila ng higit tungkol sa kanilang sariling kamatayan! Ito ay nagpaalala sa akin tungkol sa isang pastor na narinig ko. Labis siyang pinanghinaan ng loob tungkol sa kanyang kongregasyon kaya't ipinabatid niya sa dyaryo na sa susunod na Linggo magdaraos siya ng isang libing para sa kanyang iglesya! Dahil sa pagiging mausisa maraming tao na maraming taon nang hindi dumadalo ang dumating sa Linggo nang umagang iyon. Punong-puno ang gusali! At sa harap naroon ang isang ataul!

Sinimulan ng pastor ang gawain sa pamamagitan ng pagbubukas ng takip ng ataul at inanyayahan ang lahat ng tao upang pumila upang matingnan ang patay na iglesya. Nang tingnan nila ang loob ng ataul, nakatingin sila sa isang salamin at nakita ang kanilang mga sarili!

Mayroong espesyal na pagbuhos sa mga mananampalataya upang magbigay ng patotoo para sa ebanghelyo kapag sama-sama nila itong ginagawa. Iniisip ko ang isang kongregasyon sa Mexico na sa pamamagitan ng maraming pagpaplano, pananalangin, at pagkakaloob, ay lumabas sa mga komunidad na pagano sa paligid ng kanilang bayan upang ibahagi ang ebanghelyo at maglingkod sa mahihirap. Ginagawa nila ito sa lingguhan at buwanang pagkakataon. Ginagantimpalaan sila ng Dios ng mga kaluluwa. Naaalala ko rin ang isang grupo ng mga kabataan sa Mexico na nagtutungo sa mga ospital sa pangalan ni Jesus at nagkakaloob ng pagkain sa mahihirap na hindi matulungan ng kanilang mga pamilya. Sama-sama, sila ang kanyang mga patotoo at ang Banal na Espiritu ay ibinubuhos sa kanilang ministeryo.

Ang tungkulin ng pag-win ng mga kaluluwa ay hindi nakasalalay sa *isang* Kristiyano *lamang*, kundi sa atin nang *sama-sama*. Ang bawat isa sa atin ay may kaloob, isang patotoo, at pagkatawag. Ang bawat isa sa atin ay may maliit na bahagi sa patotoo, ngunit walang isa man sa atin ang makagagawa ng lahat nang iyon. Ang ilan ay nagtatanim, at ang ilan ang nagdidilig. Ang Dios ang nagpapatubo at nagpapalaki dito.[692]

Sa unang leksiyon sa kursong ito, ibinahagi ko ang tungkol sa aming kapitbahay na naligtas. Isang taon na mula nang isulat kong ang patotoong iyon. Sa mga nakaraang buwan, nagpatuloy sa paglago sa kanilang pananampalataya sina Danny at Kim. Napansin ito ng lahat ng tao sa kanilang paligid, at sila ay kapwa napakalaking pagpapala sa aming lokal na fellowship.

---

[692] 1 Corinto 3:6

Kamakailan lamang, ang isang kaibigang hindi mananampalataya ni Kim, si Hettie na kilala na niya sa loob ng apatnapung taon ay nagpahayag ng sinserong interes na maging matuwid sa harap ng Dios. Hindi pa personal na nakikilala ng kaibigang ito si Cristo, bagaman nagkaroon na siya ng maraming pagkakataon na marinig ang ebanghelyo sa loob ng maraming taon at nakaranas ng napakahirap na buhay. Kaya't nagtungo kami nina Danny, Kim, at Becky upang makita siya. Nang tanungin ko si Hettie tungkol sa kanyang interes sa mga bagay na espirituwal, ito ang kanyang sinabi: "Hindi ako makapaniwala sa pagbabago na naganap kina Danny at Kim. Kilala ko na sila sa loob ng apatnapung taon at hindi talaga ako makapaniwala sa pagbabago sa kanilang buhay!" Sa huling bahagi ng aming pag-uusap, sinabi niya, "Nais kong maligtas." Ibinahagi ko ang malinaw na ebanghelyo sa pag-aaral ng Biblia, at sama-sama naming inakay si Hettie kay Jesus. Kung ako ay nagtangkang magpatotoo kay Hettie, nang hiwalay sa patotoo nina Danny at Kim, hindi ako naniniwala na ganito kalaki ang magiging epekto. Kami ay sama-samang mga saksi para kay Kristo.

## Ang Komunidad na Kristiyano ang Paraan ng Dios Upang Hubugin Tayo sa Imahen ng Kanyang Anak

Maraming mananampalataya ang nasaktan na ng kanilang lokal na iglesya, kung kaya't iniwan na nila ang lahat ng lokal na iglesya; nagpasya na sila na hindi mananatili sa alinman sa mga ito. Maaari silang dumalo paminsan-minsan, subali't hindi sila aktibong nakikilahok. Ang madalas na hindi nila napagtatanto ay kapag iniwan nila ang komunidad na Kristiyano, iniiwan din nila ang paraan ng Dios upang sila ay pabanalin.

Kung nais mong maging mas nagkakaloob ng iyong sarili, mas maligaya, mas mapagmahal, higit na mas katulad ng Panginoon, dapat kang regular na makipag-ugnayan sa pamilyang ito. Sa pamamagitan ng pagsamba kasama ng kongregasyon, pagdidisipulo sa maliliit na grupo, at sa one-on-one accountability/pananagutan, unti-unti tayong mababago at magiging kung ano ang orihinal na pagkalikha sa atin. Ngunit anong uri ng iglesya/espirituwal na komunidad ang pinaka-nakakapagpabago?

### Ang Mga Nakapagpapabagong mga Komunidad ay Handang Tumanggap[693]

Ang iglesya sa Bagong Tipan ay nagkaroon ng kanyang mga pag-aaway. Sa Roma 1, halimbawa, nagkaroon ng mga pagkakahati-hati sa mga iglesya sa Roma patungkol sa "mga bagay na kaduda-duda" "kaduda-dudang mga bagay."[694]Ang ilan ay hindi nakakakain ng karne na di wasto sa batas ng Judio, samantalang ang iba ay maaari; ang iba ay may obligasyon na gawin ang mga pistang araw ng mga Judio, samantalang ang iba ay hindi. Ang dalawang panig ay *humuhusga sa isa't-isa*,[695]isang salitang 3 beses na ginamit ni Pablo

---

[693] Mateo 11:34-35; 28:18-20; Roma 15:7
[694] Roma 14:1
[695] Roma 14:4, 10, 13

sa 13 talata. Naging pilit ang pagsamba at pagsasama-sama. Labis na nagiging hindi kanais-nais ang mga bagay-bagay! Ano ang solusyon?

Ang solusyon, ayon kay Pablo, ay "tanggapin" ang isa't-isa. Ginamit rin niya ang salitang ito ng tatlong beses. Ang malalakas sa espirituwal ay dapat "Tanggapin ang sinumang mahina sa pananampalataya, ngunit hindi upang pagtalunan ang mga kaduda-dudang mga bagay."[696]Dapat din tanggapin ng mahihina ang sinumang kumakain, "dahil *tinanggap* siya ng Dios".[697] At, para sa buong iglesya, sinabi ni Pablo, na nasasaisip ang parehong suliranin, "Samakatuwid, *tanggapin* ninyo ang isa't-isa, kung paanong tinanggap tayo ni Cristo, sa ikaluluwalhati ng Dios."[698]

Ang iglesya ni Jesus ay mananatiling maraming pagkakaiba-iba, at mayroong malaking tukso na husgahan ang isa't-isa patungkol sa iba-ibang paksang usapin. Ang tugon ay ang tanggapin ang isa't-isa. Hindi ito nangangahulugan na dapat tayong magkompromiso sa malinaw na doktrina at paraan ng pamumuhay na salungat sa Biblia; kundi ito ay nangangahulugan na lilikha tayo ng kapaligiran kung saan ang mga tunay na mananampalataya, na nagpapakita ng bunga ng kaligtasan, ay makararamdaman ng malugod na pagtanggap/welcome.[699]

Sinabi ni John Wesley, sa isang tanyag na sermon,ito ay isang hindi maiiwasang bunga ng kahinaan ng tao at kakulangan sa pang-unawa na lahat tayo ay nagtataglay ng magkakaibang opinyon sa mga espirituwal na mga usapin. Sinabi niya na ang pangunahing katanungan na dapat nating pagtuunan ng pansin ay ito: "Ang iyo bang puso ay matuwid, kung paanong ang puso ko ay kaayon sa puso mo. Kung magkagayun, iabot mo sa akin ang iyong kamay."[700]

Ang isang tumatanggap na komunidad ay hindi komunidad na kumukunsinti sa lahat ng bagay, hindi sumasang-ayon sa lahat ng bagay, hindi pare-pareho ang mga kaloob, subali't binubuklod ng katotohanan at pag-ibig.

► Ano ang ilan sa mga hamon ng pagiging handang tumanggap ng isang tao o bilang kongregasyon na handang tumanggap?

### Nakapagpapatibay ang mga Nakapagpapabagong Komunidad

Malinaw na napag-aralan ang prinsipyong ito sa ating kurso, Ang *Doktrina at Gawain ng Iglesya*, kaya't hindi ko na ito tatalakayin dito. Paano nakapagpapatibay ang mga ito?

- Sa pamamagitan ng pangangaral at pagtuturong ayon sa Biblia

---

[696] Roma 14:1
[697] Roma 14:3
[698] Roma 15:7
[699]Tingnan din ang Marcos 9:35-41.
[700] John Wesley's sermon "Catholic Spirit." Retrieved from http://wesley.nnu.edu/john-wesley/the-sermons-of-john-wesley-1872-edition/sermon-39-catholic-spirit January 18, 2021

- Sa pamamagitan ng pagsambang nagtataas/exalting sa Dios
- Sa pamamagitan ng dalisay/genuine na pagsasama/fellowship
- Sa pamamagitan ng mga gawain ng paglilingkod

**Ang Mga Nakapagpapabagong Komunidad ay Nagbibigay ng Pananagutan[701]**

Ito ay isa sa pinakamahalagang dahilan kung bakit dapat tayong makibahagi sa komunidad na Kristiyano. Lahat tayo ay nangangailangan ng pananagutan/accountability –lalung lalo na ang mga pastor at tagapangunang Kristiyano. Ang pananagutan ay nagtatatag ng karakter. Dahil sa pananagutan, ako ay nagiging mas natatakot sa kasalanan. Ang pagkaalam na may mga taong nakadepende sa akin at umaasa ng makaDios na pag-uugali mula sa akin ay nakapagpapabanal.

Kung minsan ang pananagutan ay nagdadala ng komprontasyon. Ito rin ay nagpapaging-banal at dapat na tanggapin nang maluwag sa loob. Lahat tayo ay nangangailangan ng ibang tao upang mangusap sa ating mga buhay. Kailangan nating buksan ang ating sarili sa iba at ipahayag ang ating mga pagkukulang. Kinakailangan natin ng *transparency o bukas sa pagsusuri ng iba*. Kung walang accountability/pananagutan, tayo ay nagiging pabaya sa ating espirituwal na buhay.

Kailangan ni Haring David ng isang Natan upang harapin siya ng katotohanan.[702] Kinailangan ni Pedro si Pablo upang sawayin siya sa paglayo mula sa ebanghelyo.[703]

***Dapat nating papanagutin ang isa't-isa sa Kasulatan.***

Laging ang Kasulatan!

***Tayo ay inaatasang "magpaalalahanan."***

Ang pagpapaalala ay pagbibigay ng babala, bantayan, at magbigay ng paggabay sa isa't-isa. Sinasabi ni Pablo na "paalalahanan ang sinumang matigas ang ulo"[704]

"Gayunman ay huwag mo siyang ituring na kaaway kundi paalalahanan siya bilang isang kapatid."[705]

***Dapat tayong mag-alok ng disiplina. Ang pagdidisiplina ay may kalakip na pagsaway, pagtutuwid, at pagtuturo.***

Ang mga unang Methodista ay ilan sa mga pinakadalisay na halimbawa ng epekto ng pananagutan. Sa ilalim ng pagpahid/pagkasi ng Banal na Espiritu, ang kanilang tagapanguna, si John Wesley, ay nangaral sa mga grupo ng (karaniwan) pinahirapan, napabayaang kalalakihan at kababaihan sa mga slum areas, sa mga kanto sa lansangan,

---

[701] Colosas 3:16; 1 Tesalonica 5:14
[702] 2 Samuel 12
[703] Galacia 2:11
[704] 1 Tesalonica 5:14
[705] 2 Tesalonica 3:15

at mga bukirin sa buong England, at nasaksihan niya ang hindi mabilang na pagbabalik-loob kay Cristo. Subalit nakita rin niya ang malaking bilang ng mga nagbalik-loob na ito na naging matitibay, puspos ng Espiritung mga disipulo. Ano ang naging susi? Ipinilit niya na ang mga nagbalik-loob ay maging matapat sa isa't-isa.

> Si Wesley... pinilit niya na ang mga tao ay makilahok sa mga tinatawag nilang mga lipunan, na ginagamit halos katulad ng (sa tahanan) iglesy. Dagdag pa rito, sila ay tinagubilinan na sumali sa isang klase na binubuo ng labindalawang katao at isang tagapanguna sa klase. Sa bawat linggo sila ay hinahamon na dumating sa pagpupulong sa klase upang matapat na ibahagi sa iba ang tungkol sa kalagayan ng kanilang kaluluwa. Napakaseryoso ni Wesley tungkol dito na kapag ang mga tao ay hindi nakadalo sa pagpupulong sa klase, hindi sila pahihintulutang makabalik malibang pumunta muna sila sa kanya at ibahagi kung bakit sila lumiban.
>
> Bagaman ang ginagawa ni Welsey ay maaaring hindi gumana [sa lahat ng lugar] sa kasalukuyang mundo, ito ay tiyak na gumana sa panahong iyon. Nag-alok siya sa mga tao ng pamamaraan(kaya sila tinawag na "Methodista") upang lumago sa pagiging kawangis ni Cristo sa konteksto ng mga komunidad.[706]

Ang disenyo ng pagpupulong na pag-aaral ay sundin ang utos na iyon ng Dios, "Ipahayag ninyo ang inyong pagkukulang sa isa't-isa, at ipanalangin ang isa't-isa, upang kayo ay gumaling." Narito ang mga tanong na karaniwang itinatanong sa mga pagpupulong na iyon:

1. Anong mga nalalamang kasalanan ang nagawa ninyo mula nang huli tayong magpulong?
2. Ano ang mga tukso na nakaharap na ninyo?
3. Paano kayo nailigtas?
4. Ano ang iyong inisip, sinabi o ginawa, na [hindi ka sigurado] isang kasalanan o hindi?

Talagang mahihirap na mga tanong –subalit isipin kung gaano nakakabago ang mga ganitong uri ng mga tanong para sa atin kung magkakaroon tayo ng ganito karaming interes sa isa't-isa. Mayroong halos nakakagimbal na nakasulat sa journal ni John Wesley, kung saan sinabi niya na nalulumbay siya na nabigo siyang mag-organisa ng mga lipunan at pagpupulong na pag-aaral sa isang bayan kung saan siya ay nangaral. Maraming kaluluwa ang nagbalik-loob kay Cristo doon, subalit nang siya'y bumalik doon pagkalipas ng dalawampung taon kaunti lamang ang naging bunga. Ito ang kanyang sinabi:

> Ako ay mas kumbinsido ngayon kaysa kailanman na ang pangangaral katulad ng isang apostol, nang hindi pinagsasama-sama ang mga nagising na at sanayin sila sa mga daan ng Dios, ay pagkakaroon lamang ng mga anak para sa mamamatay-tao. Gaano karami na bang pangangaral ang nagawa. Ngunit walang regular na lipunan,

---

[706] James Bryan Smith, *The Good and Beautiful Community* (Downers Grove: InterVarsity Press, 2010), 138

> walang disiplina, walang kaayusan o koneksiyon. At ang ibinunga nito ay siyam sa bawat sampu ng mga minsan nang nagising ang ngayon ay mas higit pang natutulog kaysa bago sila nagising.[707]

Kung walang accountability/pananagutan sa iba, ang mga iglesya ay nagiging emosyonal at superficial/mababaw. Naniniwala si Dr. Dennis Kinlaw na ikaw at ako ay nangangailangan ng accountability ng ibang mananampalataya upang makita ang pangangailanan ng ating sariling puo. Isinulat niya:

> Kumbinsido ako na ang pangangailangang ito para sa Kristiyanong komunidad ang siyang motibo sa likod ng paglikha ni Wesley ng mga klase sa unang Methodista. Hindi ko iniisip na mayroon pang mas mabuting paraan upang ituro ang kabanalan. Ang [mga] pagtitipong ito ay naghahayag ng pagiging maramdamin ng bawat isa at ang kalupitan ng mga pagnanasa para sa sarili.
>
> Karaniwan nating itinuturing ang iglesya bilang isang lugar para sa mabubuting halimbawa, para sa pagtatatag sa isa't-isa sa pananampalataya; ngunit ito rin ay lugar para sa pagsasaliksik at paghahayag ng sarili. Ito ay isang masakit na bahagi ng buhay sa iglesya na hindi natin gusto; subali't ito ay isang kinakailangang bahagi. Sa banyagang lugar ng pagmimisyon, ang pinakamalaking suliranin ng isang manggagawang pangmisyon ay hindi ang tungkol sa mga hindi-ligtas, kundi sa ibang mga misyonero. Iyon ay bahagi ng banal na plano [ang pagpapabanal sa atin].[708]

**Praktikal na Payo Para sa Pakikilahok sa Komunidad**

1. Gawin mong kapaki-pakinabang ang iyong sarili sa iba at sa iyong pamilya sa iglesya.
2. Palagi mong ipaalala sa iyong sarili kung gaano kahalaga ang iglesya para kay Cristo at tratuhin ang isa't-isa bilang pamilya.
3. Italaga ang iyong sarili sa kahit anong anyo ng ministeryo sa katawan, maging ito'y ang paglilinis ng palikuran!
4. Italaga ang iyong sarili nararamdaman mo man ito o hindi.
5. Maging mahina ka para sa iba. Kung ikaw ay isang lalaki, makipagkaibigan ka at managot sa isa pang makaDios na lalaki. Kung ikaw ay isang babae, ibahagi mo ang iyong buhay sa isa pang babaeng makaDios.
6. Kapag nagtitipon kayo para sa pagsamba, gawin ninyo ito ng buong puso.
7. Kapag may mga suliranin sa inyong lokal na iglesya, maging bahagi ka ng solusyon.

---

[707] Ibid, 139

[708] Dennis Kinlaw, *The Mind of Christ* (Wilmore: Francis Asbury Press, 1998), 65-66

**Leksiyon 14 Mga Takdang Aralin**

(1) Kumuha ng pagsusulit batay sa materyal mula sa leksiyong ito.

(2) Magsama-sama kayo ng iyong mga kamag-aaral at magpatotoo sa mga espirituwal na leksiyon na inyong natanggap mula sa kurso at ang mga paraan na ginamit ng Dios ang mga leksiyong ito sa inyong buhay.

**Leksiyon 14 Pagsusulit**

(1) Sino ang Iglesya?

(2) Ayon sa Efeso 4:11-13, Ano ang layunin na ibinigay sa Iglesya ang mga espirituwal na mga kaloob?

(3) Mga ilang beses ginamit sa Bagong Tipan ang phrase na "sa isa't-isa?

(4) Tapusin ang pangungusap: "Dumating si Jesus upang bumuo ng _______________ , hindi lamang upang sagipin ang ________________________."

(5) Magbigay ng tatlong salitang palarawan na ginamit para ilarawan ang iglesya.

(6) Ano ang tatlong katangian ng nakakapagpabagong komunidad ang itinuro sa leksiyong ito?

(7) Ano ang apat na tanong na madalas itinatanong sa pagmimiting ng klaseng Methodista sa ilalim ni John Wesley?

# Pagtest sa Katiyakan (Kalakip ang Mga Sagot)

**(1) Aling phrase/talata ang pinakamabuting nagsasabi? (Salungguhitan ang isang phrase/talata at magbigay ng mga ebidensiya sa Biblia)**

Naligtas sa biyaya sa pamamagitan ng pananampalataya, iniingatan sa biyaya/awa sa pamamagitan ng pananampalataya

Kabilang sa ebidensiya ng Biblia:Efeso 2:8, 1 Pedro 1:5.

**(2) Kailangan tayong iligtas dahil tayo ay mga** makasalanan **(Roma 3:10, 23; Isaias 53:6).**

**(3) Ano ang tatlong bunga ng kasalanan para sa isang makasalanan?**

- Nahihiwalay tayo sa Dios. (Isaias 59:1-2)
- Inilalagay tayo sa ilalim ng poot ng Dios (Efeso 5:5-6)
- Humahantong sa kamatayan(Roma 6:23; Efeso 2:1)

**(4) Paano binabaligtad ng pananampalataya sa kamatayan at muling pagkabuhay ni Jesus ang mga epektong ito ng kasalanan?**

- Ginawa ng Dios si Jesus na maging kasalanan para sa atin.(2 Corinto 5:21; 1 Pedro 2:24).
- Bilang ating kapalit, nahiwalay si Jesus mula sa Dios dahil sa kasalanan.(Mateo 27:46).
- Pinasan ni Jesus ang poot ng Dios para sa ating kapakanan. (Isaias 53:6-7).
- Sa pamamagitan ng pananampalataya sa kanyang muling pagkabuhay, ginawa ni Jesus na tayo ay espirituwal at walang hanggang buhay.(Efeso 2:6; 1 Pedro 1:3).

**(5) Ano ang ilan sa mga pinakamalinaw na tanda na natanggap na natin ang bagong buhay sa pamamagitan ng pananampalataya sa muling pagkabuhay ni Jesus Kristo?**

- Mayroon tayong pagsaksi ng Banal na Espiritu na tayo ay mga anak ng Dios (Roma 8:16).
- Mayroon tayong pagnanais na makilala at sundin ang Salita ng Dios (Juan 8:31; 1 Pedro 2:2-3; 1 Juan 2:3-4).
- Mayroon tayong pag-ibig para kay Jesus at para sa iba (Juan 8:42; 13:35; 1 Juan 3:14).

- Bagaman kailangan pa rin nating putulan/prune, nagbubunga tayo ng espirituwal na bunga (Juan 15:8; Galacia 5:22-23), at bagaman ang ilan ay maaaring patuloy na nahihirapan dahil sa nagpapatuloy na kasalanan (1 Juan 2:1; Hebreo 12:1), napagtatagumpayan natin ang sinasadya at paulit-ulit na kasalanan (1 Juan 2:29). Ganito ang sinabi ni John Wesley: "Nananatili ang kasalanan, ngunit hindi ito naghahari."

**(6) Bakit kailangang ibuhos ni Jesus ang kanyang dugo? (Hebreo 9:22; 1 Pedro 1:18-19)**

Dahil sa kautusan ng Dios ang kasalanan ay hindi maaaring patawarin nang walang pagbububo ng dugong walang kasalanan.

**(7) Ano ang kahalagahan ng pagiging tao ni Jesus? (1 Timoteo 2:5)**

Bilang kapwa tao at Dios, si Jesus ay naging ang Tagapamagitan sa Dios at sa tao. Kinatawan niya kapwa ang isang banal na Dios at ang makasalanang tao. Siya ang naging ikalawang Adan na hindi nahulog sa kasalanan, at samakatuwid ay kuwalipikado bilang ang perpektong handog na kapalit natin.

**(8) Ano ang tungkulin ng mga gawa sa ating kaligtasan? (Santiago 2:17; Tito 3:8; Efeso 2:10)**

Ang mabubuting gawa ay ang resulta/bunga ng bagong kapanganakan.

**(9) Ano ang dapat mong gawin upang maligtas? (Ang ABC's ng kaligtasan)**

- Admit/Aminin na ikaw ay isang makasalanan at magsisi (Roma 6:23; Mga Gawa 3:19)
- Believe/Sumampalataya ka sa ebanghelyo (Mga Gawa 16:31; Efeso 2:8)
- Confess/Ipahayag mo na si Jesus ang Panginoon.(Roma 10:9)

**(10) Hindi lamang tayo naligtas sa pamamagitan ng pananampalataya sa natapos na gawain ni Cristo Jesus kundi iniingatan din ng pananampalataya (1 Pedro 1:5).**

# Mga Inirerekomendang Resources


**Leksiyon 1**

Ang mga sources na ito, at iba pa, ay ginamit bilang repeensiya para sa mga araling ito.

Drury, Keith. *Soul Shaper*. Indianapolis: Wesleyan Publishing House, 2013.

Kinlaw, Dennis. *The Mind of Christ*. Wilmore: Francis Asbury Press, 1998.

Lawrenz, Mel. *The Dynamics of Spiritual Formation*. Grand Rapids: Baker Book House, 2000.

Mulholland, Robert M., Jr. *Invitation to a Journey*. Downers Grove: InterVarsity Press, 1993.

Smith, James Bryan. *The Good and Beautiful God: Falling in Love with the God Jesus Knows*. Downers Grove: InterVarsity Press, 2009.

**Leksiyon 4**

Packer, J.I. *Knowing God*. Downers Grove: InterVarsity Press, 1973.

**Lekiyon 5**

DeMoss, Nancy Leigh. *Brokenness, Surrender, Holiness*. Chicago: Moody Publishers, 2008.

Hession, Roy. *The Calvary Road*. Fort Washington: Christian Literature Crusade, 1993.

**Leksiyon 6**

Hession, Roy. *The Calvary Road*. Fort Washington: Christian Literature Crusade, 1993.

Kinlaw, Dennis. *The Mind of Christ*. Wilmore: Francis Asbury Press, 1998.

**Leksiyon 7**

Smith, James Bryan. *The Good and Beautiful God: Falling in Love with the God Jesus Knows*. Downers Grove: InterVarsity Press, 2009.

**Leksiyon 8**

Drury, Keith. *Soul Shaper*. Indianapolis: Wesleyan Publishing House, 2013.

Elliot, Elizabeth. *Discipline, the Glad Surrender*. Grand Rapids: Fleming H. Revell Company, 2006.

Foster, Richard. *Celebration of Discipline*. New York: HarperCollins, 1998.

**Leksiyon 11**

Taylor, Richard S. *The Disciplined Life*. Bloomington: Bethany House, 2002.

**Leksiyon 13**

Tada, Joni Eareckson. "Joni Eareckson Tada Interview: Icons of Faith Series." At https://www.youtube.com/.

**Leksiyon 14**

Smith, James Bryan. *The Good and Beautiful Community: Following the Spirit, Extending Grace, Demonstrating Love*. Downers Grove: InterVarsity Press, 2010.

# Paghubog ng Buhay Espirituwal
# Talaan ng mga Takdang-Aralin

Pangalan ng Mag-aaral ______________________________________

Lagyan ng pirma ang bawat takdang aralin na matatapos. Ang mga pagsusulit ay itinuturing na "tapos" na kapag ang mag-aaral ay nakaabot na sa iskor na 70% o higit pa. Ang lahat ng takdang-aralin ay dapat matagumpay na nakumpleto upang makatanggap ng sertipiko mula sa Shepherds Global Classroom.

| **Leksiyon** | **1** | **2** | **3** | **4** | **5** | **6** | **7** | **8** | **9** | **10** | **11** | **12** | **13** | **14** |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| **Pagsusulit** | | | | | | | | | | | | | | |
| **Balik-aral sa Leksiyon (30 minuto)** | | | | | | | | | | | | | | |
| **Reflection Journal** | | | | | | | | | | | | | | |
| **Pagbubulay sa Dios mula sa Mga Awit** | | | | | | | | | | | | | | |
| **Isulat ang Pansariling Panalangin** | | | | | | | | | | | | | | |
| **Gamitin ang *Daily Prayer Guide*** | | | | | | | | | | | | | | |
| **Iba Pang Takdang-Aralin** | | | | | | | | | | | | | | |

Ang Application para sa Sertipiko ng Pagtatapos mula sa Shepherds Global Classroom ay maaaring sagutan sa aming webpage sa www.shepherdsglobal.org. Ang mga Sertipiko ay digitally transmitted mula sa presidente ng SGC sa mga tagapagturo at tagapanguna na sumasagot sa aplikasyon para sa kapakanan ng kanilang (mga) mag-aaral.